



# TALAS

2017, Tomo 2  
Interdisiplinaryong Journal  
sa Edukasyong Pangkultura



**Talas: Interdisiplinaryong Journal sa Edukasyong Pangkultura  
2017, Tomo 2**

Karapatang-ari @ 2017 Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining  
at Philippine Cultural Education Program

**Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining  
Philippine Cultural Education Program**

Room 5D #633 General Luna Street, Inramuros, Maynila  
Telepono: (02) 527-2192, lokal 529  
Email: pcep.secretariat@gmail.com

**BACH Institute, Inc.**

**Bulacan Arts Culture and History Institute**

2<sup>nd</sup> Floor, Gat Blas Ople Building  
Sentro ng Sining at Kultura ng Bulacan  
Bulacan Provincial Capitol, Complex  
Malolos City, Bulacan 3000

The National Commission for Culture and the Arts (NCCA) is the overall coordination and policy making government body that systematizes and streamlines national efforts in promoting culture and the arts. The NCCA promotes cultural and artistic development; conserves and promotes the nation's historical and cultural heritages; ensures the widest dissemination of artistic and cultural products among the greatest number across the country; preserves and integrates traditional culture and its various expressions as dynamic part of the national cultural mainstream; and ensures that standards of excellence are pursued in programs and activities. The NCCA administers the National Endowment Fund for Culture and the Arts (NEFCA).

Hindi maaaring kopyahin ang alinmang bahagi ng aklat sa alinmang paraan—grapiko, elektroniko, mekanikal—nang walang nakasulat na pahintulot mula sa mga may hawak ng karapatang-sipi.

## Lupon ng Editor

### Joseph “Sonny” Cristobal

Direktor, Philippine Cultural Education Program  
Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining  
*Tagapaglathala*

**Joseph “Sonny” Cristobal**, Punong Editor

**Galileo S. Zafra**, Editor ng Isyu

**Alpha Ruiz**, Tagapamahalang Editor

**Veronica Ginez**, Tagadisenyo ng Pabalat at Journal

**Alpha Ruiz**, Program Officer

**Jennifer Barberan**, Information and Documentation Officer

**Agnes Villareal**, Administrative Officer

**Jonna Requiastas-Cadiente**, Project Assistant

*Sekretaryat ng PCEP*

**Herminia Laudencia**

**Rey Clement Maaliao**

*BACH Staff*

Ang *Talas Journal* ay isang refereed journal na dumaraan sa double-blind na proseso ng pag-referee. Ang mga artikulo ay sinuri ng mga editor at referee. May karapatan ang mga editor na tanggapin o hindi ang mga materyal na isinumite sa journal.

## Nilalaman

Paunang Salita/Joseph “Sonny” Cristobal 7

Introduksiyon/Galileo S. Zafra 8

### Mga Saliksik at Malikhaing Akda

- I. **Kasákit endú Tuduán: Danas ng “Sákit” sa Kuwento ng isang Maguindanaon para sa “Sariling Pagtatakda”**  
Mary Jane B. Rodriguez-Tatel 13
- II. **Mga Naratibo ng Pakikibaka sa Hacienda San Antonio at Sta. Isabel ng Ilagan, Isabela Laban sa Korporasyong ANCA (1980-1983)**  
Joanne V. Manzano 51
- III. **Ang Bawat Panayam ay Paaralan ng Pagkatuto: Ang Peministang Paghabi ng Kasaysayan ng Kababaihan ng Tundo**  
Nancy Kimuell-Gabriel 69
- IV. **Sabungerong Indio, Dayuhang Manonood: Mga Panlipunang Pananaw at Kaisipan sa Pagsasabong at Sabungan mula sa mga Tala ng Dantaon 19**  
Emmanuel Jayson V. Bolata 91
- V. **Si Kapitan Andres Novales at ang Kaniyang Pag-aalsa Noong 1823**  
Palmo R. Iya 109
- VI. **Masid, Unawa at Arok sa Ako ng Penitensiya sa Kalayaan, Laguna**  
Jeremy Reuel N. dela Cruz 125
- VII. **Bitak sa Tapayan: Ilang Tala at Tagay hinggil sa Karahasan, Kagandahang-asal at Awit-epikong *Kudaman* ng Palawan**  
Arbeen R. Acuña 149
- VIII. **Idealismo sa Patnubay at Panuto: Pananagisag sa Birtud ng Babae sa Awit**  
Pauline Mari Hernando 165

- IX. **Sa Pagitan ng Agham at Sining:  
Ang Kaso ng Epektibong Pakikipagkapuwa**  
U Z. Eliserio **189**
- X. **En Memoria Cariñosa: Soldado Tenso Conserbado (1898-1976)**  
Amado Anthony G. Mendoza III **199**
- XI. **Mga Tula—  
Ang Tagapangalaga ng Liham  
Liham Kay Sido  
Liham sa Taga-Islang Lumisan**  
Allan C. Popa **207**
- XII. **Kapppanimad-On: Ang Adaptibong Kasangkapang Pangwika  
at Pagtingin sa Ilang Tala Ukol sa Pagpapayabong  
ng Kaalamang-Bayan sa UP Kolehiyo ng Agham Panlipunan  
at Pilosopiya**  
Vicente C. Villan **211**
- XIII. **Tabi-tabi Folkloradyo! sa DZUP 1602: Salugpungan  
ng Folklore, Agham Panlipunan at Philippine Studies  
sa Pangmadlang Komunikasyon**  
Carlos P. Tatel, Jr. **231**
- XIV. **Pasundayag: Pagpapalitaw ng Kapangyarihang Kultural  
sa Kasaysayan at Pilosopiyang Pilipino**  
Ma. Theresa T. Payongayong **241**
- XV. **Paglusong at Pagsulong sa Wika, Kultura,  
at Lipunang Filipino sa Sistemang Dihital:  
Karanasan sa Proyektong eFilipiniana MOOC  
ng UP Open University**  
Jayson de Guzman Petras **257**

Ang mga Manunulat **275**

## Paunang Salita/ Joseph “Sonny” Cristobal

May bagong latag na plano ang Philippine Cultural Education Program (PCEP) ng National Commission for Culture and the Arts (NCCA) para sa darating na limang taon (2018-2023). Ang planong ito ay hinubog ng mga alalahanin at paghahanda sa kahaharaping hamon ng edukasyong kultural ng NCCA para sa pamayanang Filipino. Ang gawain at katuparan ng PCEP 2018-2023 plan ay mas malaki pa sa mandato ng NCCA, kaya nangangailangan ito ng suporta mula sa mga ahensiya ng pamahalaan, pribadong mga organisasyon at institusyon sa kultura at edukasyon, at sa mga indibidwal tulad ng guro, mag-aaral, mananaliksik sa sektor ng edukasyon upang mapagtagumpayan ito.

Ang edukasyong kultural sa konteksto ng Philippine Development Plan 2017-2022 ay nakakawing sa AmBisyon 2040 ng Pamahalaang Filipino. Ambisyon nito ang isang bansang ang mamamayan ay malaya sa kagutuman at kahirapan, may pantay na pagkakataon, may katarungan, at may lipunang pinangangasiwaan ng kaayusan at pagkakaisa.

Kailangan ding ihanda ang edukasyong kultural sa impact ng Association of Southeast Asian Nations (ASEAN) Integration sa edukasyong Filipino, gayundin sa mga maaaring epekto ng mga programa at kasunduang tulad ng ASEAN Qualifications Reference Framework (AQR), ASEAN International Mobility of Students (AIMS) Program, at ASEAN University Network (AUN). Nakapaloob din sa naging paghahanda sa PCEP 2017-2022 ang kapalaran ng wikang pambansa at ng K+12 Basic Education Curriculum.

Ang paglalathala ng PCEP sa *Talas Journal* ay isang tugon sa mga kontekstong nabanggit. Sa pamamagitan ng akademikong lathalaing ito, inaasahang mabibigyan ang mga mambabasa, lalo na yaong nasa larang ng edukasyong pangkultura, ng mga tekstong mapanuri at malikhain na maaaring magsilbing hikayat at hamon para makilahok sa produksiyon ng kaalaman na mahalaga sa nagbabagong mga konteksto ng edukasyon, kultura, at lipunang Filipino.

Pagbati sa lahat ng mga nag-ambag sa paglalathala ng *Talas Journal* 2017.



### JOSEPH “SONNY” CRISTOBAL

Direktor  
Philippine Cultural Education Program  
National Commission for Culture and the Arts

## Introduksiyon/Galileo S. Zafra

Kailangan ng talas sa edukasyong pangkultura. Talas ng ulo. Talas ng isip. Talas hindi lang sa metodo ng pagtuturo kundi lalo na, sa laman ng ituturo. Talas hindi lang sa paghahanap ng nilalaman ng pagtuturo kundi sa mismong produksiyon ng ituturong kaalaman at karunungan.

Sa koleksiyong ito ng *Talas Journal*, ang ikalawang tomo, napapatampok ang mga saliksik at suri sa iba't ibang aspekto ng kultura at lipunang Filipino. Makabuluhan ang mga artikulo hindi lamang dahil sa inilalahad nitong mga kaalaman, pananaw, idea, kundi maging sa ipinamamalas nitong mga paraan ng pananaliksik at pamantayan ng pagsusuri. Mababasa, kundi ma'y mahihiwatigan sa mga artikulo ang mga batayan ng pagpili ng paksa at pagtiyak ng suliranin ng pag-aaral; ang pagtukoy ng puwang sa pananaliksik batay sa daloy ng mga naunang pag-aaral; ang pagpapasiya sa pinakaangkop na metodo ng pananaliksik; at ang pagtiyak sa teorya, konsepto, o dalamut na babalangkas ng pag-aaral o magiging salalayan ng pagsusuri—ang lahat ng ito ay pawang hinuhugis ng oryentasyong Filipino ng Filipinong mananaliksik, at pangunahing hinuhulma ng Filipinong konteksto ng kultura, lipunan, at kasaysayan.

Sa papel na “Kasakit endú Tudtulan: Danas ng ‘Sakit’ sa Kuwento ng Isang Maguindanaon para sa ‘Sariling Pagtatakda’” ni Mary Jane B. Rodriguez-Tatel, itinampok ang tudtulan (kuwento, sa wikang Maguindanaon) bilang alternatibong pamamaraan ng pananaliksik na nakatuon sa larang na personal—sa kaibuturan ng sarili—ng isang Maguindanaon. Malay sa limitasyon ng mga dominanteng paradaym, metodolohiya, at pamamaraan ng pananaliksik mula sa labas, bumaling ang awtor sa sariling tradisyon ng pananaliksik sa Filipinas, ang mga katutubong pamamaraan (tulad ng pakapa-kapa, pakikipagpalagayang-loob, pakikisama, pakikipagkuwentuhan) na matagal nang nilinang sa larang ng Sikolohiyang Pilipino. Sentral na aspekto sa mga pamamaraang ito ang pagbubuo ng mga ugnayan o pakikipag-ugnayan na maitutumbas sa Pilipinong dalumat ng kapwa at pakikipagkapwa. Sa katapusan ng papel, bukod sa paglalarawan sa sarili ng isang Maguindanaon na nasa hugpungan ng samut saring tunggalian, nakapaghain din ang awtor ng ilang muni at kabatiran hinggil sa katangian at bisa ng tudtulan bilang paraan ng paglikha ng kaalaman: kabukasan ng isip ng mananaliksik, pakikipagpalagayang-loob, pagbuo ng pangmatagalang ugnayan, paggamit ng pandama at pagdama, tudtulan bilang kapwa panitikan at kasaysayan, at “bayanihan sa paglikha ng kaalaman.”

Sa artikulong “Mga Naratibo ng Pakikibaka sa Hacienda San Antonio at Sta. Isabel ng Ilagan, Isabela Laban sa Korporasyong ANCA (1980-1983)” ni Joanne V. Manzano, ang pagkalap ng mga naratibo din ng mga karaniwang mamamayan ang pangunahing metodo ng pananaliksik. Tinipon ng awtor ang mga kuwento ng mga magsasaka, at mula rito, hinalaw ang gunita at unawa ng mga tao tungkol sa mga nangyari sa lupaing kanilang sinasaka at inaagaw ng kroni ng dating pangulong Marcos. Sa pagbuo ng naratibong ito, hindi lamang naisalaysay ang tugon, tindig, tagumpay ng kolektibong pagkilos ng mga magsasaka, kundi nag-aambag din ito sa diskursong pangkasaysayan hinggil sa mga pangyayari sa kanayunan noong dekada 1970 hanggang 1980, panahon ng Batas Militar.

Itinatampok naman sa papel na “Ang Bawat Panayam ay Paaralan ng Pagkatuto: Ang Peministang Paghabi ng Kasaysayan ng Kababaihan ng Tundo” ni Nancy Kimuell Gabriel ang kasaysayang pasalita bilang bagong batis sa pagbuo ng kasaysayan. Hindi tulad ng tradisyonal na historyograpiyang nagbibigay-diin sa mga dokumentong nakasulat, ang kasaysayang pasalita ay higit na nakabatay sa mga panayam, kuwento, kuwentuhan. Ang ganitong metodo ay nagiging

lalong mahalaga sa pagsisiyasat sa personal at kolektibong buhay ng kababaihan mahihirap dahil ang mga salaysay nila ay hindi nagkapuwang sa mga sangguniang nakasulat. Sa may tatlong taong pananaliksik ng awtor sa larang, hindi lamang mga salaysay ng kababaihan ang kaniyang nalikom kundi maging ang mga danas at kabatiran hinggil sa gawaing panlarang at kasaysayang pasalita bilang mga pamamaraan ng pananaliksik. Ambag ang papel na ito sa patuloy na paglinang sa peministang metodo ng pananaliksik na nakapook sa kultura at lipunang Filipino.

Sa artikulong “Ang Sabungerong Indio, Dayuhang Manonood: Mga Panlipunang Pananaw at Kaisipan sa Pagsasabong at Sabungan mula sa mga Tala ng Dantaon 19” ni Emmanuel Jayson V. Bolata, imbestigasyon sa artsibo at metodong dokumentaryo naman ang ginamit na mga pamamaraan ng pananaliksik. Paksa ng papel ang kultura ng sabong sa dantaon 19. Pangunahing batis ng mananaliksik ang primaryang sanggunian—ang 17 tala ng mga paglalakbay na sinulat ng mga dayuhang namalagi sa Filipinas nang may iba't ibang tagal. Ngunit hindi niya ginamit ang mga tala ng paglalakbay bilang transparente at di-problematikong dokumentasyon ng iba't ibang aspekto ng kulturang Filipino, lalo na ng sabong. Sa halip, isinailalim niya ang mga ito sa mapanuring pagbasa na, sa kabila ng mga pagtuligsa sa sabong, humantong sa kabatiran na ang patuloy na pag-iral ng sabong ay patunay ng patuloy ring paggigiit ng mga sinakop sa kanilang kultura sa gitna ng kolonyalismo.

Mga primarya rin pati na sekundaryang materyal ang sinangguni ni Palmo R. Iya sa kaniyang papel na “Si Kapitan Andres Novales at ang Kaniyang Pag-Aalsa Noong 1823.” Ang pananaliksik ay nakatuon sa isang creole na nag-alsa noong unang hati ng dantaon 19, gayundin sa pangkasaysayan at panlipunang kontekstong nagluwal ng ganitong pagkilos. Hindi lamang nito ipinakikilala sa Filipinong mambabasa si Novales kundi naglalarawan din sa dinamika ng ugnayan ng mga peninsulares at insulares, ugnayan ng mga Espanyol, mestiso, katutubo, at nagdaragdag din ng kabatiran sa tradisyon ng mga pag-aalsa sa Filipinas kontra sa mga kolonyalistang Espanyol.

Sa papel namang “Masid, Unawa at Arok sa Ako ng Penitensiya sa Kalayaan, Laguna” ni Jeremy Reuel N. dela Cruz, ginamit niyang pamamaraan sa pananaliksik ang mas kilala sa terminong obserbasyon para pag-aralan ang tanghal ng penitensiya sa Kalayaan, Laguna. Tinawag niya ang panimulang metodo ng pagkuha ng datos bilang masid. Maaaring mula sa lente ng isang lubog sa larang ng dulaan, nagtuon ang masid ng mananaliksik sa gayak at galaw na nagluwal ng mga tanong. Mula rito, ang masid ay tumungo sa unawa—ang pagtanaw sa penitensiya mula sa pananaw mismo ng mga penitensiyador. Sa bandang katapusan naman ng pananaliksik, itinampok ang arok bilang prosesong nagpatingkad sa dalumat ng pag-ako ng mga penitensiyador bilang pag-aalay ng sarili.

Ang papel na “Bitak sa Tapayan: Ilang Tala at Tagay hinggil sa Karahasan, Kagandahang-asal at Awit-epikong *Kudaman* ng Palawan” ni Arbeen R. Acuña ay gumamit naman ng pagsusuring tekstuwal sa paghimay sa epikong-bayan sa layuning magbigay ng paliwanag hinggil sa ilang aspekto ng kultura, kaugalian, gawi at asal, at pananaw-mundo ng mga Palawan. Isinentro ang pagsusuri sa mga kagamitang madalas banggitin sa *Kudaman* upang mapasok ang mundo at kamalayan ng mga Palawan sang-ayon sa kanilang pamantayan. Mula sa teksto, gumamit din ng mga sekundaryang sanggunian at komparatibong lapit upang mailugar ang epiko sa salimuot ng kasaysayan at lipunan ng mga Palawan at iba pang kaugnay na pangkat-etniko. Iniluwal nito ang pagbasang tumitinag sa mga dikotomiya halimbawa ng mabuti/masama, marahas/mapayapa, at nagpapaintindi kung paanong maaaring humantong ang mga Palawan sa pagtatatanggol sa sarili sa pamamagitan ng digma na itinuturing nilang laro.

Pagsusuring tekstuwal din ang pangunahing metodong ginamit sa artikulong “Idealismo sa Patnubay at Panuto: Pananagisag sa Birtud ng Babae sa Awit” ni Pauline Mari Hernando. Nakatuon ang pagbasang kritikal sa awit na *Patnubay nang Cabataan o Talinghagang Buhay ni Eliseo at ni*

*Hortensio* (1901) na sinulat ni Joaquin Tuason, isa mga pinakaproduktibong tagasalin at manunulat sa Tagalog at Espanyol noong huling bahagi ng kolonyalismong Espanyol hanggang sa unang dekada ng kolonyalismong Amerikano. Pinatutunayan ito ng mga aklat niya hinggil sa kabutihang asal, dasal, pagninilay, pagsasanay sa kabanalan, moralidad, at wastong pagkilos. Gamit ang lenteng makauri, pangkasarian, at postkolonyal, naipakita ng pagsusuri na ang awit ni Tuason ay tumalima lamang sa pamantayan ng umiiral noong sensura, at kung gayo’y naging tagapamansag ng kung ano ang mabuti at masama, tama at mali, lalo na para sa kababaihan, ayon sa panuntunan ng mga mananakop.

Sa papel na “Sa Pagitan ng Agham at Sining: Ang Kaso ng Epektibong Pakikipagkapuwa” ni U. Z. Eliserio, inilahad at inusisa naman ng awtor ang mga idea nina William MacAskill at Peter Singer tungkol sa etika, sa pagtulong, sa pakikipagkapuwa na para sa kanila, upang maging epektibo at episyente, ay kailangang sukatin, bilangin, kalkulahin, at gamitan ng pamantayang makaagham. Dinala ang awtor sa pagtalakay sa ugnayan ng sinig at pakikipagkapuwa. Gamit ang mga pananaw at kritika nina Alice Guillermo at Jonathan Beller sa sinig-biswal na nakatuntong sa mga idea ng Marxismo, natukoy ng awtor ang mga limitasyon ng utilitarianismo na siyang tinutuntungan naman ng dalawang naunang pilosopo, at nakapagpalitaw ng mga bagong pagtingin at kabatiran tungkol sa kabuluhan ng sinig.

Ang mga sumusunod na papel sa koleksiyon ay nagtatampok naman sa kaalamang-bayan at kulturang Filipino, at gayundin, sa ilang pamamaraan at larang kung paano at kung saan isinusulong ang mga ito—sa pagpapaunlad ng wika, sa pagsasa-Filipino ng mga disiplinang akademiko, sa komunikasyong pangmadla, sa paggamit ng makabagong teknolohiya sa edukasyon. Maituturing na mga halimbawa ang tinalakay sa mga papel kung paanong maitataguyod ng mga Filipinong edukador ang kulturang Filipino lampas sa klase at silid aralan.

Sa papel na “Kappanimad-On: Ang Adaptibong Kasangkapang Pangwika at Pagtingin sa Ilang Tala Ukol sa Pagpapayabong ng Kaalamang-Bayan sa UP Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya” ni Vicente C. Villan, itinampok niya ang dalumat ng *panimad-on* ng mga Kinaray-a, Hiligaynon, at Aklanon—tumulok sa naisantabing kaalamang-bayan—bilang salitang pantukoy sa “lohikang pangkalinangan na matagal nang nakaugat sa kasaysayang intelektuwal ng Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya.” Ang dalumat na ito ay nagiging halimbawa rin ng “adaptibong kasangkapang pangwika” (pagtuklas ng mga konsepto o kategorya sa wika na pinayayaman ang kahulugan) upang bigyang-ngalan, kahulugan, at katuturan ang ilang aspekto ng pagtuturo, pananaliksik, paglilingkod-bayan, at ang kabuoang tradisyong intelektuwal ng Kolehiyo sa pagtataguyod at pagpapayabong ng kaalamang-bayan.

Ipinaliwanag ni Carlos P. Tatel, Jr., sa papel na “*Tabi-tabi Folkloradyo!* sa DZUP 1602: Salugpungan ng Folklore, Agham Panlipunan at Philippine Studies sa Pangmadlang Komunikasyon” ang karanasan ng *Tabi-tabi Folkloradyo*, isang programang panradyo, na nagtatampok sa folklore bilang kaalamang-bayan. Sa paglalahad ng danas at suri sa mga naging paksa ng programa, naipakita sa papel kung paano naging totoo at mabisa ang *salugpungan*—ang pagtatagpo—ng mga institusyon at organisasyong akademiko, ng iba’t ibang larang ng kaalaman, ng tagapagpahayag at tagapakinig, ng akademiko at bayan, ng dati at ngayon, dahil binibigkis na lahat ng folklore, ng kaalamang-bayan, ng kultura.

Sa papel na “Pasundayag: Pagpapalitaw ng Kapangyarihang Kultural sa Kasaysayan at Pilosopiyang Pilipino” ni Ma. Theresa T. Payongayong, ang pagsisikap na linangin ang Pilosopiyang Pilipino, pilosopiyang nakaugat sa sariling wika at danas, ay inilugar sa naratibo ng pagsisimula at pagsulong ng kapangyarihang kultural sa kabuoang kasaysayan ng bansa, gayundin sa kasaysayan ng Pilipinisasyon ng agham panlipunan lalo na sa Unibersidad ng Pilipinas. Kinailangan ang ganitong

pagbabalik-tanaw sa kasaysayan upang maisakonteksto ang mga pagsisikap ngayon sa larang ng pilosopiya at agham panlipunan sa UP at ipasundayag—palutangin ang nakakubli at magpakitang-gilas—ang maaaring iambag ng Pilosopiyang Pilipino sa patuloy na paggigiit ng kapangyarihang kultural ng mga Filipino.

Ibinahagi naman ni Jayson de Guzman Petras sa artikulong “Paglusong at Pagsulong sa Wika, Kultura, at Lipunang Filipino sa Sistemang Dihital: Karanasan sa Proyektong eFilipiniana MOOC ng UP Open University” ang karanasan sa pagbuo at pagpapatupad ng kursong Wika, Kultura, at Lipunan gamit ang programang Massive Open Online Course (MOOC). Ang MOOC ay isang kursong online na dinisenyo para sa malaking paglahok at libreng pag-akses—nakatuntong sa mga prinsipyong massiveness, openness, at connectivism. Dahil sa lawak ng puwedeng maabot ng kursong ito, naroon din ang malaking potensiyal nito upang mapayaman ang bahaginan hinggil sa iba’t ibang paksa at usaping pangwika, pangkultura, at panlipunan.

Sa koleksiyon ding ito, kabilang ang ilang malikhaing akda—maikling kuwento at mga tula: ang “En Memoria Cariñosa: Soldado Tenso Conserbado (1898-1976)” ni Amado Anthony G. Mendoza III; at ang mga tulang “Ang Tagapangalaga ng Liham,” “Liham Kay Sido,” at “Liham sa Taga-Islang Lumisan” ni Allan C. Popa. Lihis sa karaniwang pagbubukod ng mga malikhaing akda sa tuwing ilalathala kasama ng mga saliksik at kritikal na papel, ang lahat ng ambag sa koleksiyong ito ay magkakasama sa iisang hanayan lamang upang ipaalala na ang mga proseso ng pagsulat at pagbasa ng mga malikhaing akda, sa isang banda, ng mga saliksik at mapanuring papel, sa kabilang banda, ay hindi ganap na magkahiwalay at magkaiba.

Ang akda ni Mendoza III, sa isang pagbasa, ay nagsisilbing alegorikong paglalahad ng pagtatagisan ng mga koserbatibo’t progresibong pananaw sa iba’t ibang yugto ng kasaysayan ng bansa. Ang mga pangalan ng tauhan, mga tauhan sa kasaysayan, petsa ng mga pangyayari, mga pangyayari mismo, mga lugar, mga imahen, ay nagtatatag ng masalimuot na mga ugnayang intertekstuwal. Ang tatlong tula naman ni Popa, sa isa na namang pagbasa, ay nakikipagdiyalogo sa iba-ibang teksto, manunulat, tradisyon ng panulat. Ang liham bilang talinghagang nagbibigkis sa tatlong tula ay lalong naipapamalay na may nais ditong ipahayag, ipahiwatig, iparamdam, ipadamdam. Ang akda at mga tula ay higit na magiging produktibo sa mambabasa kung ilulugar ang mga ito sa iba’t ibang kontekstong pangkultura, panlipunan, pangkasaysayan, at sa konteksto ng malikhaing paglikha at ng wika.

Inaasahan namin na ang koleksiyong ito ng mga saliksik, suri, likha ay makapag-ambag upang mapalawak ng mga nasa larang ng edukasyong pangkultura ang kanilang kaalaman, at lalo’t higit, mapanday ang kasanayan upang sila mismo ang tumuklas ng mga karunungan mahalagang maituro hinggil sa kultura at lipunang Filipino, nagmumula sa pananaw at oryentasyong Filipino, at tumutugon sa kalagayan, pangangailangan, at mithiin ng sambayanan. Mahalagang ang dunong na ibinabahagi ay laging kabahagi ng buhay ng mga Filipino.

Bukod sa talas, kailangan din ng talim at talab.

## Kasákit endú Tudtúlan: Danas ng “Sákit” sa Kuwento ng Isang Maguindanaon para sa “Sariling Pagtatakda”

Mary Jane B. Rodriguez-Tatel

### ABSTRAK

Nais itampok sa papel na ito ang isang uri ng pagsisiyasat sa ilang usaping nakabalabal sa etnikong identidad sa kontekstong Maguindanaon. Sa diwa at praktika ng Sikolohiyang Pilipino, kaugnay ng Indigenous Research Methodology, dalawang konseptong Maguindanaon, “*kasákit*” (sákit) at “*tudtúlan*” (kuwento, kasaysayan) ang bumalangkas sa pag-aaral. Bumabaybay ang isinagawang paglalahad sa mga hugpungan ng personal na danas ng isang Maguindanaon at ng kolektibong karanasan ng kaniyang *inged* o bayan. Mga hugpungan itong nagsisilbing lunsaran ng pagpapalalim at pagpapayaman sa mas malalaking naratibo ng pangkat: samahan/institusyon/lokalidad/*ethnos*, o maging sa tinatawag nating “national history.” At sa huli, narito ang mga natuklasan. Una, sa lipunang Pilipino, patuloy na itinatakda ang “sarili” ng malasapot na ugnayan ng “loob” at “labas,” ng “sarili” at “iba” – mga personal/interpersonal na ugnayang nasa anyo ng tunggalian at/o tulongan/damayán. Ikalawa, integral sa proseso ng pagtatakda ng sarili ang danas ng sákit bilang pook ng talaban ng pagkasira ng “loob” at muling pagbubuo nito. Ikatlo, ang personal/interpersonal, ang mga panloob na ugnayan, ay isang mapagpasyang salik na bumabalangkas sa “bayan” hindi lamang bilang isang administratibong yunit o kayariang politikal kundi bilang isang kabuuang kultural o *ethnos*. At ikaapat, sa lipunang napakataas ng pagpapahalaga sa oralidad, may bisa ang mga kuwento at salaysay bilang isang alternatibong kaparaanan tungo sa ibayong pagsasatinig at pagsasakapangyarihan sa mga karaniwang tao sa akademyang Pilipino.

**Mga Susing Salita:** etnisidad, Moro, Maguindanaon, politika ng identidad, araling etniko/ethnic studies, Philippine Studies

Pinapasan pa rin ng mga kababayan nating Pilipino na hanggang ngayo’y tinataguriang “Pambansang Minorya” ang bigat ng politika ng identidad kakawing ng masalimuot na usapin ng etnisidad. Sa kanilang hindi pa tapos na pakikibaka para sa sariling pagpapasya (self-determination), mahalagang maunawaan ang sarili. Sino nga ba ang “sarili”? Sino ang nagtatakda? Sino ang *dapat* magtatakda? Maraming antas ng pagkilala sa sarili sa lipunang batbat ng napakarami ring tunggalian. Iba’t iba ang antas at anyo batay sa nag-iiba-iba at nagbabago-bagong konteksto ng mga relasyong pangkapangyarihan. Lampas pa sa mga kolektibong taguri, gaya ng “tribu,” “national minorities,” “cultural communities,” at “Moro”—na unang ipinataw sa kanila ng tagalabas, pangunahin na rito ang estado—kailangan ding matunghayan kung ano nga ba ang tinig mula sa “loob.” Ito ang “sarili” sa kategoryang pang-espasyo. Sa puntong ito, maaaring paglimian, monolitiko ba ito at may-iisang galaw sa kumpas ng iisang aspirasyon? Taliwas sa karaniwang haka, batbat din ng kontradiksiyon ang “loob” lalo na sa konteksto ng pakikibaka at mga tunggalian. Mahalagang

matukoy kung kailan nabubuo ang “sarili” o “loob.” At singhalaga rin nito ang maunawaan kung bakit at paano ito nasisira. Dito maihuhugpong ang usapin ng “sarili” sa dalumat ng “sakit.” Sapagkat ang huli ay hindi lamang kondisyon bagkus ay isa ring *proseso* ng pagkasira at muling pagbubuo ng “kalooban.”

Tutunghayan sa papel na ito ang danas ng sakit sa *tudtulan* (kuwento, sa wikang Maguindanaon) ng isang Maguindanaon bilang “mandirigma” sa tunggaliang hindi lamang “ibang tao” ang naging katunggali, kundi lalo’t higit, ang sarili mismong kapanalig. Bubuksan ng nasabing salaysay ang ilang repleksiyon at konseptuwalisasyon sa “sakit” sa hugpungan ng loob at labas, ng indibidwal at kolektibo o “*ethnos*”—ang pangkat na kinabibilangan. Hugpungan itong hinahabi ng malasapot na kawing ng pagtatagpo/pagkakasundo at pagbabanggaan ng mga interes at aspirasyon sa pagitan ng kolektibong “Sarili” at “Iba”—mga interes at aspirasyon itong bumabalangkas din sa konsepto ng sakit bilang tuntungan ng pag-unawa sa kung sino at ano ang higit na makabuluhang “Sarili.”

## Pakikipagkapwa at *Tudtulan* bilang Saligang Konseptuwal at Metodolohikal ng Pag-aaral

### Pagsasatinig sa Gináwa (“Sarili”) mula sa Lente ng “Di-Iba”

Kabahagi ng sarili o ibinahaging sarili (shared identity), “the unity of the ‘self’ and ‘others’” – ganito binigyang-kahulugan ni Virgilio Enriquez ang kapwa (Enriquez 1978 at 1993, sinipi sa Navarro at Lagbao-Bolante 2007, 27-28 at 43). Sa mga salaysay ng tunggalian at pakikibaka, tumitining ang mga hangganan sa pagitan ng sarili at iba. Subalit kung pagkakaisa at pagbubuo ang pakay natin, mga tagpuan at hugpungan ang kailangang kasangkapanin. Kung kaya mula sa larang ng “Iba” o labas tinangka kong pumaloob sa pinapaksang “Sarili.” At nag-anyo ang “iba” bilang “hindi ibang tao” – ang kapwa bilang produkto ng pagbabahagi ng sarili.

Lalo na sa mga paksang tumutugaygay sa kaibuturan ng sarili, sadyang limitado at nakalilimita ang mga dominanteng paradaym at metodolohiya mula sa labas.<sup>1</sup> Sa punyaging pumaloob sa larang ng personal, naghahain ng makabuluhang alternatibo ang sarili nating tradisyon ng pananaliksik sa Pilipinas. Lampas pa sa mga hangganan ng etnograpiya, sinikap kong mailapat ang mga katutubong pamamaraan (*e.g.*, pakapa-kapa, pagdalaw at pakikipagpalagayang-loob, pakikisama, pakikipagkuwentuhan), na matagal nang sinimulan partikular na sa larangan ng Sikolohiyang Pilipino (SP) (Enriquez at Antonio 1973; Enriquez 1976 & 1978; Antonio *et al.* 1976 at 1978; Pe-pua 1982, 155-250). Kung tutuusin, maiugnay ito sa umuusbong (emergent) na diskurso at paradaym sa kuwalitatibong pananaliksik na tinatagurian ngayon sa internasyonal na akademikong komunidad bilang “Indigenous Research” (IR) at ang kaakibat nitong “Indigenous Research Methodology” (IRM) (Wilson 2001; Absolon & Willett 2004; Kovach 2005 & 2010).<sup>2</sup> May taling nagbibigkis sa SP at IR/IRM: ang pagtingin sa sinasaliksik bilang kapwa-manlilikha (co-producer) ng kaalaman. Dahil dito, mahalagang itampok ang tinig ng sinasaliksik at ang kabuluhan ng saliksik, higit lalo na, sa kanilang komunidad (Peters 2013). Tumatawid ang IR/IRM sa mga kumbensiyong itinakda ng Kanluraning akademya.<sup>3</sup> Higit pa sa pagtuklas at paglikha ng bagong kaalaman, nilalayon

<sup>1</sup> Pangunahin dito ang sumusunod: *positivist, interpretive, constructivist, at critical* (Guba & Lincoln 1994; Harvey et al. 2000; Wilson 2001).

<sup>2</sup> Ang Indigenous Research ay tinatawag ding Indigenous Research Methodology o Indigenist Methodology (Wilson 2001, Kovach 2010, Peters 2013) dahil sa pagtinging mahigpit na nakaugnay sa indigenous research paradigm ang metodolohiya at *vice versa*. Pag-papatampok at paggigiit ito sa katutubong kultura, kaalaman, at karunungan na dinominahan ng mga kaisipang Anglo-Amerikano-Europeo sa konteksto ng pagbubuo ng pandaigdigang imperyo.

<sup>3</sup> Kritikal na tugon ang IR/IRM ng mga akademikong “Indigenous Peoples” (IPs) ng “First World” sa mga nabanggit na dominanteng Kanluraning paradaym. Sinasabing naiiba ang IR sa apat na aspekto ng paradaym: (a) ontolohiya o pag-aaral at pag-unawa sa kalikasan ng realidad; (b) epistemolohiya o pag-aaral sa kalikasan ng kaalaman, kung paano tinitingnan ang realidad; (c) metodolohiya o kung paano gagamitin ang mga paraan ng pagtingin sa realidad (epistemolohiya) upang makakalap ng karagdagan ng kaalaman tungkol sa nasabing realidad; (d) axiology – isang kalipunan ng etika o pamantayan ng kaalaman (morals) sa pagsasagawa ng pananaliksik. Lumitaw ang IR noong huling dekada ng siglo 20 at pinaunlad ng mga kaugnay na debelopment sa mga metodo ng kuwalitatibong pananaliksik. Gayumpaman, sa patuloy na paglilinang dito, lalo na ng mga katutubong (“IP”) iskolar mismo, umiiba rin ito mula sa ilang kumbensiyon ng akademya upang ipasok ang katutubong pananaw sa daigdig, kakabit ng mga halagahing gaya ng “communality, reciprocity, social justice, equality, solidarity, complementarity, and harmony with nature” (Wilson 2001, 179).

sa IR na lumikha ng mga *ugnayan o pakikipag-ugnayan* (relationships). Sa ganang ito, tinitingnang relasyonal, ang kaalaman. Higit pa sa simpleng produkto ng pananaliksik, matutunghayan dito ang dinamikong diyalogo sa pagitan ng mananaliksik at sinasaliksik. Ibinabahagi at pinagsasaluhan ang kaalaman, hindi inaangkin ng iisang indibidwal lamang (Wilson 2001, 175-177). Sa SP, maitutumbas ang ganitong paradaym sa konseptong buod (core concept) ng “kapwa” at “pakikipagkapwa” bilang prosesong katambal nito. Nakapagtukoy sina Enriquez at Santiago (1982, 158) ng walong antas ng mga ugnayang panlipunan sa lipunang Pilipino na dapat umanong isaalang-alang sa pananaliksik: pakikitungo, pakikisalamuha, pakikilahok, pakikibagay, pakikisama, pakikipagpalagayang-loob, pakikisangkot at pakikiisa. Magkakaugnay ang lahat ng ito, anila, sa iminumungkahing “Iskala ng Pagtutunghayan ng Mananaliksik at Kalahok.” Mula sa pinakamababaw tungo sa pinakamalalim, ipinangkat ni Enriquez ang mga nasabing ugnayan sa dalawang kategorya: (a) “ibang tao” (mula sa pakikitungo hanggang pakikisama); at (b) “hindi ibang tao” (mula sa pakikipagpalagayang-loob hanggang pakikiisa). Nagkakaiba-iba man ng ipinahihiwatig na kilos at asal sa bawat antas, nagkakaugnay-ugnay pa rin ang mga ito sa loob ng tinagurian niyang “super-ordinate concept” ng “kapwa” at “pakikipagkapwa” (Enriquez 1978, sinipi sa Navarro at Lagdao-Bolante 2007, 27). Samakatwid, isang proseso, gayundin naman, isang kalipunan ng iba’t ibang anyo at antas ng relasyon at interaksyon ang batayang epistemolohikal at metodolohikal ng kapwa at pakikipagkapwa. Ipinauunawa sa atin ng nasabing iskala na mahalagang tawirin ang bagtasan mula sa mga kategorya ng “iba” tungong “hindi iba.” Dito, kinasangkapan ko ang taglay na bisa ng mga salita.

Sa ganang pakikipagkapwa at pagturing sa sinasaliksik bilang “kapwa-manlilikha” ng kaalaman, isang makatuturang metodo ang pakikipagkuwentuhan (de Vera 1976 at 1995; Enriquez 1976); kuwentong buhay (Obien-Landicho 2003; Ofreneo 1994; Aquino 1999/2002, 2000, at 2006; Caampued 2002), kasaysayang oral (Ubaldo 2003; Kimuell-Gabriel 2012), at ang ibang anyo nito, ang pakikipag-usap (conversation) (Wilson 2001; Kovach 2010). Partikular sa lipunang Pilipino na labis ang pagpapahalaga sa oralidad, may lantay na bisa ang mga kuwento, pagkukuwento, o ang relasyonal na anyo nito: ang pakikipagkuwentuhan. Mula sa dulog ng pakay ng nais makipag-usap at kusang-loob na pagpapaunlak ng gustong kausapin, nabubuksan ang mga “loob”/“kalooban” ng magkaiba o magkabilang panig. Nagtatagpo ang mga saloobin, nagkakapalagayang-loob, at sa lumao’y nagsasalikop ang mga hangarin. Pagtatagpo at pagsasalikop itong nakahabi sa *proseso* ng pakikipagkapwa. Nanunuot din ang diwang ito sa *tudtulan*, ang dalumat ng kuwento, kasaysayan, at pagsasalaysay ng mga Maguindanaon.

Kapwa panitikan at kasaysayan ang *tudtulan* (Sullivan 1986, 342 & 453). Kung kaya, nagsasanib dito ang istorya at katuturan na siya ring esensiya ng sinaunang kasaysayan bilang “salaysay na may saysay” (Salazar 1983b, 82; Salazar sinipi sa Navarro, Rodriguez at Villan 1997, 70-71; Navarro 2000; Rodriguez-Tatel et al. 2011).<sup>4</sup> Hindi lamang ito basta kuwento, kundi “kuwentong may kuwenta,” wika nga. Kung tutuusin, may tatlong anyo ito sa wikang Maguindanaon: *túdtul*, *katudtulan*, at *tudtulan* – lahat ay may iisang kahulugan: kuwento o salaysay, at kasaysayan (Sullivan 1986, 342). *Panúdtul* naman ang pandiwang “magkuwento” (to tell a story. Bagaman magkasingkahulugan ang *túdtul* at *tudtulan* sa diksiyonaryo, higit na aktibo at dinamiko ang pakahulugang nakapaloob sa huli batay sa karaniwang gamit ng mga Maguindanaon. Hindi lamang daw ito produkto o bagay na tapos na gaya ng “balita” (news) na kahulugan din ng *túdtul*;

<sup>4</sup> Noon pa man, may mga salita na tayong kasaysayan, salaysay, at saysay. Magkasingkahulugan ang “saysay” at “salaysay” sa Espanyol na pandiwang *declarar* o ipahayag (San Buenaventura 1613, 216 at 217). Higit na tampok ang idea ng kabuluhan sa salitang “kasaysayan” na binigyang kahulugan bilang “*significación*: de parábola, abs: de saysay, may kamahal ang kasaysayan nito, ay cosa mas preciosa que la significación desto, ang pagkasaysaysay nito, ay, la significación desto”; o “*significación*: katuturan pc: de lo que se de clara, abs: de toto, ang katuturan nitoy maliwag din, es dificultosa la significación desto, mahal ang pagkatoorto, tiene significación sancta (553). Subalit iniuugnay rin ang “saysay” sa idea ng paghahanap ng solusyon sa isang problema o palaisipan. Tingnan: “*desenredar*: saysay pc. malutas, uriin, makahanap ng kasagutan (236).

Tuwirang iniuugnay ang kasaysayan sa “saysay” at “salaysay” na lumitaw sa *Vocabulario de la Lengua Tagala* ni Juan Jose de Noceda at Pedro de San Lucar, 1860 (Reimpreso). Tingnan:

*Saysay pc. Declarar, explicar, poner en concierto cosas materiales, como desenmarañar el cabello, &c. Vm. I. Mag. Si mucho, o muy bien, Magpaca. Lo aclarado, In. Si, mucho, Pacain. La causa o con que, Y. Abstracto, Casaysayan. Pp. I. pc. Sinonimo Husay (291).*

*Salaysay. Pc. Declarar. Vide su sinonimo Saysay, con sus juegos, menos el de desenmarañar (278).*



kundi, isang nagpapatuloy na gawain.<sup>5</sup> Kogneyt ito ng *totolan* sa wikang Mëranaw (McKaughan & Al-Macaraya 1996); at *pagtutul* sa wikang Binukid ng mga Talaandig (Saway 2014). At mayroon ding katumbas sa iba pang wikang etnolingguwistiko sa kapuluan: *e.g.*, *sarsarita* (Caampued 2002; Iniego 2005) o *pakasaritaan* (Ubaldo 2003) ng mga Iloko; *kad-unpakat* ng mga Erumanén né Menúvu (Babelon 2015); *su'gilon*, *'nawnangonon*, o *is'turya* ng mga Agusan Manobo (Gelacio *et al.* 2000); *angka* at *omanoman* ng mga Mansaka (Svelmoe & Svelmoe1990); *se'uret-uret* ng mga Lambangian at Teduray (Datuwata 2017); *sampit* o *tazem* ng mga Manobo ng Kanlurang Bukidnon (Elkins 1968). Ipinapakita lamang nito kung gaano kayaman ang ating tradisyong oral; gayundin naman, kung gaano ito kaintegral sa kalinangang bayan.

Sa diwa ng pakikipagkapwa sa bisa ng *tudtulan* hindi lang simpleng pakikipanayam ang ginawa ko. Pinakamahalaga ang pagkapa at pagdama sa kaligiran ng paksa. Nakapaloob ito sa mga panuntunan ng etika sa pananaliksik at maitutumbas din sa taguring “cultural sensitivity.” Minarapat ko munang tawirin ang kawing (network) ng mga personal na ugnayan. Sa pagtawid, una akong tumulay sa taong itinuturing na may pinakamalaking naitulong sa pag-igpaw ng persona sa matinding pagsubok na kaniyang dinaanan. Isa siyang taong relihiyoso, misyonero sa partikular. Wika nga ng isa pa ring relihiyoso na si Padre Leonardo Mercado, SVD, sa tindi ng bisa ng relihiyon sa buhay at kultura nating mga Pilipino maaari daw tayong binyagan sa siyentipikong pangalang *Homo religiosus* (1974). Anupa’t sa simula pa man, itinuturing na “haligi ng sinaunang lipunan” ang mga katutubong pari na tinatawag sa iba’t ibang pangalan sa kapuluan (*e.g.*, *babaylan*, *walian*, *balyan*, *katalonan*, *mambunung*, *mumbaki*, atbp.). Taglay nila ang kakayahang magpagaling ng karamdaman at kaugnay nito, ang magpanumbalik ng nasirang kalooban (Mangahas 1995; Salazar 1983a & 1999; Rodriguez 2009). Kung kaya, hindi kataka-takang taong simbahan ang makapagbubukas ng loob ng isang taong nasa sitwasyong peligroso gaya ng sinapit ng persona sa pag-aaral na ito. “Si Padre” kung tawagin siya ng persona, ang nagsilbing bagtasan ng *tudtulan*.

Hanggang humantong ang mga pakikipagkuwentuhan sa ipinangakong pag-akses ng ilang classified na impormasyon tungkol sa persona. Napakaselan ng bagay na ito. Kailangang mapagtagpo ang mahigpit na tiwala mula sa sinasaliksik at kakayahang mapagkatiwalaan ng mananaliksik na gaya ko. Buong katapatan ko nang ipinahayag ang aking pakay sa simula’t simula pa lang. Noong una’y sinabi kong mananatiling lingid ang kaniyang tunay na pagkakakilanlan. Itatago ko siya sa ibang pangalan. Noong una’y sumang-ayon siya dahil na rin sa pangambang baka “magamit” ang kaniyang kuwento sa mga delikadong usapin sa sandaling maisapubliko ito. Subalit di naglaon, sa proseso, nagbago ang kaniyang pasya, sabay sambit ng “Okey lang...maganda ring mailabas ang aking kuwento.” Dito ko nadama ang tiwalang kailangan upang higit na maging makabuluhan ang pag-aaral na ito. Naramdaman ko rin sa kaniya ang pag-asa at pag-asam na kahit paano’y makatutulong din ito sa kaniyang internal o personal na “laban.” Para sa katotohanan –isa ito sa mga pilit niyang ipinaglalaman ngayon. Oo nga’t “nakatago” pa rin siya, subalit nitong huli, nakapagbitaw siya ng mga ganitong salita: “Kahit gamitin mo pa Ma’am ang tunay kong pangalan... tatal, nangyari na ‘yan. Para alam nila na may totoong tao sa kuwentong ‘yan.” Pakikibaka itong nakahabi sa mga kawing-kawing na banggaan ng agenda at interes ng mga nasa poder. Sa pakiwari ko, isang paraan ng pagdamay ang naramdaman niya sa serye ng aming mga kuwentuhan. Mga pagkakataon itong nagbigay-daan sa pagbubulalas. Kinailangan niya ng “hingahan” o daluyan ng mga sentimyento. Anang persona, mabibilang sa daliri ang nakakaalam ng kaniyang kuwento. Kung kaya, sa bawat paglalahad, paulit-ulit man ito, tila naiibsan ang kinikimkim na galit; nagluluwag

<sup>5</sup> Batay ito sa personal na paliwanag ni Emmanuel Kalinaw nang tanungin ko siya tungkol sa pagkakaiba ng *túdtul* at *tudtulan*. Sinubukan ko pa ring mag-apuhap ng ibayong paliwanag. Sa *Maguindanaon Dictionary* ni Fr. Sullivan, OMI, may paliwanag siya hinggil sa pagkakaiba ng tinatawag niyang “regular and intensive forms of stative verbs” na gumaganap na pang-uri (43). Halimbawa:

Regular: *Nalugat sekanin*. “He was tired.”

Intensibo: *Nalugatan sekanin*. “He was very tired.”

Mula rito, nilalapian ng “-an” ang intensibong anyo na maaari ding makita sa *tudtulan* vs. *túdtul*. At maiugnay ito sa pahiwatig ng sinabi ni Noel na tila mas personal o emosyonal ang salitang *tudtulan* kaysa *túdtul*; kung kaya ito ang kanilang madalas gamitin sa pang-araw-araw na konteksto.

ang kalooban. Napalalaya ang sarili sa mga “tiyanak ng kalooban” (Alejo 1990, 5-6). Ito ang di-matatawarang saysay ng pagsasasalaysay. Malay rin ako bilang mananaliksik na hindi lamang ito isang pag-aaral, bagkus, isang pag-abot ng kamay, isang munting paraan ng pakikisangkot at pagdamay sa danas ng *kasákit* ng persona. Kay “Emmanuel Kalinaw” (hindi niya totoong pangalan) o “Noel” (palayaw na ibinigay ko), na nagbahagi ng kaniyang sarili para sa pag-aaral na ito, isang bahagi rin ng sarili ang handog ko – ang punyaging makapagbigay-puwang sa paglilinaw ng sarili, hindi lamang niya kundi ng ating mga “Sarili” bilang Pilipino.

Integral sa balangkas ng “kapwa” ang mundo ng pag-unawa. Kailangang kausapin ang persona sa daigdig ng kaniyang sariling salita. Inalam ko ang kahulugan at pagpapakahulugan ng *gináwa* – ang salitang Maguindanaon para sa “sarili.” At dito ko natuklasan ang lantay na pagkakaugnay ng konsepto nila ng sarili sa iba pang aspektong may kinalaman sa damdamin at nagbibigay-buhay-at-ginhawa sa tao. Maaari din pala itong mangahulugan ng “hininga” (breath) at ginagamit ding pandiwa, *penggináwa*, “huminga” (Sullivan 1986, 135). Matatagpuan din ito sa pagpapahayag ng saloobin gaya ng sumusunod: *gináwa sa maselá*, na ang ibig sabihin ay magbuntong-hininga dahil sa kalungkutan, pagod, o naibsan ang hirap/sakit na nadarama – sa madaling salita, “naginhawahan” (to sigh; to let out a very long breath because one is sad, tired, relieved) (p.136); *mapia i gináwa*, “maging masaya o sumaya” (to be happy) (431); at *galidu i gináwa*, “maging malungkot” (to be sad) (500). Interesante ring tunghayan ang iba pang ekspresyong lingguwistikong umiikot sa gináwa, gaya ng *kalidu na gináwa*, “kalungkutan o pighati” (sadness; sorrow) na singkahulugan ng *kambukul* (500); *sákit a gináwa*, “poot, sama ng loob, at pagtatakwil” (contempt, hatred, condemnation) (288 & 365); *kempén sa gináwa*, “pagpipigil ng sarili” (self-control) (503); *kasakitan na gináwa*, kamuhian (to detest) (406); *malegén sa gináwa*, “mahalaga” (valuable) (536); at *adén gedám sa gináwa*, “may kasalanan” (guilty) (55). Sa katunayan, ang “damdamin” (emotion) ay nasa lingguwistikong anyo ng *magedam nu manggiginawá* (414). At may idiomatikong ekspresyong *Gináwa nin ka* (“Kasalanan niya”) (135)—kung saan makikita kung gaano kaintegral ang sarili sa idea ng paggawa ng sala. Samakatwid, napakayaman ng talasalitaang Maguindanaon para sa “sarili.” Nasa iba’t ibang bahagi ito ng pananalita: pangngalan, pandiwa, at pang-uri— patunay sa pagiging pundamental at sentral nito sa kanilang kamalayan at pakikipag-ugnayan. Mula sa konsepto ng sarili, inalam ko rin ang mga salitang may kinalaman sa pagtatakda ng sarili, ang “ibang tao” bilang *kaped* (kapwa); *kap’d a taw* o *tagapeda* (kasama; kasamahan); *luks* (magulang); *suled* (kapatid); *tupn* (angkan); *umpungan* (samahan; kilusan, organisasyon); at *inged* (bayan, komunidad) o *maginged/ bangsa* (sambayanan; bansa). At sinikap kong tunghayan sa kanyang kuwento kung paano nalalamnan ng kahulugan ang mga ito.

Mula sa mga salita, minarapat ko ring papagsalitin mismo ang paksa. Hindi natatapos sa pagkausap ang pagpapatampok sa kapwa. Kailangan siyang bigyang-tinig sa paglalahad upang magagap ang kabuluhan ng kaniyang karanasan. Kung kaya kinailangang sipiin ko nang buo ang kaniyang mga pahayag. Integral ito sa pagsusuring dumadaloy mula sa paradaym ng IR. Ani Margaret Kovach sa kaniyang “Conversational Method in Indigenous Research,” kung nais itampok ang tinig ng sinasaliksik, mahalagang mailahad ang istorya bilang datos. May reserbasyon siya sa tematikong organisasyon ng mga datos dahil sa tendensiya, umano, nitong madekontekstuwalisa at mapaghiwa-hiwalay ang mga ito (2010, 47). Kumbaga, nasa integridad ng istorya ang saysay ng kaalamang nililikha nito. Aniya, “. . . in presenting a story as data the research participant’s story is intact and speaks for itself. Within Indigenous methodologies, the organization of data for purposes of analysis requires *on-going conversation*” (Ibid.) (akin ang diin). Para kay Clemen Aquino, malayo ang nararating ng paglalahad bilang kuwento. Mula sa pagbubuo ng akda, nabibigyan ng “higit na puwang” ang kalahok na “makibahagi sa mga talastasang-bayan” tungo sa “*paglilinaw at pagbubuo ng mga adbikaing pambansa at pagpapatatag ng mga institusyong panlipunan*” (Aquino w.p., 89) (akin ang diin).

Lumilikha rin ang mahahabang sipi ng puwang upang maipadama sa mambabasa ang bisa ng danas ng persona. Sa ganang ito, nailalahok din siya sa kuwentuhan. Sapagkat naniniwala akong hinuhulma ng mga salita ang katuturan at kapangyarihan ng karanasan. Kung kaya, maláy man ako

sa pagbalangkas ng pag-aaral alinsunod sa mga partikular na tema, sinikap ko pa ring maging tapat sa diwa ng *tudtulan*.

Sa kabuuan, pinagpunyagian kong palawigin ang *tudtulan* sa pamamagitan ng pagbuo ng isang diyologo sa pagitan ng nakaraan at kasalukuyan. At hindi ito linyar. Gaya ng ipinahihiwatig ng salitang kuwentuhan, dalawa ang patunguhan nito. Siklikal, ibig sabihin, maaaring pabalik-balik ang paksa subalit bumabalangkas ng iisang kabuuan. Bawat kuwento ni Noel ay maibabalangkas sa isang malasapot (*web*) na direksiyong nagpapahiwatig ng kasalimuotan ng kaniyang buhay. May mga umuulit, at parating nadaragdagan sa bawat oportunidad ng pagkikita at kumustahan. Mababanaag din ang gayong daloy sa isinagawa kong paglalahad. Sinikap kong ihabi ang kontemporaneong danas ng persona sa mga hibla ng mahahalagang pangyayaring tumampok sa kanilang komunidad. Maláy kong tinunghayan ang mga *bugpungan* sa pagitan ng salaysay ni Noel sa isang banda, at kasaysayan ng kaniyang *ethnos* o bayan sa kabila. Sa ganang ito, makikita at mapahahalagahan ang *tudtulan* ng persona bilang hibla ng kabuuan. Kung ano't anuman, may tatlong bagay akong isinaalang-alang upang balangkasin ang aking paglalahad. Una, ang pag-unawa sa *lat a ginawa* o *sakit a ginawa* (samá ng loob) sa konteksto ng Maguindanao bilang isang *inged* (bayan). Ano-ano ang historiko-sosyo-kultural na salik na nagbunsod o patuloy na nagbubunsod ng sitwasyon ni Noel? Ikalawa, ang pagtunghay sa kaniyang karanasan sa loob ng kilusan. Bakit siya sumapi, bakit siya umalis? At ikatlo, isang pagmumuni-muni sa *tudtulan* ni Noel sa konteksto ng Kapilipinuhan: bilang isang lipunan-at-kalinangan; gayundin, bilang isang pook ng prouksyon ng kaalaman. May sinasabi ang mga kuwento ng kaniyang *sakit* at pagpapakasakit tungkol sa kaniyang sarili; gayundin naman, tungkol sa kabuuang karanasan natin bilang mga Pilipino. Maituturing bang hiwalay o integral ang kuwento ni Noel sa karanasan ng bayan? Kumakatawan ba ang kaniyang kuwento sa kuwento ng iba pang mamamayang nasa gayunding kalagayan? At sa mga akademikong Pilipino, paano tayo higit na makatutugon sa patuloy na pagtuklas ng mga angkop at sensitibong kaparaanan sa pag-aaral ng ating lipunan?

### “Pakikipag-usap” sa Iba’t Ibang Akda

*Tudtulan* pa rin ang dalumat na ipinambalangkas ko upang “makipag-usap” o umugnay sa iba’t ibang akdang pangkasaysayan at etnograpike. Mahalaga ang mga ito upang suhayan at pagyamanin ang kabuuang naratibo. Ginalugad ko ang mahahalagang pangyayaring naitala sa salaysay ng paggigiit sa sarili ng mga Maguindanaon, ang grupong etnolingguwistikong kinabibilangan ni Noel. At dinala ako ng aking paghahanap sa mga akda nina Horacio de la Costa (1960), Reynaldo Iletto (1971/2007), at Ruurdjie Laarhoven (1989). Pinahintulutan ako ng mga akdang ito na maunawaan ang internal na dinamismo sa lipunang Maguindanaon sa konteksto ng relasyong *Sa-Raya – Sa-Laud* (bundok-kapatagan; upstream-downstream). Magiging mapagpasya ito sa pagsipat sa laro ng kapangyarihan sa loob *vis-á-vis* mga puwersa sa labas: kolonyalistang Espanyol at Amerikano noon, gobyernong Pilipino ngayon. Kinikilala ng mga nasabing akda ang estratehikong lugar ng Maguindanao bilang sentro ng kalakalan at ugnayan ng mga tao sa Kamindanawan. Kung kaya, mahirap unawain ang kaniyang kasaysayan nang nakahiwalay sa iba pang lugar. Sa ganang ito, sumangguni rin ako sa akda ng mga historyador na nakapook mismo sa Mindanao. Bagaman nakatuon sa anti-kolonyal na karanasan sa Davao mula 1890-1910, may patunay rin si Macario Tiu (2003) sa kapangyarihan ng Sultanato ng Maguindanao sa rehiyon ng Gulpo ng Davao. Mahalaga ring tingnan ang pag-aaral ni Rudy Buhay Rodil (2017)<sup>6</sup> tungkol sa kasaysayan ng mga pamayanan sa Mindanao at Sulu sa kabuuan ng kolonyalismong Espanyol. Bahagi ito ng punyaging ipakita ang ugat ng paninirahan o pamamayan ng tatlong grupong nag-aangkin ngayon sa Mindanao: Moro, Lumad, at Kristiyano, sa layong makapaghain ng isang mapayapang solusyon sa patong-patong na sigalot na idinulot ng kani-kanilang pag-aangkin. Ginagabayan ng perspektibang pangkapayapaan sa konteksto ng kabansaan, bumabangga ang akda sa separatistang tindig ng

<sup>6</sup> Mula sa kaniyang *Kasaysayan ng mga Pamayanan ng Mindanao at Arkipelago ng Sulu, 1596-1898*, M.A. Tesis sa Kasaysayan, Unibersidad ng Pilipinas, 1992.

iniluwal na idea ng “Bangsa Moro Republik” noong dekada 1980. Noong 2003, inilathala naman niya ang *A Story of Mindanao and Sulu in Question and Answer*. Sa paraang tanong-sagot, pinagaan sa mambabasa ang pag-unawa sa kasalimuotan ng kasaysayan ng Mindanao. Winakasan niya ang paglalahad sa mga punyaging pangkapayapaan ng mga komunidad sa Gitnang Mindanao sa harap ng kasagsagan ng polisiyang “*all-out war*” ng administrasyong Estrada laban sa Moro Islamic Liberation Front (MILF). Ito ang partikular na konteksto ni Noel. Mula sa tesis masteral ni Rodil hanggang sa librong ito, nagpapatuloy ang kaniyang panawagan para sa pagbuo ng “isang Mindanao” sa diwa ng paggalang at pagtanggap sa pagkakaiba-iba at karapatan ng tatlong pangkat (*tri-people*) bilang aniya’y “magkakapatid” at “*managsuon*” (Rodil 2003, *i*). Sa ganito ring himig mapahahalagahan ang akda ni Karl M. Gaspar, *Mapagkamalinawon: Babasahin para sa mga Nagbahangad ng Kapayapaang Mindanawon* (2004).

Dahil ang kuwento ni Noel ay hindi lamang usaping personal kundi lalo’t higit organisasyonal at politikal, mahalaga rin ang mga aklat na nagpahintulot sa aking mabusisi ang “loob” ng lipunang Maguindanaon sa konteksto ng kanilang pakikibaka. Pinasisilip tayo ng mga ito sa ugnayang politikal ng “sarili” at kapwa-Maguindanaon/Moro/Muslim. Ilan sa mga ito ang mga isinulat nina Thomas McKenna, *Muslim Rulers and Rebels: Everyday Politics and Armed Separatism in the Southern Philippines* (1998); Francisco Lara, Jr., *Insurgents, Clans, and States* (2014); at Wilfredo Magno Torres III sa kaniyang pinamatnugutang *Rido: Clan Feuding and Conflict Management in Mindanao* (2014). Tampok sa unang akda ang pagsisiyasat sa retorika at praktika ng politika sa isang Muslim na komunidad sa lungsod ng Cotabato mula sa lente ng kasaysayan at politikal na etnograpiya. Sa ikalawa, ipinaliliwanag ang pagkakaroon, pagpapanatili, at pagkawala ng politikal na lehitimasiya sa karanasan ng mga “kilusang rebelde” gaya ng Moro National Liberation Front (MNLF) sa loob mismo ng Autonomous Region in Muslim Mindanao (ARMM). Tinangkang tugunan ng akda ang malaking katanungan kung bakit kaagad naglalaho ang kapangyarihan ng mga lider-politikal na dating lumaban sa gobyerno at ngayo’y nakapagtamo na ng lehitimasiya sa kasagsagan ng tunggalian. Maraming institusyon ang nakahabi sa ganitong sitwasyon na tinagurian niyang “*institutional multiplicity*”: (1) ang sentral na gobyerno (Gobyerno ng Republika ng Pilipinas o GRP); (2) mga karibal o alternatibong organisasyon (gaya ng MILF); (3) ang Islam na pinalalaganap ng mga *ulama*; (4) ang Kritiyanismo na pangunahing nakaangkla sa Katoliko Romano at mga organisasyon nito; o (5) ang mga lokal na angkan (Putzel sinipi sa Lara 2014, xiii-xiv), na mula pa sa simula ay mapagpasya nang nagtatakdang galaw ng politika sa lugar. Sa huli’t huli, pinagtatibay ng mga pag-aaral ang pagkilala sa bisa at kapangyarihan ng mga ugnayang panloob na hinuhulma ng dalawang salik: una, mga tunggaliang inter- at intra-angkan at yaong nasa antas ng komunidad; at ikalawa, ang malawakang gamit ng *Shariah* (batas ng Islam) sa loob ng ARMM. Bagaman nakatuon sa MNLF at kay Nur Misuari, pinahihintulutan tayo ng may-akda na mailapat ang balangkas ng pag-unawa sa ganitong penomenon sa karanasan din ng MILF na para sa karamihan ay magkapareho, ano pa nga’t “iisa lang” naman daw. Samantala, kung nais nating ganap na maintindihan ang ugnayan ng mga angkan bilang pangunahing batayan ng tunggaliang panloob, hindi dapat kaligtaan ang kalipunan ng mga pananaliksik sa aklat na *Rido*, lalo na ang artikulo ni Abhoud Syed Lingga na “Dynamics and Management of *Rido* in the Province of Maguindanao” (2014).

Mangangahas makibahagi ang aking pag-aaral sa layon ng mga akdang nabanggit na tugaygayan ang dinamika ng “loob” ng isang lipunang “Moro” sa ARMM. Kakasangkapanin ko ang salaysay ni Noel upang maunawaan kung hanggang saan umaabot ang pagkilala sa *ginawa* vis-a-vis *umpungan* o kilusang kinabibilangan lalo na sa sandali ng matinding hamon at pagsubok. Pinahihina ba nito ang kaisahang Islam sa loob ng kanilang *inged* (komunidad)? O banta rin ito sa kabansaan? Madalas na pinagtatambis o pinagtutunggali ang dalawa. Dahil naging malaganap na ang asersiyong hindi naman diumano, nasakop ang mga Muslim, kung kaya’t hindi sila bahagi ng isinilang na “nasyon.” Anupa’t “kolonyalismong Pilipino” o “internal na kolonyalismo” ang madalas itawag sa ugat ng mga problemang dinaranas ng mga kapatid nating Moro (Rodil 2003, 138). At sa mga nagsusulong ng ganitong mapanghating kaisipan, paano nga ba titingnan ang salaysay ng isang

indibidwal na sumasalunga at nagnanais magtakda ng “bagong sarili”?

### “Gasákit e gináwa ko”: Pagpopook ng Sarili

“Masama ang loob ko [*Gasákit é gináwa ko*]...” Ito ang naibulalas ni Noel sa akin nang una ko siyang tanungin kung ano ang nararamdaman niya ng mga sandaling iyon sa kilusan. Sa mga idinugtong na pahayag, madarama ang sidhi ng sakit ng kalooban. Taong 2003 nang dakpin ng mga awtoridad ang mga pinaghihinalaang nambomba sa Awang Airport, Lungsod ng Cotabato. Isa na rito si Noel. Matapos, dumanas ng matinding tortyur sa kamay ng militar, idinetina siya sa Camp Crame sa Maynila sa loob nang mahigit isang dekada. Mahaba-haba rin ang kaniyang inilagi sa loob ng piitan. Lubhang masakit ang málayô sa mga mahal sa buhay. Subalit higit na mapait, aniya, ang “pagtalikod” sa kaniya ng sarili mismong mga *kap’id* (kasamahan): kapwa-Moro, kapwa-Maguindanaon.

Mula noon, ang araw ng pagdakip ay hindi na lamang ordinaryong petsa ng isang politikal na pangyayaring naitala sa mga pahayagan. Bumaon din ito sa kaniyang gunita bilang pamalit na petsa ng araw ng “pagsilang.” Kuwento ni Noel, karaniwan daw sa mga Muslim na gaya niya ay walang rehistro ng kapanganakan. Malayo raw kasi sila sa “sibilisasyon.” Lubhang malalim ang sugat na nalikha ng nasabing insidente. Higit pa sa hirap na dinanas sa loob ng piitan, nag-iwan ng ito ng pilat (scar) sa kaniyang pagkatao. Pamaya’t mayang umuukilkil sa kaniyang alaala ang pamaya’t maya ring bitaw ng salita ng mga tumortyur sa kaniya, “Wag na wag mong kakalimutan ang petsang ‘yan!” Makalipas ang ilang taon, tinulungan siya ni “Padre. Kinailangan niyang magpalit ng pangalan at ilan pang importanteng detalye ng kaniyang buhay para sa mga usaping panseguridad. Kung kaya, mula noon, ang petsa ng sákit ay naging petsa ng “bagong kapanganakan.”

Kritikal ang yugtong ito ng “pagpapanibago.” Hatid nito ay bagong pag-asa at pag-asam – isang bagong simula na nagbigay sa kaniya ng kakayahang balikan at maiproseso ang sákit na dinaanan. Ganito ang lagay ng kaniyang kalooban nang una ko siyang makapanayam.

At naglakbay muli ang kaniyang gunita pabalik sa panahong sumapi siya sa “rebolusyonaryong organisasyon” – ang kanilang “umpungan.” Kuwento ito ng paghahanap at pagkilala sa “sarili” sa mas malawak na konteksto ng pakikibaka para sa sariling pagtatakda ng mga *siled* (kapatid) nating Muslim sa Mindanao. Magsimula tayo sa kaniyang pinanggalingan.

### Maguindanao: Ang “Sarili” sa Bayang Tinubuan

Tubong Malangog si Noel, isang barangay ng kasalukuyang munisipalidad ng Datu Unsay,<sup>7</sup> probinsiya ng Maguindano, Autonomous Region in Muslim Mindanao (ARMM). Sa kabuuan, sinasabing kakaunti pa ang pag-aaral sa Mindanao (Alejo 2016), lalo na sa Maguindanao (Lara 2014). Isang lugar na hanggang ngayo’y bitbit ang istigma ng bayang “maligalig,” “magulo,” “nakakatakot” bunsod ng dantaon na nilang pakikibaka laban sa estado, kolonyal man o Pilipino. Lumaki at namulat si Noel sa panahon ng kasagsagan ng laban ng MILF na nagsusulong pa rin ng separatismo para sa mga Muslim ng Mindanao sa kabila ng pag-iral ng awtonomiyang bitbit ng ARMM noong dekada 1990. Tanda sana ito ng pagtupad ng gobyerno sa mandato nitong solusyonan ang napakatagal nang problema sa nasabing lugar. Subalit para sa marami, problematiko ang uri ng “awtonomiyang” bitbit ng ARMM sa pangunguna ng MNLF. Bagaman binitawan na ng MNLF ang panawagan nitong independensiya kaakibat ng pakikipagkasundo sa GRP mula 1991 hanggang sa lagdaan ang Final Peace Agreement noong 1996, ipinagpatuloy ng MILF ang radikal na panawagan para sa isang “Islamic Republik” – dito nasasalalay ang ekspresyon ng pakikibaka para sa sariling pagpapasya. Simula pa man nang itatag ang MILF ni Sheikh Hashim Salamat noong 1984

<sup>7</sup> Mula sa munisipalidad ng Shariff Aguak, nilikha ang Datu Unsay sa bisa ng Muslim Mindanao Autonomy Act No. 150 noong Hulyo 1, 2003. <http://ria-armmgov.ph/wp-content/uploads/2015/03/MMAA-150.pdf>. [Naakses 15 Nobyembre 2016.]

nanindigan na ang kilusan para sa karasarinlang Moro sa balangkas ng pananamplatayang Islamiko (Alonto-Lucman 2000; Rodil 2003, 140-141).

Ano ang dahilan sa likod ng separatismo? Ganito inilarawan ni Noel ang kanilang *inged* na nagiging punlaan ng radikal na ideang sadyang “hiwalay” diumano, ang mga gaya nilang Muslim sa Kapilipinuhan:

*Nagsasarili* na hindi naman ... para kasing pilit pinababayaan. May sarili talaga kaming pamamalakad sa community... although sakop kami ng Pilipinas. Sakop ng Shariff Aguak, at dati pa ng mas malaking Datu Piang ang erya namin pero *walang pakialam* sa amin ang mga opisyal ng barangay... andun lang sila sa munisipyo. Kaya *kanya-kanya* kami dun. Ang nagli-lead sa amin at nag-aayos ng mga problema ay ‘yung mga *ulama, ustadz, o imam*... ‘yung mga kinikilala naming lider sa pagdarasal o ‘yung mga may pinag-aralan. Hindi opisyal ng gobyerno, o kapitan o councilor. Walang nagrerepresent sa lugar namin. Kahit pa Muslim ang mga opisyal, pinababayaan nila ‘yung mga nasa ibaba. Kaya hindi na rin kami bumoboto. Ako mismo, hindi ako masyadong interesado sa pagboto na ‘yan. Wala din kasi... (Akin ang diin.)


At ikinuwento niya kung paano raw “ikinukulung sa eskuwelahan” ang kuya niyang titser sa tuwing kakatulungin sila sa bilangan ng mga boto. Hindi man lang daw isinasaalang-alang ang banta ng panganib na kakabit ng sistema ng halalalan sa Pilipinas, lalo na sa kanilang probinsiya. Sa isang pag-aaral tungkol sa *rido* o tunggalian ng mga angkan sa bansa, sinasabing pinakalaganap ito sa ARMM. Sa Maguindanao sa partikular, isa sa mga pangunahing dahilan ay konektado sa mga halalalan (Lingga 2014, 44, 51-52). Kakatwâ, halalalan ang isang mitsa ng kaguluhan pero pagkatapos nito wala rin, umano, silang napapalâ sa mga inihalal. Sa patuloy na paglalahad ni Noel: “Kaya wala kaming magawa kundi ayusin ang sarili namin kasi kung walang tatayo o kikilalaning lider walang mangyayari.”

Sa madaling sabi, walang bisa ang sentral na gobyerno sa bayang ito. Noon pa man sa kanilang kasaysayan, naroon na ang tendensiya sa “pagsasarili,” kung tutuusin. Sipatin natin ito sa nabanggit ni Patricio Abinales (Ileto 2007, xv) sa kaniyang paunang salita sa librong *Magindanao 1860-1888: The Career of Datu Utto of Buayan*. Aniya,

...the more you read about “the career of Datu Utto of Buayan,” the more you follow his exploits and his failures, and the more you get to know him, the more you realize how very *little affinity* Magindanaos had with the rest of the Philippines. (Akin ang diin.)

Politikal at ideolohikal ang posisyong pinanggagalingan ng tinutukoy na “maliit na kaugnayan” ng mga Maguindanaon sa iba pang Pilipino. Para kay Abinales, mahalaga ang akda ni Ileto bilang patunay sa kabalintunaan ng “lehitimasiya” ng estado: na mahina pa rin ang “Philippine geo-body” sa kabila ng marami nang dekada ng “nasyonalistang pakikibaka” at punyagi ng mga lider ng gobyerno na papag-isahin ang bansa sa ngalan man ito ng awtoritarianismo (sa panahon ni Marcos) o simbolikong apirmasyon ng “*strong Republic*” (sa panahon ni Macapagal-Arroyo) (xvi). Humihina talaga ang estado dahil tila may angking apela ang separatismo sa hanay ng mga Maguindanaon at iba pang komunidad ng mga Muslim. At mababanaag sa mga unang pahayag ni Noel ang dalawang dimensiyon ng tendensiya para sa separatismo. Una at ang pinakahayag, ang pagpapabaya ng gobyerno. Ikalawa, ang predisposisyon ng mga Maguindanaon sa pagsasarili. Unahin natin ang ikalawa. Pahihintulutan tayo nitong sipatin muna ang lantay na katangian ng “loob” ng lipunang Maguindanaon, dahil saan ba nagsisimula ang lahat kundi sa “loob” – ang kaibuturan ng sarili? Sa ganang ito, may tatlong mahahalagang dapat isaalang-alang: (1) ang kapookan o pisikal na lunan; (2) ang kamag-anakan bilang batayan ng mga panlipunang ugnayan; at (3) ang kapaniwalaan o pakikipag-ugnayan sa isang Dakilang Lumikha.

**Ang Kapookan.** Naangkat na ni Ileta (1971/2007) ang heograpikal na salik ng ugnayan ng kapangyarihan sa Maguindanao nang siyasin niya ang daigdig at pakikibaka ni Datu Utto, ang napabantog na bayaning “Moro” (*Orang Besar*) noong siglo 19. May kinalaman ito sa mahalagang papel ng sistema ng kailugan sa lupain ng mga Maguindanao. Ito ang Pulangi River Basin na umaapaw pababa ng katimugang bahagi ng mga kabundukan ng Bukidnon patungo sa *pinak* (marshland) ng look ng Illana at nagsasanga-sanga sa iba’t ibang bahagi ng kalakhang kanlurang Mindanao (Foundation for the Philippine Environment 2015; Community Forestry International 2013). (Tingnan ang Mapa 1.) Sa katangiang ito ng ilog ibinatay ang salitang *danao*, ibig sabihin, pagbaha (inundation) o lawa. Ang *magindanao* ay pinaiksing anyo ng *mag inged sa danao*, ibig sabihin, mga taong naninirahan sa binahang lugar (Llamzon 1978, 131; Ileta 2007, 1). Mula sa daloy ng ilog na ito lumitaw ang dalawang sentro ng kapangyarihan sa buong Maguindanao: ang *Sa-Ihud* o nasa mababang lambakin” (“lower river valley”). Ito ang delta o ibabang bahagi ng ilog padagat, ang erya ng kasalukuyang Lungsod ng Cotabato. At ikalawa, 35 milya ang layo mula sa bunganga ng ilog, ang *Sa-Raya* (o mas mataas na lambakin, “upper river valley”) na sumasaklaw sa mayamang lupain ng dalawang lawa (Liguasan at Buluan) malapit sa kasalukuyang Datu Piang. Kung ipapatong ang mapa ng Brgy. Malangog sa lumang mapa ng Maguindanao, makikitang ang lugar ni Noel ay nakahimlay sa Sa-Raya. Ito ang dating malawak na bayan ng Datu Piang – ang makasaysayang *Dulawan* na nakilala bilang Buayan simula pa man noong siglo 17. Samakatwid, taliwas sa popular na persepsiyon, may dalawang mahahalagang bahagi ang tinatawag noong “Sultanato ng Maguindanao,” ang Cotabato sa delta at ang Buayan sa interyor (Ileta 2007, 1 at 112). (Tingnan ang Mapa 2.)




**Mapa 1: Ang Kailugang Pulangi**  
[Pulangi River System]

[Batis: Community Forestry International 2013. “The Upper Pulangi Watershed”. [http://www.communityforestryinternational.org/publications/research\\_reports/upland\\_philippine\\_communities/index.htm](http://www.communityforestryinternational.org/publications/research_reports/upland_philippine_communities/index.htm). (Naakses, 11 Nobyembre 2016)]

Magkahugpong, ano pa nga’t magkapatid ang dalawang nasabing pamayanan. Hanggang 1630s kakikitaan pa sila ng interdependensiya sa isa’t isa hanggang sa tuluyan na silang sinira ng adyendang kolonyal ng mga Espanyol noong siglo 19 (De la Costa 1960; Ileta 1971/2007; Laarhoven 1989; McKenna 1998, 29-30). Gayumpaman marami pa rin silang pundamental na pagkakaiba. Dahil nasa baybayin higit na nakatunghay ang Sa-Ihud sa labas, kung kaya ito rin ang naging sentro ng kalakalan at pakikipag-ugnayang panlabas. Sa kabilang banda, higit na nakatunghay paloo ang Sa-Raya bilang sentro ng produksiyong agrikultural. Sapagkat ang kasapatan sa pagkain ay susi sa katatagan, higit na may kakayahang magsarili o “nagsasarili” wika nga ni Noel. Mula sa mga likas na pagkakaiba, nilaro at pinasidhi ang pag-iiba-iba ng mga puwersang mula sa labas, lalo na ng punyagi ng mga kolonisador na kontrolin ang interyor bilang siyang batayan ng “panloob na lakas” ng kabuuan.

Sa panahon ng pag-arangkada ng penetrasyon ng mga Espanyol sa “kagiliran” ng kolonya, i.e., ang Mindanao at Kaigorotan noong siglo 19, napabantog ang rehiyon ng Sa-Raya bilang *Buayan* na patuloy na naggiit ng kasarinlan at Islamikong integridad (Ileta 2007, 31). Kakabit ng lugar ang ngalan ni Datu Utto, ang lider ng mga rahang Sa-Raya na matapang na nagsulong ng “independiyenteng Mindanao” sa panahong unti-unti nang naipaloo ang erya ng Cotabato sa sirkit ng estadong kolonyal. Siya ang kahuli-hulihang magiting na pinunong Maguindanao na sumayapak kay Sultan Dipatuan Kudarat, ang unang nakapagbuklod sa mga dating watak-watak na komunidad ng Maguindanao sa loob ng mahigit kalahating siglo (1619-1671). Gaya ng huli, sinasagisag din niya ang kaisahan at kabuuan ng sangka-Morohan subalit sa pagkakataong ito, sa mga pamayanang Sa-Raya na lamang. Sa titulong ibinansag sa kaniya bilang “Sultan of the River” madarama ang bisa ng kapangyarihan ng Ilog Pulangi sa politika ng lugar. Mula 1864 hanggang 1885, halos dalawang dekada, itinaguyod niya ang isang matagalang laban sa kolonyalismong Espanyol (Ileta 2007, 35-98).

Napakalawak umano ng nasasakupan ng Sultanato ng Buayan – ang eryang binubuo ngayon ng tatlong probinsiya: Maguindanao, Hilagang Cotabato, at Sultan Kudarat (Tingnan ang Mapa 3 at Mapa 4). Lumawak pa ang sirkit ng impluwensiya nito hanggang look ng Sarangani na nakilala rin noon bilang “Sugud Boyan” o “Harbor of Buayan” sa kasagsagan ng kapangyarihan ni Utto (Abinales 2004, sinipi sa Ileta 2007, xiii; Ileta 2007, 40-41.) Pinatotohanan naman ito ni Noel, “Hanggang GenSan ang abot po nito Ma’am!” – pahayag na may himig ng pagmamalaki sa isang historikal na katotohanang naging makapangyarihang sentro nga ang kanilang lugar.




**Mapa 2: Sa-Ihud at Sa-Raya:**  
Dalawang Sentro ng Kapangyarihang Maguindanao ca. Siglo 19  
(Naakses, 11 Nobyembre 2016)]

**Legend:**

- Cotabato: SA-ILUD
- Buayan: SA-RAYA

Sa ilang ulat-historikal, sinasabing maging ang rehiyon ng Davao ay kumikilala rin sa kapangyarihan ng Sultanato ng Maguindanao simula pa man noong 1645 sa panahon ni Kudarat (Jubair 1999, sinipi sa Tiu 2003, 11). At may mga tarsila ring nagpapatunay sa pagkakamag-anakan ng mga pamilyang datu ng Sirawan, Davao, Panabo at Madaum sa mga Maguindanao noong dantaon 19. Samantala, mas maaga pa rito, noong siglo 18, inuugat na ng isang angkan ng Morong Sangil sa Camalian, Jose Abad Santos, Davao del Sur ang kanilang kanununan sa Maguindanao (Hayase, Non and Ulaen 1999, 48-49, sinipi sa Tiu 2003, 11). Maging ang mga Sangil na katutubo ng Davao ay isinama rin ni Llopart sa kaniyang ulat ng 1895 sa kategoryang “Maguindanao” bilang


“Gulf Moros.” Aniya, “... those of Tagum and Davao used to consider themselves united to those of Cotabato and Pulangi, whose sultan they all accepted as sovereign” (Lopart 1895, nasa Arcilla 1998, 464, sinipi sa Tiu 2003, 12).



**Mapa 3: Ang Lumang Buayan (Dulawan) at ang mga Kaalyado nito**

(Naakses, 11 Nobyembre 2016)

[Batis: Reynaldo C. Iletto, Magindanao 1860-1888: The Career of Datu Utto of Buayan. QC: Anvil Publishing, Inc. 2007, pah.ix]



**Mapa 4: Mga Bayang Naging Bahagi ng Kapangyarihan ng Buayan sa Kasalukuyang Panahon**<sup>8</sup>

[Batis: <http://newsinfo.inquirer.net/784437/voting-in-maguindanao-town-disrupted-by-gunfire> (naakses 6 Nobyembre 2016.)]

Kung tutuusin may mahaba nang kasaysayan ng paggigiit sa sarili ang Buayan. Pagsasarili itong naitataguyod dahil sa pinagyamang lupain ng ilog Pulangi. Patunay ni Iletto, kung sa kalakalan at komunikasyon sa labas nakasalalay ang lakas ng Cotabato (Sa-Ilud), sa seguridad ng pagkain (suplay pang-agrikultura) naman mauunawaan ang batayan ng kapangyarihan ng Buayan (Sa-Raya). May alternatibo rin itong ruta palabas, ang look ng Sarangani. Kung kaya, kahit pa tuluyan nang nasira ang ugnayan ng Cotabato at Buayan sa panahon ni Datu Utto, nakayanan pa rin ng huli na maipagpatuloy ang laban dahil sa dalawang pundamental na salik na nabanggit.

Nakatatak sa kasaysayan ng anti-kolonyal na pakikibaka ng mga Maguindanao hindi lamang ang paggigiit ng kasarinlan laban sa kolonisador, kundi pati na rin ang paggigiit ng sarili laban sa kapwa Muslim. Sapagkat isa ring mabisang taktika ng *divide-et-empere* ang ginamit ng mga kolonisador sa hanay ng mga sakop. Habang, nagsisukuan na ang ibang lider Muslim sa mga Amerikano, may bahagi pa rin ng lumang Buayan na di-napasakop. Taong 1904 nang pormal na

<sup>8</sup> Narito ang mga bay an sa kasalukuyan na naging bahagi ng o sumuporta sa Sultanato ng Buayan (ang sentro ng kapangyarihan ng Sa-Raya): 1. Talayan- isang munisipalidad ng Maguindanao; 2. Bakat – barangay ng bayan ng Datu Piang, Maguindanao; 3. Kudaranga – barangay ng bayan ng Midsayap, North Cotabato; 4. Bagu-Ingud – barangay ng bayan ng Pagalungan, Maguindanao; 5. Barunguis – muling pinangalanan bilang bayan ng Sultan sa Barongis, Maguindanao; 6. Dupilas – nasa munisipalidad ng Pagalungan, Maguindanao; 7. Matincauan – nasa munisipalidad ng Kabacan, North Cotabato; 8. Malada – maaaring bahagi ng bayan ng Matalam, North Cotabato; 9. Malasila – maaaring bahagi ng bayan ng Matalam, North Cotabato; at 10. Buluan – kapital ng Maguindanao mula noong 2014 (bagaman ang Sangguniang Panlalawigan ay nagpupulong pa rin sa dating kapital, ang bayan ng Sultan Kudarat).

naglunsad si Datu Ali sa Kudarangan (ngayo’y bahagi ng Midsayap, North Cotabato) ng *jihad* o *gihad* (banal na digmaan sa landas ni Allah) (Sullivan 1986, 134). Siya ang nanatiling matapat na tagasunod ni Datu Utto habang ang mga katulad ni Datu Piang ay minarapat nang makipagkasundo. Tumagal pa nang halos tatlong taon ang matitinding sagupaan sa pagitan ng mga tauhan ni Ali at tropang Amerikano. Tuluy-tuloy itong labanang nagpalagablab ng digmaan sa Mindanao sa maagang yugto ng kolonyalismong Amerikano (Harbord 1905, 122-123; Gowing 1977/1983, 151-153; Alonto-Lucman 2000, 277; Arnold 2011, 210). Kasarinlan, matatag na tindig sa kakaniyahan ang ibinabandila ng Sa-Raya sa labang ito. Katangian itong nabanaag din ng ibang iskolar gaya ni Iletto kung kaya’t nakapagbitiw siya ng ganitong pahayag:

The former site of Buayan is still the seat of Muslim Magindanao civilization, while Cotabato City has come to be politically and culturally dominated by the Philippine National Government which is predominantly Christian in outlook (2007, 113).

May ganito ring pagtatangi si Thomas McKenna (1998) sa Sa-Raya *vis-a-vis* Sa-Laud sa kabila umano ng pagmamataas ng huli bilang siyang “tunay na Maguindanaon.” Aniya, “... the Magindanaon of the interior have dominated indigenous cultural and political life in the valley for the past 150 years” (29).

Ang mga Maguindanaon ang pinakamalaking grupong etnolingguwistiko sa kasaklawan ng Lambaking Cotabato (Cotabato River Basin), at isa sa mga pangunahin sa 13 grupong Muslim sa bansa (IBON Databank 1981; Abbahil 1984). Dahil sa sentralidad ng ilog Pulangi sa buhay, pamumuhay, at ugnayan ng mga tao, sa daloy rin nito kinilala ng mga tao ang kanilang sarili. May dalawang katawagang nabuo batay rito: “tao sa ilud”/“sa-laud” (downriver people) at “tao sa raya/laya” (upriver people). Bagaman may iisang relihiyon at institusyong politikal na pinagsasaluhan, sinasabing matinkad pa rin ang demograpiko, kultural, at politikal na polarisasyon sa pagitan nila. Mahalagang sipiin sa bahaging ito ang obserbasyon ni McKenna:

The distinction between downstream (*ilud*) people and upstream (*laya*) people has as much subjective as objective import. Downriver people tend to view themselves as the “true” Magindanaon, citing their “purer” dialect, their (somewhat) earlier exposure to Islam, and their connections to the Magindanao Sultanate, the first and hence noblest Magindanaon royal house. (Ibid.)

Subalit sa kabila nito, higit na naitatampok ang Sa-Raya, ang lumang Dulawan o Buayan. Galing ang “Buayan” sa salitang “buwaya” na endemikong hayop sa bahaging ito ng Pulangi. Hindi lamang ito kinatatakutan kundi kinikilala ng mga Maguindanaon bilang makapangyarihang nilalang. Sang-ayon sa nakapanayam kong lider Maguindanaon ng organisasyong Suara Mindanao sa Lakbayan sa UP noong 2016, may mga partikular silang ritwal o alay para sa mga buwaya ng ilog. Hindi katakatakang tinaglay rin ng pangalang Buayan ang nasabing kapangyarihan.

Nobyembre 25, 1936 nang maging munisipalidad ang Dulawan ng noo’y pinag-isang Probinsiya ng Cotabato sa bisa ng Executive Order No. 66 ni Pres. Manuel L. Quezon. Pinalitan ang pangalan nito at ginawang “Datu Piang” sa bisa ng Republic Act No. 1035 noong Hunyo 12, 1954.<sup>9</sup> At nang mga sumunod pang taon hanggang 2009, patuloy ang paghahati-hati sa teritoryo ng Sa-Raya upang lumikha ng mga bagong munisipalidad. Anupa’t sa loob ng panahong nakakulong si Noel

<sup>9</sup> Noong 1959, nagsimula ang paghahati-hati sa Datu Piang nang likhain sa malaking bahagi ng katimugan nito ang munisipalidad ng Ampatuan. Pagkaraan ng apat na taon, binuo naman ang munisipalidad ng Maganoy na naging kabisera ng probinsiya ng Maguindanao noong Nobyembre 22, 1973. Ang natitirang mga barangay nito sa timog-kanluran ay isinama sa mga barangay ng Dinaig upang buuin ang munisipalidad ng Talayan noong 1976. Pinaliit muli ang erya ng Datu Piang nang ihilalay ang mga barangay nito sa timog-silangan upang buuin ang munisipalidad ng Datu Saudi Ampatuan noong Hulyo 1, 2003. Patuloy ang pagpipira-piraso sa Datu Piang hanggang 2009. Noong Hulyo 30, 2009, nilikha ang mga munisipalidad ng Shariff Saydona Mustapha at Datu Salibo mula sa kabuuan ng limang barangay at ilang bahagi ng 10 barangay ng Datu Piang, bilang karagdagan sa iba pang barangay mula sa Datu Saudi Ampatuan, Datu Unsay, Mamasapano, at Shariff Nopak. Ito ay sa bisa ng ratipikasyon ng Muslim Mindanao Autonomy Act (MMAA) No. 225 (na inamendahan ng MMAA 252) at MMAA 222 (na inamendahan naman ng MMAA 253) [Tingnan ang: Regional Legislative Assembly, Autonomous Region in Muslim Mindanao 2008.]

(2004-2015), hindi na rin niya matiyak kung anong bayan na ang nakasasakop sa kanilang barangay – bagay na nag-iwan sa akin ng isang palaisipan. Hindi kaya ang patuloy na paghahati-hati ay isa ring estratehiya ng gobyerno upang masira ang potensiyal na lakas ng isang lugar? At habang binabagay ang mga pangalan ng lugar mula sa topograpiko o likas nitong katangian tungo sa pangalan ng isang tao, lumalakas din ang kaparaanan ng tao: ang politika. Pamomolitika ang nagluluwal sa maraming anomalya sa kasaysayan. Anupa't isang anomalyang maituturing sa kasaysayan ng bayan ni Noel ang pangalanan itong Datu Piang (ca. 1850 - 1933). Kung babalikan muli ang kolonyal na kasaysayan, si Datu Piang ang mabunying kanang-kamay ni Datu Utto na tumalikod din sa huli sa oras ng kagipitan. Lumaban din umano si Piang sa mga Espanyol sa panahon ng Himagsikan, subalit kagyat namang nakipagtulungan sa mga Amerikano at napabantog pang kolaborador (McKenna 1998, 91-97).

**Kamag-anakan, Tagabalangkas ng mga Ugnayan.** Saan kung gayon nakabatay ang katatagan sa lipunang napakalakas ng tendensiyang magkawatak-watak? Sa isang malakas na ugnayan, kalimitan ay personal/interpersonal, sa pagitan ng dalawang tao o dalawang grupo (dyadic relationship) na natukoy na rin ni Ileta bilang isang malakas na batayan ng kapangyarihan noon ni Datu Utto (2007, 57-58). Maging ang Mindanawong historyador na si Rudy Rodil ay nakapagbitiw ng ganitong pahayag: “I am thus inclined to say, after thirty years of study and observation, that the primary problem of our region is relationship...” (2003, 166). “Personal” ang kalimitang ginagamit na kataga sa ating bokabularyo upang ipahiwatig kung gaano kalapit ang ugnayan. Subalit kung sasanguuni tayo sa iba't ibang pag-aaral o literatura ng “loob” (Lacaba 1974; Mercado 1974; Salazar 1977 at 1981; Ileta 1979b; Alejo 1990; Ferriols 1991; de Mesa 2004), nangangahulugan ito ng maigting o matalik na ugnayan ng sarili at iba. Pagsasalikop o paghuhugpong ito ng dalawang “loob” o “sarili” na sumasagisag sa pag-iisa ng “kalooban.” Naisasalin ang mga relasyong diyadiko bilang matinding katapatan sa mag-anak o angkan, dahil mag-anak ang pinakabatayan ng lahat ng personal na ugnayan sa kulturang Pilipino noon pa man (Salazar 1996; Rodriguez-Tatel 2006). Ang *tupu* o angkan sa *inged* ng mga Maguindanao ay may espesipikong baseng teritoryal, iisang propesyon, at iisang *kalukesan* (ninunong pinagmulan). Subalit sa isang lipunang napakalakas ng mga personal na ugnayan, nagiging politikal ang angkan. Ang *katupuan* ay tumutukoy sa mga Sa-Rayang komunidad na dating bumubuo sa “sultanato” sa lugar na ito, ang Buayan. Makapangyarihan din ang kasal at pagpapangasawahan. Lumilikha ito ng mga alyansang politikal sa pagitan ng mga angkan upang mapag-igting nila ang kaisahan sa *inged* (de Hauteclouque 2000, 93-94). Anupa't susi ang mga ugnayang inter- at intra-angkan sa pagdedetermina ng politikal na lehitimasiya sa ARMM (Lara 2014, 189).

May iba pang konseptong Maguindanao na maaari nating pagbatayan ng lakas at kabuluhan ng kamag-anakan. *Kanamán* ang tawag nila sa isang paninindigang itaguyod ang integridad at *malatabát* o dangal ng pamilya (Sullivan 1986, 166 & 407). Maiuugnay ito sa *maratabat*, dangal (dignity, pride) din ng indibidwal o grupo sa wikang Mëranaw na kailangang ipagtanggol sa anumang paraan (McKaughan and Al-Macaraya 1996). Isang kabalintunaan, nakapagluwal ang ganitong halagahin at paninindigan ng matinding tunggalian sa hanay ng mga angkan. Nakilala ito sa popular na katawagang *rido* na sinasabing higit na laganap sa ARMM kaysa iba pang panig ng bansa (Lingga 2014, 44). Sang-ayon kay Noel, hindi masyadong ginagamit ng mga Maguindanao sa kanilang lugar ang *rido*, sa halip, *úkeag* (away) o *úgal* (conflict) (Sullivan 1986, 393).<sup>10</sup> Anupa't pundamental ang tunggalian ng mga angkan sa anumang uri ng tunggalian sa Mindanao, maging sa sinasabing tunggaliang Moro-Kristiyano. Ito ang napagtanto ko sa pagkausap sa iba pang Mindanawong nakadaupang-palad ko. Nakapaloob sa rido ang laro ng dangal, kahihyan, at palitang-kaloob (reciprocity)—mga sangkap sa konsepto nila ng katarungan at kapayapaan (Torres 2014, 11-13). Kuwento pa ni Noel, para sa kanila, napakalaking bagay ang usapin ng kasal. *Malatabat* at

<sup>10</sup> Gayunpaman, ginagamit ng mga Maguindanao ng Sa-laod (o “tao sa ilud”) ang “rido” ng Mëranaw at Iranun/Ilanun dahil na rin umano sa mas madalas nilang interaksyon sa mga taong ito (Lingga 2014, 47).

kahihyan ng isang angkan ang nakataya kapag hindi nakasunod sa mga itinatagubilin ng tradisyong kaugnay nito. Isa itong oportunidad, aniya, para sabihing “*Pinanama ako nengka*” [Niyurakan mo ang dangal ko] – na maaaring mauwi sa *ukag*. Samakatwid, kung ano ang kalakasan ay siya ring kahinaan. Sa pagitan ng magkabaligtad na posibilidad nagduduyan ang mga relasyong pampamilya – bagay na nagpapalalá sa kawalan ng katiyakan sa *inged*.

Sinasabing hindi lamang kawalan ng *kabantang* (katarungan) ang sanhi ng *rido*, bagkus ay ang nagbabanggaan ding sistema ng hustisya: ng estado vs. Shari’ah (Batas ng Islam), at estado vs. *adat* o batas ng kaugalian (*customary laws*). Sa ganang ito natin maiuugnay ang bisa ng relihiyon at kapaniwalaan sa lipunang Maguindanao.

**Islam: Pananampalataya, Komunidad, at Identidad.** Sa mga Muslim, hindi lamang relihiyon ang Islam. Ito ang lumalagom sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay at relasyon ng kapangyarihan. Matatandaang sa Islam, hindi lamang lider temporal ang propetang si Muhammad, espirital din. Ang pamunuan ay masinsing nakahabi sa pananampalataya at *vice versa*. Nang maging Muslim ang mga Maguindanao, nakasapi na rin sila sa mas malawak na Islamikong komunidad, ang *Ummah* na lampas pa sa mga etnikong hanggang tumatawid tungo sa iba't ibang dako ng daigdig at mga kultura. At gaya ng iba pang Muslim sa Pilipinas, ipinagmamalaki nila ito (de Hauteclouque 2000, 92). Kuwento ni Noel,

Solid Muslim kami sa community namin. Nakikita ko sa mga parents ko mismo, five times silang nagdarasal sa bahay o sa mosque. Ang bata, inoobliga nang magpraktis pagtuntong niya ng seven years old. Pero kapag 10 years old, at hindi pa rin sumusunod, pwede nang pilitin o paluin talaga ayon na rin sa sinasabi ng katuruan.

Nang tanungin ko kung napalo na siya, pakli niya, “Hindi po, kasi parang naging hobby ko nang magdasal... Parang hindi buo o hindi maganda ang pakiramdam ko kapag hindi ako nakapagdasal.” Mula sa pamilya hanggang sa nang “mag-training” siya sa Camp Abu Bakar, hindi raw nagbago ang paniniwala niya sa pagdarasal. Paliwanag pa niya,

Ang unang-unang turo kasi sa Islam, kapag hindi ka nagdasal, wala kang pagkakaiba. Kahit nagbigay ka pa ng *zakat* (o limos), nag-*fasting* ka pa, kung hindi ka naman nagdadasal wala rin. Hindi porke’t ipinanganak ka na sa Maguindanao, *ustadz* ang mga magulang mo, Muslim ka na...dapat magdasal ka rin. Walang ipinagkaiba ang mga Muslim sa mga non-Muslim kung hindi magdadasal. Kasi ang mga Christian nagtuturo din naman ng mabuting asal pero ang pagdadasal magkaiba.

Totoo nga, masinsing nakahabi sa kinalakhang buhay-Muslim ni Noel ang pagdarasal. Nang sinanguuni ko ang diksiyonaryong Maguindanao ni Robert Sullivan, OMI (1986), nagulat ako sa dami ng salita nilang may kaugnayan sa pagdarasal. Nakapagtala ako ng 25. At 13 rito ang tumutukoy sa iba't ibang uri ng dasal (Sullivan 1986, 16, 444 at 484). Kung nais nating maintindihan ang sentralidad ng dimensiyong espirital/relihiyoso sa bayan ni Noel, mahalagang sipatun at siyasatin ang mga ito. Tunghayan ang talahanayan.

**Talananayan: Listahan ng mga Salitang Maguindanaon Kaugnay ng Pagdarasal**

| SALITA                          | BAHAGI NG PANANALITA | KAHULUGAN  |
|---------------------------------|----------------------|--|
| aisa                            | pangngalan           | panalangin mula alas 7:00 ng gabi hanggang alas 4:00 ng umaga.                 |
| alagi                           | pangngalan           | panalangin bago ang laban  |
| alamat                          | pangngalan           | panalangin bago umalis ng bahay  |
| as'ri; asal                     | pangngalan           | oras ng panalangin sa hapon mula alas 3:00 hanggang 5:45                       |
| balsambayang                    | pang-uri             | madasalin  |
| bang; mebang                    | pangngalan           | panawagan upang manalangin   |
| dhúhur                          | pangngalan           | dasal sa katanghalian, mula alas 12:00 ng tanghali hanggang alas 3:00 ng hapon |
| duangá; duwá'a                  | pangngalan           | panalangin; panawagan sa Panginoon   |
| edsambayang                     | pandiwa              | manalangin ng papuri sa Maykapal   |
| imam                            | pangngalan           | namumuno sa panalangin   |
| istigafar                       | pangngalan           | panalangin   |
| kadtunung                       | pangngalan           | panalangin sa espiritu sa pamamagitan ng instrumento                           |
| kamat                           | pangngalan           | pambungad na panalangin para sa pag-aalay ng isang bagong-silang na sanggol    |
| kapalalawg                      | pangngalan           | panalangin gaya ng sa mga leyenda o alamat                                     |
| lalawg                          | pandiwa              | manalangin gaya ng ginagamit sa mga pabula at leyenda                          |
| maglib; magrib                  | pangngalan           | panalangin tuwing alas sais ng gabi  |
| panakala na sambayang parukunan | pangngalan           | aklat-dasalan  |
| panambay-nambay                 | pandiwa              | manalangin para sa espiritu ng mga ninuno                                      |
| pangagi                         | pandiwa              | basahin, pag-aralan ang panalangin   |
| pangibat panambay-nambay        | pangngalan           | panalangin para sa mga espiritu upang humingi ng tulong                        |
| salawat                         | pangngalan           | panalangin para kay Propeta Muhammad   |
| sambayanan; musala              | pangngalan           | <i>prayer rug</i>  |
| súbuh                           | pangngalan           | dasal sa madaling araw (alas 4:00 ng umaga)                                    |
| takbir                          | pangngalan           | simula ng panalangin   |
| waketu; waktu                   | pangngalan           | oras ng panalangin   |

Pinaigting ng mga panalangin ang ugnayan hindi lamang sa pagitan ng sarili at ng Dakilang Lumikha, kundi pati na rin sa iba pang nilikha at sa kanilang kapwa. Pansinin, bukod sa mga elementong Islamiko, may mga elementong pre-Islamiko gaya ng pagdarasal sa mga espiritu ng ninuno (cf. *panambay-nambay*), panalangin gaya ng sa mga kuwentong bayan (*kapalalang*), o panalangin kaugnay ng iba pang gawain (cf. *alagi*, *kamat*, *kadtunung*). Iisa lang ang nais ipahiwatig nito. Nakaugat na sa katutubong kapaniwalaan, bago pa dumating ang Islam, ang pagpapahalaga sa panalangin. Dahil malalim ang pagkakaugat, nagpatuloy lamang ito at humalo sa kapareho ring katangian o elemento sa Islam. Sa madaling sabi, hindi lamang panrelihiyon ang silbi ng pagdarasal, sosyo-kultural din. At nagiging politikal sa konteksto ng pagsasaayos ng mga ugnayan at pamunuan. Masisilip ang katotohanang ito sa mga nauna nang pahayag ni Noel, lalo na sa banggit niya ng mga lider sa pagdarasal bilang lider-komunidad din. Tinatawag man sa iba't ibang ngalan, *imam*, *ulama*, *tuan*, at *pandita* bilang mga *lider panrelihiyon*, sila ang nagsasaayos ng mga gusot sa lipunan, hindi ang mga inihalal na politiko.

Sa batayang teoretikal, sandaigdigan ang kinabibilangang *Ummah* ng mga Pilipinong Muslim. Binubuo ito ng iba't ibang lahi at lipi o pangkat-pangkalinangan sa iba't ibang panig ng mundo. Kaisahan sa gitna ng pagkakaiba-iba ang prinsipyong nagbubuklod sa kanila. Maging sa Pilipinas, may 13 Islamisadong grupong may magkakaibang wika: Tausug, Maguindanao/Maguindanaon, Maranao/Meranaw, Iranun/Ilaun, Jama Mapun, Kalagan, Sangil, Molbog (Melebugnon), Sama, Badjao (Sama d'laut), Kalibugan, Yakan, at Palawani (Kamlían 1999, 7; Rodil 2017, 13). Kahit sa loob mismo ng lipunang Maguindanaon, may kultural na kaibahan pa rin sa pagitan ng mga *tao sa-ilud* at *tao sa-riya*. Muli, hindi lamang ito heograpikal, mga panlipunang kategorya rin itong humuhulma sa diwa ng komunidad at identidad ng mga tao.

Kongkretong nagkalaman ang idea ng mga pinag-isang komunidad na Muslim sa Pilipinas sa taguring “Bangsa Moro/Bangsamoro.” Ipinakilala ito ng kauna-unahang prenteng lumalaban: ang MNLF sa kanilang pakikibaka para sa sariling pagpapasya. Nangangahulugang isang hiwalay o independiyenteng bansa, iniluwal ito ng pinatinding anti-Muslim na polisiya ng estado sa huling hati ng dekada 1960 hanggang 1970. Mababasa sa panimulang isyu ng *Mahardika*, isang pahayagan ng MNLF, ang bagong pagpapahulugan sa “Bangsamoro” bilang isang inklusibong nasyonalidad sa mga bayang kinapapalooban ng populasyong Muslim:

From this very moment there shall be not stressing the fact that one is a Taosug, a Samal, a Yakan, a Subanon, ... a Maguindanao... He is only a Moro; indeed even those of the Bangsamoro homeland whose good will and sympathy are with the Bangsamoro Revolution shall, for purposes of national identification be considered Moros. In other words, the term Moro is a national concept that must be understood as all embracing for all Bangsamoro people within the length and breadth of our national boundaries. (Sinipi sa Kamlían 1999, 26).

Tatlong kategorya ang diumano'y nakapaloob dito: (1) ang mga “Muslim na Bangsamoro” (Islamisadong Moro) ng 13 grupong etnolingguwistiko; (2) ang “Tribal Bangsamoro” o “Lumad” na binubuo ng humigit sa 20 grupong etnolingguwistikong “di-Kristiyano” sa Mindanao; at (3) ang mga “Kristiyanong Bangsamoro” – mga dayong nanirahan na sa Mindanao at simpatetiko sa ipinaglalaman ng Bangsamoro. Sa ganang “Bangsamoro” pinalalawig ang pakahulugan sa *Ummah* hindi lang bilang “unibersal na kapatiran ng mga naniniwala kay Allah” bagkus, lahat ng Pilipinong naninirahan sa itinuturing na “Moro homeland” sa Pilipinas. Isang perspektiba ito noon na hanggang ngayo'y umaani ng matinding kritisismo sa ipinapanukalang Bangsamoro Basic Law (BBL).<sup>11</sup> May sinasabi rin si Noel tungkol dito:

Parang kasama kasi sa doktrina ‘yan. Sa mga karaniwang tao, okey na silang tawaging “Muslim” lang ... iyon lang talaga ang alam nila. May history kung bakit tinawag na “Bangsamoro.” ... Parang mga taong nakipaglaban ... ito ‘yung ipinapaintindi sa indoctrination. Sa totoo lang mayroon pa ring hindi nakakaintindi d’yan. ‘Yung iba, dahil kulang sa pag-aaral at pananaliksik, hindi nila alam ang sitwasyon. *Hindi nila kilala ang sarili nila.* Mas marami ang nakakaalam na “Muslim” sila at hindi “Bangsamoro.” ‘Yung mga nasa revolutionary (sic.) lang ang nakakaintindi na sila’y “Bangsamoro.” (Akin ang diin.)

Maulinigan sa pahayag na ito na may hati talaga sa pagitan ng mga karaniwang tao at liderato, ng taumbayan at elit; kahit pa sabihing pare-pareho silang “Muslim” na dumanas ng pagsasamantala at kawalan ng hustisya ng gobyerno sa agos ng kasaysayan. Titingkad lalo ang dikotomiya o hating ito sa pagpapalit ng posisyon ng liderato ng kilusan: mula sa matigas na paninindigan ng pakikipaglaban at separatismo tungong pakikipagnegosasyon at nang lumao’y pagkakaroon ng puwesto sa gobyerno. Taong 1996 nang inabandona ng MNLF ang idea ng paghiwalay at lumagda sa isang kasunduang pangkapayapaan sa GRP kung saan tinanggap ng ilang Muslim ang panukalang awtonomiya sa loob ng Republika (de Hauteclouque 2000, 91; Rodil 2003,

<sup>11</sup> Partikular sa mga Lumad ng ARMM, iginigiit pa rin nila ang kanilang identidad na hiwalay sa “Bangsamoro” kaugnay ng iba pang mga karapatang nakadambana sa Indigenous Peoples’ Rights Act (IPRA) (Rodil 2003, 164; Loyukan 2015).

129-141; Kamlian 1999, 26-27). Nagruruk ito sa pagkapanalo ni Misuari bilang gobernador ng ARMM ng taon ding iyon. Gayumpaman, hindi magkasingkahulugan ang tagumpay ni Misuari at tagumpay ng sambayanang Moro. Sapagkat hindi natupad ang ipinangakong pagbabago at magandang buhay sa mga tao (Gaspar 2004, 47). Alalaumbaga, hindi makabuluhan ang pagbabago lamang ng posisyon.

Kasabay ng puspusang pakikipag-usap ng administrasyong Fidel V. Ramos sa MNLF, umarangkada ang alternatibong prente, ang MILF sa pamumuno ni Hashim Salamat. Taliwas sa imahen ng isang politiko ang imaheng naipinta ni Noel tungkol sa kaniya. *Matúa/matúva* o “matanda” sa literal na kahulugan (Sullivan 1986, 236), ang karaniwang itinatawag sa kaniya sa kilusan. *Ustadz* (o guro), naman ang ginagamit kung siya mismo ang iyong kausap. Sabi pa ni Noel, tanda ng pinakamataas na paggalang ang mga nasabing taguri. Hindi lahat ng matatanda, aniya, ay tinatawag na *matúva*. Ibinibigay lamang daw ang katawagang ito sa mga taong “karespe-respeto.” Paano nga ba nagiging “karapat-dapat” sa pinakamataas na respeto? Ani Noel:

Nung panahong iyon, buo ang paniniwala ko na nasa tamang landas ako. Sa time na nandun ako, iba ... iba sa totoo lang ang pamamalakad nun ng MILF sa panahon ni Hashim Salamat .... *Handang-banda talaga ako kabit mamatay* sa pakikipaglaban sa prinsipyo namin sa time na ‘yun. Nakikita namin na *totoo siya sa sinasabi niya*. Kung ano ang guide na nasa Qur’an ... siya mismo, iniimplement niya... (Akin ang diin.)

Nang tanungin ko pa siya kung ano ang tawag nila sa “bayani,” ang kaniyang isinagot, *badtug*. Popular o sikat ang isa nitong kahulugan, subalit sa anyo nitong *kabadtúgan* na ang ibig sabihin ay “dangal” (Sullivan 1986, 434), direktang maiuugnay ang kasikatan, ang pagtanggap sa kaniya ng madla, sa idea ng gawaing marangal o dakila sapagkat tapat sa paninindigan (*kadtindégán*). *Matidtu a taw* (taong patas, tapat, at makatwiran) – “nasa tamang landas” – ganito si Salamat, ang tanging pinunong pag-aalayan niya ng buhay.

Ngayon, iba ang sinasabi sa ginagawa. So, hindi epektib na lider ‘yun. Ganun din ‘yung mga tao...sasabihin, sige ilalaban natin, pero pagdating ng labanan, tatakbo naman. Walang politika, *walang plastikan* kay Salamat. Totoo siya. Pati ‘yung pananaw niya sa mga non-Muslim, hindi tulad ng akala ng mga taga-Manila na kapag Muslim ang naghari diyan aapihin na ang mga Christian. Ewan ko na lang ngayon ... nasira talaga ang image ng mga Muslim dahil sa mga politician na sinasabing mga Muslim sila pero kung tutuusin hindi naman talaga sila Muslim kung ang basehan ay ang itinuturo ng Islam. *Kasi hindi naman sila nagdadasal*. (Akin ang diin.)

Pagiging tapat sa salita, pagdarasal – lahat ng ito ay nagpapaunawa sa kapangyarihan ng salita. At dito pa rin sinusukat ni Noel ang pamantayan ng kaniyang tiwala. Dagdag pa niya,

Sa Islam, mahigpit na itinatagubilin ang pagkakaroon ng lider... May nagdedesisyon para sa lahat, hindi pwedeng kanya-kanya. May isang kikilalanin dahil pinagkakatiwalaan ng lahat.

At ganito nga si Salamat: “...pinagkakatiwalaan ng lahat.” Karismatiko, isang “spiritual head,” wika nga ni Abinales (2015) o “mala-propeta” patotoo ni Noel, naghahain si Salamat ng isang mainam na alternatibo. Karapat-dapat sa sukdulang katapatang inaalingawngaw ng sumusunod na pahayag: “Solid talaga ako sa kanya. Kasi lahat ng sinasabi niya totoo. At hindi siya sinungaling. Pantay-pantay ang pananaw niya ... Kung siya [Salamat] pa ang lider ... siguro, makapag-isip pa ako na bumalik [sa kilusan], kahit ganun pa ‘yung experience ko na pahirap” (akin ang idinagdag na salita).

Kung muli nating babalikan ang panahon ni Datu Utto, mailalagay natin sa wastong konteksto ang higit na apela at *kabadtúgan* ni Salamat sa mga tao sa panahong napasagobyerno na si Misuari at ang MNLF. Napansin na noon pa man ng mga historyador ang mahalagang papel ng

mga lider panrelihiyon, gaya ng mga *pandita* at *haji* sa konsolidasyon at ekspansiyon ng liderato ni Utto. Mga klerong Muslim at iskolar sila na nakapagperegrinahe na sa Mecca, nag-aral sa ibang bansa, at nalantad sa abanseng estrukturang politikal ng Gitnang Silangan at Timog Silangang Asya (Ileto 2007, 73 at 133). Sa bawat *rancheriang* nasasakupan ng Sa-Raya, ang mga *pandita* ang inaatasang magdasal, umawit ng mga bersong Qur’aniko araw-araw. At dahil sa kanilang talino at karunungan, hinihingan sila ng payo tungkol sa lahat ng seryosong usapin (Vidal y Soler 1874, 192; Blumentritt 1893, 282-283; Saleeby 1908, sinipi sa Ileto 2007, 72). Madalas ding binabanggit sa mga dokumento ang kanilang mahalagang papel sa pakikilaban. Sa kanila ipinaubaya ang paglikha ng mga “*juramentado*” o *sabilillah* – mga mandirigmang Moro sa ngalan ng pagtatanggol sa Islam. Sa ganang ito, naisulong ni Utto ang kaayusang politikal alinsunod sa kapaniwalaan (Ileto 2007, 67-76). Dahil Islam ang nagbibigay ng kaisahan at kabuuan sa komunidad ng mga Muslim, anumang atake sa huli ay tinitingnang atake rin sa Islam, at sa gayo’y malakas na dahilan ng paglaban. Mga *pandita* ang naghahanda ng kalooban ng mga mandirigma. Kung kaya sinasabing sa kanila nakasalalay ang kaisahang relihiyo-politikal sa nasasakupan ni Utto nang mga panahong iyon. Nakahabi ang mahalagang papel na ito ng mga pandita sa holistikong pananaw pandaigdig ng Islam: ang kaisahan ng temporal at espiritual, ng sekular at relihiyoso. Kung tutuusin, gayundin naman sa ating sinaunang relihiyong anitismo, tinitingnang magkakaugnay at napag-uugnay-ugnay ang lahat. Sa ganang ito, hindi kataka-takang relihiyon ang nagsilbing “idioma” [wika nga ni Ileto sa *Pasyon and Revolution* (1979a)], ng mga karaniwang tao noong siglo 19 upang ibalangkas sa “mala-Kristong pagtubos sa sangkatauhan” (“Christ-like redemptive act”) ang pakikibaka nila para sa kasarinlan. Kung kaya, may taling nagdurugtong sa mga pag-aalsang babaylan (*e.g.*, Tamblot ng 1622, Tapar sa Panay ng 1663), Cofradia de San Jose/Herma Puli ng 1841, Dios Dios sa Samar ng 1884, Himagsikang 1896 hanggang sa naiulat na “mga kaguluhan” sa Lanao sa pangunguna ng mga *pandita* at *sayid* o paring Muslim sa panahon ng “pasipikasyon ng mga Amerikano sa Mindanao” (Landor 1904, 103), gayundin sa paglipana ng mga “juramentado” sa panahong bumagsak na ang sentral na liderato ng sultanato noong ika-2 dekada ng kolonyalismong Amerikano (Tan 1973). Lahat ng ito ay may panrelihiyong dimensiyon.

Totoo nga, may mga bakas ng nakalipas na nagpapatuloy sa kasalukuyan. May kakayahan ang isang lider espiritual/relihiyoso na maging lunsaran ng pagbubukas, pagtatagpo, at pag-iisa ng mga “loob” ng sarili at kapwa. Batay sa kaniyang talambuhay, maituturing si Salamat bilang kasalukuyang bersiyon ng pandita noon. Una, isa rin siyang mabunying Islamikong iskolar, *ustadz*, at *haji* na nagpakadalubhasa sa teolohiya at pilosopiya sa Al-Azhar University (Cairo, Egypt) mula 1963 hanggang 1969. Isinilang siya mula sa isang relihiyosong pamilya sa bayan ng Pagalungan, ang lugar na nagsilang din sa Mindanao Independence Movement (MIM). Ikalawa, lingid sa kaalaman ng marami, palihim niyang isinagawa ang pagsasanay na pangmilitar ng unang *batch* ng mga kadre (Batch 90) na magiging haligi ng MNLF. Mahusay siyang organisador, sabi ni Abinales (2015). Maingat niyang naitayo nang dahan-dahan (sa loob ng 21 taon), ang hukbong MILF: ang Camp Busra sa Sharif Aguak at Camp Abu Bakar. Kung kaya, masasabing hindi lamang MILF ang itinatag niya, kundi ang pundasyon ng armadong pakikibaka ng Bangsamoro sa kabuuan (Abinales 2015; FAS 2017).

Iba sa ipinaglalabang sekular na bansa ng MNLF, isinusulong ng MILF ang isang Islamikong estado; ibig sabihin, integral ang relihiyon sa politika. Mahigpit nitong tinitiyak na lahat ng mga polisiya at gawain nito ay alinsunod sa mga katuruan ng *Qur’an* at *Sunnah* (katuruan ng Propeta). Gayundin, itinatagubilin nito sa mga miyembro at tagasunod na mamuhay alinsunod sa mga katuruan ng Islam (FAS 2017). At may patotoo si Noel tungkol dito: “Nakikita namin na totoo naman siya (Salamat) sa sinasabi niya. Kung ano ang guide na nasa Qur’an ... siya mismo, iniimplement niya.”

Sa pagkapaloob sa *Ummah* ng mga Maguindanaon, naging dalawa rin ang batayan ng kanilang liderato: (1) ang mga sinauna o tradisyonal na angkan, at (2) ang pagiging kamag-anak o inapo ni Sharif Kabungsuhan na nasa linya ng Propeta. Kung tutuusin, umibabaw lamang ang



pangalawa sa una dahil angkan pa rin ang pinag-uusapan dito. Nagkaroon nga lamang ng imahen ng sentralisadong estruktura ang pamunuan, ang sultanato, dahil sa kaisahan ng relihiyon at gobyerno. Ito ang itinuturing na isa sa mahahalagang pamana ng Islam na sa palagay ni Rodil (2003, 8-9) ay naging batayan ng lakas ng mga Islamisadong komunidad upang masustena ang paglaban sa dominasyon ng mga Espanyol sa loob ng 333 taon. Gayundin naman, sa kabila ng mga hidwaan at tunggalian ng mga angkan, napagbubuklod ang bayan ng kawing (network) ng ugnayang nalikha ng mga *tarsila* o henealohiyang nagpapatunay sa iisang pinanggalingan – ang linya ng Propeta. Bilang isang batayan ng lakas ng lipunan, napanghimasukan ng mga kolonisador ang usapin ng paghalili sa pamunuan (succession). At ito ang nagpatindi sa internal na hidwaan. Kitang-kita ang bisa ng ganitong taktika ng “divide and rule” sa panghihina at nang lumao’y pagbagsak ng sultanato sa panahon ng kolonyalismong Amerikano (Harrison 1920, 27; Gowing 1983, 284). Sa pagkawala ng iisang matatag na liderato muling lumalakas ang kapangyarihan ng iba’t ibang angkan na nauuwi sa warlordism bunsod na rin ng mga horisontal na tunggalian. Gayumpaman, sa mga panahon ng matitinding krisis mula 1971-1977 at 2000, muling kumapit ang mga tao sa taglay na lakas ng Islam, kaakibat ng isang karismatikong lider na napagsasanib ang relihiyon at politika. Sa pagpapatampok sa Islam bilang batayan ng paglaya at kabansaan, mauunawaan ang pag-arangkada ng MILF sa mga panahong ito.

Hindi nagtatapos sa “loob” ang proseso ng pag-unawa sa sarili. Sapagkat parati itong may katambal at katalaban: ang “iba” o “labas.” Balikan natin ang tanong sa itaas: saan nagmumula ang tendensiya para sa separatismo? Tunghayan natin ang isa pang salik: ang tulak mula sa labas.

### Maguindanao: Ang Sarili sa “Bayang Pinabayaan”

Ano nga ba ang nag-udyok kay Noel na sumapi sa isang kilusang “rebolusyonaryo” para sa kanila, “rebelde” para sa iba? Nasa mga pantanging “rebolusyonaryo” at “rebelde” ang mga kagyat na kasagutan. Itinatambuli ng mga nasabing salita ang pagkakaroon ng isang “krisis” bunsod ng pinaairal na sistema ng isang “opresibong” estado. Gayumpaman, palaisipan para sa akin ang kaniyang itinugon. Naghahalo ang predisposisyon ng kabataang sabik sa abenturismo at ang nakaumang na hamon ng realidad ng “pinabayaang bayan.” Napag-isip-isip ko, hindi nga ba’t ang murang isipan ng kabataan ang nagiging punlaan ng mga bagong idea o hinahangad na pagbabago? Ani Noel:

Dahil bata pa lang ako noon, ang pinakaintensyon ko lang ay matutong humawak ng baril ... lahat ng klase ng baril ... parang nagtataka lang kasi ako. Pero pagdating ko nga doon, naroon na... ‘yung indoctrination. Sabi ng matatanda sa kilusan, “Kahit nakapag-aral na kayo, *nadi-discriminate* pa rin kayo.” Dagdag pa nila, “Hindi kayo makakakuha ng matinong trabaho.” Sa loob-loob ko, nangyayari talaga ‘yun? Noong time na ‘yun naisip ko, hindi naman ako dadating sa ganun na mag-aaplay at madidiskrimineyt. Ang ano lang talaga, tinuruan kami ng history ... binabalikan ang mga masaker. Lahat iyon ... binubuhay nila.

Minsan nang nakapagwika ng ganito si Salamat : “...the Moro Struggle for freedom and self-determination is the longest and bloodiest in the entire history of mankind” (Salamat 1998, sinipi sa FAS 2017). Hindi ito eksaherasyon kung isasaalang-alang ang dami ng masaker na ginawa laban sa kanila, kung hindi man ng gobyerno ay ng mga armadong sibilyang Kristiyano: ang Bud Dajo (1906), Bud Bagsak (1913), Jabidah/Corregidor (1968), Manili (1971), Lungsod ng Zamboanga at Tacbil Mosque (Palimbang, Sultan Kudarat) (1974), Wao (Lanao del Sur) (1975), Bingcul (1977), at Bongao (1980). Wala pa rito ang *guerras piraticas* na inilunsad ng mga Espanyol sa loob halos ng 3 siglo; gayundin ang madudugong labanan sa Kamorohan sa panahon ng okupasyong militar ng mga Amerikano (1899-1903) (Gowing 1983, 21-42). Sa lahat ng ito, may naalala si Noel tungkol sa Manili:

Noong nasa Camp Abu Bakar na ako, madalas binabanggit ang Masaker ng Manili, kasama ng indoctrination. Parating usap-usapan. Kung hindi raw kami lalaban, papatayin din ... ganito ang mangyayari. ... Dati kasi walang media... ‘yung mga Muslim, hindi rin naman nila nailista, wala naman silang opisyal sa gobyerno. So, walang rekord. Kahit siguro ‘yung mga gumagawa ng inventory, hindi na rin nila isinali sa rekord kasi kahit pati sila nasasaktan. Kaya binabale-wala na lang sa rekord na ganito talaga ang nangyari. ‘Yung moske sa Palimbang daw na pinangyarihan, na-preserve ‘yun. Makikita mo pa rin dun ‘yung bakat ng mga kamay na puro dugo. Kahit anong hugas, bumabalik daw.

Hunyo 19, 1971, sa araw ng kapanganakan ni Gat Jose Rizal, naganap ang madugong “Manili Massacre” sa bayan ng Carmen, Hilagang Cotabato. Para sa mga Mindanawong historyador, ito ang naging mitsa ng tinaguriang “Mindanao Crisis” sa kontemporaneong kasaysayan natin (Rodil 2003, 136-137; Tianero 2015). Nangyari ito sa lupain mismo ng mga Maguindanaon, laban sa mga Maguindanaon. Isang para-militaring grupong Kristiyano, ang Ilaga, ang inarmanan, diumano, ng administrasyong Marcos upang “ubusin” ang mga Moro. Gaya ng mga sinundang koloyal na estado, nangapital din ang gobyerno sa inter-etnikong hidwaan sa pagitan ng mga dayong Ilonggo at katutubong Maguindanaon. Kasama ng Jabidah Massacre, binansagan itong “policy of extermination” ng ilang Morong iskolar (Gaspar 2004, 34). Panahon ito ni Marcos. Sa katunayan, 7 sa 10 masaker na nabanggit sa itaas ay nangyari sa panahon ni Marcos. Hindi pa buhay si Noel, subalit buhay na buhay sa kaniya ang mga detalye ng nasabing insidente. Bakit nga hindi, pamaya’t maya raw itong ikinukuwento sa kanila sa kampo, bilang bahagi ng endoktrinasyon. At saka niya binawi ang sinabi noong una na “walang diskriminasyon.” Salaysay niya:

Masakit talaga, at hangga’t nariryan pa ang mga Marcos, posibleng mangyari ulit ito. Sa totoo, masama ang loob ko ... kasi walang justice hanggang ngayon. Tapos magyayabang pa ‘yung mga may-pakana niyan ... sila pa ang nasa tama ngayon. Paano ka maniniwala? ... Bakit? May nangyari ba sa mga inapi, sa mga minasaker? Wala. Kinalimutan na lang. Tapos, pagmumukhain pang kami ang masama. Kaya nga nangyari ‘yang rebolusyon ... Nireyp ang mga babae, pinatay ang mga bata at matanda. Anong justice na napala dun? Pwede bang kalimutan na lang ‘yun? ‘Yan ang *general discrimination* ... kasama na rin ako dun. Kaya tama nga, nadi-discriminate ang mga Muslim sa Mindanao. *Naghahanap sila ng kapayapaan*, hindi pinagbibigyan. Samantala, ‘yung mga ginawa sa kanila wala ring nagbayad o nanagot. (Akin ang diin).

At naulit ang isang malagim na yugto sa kasaysayan, sa panahon ng “all-out war policy” ni Pangulong Estrada noong 2000. Nakapagtala ito ng 26% ng kabuuang populasyon (207,586) ng Maguindanao na nawalan ng tirahan sa mga munisipalidad ng Matanog, Buldon, at Barira (World Bank 2003, sinipi sa Lingga 2014, 47). Maraming sakahan ang nasalanta na nagpababa sa kita ng mga pataniman (Schiavo-Campo and Judd 2005, 6). Nahinto ang mga bata sa pag-aaral, liban pa sa matinding *trauma* na kanilang naranasan. Kung kaya, nang tanungin ko si Noel kung sino ang pinakamasamang naging presidente ng Pilipinas, ganito ang isinagot niya:

Si Erap. Kasi naranasan ko talaga ‘yung mga ‘nilaglag na bomba dun. Nasa 20 years old ako, nasa kilusan na ako nun. Hanggang sa ma-over-run ang Abu Bakar. Naranasan ko na ring naglalakad ... walang makain. Damo lang talaga ... saging. Walang makain. Hanggang ngayon nga ipinagmamalaki pa rin niya na nagawan daw niya ng solusyon ang problema sa Mindanao. Ay ‘sus! Ang daming namatay na sundalo, sibilyan, revolutionary ... ang daming namatay. Gusto ko siyang intindihin, kahit hindi niya naiintindihan. Sabi nga ng isang coronel sa military, hanggang ngayon may utang pa rin ang Pilipinas dahil sa gerang ‘yun. Kung ginawa lang sanang development (sic.) ‘yung mga bala at sundalong ginamit, baka nagbagong-isip pa ‘yung mga rebelde. Wala sanang gaanong namatay.

Dati-rati, kinukuwentuhan lamang sina Noel ng mga masaker at giyera. Pero ngayon, siya na mismo ang nagkukuwento.

Samakatwid, maling-mali ang inakalang solusyon ng gobyerno sa malaon nang problema ng Mindanao: minahan, trosohan, plantang geothermal, at haydro-elektrik, mga tulay at kalsada, plantasyon, at iba pang proyektong pangkaunlaran na bumabangga sa kapakanan at integridad ng mga lupaing ninuno. Sa ngalan ng kaunlaran at progreso nadedehado ang taumbayan. “Development aggression” ang ipinangalan sa uri ng “kaunlarang” eksklusibo lamang sa tinataguriang “settler,” “mayorya,” “gobyernong nasyonal,” at mga “transnasyonal” – ang mga ito, anang mga Lumad at Moro, ang pangunahing sanhi ng pagkawala ng kanilang lupaing ninuno. Pagsasaminorya o pagsasagilid (marginalization) ang magkakambal na prosesong idinulot nito na siya ring puno’t dulo ng kanilang kahirapan sa kasalukuyan. Hindi mo na mawari kung alin ang sanhi at alin ang bunga. Mahirap sila dahil “minorya” ... at patuloy silang nagiging “minorya” dahil mahirap sila. Sa ganitong napakasalimuot na problema, “hindi *dapat* bala ang kalutasan,” ani Noel. At ano naman ang itinugon ng bayan sa militarisasyon ng gobyerno?

Taong 1968 nang itatag sa Pagalungan (ang sonang nakapagitna sa Sa-Laud at Sa-Raya), ang kauna-unahang kilusang pang-independensiya ng mga Pilipinong Muslim. Ito ang Muslim Independence Movement (MIM) na nang lumao’y ginawang “Mindanao Independence Movement.” Tila nga may lubid na nagbibigkis sa nakaraan at kasalukuyan. Magugunitang isang dantaon ang nakalipas nang sumiklab ang isa ring rebelyon sa Pagalungan noong kalagitnaan ng sigo 18 (Ileto 2007, 27 at 113). Inaalingawngaw rin ng mga Muslim ng 1968 ang panawagan nila noong 1760s: kalayaan mula sa dominasyon ng mapaniil na estado: Espanyol noon, kapwa Pilipino ngayon.

Matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, sa bagong heo-politikal na kaayusang isinilang, nagpanibagong-lakas ang laban ng mga Pilipinong Muslim upang tahakin ang organisadong armadong pakikibaka para sa “paglaya” bilang pangunahing hakbang sa “pagsasarili.” Itinambuli nito ang pormal na deklarasyon ng mga “politisadong” Muslim na magtayo ng hiwalay na bansang sasaklaw sa Mindanao at Sulu. Sumandaling umiral ang kilusan upang magluwal ng mga mag-aaral at propesyonal, gaya ni Nur Misuari, na magtatatag ng MNLF. Pinukaw ng malakas na sentimyentong anti-Marcos, pinangunahan nina Congressman Rashid Lucman at Abdul Rahman ang paglulunsad ng mga pagsasanay pangmilitar sa Malaysia. Ang iba nama’y pumunta sa Cairo, Ehipto, gaya ni Hashim Salamat, upang pag-aralan ang pananampalatayang Islamiko bilang sandigan ng kanilang lakas. Gayumpaman, hindi lamang ito laban sa estado. Puspos ng idealismo, nakita ng mga bagong-sibol na kabataang lider na kailangan din ng internal na pagbabago. Hindi na nila maaari pang ipagkatiwala sa mga tradisyonal na lider na nag-aastang political warlord ang pakikibaka para sa sariling pagpapasya. At isinakay ito sa bagong kataga para sa kabuuan: “Bangsa Moro” (Moro nation).

“Muslim” ang normal na katawagan sa mga sumasampalataya sa Islam. “Moro” naman ang designasyong politikal na unang ipinataw ng kolonyal na estadong Espanyol at Amerikano sa kanila. Sa mga ulat-etnograpike ng mga kolonyalista naging institusyon na ang derogatoryo nitong pakahulugan noong una: “mababangis na piratang kalaban ng kaayusan” (Barrows 1904; Christie 1906; Pershing 1913; Arnold 2011); subalit sa panahon ng post-war, sa pagsiglang muli ng Islam bilang isang matibay na batayang ideolohikal ng mga lumalaban sa kairalan, nagbagong-bihis ang “Moro” upang maging bagong politikal na identidad ng mga kontemporaneong militanteng kilusang Muslim (Rodil 1992; Kamlian 1999; Sakili 2003; Rodriguez-Tatel 2017). Mula noon, hanggang ngayon, paghahanap ng *kabantang* (katarungang panlipunan) ang nagtutulak sa kanila. Sa pagpapatuloy ni Noel: Ngayon, ... may mga gera na...naghahanap ng justice ang lahat. Sa totoo lang hindi sila naniniwala na may justice sa loob ng gobyerno ng Pilipinas. Ganun talaga ang nangyayari. Kahit ako ngayon, konti lang talaga ang paniniwala ko na may mapapalang justice kung hindi babaguhin [ang sistema].” (Akin ang idinagdag na salita.)

**Paghahanap ng Kapayapaan sa Marahas na Kaparaan.** Nagtatalaban ang mga konsepto ng *kabantang* (katarungan) at *kalilintad* (kapayapaan). Walang tunay at makabuluhang kapayapaan kung hindi naibibigay ang mga karampatang serbisyo, hindi naiwawasto

ang mga kamalian, hindi napupunuan ang mga kakulangan. Simple lang ang lohika sa pagitan ng kakulangan at kalabisan: kung may nagmamalabis, may nakukulangan. Hindi lamang ito usapin ng pagkakapantay-pantay *per se* sa ganang oportunidad, bagkus, ng pagkakaroon ng malasakit at pagdamay lalo na sa mga sandali ng pangangailangan. Sa mga taong pinanawan na ng pag-asa dahil sa patuloy na pagkawala ng lupaing ninuno, namamatay na rin ang pag-asam. Natutuldukan ang mga posibilidad. At kumakapit na sa sukdukan. Ito ang ipinahihwatig ng sumusunod na pahayag ni Noel:

Hanggang sa matutunan ko ang pamaya’t maya nilang sinasabi, “Kailangan nating lumaban.” Sabi pa nila, sa buhay na ito dalawa lang ang tadhana nating mga Moro: una, ang mamatay nang walang kalaban-laban; o ang *mamatay nang lumalaban*.” (Akin ang diin.)

“Only a good Moro is a dead Moro!” – tila sumpa ang naging bukambibig na ito ng mga sundalong Amerikano sa kanilang mga kampanyang militar sa Mindanao noon (Caragos 2015). Kung tutuusin, ang kamatayan ay kabayanihan at kabanalan sa tradisyon ng *jihad*. Ang sinumang namamatay sa ngalan ng Islam ay *sabilillah* sa mga Maguindanao, at *parang sabil* naman sa mga Tausug, ibig sabihin “taong namatay sa landas ni Allah” – ang pinaniniwalaang sukdukan ng pagtatanggol sa Islamikong pananampalataya (Hassan *et al.* 1994, 351). Samakatwid, ang pakikipaglaban para sa bayang Moro ay hindi lamang politikal, lalo’t higit relihiyoso rin, wika nga ni Rixhon (2000). Pinaghuhugpong nito ang materyal at espiritwal, ang personal, politikal, at relihiyoso. Malalim kung gayon ang dahilan ng pakikipaglaban. Gayundin naman, malalim din ang implikasyon nito sa usaping pangkapayapaan, dahil likas nang marahas ang digmaan. Sa dalumat ng *gihad* (*jihad*) ng Maguindanao (Sullivan 1986, 135), nagtatalaban din ang kapayapaan at karahasan. Sa pandiwang *enggihad* (magsakripisyo) (ibid.), mahihiwatigang ang kapayapaan ay pinupuhunanan ng sákit sa bayang patuloy itong ipinagkakait.

Sumapi si Noel sa kilusan upang baguhin ang sistema, upang tugunan ang puwang na dulot ng “kapabayaang ng gobyerno.” At sa proseso, binago rin, aniya, ng kilusan ang kaniyang pagkatao.

### **Gináwa vs. Gináwa Tanu: Pagpopook ng Sarili sa Loob ng Kilusan**

*Gináwa* (ang sarili) vs. *gináwa tanu* (ang ating mga sarili o tayo) (Sullivan 1986, 473) – sa pariralang ito ko nais ibalangkang ang talaban: ang pagtatagpo, pagsasanib, at pagbabanggaan ng mga adhikain sa loob ng kilusan. Para kay Noel, ang pagsapi niya sa *umpungan*, tawag nila sa kilusan, ang pinakamahalagang pangyayari sa kaniyang buhay. Aniya:

“Yun mismong pagpunta ko ng kampo, dun talaga tumigas ang buto ko. Parang nabuo ang pagkatao ko dun, hanggang sa ... long process talaga. Nag-umpisa ako sa pamilya ko na religious talaga, ang tatay ko ang siyang nagli-lead sa amin. Tapos iyon na ... sa kampo na *revolutionary*. Naging miyembro ako ng revolutionary (sic.) sa edad na 15. (Akin ang diin.)

Mula sa salitang “religious” patungong “revolutionary” tila malayo nga ang itinalon ni Noel kung kaya nasabi niyang mahaba itong proseso. At ikinuwento niya kung paano nagtagpo ang “personal” at “politikal”... kung paano naisangkap ang hilig sa baril at hatak ng kamag-anak sa usapin ng pakikibaka.

Marami na talagang nakakaalam sa amin, usap-usapan. Andun na ‘yung mga picture makikita mo na may mga baril nga sila ... kasama ‘yun sa nakaengganyo sa akin... wala pang video nun. Pagdating ko dun napasama ako sa grupo ng escorts ni Hashim Salamat. May pinsan po ako dun, third cousin ko, matagal nang nakaasayn dun. Pagdating ko, sinabihan ako na “Hindi ka pwedeng mag-stay sa grupo kung hindi ka maobserbahan ng 3 months” –iyon pala ... training “... basic training ng military... kasi, baka mamaya makadisgrasya ka pa dito.” 1995 ito, 15 years old ako. Ayun, pinagtreyn ako sa paghawak ng maliliit na baril lang

... M-16, 'yung mga ginagamit sa pag-eskort kay Hashim Salamat. Pagkatapos ng 3 months, nag-enrol din ako sa Mahad Bembaran Jihad Al-Islamie ... na para ding Madrasah sa loob ng kampo.

Aniya: At sinimulan niyang ilitanya ang mumunti at malalaking sakripisyo alang-alang sa *umpungan*.

Nung nasa loob na ako ng kampo, 3 months na walang uwian. Magastos din kasi kung uwi palagi. Nasa 300 din ang one-way. Sariling gastos 'yun. Kahit escort na ako ni Hashim Salamat, walang mga allowance 'yun. Ang napapala lang namin dun,... ayun pagkain ... wala namang isda, ... Doon din ako natutong kumain ng mga damo, walang ulam dun.

At mula sa matitinding pagpapakasakit nakadama si Noel ng paglakas ng "loob," ng sinasabi niyang "pagtigas ng buto... at pagkabuo ng pagkatao." Kung kaya buong-pagmamalaki niyang naukuwento:

Sa totoo, walang makakapantay sa naging performance namin! ... Hindi ko na maidedetalye yung training pero pinili talaga, which is *hindi ganun kadalang maka-survive* dun. Out of 500 kami, ilan lang ang naka-survive sa training na 'yun. Isa po ako dun sa 33. ... Sa 33 na 'yan, may grado pa rin. *Nangunguna ako* sa grado ng 33 na 'yan ... 'yun ang totoo. ... nung nandun pa ako, ang tingin nila sa amin *balos kami lang ang nagtatayo ng organisasyon*. Malalim ... at marami ang engagement na *ipinagkatiwala sa amin* na na-accomplish namin. (Akin ang diin)

Subalit saan nanggagaling ang malasakit na siyang binubukalan ng kanilang pagpapakasakit? Sa tiwala. Hindi lang ito paniniwala, bagkus ay ganap na pagsuko ng sarili sa kakayanan at paninindigan ng *kaped* (kapwa o kasama) sapagkat kabahagi ng sarili ang tingin sa huli. Balikan natin ang sinabi ni Noel tungkol sa batayan ng kanyang tiwala: "...iba sa totoo lang ang pamamalakad *noon* ng MILF sa panahon ni Hashim Salamat *kaysa ngayon*.... (akin ang diin). Para kay Noel malinaw ang hati sa pagitan ng "noon" at "ngayon." Nasa himig ng nostalhiya ang kanyang pagtatangi habang inilalarawan ang "*Matunwa*" bilang *pinakamapia* (ideal) na pinuno ng kanilang *umpungan*, sagisag ng mga halagahing Maguindanaon: *kabadtugan* (dangal/honor), *kabantang* (katarungan) at *katidtu* (katapatan) (Sullivan 1986, 434 & 446). Sa pagsunod sa isang *matidtu a taw* nasa tama nga siyang landas.

Hanggang sa ... nahuli po ako ng gobyerno. Kinasuhan ako bilang revolutionary nga. Marami akong naka-encounter. Kung anu-anong mission ang natapos, hanggang sa naging wanted ako sa gobyerno. Hanggang sa nang mahuli ako, ni kumusta wala na akong natanggap sa leadership ng MILF. Iyon ang masaklap dun. Sabihin man na may mali rin ako pero *hindi rin naman tama na tinalikuran na lang ako nang ganun*. (Akin ang diin.)

"*Garasay ako*" – isa itong ekspresyon ng nakapanlulumong sakit, pahiwatig ng napakaabang kalagayan. Ito ang mga salitang binigkas niya sa simula ng paglalahad sa dinanas na tortyur mula nang mahuli siya ng militar. Naghahalo ang *lat a ginawa* (hinanakit; sama ng loob) at *kalidu na ginawa* (pagkasiphayo) sa baw't bitiw ng salitang naglalarawan sa di-malilimutang karanasan. Subalit bukod sa matinding sakit, ng katawan, higit aniya, ang *sakit a ginawa* (poot) sapagkat hindi niya matanggap at maunawaan ang pagtalikod ng mga dating *kaped*. Sa puntong iyon, walang makain, nangungulila sa pamilya at kaibigan, gusto na niyang mamatay ... At lalong tumingkad para sa kaniya ang pagkakaiba ng "noon" at "ngayon."

*Nag-umpisa lang ako dun. Kasi hindi nga ako makakarating dito kung hindi ako napunta dun*. Ewan ko kung nasaan na ako ngayon. Anong state (sic.) ako ... ganito ba o ... Sabihin man nating may pagka-abnormal ang buhay ko ... magulo talaga. (Akin ang diin.)

Alanganin ang mga pahayag, subalit mauulinigan natin dito kung gaano na kalalim ang marka ng *umpungan* sa kaniyang buhay at pagkatao. Ito ang nagtakda ng kaniyang tagumpay at kabiguan, ng pagkabuo at pagkasira ng kaniyang loob. Sa talabang ito ng magkakasalungat

maunawaan kung bakit niya nasambit ang mga katagang "magulo" at "may pagka-abnormal."

Isang taon ding hindi kami ma-locate ng pamilya namin. Wala kaming magawa. Hindi rin kami makakuha ng abogado ... kasi pera din ang kailangan diyan at saka koneksyon. Hindi kaya ng pamilya ko ang ganun. So nung time na 'yun inisip ko talagang mag-revenge. ...[pero] may pag-asa pa, sa loob-loob ko.

Sa lahat ng pahirap na naranasan ko ... hindi ako lumambot, lalo pa akong tumigas. Sabi ko part of training lang ito. Ganun ako kaprinsipyo noon. Hanggang sa makahanap din ako ng kakampi. Tinigilan na nila 'yung pagtortyur.

Napakahalaga ng munting *inam* o pag-asang nadama niya nang mga sandaling may tumulong sa kaniya. Ibinangon siya nito mula sa sitwasyon ng pagkalugmok. At nang muling makabangon, napagtanto niyang may dahilan ang lahat.

Nagbago rin kasi ang leadership at that time nang mamatay si Salamat. Nung time na 'yun nag-engage din ako sa third party – 'yung mga foreigners, JI [Jemaah Islamiyah]. Kumukuha ako ng command sa kanila habang active ako sa MILF kahit pa winarningan na ako ng leadership [ng MILF] na huwag ko silang [JI] lapitan. Kasi nga may peace agreement na nga ang MILF [sa gobyerno]. Nung panahon ng Abu Bakar naroon na rin naman ang mga foreigners, pero hindi sila humihwalay ng moves. Sumusunod sila sa rules ng MILF. Naging kaibigan ko sila sa Abu Bakar pa. So naging instructor ko yung ibang foreigners. May Indonesian, Arabo, ... karamihan sa kanila Indonesian. So 'yun ang dahilan kung bakit pinabayaan ako ng MILF ... dahil sumunod daw ako sa mga ito. Dahil nang mamatay si Hashim Salamat gumawa na ng gulo itong mga foreigner. Humiwalay na sila, kasi wala silang tiwala sa bagong leadership. Kaya nagsarili sila ng mga moves. Nanggulo. Hindi ko na siguro kayang idetalye 'yung gulo na ginawa nila na nasangkot ako. Sila na ang nag-eendokrineyt sa amin na kailangan nating gawin ito ... ganyan. Hanggang sa dumating sa puntong hinuli na ako ng gobyerno. Sampung taong mahigit ako sa loob ng kulungan. Pero sa loob tuloy pa rin ako sa pagbuo ng pagkatao ko. Na-realize ko, ah, ganito pala ang kilusan, iwanan ka rin.

Kung may pag-unawa at pagtanggap, mababakas na ang *lila* (kapatawaran). Subalit hindi pa rin tuluyang naibalik ang lubos na tiwala sa *umpungang* minsan na niyang pinanindigan, tinayaan ng kinabukasan, pinag-alayan ng lakas at buhay. Pamaya't maya pa ring pumipitik ang katotohanang susi sa pagbabagong-loob na ito ang pananaw niya sa liderato:

Hindi na po ako babalik pa kung sakali man. Hindi rin naman ako bubugbugin ng ganun kung hindi dahil sa kilusan.... Nagbago na kasi 'yung leadership. Sa loob ng sampung taon, marami nang nagbago. Kung si Chairman Hashim Salamat lang ang masusunod hindi naman talaga BBL ang magiging resulta ... ang gusto talaga niya Islamic state, o mag-*separate* talaga. Wala namang pagbabago, gaya rin ng sa ARMM, kasi, ang nagmamaniplu diyan Malacañang din. Sinasabi nilang "matuwid na landas" wala rin naman. Baluktot pa rin. Bakit ako babalik dun?

Sa mata ng karaniwang tao, umuulit lang ang kasaysayan hangga't walang makabuluhang pagbabago sa sistema. "Wala namang pagbabago sa liderato" – ang pahayag na maaaring lumagom sa desperadong karanasang mitsa ng "separatismo" o mga tendensiya patungo rito. May mga nagsasabing ang tadhana ng MNLF ay tila nagiging tadhana rin ng MILF. Nagbabago-bago lang ang mga nakaupo sa itaas. Nag-iiba-iba lang ng mga pangalan, pero wala namang kaukulang pagbabago sa ibaba, sa hanay ng maliliit. Hangga't hindi naisasaalang-alang ang maliliit na bahagi, mananatiling target sila ng mga kaisipan at kilusang nangangako ng katubusan sa anumang paraan. Sa loob o labas man galing ang mga ito, wala na silang pakialam. At patuloy itong nag-uumang ng banta sa sarili mismong pangkat o bayan, sa Kamorohan, at sa huli, sa Kapilipinuhan.

Sa tudtulang ito ng *kasakit* naipako si Noel sa hugpungan ng samu't saring tunggalian: horisontal (siya vs. mga kapwa-Moro, kasama na ang iba pang kapwa-Muslim sa mas malawak na

daigdig ng *Ummah*); at bertikal (ang mga Moro vs. estadong Pilipino; gayundin, siya bilang indibidwal na miyembro ng kilusang Moro vs. liderato). Sa ganang ito, paano niya kikilalanin ang tunay na sarili?

### Lagom at Repleksiyon— “Sakit ng Kalingkingan Ramdam ng Buong Katawan”: Pagpopook ng Sarili sa Kapilipinuhan

Marahas ang pagsabog sa Awang Airport sa pahayag na ito ng Philippine News Agency (Punay 2016):

The airport bombing on February 20, 2003 left Sergeant Nelson Corpuz dead and many others wounded. A number of houses were also burned and the airport terminal damaged. The four accused of the bombing, all described as members of the Rajah Solaiman Movement,<sup>12</sup> were convicted of murder and double attempted murder by the Pasig regional trial court. On April 20, the CA’s Special 16th Division denied their appeal to set aside the Pasig court’s decision sentencing them to “reclusion perpetua without eligibility for parole” and to pay P75,000 in moral damages to Corpuz’s heirs.

Eksaktong 14 taon mula ngayon ang nakaraan matapos ang malagim na karahasan. Hindi lamang mga bahay, higit sa lahat ang buhay at kinabukasan ng mga biktima ang naisakripisyo. Sinasabing para daw ito sa laban ng bayan, subalit dito rin sumasambulat ang kabuuan ng ipinaglalabang bayan. Narito ang ilang repleksiyon ni Noel tungkol sa sakit na kaniyang naranasan sa proseso ng paghahanap ng kapayapaan sa marahas na kaparaanan.

Una, walang nananalo sa digmaan. Kalaban o kapanalig; nasa gobyerno, sibilyan, o “rebelde” man, pare-parehong nasasaktan gaya ng inaalingawngaw ng balita sa bungad ng lagom na ito. Malinaw kung sino ang tunay na biktima: ang Sangkapilipinuhan. Mahinahon ang pagkakasabi, subalit tila humihiyaw sa galit ang pahayag na ito ni Noel: “Walang kuwenta ang gera ... ginawa kaming halimaw.” Sa labanang ito, pinapanawan din, aniya, ng magandang kinabukasan ang mga kabataang nasasangkot kahit pa napilitan lang.

Ikalawa, ang mga nasa poder ang may-sala (*adén gedám sa gináwa*). Paglilinaw ni Noel:

... Sistema ang kalaban natin ... pulitika man talaga ... Mga pulitiko ang dapat sisihin. Parehas lang ang nararamdaman ko... sa mga pulitiko at liderato ng kilusan [MILF] *after* Hashim. *Pakasakit sa gináwa* ... [Nakakasama ng loob].

Pamomolitika ang pinakaugat ng sakit at pasakit na nararamdaman pa rin niya hanggang ngayon. Kakabit nito ang paggamit ng maruruming taktika, panloloko, at pagkakanulo ng kasamahan mapanatili lamang ang mahigpit na kapit sa kapangyarihan. Masidhi sapagkat tagos sa kalooban. Para kay Noel, walang sinabi ang mga sugat at pasang dulot ng tortur sa katawan. Tinanong ko siya kung gaano kasakit ang karanasan sa kamay ng militar. “Nawawala agad kapag wala na ‘yung physical pain ... sumasáma [sa paglipas ng panahon],” ang nakangiti pa niyang tugon. Dagdag pa niya, “Hindi pwedeng magtanim sa kanila ng sama ng loob, dahil kalaban mo ... Natural lang ‘yung ginawa nila kasi may *rules of war* na pumatay at magtortur ng kalaban.” At naalala niya ang tagpo sa Camp Aguinaldo nang magkasama sila ng dating-militar-na-naging-senador na si Antonio Trillanes. Kuwento ni Noel, ang sabi raw sa kaniya ng huli:

Nung nasa Abu Bakar ka, kami ang kalaban ninyo noon. Ngayon, sino ba ang masama, bakit pareho tayong nakakulong? Nagpapatayan tayo sa labas, sa

<sup>12</sup> Sang-ayon sa intelligence officials ng kapulisan, ang grupong Rajah Solaiman ay pinaniniwalaang kaalyado ng dalawang organisasyong nauugnay sa internasyonal na grupong “teroristang” al-Qaeda: ang Abu Sayyaf na nakabase sa Pilipinas at ang militanteng grupo sa Timog Silangang Asya, Jemaah Islamiyah (JI). Itinatag ito ni Hilarion del Rosario a.k.a. Ahmad Santos noong huling bahagi ng 1990, at tumatanggap ng pagsasanay sa pambobomba mula sa mga miyembro ng JI na nasa Mindanao. [Tingnan ang iba pang kaugnay na ulat: Associated Press 2014; BBC News 2005.]

huli, pareho naman tayong ikukulong. Sino ba’ng kalaban natin? Gobyerno ang kumulong sa atin ... pero hindi naman talaga masama ang prinsipyo ng gobyerno, ang problema ‘yung mga nakaupo.

Ikatlo, sa matinding sandali ng sakit at pagsubok, nakikilala kung sino talaga ang sarili. Nang una kong makakuwentuhan si Noel, tinanong ko siya kung saan niya mas gustong makilala: bilang isang Maguindanaon o bilang isang Muslim? At ang mabilis niyang itinugon:

Bilang Maguindanaon. Mabigat na pangalan ang “Muslim” ... hindi ganun kadaling sabihing Muslim ka, porke’t nakapagdadasal ka. Tingin ko hindi pa rin kumpleto. Pero ‘pag Maguindanaon o Moro lang sigurado kasi marunong naman akong magsalita ng Maguindanaon. Doon ako ipinanganak sa Maguindanao, at saka iyon din ang *language* ko. ‘Pag sinabing Muslim kumpleto talaga ... talagang buo. Kasi ang bawat Muslim may obligasyon. ‘Yung mga obligasyon na ‘yan sa totoo, ... hindi ko rin nagagawa.

Sa huli, ang etniko o kultural na identidad pa rin ang nagiging higit na mapagpasya sa pagharap sa mga kongkretong realidad ng buhay. Totoo, may sandaling tinangka niyang pumaloob sa isang Islamikong kilusang transnasyonal/internasyonal; subalit dapat pa rin itong unawain sa konteksto ng aba nilang kalagayan sa sariling bayan. Kung ano’t anumang, higit pa ring mapagpasya ang mga ugnayan sa loob ng mga partikular na *ethnos* o bayan bilang isang kabuuang pangkalinangan.

May isa pang katanungang ipinambalideyt ko sa natanggap kong kasagutan. Wika ko: “Matatawag mo ba ang sarili mo na “*mujahid*” o *shahid* (“holy warrior” sa konteksto ng *Jihad*). Nag-atubili siya. “Huwag na lang.” Dagdag pa niya, “Mabigat ang salitang ‘yan.” Sa una naming kuwentuhan noong 2015, nasabi niyang mahirap panindigan ang pagiging Muslim; lalo na, ang pagiging *mujahideen* (maramihan). Nagsimulang maiugnay sa mga mandirigmang Muslim ang salitang ito sa Islamic revivalism sa India hanggang dantaon 18. Noong siglo 20 madalas na itong ginagamit sa Iran at Afghanistan, lalo na sa pag-arangkada ng grupong Taliban bilang mga pangunahing tagapagsulong ng sukdulang anyo ng katapatan (“extremism”) sa Islam (*Encyclopedia Britannica* 2016).

Bagaman pare-parehong Muslim sa bisa ng paniniwala sa isang unibersal na relihiyon, magkakaiba pa rin sila sa iba’t ibang panig ng daigdig, depende sa mga partikularidad ng kani-kanilang bansa. Malaon nang sinasabi ng mga iskolar na bagaman lumaganap ang Islam sa Pilipinas, naiangkop pa rin ng mga kababayan nating Muslim ang mga pre-Islamikong kaugalian sa Islam (Majul 1966; Tan 1982; Gowing 1983; Kamlian 1999). “Katutubong Islam,” bilang isang anyo ng sinkretismo ang nabuo, diumano. Matutunghayan ang ilang patunay sa mga pre-Islamikong katawagan sa panalangin, gayundin sa katutubong katawagan sa Dakilang Lumikha: *Kadenán*. Nagmula rin sa Espanyol ang katawagan “Moro” subalit nabigyan ito ng bagong kahulugan sa kontekstong historikal at kultural nating mga Pilipino. Tayo lamang, diumano, ang gumagamit ng katawagan ito sa kasalukuyan. May kaukulang paliwanag si Noel tungkol dito. Aniya:

Halos pareho ang pagkaintindi ko sa Maguindanaon at Moro. Ang Maguindanaon ay tribo ko. ‘Pag Moro... dahil taga-Mindanao ako. Pero iba ang Moro sa Muslim. Malayo po iyan kasi may mga Muslim na wala sa Mindanao, ‘yung mga nagbalik-Islam, nasa Maynila halimbawa. Hindi mga Moro ‘yan. ‘Pag sinabing “Moro” ito ‘yung mga nasa Mindanao. Iyon na nga ‘yung parang neytib dun. Maguindanao, Maranao, Tausug – mga Moro na ‘yan.

Sa karanasan ni Noel, ang “Moro” ay ang mga Muslim na Pilipinong taga-Mindanao. Hindi na pala ito kategoryang relihiyoso. Sa pagdaraan ng panahon, muling nilikha ng mga Muslim sa Pilipinas ang “Moro” upang hubdan ito ng kolonyal na pakahulugan at kanilang angkinin upang magtakda ng bago nilang etnikong identidad—na nakapook pa rin sa Kapilipinuhan.

Samatkatwid, bagama’t pinagbibigkis ng paniniwala kay Allah, batayang doktrina, *Shariah* o batas ng Islam, at *Hadith* o *Hadis*, sa wikang Maguindanaon (i.e., mga katuruan ng propeta), mayroon pa ring Arabong Muslim, Indones na Muslim, Malaysiang Muslim, at Pilipinong Muslim.

Mahalagang isaalang-alang ang kapookan bilang mapagpasyang salik sa partikularidad ng mga kultura. Kung kaya, marahil, ang Islamikong pundamentalismong bitbit ng mga internasyonal na militanteng grupong gaya ng Jemaah Islamiyah, ISIS, at iba pa, ay hindi rin makakuha ng malakas na suporta mula sa Pilipinas. Sapagkat “*survivor*” ang Pinoy, ‘ika nga ng marami. Bakit? Anuman ang problema, buhá na buhá parati ang *inam* o pag-asa (sa wikang Maguindanao). Nakalugar ang *inam* sa kabilang dulo ng mga posibilidad *versus* “extremism” na nasa anyo ng pagpapakamatay alang-alang sa pananampalatayang Islamiko. Oo nga’t may mga *sabilillab* o martir tayo sa ating kasaysayan. Binansagan silang “*juramentado*” ng mga kolonisador subalit lumalabas na pinakahuling pagkilos na ito, kung wala nang magagawa talaga. Sa huli’t huli, *inam* pa rin ang nagpapatatag ng kalooban sa gitna ng mga sákit at pahirap na nararanasan. May *inam* kung bukas ang isipan at may pagkilala at pagtanggap sa sariling kahinaan. Kailangan munang magpakababa at magpakumbaba upang makakuhang muli ng panibagong lakas na bumangon mula sa pagkadapa. Muli, may patotoo tungkol dito si Noel:

Ngayon natuto akong maging more patient. Noong tinortyur ako gusto ko talagang gumanti, pero nagbago ako. Lalo akong lumakas. Kasi nararanasan ko na lahat ng mabibigat na problema. Wala na sigurong bibigat pa sa pinagdaanan ko. Iniwang ka lang sa ere. Sa tingin ko, ngayon, mas madali na ang ibang problema. Ang realization ko, kailangan ding mangyari ‘yun kasi kung hindi nangyari ‘yun, hindi ako tatayo nang ganito. Parang one side lang. Kumbaga sa kamay, kaliwa lang ang gumagana. Nang mangyari sa akin ‘yun nagpasalamat pa ako sa Panginoon. Naging open-minded ako ngayon. Nakita ko kung anu-anong klase ang mga tao, kung paano tumanggap ng mga bagay na minsan di katanggap-tanggap, pero kailangang tanggapin. Kahit sa Islam ganun din naman talaga... ‘pag wala kang magawa, manahimik ka na lang. *Wag ka na lang sumama* kung ayaw mong magkamali. (Akin ang diin.)

Nag-iwan sa akin ng malaking katanungan ang huling linya. “Huwag sumama” kanino? Dinadala rin tayo nito sa konsepto ng “sarili” *nis-a-nis* “iba” na itinuring na “kasamahan.” Nasa ikaapat na punto ng repleksiyon ang tensiyong namagitan sa indibidwal at kolektibo, sa sarili at pangkat. At isa sa pinakahuli kong tanong sa kaniya: Sino na ngayon ang “ibang tao” para sa iyo? Nais igpawan ng sagot niya ang makikitid na hangganghang itinakda ng “tiwaling” sistema, gayundin ng mga nilikha nitong de-kahong kategorya. Paglilinaw niya,

Sa katayuan ko ngayon, mukhang wala akong masabi talaga na ganung tao sa akin. Hindi ko masagot kasi tulad nito, syempre religious ako, kahit hindi ko masabing purong Muslim ako. ‘Eto medyo kabaligtaran, very close ako kina Padre ... sa Christian. Kahit papiliin ako ... sa kanila talaga ako lalapit. Kahit may chance ako na lumapit sa mga religious group na Muslim talaga, kina Padre pa rin ako lalapit kasi *hindi ko nakitang iba ako*. Pareho lang naman, pantay ang tingin ko sa sarili ko at tingin nila sa akin. Nung active pa ako sa revolutionary (sic.) baka doon ako lalapit, pero hindi ako tumitingin ng tribalism (sic.) ... na iba ito, iba iyan. Tanggap ko kahit sino. Magkaiba lang ng grupo noon. Pero ngayon nararanasan ko na lahat. ‘Yung dating mga kalaban kong sundalo, kaibigan ko na rin ngayon. Ganun din ang mga rebelde ... kaibigan ko pa rin sila. Nakakausap ko pa rin sila sa phone, ... nang personal. At ipinapaintindi ko sila na hindi ako “anti-” sa kanila. Gusto ko lang maging nyutral. Kung kontribusyon naman ang pag-uusapan, galing na ako diyan ... may kontribusyon naman ako. Hindi rin naman masabi na porke’t narito na ako sa kabila wala na akong maitulong sa inyo. Kung nasa tama kayo tutulungan ko kayo.

Kasabay ng pagkilala sa katotohanan ng kolektibong “Sarili *nis-a-nis* Iba,” napagtanto rin niya ang ilang kabalintunaan ng buhay. Unang kabalintunaan: nang itinawalag siya ng kanilang *umpungan* nakilala niya ang iba pa bilang “*kaped*” o “kapwa” – kabahagi ng sarili. At higit na lumawak ang pagkilala niya sa “kabuuan.” Hindi pala ito nakalimita sa mga kategorya ng etnisidad, relihiyon, at di-matinag na ideolohiya. Mahalagang sipiin ang bahagi ng kaniyang kuwento kung paano niya nakilala “sina Padre.”

Parang hulog nga ng langit na dumating sina Padre at dun ako napunta sa kanila. Si Padre kasi na-assign nun sa Datu Piang. ‘Yung isang kamag-anak ko na Kumander, kaibigan niya. So inihanap niya ako ng makakatulong. ... Kasama sa agreement na ... magiging normal civilian na lang ako. Biglang si Padre ang naituro niya. Sa loob pa lang (ng bilangguan), kinakausap na ako ni Padre. Siya na talaga ang nagpabilis sa pag-exit ko doon. Siya na talaga. Kasi kung hindi siya (sic.), ewan ko kung nasaan na ako ngayon. ... Si Padre na ang *nananagot*. Pasalamat lang ako dahil natutupad naman ang mga nangyayari. Hindi naman mapapahiya si Padre sa *pagkukop* niya sa akin. Dumadalaw pa kami sa community namin.

Kung ano’t anuman, babalik pa rin tayo sa mahalagang papel ng inter-personal na ugnayan bilang sandigan ng katatagan sa lipunan. Ugnayan pa rin itong sinusuhayan ng paniniwala sa isang Dakilang Lumikha, halaga ng kamag-anak at pakikipagkapwa. Nasa mga salitang ginamit ni Noel ang katibayan: “hulog ng langit,” “nananagot,” “pagkukop.” Kamag-anak ang nagsilbing tulay ng pagtatagpo. Hindi lamang ito totoo sa mga Maguindanao, kundi sa lahat ng Pilipino kung tutuusin. At saan nakabatay ang pagiging “personal”? Sa prinsipyo ng palitang-kaloob (reciprocity) na mahihiwatigan din sa salitang “agreement.” Sa kabuuan, samakatwid, dito maihuhugpong ang dalumat ng sákit bilang balangkas ng pagkilala sa sarili at kapwa. Muli, binuksan ng matinding pagsubok ang sanlibo’t sanlaksang oportunidad, gayundin ang isang puwang upang makilala ang iba’t ibang klase ng tao. Kinailangang masira ang lumang sarili upang bumuo ng bago. At ang pagpapanibago ay nangahulugan ng pagpapalawak ng saklaw ng “kapwa.”

Ikalawang kabalintunaan: ang grupong nangangako ng katubusan para sa lahat ay hindi kumikilala sa integridad ng indibidwal na kasapi. Kadalasan, tinitingnan at tinatratong monolitiko ang kilusan, gumagalaw sa iisang kumpas lamang. Subalit sa ngalan ng kaisahan (unity), nakakaligtaang bawat miyembro ay may kani-kaniyang kaakuhan na dapat ding isaalang-alang. Sapagkat ang kalingkingan ay bahagi ng buong katawan. Walang maliit na hindi nakapuwing, ‘ika nga. Kung kaya, mahalaga ring siyasin ang personal o larang ng *micro*. Kailangang pahalagahan ang bawat bahagi, kung nais patatagin ang kabuuan. Nang tanungin kung mayroon nang sariling pamilya si Noel, ang tugon niya: “Wala. Parang ngayon pa lang din ako nagsisimula. Kaya, nagpapasalamat din ako, kasi hindi mabubuo ang pagkatao ko kung hindi ako naalis dun [sa kilusan]” (akin ang idinagdag na salita). Minsan na niyang nasabing sa kilusan nabuo ang pagkatao niya, at sa kilusan din nasira ito. Subalit kung ang buhay ay isang gulong, hindi ito humihinto at nagpapatuloy sa muling pagbubuo. Kung kaya, sa pakiwari niya, nagsisimula ulit siya.

Ikatlo, nang una siyang sumapi sa kilusan, gusto niyang baguhin ang labas -- ang mas malaking sistema, ang sandaigdigan. Pero heto ang kaniyang natutuhan: kailangan munang magsimula ang pagbabago sa loob, sa sarili. Tila isang proseso ng puripikasyon ang pagpapanibago, kailangan ng matinding sákit at sakripisyo, parang init na humihinang sa bakal at nagpapakinang sa diyamante. Mula rito, napawi ang saloobing maghiganti. Umiral ang kapangyarihan ng pagpapakumbaba at pagtanggap. Lumawak ang kaniyang daigdig.

Mga realisasyon itong kinasangkapan niya upang “buing” muli ang kaniyang pagkatao, hindi na bilang mandirigmang Moro ng Maguindanao, ni isang *mujahid* ng Dar-ul-Islam (“Tahanan ng Kapayapaan”) *nis-a-nis* Dar-ul Harb (“Tahanan ng Digmaan”), kundi bilang isa nang Pilipino. Subalit hindi ito mangyayari kung parati siyang “kumikilos.” Ang pagpasok sa piitan ay isang pansamantalang pagtigil upang mapagtuunan ang kaibuturan ng sarili. Sa kaibuturang ito napagtanto niyang kapiling niya ang Dakilang Lumikha. Muli tayong dinadala ng karanasang ito ni Noel sa bisa at kapangyarihan ng dimensiyong espiritwal sa diskurso ng pagkataong Pilipino. Nakakalat sa kabuuan ng kaniyang *tudtulan* ang mga pira-pirasong bahagi ng nasabing katotohanan: mula sa banggit niya sa mga *imam* bilang tumatayong lider ng kanilang komunidad, sa labis na pagpapahalaga nila sa pagdarasal, sa kakaibang karisma ni Sheikh<sup>13</sup> Hashim Salamat, hanggang sa

<sup>13</sup> Sa Islam, tumutukoy ito sa taong iginagalang dahil sa kadalisan ng kalooban, debosyon (piety) at kaalamang panrelihiyon (*The Free Dictionary* 2017).

malasakit at pagdamay sa kaniya ng isang paring Kristiyano. Sa mga karanasang ito ng paniniwala ng paniniwala sa presensiya ng Maykapal nadama niya ang higit na makabuluhang kapayapaan, ang kapanatagan ng kaloobang iigpaw sa anumang pagsubok. Kung kaya ang kaniyang bagong ngalan: “Emmanuel Kalinaw.”<sup>14</sup>

### Pahimakas: *Tudtulan*: Hamon at Paanyaya sa Paglikha ng “Ekspertong Kaalaman”

Dahil nagpapatuloy ang *tudtulan*, pansamantalang pagwawakas o pahimakas, lamang ang aking maisasagawa sa katapusan ng papel na ito. Sa bahaging ito, nais kong patingkarin ang bisa ng *tudtulan* sa patuloy ring punyagi ng mga akademikong Pilipino na maglinang ng mga pamamaraang angkop, sensitibo, at nakatutugon sa mga pangangailangan ng bayan.

Umuusbong pa lang, *emergent*, ‘ika nga, ang “katutubong” metodolohiya at epistemolohiya. Iyan ang dahilan kung bakit nakapanipi ang “katutubo.” Hindi pa mawari kung paano ito dapat tawagin. Sabi nga ni Salazar, nagiging katutubo ka lang sa harap ng “iba” o taga-labas. May pahiwatig ito, kung gayon, ng diskursong nakatuon pa rin sa labas. Kakabit ng nasabing problematisasyon ang ilang mga katanungan o palaisipan. Kailan matatawag na “Pilipino” ang “katutubong” *tudtulan* ng Maguindanao? Kailan magiging ganap na *valid* ang salita ng taumbayan bilang wika ng karunungan? O bilang isang lehitimong paradaym ng pananaliksik? Kailan magiging ganap na praktika sa pananaliksik ang asersiyong hindi lamang kaalaman o paglalathala ng mga akda ang pakay, bagkus ay ang paglikha ng resiprokal na ugnayan sa bayang kinukuhanan ng kaalaman? Sa madaling salita, paano ba bumaba sa “toreng garing”? Ilan lamang ito sa matitinding hamon sa akademya na karaniwan nang inilalarawan bilang tanging “awtoridad” sa “ekspertong kaalaman” – ang metapora ng “toreng garing.” Sa ganang ito, may inihahaing ilang punto ng repleksiyon ang *tudtulan* bilang isang makabuluhang kaparaanang nakaugat sa ating kalinangan at kasaysayan.

Pangunahin sa *tudtulan* ang katangian nitong bukas at mapang-ugnay. Sa pakikipagkuwentuhan, kailangang buksan at palawakin ang isip. Sapagkat loob ang nais nating siyasin, kailangang palayain ang ating mga saloobin. Hubarin muna ang mga bagaheng sinúso mula sa mga dominanteng teorya mula labas. O sa mga nauna nang nosyon tungkol sa mga bagay-bagay. Sa halip na teorya ang bumalangkang sa pananaliksik, ang aktuwal na karanasan ang babalangkang sa teorya. Isa itong aral na napulot ko rin sa iba pang pakikipagkuwentuhan sa ilang piling komunidad ng mga Lumad. Mahalaga ang ating mga katanungan, subalit pagharap sa mga kalahok, isaisip na mas mahalaga ang kanilang nais sabihin. Bagaman binabalangkang ng ating paksa at pakay ang pagkalap ng datos, sa *tudtulan* bilang alternatibong pamamaraan, mas mahalagang mapadaloy ang kaalaman mula sa kusa at mas natural na paglalahad ng kalahok. Paano ito maisasakatuparan? May mga paghahandang dapat isagawa. Pangunahin na rito ang pakikipagpalagayang-loob. Bago makipagpalagayan, kailangan munang ipalagay ang loob. Tanggalin ang mga pagkiling at alinlangan habang maingat na isanasaalang-alang ang dinamika ng mga ugnayan sa komunidad. Alamin kung sino ang mga susing taong magbubukas ng mga loob, o magpapadali sa proseso ng palagayang-loob. Magtanung-tanong, dumalaw-dalaw. Damahin muna ang lugar. At sa huli, simulang bumuo ng mga pangmatagalang ugnayan. Sa diwa ng *tudtulan*, hindi natatapos sa proyekto ng pananaliksik ang ugnayan sa pagitan ng kalahok at mananaliksik. Kailangan ang malay na pahintulot at pagsang-ayon (*informed consent*) ng kalahok sa bawat hakbang: mula sa pagkalap ng datos tungo sa pagsusulat, hanggang sa paglalathala. Patuloy din dapat ang pagkumusta, pagtugaygay sa kalagayan ng kalahok kahit pa tapos na ang proyekto.

Ikalawa, isang repleksibo at transformatibong proseso ang *tudtulan*. Sa mismong akto ng pagkukuwento, bukod pa sa pagsasalita, pakinggan din ang kalahok sa kaniyang pananahimik.

Damahin ang mga pagtigil at pagbabago ng ekspresyon ng mukha. Maraming gustong sabihin ang di-berbal kaysa berbal. “Ang kulang sa atin, hindi dinadama ang problema” – realisasyon ito ni Rudy Rodil sa mahaba niyang karanasan ng pag-upo sa mga peace panel sa Mindanao. Magkaiba ang “nararamdaman” sa “dinarama”—likas o natural ang una, sadya o pinagsusumikap ang ikalawa. Sa *tudtulan*, may pagsusumikap na damahin ang kausap habang siya’y pinakikinggan. Mula sa pagdama, nauunawaan ang kaniyang kalooban. Partikular sa danas ng sákit, nabibigyang-daan ng pagsasalaysay ang proseso ng paghilom sa sugat ng kalooban. Gayundin naman, napalalaya rin ang mananaliksik sa makitid na hanggahan ng kaniyang mga pamamalagay. Sa halip na magtakda, hinuhulma rin siya ng karanasan.

Ikatlo, alalahaning kapwa panitikan at kasaysayan ang *tudtulan*. Kung kaya, kuwento rin ang magiging estilo ng paglalahad, kuwento sa diwa ng “salaysay na may saysay.” Paano magkakaroon ng “saysay”? Kailangang maihabi ang maliliit o personal na karanasan sa kalinangan at kasaysayan ng bayan. Ang mga personal na kuwento ang patuloy na maglalaman sa mga dakilang naratibo. Gayundin naman, ang mas malalaking kuwento ang magsasakonteksto sa kuwento ng indibidwal. Kung gayon, holistiko o buong pananaw ang nilalayong makamtan nito.

Bukod sa katangiang mapagpabago, isang bagong pilosopiya rin ang idinudulog sa atin ng *tudtulan*: “bayanihan sa paglikha ng kaalaman.” Mula sa kalahok bilang kapwa-manlilikha ng kaalaman, maaari pang palawigin ang diwa ng pakikipagkapwa at tulongan sa iba pang mga disiplina. Maihuhugpong dito ang mga prinsipyo ng pananaliksik inter/multi/transdisiplinaryo. Hindi lamang ito diyologo, bagkus, isang “bayanihan” o sama-samang pagkilos ng iba’t ibang disiplina tungo sa iisang layon: ang pagbuo ng higit na makabuluhang kaalaman para sa kagalingang bayan. Kalabisan nang sabihing higit ang dalawa kaysa isa. Subalit dalawahan o magkabilaan ang punyagi at kapakinabangang ibinubunga ng *tudtulan*. Ito ang palitang kaloob (reciprocity) na integral sa konsepto ng “kapwa.” Mula sa “bayanihang ito” makakakuha ng lakas upang makita ang yaman ng mga posibilidad at oportunidad sa mga problema. Sa ganang ito, nagiging paanyaya ang mabibigat na hámon.

Inaanyayahan tayo ng *tudtulan* na balikan, at makibahagi sa mga punto ng repleksiyon ni Noel. Sa pagmumuni-muni, madaramang kailangang mailahad din ang mga kuwentong umiikot sa iba pang susing konseptong magpapapasok sa atin sa mundo ng kanilang pagpapakahulugan at pang-unawa. Nariyan ang *kadenán* (Dakilang Lumikha bago pa ang “Allah”), *inged at dalepa* (komunidad at bayan), *líkes* (magulang) / *kalukesan* (mga ninuno), *kadsusiled* (kapatiran), *kagkapia* (pag-unlad/development), *kalilintad* o *kalilintar* (kapayapaan/peace), *kabántang* (katarungan), *báya-báya* (kalayaan), *kabadtúgan* (karangalan), at *malatabát* (dignidad/ pride) (Sullivan 1986, 381, 406-407, 423, 424, 428, 434, at 446.) Pundamental ang lahat ng ito sa patuloy na pagbuo ng kanilang kolektibong “Sarili.” Sa mga ito rin natin matatantong nagkakaugnay-ugnay pala ang ating mga “Sarili.”

Sang-ayon sa Muslim na historyador na si Samuel Tan, may mga inisyatiba ang gobyerno na iwasto ang sinasabing “imbalance” o kawalan ng hustisya sa Mindanao, subalit labis itong pinanghihina ng tumitinding istigma laban sa mga Muslim at lumalalang pagkasiphayo naman ng mga Muslim sa nararamdaman nilang istigma (Tan 2010, 51). Ibig sabihin, malalim na talaga ang problema, istigma at nararamdaman – napakapersonal na. Kung gayon, sa antas din ng personal makasusumpung ng solusyon.

Pansamantala lang talaga ang pagwawakas. Mahaba pa ang babaybayin natin sa akademya upang ganap na maitawid ang personal sa kabuuan. Mahalaga itong pagpunyagian sa pamamagitan ng *tudtulan*. Sapagkat sa ganang ito lamang maisasatinig at *masasaysay* (sa lumang pakahulugan nito bilang “mabigyan ng kaunawaan at katuturan”) ang lalim ng karanasan ng bayan.

<sup>14</sup> Galing ang Emmanuel sa “Immanuel” na sa wikang Hebreo: עִמָּנוּאֵל, ay nangangahulugang “Sumasaatin ang Diyos.” Ang “kalinaw” naman ay nangangahulugang kapayapaan sa wikang Cebuano o Binisaya (Wikipedia 2016).

Taos-pusong pasasalamat sa Anvil Publishing, Inc. para sa mapa ng Magindanao na nasa pah. ix ng aklat na *Magindanao 1860-1888: The Career of Datu Utto of Buayan* ni Reynaldo C. Ileta., inilimbag ng Anvil Publishing, Inc., Pasig City noong 2007.

## SANGGUNIAN

- Abinales, Patricio. 2015. "Hashim Salamat: The Militant and the Moderate." *Rappler.com*. Accessed November 14, 2016. <https://www.rappler.com/thought-leaders/114251-hashim-salamat-militant-moderate>.
- Absolon, Kathy and Cam Willett. 2004. "Aboriginal Research: Berry Picking and Hunting in the 21st Century." *First Peoples Child & Family Review* 1 (1): 5-17.
- Alejo, Albert, S.J. 1990. *Tao po! Tuloy!* Lungsod Quezon: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University.
- Alejo, Albert, S.J. 2016. Personal na Komunikasyon. Ateneo de Manila University, Loyola Heights, Quezon City, Pilipinas (Mayo 16).
- Alonto-Lucman, Norodin. 2000. *Moro Archives: A History of Armed Conflicts in Mindanao and East Asia*. Quezon City: FLC Press.
- Antonio, Lilia, Esther Reyes, Rogelia Pe, at Nilda Almonte, mga patnugot. 1976. *Ulat ng Unang Pambansang Kumperensya sa Sikolohiyang Pilipino*. Lunsod Quezon: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino.
- Antonio, Lilia, et al., mga patnugot. 1978. *Mga Katutubong Konsepto at Pamamaraan sa Lipunang Pilipino: Implikasyon sa Edukasyon at Agham Panlipunan: Ulat ng Ikatlong Pambansang Kumperensya sa Sikolohiyang Pilipino* (Dalubhasaang Normal ng Pilipinas, Maynila, Nobyembre 16-19, 1977). Lunsod Quezon : Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino.
- Aquino, Clemen. Walang petsa. "Palay at Buhay: Mga Kuwento Mula sa Isang Nayon ng Laguna." Manuskritong nakahandang ilathala para sa Ikalawang Tomo ng *Pantayong Pananaw: Pagyabong ng Talastasan: Pagbubunyi kay Zeus A. Salazar*, pamamatnugutan nina Atoy Navarro, Mary Jane Rodriguez, at Vicente Villan.
- Aquino, Clemen. 1999/2002. "Pagbabahagi ng Kuwentong Buhay: Isang Panimulang Pagtingin." In *Gender-sensitive and Feminist Methodologies; A Handbook for Health and Social Researchers*, edited by Sylvia Guerrero, 83-116. Quezon City: University of the Philippines Press.
- Aquino, Clemen. 2000. "Palay at Buhay: Stories from a Philippine Village." In *Rice Cultures in Asia: Lives of Seven Farmers*, edited by Hidetoshi Kato, 251-327. Singapore: The Times Edition of Singapore at Asian Media Information and Communication Centre.
- Aquino, Clemen. 2006. Mga Kuwentong Buhay at Kuwentong Bayan sa Paghahabi ng Agham Panlipunan. Nasa *Kuwentong Bayan: Noong Panabon ng Hapon; Everyday Life in a Time of War*, mga may-akda Thelma Kintanar, Clemen Aquino, Patricia Arinto, at Ma. Luisa Camagay, 390-399. Quezon City: University of the Philippines Press.
- Arcilla, Jose. 1998. Editor and translator, *Jesuit Missionary Letters from Mindanao* Vol. 3. Quezon City: UP CIDS and University of the Philippines Press.
- Arnold, James. 2011. *The Moro War: How America Battled a Muslim Insurgency in the Philippine Jungle, 1902-1913*. New York, New York: Bloomsbury Press.

- Associated Press. 2014. "Indonesians, Filipinos Convicted in Airport Blast." *Inquirer.net*, July 15. <http://globalnation.inquirer.net/107946/indonesians-filipinos-convicted-in-airport-blast>.
- Babelon, Buruganan. 2015. Ginabayang Talakayan. Barangay Macabenban, Carmen, North Cotabato (Agosto 6).
- Barrows, David. 1904. "Second Annual Report of the Chief of the Ethnological Survey for the Philippine Islands (formerly the Bureau of NonChristian Tribes) to the Secretary of the Interior." In *Fourth Annual Report of the Philippine Commission 1903 (Part 3)*. Washington: Government Printing Office.
- BBC News. 2005. "Philippines Arrests Key Militants." *BBC News*, October 26. <http://news.bbc.co.uk/2/hi/asia-pacific/4377610.stm>.
- Caampued, Marian. 2002. "Sarsarita ti Babai ti Amianan." M.A. Tesis, Unibersidad ng Pilipinas – Diliman, Lungsod Quezon.
- Caragos, Kerwin Salvador. 2015. "A Good Moro is a Dead Moro." In *The Pacific Wars*. Accessed December 10, 2017. <http://thepacificwars.com/good-moro-dead-moro/>
- Casiño, Eric. 1967. "Folk-Islam in the Life Cycle of The Jama Mapun." *Philippine Sociological Review*, 15 (1). <http://116.50.242.171/PSSC/index.php/psr01/article/view/452>.
- Christie, Emerson. 1906. "Report of the Ethnological Survey." In *Sixth Annual Report of the Philippine Commission 1905 (Part 1)*. Washington: Government Printing Office.
- Community Forestry International 2013. "The Upper Pulangi Watershed." Accessed November 11, 2016. [http://www.communityforestryinternational.org/publications/research\\_reports/upland\\_philippine\\_communities/index.htm](http://www.communityforestryinternational.org/publications/research_reports/upland_philippine_communities/index.htm).
- Datuwata, Jerry. 2017. Personal na Komunikasyon. Brgy. Kuya, South Upi, Maguindanao (Enero 24).
- de Hauteclouque, Ghislaine Loyré. 2000. "Community among the Maguindanaons and Other Muslim Ethnic Groups." In *Old Ties and New Solidarities*, edited by Charles J-H Macdonald and Guillermo M. Pesigan, 12-23. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- de la Costa, Horacio, S.J. 1960. "A Spanish Jesuit Among the Magindanaos." In *Proceedings of the First International Conference of Historians of Asia*. Manila: Philippine Historical Association (November 25-30).
- de Mesa, Jose. 2004. *Mga Aral sa Daan: Dulog at Paraang Kultural sa Kristolohiya*. Manila: De La Salle University Press.
- de Vera, Ma. Gracia. 1976. "Ang Pakikiapid: Isang Pag-aaral." Nasa *Sikolohiyang Panlipunan sa Kontesktong Pilipino*, pinamatnugutan ni Virgilio Enriquez. Quezon City: University of the Philippines.
- de Vera, Ma. Gracia. 1995. "Pakikipagkuwentuhan: Paano kaya Pag-aaralan ang Pakikiapid?" Nasa *Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo at Gamit*, pinamatnugutan ni Rogelia Pe-pua, 187-193. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press para sa Akademya ng Sikolohiyang Pilipino.
- Elkins, Richard. 1968. *Manobo-English Dictionary*. Honolulu: University of Hawaii Press.
- Encyclopedia Britannica*. 2016. "Mujahideen, Islam." Accessed December 3, 2016. <https://www.britannica.com/topic/mujahideen-Islam>.

- Enriquez, Virgilio at Lilia Antonio, mga tagapagtipon. 1973. *Diva: Katipunan ng Lathalaing Pangsikolohiya*. Quezon City : Unibersidad ng Pilipinas.
- Enriquez, Virgilio. 1976. "Sikolohiyang Pilipino: Perspektibo at Direksyon." Nasa *Ulat ng Unang Pambansang Kumperensya sa Sikolohiyang Pilipino*, pinamatnugutan nina Lilia Antonio, Esther Reyes, Rogelia Pe, at Nilda Almonte, 221-243. Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino.
- Enriquez, Virgilio. 1978. "Kapwa: A Core Concept in Filipino Social Psychology." In *Philippine Social Sciences and Humanities* 42 (1-4): 100-108. Muling inilathala sa *Mga Babasahin sa Agham Panlipunang Pilipino: Sikolohiyang Pilipino, Pilipinolohiya, at Pantayong Pananaw*, pinamatnugutan nina Atoy Navarro at Flordeliza Lagbao-Bolante, 23-33. Quezon City: C & E Publishing, Inc.
- Enriquez, Virgilio. 1993. "Developing a Filipino Psychology." In *Indigenous Psychologies: Research and Experience in Cultural Context, Volume 17: Cross-Cultural Research and Methodology Series*, 152-169. Newbury Park, London and New Delhi: Sage Publications, Inc. Muling nailathala sa *Mga Babasahin sa Agham Panlipunang Pilipino: Sikolohiyang Pilipino, Pilipinolohiya, at Pantayong Pananaw*, pinamatnugutan nina Atoy Navarro at Flordeliza Lagbao-Bolante, 34-53. Quezon City: C & E Publishing, Inc.
- Federation of American Scientists (FAS). 2017. "MILF Leader to 'Nida'ul Islam': Perhaps the Moro Struggle for Freedom and Self-Determination is the Longest and Bloodiest in the Entire History of Mankind" (Interview with MILF Leader Sheikh Hashim Salamat). [Unang inilathala sa *Nida'ul Islam Magazine (Call of Islam)*, Issue 23, April-May 1998.] Accessed November 8, 2017. <https://fas.org/irp/world/para/docs/ph2.htm>.
- Ferriols, Roque. 1991. *Pambungad sa Metapisika*. Quezon City : Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University.
- Fernandez, Edwin. 2016. "Voting in Maguindanao Town Disrupted by Gunfire. *Inquirer.net*, May 9. <http://newsinfo.inquirer.net/784437/voting-in-maguindanao-town-disrupted-by-gunfire>.
- Foundation for the Philippine Environment. 2015. "Protecting Watersheds and Ancestral Domain." Accessed October 4, 2016. [http://fpe.ph/impact\\_story/protecting-watersheds-and-ancestral-domain/6](http://fpe.ph/impact_story/protecting-watersheds-and-ancestral-domain/6).
- Gaspar, Karl. 2004. *Mapagkalinawon: Babasahin para sa mga Naghabangad ng Kapayapaang Mindanawon*. Davao City: Alternate Forum for Research in Mindanao, Inc.
- Gelacio, Teofilo, Jason Lee Kwok Loong, and Ronald L. Schumacher. 2000. *Manobo Dictionary of Manobo as Spoken in the Agusan River Valley and the Divata Mountain Range*. Butuan City : Urios College.
- Gowing, Peter. 1983. *Mandate in Moroland: The American Government of Muslim Filipinos, 1899-1920*. Quezon City: New Day. [Orihinal na inilimbag ng Publications Office, Philippine Center for Advanced Studies, University of the Philippines System, 1977.]
- Guba, Egon at Yvonna Lincoln. 1994. "Competing Paradigms in Qualitative Research." In *Handbook of Qualitative Research*, edited by Norman K. Denzin and Yvonna S. Lincoln, 105-117. Thousand Oaks, CA: Sage.
- Harbord, James. 1905. "Report of the Fifth District, Philippine Constabulary, June 25, 1904." In *Fifth Annual Report of the Philippine Commission 1904 (Part 3)*, 121-126. Washington: Government Printing Office.

- Harrison, Francis B. 1920. "Report of the Governor General of the Philippine Islands." In *Report of the Governor General of the Philippine Islands to the Secretary of War (January 1, 1919 to December 31, 1919)*, 3-36. Washington: Government Printing Office.
- Harvey, Lee, Morag MacDonald, and Jane Hill. 2000. *Theories and Methods*. London: Hodder & Stoughton.
- Hassan, Irene, Seymour Ashley, and Mary L. Ashley. 1994. *Tausug-English Dictionary: Kabtangan Iban Maana*. Manila: Summer Insitute of Linguistics.
- Ileto, Reynaldo. 1979a. *Pasyon and Revolution: Popular Movements in the Philippines, 1840-1910*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Ileto, Reynaldo. 1979b. "Tagalog Poetry and Image of the Past During the War Against Spain. In *Perceptions of the Past in Southeast Asia*, edited by Anthony Reid and David Marr. Singapore: Heinemann.
- Ileto, Reynaldo. 2007. *Magindanao, 1860-1888: The Career of Datu Utto of Buayan*. Quezon City: Anvil Publishing, Inc.
- Iniego, Florentino Jr. 2005. "Pagbabalik sa Pinaghasikang Linang": Pagbubuo ng Isang Modelo ng Pagsasaling-Kultural Batay sa Sarsaritang Pangkanayunan. M.A. Tesis Unibersidad ng Pilipinas – Diliman, Lungsod Quezon.
- Kamlan, Jamail. 1999. *Bangsamoro Society and Culture: A Book of Readings on Peace and Development in Southern Philippines*. Iligan City: Iligan Center for Peace Education and Research, Office of the Vice Chancellor for Research and Extension, MSU-Iligan Institute of Technology.
- Kimuell-Gabriel, Nancy. 2012. "Pook at Pagsasakapangyarihan: Ang Kababaihan ng Tundo, 1946-2008." Ph.D. Disertasyon, Unibersidad ng Pilipinas – Diliman, Lungsod Quezon.
- Kovach, Margaret. 2005. "Emerging from the Margins: Indigenous Methodologies." In *Research as Resistance, Critical, Indigenous and Anti-Oppressive Approaches*, edited by L. Brown & S. Strega, 19-36. Toronto: Canadian Scholars' Press.
- Kovach, Margaret. 2010. "Conversational Method in Indigenous Research." *First Peoples Child and Family Review: An Interdisciplinary Journal Honoring the Voices, Perspectives and Knowledges of First Peoples through Research, Critical Analyses, Stories, Standpoints, and Media Reviews*, 5 (1): 40-48. [https://fncaringsociety.com/sites/default/files/online-journal/vol5num1/Kovach\\_pp40.pdf](https://fncaringsociety.com/sites/default/files/online-journal/vol5num1/Kovach_pp40.pdf)
- Laarhoven, Ruurdje. 1989. *Triumph of Moro Diplomacy: The Maguindanao Sultanate in the 17th Century*. Quezon City: New Day.
- Lacaba, Emmanuel. 1974. "Ang Loob: Ilang Tala sa Paglimi-liming Pilipino." *The Literary Apprentice*.
- Landor, Arnold Henry Savage. 1904. *The Gems of the East. Volume 2*. London: Macmillan and Co., Limited.
- Lara, Francisco Jr. 2014. *Insurgents, Clans, and States: Political Legitimacy and Resurgent Conflict in Muslim Mindanao, Philippines*. Quezon City : Ateneo de Manila University Press.
- Lingga, Abhoud Syed. 2014. "Dynamics and Management of Rido in the Province of Maguindanao." In *Rido: Clan Feuding and Conflict Management in Mindanao*, edited by Wilfredo Magno Torres III, 44-63. Quezon City: Ateneo de Manila University and The Asia Foundation.
- Llamzon, Teodoro. 1978. *Handbook of Philippine Language Groups*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.



- Loyukan. 2015. *Our Call for Full Inclusion: A Collection of Articles on Peace, Indigenous Peoples' Rights, and the Bangsamoro Basic Law*. Quezon City: Loyukan.
- Majul, Cesar. 1966. "Islamic and Arab Cultural Influences in the South of the Philippines." *Journal of Southeast Asian History*, 7 (2) (September).
- Mangahas, Fe. 1995. "Ilang Tala Hinggil sa Teorya o Perspektiba sa Papel ng Kababaihan Pilipino sa Rebolusyon." *Nasa Ulat sa Ikatlong Pambansang Kumperensya sa Sentenaryo ng Rebolusyong 1896*. Lunsod ng Baguio: UP Kolehiyo sa Baguio.
- McKaughan, Howard and Batua Al-Macaraya, editors. 1996. *A Maranao Dictionary*. Manila: De La Salle Universty Press, Inc. and Summer Institute of Linguistics.
- McKenna, Thomas M. *Muslim Rulers and Rebels: Everyday Politics and Armed Separatism in the Southern Philippines*. Berkeley: University of California Press, 1998.
- Mercado, Leonardo. 1974. *Elements of Filipino Philosophy*. Tacloban City : Divine Word University Publication.
- Navarro, Atoy. 2000. "Ang Bagong Kasaysayan sa Wikang Filipino: Kalikasan, Kaparaanan, Pagsasakaysayan." *Bagong Kasaysayan* (BAKAS) Lathalain Blg. 11.
- Noceda, Juan Jose de and Pedro de Sanlucar. 1860. *Vocabulario de la Lengua Tagala*. Manila: Impr. de Ramirez y Giraudier.
- Obien-Landicho, Edna May. 2003. "Dalumat ng Lalim ng Pagkataong Pilipino sa mga Kuwentong Bayan na Isinakuwento at Isinadula para sa Bata." Ph.D. Disertasyon, Unibersidad ng Pilipinas – Diliman, Lungsod Quezon.
- Ofreneo, Rosalinda. 1994. "Ang Kuwentong-Buhay bilang Teksto ng Pagsasakapangyarihan ng mga Manggagawa sa Bahay." Ph.D. Disertasyon, Unibersidad ng Pilipinas – Diliman, Lungsod Quezon.
- Pe-pua, Rogelia, patnugot. 1982. *Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo at Gamit* (Filipino Psychology: Theory, Method and Application). Quezon City: Surian ng Sikolohiyang Pilipino. [Muling inilimbag ng University of the Philippines Press noong 1989 at 1995.]
- Pershing, John. 1913. *The Annual Report of the Governor of the Moro Province for the Year Ended June 30, 1913*. Zamboanga, Philippines: Mindanao Herald Publishing Company.
- Peters, Wendy. 2013. "Use of Indigenous/Indigenist Research Methodologies." Accessed December 13, 2016. [https://crcaih.org/assets/documents/Use\\_of\\_Indigenous-Indigenist\\_Research\\_Methodologies.pdf](https://crcaih.org/assets/documents/Use_of_Indigenous-Indigenist_Research_Methodologies.pdf).
- Punay, Edu. 2016. "CA Reverses Ruling Convicting Maguindanao Airport Bombers." *The Philippine Star*, June 16. <https://www.philstar.com/nation/2016/06/16/1593284/ca-reverses-ruling-convicting-maguindanao-airport-bombers#oQ0XCAXrXxjCQ4Ja.99>
- Regional Legislative Assembly (Fourth), Autonomous Region in Muslim Mindanao. 2003. "Muslim Mindanao Autonomy Act No. 150: An Act Creating the Municipality of Datu Unsay Out of the Mother Municipality Shariff Aguak in the Province of Maguindanao." Accessed November 15, 2016. <http://rla-armmgov.ph/wp-content/uploads/2015/03/MMAA-150.pdf>.

- Regional Legislative Assembly (Fifth), Autonomous Region in Muslim Mindanao. 2008. "Muslim Mindanao Autonomy Act No. 225: An Act Creating the Shariff Saydona Mustapha in the Province of Maguindanao, Providing Funds Therefore, and for Other Purposes." November 15, 2016. [https://www.lawphil.net/statutes/mmaa/5a/pdf/mmaa\\_225\\_5a.pdf](https://www.lawphil.net/statutes/mmaa/5a/pdf/mmaa_225_5a.pdf).
- Rixhon, Gerard. 2000. "Levels of Discourse in the Tausug *Parang Sabil* Epic." In *Old Ties and New Solidarities*, edited by Charles J-H Macdonald and Guillermo M. Pesigan, 12-23. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Rodil, Buhay. 2003. *A Story of Mindanao and Sulu in Question and Answer*. Davao City: MINCODE.
- Rodil, Rudy. 2017. *Kasaysayan ng mga Pamayanan ng Mindanao at Arkipelago ng Sulu, 1596-1898*. Maynila: Pambansang Komisyon para sa Kultura at Sining at Komisyon sa Wikang Filipino.
- Rodriguez, Mary Jane. 2009. "Ang Kababaihan sa Himagsikang Pilipino." *Lagda: Opisyal na Publikasyon ng UP DFPP*. [Unang nailathala sa *Tayabas: Pagmumulat sa Kasaysayan, Himagsikan at Sentenaryo*, pinamatnugutan nina Atoy Navarro at Ryan Palad, 157-178. Lunsod Quezon: Limbagang Pangkasaysayan, 1998; gayundin sa *Bagong Kasaysayan: Mga Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas*, Lathalain Blg.7, 1999. Lunsod Quezon: Palimbagan ng Lahi.
- Rodriguez-Tatel, Mary Jane. 2017 (Mayo). "Araling Etniko sa Wikang Filipino: Pagpapaibayo ng Pilipinolohiya/Araling Pilipino." *Saliksik E-Journal* 6 (1): 1-37. <https://ejournals.ph/article.php>.
- Rodriguez-Tatel, Mary Jane, Atoy Navarro, Carlos Tatel Jr., Lars Raymund Ubaldo, Vicente Villan, Michael Charleston Chua at Jonathan Balsamo. 2011. *Diksyonaryo ng Pantayong Pananaw at Bagong Kasaysayan*. Manuskritong di pa nailalathala. National Commission on Culture and the Arts, Maynila, Pilipinas.
- Schiavo-Campo, Salvatore and Mary Judd. 2005. *The Mindanao Conflict in the Philippines: Roots, Costs, and Potential Peace Dividend*. Social Development Papers. Conflict Prevention and Reconstruction. Paper no. 21. The World Bank.
- Sakili, Abraham. 2003. *Space and Identity: Expressions in the Culture, Arts and Society of the Muslims in the Philippines*. Quezon City: Asian Center, University of the Philippines.
- Salazar, Zeus. 1977. "Ang Kamalayan at Kaluluwa: Isang Paghilinaw ng Ilang Konsepto sa Kinagisnang Sikolohiya." *Nasa Ulat ng Ikalawang Pambansang Kumperensya sa Sikolohiyang Pilipino*, pinamatnugutan nina Lilia Antonio, Laura Samson, Esther Reyes, at Ma. Elena Paguio, 131-144. Lunsod Quezon: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino.
- Salazar, Zeus. 1981. "Wika at Diwa: Isang Pansikolinggwistikang Analisis sa Konsepto ng "Hiya." *Nasa Ulat ng Ikalabindalawang Seminar sa Sikolohiya ng Wika*. Lunsod Quezon, Unibersidad ng Pilipinas. [Muling inilathala sa *Mga Babasabin sa Sikolinggwistikang Filipino*, pinamatnugutan nina Lilia Antonio, Anatalia Ramos, at Aura Albano-Abiera, 11-21. Quezon City: C & E Publishing, Inc., 2011.]
- Salazar, Zeus. 1983a. "Ethnic Psychology and History: The Study of Faith Healing in the Philippines." In *The Ethnic Dimension, Papers on Philippine Culture, History And Psychology*, pinamatnugutan ni Zeus A. Salazar, 89-106. *Kolonya: Counseling Center for Filipinos*.
- Salazar, Zeus. 1983b. "A Legacy of the Propaganda: The Tripartite View of Philippine History." In *The Ethnic Dimension, Papers on Philippine Culture, History And Psychology*, pinamatnugutan ni Zeus A. Salazar, 107-126. *Kolonya: Counseling Center for Filipinos*.

- Salazar, Zeus. 1996. "Anak, Mag-anak, Angkan, Bayan: Ugnayan ng Lalaki at Babae sa Sinaunang Panahon." Papel na binasa sa 3<sup>rd</sup> National Conference on Women's Studies, Women Studies Association of the Philippines (WSAP), Ecotech Center, Cebu, Pilipinas (Oktubre 18-19).
- Salazar, Zeus. 1997. "Ang Pantayong Pananaw sa Agham Panlipunan: Historiograpiya." Nasa *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan; Pambungad sa Pag-aaral ng Bagong Kasaysayan*, pinatmanugutan nina Atoy Navarro, Mary Jane Rodriguez, at Vicente Villan, pah. 67-78. Mandaluyong City: Palimbagan Kalawakan.
- Salazar, Zeus. 1999. "Babaylan sa Kasaysayan ng Pilipinas." *Bagong Kasaysayan: Mga Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas*, Lathalaing Blg. 4. Lunsod Quezon: Palimbagan ng Lahi.
- San Buenaventura, Pedro de. 1613. *Vocabulario de la Lengua Tagala*. Pila: Thomas Pinpin y Domingo Loag.
- Saway, Victorino "Migketay". 2014. Panayam. Barangay Lantapan, Malaybalay, Bukidnon." (Nobyembre 2).
- Sullivan, Robert OMI. Compiler. 1986. *A Maguindanaon Dictionary*. Cotabato City: Institute of Cotabato Cultures, Notre Dame University.
- Svelmoe, Gordon and Thelma Svelmoe. 1990. *Mansaka Dictionary*. Dallas: The Summer Institute of Linguistics, Inc.
- Tan, Samuel. 1973. "The Muslim Armed Struggle in the Philippines, 1900-1941." Ph.D. Dissertation, Syracuse University, New York.
- Tan, Samuel. 1982. *Selected Essays on the Filipino Muslims*. Marawi City : University Research Center, Mindanao State University.
- Tan, Samuel. 1993. *Internationalization of the Bangsamoro Struggle*. Quezon City: University of the Philippines Press.
- Tan, Samuel. 2010. *The Muslim South and Beyond*. Quezon City: University of the Philippines Press.
- The Free Dictionary. 2017. "Sheikh." Accessed May 13, 2017. <https://www.thefreedictionary.com/sheikh>.
- Tianero, Rafael OMI. 2015. Personal na Komunikasyon. Oblates of Mary Immaculate (OMI) Provincial House, Kidapawan, North Cotabato (Agosto 4).
- Tiu, Macario. 2003. *Davao 1890-1910: Conquest and Resistance in the Garden of the Gods*. Quezon City: UP Center for Integrative and Development Studies.
- Torres, Wilfredo Magno III. 2014. "Introduction." In *Rido: Clan Feuding and Conflict Management in Mindanao*, edited by Wilfredo Magno Torres III, 3-29. Quezon City: Ateneo de Manila University and The Asia Foundation.
- Ubaldo, Lars Raymund. 2003. "Dung-aw, Pasyon, at Panagbiag: Tatlong Hibla ng Pakasaritaan ti Biag ng mga Ilokano." M.A. Tesis, Unibersidad ng Pilipinas – Diliman, Lungsod Quezon.
- Wilson, Shawn. 2001. What is Indigenous Research Methodology? *Canadian Journal of Native Education*, 25 (2): 175-179.
- Wikipedia. 2016. "Immanuel." Accessed November 9, 2016. <https://en.wikipedia.org/wiki/Immanuel>.

## Mga Naratibo ng Pakikibaka sa Hacienda San Antonio at Sta. Isabel ng Ilagan, Isabela Laban sa Korporasyong Anca (1980-1983)

Joanne V. Manzano

### ABSTRAK

Noong 2016, umingay ang debate tungkol sa kabuluhan ng Batas Militar nang payagan ng pamahalaan ang paghimlay sa labi ni Ferdinand Marcos sa Libingan ng mga Bayani. Lumitaw ang mga hinaing na nalilimutan na ng kasalukuyang henerasyon ang mga aral ng pakikibaka laban sa diktadura. Sa ganitong konteksto, layon ng papel na makapag-ambag sa historikal na diskurso tungkol sa mga pangyayari sa kanayunan noong dekada 1970 hanggang 1980. Sa partikular, tatalakayin ang salaysay ng mga taga-Hacienda San Antonio at Sta. Isabel sa Ilagan, Isabela upang mailarawan kung paano nilabanan ng mga tenant ang korporasyon ni Eduardo Cojuangco na kilalang kroni ni Pangulong Marcos. Pinatampok sa papel ang tinig at alaala ng karaniwang tao upang bigyang-diin ang tagumpay ng kolektibong pagkilos para sa repormang agraryo sa kabila ng karahasan ng Batas Militar.

**Mga Susing Salita:** Batas Militar, diktadura, naratibo, San Antonio, Sta. Isabel, Ilagan, Marcos, Cojuangco

Sa gitna ng mga usapin kaugnay ng paghimlay kay Ferdinand Marcos sa Libingan ng mga Bayani noong 2016, lumabas ang mga agam-agam na nakakalimutan na ng mga kabataan ang kabuluhan ng pakikibaka laban sa diktadura. Sinasabing may pagkukulang ang akademya sa mas masusi at malalim na pagtalakay sa Batas Militar kaya nawawaglit na ito sa gunita ng kasalukuyang henerasyon. Dahil dito, mahalagang makapag-ambag sa pagpapasigla ng diskurso tungkol sa nasabing pangyayari sa kasaysayan ng Filipinas. Sinikap itong isakatuparan sa papel sa pamamagitan ng paghalaw ng mga impormasyon sa alternatibong mga batis katulad ng mga naratibo ng karaniwang mamamayan. Mahalaga ang pagwiwika ng masa sa mga indibidwal at kolektibong danas dahil nasasalamon nito ang pag-unawa sa daigdig na maaaring hindi tugma o angkop sa mga tradisyonal na anyo ng eksposisyon o pagsusuri (De Fina 2003, 17). Maituturing na pagsasakapangyarihan ang sariling paglalalahad dahil nagkakahugis ang kabuluhan ng kultura at kasaysayan mula sa haraya at interpretasyon ng mga mananalaysay. Nakapagbubunga ito ng pag-unawa sa konteksto at pagkakakilanlan gayundin ng pagbubukas ng mga posibilidad ng pagkilos. Layuning ilitaw ang nasabing mga potensiyal sa paglalangkap ng mga kuwento ng mga piling residente sa rekonstruksiyon ng kasaysayan ng Hacienda San Antonio at Sta. Isabel sa lalawigan ng Isabela. Ibabahagi ang mga naratibo ng mahabang karanasan ng mga Filipino sa ilalim ng piyudal na sistema at pakikibaka para sa pagkakamit ng sariling lupa.

## KALIGIRAN NG PAG-AARAL

### Monopolyo ng Tabako sa Lambak ng Cagayan

Ang Hacienda San Antonio at Hacienda Sta. Isabel (HSA-HSI) sa Ilagan, Isabela ay itinayo ng Compañía General de Tabacos de Filipinas o Tabacalera noong Nobyembre 11, 1881 ng kapitalistang si Antonio Lopez y Lopez (Sison 2011), Marques ng Comillas. Gayunman, bago maitatag ang nasabing kompanya, malaki na ang naging papel ng Lambak ng Cagayan sa Hilagang Luzon sa pagsusuplay ng lakas paggawa para sa pagtatanim. Kabilang ang Lambak<sup>1</sup> sa nasaklaw na lugar upang palawakin ang proyekto ni Gobernador Heneral Jose Basco Y Vargas na monopolyo ng tabako noong 1830 upang makapag-ambag ng pondo sa kolonyal na pamahalaan (De Jesus 1980, 105 at 128). Pinaniniwalaan na ang pangyayaring ito ang humugis sa kasaysayan ng lambak. Sa panghihikayat ng gobyernong Espanyol, dumami ang mga migranteng Ilokano na pinautang ng pera, pinayagang hindi magbayad ng tributo ng walong taon (De Jesus 1980, 170), at binigyan ng libreng transportasyon upang makalipat (Wernstedt at Spencer 1967, 319). Sinasabing nagsimula ang migrasyon noong kalagitnaan ng 1800 (Pelzer 1974, 153).

Hindi agad naging mabunga ang monopolyo ng tabako sa Lambak ng Cagayan at sinasabing nakaranas ng matinding paghihirap ang mga katutubo lalo na sa mga taong 1785-1797 (“Ilagan City” n.d.). Bukod dito, nakaranas ng malalakas na bagyo at baha ang lambak noong 1788 at 1789 na sinundan ng pagsalakay ng mga pesteng daga at balang (De Jesus 1980, 130). Nagresulta ito sa malawakang kagutuman. Ayon sa National Tobacco Administration ng Departamento ng Agrikultura, pinuwersa ang mga taga-Ilocos at Lambak ng Cagayan upang magtanim ng tabako kaakibat ng iba’t ibang anyo ng pang-aabuso mula sa mga administrador na Espanyol at mga tauhang katutubo. Sa tala ni Knapp sa “The Story of the Philippines” (1902), napilitan ang mga taong umayon sa patakaran dahil kukunin at ibibigay sa iba ang lupa ng mga hindi susunod. Mahigpit din ang parusa para sa mga kasamá o “colonista” na hindi kalidad ang ani katulad ng pagkumpiska at pagsunog sa pananim at pagtatanggal ng karapatang magbungkal (Jacobson 1913, 2). Bukod dito, naging biktima ang mga magsasaka ng maanomalyang klasipikasyon ng tabako. Kadalasang minamarkahang “mababa ang grado” o inaayawan ang mga ineentrega ng mga ito sa kompanya subalit ibinibenta rin naman ng mga ahente sa mas mataas na halaga (Malumbres 1918, 114).

Dahil sa pagpupuslit at ilegal na pagbebenta ng mga katutubo ng tabako at iba’t ibang suliranin sa burukrasya, nalulugi na ang monopolyo ng tabako pagsapit ng 1860 (Arcilla 1998, 232). Hindi na nababayaran ang mga magsasaka sa Lambak ng Cagayan at puro na lamang pangako ang naibibigay. Noong 1871, umabot sa 1.6 milyong piso ang utang ng pamahalaan sa mga magsasaka para sa ani ng 1869 at 1870 (De Jesus 1980, 181).

Tuluyang tinapos ang proyekto noong 1882 (Pelzer 1974, 153) subalit ipinagpatuloy ng Compañía General de Tabacos de Filipinas (Tabacalera) ang pagpapatanim ng tabako gamit ang kapital na \$2,500,000 (Jacobson 1913, 4). Dagdag pa ni Jacobson:

This concern built a large cigar and cigarette factory, named “La Flor de la Isabela,” and by virtue of circumstances was enabled to purchase the greater part of the first crop of tobacco grown without Government supervision, virtually stepping into the position formerly occupied the Government monopoly. This company acquired huge tracts of tobacco lands and populated these lands by acting as immigration agents. Other companies have since entered the field, but the above-named concern still continues to be the largest operator in the tobacco industry in the Philippine Islands. (1913, 4)

Pagsapit ng 1900, hindi ipinasara ng kolonyal na pamahalaang Amerikano ang Tabacalera bagkus ay nagkaroon ng kasunduan ang dalawa na magtutulungan sa pagpapatakbo ng kompanya

<sup>1</sup> Bahagi pa ng Cagayan ang Isabela noong panahong ito.

(Baringkuas 2010, 13). Paliwanag ni Caldez (1999), hindi naapektuhan ng Unang Digmaang Pandaigdig at bagong mananakop ang operasyon ng Tabacalera. Sa katunayan, nakapagpalawak pa ito sa mga pamilihan ng Europa, Hilagang Aprika, Indotsina, at Australya.

### Natatanging Papel ng Ilagan, Isabela sa Industriya ng Tabako

Ang mga unang nanahan sa Lambak ng Cagayan ay mga Ita, Ibanag, Gaddang, Yogad, at Kalinga (Salgado 2007, 3). Sa maagang yugto ng pagpapalaganap ng kolonyalistang Espanyol sa Hilagang Luzon, bahagi ng Cagayan ang Isabela (Malumbres 1918). Dahil sa pagnanais ng administrasyong Espanyol na maiwasan ang pagpupuslit ng mga katutubo ng tabako sa Bulacan, iminungkahi ni Don Pedro de la Peña<sup>2</sup> na magbukas ng mga kamalig sa mga lugar na malayo at madaling bantayan (De Jesus 1980, 136-137). Noong Mayo 1797, pinahintulutan ng gobyerno ang paglipat ng kultibasyon sa San Fernando de Ilagan<sup>3</sup> sa Cagayan kung saan tatlong opisyal at 44 na guwardiya ang itinalaga (De Jesus 1980, 137). Nakilala ang Lambak ng Cagayan bilang “tobacco-land belt” dahil sa pagpoprodyus ng magandang uri ng tabako (De Jesus 1980; Jacobson 1913, 4). Naging hiwalay na lalawigan ang Isabela noong Mayo 1, 1856 sa bisa ng dekreto ni Reyna Isabela II ng Espanya (Catindig 2011). Idineklara namang kapital ang bayan ng Ilagan.

Nang mapasakamay ng Tabacalera ang kontrata para sa mga plantasyon sa Hilagang Luzon noong 1881, pinili nito ang Lambak ng Cagayan na kinabibilangan ng Hacienda Sta. Isabel at Hacienda San Antonio<sup>4</sup> (Caldez 1999). Sinasabing ito ang pinakamainam na mga lugar para sa pagtatanim ng tabako. Ang Hacienda Sta. Isabel ay may lawak na 2,806 ektarya at 11,370 ektarya naman ang Hacienda San Antonio (Baringkuas 2003, 8). Sa aklat na *Compañía General de Tabacos de Filipinas: La Flor de la Isabela* na nailathala sa Madrid noong 1925, naitalang sinanay ang libo-libong setler at empleado sa sistematikong pamamaraan ng kultibasyon, pag-ani, at klasipikasyon ng tabako sa mga lalawigan ng Cagayan at Isabela (pinoykolektor 2012).

Mula sa binhi ng tabakong<sup>5</sup> itinatanim sa mga lalawigan nanggagaling ang mga nirorolong tabako ng mga pabrika ng Tabacalera sa Maynila. Tinawag itong “La Flor de la Isabela” mula sa pangalan ng probinsiya at ginawang tatak ng “pinakamainam na sigarilyo sa mundo” (Raventos 1980, 44). Dahil sa malaking kinikita ng kompanya, itinuring na katumbas ng Ilagan ang industriya ng tabako sa buong Filipinas (Wernstedt at Spencer 1974, 326).



**Larawan 1: Isa sa mga disenyo ng kaha ng La Flor de la Isabela.**

(Mula sa magasing *Business World High Life*, Mayo 26, 2014).

Isandaang taon ang kontrata ng pagpapatanim ng Tabacalera sa Isabela at inaasahang mapapasakamay ng mga magsasaka ang mga lupa sa taong 1982 (Albano 2012, B4; Baringkuas 2002, 8). Ngunit sa halip na ipamahagi sa mga tao ang mga asyenda pagkatapos ng isang siglo, binili ito ni Eduardo “Danding” Cojuangco, Jr. mula sa Tabacalera noong 1980 sa pamamagitan ng korporasyong ANCA.<sup>6</sup>

<sup>2</sup> Naatasan ni Gobernador Heneral Rafael Maria Aguilar na mag-imbesta sa mga nagpupuslit ng tabako sa Bulacan (De Jesus 1980, 136).

<sup>3</sup> Lumang pangalan ng Ilagan, batay sa kanilang patron na si San Fernando.

<sup>4</sup> Nagtayo rin ng Hacienda San Luis sa Cauayan, Isabela.

<sup>5</sup> Galing Cuba.

<sup>6</sup> Pinaikling Antonio Carag, abogado at kasosyo ni Cojuangco sa negosyo.

## Pangangalap ng mga Naratibo

Sa pag-aaral na ito, ibabahagi ang mga naratibo ng pakikibaka ng HSA-HSI upang labanan ang proyektong agrobisnes ni Cojuangco sa panahon ng Batas Militar. Sa partikular, layuning (1) maitala ang mga karanasan ng mamamayan ng HSA at HSI sa ilalim ng Tabacalera at Korporasyong ANCA; (2) mailarawan kung paano nagkaisa ang magbubukid sa dalawang asyenda upang igiit ang karapatan sa lupa na isandaang taon nang pinagpaguran ng mga magsasaka; at (3) matukoy ang mga anyo ng pakikibaka ng mga karaniwang tao sa makapangyarihang Cojuangco na malapit kay Pangulong Ferdinand Marcos.

Ginabayan ng kaisipang nakapagpapayaman at nakapagpapalitaw ng alternatibong realidad ang pag-unawa ng ordinaryong mamamayan, pangangalap ng mga salaysay ang pangunahing metodo ng pananaliksik. Masasalamain sa mga naratibo hindi lamang ang mga indibidwal na danas kundi kolektibong representasyong panlipunan at ideolohiya (De Fina 2003, 7). Sa rekonstruksiyon ng lokal na kasaysayan, mahalagang maitala ang mga “tinig mula sa ibaba” (Maceda 1990) upang higit na maunawaan ang mga pakikibaka para sa tunay na repormang agraryo. Mapupunan nito ang puwang na maaaring makaligtan sa mga teksbuk sa kasaysayan na makiling sa mga kilalang lider at sentrong lungsod (Brooks 2008, 151). Tumitingkad ang ganitong pangangailangan lalo na sa kaso ng mga magsasakang hindi marunong magsulat o hindi isinusulat ang mga karanasan at kaganapan.

Sa ganitong konteksto isinagawa ang fildwork sa mga asyenda noong huling linggo ng Mayo 2016. Pakikipagkuwentuhan ang paraang ginamit sa pagkalap ng mga impormasyon. Inihalintulad ito sa panayam subalit nagbibigay-diin sa interaksyon ng mananaliksik at mga mananalaysay sa diwa ng bahaginan kaysa interogasyon (Yanow 2014, 150). Sa pagbuo ng lokal na kasaysayan, naging mga susing impormante ang 10 residenteng mula 57 hanggang 81 taong gulang na ipinanganak na sa HSA-HSI. Sa papel na ito, nagbigay ng higit na pagpapahalaga sa interpretasyon at pagpapakahulugan ng mga residente sa mga importanteng pangyayari sa unang bahagi ng dekada 1980. Malay ang mananaliksik na produkto ng nakalipas nang tatlong dekada ang mga nakalap na mga naratibo subalit nananatili ang kabuluhan batay sa kasalukuyang pagpapahalaga ng mga nagbahagi. Sinasabing may kahinaan ang oral na batis sa isyu ng katapatan sa panahong tinatalakay dahil sa nagbabagong kalikasan ng alaala. Gayunman, kinikilalang hindi pirmihan ang pagtingin sa mga nakalipas na pangyayari dahil patuloy na nakikipagdiyalogo ang nakaraan sa kasalukuyan (Lyons 2006, 10). Kaugnay nito, matingkad ang kahilingan ng mga mananalaysay na huwag isiwalat ang tunay nilang katauhan kaya gumamit ng mga inisyal sa kabuoan ng papel. Ayon sa mga mananalaysay, may agam-agam pa rin silang baka balikan ng estado ang mga kritiko at palabán dahil “*Maditayo maibaga iti panawen.*” (Hindi natin masabi ang panahon.) Nagpapahiwatig itong hindi pa naiwawaksi sa alaala ng mga tagaasyenda ang lagim na idinulot ng pandarahas ng korporasyong ANCA ni Cojuangco sa ilalim ng Batas Militar at maaari itong manumbalik kahit anong oras. Sa kabila nito, naniniwala ang mananaliksik na malaking ambag ang mga ibinahaging naratibo upang maisiwalat ang pakikibaka ng karaniwang mamamayan bilang integral na bahagi ng lokal na kasaysayan ng Ilagan.

## HACIENDA SAN ANTONIO AT SANTA ISABEL SA ILALIM NG TABACALERA AT ANCA CORP.

### Pamumuhay sa Asyenda sa Alaala ng mga Residente

Kasama sa naratibo ng migrasyon ng mga Ilokano ang pagkakapadpad ng mga settler sa Isabela. Inilarawan ng mga mananalaysay ang kuwento ng mga ninuno nila na nagpasalin-salin hanggang sa kanilang henerasyon. Noong panahon ng kolonyalismong Espanyol nagsimulang dumayo ang mga taga-Ilokos sa asyenda ng Tabacalera. Panghihikayat ng mga rekruter na ipinadala ng kompanya, “*Mayat idiy, no adda iti kasapulan ket maited.*” (Maganda roon, matutugunan ang

mga pangangailangan.)<sup>7</sup> Ipinangako rin ang pagkakaloob ng araro, palayok, at mga pinggan. Mula Ilokos, namangka ang mga tao patungong Ilagan na sinundan ng iba pang kapamilya<sup>8</sup>. Kabilang sa mga unang naghawan ang mga ninuno ni OD na binili diumano ng mga Espanyol sa halagang 20 sentimos bawat katao upang maging tenant ng Tabacalera. Nanggaling ang mga ito sa Vintar, Ilocos Norte. Gayunman, mistulang kabaligtaran ang katotohanang naghahintay sa mga migrante sa pinatunguhang pook. Nakapaloob ang mga tenant sa erarkiya sa produksiyon na inilarawan ni Jacobson:

In the field, the chief appraiser, styled interventor, residing at the provincial capital, had a force of subordinates known, as “alumnos aforadores.” These were, in charge of districts composed of municipalities and in each municipality there was a “caudillo” (headman) who was also the “gobernadorcillo” (little governor who, by the aid of his “tenientes” (liutenants or overseers), supervised the growing of tobacco, being remunerated for this service by a percentage of the crop produced. (1913, 2)

Wala sa angkan ng mga mananalaysay ang naging tagapangasiwa ng kompanya. Sa halip, lumaki ang mga ito bilang mga kasamá at sa murang gulang ay tinulungan na ang mga magulang sa pagtanim, pag-ani, pagbibilad, pagluluto, *pagdawis*<sup>9</sup>, at pagdadala ng mga tabako sa almacén o kamalig. Ganitong buhay ang nakamulatan ni AV mula pagkabata:

*Idi dekada ‘40 tumutulongakon dagiti dadakkelko. Narigat ti biag ngamin iparitda ti agmula iti sabali. No baan met a mamulaan toy daga, iyawatda ti sabali.* (Noong dekada ‘40 tumutulong na ako sa mga magulang ko. Mahirap ang buhay dahil walang maaaring itanim kundi tabako. Kung hindi naman tatamnan itong lupa, ipabubungkal sa iba.)

Sa 70-30 hatian<sup>10</sup>, halos walang maiuwing kita ang mga magsasaka dahil sa mga gastusin at utang. Sa Tabacalera lang maaaring ibenta ang naaning tabako kaya madalas na binabarat ang presyo. Natatandaan ni OD kung paano siya nagkamalay sa malaaliping kalagayan sa kamay ng mga Espanyol at “*maru-Espanyol*” (mga Filipinong namamahala sa asyenda). Ayon sa kaniya, masipag ang kaniyang pamilya. Upang matiyak na magandang klase ang maaani, iniisa-isa nilang tanggalin ang uod sa tabako, ilalagay sa garapong may tubig, at saka itatapon sa ilog kapag patay na. Gayunman, hindi tama ang presyuhan at madalas na nanghihingi ng lagay ang mga tauhang Filipino upang sabihing “first grade” o magandang klase ang tabakong inientrega sa kanila.

Siklo naman ng pagbale at pagbabayad ng utang ang nakagisnang batang si RV dahil palaging kulang ang kinikita sa asyenda. Dahil gipit sa pagkain, naranasan nilang magluto ng dinengdeng na saba at maglaga ng gabi<sup>11</sup>. Sa hirap ng buhay, naging biruan na ihahatid ng musikero ang magsasakang kikitang limandaang piso sa kompanya (na imposibleng mangyari dahil sa pambabarat sa mga produkto). Ayon kay RV, namana lamang nila ang karanasan ng mga ninunong nalubog din sa utang. Susog ni MP:

*Avan nagbalivan ti kasasaad, kasla met laeng dagiti nagannakmi. Kasano ket Tabacalera laeng ti adda kantinana iti entero nga asyenda. Ditoy nga mangal-ala dagiti tao iti kasapulanda no awanen ti makawarkuwarta isu lallalo mailumlom ti rigat.* (Walang nagbago sa kalagayan, katulad din ng mga magulang namin. Paano, Tabacalera lang ang may tindahan sa buong asyenda. Dito bumabale ang mga tao para sa pangangailangan nila kung wala nang pera kaya lalong nababaon sa hirap.)

<sup>7</sup> Ganito ang paraan ng paghikayat ng mga Espanyol sa mga taga-Ilokos upang lumipat sa Lambak ng Cagayan. Ayon kay De Jesus (1980, 170): “Terms were [...] offered to Ilocano immigrants: free passage, cash advances, exemption from tribute for eight years.”

<sup>8</sup> Kumalat ang balita tungkol sa magandang oportunidad sa asyenda na sa sobrang yaman, nalalaglag ang mamiso mula sa poste ng mga bahay. Paliwanag ng mga nakakuwentuhan, nagsisilbi raw na aliansiya ang mga posteng kawayan ng mga kubo at nalalaglag ang mga mamiso kung punong-puno na ito ng lamang barya.

<sup>9</sup> “Pagdawis” ang Ilokanong termino para sa pagsasama-sama sa tabakong magkakapareho ang sukat at itsura sa isang tuhog para sa mas madaling klasipikasyon.

<sup>10</sup> Para sa magbubukid ang 70% subalit sagot ng mga ito ang lahat ng gastusin (Baringkuas 2002, 7).

<sup>11</sup> Sukdulan na ang kahirapan ng mga tao kung ang mga ito ang inuulam dahil sa kulturang Ilokano, hindi nilulutong dinengdeng ang saging at kung nilalaga na lang ang gabi, nangangahulugang kahit bagoong ay wala na ang mga tao. Ayon sa mga mananalaysay, naging biro na ito sa kasalukuyan subalit totoong nangyari noong wala nang makain ang mga magsasaka.

Dekada 1950 nang payagan ang mga tenant na magtanim ng palay subalit sa kondisyong magbibigay ng parte sa kompanya. Ibinahagi ng mga mananalaysay na kailangan munang magpaalam sa mga administrador upang maani ang sariling pananim. Magpapadala ng superbisor ang kompanya upang sumubaybay at tiyaking hindi “mangungupit” ang mga magsasaka. Dahil sa kakapusan, nakaisip ng iba’t ibang paraan ang mga magbubukid upang makapagtabi ng ekstra para sa pamilya. Ilan sa mga ito ang paglalagay ng mga nakataling palay sa banig upang masalo ang mahuhulog na mga butil at pasimpleng pag-alog upang mas marami ang makakalas. Paliwanag ni GG, “*Ngem masapul met laeng a tantiyaen ta malasinda nukwa no adu iti maipakiskis.*” (Kailangan ding tantiyahin dahil mahahalata nila kung maraming pinapakiskis.) Pagmamay-ari ng Tabacalera ang nag-iisang kiskisan kaya namomonitor din ng kompanya ang imbak na palay ng mga magsasaka. Posible naman ang pagtatago ng marami-rami kung ang mga kasamá mismo ang magbabayo pero dapat itong gawin kapag madilim na upang hindi makita ng mga administrador. Kung higit sa sapat ang naitabi, tinatawid nila ang ilog sa gabi upang maipagbili ang bigas sa ibang bayan na hindi sakop ng asyenda. Hinaing ni RV, “*Taktakawen mi iti bagim?*” (Ninanakaw namin ang amin)<sup>12</sup> na pareho sa sentimyento ng mas batang si LU: “*Ninanakaw namin ang pinagpaguran pero alam naming pagmamay-ari namin iyon.*” Patunay itong nagpatuloy ang lingid na anyo ng paggigiit hanggang sa mga sumunod na dekada.

Mamamalas naman ang masidhing pagkakaiba sa kalagayan sa buhay nang ihambing ang estado ng mga among Espanyol at magsasakang Filipino. Pinaniniwalaang ayaw ng mga administrador na makapag-aral ang mga batang kasamá pero may mga nagsumikap pa rin katulad ni OD upang maiba ang kapalaran sa magulang. Noong dekada 1950, pinilit niyang makapag-elementarya sa kalapit na barangay. Ibinili siya ng sapatos ng kaniyang Nanang subalit pinagtawanan siya sa paaralan. Dahil napahiya, itinago niya ang sapin sa paa at nagdahilan na lamang sa inang nawala ito. Paliwanag ni RV, “*Iparitda ti agsapatos tapno malasinda ti tenant.*” (Ipinagbabawal nila ang pagsasapatos upang matukoy kung sino ang kasamá.) Dahil naman suki ng sayawan ang binatilyong si GG, naobserbahan niya ang espesyal na turing sa mga administrador ng Tabacalera: “*Nanam-ay ti biagda. Mailasin ti pangananda no adda bodboda.*” (Mainam ang buhay nila. Nakabukod ang mesang kakainan nila kapag may mga okasyon [sayawan].) May mga pagkakataon pang hinahainan ang mga bisitang Espanyol ng lechon na hindi ginagawa sa mga kapuwa Filipino. Sa alaala ni LU noong dekada 1960, nakatira ang mga Espanyol sa malaking casa. Kapag nadadaan siya rito kasama ang mga kaibigan, sumisilip sila sa bakod upang panoorin ang kanilang Señora Melendrez na ipinapasyal ang alagang aso. Lubhang hinangaan din niya ang dalagang anak na si Señorita Mila na madalas na kumakain sa hardin ng malaking bahay. May mga pagkakataong hindi na nakakapasok sa eskuwela dahil nawiwiling panoorin ang senyoritang hainan ng masasarap na pagkain ng mga katulong na Filipino. Sa pagtanda na lamang niya napagtanto ang malaking agwat sa uri ng pamumuhay ng mga nakatira sa malaking bahay at mga tenant na yari sa kawayan at pawid ang bahay.



**Larawan 2: Casa Administracion na nagsilbing tirahan ng mga Espanyol, ngayon ay Casa de San Antonio Renewal Center ng Diocese ng Ilagan.**

(Kuha ng mananaliksik. Mayo 26, 2016).

<sup>12</sup> Mahalagang sipatin na nagpapatuloy ang ganitong paraan ng paggigiit (bagaman patago) ng mga magbubukid upang maitawid ang buhay sa araw-araw. Matatandaang ang pagpupuslit ng aning tabako ang tinukoy na isa sa mga dahilan ng pagkalugi ng monopolyo ng tabako sa gobyernong Espanyol (De Jesus 1980). Pero kung titingnan ang panig ng mga katutubo, kailangang mapasakanila ang pinagpaguran, na taliwas naman sa persepsiyon ng mga among Espanyol.

Sa maluwang na bakuran ng casa, naroon ang maraming alagang tupa at pabo. Mayroon ding mga hardinero upang panatilihin maganda ang kapaligiran ng mansiyon.

Sa simbahan madalas na nakikita ng karaniwang tao ang mga Espanyol. Nakakabayo naman ang mga ito kapag nag-iikot sa asyenda. Noong bata si LU, takot siyang nagtatago kapag dumarating ang mga Don dahil namamalo ang mga ito. Ilan sa mga natatandaan ng mga mananalaysay na namahala ay sina Señor Otero, Villanueva, at Ortega subalit hindi nila alam ang pangalan ng mga ito<sup>13</sup>. Itinuturing ding mayaman ang Tabacalera dahil mayroon itong lantsa na pinagkakargahan ng mga tabako.



**Larawan 3: Labi ng almacén malapit sa Ilog Ilagan. Dito nag-aantabay ang lantsa ng Tabacalera para sa ikakar-gang mga tabako.**

(Kuha ng mananaliksik. Mayo 26, 2016).

Nagkakaisa ang mga nakakuwentuhan na walang nagbago sa kanilang kalagayan pagsapit ng dekada 1970. Mahirap pa rin ang mga tao at kontrolado ng kompanya ang pamumuhay nila. Kakaunti ang may bubong na yero dahil kahit may pambili kung walang titulo, hindi papayagan ng Tabacalera. Wala ring koryente ang karaniwang tao bagaman mayroon ang mga pabrika, opisina, kamalig, at casa ng mga Espanyol.

### Pagpasok ng ANCA Corp. sa Hacienda San Antonio - Sta. Isabel (1980)

Nagpahayag ang Tabacalera ng intensiyong ibenta ang mga asyenda sa pamahalaan noong 1971 upang ang huli ang mamahagi ng lupa sa mga magsasaka (*Philippine Daily Express* 1982, 2). Nabuhayan ng loob ang mga kasamá dahil mapapasakanila na ang lupang binubungkal. Batid ng mga itong 100 taon ang saklaw ng kontrata ng kompanyang dayuhan na magtatapos sa taong 1982. Subalit noong 1980, sa halip na gobyerno, sina Eduardo Cojuangco, Jr. at abogado (sinasabing dummy) nitong si Antonio Carag<sup>14</sup> ang nakabili sa mga plantasyon ng tabako sa halagang P20 milyon (Baringkuas 2010, 14). Ayon sa tala ng Philippine Peasant Institute (1983), tinatayang 300,000 katao ang mapapalayas ng malaking ANCA Corp. ni Cojuangco sa Hacienda San Antonio-Sta. Isabel. Layuning patamnan ng niyog, ipil-ipil, kape, bulak, at yellow corn ang mga nabiling lupain (Ghee at Valencia 1990, 30).

Noong Mayo 24 at 30, 1980, ipinatawag ni Cojuangco sa Maynila ang namumuno sa mga komunidad sa asyenda upang himuking tanggapin ang plano ng ANCA. Ayon sa mga nakasamang sina GG, AV, at RV, pinatuloy sila sa Peninsula Hotel. Tanda nilang masasarap ang pagkain at sobrang laki ng lugar. Unang beses din nilang makakita ng kubetang may flush at hindi nila alam kung paano gamitin ito. Natatawang isinalaysay nina AV at RV: “*Idiaykami pay laeng nakakita iti kasdiy a kasilyas.*”

<sup>13</sup> Ilan sa mga naitalang administrador ni Caldez (1999) ay: “Among them were the Otero, Prieto, Garcia, Nieto, Roa and a German, Otto Weber, who headed the Alhambra in Tuguegarao. They employed Cagayanos as almacineros and compradores who formed a new social class, many of them were addressed with ‘Don’ before their names.”

<sup>14</sup> Pinagmulan ng akronim ng korporasyong ANCA.

*Madimi ammo no kasano adiy.*” (Doon lang kami nakakita ng ganoong kubeta. Hindi namin alam kung paano ginagamit ito.) Bukod dito, binigyan sila ng alak at mga babaeng nagbebenta ng aliw. Sa paniwala ni OD, sinusuhulan ang mga lider ng mga pamayanan sa asyenda upang sang-ayunan ang proyekto<sup>15</sup>. Hinimok siyang maging lokal na tagapamahala sa Hacienda Sta. Isabel. Dahil marunong mag-Ilokano ang kapitalista, sinabi ni Cojuangco sa kaniya, “*Madim kadi gayyem, nga agkaduata?*” (Ayaw mo bang maging magkasama tayo, kaibigan?) Pinili raw siya dahil lumabas sa intelligence report na siya ang “nakakakontrol” ng tao<sup>16</sup> saka ipinaliwanag ang iskema ng proyekto. Ayon dito, (1) puwedeng ipagbili ang mga lupang sinasaka sa ANCA sa halagang P2,000 kada ektarya, o (2) kalahati ay puwedeng sakahin at ang kalahati ay ibebenta. Duda ang mga tao dahil ililipat ng korporasyon at pagsasama-samahin sa iisang lugar ang lahat ng hindi naglako ng lupa. Pahayag ni RV, “*Kasano no maiapan kaniami dagiti naalas a paset? Amangan nga idiy banbantaydakami nga ipurwak. Saka kasano dagiti dagdaga a nadebelopmin?*” (Paano kung mapunta kami sa hindi magandang bahagi? Malamang sa mga bundok kami itatapon. Saka paano na ang mga bukiring napaunlad na namin?) Subalit pinagbantaan ni Cojuangco ang mga magsasaka na “lalaslasi ang leeg ng hindi sasang-ayon” (Baringkuas 2002, 9).

Dumating ang mga tauhan ng kompanya sa Hacienda San Antonio noong 1980. Kagyat nilang binuldoser ang mga kabahayan upang ipaalam na magiging lugar na ng agribisnes ang asyenda (Principe 2009). Dagdag pa, tinipon ang mga tao upang “hingin” ang kanilang pagsang-ayon sa proyekto:

*Iti tulong ti gobernador ti Isabela idi a ni Faustino Dy, inallilaw da met dagiti masa. “Maala yo ti daga basta aspirma kayo dito kontrata,” kari da. Ngem ti laon ti papeles ket panangisuko ti mannalon iti aniaman a karbengan na iti daga. Agabalim da a mangmangged-talon ken binulan nga umawat ti nababa a suweldo* (Baringkuas 2010, 14). (Sa tulong ng noo’y gobernador ng Isabela na si Faustino Dy, nilinlang ang masa. “Makukuha ninyo ang lupa basta pumirma kayo rito sa kontrata,” ang pangako nila. Subalit ang nilalaman ng papeles ay ang pagsang-ayon ng mga magsasaka sa proyekto na nangangauhulugang pagsuko ng kanilang karapatan sa lupa. Magiging manggagawang-bukid sila at tatanggap ng mababang buwanang sahod.)

Sa parehong taon, dumating si Cojuangco sa asyenda na sakay ng helikopter at inutusan ang mga kabataang magmano. Ayon kay LU: “Nagmano pa kami sa kaniya. Kaming mga bata, sinabihan kaming magmano pagbaba niya sa helikopter. Hindi ko alam na siya pala ang utak ng pagpapahirap sa amin.” Hinimok din siya ng ANCA upang magtrabaho sa korporasyon pero tinanggihan niya dahil: “Alam kong dapat ay mapasamin ang lupa sa pag-alis ng Tabacalera pero inagaw ni Cojuangco.”

Ginamit ang Barangay Self Defense Unit (BSDU) upang maging mga guwardiya ng kompanya at mga kapitan ng HSA upang takutin ang mamamayan na tutol sa agribisnes. Ang mga ito rin ang naatasang magpaliwanag sa kabilang asyendang Sta. Isabel ng tungkol sa proyekto subalit umayaw ang tao. Nang hindi makumbinsi ang mamamayan, nagpadala ng private army ang ANCA sa pangunguna ng project manager na si Ret. Gen. Tomas Diaz. Tinayuan din ng mga checkpoint ng militar ang paligid ng mga asyenda (Baringkuas 2010, 14).

### Mga Karanasan ng Mamamayan sa Ilalim ng Korporasyong ANCA (1980 - 1982)

Matindi ang pandarahas sa HSA-HSI dahil sa mga patakaran ng mga tauhan ng ANCA Corp. Ginawa nila ang iba’t ibang pamamaraan upang pilitin ang mga taong tanggapin ang proyekto. Matindi ang naging epekto ng pagbabawal sa pagtatanim sa mga bukid, pagsunog at pagwasak ng kabahayan, pandarahas, panghaharas, pagnanakaw, pagtortur, at pagpatay. Ayon sa websayt ng Bantayog ng mga Bayani (2015):

<sup>15</sup> Hindi siya pumayag sa alok na panandaliang aliw kahit paulit-ulit na may kumakatok sa kaniyang silid. Para sa kaniya, isa itong patibong.

<sup>16</sup> Napili si OD na mamuno sa barangay sa ilalim ng Batas Militar. Ayon sa kaniya, mala-Duterte ang estilo niya—mahigpit at episyente. Dahil walang eleksiyon, mas angkop daw na ilarawan siyang “figurehead.”

Marcos himself sent soldiers to the province to harass the farmers and force them to surrender to Cojuangco’s schemes. For many months, armed soldiers and private guards terrorized the villagers in the two haciendas, arresting and beating up farmer leaders, burning villagers’ houses, and generally sowing fear among the people. *All too concretely, martial law made itself felt in Isabela* (aking diin).

Lumaganap ang pagsira at panununog ng mga tauhan ng ANCA sa mga *kalapaw* (maliit na kubo) na tirahan ng mga magsasaka at pahingahan sa bukid. Binuwag ng mga guwardiya ang mga bahay sa Cabisera 3 at 4 ng Hacienda San Antonio sa pamamagitan ng chainsaw at isinakay sa trak ang mga materyales ng nagibang mga bahay upang mapilitan ang mga residenteng umalis (Baringkuas 2010, 14). Isa si JF sa mga naging biktima nito: “*Pinuoranda diay kalapanmi ket nairaman pay dagiti bagasmi a para iti mano a bulan.*” (Sinunog nila ang kubo namin kasama ang ilang sakong bigas na pangkain namin ng ilang buwan.)

Bukod dito, ipinagbawal din ang pagsasaka dahil hindi raw nila pagmamay-ari ang lupa. Simula noong huling bahagi ng 1980 hanggang unang bahagi ng 1982, nagutom ang mga tao dahil walang makain. Noong una, kinukumpiska ang araro at kalabaw ng mga magsasaka. Pahayag ni AB, ibabalik lamang ang mga ito kung tutubusin ng manok, pato, o aso. Nang lumaon, hinaharang na ng mga armadong bantay ang mga papunta pa lamang sa bukid. Kapag natiyempuhan, kukunin ang báong kanin at ulam ng mga tao at hindi na isasauli.

Marami ang tinortur na mga magbubukid dahil ipinagpatuloy ang pagbubungkal ng lupa. Nabalitaan ni MP ang tungkol sa mga pinilit painumin hanggang hindi na makahinga ang mga biktima. Kaya ang ginawa ng mga tagaasyenda, nag-araro sila sa gabi, lalo na kung maliwanag ang buwan. Hindi maaaring magdala ng ilaw dahil makikita sila ng mga guwardiya. Ayon kay GV, “*Inan-anusanmi uray nakarigigat iti agararo a nasipngat. Maulaw ti tao, uray nuang maulaw!*” (Tiniis naming mag-araro sa dilim kahit mahirap. Nakakahilo, kahit kalabaw nahihilo!)” Masaklap naman ang nangyari sa anak ni AV: “*Adiy barok, binirokmi ti kinabigatan ta madi a nagawid. Nakitami diay bagina idiy talon, awanen a sibibiag. Nakagalot pay diay nuangna idiy abayna.*” (Yung binata ko, hinanap namin kinabukasan dahil hindi umuwi. Natagpuan namin ang bangkay niya sa bukid. Nakatali pa yung kalabaw niya sa tabi niya.) Ang hinala nila, nag-araro ang 17 gulang na binatilyo kahit gabi at hindi kinaya ng katawan.

Tumampok din sa mga naratibo ang nangyari sa asawa ni DM ng Hacienda San Antonio noong 1980. Ginahasa ito ng limang company guard habang pinilit siyang panoorin ito. Sa mga sumunod na araw, nagkunwari siyang patay-malisya sa nangyari. Dahil dito, pinaunlad pa ng mga guwardiya ang paanyaya niyang inuman. Nang malasing na ang mga bisita, pinugutan ni DM ang mga guwardiya gamit ang itak. Pagkatapos ay sumapi sa mga NPA.

Isa naman sa mga tinortur na lider magsasaka si RH nang lumahok ito sa Alyansa Dagiti Mannalon ti Asyenda Sta. Isabel - San Antonio<sup>17</sup> (AMASISA) noong 1980. Panay-panay ang naranasan niyang pandarahas nang matukoy na aktibong miyembro ng samahan na nagsusulong na maangkin ng mga magbubukid ang mga lupain. Kuwento ng asawang si MH, pitong buwang buntis siya noong unang dalhin ng mga guwardiya si RH sa tanggapan ng ANCA: “*Sinurotko ni lakayko idiy opisina. Ay naawananak ti puot idi nangekko isuna nga agas-asog iti panangparigatda kaniana.*” (Sinundan ko ang asawa ko sa opisina. Nawalan ako ng ulirat nang marinig ko ang ungol niya habang pinahirapan.) Nang magkamalay, nalaman niyang ibinitin ang asawa nang patiwari at inilagay ang ulo sa bowl. Sa kabila nito, hindi natinag si RH sa pakikipaglaban kaya halos buwan-buwan kung kunin ng mga tauhan ng kompanya sa gabi upang “paamining NPA.” Sinalvage naman ang ibang lider-magbubukid sa Ballacong, Cabisera 3 at 22 sa Hacienda San Antonio na tumututol sa proyekto (Baringkuas 2010, 14).

<sup>17</sup> Alyansa ng mga Magsasaka sa Asyenda Sta. Isabel - San Antonio.

Hayagang tinutulan ni Obispo Miguel Purugganan<sup>18</sup> ng diocese ng Ilagan ang Batas Militar. Nilabanan niya ang mga represibong programa ng rehimeng Marcos sa pagsuporta sa mahihirap sa Isabela na mapaunlad at maipagtanggol ang sarili (bantayog.org 2015). Sinimulan niya ang Community-Based Health and Development Program (CBHDP) na laging tinitiktikan ng mga militar dahil prente raw ito ng akitibidad ng mga komunista (Albano 2012, B4). Gayunman, hindi natakot si Obispo Purugganan at marami ang narekrut at sinanay na manggagawang pangkalusugan sa mga komunidad.

Kasama sa mga health worker sina EG, VS, at MH. Noong 1981, palagi raw silang hinahabol ng mga guwardiya upang pigilang makarating sa mga pagsasanay. Kahit kasama ang mga madreng sina Sis. Eva at Sis. Janet, inaakusahan pa rin silang “doktor ng mga NPA.” Dahil dito, natutuhan nilang isekreto ang paglakad upang makompleto ang mga kurso at pagsasanay. Ininalaysay ng noon ay anim na taong si TG ang karanasan kasama ang nanay:

*Ay apo, malagipko no mapankami ni Nanang idiyay sentro. Idiyaykami kakawkawayanan a magna tapno sumalpot idiyay karayan. Adda pay idi nagnagnakami pa-Tumanini ti rabii tapno laeng makadanon idiyay diocese ti kabigatanna. No ditoy met ti lektyur, isirsirami dagiti tawa tapno madi malasin nga adda agad-adal. (Ay apo, naaalala ko pa na sa tuwing pupunta kami ni nanay sa sentro, sa kawayanan kami nagdadaan upang marating ang ilog. May pagkakataon pang gabi kami dumaan sa Tumanini [kabilang bayan] upang makahabol sa [treyning sa] opisina ng diocese kinabukasan. Kapag naman dito [sa asyenda] ginaganap ang lektyur, nagsasara kami ng mga bintana para hindi mahalatang may mga nag-aaral.*

Sa pagtatapos ng proyekto ng CBHDP, nagdaos ng programa sa Sta. Isabel na dinaluhan ng mga taong-simbahan at mga doktor na galing pa sa Maynila. Habang naglalakad patungo sa graduation, hinarang ng mga armadong tauhan ng ANCA si MH at kinuha ang mga dalang pagkain na ihahanda sana sa pagtitipon. Sa takot naman ni EG, hindi na siya tumuloy.

Nang maging ganap na health worker ang tatlo, pinupuntahan naman ng mga guwardiya ang kanilang bahay upang kumpiskahin ang mga heringilya at mga gamot na ibinigay ng simbahan. Ayon kay MH, “*Sinerrek dagiti guwardiya iti balaymi ket pinuwersada nga innala idiyay aparador dagiti gamitko!*” (Pinasok ng mga guwardiya ang bahay namin at puwersahan nilang kinuha ang mga gamit ko!) Upang hindi mangyari ang ganito, pinagtaguan naman ni EG ang mga tauhan ng ANCA.

Kung naiwasan ng ilang manggagawang pangkalusugan ang mga guwardiya, hindi naman ito magawa ni LU na nakapagtayo ng sari-sari store. Naging tambayan ng mga ito ang tindahan dahil sa palaging pag-inom ng alak. Utang din nang utang ang mga ito kaya nang lumaon, hindi na pinagbibigyan. Dahil dito, pinagbantaan ang mga may-ari at halos gabi-gabi silang “*inuubor*” (binabato ang bubong). Ayon naman kay OD, nambubugbog ang mga ito ng mga nakukursunadahan lalo na kapag lasing. Pinapaputok ang mga baril at nanghahamon ng mga residente at “*Butbutingen ken kulatngenda pay dagiti madi nga umannugot kaniada.*” (Tinatakot at kinukulata ang mga hindi sumusunod sa kanila.)

Dahil sa pandarahas ng mga armado, natortyur din ang isipan ng mamamayan. Kumalat ang balitang basta na lang mananaksak ang mga ito mula sa mga siwang ng sahig ng kubo kaya halos hindi madampi ang likod ng mga residente sa banig. Sa halos tatlong taon, hindi sila nakakapagpahinga nang maayos. Dagdag ni EG:

*Nasapakami a mangrabrabii tapno agintuturogkami lattan no umay dagiti guwardiya. Agbalay-balayda nga agpapirma iti papeles nga uman-annugotkami nga paserreken iti ANCA. Ra-biida nga umay ta ti bigat, bambantayanda dagiti mapan iti talon ta iparitda. (Maaga kaming naghahapunan upang makapagkunwaring tulog na sa panahong darating ang mga guwardiya. Nagbabahay-bahay sila upang magpapirma ng dokumento ng*

pagsang-ayon sa pagpasok ng ANCA. Sa gabi nila ito ginagawa dahil tuwing umaga, binabantayan nila ang mga magtatangkang pumunta sa bukid upang pagbawalan ang mga ito.)

Kahit armado, walang nagpapatuloy o kumakausap sa mga ito. Sa katunayan, nawasak ang pinto ni RV nang puwersahang buksan gamit ang armalayt. Disyembre 1982 naman noong pigilan ni RR ang amang lumabas nang tawagin ng mga guwardiya. Nang hindi mahintay, binaril ang bahay at tinamaan ang palamuting “Merry Christmas.” Napilitan nang tumigil sa pag-aaral ang mga bata dahil sa mapanganib na sitwasyon sa mga asyenda (Baringkuas 2010, 14). Ayon kay MP, ginawa ito ng mga tauhan ni Cojuangco, “*tapno pukawenda iti nammama*” (upang patayin ang pag-asa).

Mula 1980 hanggang 1982, paulit-ulit na dinahas ang mga kapitan ng Hacienda Sta. Isabel at San Antonio. Binubugbog ang mga opisyal at pinaulanan ng bala ang bahay ng mga ito kaya napuwersang lisanin ang mga barangay. Nakakabalik lang sila kapag gabi dahil inililihim ng mga tao ang kanilang presensiya.

## PAGKAMULAT AT PAKIKIBAKA NG MAMAMAYAN (1980-1983)

Ganito inilarawan ng “Baringkuas: Rebolusyonaryo A Diyaryo Ti Umili Iti Cagayan Valley” (2002, 9) ang pakikibaka ng Hacienda San Antonio at Sta. Isabel:

*Iti uneg ti tallo a tawen (1980 - 1983), intrusuatda ti kadakekelan a tignayan ti masa laban iti panagagum. Adu kadakenada ti rinanggasan dagiti Company Guards ken 21<sup>st</sup> IB ti Philippine Constabulary. Nasurok-kumurang tallo pulo ti nagbuis. (Sa loob ng tatlong taon [1980 – 1983], idinaos nila ang pinakamalaking pagkilos ng masa laban sa pangangamkam. Marami sa kanila ang dinahas ng mga Company Guard at 21<sup>st</sup> IB ng Philippine Constabulary. Humigit-kumulang tatlumpo ang nagbuwis ng buhay.)*

Sa salaysay ng mga nakakuwentuhan, batid nilang dapat ay mapapasakamay nila ang binubungkal pag-alis ng Tabacalera. Inaasahan na nila ito sa kalagitnaan ng dekada 1970. Ang masa isip ng mga tao noon, kanila ang mga lupain. Hatid ng isandaang taong alaala ng paghihirap sa ilalim ng kompanyang Espanyol, pinanghawakan ng mga taga-Hacienda San Antonio at Sta. Isabel ang pangakong mapapasakanila ang pinagpagurang bukirin. Sa iskema ng ANCA Corp. na habatiin ang lupa, ipinahayag ni AB na, “*No atoy lang gudwana iti bagi ti tao baan a makaumanay.*” (Kung kalahati lang ang sasakahin ng mga tao hindi magkakasya.) Batid ni JF na sa pagdating ni Cojuangco, malaking laban ang haharapin ng mga magsasaka.

Gayundin, walang hihigit sa personal at kolektibong pagdanas ng kalupitan sa kamay ng mga BSDU na guwardiya ng ANCA at mga sundalo. Napagtanto nilang walang mapapala sa gobyerno dahil kroni ni Marcos si Cojuangco at maski ang meyor at gobernador ay pinipilit silang pumailalim sa agribisnes. Nang itanong kung bakit hindi sila nagsumbong sa mga kinaukulan noong dinarahas na sila ng korporasyon, pare-pareho ang kanilang sagot na magkakasapakat naman ang ANCA, gobyerno, at mga militar. Ipinaliwanag diumano ng meyor noon na si Atty. Manuel T. Binag na para sa kapakanan ng mga tao ang proyekto kaya mas makabubuting sumang-ayon na lang. Inakusahan naman ni Gob. Faustino Dy na miyembro ng NPA ang mga tumututol sa proyekto. Dahil sa mga checkpoint ng militar sa mga daan patungo at palabas ng mga asyenda, madaling matukoy kung sino ang magsusumbong. Dahil mistulang walang ibang aasahan, humigpit ang pagkakaisa ng mga tagaasyenda. Ipinahayag ni AB na “*No aniaman ti mapasamak nga aramiden ti Cojuangco, addakami latta a sisasagana.*” (Kung anuman ang gawin ni Cojuangco, lagi kaming nakahanda.)

## Iba't Ibang Anyo ng Paggigiit

Sa gitna ng panganib, mabisang nakatuklas ang mga mamamayan ng iba't ibang anyo ng

<sup>18</sup> Isa siya sa tinaguriang “Magnificent Seven” ng Catholic Bishops Conference of the Philippines (CBCP) na tumutol sa Batas Militar (bantayog.org 2015).

paggigiit. Mula sa simpleng paglakad sa gabi hanggang pagdaan sa mga alternatibong ruta upang makatakas sa pagsubaybay ng mga ahente ng asyenda. Dahil ipinagbawal ang pagbubungkal ng lupa, gumawa ng mekanismo ang mga magsasaka upang makapagtrabaho nang hindi nahuhuli ng mga guwardiya. Sa pamamagitan ng “pasa-bilis,” kada 100 metro ang pagpapaabot ng mensahe kapag may paparating na mga bantay sa mga bukirin. Kapag natanggap ang balita, agad na itatago ang mga kalabaw sa masusukal na lugar at ilulubog sa ilog ang mga araro. Sa kasamaang-palad, nang makita ng mga guwardiya ang mga papatubong binhi, inararo nila ang mga ito at lalong naghigpit sa mga residente.

Kahit naman paulanan ng bala at gibain ang mga bahay, hindi rin pumirma ng pagsang-ayon ang mamamayan sa proyekto. Bagaman mahirap, naranasan nilang maghapunang kahit maliwanag pa upang sarado na ang mga bahay kapag darating ang mga guwardiya. Pinanatiling pinid ang pinto kahit gaano kalakas ang katok ng mga tauhan ng ANCA. Hindi rin iilang beses na hinarangan at pinagbantaan ang mga geodetic engineer na magsusukat sa lugar upang mapigilan ang pagsarbey. Nagdaos din ng simbolikong protesta, nagsuot ng “*panes*” (itim na pin na isinusuot kapag may patay) ang lahat ng tagaasyenda kasama pati mga bata (Baringkuas 2010, 14). Ayon kay LU: “*Kasla madimi a malasatan dagidiay a pasamak. Ngem uray no nakarigrigat, madimi a pinanunot nga ilako dagiti dagami iti korporasyon wenno pumanaw ditoy asyenda.*” (Mistulang hindi namin malalampasan ang mga pangyayari noon. Subalit kahit sobrang mahirap, hindi namin inisip na magbenta ng lupa sa korporasyon o umalis sa asyenda.)

### Ang Kababaihan ng Asyenda

Pawang mga lider-magsasaka ang asawa nina LU, EG, MP, at MH. Bagaman takot para sa kaligtasan ng mga mister, sinuportahan nila ang mga ito. Ikinuwento ni LU kung gaano katapang ang kabiyak, “Hindi ako takot mamatay kaya hindi ako takot sa inyo” ang isinasagot sa mga tauhan ng ANCA na nananakot tuwing tinatanggihang bumale sa tindahan. Matindi ang agam-agam niya dahil maliliit pa noon ang mga anak subalit nanatili siyang katuwang sa laban. Dumating naman ang panahong pinayuhan ni MH na huwag na munang umuwi ng bahay ang asawa upang hindi na makita ng mga company guard. Subalit ang sagot sa kaniya, “Kahit nasaan naman ako kung gusto nila akong patayin, wala akong magagawa. Ipinaglalaban ko lang ang karapatan ng mga magsasaka.” Ganito rin ang nangyari kina EG at MP na hindi napigilan ang mga mister na lumahok sa “*dangadang*” (pakikibaka).

Natatandaan naman ng batang si TG nang pasukin ng mahigit 10 armado ang bahay nila habang kasama ang inang nagpapahinga sa butaka sa salas. Tatlong mahahabang baril ang itinutok sa community health worker at pinapalabas ang sphygmomanometer at mga gamit sa acupuncture sa nakakandadong baul. Bumilib siya sa nanay nang hindi ito natinag at sinagot ang mga guwardiya ng, “*Uray patayendak, madik nga ited. Makatulong dagiti tao dagidiay.*” (Kahit patayin ninyo ako, hindi ko ibibigay. Makakatulong sa mga tao ang mga iyon.) Nang makitang hindi kayang takutin ang ginang, “*bigla a nagawanda*” (bigla silang nawala [umalis]).

Lumahok ang mga misis kasama ang marami pang kababaihan sa mga pag-aaral tungkol sa mga suliraning panlipunan at mga rali laban sa proyekto. Lumaganap din ang ginawa ng mga aktibistang babae ng Hacienda San Antonio kung saan hinabol nila ng itak ang tauhan ng ANCA (Baringkuas 2010, 14).

### Pagsapi sa New People’s Army (1980 - 1983)

Malakas ang New People’s Army sa lugar noong dekada 1980. Nakakausap ng mga rebelde ang ilan sa mga kamag-anak at kakilala ng mga nakapanayam. Sumusuporta ang mga tagaasyenda sa NPA dahil “ipinagtatanggol nila ang mamamayan sa armadong goons at mga sundalo.” Kabilang

sa ipinaliwanag ng mga rebelde sa mga tao ang pagkakaroon ng karapatan sa pinagpagurang lupain at “kasama nila ang mga ito sa kanilang laban upang ariin ang malawak na kabukiran.” Sa kabilang banda, binalaan naman ng mga rebelde ang mga opisyal ng baryo na bumaligtad at sumuporta sa ANCA. Nagdaos ang mga ito ng mga aksiyong militar laban sa mga bayarang tauhang kasapi ng Community Home Defense Forces (CHDF) na nandarahas at nanggigipit sa masa (Baringkuas 2010, 14).

### Alyansa Dagiti Mannalon ti Asyenda Sta. Isabel - San Antonio (AMASISA) at Diocese ng Ilagan (1980 - 1983)

Nagkaisa ang mamamayan ng dalawang asyenda sa pamamagitan ng AMASISA (Alyansa ng mga Magsasaka ng Asyenda sa Sta. Isabel at San Antonio) na nabuo noong 1980 upang tutulan ang proyekto ni Cojuangco. Sa pamamagitan nito, nagdaos ng regular na pulong ang mga lider upang pagplanuhan ang mga aktibidad laban sa ANCA. Dahil alam nilang dadahasin sila ng mga guwardiya at militar, lihim ang mga miting nila (Baringkuas 2010, 14). Kabilang sa mga panawagan ng AMASISA ang “*Iwaras ti daga dagiti agsukasukay.*” (Ipamahagi ang lupa sa mga nagbubungkal.)

Isinalaysay ni GG na sa pamamagitan ng *timpuog* (pagkakaisa) at mga petisyon ipinaglaban nila ang kanilang karapatan sa lupa. Nakasaad sa manipesto ng mga magsasaka na:

*Nagbiag ken nagubra kami iti narigat la unay a kasasaad nga intinnag ti TABACALERA. Ngem ni kaanom, saan mi a ninamama a maaguman kami iti daga, makissayan ti sukayen mi, mapatakayas iti pagindegan, wenno mapabakwit iti sabali a lugar. Daytoy ti kaipapanan ti transaksyon ni Danding Cojuangco* (Baringkuas 2002, 9). (Nabuhay at nagtarabaho kami sa ilalim ng lubhang mahirap na kalagayan sa ilalim ng TABACALERA. Subalit kailanman, hindi namin inaasahang maagawan ng lupa, mabawasan ang sinasaka, mapalayas sa tirahan, o magbakwit sa ibang lugar. Ito ang kahihinatnan ng proyekto ni Danding Cojuangco.)

Naging magkatuwang ang AMASISA at simbahan sa pagpapalaganap ng mga pangyayari sa HSA-HSI sa iba’t ibang sektor. Malaki ang ambag ni Obispo Miguel Purugganan upang mabigyan ng suporta ang dinarahas na mga magsasaka ng asyenda. Sa pamamagitan ng programang Basic Christian Communities—Community Organizing (BCC-CO), tinuruan ang mga tao kung paano ipaglaban ang kagalingan at tutulan ang Batas Militar (Albano 2012, B4). Bukod dito, “The BCC-CO encouraged communities to make the regime accountable for its excesses, and often led in demanding a stop to the militarization in the countryside” (bantayog.org 2015). Natatandaan pa ng mga mananalaysay ang paliwanag ng mga relihiyoso: “Sa inyo ang mga lupa kaya hindi ninyo kailangang bayaran. Binungkal at pinagyaman ito ng mga ninuno ninyo.” Ayon kay EG, isa ito sa mga dahilan “*isu madidakami a napapanaw uray mabutbutengkami.*” (kaya hindi kami napaalis kahit natatakot kami.)

Tinanggap ni Obispo Purugganan bilang staff sa BCC-CO ang mga organisador na tinutugis at binansagang kaaway ng diktadurang Marcos (philippinerevolution.net 2011). Pinupuntahan niya mismo ang mga kulungan at kampo ng militar upang komprontahin ang mga sundalo tuwing may hinuhuling manggagawa ng diocese (Albano 2012, B4). Dahil dito, tinagurian siyang “subersibong obispo” ni Pangulong Marcos (Doyo 2012). Ayon kay MP, “*Ti napigsa a nangtulong ket dagiti papadi ken mamadre.*” (Malaki ang naitulong ng mga pari at madre.)

### Mga Rali ng 1980, 1981, at 1982

Lahat ng mananalaysay ay lumahok sa mga rali na idinaos upang iparating sa mga kinauukulan ang hirap na dinaranas ng mga tagaasyenda. Sa unang rali noong 1980, tagumpay ang mga tumawid ng ilog at naglakad upang marating ang tanggapan ng gobernador sa sentrong bayan ng Ilagan. Sa taya ni OD, libong tao ang dumalo na umabot sa walong kilometro ang haba. Subalit



nang hinarap sila ni Gob. Dy, inakusahan silang mga NPA dahil may sumuportang galing sa ibang mga barangay sa labas ng asyenda. Subalit hindi nagpasindak ang mga nagprotesta at nasundan agad ito ng paglabas ng mga tao upang muling magrali sa kapitolyo. Pero pagdating sa barangay Malalam, hinarang sila ng bumbero at mga pulis. Ayon kay FB, “*Maymaysa ti kapununotan dagiti tattao. Nangrugi ditoy Sta. Isabel nagnagnada inggana idiay Malalam. Ngem natunogan ni Gobernador Dy isu nagpatulod iti bumbero ken pulis.*” (Isa ang kaisipan ng mga tao. Nagsimula sila dito sa Sta. Isabel at naglakad hanggang Malalam. Pero natunogan ni Gobernador Dy kaya nagpadala ng bumbero at mga pulis.)



**Larawan 4: Ilog sa Malalam.**

(Mula sa bidyong “Rukkuas” ng Northern Perspective, 2002). Inc. 2007]

Naikuwento ni EG na kasama niya sina LU at MH sa harapan ng hanay ng mga raliyista. Dahil lubhang maalinsangan ang panahon, inakala niyang parang paliliguan lamang sila ng bumbero. Natatawa niyang isinalaysay na tumalsik lahat ng nasa unahan sa buga ng tubig at umuwing basang-basa.

GINANAP MULI ANG RALI NA SINUPORTAHAN NG IBANG BAYAN SA LABAS NG ILAGAN NOONG 1981, BISPERAS NG ELEKSIYON (Baringkuas 2010, 15). Pinuno nila ang pangunahing mga lansangan sa sentro ng Ilagan at nagmartsa patungong kapitolyo. Binoykot nila ang pambansang halalan bilang protesta (Garcia 2004). Rumurok ang kampanya laban sa ANCA noong 1982. Tinatayang 30,000 katao ang nagrali mula sa mga asyenda na tinawid ang Ilog sa kalagitnaan ng gabi upang makarating sa tanggapan ng gobernador kinabukasan (Principe 2009).



**Larawan 5: Kabilang sa mga nagraling magsasaka ng HSA-HSI noong 1982.**

(Mula sa bidyong “Rukkuas” ng Northern Perspective, 2002).

### Fact Finding Mission (Disyembre 1981)

Nagtulungan ang AMASISA at Diocese ng Ilagan upang maipalaganap ang isyu ng mga asyenda sa iba’t ibang sektor sa Filipinas at sa ibang bansa. Noong 1981, pinuntahan ng

mga taong simbahan, mga estudyante, at mga alagad ng midya ang HSA at HSI. Nagawa nilang makapaggit kahit hinarangan ng mga militar at guwardiya ang daan: “One day in December 1981, Bishop Purugganan led over 50 priests, nuns and members of the media to pay the haciendas a visit, evading fully armed soldiers and private guards who sought to keep visitors out” (bantayog.org 2015). Bumilib si GG sa tapang ng mga estudyanteng galing Maynila: “*Nagpipigsa ti nakemda. No ibararada dagiti guwardiya ket itutokda met dagiti kamerada tapno maalaanda ti litrato dagiti armado.*” (Malalakas ang loob nila. Kung hinaharas sila ng mga guwardiya, itinututok ang kamera sa mga ito upang makuhanan ng litrato ang mga armado.) Natatandaan din ng mga taga-HSI na naglunsad ng simposyum sa kanilang lugar upang tutulan ang proyekto ng ANCA. Malaking tulong ang pagdating ng internasyonal na midya upang idokumento ang nagaganap sa mga asyenda. Sa pagkakatanda ni OD, “*Malagipko pay a ditoy balaymi ti nagianan ni Elizabeth Bocalet, reporter ti Asiaweek. Nawaywaya ti panagtignayda ta madida a Pilipino.*” (Naaalala ko pang dito sa bahay tumuloy si Elizabeth Bocalet, reporter ng *Asiaweek*. Mas malaya silang nakakakilos dahil hindi sila Pilipino.)

### Pagtungo sa Malacañang (Marso 1982)

Noong Marso 1982, mahigit sa 500 katao ang naglakbay patungong Maynila sakay ng mga bus na Pantranco upang ipahayag ang mga hinaing kay Pangulong Ferdinand Marcos. Isa sa mga kinatawan ng grupo si OD. Ayon sa kaniya, pagdating sa Camachile, sinalubong sila ni Provincial Commander Oscar Florendo kasama ang ilang tauhan ng Presidential Security Group upang dalhin sa bahay ni Gobernador Dy sa Greenhills. Doon, ininterbyu siya ni Joe Taruc ng DZRH subalit hindi siya nakapagpaliwanag nang maayos dahil ang gobernador ang sumasagot para sa kaniya. Naghanda rin ang politiko ng talumpati na babasahin ni OD sa harap ni Pangulong Marcos. Pagdating sa Malacañang, hindi niya ito binasa bagkus ay ipinahayag ang hinaing ng mga magbubukid ng asyenda sa sariling pananalita. Pinagbigyan ang kahilingan ng mga magsasaka na nagpalakpakan nang ipahayag ng pangulo sa Ilokano: “*Ti dawaty, itedko. Ma-land reform ti ayanyo.*” (Ibibigay ko ang kahilingan ninyo. Sasaklawin ng land reform ang inyong lugar.) Pinaniniwalaang nakapagpasiya na ang Presidenteng iatras ang proyekto bago pa dumating ang mga tagaasyenda dahil sa presyur at kritik na natatanggap mula sa loob at labas ng bansa (Baringkuas 2010, 15).

Ipinahayag naman ni FB na “*Diay umap-apoy nga pungtot ti mannalon, sinuyatan ni Presidente Marcos iti danum a nalammis.*” (Binuhusan ng malamig na tubig ni Presidente Marcos ang nag-aapoy na poot ng mga magsasaka.) Ayon sa kaniya, panlililang ang nasabing “reporma sa lupa” sa ilalim ng E.O. 778 dahil binili ng gobyerno sa ANCA ang mga asyenda sa halagang P100 milyon. Samakatwid, kumita si Cojuangco ng P80 milyon dahil nabili lamang nito ang mga asyenda sa halagang 20 milyon (Baringkuas 2010, 14). Sa kalaunan, ang mga magsasaka rin ang magbabayad nito sa pamamagitan ng amortisasyon ng Landbank<sup>19</sup>.

### Suspensiyon ng Misa de Gallo (Disyembre 1982)

Kahit pormal nang nagdaos ng seremonya ang Ministry of Agrarian Reform noong Hunyo 1982 para ipaalam sa publiko na aalis na ang ANCA Corp. sa mga asyenda (*Philippine Daily Express* 1982), nanatili pa rin ang mga tauhan ng kompanya. Nagpatuloy ang paglabag sa karapatang pantao at hindi naganap ang ipinangakong pamamahagi ng lupain sa mga magsasaka. Bilang protesta, hindi nagdaos ng misa de gallo ang lahat ng parokya sa Isabela noong bisperas ng Disyembre 24, 1982 sa pangunguna ni Obispo Purugganan (Albano 2012, B4). Ayon kay EG: “*Nagwaras a balita iti entero a probinsiya nga awan ti midnight mass kas protesta ni Bishop iti Martial Law.*” (Kumalat ang balita sa buong lalawigan na walang midnight mass bilang protesta ni Bishop sa Martial Law.) Dahil sa kahalagahan ng okasyon sa mga Filipino, naikintal sa alaala ng mga mga mamamayan ang nasabing aksiyon ng diocese.

<sup>19</sup> Sinisingil pa rin ang mga residente ng HSA-HSI hanggang sa kasalukuyan.

## Tuluyang Pag-alis ng Anca Corp. (1983)

Taong 1983 nang tuluyan nang umalis ang ANCA Corp. mula sa Hacienda San Antonio at Sta. Isabel. Ayon kay GG, “*Kasla madimi nga malasatan diay napasasamak idi.*” (Parang hindi namin malalampasan ang mga paghihirap noon.) Subalit sa pagtatagumpay ng malawakang pagkilos ng mamamayan, napaatras nila ang makapangyarihang si Danding Cojuangco. Sa tulong ng iba’t ibang sektor sa loob at labas ng bansa, nagkaroon ng lakas ng loob ang karaniwang mga magsasaka na ipaglaban ang kanilang karapatan. Malaki rin ang naging ambag ng simbahan, AMASISA, at NPA sa laban ng mga asyenda. Dahil sa obhetibong kalagayan, mas naunawaan ng mga magbubukid kung gaano kahirap ang walang karapatan sa pinagpagurang lupa at kung gaano kahalaga ang pagkakaisa. Sa huli, ang masa ang naging mapagpasiya sa tagumpay ng pagkilos sa gitna ng iba’t ibang uri ng pandarahas ng kroni ng pangulo sa bansang nasa ilalim ng Batas Militar. Ayon kay AV, “*Immasenso iti asyenda idi nawayawayaan dagiti tao.*” (Umunlad ang asyenda nang lumaya ang mga tao.)

## PAGTATAPOS

Bilang metodo ng saliksik, pangunahing ibinibigay ng pagkalap ng mga naratibo ang kapangyarihan sa mananalaysay upang ibahagi ang kuwento ng nakaraan, hindi lamang ayon sa pagkakatanda kundi ayon sa pagkakaunawa. Mabisa ang mga salaysay sa pagsasawika ng mga saloobin, danas, at potensiyal ng mga karaniwang tao na naisasantabi sa tradisyonal at dominanteng kasaysayan. Sa mga pagbabahagi ng mga taga-San Antonio at Sta. Isabel, nagkahugis ang politikal na pagkamulat, pagbuo ng mga organisasyon, at pagsulong ng mga kampanya ng mga tenant upang mabago ang kalagayang kinapapalooban. Umaasang sa pamamagitan ng pagsisiwalat sa kamalayan at karanasan ng mga magsasakang tumindig sa panahon ng diktadura, maipatitimo sa mga mambabasa ang bisa ng sama-samang pagkilos sa gitna ng matinding panggigipit.

Makapangyarihan ang bidyong prinodyus ng Campaign Against the Return of the Marcoses to Malacanang (Carmma) at dinirek ni Bonifacio Ilagan noong 2016. Dito, nagtagpo ang mga biktima ng Batas Militar at mga kabataang unti-unti nang nalilimot ang mga aral ng pakikibaka laban sa diktadura. Sa emosyonal na pagbabahagi ng mga nakatatanda, naihatid ang mga danas ng karahasan sa ilalim ng administrasyong Ferdinand Marcos. Naging mabisa ang mga naratibo dahil nanggaling ang mga ito sa mismong mga aktor ng panahong tinatalakay. Sinikap ng papel na ito na mag-ambag sa diskurso ng Batas Militar mula sa tinig ng mga karaniwang tao. Hindi inililingid ang pagkiling ng saliksik sa ordinaryong mamamayan at paglikha ng kasaysayan mula sa sarili nilang paglalarawan. Sa pamamagitan nito, umaasang hindi mababaon sa limot ang mga aral ng nakaraan bagkus ay makapagdudulot ng higit pang pagpapahalaga sa demokrasya at kalayaan.

## SANGGUNIAN

- ABS-CBN News. 2016. “When millennials meet Martial Law victims.” *abs-cbn.com*. Inakses Nobyembre 16, 2017. <http://news.abs-cbn.com/nation/05/04/16/watch-when-millennials-meet-martial-law-victims>.
- Albano, Francisco R. 2012. “Bishop Purugganan, a channel of righteousness and peace.” *CBCP Monitor* (B4).
- Arcilla, Jose S., ed. 1998. *Kasaysayan: The Story of the Filipino People*. Vol. 3. Mandaluyong: Asia Publishing, Inc.
- Bantayog ng mga Bayani. n.d. “Purugganan, Miguel Gatan.” *Martyrs and Heroes*. Inakses Mayo 28, 2015. <http://www.bantayog.org/?p=611>.
- “Beyond tobacco.” 2004. *The Manila Times*. Abril 15.
- Brooks, Pamela. 2008. *How to Research Local History*. Oxford: Howtobooks.
- Communist Party of the Philippines. 2011. “Bishop Purugganan Tagapaglingkod ng Sambayanan.” *PhilippineRevolution.net*. Inakses Mayo 28, 2016. [http://www.philippinerevolution.net/publications/ang\\_bayan/20110721/bishop-purugganan-tagapaglingkod-ng-sambayanan](http://www.philippinerevolution.net/publications/ang_bayan/20110721/bishop-purugganan-tagapaglingkod-ng-sambayanan).
- Caldez, Estanislao. 1999. “Goodbye Cagayan tobacco?” *Inquirer*, Enero 12. [http://www.travelsmart.net/ph/inquirer/issues/jan99/jan12/features/fea\\_4.htm](http://www.travelsmart.net/ph/inquirer/issues/jan99/jan12/features/fea_4.htm).
- Catholic Bishop Conference of the Philippines. n.d. “Diocese of Ilagan.” *cbconline.net*. Inakses Mayo 21, 2016. <http://www.cbconline.net/jurisdictions/ilagan.html>.
- Catindig, Raymund. 2011. “Isabela observes 155th year.” *Philippine Star*, Mayo 1. <http://www.philstar.com/nation/680982/isabela-observes-155th-year>.
- De Fina, Anna. 2013. *Identity in Narrative: A Study of Immigrant Discourse*. Amsterdam/ Philadelphia: John Benjamins Company.
- De Jesus, Ed C. 1980. *The Tobacco Monopoly in the Philippines: Bureaucratic Enterprise and Social Change, 1766-1880*. QC: Ateneo De Manila Press.
- Del Monte, Pola Esguerra. 2014. “Rising from the ashes: The legacy of a Filipino cigar brand. La Flor de la Isabela.” *Business World*, Mayo 26. <http://bwhighlife.tumblr.com/post/86876098476/cigar-wrappers-of-la-flor-de-la-isabela-the-most>.
- Department of Tourism Cagayan Valley Region. “Ilagan City.” *dotregion2.com*. Inakses Mayo 21, 2016. <http://www.dotregion2.com.ph/welcome/ilagan-city/>.
- Doyo, Ma. Ceres P. 2012. “Bulacan martyrs lead honorees.” *Inquirer*, Nobyembre 29. <http://lifestyle.inquirer.net/78301/bulacan-martyrs-lead-honorees>.
- Garcia, Arturo P. 2004. “The Isabelinos’ Struggle Against Warlordism and Political Dynasty.” *Bulatlat*, Hunyo 12-19. <http://bulatlat.com/news/4-19/4-19-warlordism.html>.
- Jacobson, H. O. 1913. *Tobacco in the Philippines*. Philippines: Bureau of Printing.
- Knapp, Adeline. 1902. *The Story of the Philippines*. New York: Silver, Burdett.
- “Land turned over to farmers.” 1982. *Philippine Daily Express*, Hulyo 3.

- Lim, Teck Ghee at Mark J. Valencia. 1990. *Conflict Over Natural Resources in South-East Asia and the Pacific*. Tokyo: United Nations University Press.
- Lyons, Barry J. 2006. *Remembering the Hacienda: Religion, Authority, and Social Change in Highland Ecuador*. Texas: University of Texas Press.
- Maceda, Teresita. 1996. *Mga Tinig Mula sa Ibaba: Kasaysayan ng Partido Komunista ng Pilipinas at Partido Sosyalista ng Pilipinas*. QC: UP Press at UP Center for Integrative and Development Studies.
- Malumbres, Julian. 1918. *Historia De La Isabela*. Manila: Colegio de Sto. Tomas.
- “Nasurok maysa a siglo a pannakidangadang: Hacienda San Antonio ken Sta. Isabel.” 2003. *Baringkuas: Rebolusyonaryo a Dyaryo ti Umili iti Cagayan Valley*, Hunyo 10.
- National Tobacco Administration. n.d. “Tobacco History.” *nta.da.gov.ph*. Inakses Nobyembre 16, 2017. [http://www.nta.da.gov.ph/about\\_tobacco.html](http://www.nta.da.gov.ph/about_tobacco.html).
- Northern Perspective. 2002. “Rukkuas: Ang Paglaban sa Pangangamkam ng Lupa sa Lambak ng Cagayan.” *Bidyo Dokumentaryo*. Pilipinas.
- Pelzer, Karl J. 1974. “The Spanish tobacco monopoly in the Philippines, 1782-1883 and the Dutch forced cultivation system in Indonesia, 1834-1870.” *Archipel* 8 (1): 147-153.
- Philippines Best Cigars. n.d. “La Flor Dela Isabela.” *philippinebestcigars.com*. Inakses Mayo 22, 2016. <http://www.philippinesbestcigars.com/lafldelais.html>.
- Pinoy Kolektor. 2012. “La Flor De La Isabela Cigars and Cigarettes.” Inakses Nobyembre 16, 2017. <http://pinoykolektor.blogspot.com/2012/04/la-flor-de-la-isabela-cigars-and.html>.
- Principe, Elizabeth. 2009. “Kaso ng Hacienda San Antonio - Sta. Isabel: Patunay na kontra-magsasaka ang CARP.” Inakses Mayo 24, 2016. <https://barangayrp.wordpress.com/2009/02/04/larga-vista-kaso-ng-hacienda-san-antonio-sta-isabel-patunay-na-kontra-magsasaka-ang-carp/>.
- Province of Isabela. n.d. “Province Brief History” *provinceofisabela.com*. Inakses Nobyembre 15, 2017. <http://provinceofisabela.ph/index.php/general-info/history-culture>.
- Raventos, Emili. 1980. *Compañia General de Tabacos de Filipinas*. Barcelona: Compañia General de Tabacos de Filipinas.
- Salgado, Pedro V. 2007. *The Church of Isabela*. Isabela: Our Lady of the Pillar College-Cauayan.
- Sison, Norman. 2011. “Tabacalera 130 years cigars and Philippine history.” *Philippine Star*, Disyembre 5. <http://www.philstar.com/business-usual/754678/tabacalera-130-years-cigars-and-philippine-history>.
- “Ti panaglaban dagiti mannalon iti Hacienda San Antonio-Sta. Isabel.” 2010. *Baringkuas: Rebolusyonaryo a Dyaryo ti Umili iti Cagayan Valley*, Hulyo-Setyembre.
- “Ti pannakidangadang ti umili iti Hacienda San Antonio-Sta. Isabel.” 2002. *Baringkuas: Rebolusyonaryo a Dyaryo ti Umili iti Cagayan Valley*, Abril-Hunyo.
- Wersntedt, Frederick L. at Joseph Earle Spencer. 1967. *The Philippine Island World*. Berkeley: University of California Press.
- Yanow, Dvora at Peregrine Schwartz-Shea, mga ed. 2014. *Interpretation and Method: Empirical Research Methods and the Interpretive Turn*. New York: M.E. Sharpe, Inc.

## Ang Bawat Panayam ay Paaralan ng Pagkatuto: Ang Peministang Paghabi ng Kasaysayan ng Kababaihan ng Tundo

Nancy Kimuell-Gabriel

### ABSTRAK

Ito ay papel tungkol sa metodolohiya ng pananaliksik sa hanay ng maralitang kababaihan. Ibinabahagi ng papel na ito ang mga natutuhan sa gawaing panlarangan (fieldwork) kaugnay ng pagsasakasaysayan ng personal at kolektibong buhay at mga punyagi ng kababaihang maralita ng Tundo mula 1946-2008. Nag-aambag ito sa diskurso ng peminismo at peministang paraan ng pananaliksik. Maaaring pag-igiban ng aral ang pananaliksik na ito ng sinumang nais magsagawa ng fieldwork sa hanay ng maralitang kababaihan. Tinatalakay dito ang prinsipyo ng pagsasakapangyarihan at peminismo bilang gabay sa pagsasagawa ng pananaliksik; ang kasaysayang pasalita bilang metodo ng pananaliksik; at ang mga natamong aral sa gawaing panlarangan.

**Mga Susing Salita:** feminist methodology, kasaysayang pasalita, fieldwork, kababaihan, kasaysayan, maralitang tagalunsod, urban poor, peminismo, kapangyarihan, peministang pananaliksik, Tundo, Tondo Women

### PANIMULA

“Open-air historiography” o *fieldwork* ang tawag ng mga historyador sa paraang ito ng pananaliksik. Hindi pumupunta sa arkibo o aklatan ang historyador kundi nagsasagawa ng mga panayam sa larangan. Ang mga panayam ay importanteng batis pangkasaysayan lalo na’t buhay pa ang mga kalahok sa pangyayari. Subalit higit pa sa pagiging batis pangkasaysayan, ang bawat panayam ay paaralan ng pagkatuto. Mapagpalaya at humuhutok ng pagkatao.

Tungkol sa kababaihan ng Tundo mula 1946 hanggang kasalukuyan ang paksa ng aking pananaliksik. Pero tungkol din ito sa kasaysayan ng pook. Nais kong ihabi ang danas ng kababaihan sa kasaysayan ng pook sa layong makaambag sa pambansang kasaysayan. Kaya ang pag-aaral ay naging hugpungan (conjuncture) ng kasaysayang pampook, kasaysayang panlipunan, at araling pangkababaihan (Kimuell-Gabriel 2012).

Sa ganitong mga layunin ako nagsimula: isalaysay ang buhay, kalagayan, mga saloobin, at pakikibaka para sa kalayaan at ginhawa, katarungan at pagkatao ng kababaihan ng Tundo mula 1946-2008; at suriin ang pagsasakapangyarihang (empowerment) naabot nila hanggang sa kasalukuyan. Sa partikular, nais kong 1) ilarawan ang kasaysayan at pang-araw-araw na buhay ng kababaihan ng Tundo mula 1946-2008 sa konteksto ng kasaysayan ng pook; 2) isalaysay ang kanilang pakikisangkot sa kilusan para sa pagbabago at pagpapabuti ng kalagayan at pagkakamit ng ginhawa at kalayaan,

katarungan, at pagkatao; at 3) talakayin ang mga isyu't suliraning kasalukuyang bumabagabag sa maralitang kababaihan ng Tundo at ipakita ang mga hamong kanilang hinaharap.

Ang interes sa proyektong ito ay nanggagaling sa hamon para sa mga historyador na itanghal ang karanasan ng kababaihan sa kasaysayan dahil palagi silang nawawalan ng boses at representasyon sa mga salaysay. Kailangan ding buoin at muling isulat ang pambansang kasaysayan na sumasalamin sa pinakamalawak at pinakamalalim na karanasan ng mamamayan at lumihis sa tradisyonal na katangian nitong nakatuon lamang sa iilang pamilya o personahe at kung gayo'y elitista at nag-eetsapuwera lalo na sa karanasan ng karaniwang tao. Dinudutdot dito ang pang-araw-araw na buhay ng mga tao. Nagbibigay-pansin ito sa kasaysayan ng ordinaryong mamamayan na laging nasasagilid at nawawalan ng mukha at tinig. Ito rin ang tanghalan ng multi-disiplinaryong pagsasalaysay na hindi na lamang nakasalig palagi sa nakasulat na dokumento kundi sa lahat ng uri ng ebidensiya, nakasulat man, pasalita, o kahit sa pamamagitan ng mga naipong kagamitan.

Ang pag-aaral na ito ay tugon sa hamong inilatag ng iba't ibang disiplina sa dantaon 20. Sinuma ni Carolyn Sobritchea ang tungkulin ng Araling Kababaihan sa huling bahagi ng dekada 1990. Aniya, napakarami pang dapat gawin:

... malalim na nakabaon sa mga sistema ang patriyarka at ang araw-araw na daloy ng subordinasyon ng mga babae na nagreprodyus ng kahirapan. Halos kalahati ang naghihikahos. Mga babae ang higit na pinahihirapan habang sila ang naging pangunahing tagapaghanapbuhay at solong magulang. Malaki ang bilang ng walang hanapbuhay, salat sa pagkain, marami ang lumalabas ng bansa at dumarami ang kaso ng karahasan. Ang katawan ng babae ang naging pangunahing pook ng patriyarkal na kontrol. (malayang salin; 1999, 195)

Kinakailangan aniyang ilahok sa mga pag-aaral sa kababaihan ang maraming anyo ng kanilang paglaban sa iba't ibang panahon at pook, at ng iba't ibang uring panlipunan. Kailangan din aniyang sensitibo ito sa indibidwal at kolektibong estratehiya ng paglaban.

Sinabi rin niyang ang mga pang-araw-araw na gawi ng tao kaugnay ng institusyon ng pag-aasawa, panganganak, pagpapamilya, kamag-anakan, at komunidad, sa iba't ibang paraan ay may kinalaman sa pagpapatuloy ng kawalan ng pagkakapantay-pantay ng kasarian. Sentral sa pinagtatalunan ngayon ang pag-angkin, paggamit, at pagpapagamit ng katawan at paggawa ng kababaihan, sa ngalan ng layuning itaguyod ang mapayapang pamumuhay at kakayahang makabuhay ng mga panlipunang estruktura. Para gawing lehitimo at katanggap-tanggap ang mga gawing iyon at palakasin ang kunwang pagiging makatotohanan ng kanilang posisyon, pinagtitibay lalo ang ideolohiya ng domestisidad at ang biyolohikong ugat ng "kahinaan" ng babae (197).

Ang kababaihan, ani Sobritchea, ay napapailalim sa kapangyarihan ng lalaki kahit na hinahamon nila at itinutulak ang hangganan ng kontrol. Sa pamamagitan ng mapanlikhang pamamaraan ng negosasyon at pagbibigay ng bagong kahulugan sa mga relasyon, naipapaglaban din nila ang kanilang interes at kahit pansamantala, nakakalikha sila ng espasyo ng kalayaan at pagsasarili. Ang pinakamalaking hamon ngayon sa mga peministang iskolar, ani Sobritchea ay ang maunawaan, maidokumento, at maitaas sa antas ng teorya ang kambal na proseso ng pagpapailalim at paglaban, pakikisabwat, at pagpapahina (198).

## ANG KONSEPTO NG PAGESASAKAPANGYARIHAN AT PEMINISMO

Ang *kapangyarihan* ay tumutukoy sa kakayahan at lakas ng kababaihang gumanap ng papel ayon sa hinihingi ng kinapapaloobang personal, panlipunan, at historikal na konteksto. Tumutukoy ito sa kakayahang *sundin ang sariling saloobin*, makapagpasiya at kumilos ayon sa layunin o inaadhika. Mahalagang kondisyon sa kapangyarihan ang *kabuoan ng loob* para makapagpasiya at kumilos. Gayundin, ang *pagkakaisa ng maraming kalooban* para maging malakas na puwersa itong tagatulak ng pagbabago.

Ilan sa mga peministang iskolar ang naghain ng ganitong pagpapakahulugan sa kapangyarihan:

Power... usually implies control over material assets, knowledge, beliefs, values and behavior which determine the course of life and living in both the private and public spheres. Power, as used in the old way, was usually concentrated in the rich, the white-skinned, and the male. They were the ones who controlled the levers of decision-making, and imposed their will through domination, coercion, exploitation and violence. Power as newly understood by women and other vulnerable groups, could mean something else. It could mean enabling – the power to do, and the power to be. It need not mean “power over” the weak, but instead could mean “power with” other people in solidarity and cooperation, and “power within” each individual galvanized by a just cause and a generous spirit. (Pineda-Ofreneo 2005, 312)

Makikita sa pagpapakahulugang ito na mahalagang elemento ng kapangyarihan ang kontrol gayundin ang materyal na batayan ng kapangyarihan. Walang kapangyarihan kung walang kabuhayan. Ipinapakita rin sa ganitong depinisyon ang kontrol sa kaalaman, pinaniniwalaan, halagahan, at gawi na nagtatakda ng buhay at pamumuhay sa pribado at pampublikong espasyo. Ayon sa may-akda, dati-rati ang kapangyarihan o may kontrol sa pagpapasiya sa lahat ng bahagdan ng lipunan ay nasa mayayaman, puti, at kalalakihan. Sila ang nagdodomina sa lipunan, nagsasamantala, at nandarahas. Ang kapangyarihan ngayon, ayon sa pagkaunawa ng kababaihan at iba pang inaaaping sektor ay iba pa –maaaring ang kakayahang gumawa o maging. Hindi rin ito kapangyarihang sumasaklaw sa mahihina kundi maaari ring mangahulugang kapangyarihang kaisa ng ibang mamamayan at kapangyarihang mula sa loob na iniluwal ng makatarungang adhika at malinis na kalooban.

Kung gayon, masusukat ang lakas ng isang babae sa pagkabuo ng kaniyang loob at pagkakaroon ng kakayahang magpasiya nang at para sa sarili; kumilos at tumugon sa mga suliraning bumabagabag sa sarili at kinapapaloobang komunidad; makisangkot sa mga kilusang magpapabuti ng kaniyang kalagayan at sa proseso'y maging mahalagang puwersa silang nagtutulak ng pagbabago at nagpapasulong ng kasaysayan. Ang pagkakaroon at paggamit nila ng kapangyarihan ang maaaring magbigay sa kanila ng pagbabago sa materyal at di-materyal na kalagayan.

Ipinakita ng kasaysayan na malakas at makapangyarihan ang mga babaeng Filipino, bilang tagabigay ng ginhawa ng katawan at kaluluwa, bilang mga babaylan sa sinaunang pamayanang Filipino. Isang kalakasang taglay ng diwa ng bawat babae na gumawa na paraan, magbanat ng buto, mag-alay ng talino, umangkop at makibagay sa lahat ng sitwasyon, buoin ang loob sa pakikibaka at pakikisangkot. Ang kapangyarihang ito ng mga babae ay nakaugat sa sariling kasaysayan at kalinangan mula sa panahon ng mga babaylan hanggang sa pakikipagtuwang nila sa kalalakihan sa mga pag-aalsa at himagsikan para ipagtanggol ang kalayaan at kasarinlan ng bayan (Mananzan 2003; Mangahas at Llaguno 2006).

Ang likas na kapangyarihang ito ng mga Filipina ang pilit pinahina at inagaw, sa madugo at dramatikong paraan ng kumbersiyon, ng mga prayleng Espanyol hanggang mapagtagumpayan nilang hulmahin ang mga bagong henerasyon ng Filipinang naluto sa ideolohiya ng *domestisidad*. "Inilugar" ng relihiyon ang mga babae sa loob ng tahanan at "itinaas sa pedestal" ayon sa imahen ni Birheng Maria – kailangang dalisay at madasalin, tahimik, butihing asawa, masunuring "maybahay," ilaw ng tahanan, at mapagsakripisyong ina. Nang pumasok sa bansa ang sistema ng sahurang paggawa, naging mas mahirap ang kalagayan ng maralitang kababaihan na pinahihirapan ng kawalang katiyakan sa hanapbuhay o pana-panahong trabaho, mababang pasahod, at kasalatan sa pamumuhay. At pinahihirapan pa rin sila sa loob ng tahanan dahil sila pa rin ang gumagampan ng mga domestikong tungkuling pinagsasaluhan sana ng babae't lalaki bilang kapuwa magulang (Taguiwalo 2007). Ang suliranin ng double burden o dobleng pasanin ay iniinda ng lahat ng kababaihang manggagawa pati mga nasa sektor impormal nang hindi halos namamalayan na ito'y suliranin dahil sa tumanim na sa kamalayan na ang tungkulin sa tahanan ay pambabae talaga. Makabuluhang pansinin dito ang

posisyon ni Eviota (1992) na habang nagbabago ang kalagayang pangkabuhayan at pangkamalayan, nagbabago din ang regulasyon at kontrol sa seksuwalidad. Paliwanag ni Eviota:

As the economy shifted from self-sustenance to wage earning and the market, the meaning of sexuality shifted as well; from a situation where women's sexual behavior was not a cause of concern, to one where it became tied to a specific male-dominated Christian view of sexuality and was the subject of extensive regulation by the community and by men. A double standard of sexuality emerged in the process; women's sexual behavior became circumscribed as ideologies of chastity, legitimate paternity and separate spheres came together to define more forcefully a proper place and proper behavior for women. (169)

Kasamang sumuot sa kamalayan ng mga tao ang ideolohiya ng double standard na magbibigay-katwiran sa pambababae ng lalaki, pag-iwas ng babae na makitungo sa lalaki, pagkukulong sa loob ng tahanan hanggang sa pagbibigay ng mga bagong kahulugan sa pananamit, pagsasalita, at pagkilos – dapat hindi malaswa. Babae lang ang tinatawag na puta samantalang lalaki lang ang gumagamit nito. Makati, mahilig, talipandas, at pokpok ang babaeng interesado sa seks samantalang macho, astig, matulis, at makisig ang lalaking maraming kerida.

Ang kasalatan sa pamumuhay kasabay ng makapangyarihang talab ng mga ideolohiyang ito – relihiyoso, domestisidad, double standard—ang nagiging batayan din ng pag-iral ng karahasan sa loob ng tahanan at kung bakit higit na pinipili ng maralitang kababaihang manatili sa loob ng pagsasama kahit napakamapang-api na ng relasyon sa loob ng tahanan. Umaasa ang kababaihan sa kita ng asawa, samantalang ibayong itinutulak ng kanilang kamalayan na magtiis dahil kailangan talagang magpailalim ang babae sa kaniyang asawa. At dahil malakas sa kababaihan ang ideolohiya ng mapagsakripisyon ng ina, walang mura at panghihiya, suntok, sipa, tadyak, at kahit saksak pa nga ang hindi kayang tanggapin, alang-alang sa kabutihan at kinabukasan ng mga anak.

Kaya masasang-ayunan ang sinabi ni Eviota, na magkakaroon lamang ng pagbabago sa kalagayan ng kababaihan kung mababago ang sitwasyon ng kabuhayan ng kababaihan at katayuan nito sa lipunan kompara sa kalalakhian. Ayon sa awtor:

Changes in economic and political structures can be both reformist and transformative and are directed simultaneously at the material condition of women and their position relative to men. An ideology of sex and gender, a family-household system, and the sexual division of labour are systematically embedded in capitalist relations. Thus, one cannot see how these elements can be extracted from the relations of production and the reproduction of capitalism without a profound transformation taking place of these very relations. (1992, 172)

Sa puntong ito, mahalagang tukuyin muli ang pinanggagalingan ng kawalan ng kapangyarihan ng kababaihan: pangunahin ang kahirapan o pang-ekonomiyang kasalatan dulot ng mga patakarang pang-ekonomiyang nagpanatili sa mababang pasahod, at kawalan ng hanapbuhay o regular na hanapbuhay, kawalan ng ari-arian, at kawalan ng akses sa mga serbisyong panlipunan. Subalit hindi lang ang kahirapan ang batis ng kawalang kapangyarihan. Pinalalala ito ng kaniyang mababang katayuan relatibo sa kalalakhian at ang suliraning ito ay may anyo ng dobleng pasanin (double burden, at mas angkop na raw tawagin ngayong multiple burden), double standard at pagpapailalim sa kalalakhian na sa pangkalahatan ay dili iba't ang ideolohiya at kultura ng patriyarka. Dito nakasuso ang problema ng karahasan sa loob ng tahanan, kawalan ng tiwala sa sarili, at kawalan ng loob na magpasiya para sa sarili na kalimita'y tumutuloy sa kawalang karapatang magpasiya para sa sariling katawan at reproduktibong kalusugan. Kasamang humihina ang awtoridad at karapatang magpasiya sa loob ng pamilya, ang pagiging sunod-sunuran sa asawa, at kalaunan, ang pagtanggap at pagpapasa sa mga anak ng mga katulad na problema: pagkakahon o stereotyping sa babae at pagpapalaking yumayakap na rin sa kulturang patriyarkal.

Ang *pagsasakapangyarihan*, kung gayon, ay tumutukoy sa lahat ng pagpupunyagi ng kababaihan na mapabuti ang kanilang kalagayan hanggang ganap na makalaya sa mapagsamantala at mapang-aping relasyon at estruktura sa loob ng pamilya at lipunan. Isa itong proseso ng pagpapalakas ng sarili at kaisa ng iba pang kababaihan dulot ng kamalayang may suliraning nagpapahirap sa kanila at ng layuning kumilos para malutas ang mga ito. Nakapaloob sa prosesong ito ang pagkakamulat sa kanilang kalagayan, pagkabuo ng kaniyang loob, makapagpasiya nang at para sa sarili, pagsasatinig ng mga saloobin, pagkakamit ng mga kagyat na pangkagalingang pakinabang, pakikisangkot, at pagkilos para sa pagbabago ng kanilang kalagayan, pagkakaroon ng tinig sa mga proseso ng pagpapasiya hanggang sa aktibong paglaban sa lahat ng anyo ng dominasyon at pagsasamantala, sa seksismo, diskriminasyon, at sa kabuoang pagbabagong estruktural sa lipunan. Ayon kay Pineda-Ofreneo:

Empowerment can thus be understood as a process of gaining and redistributing power. There has to be a wholistic, integrated and comprehensive approach, a process of many components which can meet both the practical everyday needs and the longer-term strategic interests of women in low-income communities. The process of empowerment involves awareness-raising, confidence-and-capability-building, facilitating access to and control over resources, increasing participation in decision-making in all spheres of life – family, workplace, community and even the nation at large. (2005, 312)

Ang batis ng kapangyarihan ay ang pagkakaroon ng hanapbuhay, suweldong nakasasapat sa pangangailangan, lupa, tirahan, at akses sa serbisyong panlipunan. Gayundin ang kakayahang makapagpasiya para sa sarili at ayon sa sariling kalooban; pagkakaroon ng tinig sa loob ng pamilya at pagpapasiya sa pamilya; karapatang magpasiya para sa sariling katawan lalo na sa pagpapalano ng pamilya; paglaya sa solong paggampan ng mga gawaing-bahay na nangangahulugan ng pagtuwang ng kalalakhian sa domestikong responsabilidad; sa pagtatamo ng edukasyon at mga pagsasanay, kontrol sa at karapatang umugit ng sariling kinabukasan; makisalamuha at makisangkot sa komunidad at lipunan, at gumanap ng aktibong papel sa pagbabago at pagpapabuti ng kanilang kalagayan at kung kinakailangan, sa pagwasak ng mga mapagsamantala at mapang-aping estrukturang nagpapahirap sa kanila.

Kinikilala sa pananaliksik na ito na iba-iba ang pananaw, interes, pamamaraan, at danas ng kababaihan sa pagkakamit ng pangkabuhayang katatagan, katarungang panlipunan, at kalayaan ng kanilang pagkatao. Subalit kailangang salunguhitan ang *pag-oorganisa* sa kababaihan bilang susing elemento sa pagsasakapangyarihan. Ayon kay Pineda-Ofreneo (2005), ang pagbubuklod-buklod ay makapagpapalakas sa kababaihan para paginhawain ang kanilang buhay – kamtin ang mahusay na kondisyon sa paggawa at proteksiyon ng batas; paunlarin ang kasanayan; magkaroon ng trabaho, puhunan, at tulong teknikal; magkaroon ng akses sa panlipunang serbisyo tulad ng ospital, koryente, tubig, at kubeta; at magkamit ng lupa at pabahay. Sa loob ng proseso ng pag-oorganisa nabubuo rin ng kababaihan ang kaniyang loob at napatitibay ang paninindigan sa kaniyang pakikipg-ugnayan sa iba't ibang lalaki – sa kaniyang asawa, employer, may-ari ng lupa, lider sa komunidad, opisyal ng pamahalaan, at iba pa.

Ang pagsabak sa mga pambansang usapin at paglahok sa mga kilusang panlipunan ay hindi maiiwasan. Dagdag niya, kailangan nilang palawakin ang kanilang daigdig lampas pa ng kanilang mga tahanan at komunidad upang malaman ang mga nagaganap sa bansa at sa buong mundo, at maiugnay nila ang mga realidad nila sa mas malaking realidad ng lipunan. Kung hindi, maaaring hindi sila makapagtaguyod ng mga patakarang at programa para sa mahihirap. Posibleng hindi sila makapagtiit ng karapatan para sa mga rekursong makapag-aahon sa kanila mula sa kahirapan (Pineda-Ofreneo, 2005).

Samantala, ayon kay Eviota (1992), kung hahangarin ang pagkakapantay-pantay ng babae at lalaki, at kung nais ng lipunang maging produktibo at mapanlikha ang bawat lalaki at babae, kailangan aniya ng pundamental na pagbabago sa praxis ng tao, at sa oryentasyon ng ekonomiya

at politika ng lipunan. Aniya, ang subordinasyon ng mga babae at dominasyon ng mga lalaki ay nagaganap kapuwa sa antas indibidwal at kolektibo. Isa itong relasyong pangkapangyarihan na kapuwa personal at kolektibong nararanasan. Kaya kailangan ding magnilay at kumilos para baguhin ang mga personal na relasyon, linangin ang bagong oryentasyon sa pamilya, edukasyon, relihiyon, midya, ekonomiya, at politika. Para tiyakin ang pantay na relasyon ng mga kasarian, nangangahulugan ito ng pagpawi ng pinakahayag na anyo ng dominasyon at subordinasyon – ang paghahating seksuwal sa paggawa (pambahay ang babae, sa labas ng bahay ang mga lalaki: opisina, pabrika, o kahit kalye; pagtatalaga ng mga trabahong panlalaki at pambabae (occupational segregation); higit na mabigat na pasanin ng kababaihan (double burden); mas mababang kita at kawalan ng akses sa rekurso; diskriminasyong sosyal at politikal; pagkontrol at pagkakait ng karapatang reproduktibo at ekspresyon ng seksuwalidad; at sistemang legal na nagpapanatili ng mas mababang katayuan ng mga babae sa lipunan. Aniya, hayaang linangin ng mga babae ang papel na malaya nilang pinili.

Batay sa mga nabanggit, ang pagsasakapangyarihan ay kapuwa proseso at resulta, na hindi lamang makikinabang ang kababaihan kundi magiging ahente din sila para baguhin ang lipunan. Kapuwa rin may materyal at di-materyal na aspekto ang pagsasakapangyarihan.

Para sa materyal na aspekto, ang pang-ekonomiya at pampolitikang solusyon sa kahirapan, kasalatan, pagsasamantala, at kaapihan ang magbibigay ng katatagan sa buhay ng kababaihan at magbibigay-daan sa mas malaya at mapanlikhang pamumuhay. Tumutukoy ito sa pagkakaroon ng akses sa kabuhayan – trabaho, benepisyong, proyekto, suportang teknikal, ari-arian—hanggang sa pakikibaka para mawakasan ang mga pang-ekonomiya at pampolitikang estrukturang paulit-ulit na lumilikha ng kahirapan sa lipunan.

Ang di-materyal na aspekto, ang pakikipagtunggali sa patriyarkal na ideolohiya at kultura -- oryentasyon, pananaw, paniniwala, asal, at gawi—na nakasagad na sa buto ng lahat ng kababaihan ay isang napakahirap na larangang paglalabanan subalit susing maituturing para sa pagbuo ng loob ng kababaihan at makagpasiya sila para sa sarili. Sa ganito ay sila na mismo ang tatangi sa lahat ng diskriminasyon at pagsasamantala, hindi tulad ngayon na kusang isinasabuhay, binibigyang-katwiran, at ipinagtatangol pa ng kababaihan ang mga mapaminsalang kontra-babaeng kaisipan na nagpapanatili sa patriyarka. Sila na mismo ang tatapos sa pananahimik at pagkakawatak-watak para makipagkaisa sa mas malawak na bilang ng kababaihan. Ang pagbabagong-loob nila ang magtutulak sa kanilang kumilos at lumahok sa mga kilusan sa pagbabago tulad ng ipinakita na sa kasaysayan (Nolasco 1987, Maranan 1987, Angeles 1989, Claudio 1990-91, Taguiwalo 1992, Eviota 1992, Torres 1995, Camagay 1995, De Dios 1996, Mananzan 1998, De Lima 1998, Sobritchea 1999, Guerrero 1999, Pineda-Ofreneo 2005, Taguiwalo 2007).

## Peminismo sa Pananaw ng mga Peministang Filipino

*Magkaugnay ang pagsasakapangyarihan at peminismo.* Ang pinakasimple at pinakamalawak na tinatanggap na depinisyon ng peminismo sa Timog Asya ay: ang kamulatan sa pang-aapi at pagsasamantala sa lipunan at trabaho, sa loob ng pamilya, at ang malay na pagkilos ng babae't lalaki para baguhin ang kanilang kalagayan (Basin at Khan 1986). Kay Bell Hooks (1984), na mula naman sa perspektibang *black feminism*, ito ay ang pakikibaka para wakasan ang seksistang pang-aapi. Samantalang kay Alison Jaggar (1983), mula sa perspektibang sosyalistang peminista sa Estados Unidos, ang peminismo ay pagwawakas ng patriyarka o dominasyon ng kalalakihan sa kababaihan o pagpapailalim at subordinasyon o pagiging sunod-sunuran ng kababaihan sa kalalakihan. Sa Filipinas at sa mga katulad na bansang nasa ikatlong daigdig, nahulma ang categoryang *third world feminism* para ipakita ang partikularidad ng pakikibaka ng mga babae dito: na ang sangkababaihan ay naaapi ng tatlong ulit—una, pambansa, dahil sa kolonyal at neo-kolonyal na karanasan ng bansa pangunahin mula sa Estados Unidos; ikalawa, makauri, bilang mga manggagawa at magsasaka at iba pang pinagsasamantalahan batay sa posisyon sa produksiyon; at ikatlo, nakabatay sa kasarian. Itong

huli ay tungkol sa pagpapailalim ng babae sa lalaki at lahat ng kaapihan at karahasang nakukuha niya sa relasyon at pamilya. Dahil dito, ang peminismo sa esensiya ay pakikibaka laban sa lahat ng mapang-aping estruktura sa kababaihan. Para ito sa pambansang kalayaan at kasarinlan, para sa kaginhawahan ng buhay; para sa paglaya ng babae mula sa seksismo, komodipikasyon, double standard, dobleng pasanin, karahasang seksuwal at iba pang anyo ng kaapihan at pagsasamantalang nakabatay sa kanilang pagiging babae (Torres 1990, Sen & Grown 1987, Maza 1993 at 1998, Rowlands 1997).

Sa "Feminist Forum" ng *Laya Feminist Quarterly* (LFQ 1992), makikita ang opinyon ng mga lider-kababaihan, iskolar, at Filipinong peminista na nagbibigay ng kahulugan sa peminismong makabuluhan para sa kanila. Para kay Carmen Deunida o Ka Mameng, dating Pangulo ng Samahan ng Maralitang Kababaihang Nagkakaisa (SAMAKANA) at Kalipunan ng Damayang Mahihirap (KADAMAY):

Nangangahulugan ito ng pangangarap para sa pagkakapantay-pantay ng karapatan ng babae at lalaki mula sa simpleng karapatang mag-ayos ng sarili ayon sa nais, sa pagdedesiyon sa loob ng tahanan, hanggang sa karapatan sa pag-aanak at kung ilan ang gusto. Puspusan din itong pakikipaggiitan para sa karapatan sa pantay na sahod at mga benepisyong, at karapatang lumahok sa pampolitikang usapin. At kung nais mapalaya ang kababaihan sa maling trato at diskriminasyon, kailangang maipahayag hindi lang sa kababaihan ang ganitong pananaw kundi kahit sa kaninuman. Ito'y sa pamamagitan ng paglalathala ng mga babasahin tungkol dito at pagbibigay ng mga pag-aaral at oryentasyon, at higit sa lahat, ang pag-oorganisa ng kababaihan. (LFQ 1992, 3)

Ayon kay Aida F. Santos (LFQ 1992, 32-33), makata at manunulat, isa sa mga tagapagtatag ng Katipunan ng Kababaihan para sa Kalayaan (KALAYAAN) at pinuno ng Women's Education Development and Productivity Research Organization (WEDPRO), ang peminismo ay isyu ng karapatang pantao; ang kumita nang hindi ibinebenta ang katawan; ang karapatan ng kababaihang mabuhay nang may dignidad, tiwala, at respeto sa sarili; ang maisabuhay ang reproduktibong karapatan at kalayaan mula sa karahasan sa loob at labas ng tahanan. Ito ang pakikibaka para sa karapatan ng kababaihan sa lahat ng larangan – panlipunan, kultural, politikal, at kabuhayan.

Peminismo din ang nagbigay-daan kay Thelma Kintanar (LFQ 1992, 34-35), akademiko, manunulat at isa sa mga haligi ng UP Center for Women's Studies, para magkamalay sa pagkakahon o stereotyping sa papel at inaasahan sa kababaihan. Aniya, hindi pakikipagtunggali sa kalalakihan ang dapat maging tunguhin ng peminismo sa lipunan natin kundi pagpapamalay sa mga kababayan natin na ang kababaihan ay malaking yamang-pantao at maraming paraan para mapabuti ang kanilang kalagayan. Dahil diyan, kung hindi magiging malaya ang kababaihan sa pagkakamit ng kanilang potensiyal at magawa ang mga trabahong kaya nilang gawin, tunay na maaatraso ang pag-unlad ng tao sa anumang lipunan.

Ayon kay C. J. Maraan (LFQ 1992, 35), manunulat, propesor, at kinatawan ng Women Involved in Creating Cultural Alternatives (WICCA) at dating editor ng De La Salle University Press, lahat ng kababaihan ay may karapatan sa kanilang sariling pili. Ang peminismo aniya ay dapat mapagpalaya. Hinahalukay nito ang diwa ng kababaihan at binabaklas ang kanilang takot. Bumabalangkas ito ng mga layuning na kayang yakapin ng mga kababaihan at kumportable sila sa pakikipagkaisa sa mga layuning ito. At dapat aniyang pinagsasama nito ang kalalakihan at kababaihan para komprehensibong maunawaan ang bawat isa.

Para kay Karen Tañada (LFQ 1992, 36), mula sa Kilusan ng Kababaihan Pilipina (PILIPINA) at Women's Action Network for Development (WAND), ang peminismo ay proseso ng pagiging mulat sa kaapihan at mas mababang kalagayan ng babae sa lipunan. Hindi lamang nito nilalayon ang pagkakapantay-pantay sa kalalakihan kundi ang pagkakamit din ng makatarungan at malayang lipunan. Hindi lang pakikialam sa lipunan kundi hinahalughog din ng peminismo ang personal.

Para kay Judy Taguiwalo (LFQ 1992, 37), akademiko, dating Pangulo ng ALL-UP Workers' Union, naging Direktor ng UPCWS at naging Kalihim ng Department of Social Work and Development (DSWD), ang peminismo sa ating konteksto ay ang pagsasangkap sa tuwina ng panunuring pangkasarian sa lahat ng isyung kinakaharap ng bayan. Aniya, bilang peministang Filipino, mahalagang naipapakita ang lahat ng pinagmumulan ng pagsasamantala at pang-aaping dulot ng kasarian maliban pa sa mga dulot ng makauri at pambansang pinag-uugatan. Sa madaling sabi, hindi sapat ang pakikibaka sa uri, kailangan din ang panunuri at pakikibakang pangkasarian, kagaya rin ng dapat itagubilin sa iba na hindi rin sapat ang pagsusuring pangkasarian lamang.

Sa pananaw naman ng isang kumikilos sa kababaihan sa kanayunan, ipinahayag ni Gilda Agustin (LFQ 1992, 38), dating Executive Director ng Katipunan ng mga Bagong Pilipina (KABAPA), na hindi rin nila tinatawag na peminismo ito. Subalit naniniwala siya na ito'y isang kilusan na dapat itinataguyod ng kapuwa kababaihan at kalalakihan na naniniwalang may kaapihan, diskriminasyon o di-kapantayan, panghuhuthot at mababang paningin o subordinasyon sa kababaihan sa ating lipunan. Aniya, ito'y pagsasagawa at paglulunsad ng mga pagbabago sa kalagayan ng kababaihan. Kaakibat ng pagpapalaya ng kababaihan ay ang pagtataguyod ng kilusan sa pagpapalaya ng bayan at mahalaga aniya ang gawaing pag-oorganisa, edukasyon, at pagmumulat.

Nilinaw naman ni Nanette Miranda (LFQ 1992, 39-40), dating pangkalahatang-kalihim ng Kilusang ng Manggagawang Kababaihan (KMK) na ang peminismo ay pakikipaglaban sa paglaya ng kababaihan, at nakasangkap ito sa mga isyung ipinaglalaman ng sambayanan. Aniya, hindi ito simpleng galit sa lalaki. Binabago din ng peminismo ang relasyon sa loob ng tahanan, para buwagin ang piyudal na kultura, maitaguyod ang pantay na karapatan, at magkaroon ng karapatan sa sariling desisyon. Ani Miranda, maging sa loob ng pagawaan, ang pagkakaintindi pa sa salita ay pagiging *man-hater* kung kaya kailangan ng edukasyon sa hanay ng mga unyonista para maunawaang ang pakikibakang peminista ay pakikipaglaban din sa kapitalistang pagsasamantala, pagsasamantala sa midya, ng lalaki at sa pangkalahatan, ng mababang katayuan sa lipunan.

Sa panghuli, sinuma ni Sylvia Estrada-Claudio (LFQ 1992, 41), dating Direktor ng UPCWS, isa sa mga tagapagtatag ng LIKHAAN Center for Women at ngayo'y dekanong ng College of Social Work and Community Development, ang paniniwala niya sa peminismo. Aniya, ito ang pinakakomprehensibo at pinakaradikal na bisyon sa pagpapalaya ng sangkatauhan. Winawakasan ng peminismo ang lahat ng estruktural na di pagkakapantay-pantay, pagsasamantala, at pang-aapi sa lipunan, hindi lang batay sa lahi at uri kundi kasarian din. Sinabi rin niyang pinagsasamantalahan ng imperyalismo, piyudalismo, at patriyarka ang kababaihan kung kaya dapat itong mawakasan. Kailangan din aniya ng kalayaan ng babaeng matamasa nang ligtas ang kanilang seksuwalidad – nang hindi natatakot sa hindi-gustong pagbubuntis, sakit dala ng pakikipagtalik, karahasang seksuwal, at moralismo ng mga heteroseksuwal. Nangangahulugan din aniya ito ng magkatuwang na pag-aalaga at pagpapalaki ng mga anak at pagtutulungan sa mga gawaing bahay. Gayundin ang kalayaan ng kababaihan mula sa *stereotyped* na trabaho tulad ng pagiging sekretarya, katulong, saleslady, tagapagalaga o caregiver, mananahi ng damit at kasuotan, “katulong” ng magsasaka sa bukid, at “simpleng maybahay.”

Ayon kay Claudio (LFQ 1992, 41), interes ng mga peminista ang mga mapagpalayang panlipunang serbisyo sa kababaihan tulad ng day-care center, programa at serbisyo para sa reproduktibong kalusugan; makabayan, siyentipiko, at peministang unibersal na edukasyon; pantay na sahod para sa pantay na trabaho; tunay na reporma sa lupa at suportang panteknolohiya; mga programang pangkaunlaran na para sa tao at ligtas para sa kapaligiran; kapayapaang lumulutas sa kahirapan ng tao; gayundin ang kapayapaan na malaya sa karahasang seksuwal, pisikal, at sikolohikal. Sa pagtatapos, sinabi niyang ang pakikibakang peminista ay naglilingkod para sa lahat. Ang pagsasakapangyarihan ay nakasalalay sa pagbibigay ng buhay, pag-aalaga at pagpapalaya sa diwa/espíritu ng tao. Nangangahulugan aniya ito ng katapusan ng kasarian, lahi at uri.

## ANG PEMINISTANG PARAAN NG PANANALIKSIK

Isasalaysay sa bahaging ito kung paano isinagawa ang pananaliksik at ang mga natutuhan sa gawaing panlarangan. Kagaya ng nabanggit sa unahan ng pag-aaral, tungkol ito sa kababaihang maralita ng Tundo mula 1946 hanggang 2008. Layunin ng pag-aaral na isalaysay ang buhay, kalagayan, saloobin, at pakikibaka ng kababaihang Tundo at suriin ang antas ng paglakas na naabot batay sa kanilang personal at kolektibong danas. Dahil ang tinig ng kababaihan ang nais ditong itanghal, malaking gawain sa pananaliksik ay panlarangan – pakikipanayam, pakikipagkuwentuhan, o pagpapakuwento ng kanilang buhay. Para sa mga historyador, kasaysayang pasalita ang tawag sa metodong ito. Karamihan sa mga kalahok ay nakausap sa mga taong 2010-2012. Nagmumula sila sa dalawang distrito ng Tundo at sa mga kalye tulad ng Vitas, Velasquez, Moriones, Smokey Mountain, Parola, Balut, at Gagalangin. May mga nakausap na nailipat na rin sa Dagat-dagatan, Kalookan. Karamihan sa kanila ay nasa sektor impormal—mga tindera at tagalako, magtutinapa, mangangalakal ng basura, mananahi, labandera, katulong, tagaluto, manikyurista, agency worker sa pagawaan ng kendi, sardinas, matadero, at ang iba'y walang trabaho, bilang ilang halimbawa lamang. Karamihan ay nakatuntong lamang ng elementarya at hayskul at mangilan-ngilan lamang ang nakatuntong ng kolehiyo.

Dahil sa katangian ng sektor, karamihan sa kanila ay walang panahong magsulat, walang mga talaarawan at itinatagong dokumento, at ang buong panahon ay ginugol sa pamilya at paghahanapbuhay. Kung kaya kailangan silang kausapin at kumbinsihing maging kalahok sa pananaliksik para malaman ang tunay nilang mga pananaw, saloobin at damdamin. Pagkakataon na ito para maisabuhay naman ng may-akda ang prinsipyo ng peminismo bilang gabay sa pananaliksik. Ilalahad dito ang mga natutuhan sa larangan.

### Kasaysayang Pasalita Bilang Bagong Batis

Dahil sa mga limitasyong ito sa dokumento, at sa layuning mapalitaw ang kanilang karanasan at maitampok ang kanilang kasaysayan, nagkakaroon ng dobleng halaga ang kasaysayang pasalita bilang metodolohiya ng pananaliksik sa kalagayan at kasaysayan ng mahihirap na kababaihan. Ang pagsusulat ng kasaysayan ay nangangailangan ng bagong perspektiba – ang pagsasalaysay sa punto-de-bista ng kababaihan. Ani Camagay, kailangang maghanap ng mga bagong batis dahil halos hindi makikita ang karanasan at kamalayan ng mga babae sa mga dokumento (1999, 98).

Binibigyang-tinig ngayon ng kasaysayang pasalita ang kababaihan sa kasaysayan. Sa pamamagitan nito, lilitaw ang aktuwal na karanasan ng mga babae, ang papel na ginampanan nila sa lipunan (o ang kawalan ng papel), ang ligaya at lunggati, mga suliranin pati tagumpay. Higit na maipapaliwanag ang kanilang kaisipan at kung bakit ganoon ang taglay nilang kamalayan. Hindi ito palaging nakikita sa dokumento sapagkat walang tinig ang kababaihan sa dokumento. Ang batis na paghahangian nito ay kasaysayang pasalita o kuwentong buhay ng kababaihan, na kadalasa'y napipi sa kasaysayan. Ang “pananahimik” nila sa kasaysayan ay teksto na ring maituturing na dapat bungkalin at suriin.

Mahigpit na kaugnay din ng kasaysayang pasalita ang *kuwentong-buhay* (life narratives/life histories/life stories). May nagkukuwento at may nagpapakuwento, nakarekord kadalasan at mayroon ding hindi. Sa *Pagbabahagi ng Kuwentong Buhay: Isang Panimulang Pagtingin* ni Clemen C. Aquino, sinabi niya:

Sa metodong ito, natatalakay ng babae ang kaniyang pinagdaanan – pagkabata, pagdadalaga, pag-aaral, paghahanapbuhay, buhay may-asawa, pagiging ina at lola. Sa pamamagitan ng kuwentong-buhay, higit na makabuluhang naibabahagi ng kababaihan ang kanilang kalagayan sa iba't ibang yugto ng kanilang buhay, ang kanilang mga suliranin, pagpupunyagi at tagumpay, bilang babae at bilang indibidwal. Nabibigyan ng espasyo ang nasasagilid na sektor ng lipunan.

Kabilang dito ang pagbibigay-pansin sa kanilang karanasan, tinig, at pananaw at ang paglalaan ng pagkakataon upang higit nilang maunawaan ang kanilang sarili sa konteksto ng kanilang mga relasyon at lipunang ginagalawan. Kaalinsunod nito, nabibigyang-kapangyarihan din ang mga babae na umugit ng kanilang buhay ayon sa sariling paniniwala at adhikain. (1999, 84)

Ang iba pang katawagang may kaugnayan sa metodong ito ay *pakikipagkuwentuhan* (story-telling); *pakikipaghuntahan* (conversation), *panayam* (one-on-one; key informant interview). At kung maramihan, ang pagsasagawa ng *focus group discussion* o *FGD*. Sa FGD, kailangang malinaw ang batayan ng pagpapangkat ng mga kalahok batay sa kanilang uri, kalikasan ng grupo, kalikasan ng paksa (hal. survivor ng incest, biktima ng reyp, biktima ng HIV, sektor, apelasyon sa organisasyon, teritoryo, at iba pa).

Inilapat ng may-akda ang Filipinong pamamaraan ng pananaliksik sa larangang napaunlad na sa Sikolohiyang Pilipino: ang pagdalaw, pagmamasid, patanong-tanong, pakikitungo, pakikibagay, pakikisama, pakikipagpalagayang-loob, malalim na pakikipagbahaginan, at pakikiisa (Santiago at Enriquez 1975); pagbabahagi ng kuwentong-buhay (Aquino 1999) at pakikipagkuwentuhan (Orteza 1997). Ang mga naturang pamamaraan ay napatunayan nang epektibo sa pananaliksik sa hanay ng mga Filipino.

### Mga Tampok na Katangian ng Peministang Paraan ng Pananaliksik

*Mapaglahok* at *mapagpalaya* ang tampok na katangian ng peministang paraan ng pananaliksik. Nangangahulugan ito na sa bawat yugto ng saliksik ay alam at may pagsang-ayon ang mga kalahok sa bawat yugto at hakbang ng saliksik. Hindi ito makaisang panig na panayam. Sa pagkukuwentuhan, dapat ding handa ang mananaliksik sa pagbabahagi ng karanasan. Nakakatulong ito lalo sa pagbubukasang-loob. Alalahanin, nagbubukas-loob sila sa atin. Kung kaya kailangang handa rin tayong matanong o mausisa ng mga kalahok. Sa ganitong anyo, *dialogical* o tipong nagkukuwentuhan ang anyo ng usapan. Sa ganitong paraan, naipapakita ang pagkakatulad at pagkakaiba ng danas ng mga babae. Nakakapagpayuhan din sa mga bagay na bumabagabag sa kanila o tahasan nilang inihihingi ng payo. Nakakapagpalitan ng kuro-kuro. May mga pagkakataong nagigita din ako ng kanilang pagtatanong, sa ganito, sinusunod ko lang na panuntunan na maging matapat at magpaliwanag nang lubos para maunawaan nila ang sagot ko. Halimbawa, minsan may nagtanong sa akin ng: "Feeling mo ba mas masuwerte ka sa amin?" Kailangang ipaliwanag ang konsepto ng suwerte, gayundin ang batayan ng pagkakaiba sa katayuang panlipunan at saan nakaugat ang pagkakaibang ito. Nagiging paaralan ng pagkatuto ang bawat panayam.

Mahalaga ang pagbubukas ng loob at pakikipagpalagayang-loob. Ang konsepto ng *privacy* at *confidentiality* ay halimbawa ng *loob* na hindi kaagad-agad na mapapasok kung kaya't kailangan pa munang ihanda. Para maisagawa ito, kailangan ng iba't ibang antas ng pakikitungo, mula sa pagpapakilala, pagdalaw, pakikipagkuwentuhan, pagbabad, pagkain, pakikipalagayang-loob upang makuha ang kanilang pagtiwala at pagbubukas-loob. Kung minsan, hindi naisasagawa sa isang iglap ang panayam at kailangang bumalik-balik lalo na't maseselan ang pinag-uusapan. Sa pangkalahatan, bukas at walang pangiming magkuwento ang maralitang kababaihan ng kanilang karanasan. May mga pagkakataong hindi ka pa nakakaupo ay nagkukuwento na, inaagapan ko ang recording. Sa pangkalahatan lagi muna akong humihingi ng permiso kung puwedeng irekord ang aming pag-uusap. Pumapayag naman sila. Ipinapaliwanag ko rin kung ano ang kasangkapan ko, ang digital recorder, dahil unang pagkakataon silang makakita nito.

May pagkakataong ibinubukas naman ang loob pero may hinihinging pangako ng confidentiality. May mangilan-ngilang kasong natitigilan ang kababaihan sa pagkukuwento kung naririnig ng asawa ang ikinukuwento nila at may mga pagkakataong sinasabi nila na "sa inyo ko lang po sinabi 'yan," "atin-atin lang po," "sa inyo na lang po." Mataas na pandama ang kailangan

sa ganitong simpleng pahayag: hindi sila handang isapubliko ang kanilang tinuran o kung ihahayag man, hindi babanggitin ang kanilang pagkatao kundi ang karanasan lang. Isinaalang-alang ko rin ang kanilang kagustuhan tulad ng kung nakahayag o nakatago ang kanilang pangalan; iginalang ko rin ang mga kahilingang *off-the-record* lalo na sa mga mangilan-ngilang maseselang bahagi ng pahayag; at ang di pagbanggit sa ibinahagi dahil sa ayaw maisapubliko ang pahayag. May lubusan akong itinagong pagkakakilanlan (anonymous) para sa indibidwal o pampamilyang seguridad na dahilan, o kaya ay pumapaksa ng maseselang usapin tulad ng prostitusyon at aborsiyon, o ayaw maisapubliko ang pinagdaang karanasan ng pangangalunya ng asawa dahil may posisyon ito sa pamunuan ng kanilang samahan. Humanda ring may maghahabol at makikiusap na huwag nang gamitin ang buong panayam. Kung sa kabila ng magalang na pangungumbinsi at paghahain ng iba't ibang opsiyon para mapanatili ang transkrip ng panayam ay tumatanggi pa rin ang kalahok, kailangan itong iginalang nang walang kaakibat na kondisyon.

Ang mga panayam ay nakarekord sa pamamagitan ng *digital voice recorder* (DG) at kamera subalit naging fleksible rin sa bawat kausap kung maaari o hindi ito maaaring isagawa. Hindi parepareho ang haba ng panayam. Karaniwan, 1 ½, 2, at 5 oras ang panayam depende sa kahandaang magbahagi ng kalahok. Mayroong isang pagkakataon lang at mayroong dalawang beses din ang panayam. May mga mahahaba at bukas na bukas na kuwentuhan para lamang hilingin sa bandang huli na off-the-record ang malaking bahagi nito. Pinapatay ang rekorder kung may pakiusap na off-the-record. Kung minsan, hindi na nila iyon pinapapatay pero nangangako akong hindi ilagay sa nakasulat na salin ng kanilang panayam. Ibinibigay ko sa kanila ang aking komitment sa bagay na ito. Kung sa simula ay hindi ko agad nairekord ang kuwentuhan dahil kaagad-agad ang pagkukuwento, o kaya ay naglalakad kami dahil itinuturo nila ang kanilang hanapbuhay, pagkatapos ng panayam ay nagtatala agad ako para hindi ko malimutan ang mga naibahagi na hindi nairekord.

Hindi makaisang-panig ang panayam at nagkakaanyo pa ngang kuwentuhan ang bawat panayam. Hindi tinatratong kuhanan lamang ng datos ang mga kalahok dahil sa aktuwal, handa ka rin dapat mausisa ng iyong kinakapanayam. Sa palitang ito, kapuwa natututo ang mananaliksik at ang kalahok. Kapuwa rin sila may benepisyo sa palitang ito. Subalit sa tuwina, sensitibo dapat ang mananaliksik sa buhay, seguridad, at dangal ng mga kalahok. Sa lahat din ng oras, hindi natin sila pinipilit sa mga gusto nating gawin kundi iginalang ang kanilang karapatan at kagustuhan.

Bago simulan ang proyekto, kailangang humingi ng malaya, kusang-loob, at maalam na pagsang-ayon ng kalahok. Nangangahulugan ito na hayag ang mga motibo at layunin ng pananaliksik, gayundin ang paggagamitan. Kailangang linawin din ang mga inaasahan sa mga kalahok, ang papel nila sa saliksik at espesipikong kahingian sa kanila. May inihanda akong porma na aking pinapapirmahan sa kanila. Pero sa aking karanasan, hindi mahalaga sa kanila ang pagpirma o ang kasulatan ng kasunduan. Higit na mahalaga sa kanila na ipaliwanag "kung para saan 'yan." Ang pagsang-ayon nila na makakuwentuhan ang hudyat na ibinibigay na nila ang kanilang basbas na puwedeng gamitin ang pananaliksik. Kaya mas nagkamalay ako sa pangangailangang mapanghawakan ang responsabilidad sa kapanayam at ang responsabilidad na iyan ay higit pa kaysa sa nakasulat na kasunduan.

Bahagi rin ng etika sa pananaliksik ang pagiging magalang sa kanilang kultura o sistema ng pamumuhay, mapag-angkop sa kanilang konteksto, sensitibo sa kanilang estilo ng pamumuhay. Sapagkat may interseksiyonalidad ang usapin ng uri, etnisidad, at kasarian, kailangang magalang sa estilo ng kanilang pamumuhay, paniniwala, at kaugalian. Halimbawa, may mga babaeng ayaw makipagpanayam sa Martes at Biyernes sa paniwalang malakas ang puwersa ng kadiliman sa mga araw na ito. May mga Bisayang babaeng naniniwala na maaari silang makatanggap ng *gaba* (malas sa mga Tagalog) kung may hindi sila magandang nasabi o nagawa.

May katangiang *repleksibo* ang peministang metodo. Sa kongkretong karanasan, ang ibig sabihin nito ay, sa proseso ng pakikipanayam at pakikipagkuwentuhan, nalalaman ng mananaliksik



ang mga suliranin at bumabagabag sa kababaihan. Sa yugtong ito ay maaari na siyang maghain ng tulong kung sa tingin niya ay may pangangailangang gawin ito. Halimbawa, pagpapayo tungkol sa nambubugbog na asawa, paggamit ng kontrasepsiyon, mga makabubuti sa kalusugan at usaping pagpapamilya. Ang makarinig lamang ang mga kalahok ng ibang pananaw kung minsan ay nagpapaubaya na ng napakalaking pagkakaiba sa kanilang buhay at sa pagdadala ng pang-araw-araw na buhay. Ayon nga kay Sylvia Guerrero, taliwas sa tradisyonal na nosyon ng panayam na “knowledge for its own sake,” higit na binibigyang-diin dito ang pagpapalitaw ng kaalaman tungkol sa kababaihan na mag-aambag sa kanilang paglaya mula sa iba’t ibang uri ng pagkaalipin. Ang pananaliksik mismo ay nagiging kasangkapan sa pagpapabuti ng pang-araw-araw na buhay ng kababaihan at sa pag-iimpluwensiya ng mga batas at patakarang pampubliko (1999,15).

Sa bandang huli, kailangang ibalik sa kanila ang kagandahang-loob ng pagpayag na sila’y maging kalahok. Una, kailangang ibinabahagi sa kanila ang mga impormasyon, mga opsiyon, at iba’t ibang pagsusuri kaugnay ng mga pinag-uusapang paksa sa layuning maging paaralan din ng pagkatuto ang mismong proseso ng pananaliksik. Ikalawa, kailangan silang tulungan sa sandaling mahiwatigan na sila’y may suliranin. Ikatlo, isama ang adhika nila sa sariling adbokasya. Panghuli, tumulong o lumahok sa kanilang gawaing pangkomunidad. Sa katapusan ng saliksik, kailangan itong ibalik sa kanila para ito ay kanilang patunayan at akuing tunay at totoo. Kinakailangan din ang patuloy na ugnayan para masustena ang gawaing pagpapalakas ng mga binuksang kalooban at matulungan sila sa walang katapusang proseso ng pagmumulat at pagpapalaya.

Mapagpalaya dahil ang tunguhin nito ay makaambag sa paglaya ng babae mula sa mga opresibong pundasyon at estruktura na nang-aalipin sa kababaihan. Kinukwestiyon nito ang mga nakagawiang relasyon ng babae at lalaki at ang pag-uusap ay maaaring humahantong sa pinakapribadong bahagi ng kanilang buhay, espasyo, at pagkatao. Malaki ang posibilidad na lumabas sa pag-uusap ang magkakaiba at magkakatunggaling kaalaman at halagahan sa relasyon, pagpapamilya, mga papel at paniniwala sa buhay, at pagsusuri sa lipunan. Kailangan ng sinserong pakikinig sa kanilang sinasabi at magalang na pagpapaliwanag sa mga puntong nakikitang kinakailangan ng kontekstuwalisasyon, paglilinaw, o pagwawasto.

Mapanuri rin sa mga teksto at imahen ang peministang lapit sa pananaliksik. Ayon kay Camagay (1999, 97-98), kadalasang inihahayag ng mga babae ang kanilang damdamin at karanasan sa liham, talaarawan, awtobiyograpiya, at batis-pasalita. Subalit sa mga nakasulat na batis, karaniwang larangan ito ng mga babaeng mayaman, nakaririwasa, at edukado. Sa mga nakasulat na batis, kailangang suriin ng mananaliksik ang mga seksistang wika at kataga na ginamit sa dokumento. Ang seksistang wika ay nagmamaliit, nagpapababa, nang-iinsulto, nag-iistiriyotayp, at nakakapaglaho ng kababaihan sa pangyayari (Kintanar 1998 at 2014). Pinapansin din kung paano sila inilalarawan sa dokumento, anong mga pangngalan, panghalip, pang-uri, pandiwa, at pang-abay ang ginagamit sa kanila sa teksto.

Kasama ring binabago sa pagsusulat ng kanilang kasaysayan ang peryodisasyon. Kailangang hanapin kung anong panahon at paghahati-hati ng panahon ang tunay na may kabuluhan sa kanilang buhay at karanasan (Camagay 1999, 99; Tingnan din ang Camagay 1995 at 1998). Maaari ding wala sila sa kuwento, o wala ang kanilang tinig, hindi lang ang mga pangalan at mukha. Kadalasan, tila patay na estadistika lamang ang paghahain ng kalagayan ng kababaihan sa dokumento. Hindi tuloy nabibigyang-tinig ang kanilang damdamin at mga saloobin. Ang masang kababaihan naman ay hindi gaanong nagsusulat.

Sa karanasan ng maralitang kababaihan ng Tundo, na hindi naman nagsusulat, larawan o teksto ring binabasa ang kanilang itsura, balat, at pananamit; ang kaayusan, laki at amoy ng kanilang mga lunan at kabahayan; mga kagamitan sa bahay; mga kalakal ng mga namamasura at ang bahay nilang tila pinuno na rin ng basura na tinatawag nilang kalakal; ang mga babad, may sugat at palaging kinakamot na palad at balat ng manggagawang kontraktual sa pagawaan ng sardinas; mausok at

amoy-tinapang mga tagaumbuyan o gawaan ng mga tinapa; ang mga nakakaawa o nagpapaawang titig, pangingilid ng luha, mga impit na hikbi, pagkabasag ng boses, mga panakaw na tingin sa asawa, ang paghina ng boses at muling paglakas kapag dumaraan at umaalis ang asawa. Mahalaga ang mga larawan at pahiwatig na ito sa pananaliksik. Nagpapaubaya ito ng konteksto, ng maraming kahulugan, at naglalarawan ng kanilang kalagayan sa buhay, ng sarili, at relasyong kinapapalooban. Naghuhudyat ito na maraming mapapag-usapan kahit walang mga dokumento.

## MGA ARAL SA LARANGAN

### Maselang Paksa ang Seks at Kasarian

Hindi lahat ay nailalahad. Maselan ang mga paksang aborsiyon, pambababae ng asawa, at mga pagtatalik. Kailangang pakiramdamang maigi. Kailangang damhin ang gustong sabihin. At dahil babae din ang nagtatanong, nadarama at nakukuha ang itinatago o hindi mabanggit. Hindi tuwiran ang paglalahad pero naglalarawan ng padron, gumagamit ng analohiya, mga pakli na nagsusuma at nagkukumpirma ng pangyayari. Karahasan ang pangunahing problema ng kabababaihan kaya sila napapasunod ng asawa. Ikalawa, ang panghihiya.

Hindi rin madaling buksan ng babae, maging sa kapuwa babae, ang maseselan at matitinding karanasan niya sa buhay kaugnay ng kaniyang pagkababae, seksuwalidad, at pakikipagrelasyon. May iba na nag-iisip nang malakas “kailangan ko bang sabihin ang mga ito?” Mayroon namang iba, pakikiramdaman mo na lang.

May humiling ng kasulatang itatago ang kanilang identidad o hindi ito ilalathala. May pagkakataong inilalabas ng bahay ang panayam para walang makarinig lalo na sa mga maseselang pagtatapat. May mga babaeng hindi makapaglahad kung nariyan ang asawa. Humihina at halos pabulong sila kung magsalita at mapapansing panay ang sulyap sa asawa habang nagsasalita. Sa ganitong pagkakataon, hindi ko itinutuloy ang pagtatanong at mag-iiba ako ng paksa. Bumabalik ako para sa muling pakikipagkuwentuhan sa panahong wala na ang asawa. Mararamdaman mo ring nakikipagkutsaba sila sa iskedyul dahil marami silang gustong isatinig na hindi malayang nagagawa sa harap ng asawa. May pagkakataong namasyal kami sa Luneta para doon kami mag-usap nang walang ibang kakilalang makarinig. Ang ganitong kaso ay totoo lalo na sa usapin ng aborsiyon at prostitusyon.

Sa mga panayam kong ito tuwirang narinig na may mga magulang na nagbebenta ng sariling anak, at mas mataas ang bayad sa mga batang babaeng wala pang karanasan sa pagtatalik. Ang virginity ay ibinebenta sa halagang 50 libong piso, 10 libo ang napupunta sa bugaw, 40 libo ang natitira sa bata. Sa panayam din nadidiskubre ang ilang gawaing sangkot ang katawan tulad ng pagbebenta ng lamang-loob, pagpapagamit ng bahay-bata bilang baby-maker, pagbebenta ng anak, at iba pang maseselang paksa.

Hindi kailangan ng katulong sa panayam. Dahil personal at maselan ang mga itinatanong, nakakatulong na walang ibang taong sangkot kundi ang sarili lamang. Wala rin kasing espasyo. Kailangang maging self-sufficient, bukod sa pakikipag-usap, kailangan ding kumuha ng larawan at nakakatulong ang digital recorder dahil tuloy-tuloy ang panayam.

### Hindi Makaisang Panig ang Panayam

Hindi teknikal ang metodolohiya lalo na sa hanay ng kababaihan. Hindi puwedeng nagtatanong lang ang mananaliksik at inirerekord ang naririnig. Mahalaga ring nagbubukas at nakikipagbahaginan ang mananaliksik sapagkat pinahahalagahan ng peministang perspektiba ang demokratikong katangian ng buong proseso ng pananaliksik (Aquino 1999, 77). Kalimitan,

ang ibinabahagi ng kapanayam ay nakaugnay sa antas ng pagpapalagayang-loob ng kapanayam at mananaliksik. At ang mataas na antas ng palagayan ay natatamo lamang sa pagbabahagi ng sarili ng isa't isa. Kaya dapat, handa rin ang mananaliksik na maurirat sa mismong proseso ng panayam. Kung minsan, hindi ko alam kaagad sagutin ang tanong. Halimbawa, tinanong ako ni Maryjane ng, “feeling mo ba mas maswerte ka sa amin?” at “Anong naiisip mo tungkol sa amin?” Hindi ko alam kung makapagdudulot ng mabuti o masama, ang alam ko lang, kailangan kong maging makatotohanan sa kanila at bahala na kung saan mapunta ang aming usapan. Sa unang tanong, sinabi kong parang ganoon nga bunga ng aming magkaibang kalagayan sa buhay. Sa ikalawang tanong, naibulalas ko kay Maryjane kung bakit tila may kakayahan naman siya kompara sa iba subalit pinili pa rin niyang manirahan sa Aroma Temporary Housing. Ang sumunod na palitan ay mahabang pagkukuwento ulit ni Maryjane ng kawalan ng seguridad sa paninirahan, kahirapan habang nagpapaaral ng mga anak at walang matatag na hanapbuhay ang kaniyang asawa na halos nakasandig pa nga sa kaniya. Sa mga susunod na araw, madaragdag ni Maryjane na parang masakit na ring iwan ang lugar dahil mami-miss na rin niya ang kaniyang mga kapitbahay. Naintindihan ko ang sinasabi ni Aquino na sa metodong ito, dala-dala din ng mananaliksik ang sarili niyang pagpapakahulugan, na bunga ng kaniyang tindig sa mga isyu't pangyayari at lagi niyang dala sa mga gawain patungkol sa produksiyon ng kaalaman. Dahil dito, ang resulta ng pagkukuwentuhan ay bunga ng interaksyon ng mananaliksik at kapanayam. Ang mga nakarekord na datos at impormasyon ay hindi lang paglalahad at saloobin ng kapanayam kundi mga pananaw at damdamin ding pareho ng kapanayam at mananaliksik na nababago din sa mismong proseso ng panayam. Tungkulin din kung gayon ng mananaliksik kung paano bibigyang kabuluhan ang lahat ng nailahad.

Sa bigat ng mga naipong damdaming napapawalang-laya sa proseso ng panayam, wala ring sesyong hindi bumabalong ang luha. Hindi rin sinasansala ang pag-iyak at hindi rin pinipigilan ng mananaliksik ang maiyak kung iyon ang tunay na nararamdaman. Bahagi ito ng pagdama at pagiging sensitibo sa mga usapin o sitwasyong inihahapag ng kapanayam. Nakakaantig, nakakalula, nakakagalit, nakaka-depress, nakakatatawa, nakakalungkot – lahat ng klase ng emosyon ay maaaring danasin sa proseso ng pakikipagkuwentuhan. Pagkatapos kong kapanayamin si Jellie de Leon (di tunay na pangalan), isang inang namamasura na nakatira sa Temporary Housing, hindi ko mapigilang maiyak pagkatapos ng panayam at nang makaalis sa kanilang tahanan. Ang pakiramdam ko sasabog na ang dibdib ko sa halo-halong emosyong naghahari sa akin–pagkaawa, panghihinayang sa kaniyang potensiyal, at galit sa sistema at kultura. May mga *episode* na hanggang dyip ay dala pa rin ang pagtangis.

Subalit dapat ding banggitin na hindi lang puro awa at luha ang mararanasan sa panayam. Makadarama din ng paghanga at tuwa mula sa kanilang magagandang kuwento lalo na sa parteng kung paano sila “gumaganti,” “nakikipaggititan sa asawa,” “nagmamaniobra,” at lumilikha ng mga pansamantalang espasyo ng kaluwagan at kalayaan. Halimbawa, ikinuwento ni Nanay Mary (Degolacion 2011) kung paano niya pinagapang ang kaniyang lasing na asawa sa batuhan hanggang sa kanilang tahanan. Kinabukasan, sugat-sugat ang tuhod ng kaniyang asawa. Si Aling Consiling (Libante 2011), tinikis niya at hinayaang magisnang ng asawa ang suka sa sala dala ng kalasingan nito para ito ang maglinis. Si Dolores (Dela Cruz 2011) naman, nakikipagtagwaran ng oras sa sarili at isinasama ang anak sa mga aktibidad ng komunidad para payagan ng asawa.

### Bawat Panayam ay Paaralan ng Pagkatuto

Ang epekto sa mananaliksik ay pagbubulay-bulay at pagsusuri ng sariling buhay at pagkatao. Ang bawat babae’y maaaring guro ng bawat isa, pinaglalayo lamang ng uri, tradisyon, at kulturang patriyarkal. Pagkatapos ng bawat sesyon, di maiiwasang itanong sa sarili kung ako ba’y naging mabuting ina? Ano’ng nagagawa ko at hindi? Napapangaralan ko ba ang mga anak ko? Napatatag ko ba sila? Naturuang maging malakas bilang babae? Napapayaman ko ba ang pagkatao nila o napapabayaang? Natuturuan ko ba sila ng tamang pagpapahalaga, asal, at gawi? Natuturuan ko

ba sila ng iba’t ibang kasanayan sa buhay? Naihahanda ko ba sila sa mabuting pagkamamamayan? Pagkamakabayan at pakikipagkapuwa-tao? O nagpapalaki ba ako ng monster at walang silbing nilalang? O ng lalaking ideal sa mata ng mga peminista? Lahat ba ng aking pagkatuto’y ibinabahagi sa kanila?

Tinatanong ko rin kung “ako ba’y naging mabuting anak?” “Anong klaseng relasyon mayroon kaming mag-iina?” At kung paanong lahat ng aming mga itinagong damdamin ay maipahahayag sa isa’t isa na siyang magbubuo ng aming pagkababaac at pagkatao.

Dahil ang panayam ay isang diyalogo, natatalakay ang magkakatulad at magkaibang paniniwala ng mananaliksik at kapanayam. Kailangang maingat na mapalitaw ang kanilang pananaw at damdamin at dito rin maiguguhit ang pagkakaiba ng pagpapakahulugang dala-dala ng mananaliksik. Kailangang bukas ang mananaliksik na maaaring maresolba at hindi ang mga pagkakaibang ito sa proseso ng panayam. Mahirap at di madaling gawin. Subalit kailangang maging tapat sa lahat ng panahon.

Isa sa malaking natutuhan ko sa gawaing panlarangan ang makilala nang lubos ang lugar. Bilang isa ring taga-Tundo, isang Tagalog, at galing sa uring peti-burges, naging madali para sa akin ang makisalamuha sa kababaihang lumahok sa panayam. Sa Tagalog nagaganap ang aming pag-uusap dahil bihasa na rin sa Tagalog ang mga kalahok na galing sa iba’t ibang pangkat-etniko. Nakatulong na ako’y isa ring Tundenya at naging mas bukas sila nang malaman na ako’y kababayan at/o kalugar. Nagpadali ito ng aming usapan at nakaambag sa pagpapalagayang-loob. Nakatulong pang lalo ang mga lokal na giya na nagpapakilala at nagpadulas ng pagsasagawa ko ng panayam. Subalit dahil dalawang distrito ang Tundo, napagtanto kong hindi sapat ang kaalaman ko sa lugar, kahit ako’y tagaloob. At kahit sabihing tagaloob, tila may talab na rin ang mga *bias* ng mga tagalabas tungkol sa Tundo. Halimbawa, kahit nakapasok ako sa mga pook ng Parola at Smokey Mountain, hindi rin maialis ang kaba dahil sa napabalitang “nakakatakot” at “lugar ng panaan” ang Tundo. Gayunman, napatunayan ko lamang sa pananaliksik na hindi ito totoo at ligtas pa ring maglakad dito. Nakatulong din ang uring pinagmulan ko sa pag-angkop sa iba’t ibang kalagayan. Kailangang hindi maselan. May mga lugar na ikababaligtad ng sikmura ng isang tagalabas, subalit normal para sa mga tagaloob dahil hirati na sila dito. Kailangang maging sensitibo at huwag magpakita ng anumang makasusugat ng kalooban ng mga kalahok o makapagbibigay ng negatibong impresyon para sa mananaliksik. Kailangang paghandaan ang ganitong mga realidad. At alalahaning ang mananaliksik ang umaangkop sa tuwina sa sitwasyon.

### Bawat Panayam ay Ehersisyo ng Pagdamdam at Pakikipagkaisa

Matalas na pagdama ng kanilang danas at damdam, at pagsapul ng kalinangan ang kailangang gabay sa buong proseso ng pananaliksik. Halimbawa, kailangang umangkop sa kanilang kapaligiran at panahon. Limitado ang espasyo na maaaring pagdausan ng panayam. Asahan na masasagap sa rekording ang malakas na radyo at telebisyon ng kapitbahay, pangungulit ng anak, panghihiram ng kapitbahay, pakikiusyoso at pagsabat ng iba, pagbili ng mga mamimili (kung sa tindahan), paglalaba sa koridor ng bilding. Ang mga ekskena at tunog na mairerekord ay nakakasapaw sa boses ng nagsasalita o kaya ay nakakaligaw ng pag-uusap. Kalimitan din, kahit saang komportable ay pumupuwesto: salampak sa sahig ng sala, labahan, tindahan. Kailangang umangkop kung saan pinauupo.

May preperensiya sila sa oras at lugar ng pag-uusap. Dahil sa ang kababaihan ang nagluluto, naghahatid ng anak sa eskuwela, naglalaba, nagtatrabaho, ang kalimitang libreng oras ay matapos makapananghalian hanggang ika-5 ng hapon, bago ulit magluto sa gabi. Iba rin ang preperensiya sa oras ng matatandang babae, retirado na, o wala nang trabaho. Kailangang iwasan ang siyesta nila sa tanghali. Puwede sila sa umaga o matapos makapagsiyesta.

Kailangang makibagay sa kasuotan o panlabas na kaanyuan para hindi lumutang sa sektor na bababaran. Ibagay ang pananamit para huwag lumutang sa komunidad at maging palagay din ang kakapanayamin sa iyong itsura. Kung minsan, nakaisputing ako sa panayam, kung minsan parang taga-tambakan. Bahagi ito ng metodolohiyang umaangkop at nakikibagay sa kinakausap. Kailangang maramdaman nilang katulad mo sila, kundi man sa kaisipan, pero sa anyo. Nakakatulong din ito para mapalagay ang loob nila sa mananaliksik at maiwasan ang hindi kinakailangang atensiyon. Kaya madalas, nakatsinelas ako, at may sombrero sa tambakan.

Nakakapagpagaan ng relasyon ang pagpapasalubong at pagbibigay-konsuwelo. Nagkukusa akong mag-abot ng kahit magkano lalo na't mahihiwatigan ang malubhang kakapusan ng kausap. Ang pagbibigay ba ay bahagi ng metodolohiya? Oo, sapagkat nakakapagbigay-konsuwelo ito sa kinakapanayam at gumagaan ang puwedeng “abalang” naidulot sa kanila ng gawain. Ang pagbibigay ay pagkilala ng kagyat na ekonomikong pangangailangan ng kausap. Hindi ito palaging nangyayari at puwedeng hindi rin mangyari kung wala rin namang kakayahang magbigay ang nakikipanayam. Sinasabi ko rin na “hindi ito bayad, gusto ko lang kayong i-treat sa ulam ngayong hapunan bilang pasasalamat sa inyong pagtangkilik sa akin.” Hindi sila tumatanggì. Tinatanggap nila ito nang masaya, nagpapasalamat at sasabihing “hindi ko po iyan tatanggihan.” Kapag narinig ko ito, alam mong kahit paano, may natugunan akong isang kagyat na pangangailangan ng pamilya—ang mailibre ang isang hapunan na dapat sana’y ipagtatrabaho pa ng isang araw.

Wala rin silang maiaalok na pampalamig o meryenda. Mas maganda na may dala-dalang meryenda na ihahain habang may panayam. Higit na maganda kung may meryenda rin para sa mga kaanak. Madalas, kung sapat lamang, pinag-aagawan ito ng mga anak. Hindi nakakakain ang kinakapanayam. Maaaring kapuwa magutom sa haba ng panayam. Kaya mas maganda kung busog bago sumabak sa panayam. O dagdagan ang dadalhin.

Hindi sila mahirap kuhanan ng larawan. May mga kasong hinihiling nila talagang makuhanan sila ng larawan. Halos isang kaso lamang ang hindi nagpakuha ng larawan para proteksiyonan ang kaniyang seguridad.

Nakakatulong nang malaki ang pagkakaroon ng giya o lokal na kontak na nakakakilala ng mga tao sa komunidad. Nagiging madali ang pagtanggap nila sa pakay ng pananaliksik. Nakakatulong din sila sa pagtukoy ng iba pang kakapanayamin. Subalit mayroon ding giya at kalahok na umaastang malapit kaagad at palagay at nangungutang agad. Magalang kong sinasabing hindi ko ito matutugunan.

Nakakatulong ang iba pang patunay ng kanilang buhay tulad ng mga kagamitan, kasangkapan, larawan, at memorabilia ng ilan sa mga kinapanayam. Pinag-ugnay-ugnay ko ang mga datos na nakakalap at hinabi ko ang salaysay ng kababaihan sa daloy ng mga pangyayari sa pook at sinikap ko itong lapatan ng aking sariling pagpapakahulugan.

Mahalaga rin ang paglalarawan sa pananaliksik na tulad nito. Kagaya ng nabanggit sa mas maagang bahagi ng papel, wala namang dokumentong matatagpuan sa mga maralita. Kung gayon, higit na mataginting ang kuwento kung mapaglarawan ang paglalahad. Halimbawa, imbes na sabihing mahirap ang kalagayan, maaaring banggitin ang ayos ng pook, itsura ng mga kabahayan, ang amoy ng paligid, ang kulay ng lugar, ang balat ng kinakapanayam, pati ang pananamit. Maaari ding pansinin ang ingay ng lugar, ang mga sumasaliw na tunog, halakhak, at iyak habang nakikipanayam. Magdudulot din ng dagdag na impormasyon ang lasa ng pagkain, ang mga hipo (texture), dulas, at gaspang ng mga bagay-bagay. May mga paliwanag o kasaysayan din sa likod ng mga sugat, peklát, tato, at iba pang markang nasa katawan.

## ANG PAGBABALIK NG RESULTA NG PANANALIKSIK AT PAGTANGGAP SA KATUNAYAN NG RESULTA

Unti-unti kong ibinalik ang resulta ng pananaliksik para tiyakin kung nakuha ko nang tama ang nais nilang sabihin. Ipinabasa ko sa kanila ang teksto ng partikular na panayam at may pagkakataong ako ang bumasa kung nahihirapan sila. Dito ay nagkakaroon ng muling pagkukuwento at pagpapalalim pa ng kuwento ang kababaihan. Naiwasto din sa prosesong ito ang ilang pagkakamali sa petsa, pangalan, at lugar at naitatanong din kung tama ba ang pagkaunawa ko sa kanilang mga tinuran. Gumawa ako ng abstrak at mahahalagang punto at kongklusyon na narating ng aking saliksik at ibinahagi iyon sa isang workshop noong 13 Setyembre 2012 sa Permanent Housing na dinaluhan ng 42 kababaihan. Higit pa sa inaasahan ko ang naganap.

Hindi lamang nila pinatotohanan sa workshop ang nakasaad sa aking pananaliksik. Pinalalim pa nila ito na nagbigay ng maraming detalye sa kalagayan, damdamin, at pagkaunawa nila sa kanilang sitwasyon sa buhay. Muli nilang isinatinig ang takot nila sa pagbubuntis; na ang kabuhayan ang pangunahin nilang suliranin; ang pangangailangan nilang may katuwang sa buhay; ang karahasang kanilang nararanasan; ang problema sa mga asawa tulad ng pag-uwi nang gabi at pagiging sunod-sunuran sa gusto ng asawa. Nabuksan sa malayang talakayan ang konsepto ng dobleng pasanin, double standard, solong pagharap sa gawaing bahay, at muli nilang tinurang “hindi ito patas.” Hindi nila kilala ang salitang peminismo. Pero batid nilang “dapat pantay-pantay” ang karapatan ng babae’t lalaki at maging panginoon sila ng sarili nilang kalooban; ang karapatang magawa ang gusto nilang gawin at maigalang ang kanilang mga pagkatao. Narating nila ang kongklusyon na hindi kagustuhan ng Diyos ang pagbibigay ng problema at tao lamang ang nagpapahirap sa kanila. Sumang-ayon sila na kailangang maging kritikal ang pagsusuri at huwag tanggapin na lamang ang sitwasyon bilang natural at kagustuhan ng Maykapal. Ipinahayag din nilang hindi sila dapat nagpapapilit sa pakikipagtalik, na mag-ayos ng sarili kung ibig itong gawin sabay diin na hindi lang naman sila makapag-ayos sa dami ng kanilang trabaho. Dumako rin ang usapan sa mga pampolitikang gawain, ang pangangailangang pahalagahan ang tinig at pakikisangkot pati na ang hindi pagbebenta ang kanilang boto tuwing eleksiyon.

Pinatotohanan nila ang pagkawala ng kanilang hiya at pagkakaroon ng tiwala sa sarili bilang kagyat na epekto ng pagsangkot nila sa mga organisasyon. Muli nilang ipinahayag na nakakatulong sa kanila ang organisasyon mula sa pagkadama nila ng “bonding” sa mga kabaro, ang positibong diwa ng pagdadamay, ang damdamin na mayroon silang kadamay; ang pag-unlad ng kanilang mga personalidad at pagkatuto na dapat hindi sila pumapayag maapi at mapagsamantalahan at itaguyod ang kanilang kapakanan at karapatan. Pinuri din nila ang ilang kalalakihang marunong kumilala ng kanilang kalagayan, nakikihati sa mga gawaing-bahay, at may sariling kusa. Higit sa lahat, idiniin nila na kailangan talaga na may sarili silang pinagkakakitaan para magkaroon ng higit na kapangyarihan. Malinaw sa kanilang mga pahayag na hindi sila kontra-lalaki. Katuwang ang tingin nila sa mga ito at umaasa silang mamulat din ang kanilang mga asawa para maging mahusay na katuwang nila sa buhay.

Ang isang grupo ay nagkasundo din sa workshop na magkakaroon ng buwanang talakayan para lubusang matalakay ang kanilang sitwasyon at matulungan sila kung paano magiging kritikal sa kanilang pananaw at pagsusuri ng mga pangyayari.

## PANGWAKAS

Ang pananaliksik na ito ay ambag sa araling kababaihan sa larangan ng peministang metodolohiya ng pananaliksik sa hanay ng maralitang kababaihan. Nagbubukas ito ng bagong batis, partikular ang gamit ng mga alaala sa pagbubuo ng kasaysayan ng kababaihan. Ang mga elementong hindi karaniwang matatagpuan sa mga dokumento at arkibo, tulad ng pananaw, saloobin, damdamin, at interes ng mga karaniwang tao ay mabibigyang tinig sa pamamagitan ng kasaysayang pasalita, pakikipagkuwentuhan, pagpapakuwento, panayam, at focus group discussion.

Tinalakay dito ang pagpapakahulugan sa peminismo ng kababaihang Filipino. Sa pangkalahatan, iniuugnay sa interes ng peminismo ang pagpapalakas ng kababaihan, mula sa pinakapersonal na kagustuhang makapagpasiya sa sarili at maisagawa ang pasiya nang walang takot, maging buo ang loob at maging panginoon ng sariling kalooban hanggang sa pag-oorganisa at paglahok sa komprehensibong pagbabago ng lipunan para wakasan ang lahat ng anyo ng pagsasamantala at pang-aapi sa kababaihan. Isa itong perspektiba na maaaring gumabay sa pananaliksik at pagbubuo ng mga kasaysayan ng kababaihan.

Ang peministang metodo sa paghabi ng kasaysayan ay may katangiang mapanlahok at mapagpalaya, sensitibo sa konteksto at kultura, magalang sa mga kalahok, repleksibo, at mapanuri sa teksto. Ang limitasyon ng dokumento ay maaaring punan ng kasaysayang pasalita. Sa pagsasagawa nito, mahalaga ang pagkuha ng maalam na pagsang-ayon sa gagawing panayam; na nakikibahagi din ang mananaliksik sa panayam at bukas siya sa pagbabahagi ng sarili; na iginagalang ang kahilingan at kapakanan ng mga kinakapanayam; na kailangang maingat sa pagtangan ng maseselang paksa; na nagpapaubaya ng tulong kung kinakailangan kahit sa panahon pa lamang ng panayam. Mahalagang isipin na sila'y hindi laboratoryo lamang na kuhanan ng datos kundi tarangkahan ito tungo sa ugnayan ng pagtutulungan at pagkilos para sa pagpapabuti ng kanilang kalagayan at pakikisangkot sa kilusang pagbabago ng lipunan sa pangkalahatan. Mahahalawan ng aral sa pagsasagawa ng gawaing panlarangan ang papel na ito ng mga nagbabalak gumamit ng kasaysayang pasalita na ginagabayan ng peministang metodo ng pananaliksik.

## SANGGUNIAN

- Agustin, Gilda. 1992. "Feminist Forum." *Laya Feminist Quarterly*. Vol. 1, No. 2: 32-41.
- Angeles, Leonora C. 1989. "Feminism and Nationalism: The Discourse on the Women Question and Politics of the Women's Movement in the Philippines." Masteral Thesis. University of the Philippines.
- Aquino, Clemen C. 1999. "Pagbabahagi ng Kuwentong Buhay: Isang Panimulang Pagtingin." Nasa Guerrero, Sylvia H. pat. *Gender-Sensitive and Feminist Methodologies: A Handbook for Health and Social Researchers*. Quezon City: UP Center for Women's Studies.
- Bhasin, Khama & Nighat Said Khan. 1986. *Some Questions on Feminism and Its Relevance in South Asia*. New Delhi: Kali for Women.
- Camagay, Ma. Luisa T. 1999. "Making Women Visible in History." Nasa Guerrero, Sylvia H. pat *Gender-Sensitive and Feminist Methodologies: A Handbook for Health and Social Researchers*. Quezon City: University of the Philippines Diliman.
- Camagay, Ma. Luisa T. 1998. "Wither Women's History?" *Review of Women's Studies*. (July-December 1998):1-9.
- Camagay, Ma. Luisa T. 1995. "Ang Kababaihan at Pambansang Kamalayan." *Gender Issues in Philippine Society*. *Philippine Social Science Review* 52, nos. 1-4 (1995): 1-14.
- Claudio, Sylvia Estrada. 1990-91. "The Psychology of the Filipino Woman." *Review of Women's Studies* 1, no.2 :1-9.
- Claudio, Sylvia Estrada. 1992. "Feminist Forum." *Laya Feminist Quarterly*. Vol. 1, No. 2: 32-41.
- De Dios, Aurora J. 1996. "Participation of Women's Groups in the Anti-Dictatorship Struggle: Genesis of a Movement." *Women's Role in Philippine History: Selected Essays*. Quezon City: UP University Center for Women's Studies.
- De Lima, Juliet. 1998. "A Historical Approach to Women's Emancipation in the Philippines." *Selected Readings About the Women's Movement in the Philippines*. Quezon City: Center for Women's Resources.
- Eviota, Elizabeth. 1992. *The Political Economy of Gender. Women and the Sexual Division of Labour in the Philippines*. London: Zed Books, Ltd. or Quezon City: Institute of Women's Studies, St. Scholastica's Academy.
- "Feminist Forum." 1992. *Laya Feminist Quarterly*. Vol. 1, No. 2: 32-41.
- Guerrero, Sylvia H. ed. 1999. *Gender-Sensitive and Feminist Methodologies: A Handbook for Health and Social Researchers*. Quezon City: UP Center for Women's Studies.
- Hooks, Bell. 1984. *Feminist Theory from Margin to Center*. United States: South End Press.
- Jaggar, Allison. 1983. *Feminist Politics and Human Nature*. US: Rowman & Allenheld.
- Kimuell-Gabriel, Nancy. 2012. "Pook at Pagsasakapangyarihan: Ang Kababaihan ng Tundo 1946-2008." Doctoral Dissertation. University of the Philippines.

- Kimuell-Gabriel, Nancy. 2011. "Kasaysayang Pasalita: Ang Kulturang Pilipino at Karanasan ng Mga Pilipinong Mananaliksik sa Larangang Pasalita." *Malay Journal*. 41-60.
- Kintanar, Thelma B. 1992. "Feminist Forum." *Laya Feminist Quarterly*. 1992. Vol. 1, No. 2: 32-41.
- Mananzan, Mary John, OSB. ed. 1987. *Essays on Women*. Manila: St. Scholastica's College.
- Mananzan, Mary John, OSB. 1998. *Challenges to the Inner Room: Selected Essays and Speeches on Women*. Manila: St. Scholastica's College The Institute of Women's Studies.
- Mangahas, Fe. B at Jenny R. Llaguno. 2006. *Centennial Crossings Readings on Babaylan Feminism in the Philippines*. Quezon City: C & E Publishing, Inc.
- Maraan, C. J. 1992. "Feminist Forum." *Laya Feminist Quarterly*. Vol. 1, No. 2: 32-41.
- Maza, Liza Largoza. 1998. "The Impact of Imperialist Globalization: Displacement Commodification and Modern Day Slavery of Women." *Selected Readings About the Women's Movement in the Philippines*. Quezon City: Center for Women's Resources, 3-23.
- Miranda, Nanette. 1992. "Feminist Forum." *Laya Feminist Quarterly*. Vol. 1, No. 2: 32-41.
- Nolasco, Cynthia. 1987. "The Woman: Problem: Gender, Class & State Oppression." Sr. MaryJohn Mananzan, OSB. (Pat.) *Essays on Women*. Manila: St. Scholastica's College.
- Orteza, Grace O. 1997. "Pakikipagkwentuhan: Isang Pamamaraan ng Sama-samang Pananaliksik, Pagpapatotoo at Pagtulong sa Sikolohiyang Pilipino." *PPRTH Occasional Papers Series*, no.1: 1-34.
- Pineda-Ofreneo, Rosalinda. 2005. *Women and Work*. Quezon City: UP Open University.
- Rowlands, Jo. 1997. *Questioning Empowerment: Working with Women in Honduras*. US: Oxfam Publishing.
- Santiago, Carmen E. at Enriquez, Virgilio G. 1976. "Tungo sa Maka-Pilipinong Pananaliksik." *Sikolohiyang Pilipino: Mga Ulat at Balita* 1, (4), 3-10, 19. Hunyo.
- Santos-Maranan, Aida F. 1987. "Do Women Really Hold Up Half of the Sky?: Notes on the Women's Movement in the Philippines." Mary John Mananzan, OSB. Pat. *Essays on Women*. Manila: St. Scholastica's College, 37-61.
- Sen, Gita and Grown, Caren. 1987. *Development and Crises and Alternative Visions*. New York: Monthly Review Press.
- Sobritchea, Carolyn Israel-Sobritchea. 1999. "Challenges for Women's Studies in the Philippines." Illo, Jeanne. ed. *Women & Gender Relations in the Philippines Selected Readings in Women's Studies*. Quezon City: WSAP, 193-200.
- Taguiwalo Judy M. 2007. "Babae, Obrera, Unyonista: Kababaihan ng Kilusang Paggawa sa Maynila 1901-1941." Doctoral Dissertation. University of the Philippines.
- Taguiwalo, Judy. 1992. "Marching Under the Red and Purple Banner: Notes on the Contemporary Women's Movement in the Philippines." *Laya Feminist Quarterly* Vol. 1. No.1.
- Tañada, Karen. 1992. *Laya Feminist Quarterly*. Vol. 1, No. 2: 32-41.
- Torres, Amarylis T. 1995. *The Filipina Woman in Focus, A Book of Readings*. Quezon City: University of the Philippines Office of Research Coordination.

## PANAYAM

- Degollacion, Ma. Salome. Temporary Housing, Aroma, Vitas, Tundo. 5 Abril 2011.
- De la Cruz, Dolores. Permanent Housing, Vitas, Tundo. 12 Mayo 2011.
- De Leon, Jellie. Permanent Housing, Vitas Tundo. 26 Marso 2011.
- Judilla, MaryJane. Temporary Housing, Aroma, Vitas, Tundo. 22 Marso 2011.
- Libante, Consolacion Esquillo. Pampanga, Gagalangin, Tundo. 24 Marso 2011

## Sabungerong Indio, Dayuhang Manonood: Mga Panlipunang Pananaw at Kaisipan sa Pagsasabong at Sabungan mula sa mga Tala ng Dantaon 19

Emmanuel Jayson V. Bolata

### ABSTRAK

Tiningnan sa mga naunang pag-aaral ang sabong sa Filipinas bilang larang ng pampolitikang ekonomiya ng pananagisag (Guggenheim 1982), bahagi ng aliwan at pagdiriwang sa Timog Silangang Asya (Reid 1988), muling pagpapakahulugan ng kriminalidad (Bankoff 1991), kolonyal-katutubong pagpapasailalim at tunggaliang pangkapangyarihan (Aguilar 1998), at kasangkapan ng panlipunang kontrol at pangangalap-pondo para sa mga pagawaing bayan (Bamero 2011). Sa bahagi ng pagsasakasaysayan, ginamit ang ilan sa mga obserbasyon ng mga dayuhang manlalakbay.

Para sa pag-aaral na ito, kinalap ang 17 sipi mula sa mga tala ng mga Aleman, Pranses, Austriyano, Ruso, Olandes, Briton, at Amerikano noong dantaon 19. Nilalayan ng pag-aaral na bigyang-halaga ang mga tala ng mga paglalarawan ng mga dayuhan bilang pangkasaysayang batis para sa paglalarawan at pagtalakay sa sabong sa dantaon 19, nang may pagmumuni sa mga kaisipan ng kolonyal na diskurso, at suriin mula rito ang mga ibinunga ng pagsasainstitusyon ng pagsasabong at ng “pagsilang” ng *gallera* (sabungan). Mahihinuhanang sinasalamin ng pagsasabong at sabungan ang ilang panlipunang kaisipan sa huling dantaon ng pamamahalang Espanyol.

**Mga Susing Salita:** sabong, gallena, tala ng mga dayuhan, dantaon 19

“Everyone stood up, everyone shouted. Faces were distorted with passion, and all because of a cockfight!

‘No, you would never see this in Russia,’ I said to the Baron.”

Ivan Goncharov (1974, 203)

Mula ang sipi sa itaas sa isang tanyag na Rusong manunulat, na minsang nanood sa sabungan sa Filipinas kasama si Baron Kridner at isang Pranses (si Frenchman R) noong 1854. Dalawa ang mahihiwatigan natin dito: 1) ang kaigtingan ng tagpo ng sabong, at 2) ang pagtatangi sa naturang tagpo nang banggitin na walang ganoon sa Russia. Makikita rito na ang sabong, ayon sa personal na karanasan at pagkaunawa ng isang dayuhan, ay naiiba at hindi pamilyar. Maaari ring sabihin na ang kuryosidad ng mga dayuhang manlalakbay ang nagtulak na magsulat sila tungkol sa sabong. Wika nga ng Pranses na si Paul Proust de la Gironière (1854, 100), “There is nothing more curious than to witness a cockfight.”

Hindi nag-iisa si Goncharov sa kaniyang saloobin—ang pagbibigay-diin sa dinatnang *mayroon* mula sa pinanggalingang *wala*. Pansinin na lamang ang mga katagang ginamit patungkol sa sabong: “so general and favourite an amusement,” (De Comyn 1969, 76), “passionately fond of” (Gironière 1854, 100), “passion for cockfighting” (Wilkes 1916, 478), “principal amusement”


(Marryat 1974, 133), “chief amusement” (Jagor 1875, 27), “chief passion” (MacMicking 1851, 197), “only one passion” (Man 1984, 38), “these are more than a pleasure, they are a passion dominating all the others” (Mallat 1983, 299-300), “the one sole amusement with which even the rainy season cannot interfere” (Scherzer 1862, 311-312), “an amusement much loved by the natives all over the island” (d’Almeida 1863, 70). Masagana ang paglalarawan sa sabong noong dantaon 19 batay sa mga tala, at karamihan sa mga bisitang dayuhan na nakapaglathala ng kanilang mga tala ay nakasaksi ng gawing ito (Bankoff 1991, 273).

Layunin ng pag-aaral na ito na bigyang-halaga ang mga tala ng paglalakbay ng mga dayuhan bilang pangkasaysayang batis para mailarawan at masuri ang sabong sa dantaon 19. Tatalakayin din ang bunga ng pagsasainstitusyon ng pagsasabong at ng “pagsilang” ng gallera sa kultura at sa mga kalahok dito— ang pagsasabong at sabungan bilang representasyon ng mga panlipunang kaisipan sa huling dantaon ng pamamahaling Espanyol. Tatahiin ng pag-aaral ang mga ugat ng pagsasabong mula sa prekolonyal na panahon, ang mga dayuhan at kanilang mga tala na pumaksa sa pagsasabong, ang pagsasainstitusyon ng sabong sa pamamagitan ng pagsasalegal nito at pagtatayo ng mga sabungan (gallera), at ang mga panlipunan at pangkasariang usapin sa pagsasabong noong dantaon 19.

### Pagsasabong Bago Dumating ang mga Espanyol

Ininulat ni Antonio Pigafetta, ang tagapagtala ng ekspedisyong Magellan, sa kaniyang *Relazione del Primo Viaggio Intorno al Mondo* (1550-1559) ang maituturing na pinakamatandang nakasulat na obserbasyon sa pagsasabong sa Filipinas. Namasdan niya sa pulo ng Polaoan (Paragua/Palawan) ang domestikasyon ng mga tandang at paglalabanan ng mga ito. Ayon sa kaniya, “They have large and very tame cocks, which they do not eat because of a certain veneration that they have for them. Sometimes they make fight with one another, and each one puts up a certain amount on his cock, and the prize goes to him whose cock is the victor” (Pigafetta 1906, 25). Sa pag-aaral ni Scott Guggenheim (1982, 4), babanggitin niya ang diumano’y pagsasabong na nasaksihan ni P. Andres de Urdaneta sa Butuan: “One of the earliest explorers of the Southern Philippines reported seeing cockfights in Butuan, although he left no further information concerning how the fights were organized.” Binanggit naman ni Gómez Pérez Dasmariñas ang natatanging laro o pampalipas-oras ng mga indio na tumutukoy pa rin sa sabong (1958, 412). Mahihinuha rito na laganap na ang pagsasabong sa prekolonyal na panahon.

Makikita rin sa isang panel sa 1734 mapa nina P. Pedro Murillo Velarde, S.J, Francisco Suarez, at Nicolas dela Cruz Bagay ang isang tagpong nagpapakita ng sabong. Nakadamit-Espanyol dito ang mga indiong sabungero. Mahihinuha dito ang ugnayan ng paborito nilang aliwan sa mga pormal na okasyon (tulad ng araw ng misa o pista) kung kailan maaaring magsuot nang ganito ang mga katutubo. Sa huling-hati ng dantaon 18 pa maisasalegal ang sabong. Malalaman sa panahong ito ang mga okasyon kung kailan lamang ito maaaring idaos.<sup>1</sup>



**Fig. 1-2. Carta Hydrographica Y Chorographica De La Yslas Filipinas (1734).**

Makikita sa unang panel sa kanan ang tagpo ng pagsasabong: “Indios peleando gallos.” Mula sa Biblioteca Digital Hispánica ng Biblioteca Nacional de España <<http://bdh-rd.bne.es/viewer.vm?id=0000024007>>

<sup>1</sup> Mula ang mga hinuhang ito tungkol sa pananamit ng mga sabungero sa kumbersasyong online kay Prop. Jean-Paul Potet. 14 Marso 2018.

May manipestasyon din ang domestikasyon ng manok at/o tandang sa panitikang oral ng sinaunang Filipinas. Matatagpuan sa ating mga epiko ang paglaganap ng mahihiwagang bagay at hayop dahil nagmamay-ari ang mga bayani ng isa nito o higit pa (Eugenio 2001, xxxii). Mahihinuha rito ang pagtatampok ng mga alaga, tulad ng manok o tandang, bilang ebidensiya na rin ng kanilang pag-iral pati na ng paraan ng pagpapaamo at pagkalinga sa kanila. Sa epikong Iloko, ang tandang ni Lam-ang, puti, at may dilaw na mga paa ay nagamit sa kaniyang pagpapakitang-gilas kay Ines Cannoyan, nagsilbing tagapagsalita niya, at muli siyang binuhay matapos kainin ng *berkakang* (Eugenio 2001, 12-13, 15, 19-20).<sup>2</sup> Sa epikong Manuvu naman, habang nagpapahinga si Tuwaang sa Kawkawang, nakakita siya ng ligaw na manok na may pambihirang pagtilaok, at hinuli niya ito upang gawing alaga o panlansi (Eugenio 2001, 203).<sup>3</sup> Isa pala itong ibong *gungutan*, at matapos ng kanilang pag-uusap at pagkakasundo naging katuwang niya ito patungong Monawon. Mahihinuha rito na mayroong katauhan (at kaluluwa o *kalaq*) ang mismong mga “mahiwagang” hayop na tumutulong at umaalalay sa mga nakikipagsapalarang lalaking bayani sa mga epiko. May papel din ang mga tandang sa mga katutubong ritwal at pag-aalay, tulad ng dasal ng tandang ng Hanangga na mababasa sa epikong Ifugao na *Hudhud hi Aliguyon* (Eugenio 2001, 26-27, 42-43).<sup>4</sup>

Hindi nga lamang sa sinaunang Filipinas makikita ang pag-aalaga ng mga manok at pagsasabong, kundi maging sa mga kapitbahay nito sa Timog Silangang Asya. Inihambing din ng mga dayuhang manlalakbay ang pagsasabong sa Filipinas at sa ibang pook sa Timog Silangang Asya. Ganito ang banggit ni J. A. B. Wiselius, isang Olandes na opisyal sa Java, hinggil sa sabong: “this genuine Malay passion” (2016, 18). Sasabihin din ni José Rizal na ang hilig sa sugal tulad ng sabong ay “katutubo sa mga lahing mapagsapalaran at madaling hikayatin, at ang lahing Malayo ay isa sa mga iyan” (1961, 288). Babanggitin ni William Gifford Palgrave (1973, 49, 51), isang Britong konsul, sa kaniyang tala na laganap ang pagsasabong sa “rehiyong ito ng mundo,” mula sa Penang hanggang sa New Guinea. Haka naman ng Alemang si Fedor Jagor (1875, 27) na marahil ang mga Malayo ang nagdala ng gawing ito sa Filipinas. Gayumpaman, sinabi rin niyang ipinakilala ng mga Espanyol, o mga Mexicanong katuwang nila, ang pagsasabong, kaya naipahayag niyang isang “kolonyal” na kultura ang pagsasabong (Jagor 1875, 27).

Bago pa ang pagpasok ng mga Europeo, mayroon nang kultura ng pagsasabong sa Timog Silangang Asya. Tinatayang kasing-aga ng 2000 BCE ang panahon ng mga kilalang kultura ng pagtatanim ng palay batay sa mga naunang ebidensiyang arkeolohiko (Hall 2011, 4). Iniugnay ni Kenneth Hall (2011, 4) ang domestikasyon ng manok at baboy sa domestikasyon at kultibasyon ng palay, at ipinupunto niyang maaaring ang mga Timog Silangang Asyano ang nanguna rito. Maaaring ugatin sa panahon ng pag-aalaga ng mga domestikadong hayop na ito ang pagsisimula rin ng pagsasabong. Ayon sa mga inskripsiyon sa Java bago pa dumating ang mga Muslim sa Java at maging sa patuloy na gawi sa Bali, bahagi ang sabong ng mga pistang pantemplo, konsekrasyon, at peregrinahe (Reid 1988, 189). Itinuturing na alay sa mga diyos sa simula ng mga gawain ang dugo ng panabong (Reid 1988, 189). Sa Bali, tinatayang noong taong 922 lumabas sa mga inskripsiyon ang salitang *sabung* (tandang) (Geertz 2005, 276). Mairagdag pa na ang mga salitang “sabong” at “tari” na pinunto ni Rizal sa kaniyang lingguwistikong pagsasakonteksto ng sabong ay kahimig din ng “sabung/an” at “tadji” sa Bali (“tetadjen” ang isa pang tawag sa pagsasabong na nagmumula rin sa “tadji”) (Rizal 1961, 288; Geertz 2005, 279). Mairagdag pa rito na maging ang *bolang* o *bulang* sa Bisaya ay sumasakop din hindi lamang sa kahulugan ng sabong kundi maging sa tari o “*naraja*” (De la Encarnacion 1885, 54; Sanchez de la Rosa 1895, 40). Kung iniugnay ito sa mga bantayog at pista sa kabayanan, ibinibilang naman ang sabong sa mga korte ng mga pinuno bilang aktibidad na kinakailangan ang pagbububo ng dugo ng manok para sa patuloy na pamumunga at kayabungan, pagdadalisay, at tagumpay sa digmaan (Reid 1988, 189-190). Tiningnan din ang pagsasabong bilang dahilan ng pagkaalipin (Junker 2000, 132). Ipinopook ang pagsasabong sa gawi ng “pagkapiit sa

<sup>2</sup> “The Life of Lam-Ang,” 12 (linya 492-494), 13 (linya 558-564) at 15 (linya 659-661), 19-20 (linya 910-944).

<sup>3</sup> “Tuwaang Attends a Wedding,” 203 (linya 331-369).

<sup>4</sup> “Hudhud hi Aliguyon,” 26-27 (linya 30-70), 42-43 (linya 1066-1089).

pagkakautang” (debt bondage) bilang karaniwang uri ng pang-aalipin sa Timog Silangang Asya, partikular sa Filipinas. Mula sa mga ito, masasabing isang mahalagang bahagi ang pagsasabong ng kultura at politika ng mga estado-etniko/pangkat-ekonomiko sa Timog Silangang Asya, batay sa mahihinuha ritong mga pananagisag at pagpapakahulugan hanggang sa pagiging isang ugat at batayan ng antas pampolitika, pang-ekonomiya, at panlipunan.

Ipinapahiwatig din ng mga lingguwistikong batis ang pagiging laganap ng kultura ng pagsasabong sa buong kapuluan. Matatalunton sa mga diksiyonaryo noong dantaon 19 ang mga salita tungkol sa sabong. “Sabong” ang laganap na salita para tumukoy sa aliwang ito sa kapuluan, na makikita rin sa pangkabanwahang kaugnayan nito sa wika ng Bali, Indonesia. Sa Katagalugan, batay sa *Vocabulario de la Lengua Tagala* nina P. Juan de Noceda, S.J. at P. Pedro de Sanlucar, S.J., “sabong” ang tumutukoy sa “pelea de gallos” at “sasabungin” naman ang para sa manok na panabong (1832, 332-333, 357).<sup>5</sup> “Sabung” naman ang gagamiting salita sa Pampango, ayon sa *Vocabulario de la Lengua Pampanga en Romance* ni P. Diego Bergaño, OSA (1860, 189).<sup>6</sup> Gayundin ang “sabung” sa *Diccionario Moro-Maguindanao-Español* ni P. Jacinto Juanmarti, SJ (1892, 188).<sup>7</sup> Isa pang laganap na katawagan para sa sabong ay “bulang.” Ang lahok na “bolang” sa *Diccionario Bisaya-Español* ni P. Juan Félix de la Encarnacion, OAD (1885, 54) ay nangangahulugang tari o pagsasabong, samantalang “bolangan” naman ang salita para sa “gallera.”<sup>8</sup> Nakatala sa *Diccionario Hispano-Bisaya para las Provincias de Samar y Leyte* ni P. Antonio Sanchez de la Rosa, OFM (1895, 210) ang “bulang” (para sa pangyayari) at “bublangan” (para sa estruktura) bilang salin ng “gallera” (na minsa’y pinapakahulugan bilang parehong “sabong” at “sabungan”).<sup>9</sup> Sa isa pa niyang diksiyonaryo, ang *Diccionario Bisaya-Español*, mababasang ang bulang ay may tatlong pangunahing kahulugan: “gallera” (sabungan) at “navaja” (tari) bilang mga pangngalan, at “reñir, pelear los gallos con dicha arma” bilang pandiwa (Sanchez de la Rosa 1895, 40).<sup>10</sup> Lilitaw din ang “bulang” bilang isa sa mga dapat iwasan ng kabataan (*ulitauo*) sa kodigong moral na *Lagda sa Pagca maligdon sa Tauong Bisaya* (1865, 44).<sup>11</sup> “Pallot” naman sa Iloko ang salita para sa “pelea de gallos ó cualquier ave,” at “pallotan” naman ang sabungan o gallera, ayon sa *Vocabulario Iloco-Español* ni P. Andrés Carro, OSA (1888, 180).<sup>12</sup>

## Pagsasainstitusyon ng Sabong

Isang mahalagang bahagi ng kasaysayan ng sabong ang pagsasalegal nito sa huling-hati ng dantaon 18. May ilang patakaran ang lumabas hinggil sa pagsasalegal ng sabong, simula sa pagpapalabas ni Simon de Anda ng isang atas noong 1776 (Bankoff 1991, 275). Magiging matatag at tiyak ang mga patakaran sa taong 1861. Matitipon ang mga ito bilang *Real Orden de 21 de Marzo de 1861, aprobando el Reglamento de Galleras*.<sup>13</sup> Nahahati ang 100 artikulo ng mga alituntunin sa pitong

<sup>5</sup> “Sabong. pp. Pelea de gallos. *Um*, pelear uno con otro. *Mag*, entre sí. Tambien *Mag*, l. *Maquiquipag*, jugar ó apostar á los gallos. El embestido de otro, *Sinasabong*. El gallo que es peleado con otro, *Y*, l. *Ipag*. Jugador de gallos, *Palasabong*. pc. Nombre, *Sasabonjin*.”

<sup>6</sup> “Sabung. (pp.) N. S. Pelea de gallos. V. act. y su prot. pelear gallos. P. 1. el soldado, 3. *sabunganan*, *sebuganan*. Contra quien, *ut* gallo, ó su dueño. Mi, de compañía los que juegan á los gallos con su P. 2. los gallos. *Pi*, y *an*, el lugar: la 1. P. de *Paquí*, es tambien el dinero: *sabunġan*, gallo, *sabungsabunġan*, cabar de gallo &. como *apiapian*. *Magsasabung*, el que vive, ó tiene por oficio el jugar á los gallos.”

<sup>7</sup> “Sabung. Pelea de gallos. Sabungán—La gallera.”

<sup>8</sup> “Bólang. El ancho la anchura de cosa larga como edificio, casa, navio, etc. \* Aplicase tambien á las distancia que hay desde la tierra al cielo. \* Poner algo interpolado, una cosa entre dos, como la cruz entre los ciriales, entre col y col una lechuga. Cañuto que se pone entre el órden superior é inferior de la urdimbre. \* Navaja que se pone á los gallos cuando los pelean. Puede significar tambien reñir los gladiadores. \* Dar dos cosas una con otra para probar cual se rompe. \* Ibólang co quining manóc sa manóc sa mestizo. =Pelearé este gallo con el gallo del mestizo. \* Pagbólangon mo ang abóhon. =Pelea, haz que pelee el ceneciento, (gallo). \* Ipaquigbólang sa tagiya quining manóc nga ihálas. =Dice el dueño, manda, quiere el dueño, que pelee este gallo del monte, cimarron. \* Guibolángan man acó sa manóc co ug guibónan acó. =Peleó se peleó, mi gallo y le matarón, me le matarón. \* Guican acó sa pagbólangan. =Vengo de la gallera. \* Por lo dicho se vé que *bolang* es asi mismo jugar á los gallos, pelear y pelearse gallos.”

<sup>9</sup> “Gallera. Bulang, bublangan.”

<sup>10</sup> “Bulang. Gallera.—Navaja que amarran á los gallos de pelea.—v. Reñir, pelear los gallos con dicha arma.—Ludir unas cosas con otras, dares golpes.—Reñir ó pelear los gladiadores.”

<sup>11</sup> Nakapaloob ito sa ika -14 na *Capitulo, Pag bahin sa mañga oras sa tiboog ñga aldao ñga nahatuñgod sa mañga mabuot ñga ulitauo*: “8.º Licayan mo pag tambong sa mañga catiguman sa tauo, iñgon sa mañga dula, comedia, sayao, sugal, *bulang*, pagilimnan ug uban pang iñgon niyni.” Akin ang diin.

<sup>12</sup> “Pelea de gallos ó cualquier ave. Pelearse las aves, *ag*; hacerlas pelear, *pag*, *en*; gallos de pelea, *paquí*; gallera, *an*.”

<sup>13</sup> José Basa y Enriquez, *Reglamento de Galleras, con Explicaciones y Comentarios: Obra Util para Asentistas, Sentenciadores, Soltadores, y Galleros*, primera edición (Maynila: Imprenta “Amigos del País,” 1894), 5. Para sa papel na ito, dalawang kopya ng mga alituntunin hinggil sa pagsasabong ang nakalap: 1) *Reglamento de Galleras con Explicaciones y Comentarios: Obra Util para Asentistas, Sentenciadores, Soltadores y Galleros* ni José Basa y Enriquez, at 2) *Reglamento para el régimen de las galleras* (21 Marso 1861) na

*capitulo*, na nagpapangkat ng iba’t ibang aspekto ng sabong, mula sa mga permiso at bayarin sa panonood hanggang sa mga araw ng pagdaraos nito.

Sa pagtatasa ni Eliodoro Robles (1969, 169), makikitaan ang ikalawang hati ng dantaon 19 (1861-1898) ng pinaigting na sentralisasyon sa sistema ng pamahalaan. Mahihinuha sa metikulosong pagsasabatas sa sabong ang “pag-iingat” ng mga kolonyal na administrador sa pagtugon sa isyu ng pagsusugal at kakulangang pampinansiya. Sa kongklusyon ni Bankoff (1991, 281): “Colonial authorities, first Spanish and then American, were forced to conclude that it was better to make money from the practice they could not effectively prohibit.” Ayon sa ulat ni Tomas de Comyn (1969, 77) noong 1810, may kabuoang 40,141 “dolyar” ang ibinayad ng mga umuupa sa mga gallera mula sa mga lalawigan ng Tondo, Cavite, Laguna, Pampanga, Bulacan, Batangas, Pangasinan, Bataan, Iloilo, Ilocos, Tayabas, Zebu (Cebu), at Albay.<sup>14</sup> Dagdag pa niya, hindi raw nalalayo ang halagang ito sa parehong uri ng rebenyu sa Bagong Espanya (Mexico), na may 45,000 “dolyar” gayong higit sa doble ang populasyon ng kolonyang ito (De Comyn 1969, 77). Sisinupin pa ito ni Bankoff (1991, 280) na itinala ang halaga at porsiyento ng mga rebenyu sa mga sabungan mula 1780-1894.<sup>15</sup> Sa detalyadong pagsasabatas na ito, dalawang layunin ang maipupunto. Ayon kay Alma N. Bamero (2011, 125), ito ay ang akumulasyon ng yaman para sa mga pagawaing-bayan (public works) at iba pang proyekto, at ang pagpapahintulot sa mga afsyonado ng sabong na gawin ang kanilang ibig na laro, gayumpama’y maayos na nababantayan at napapanatiling-matiwasay ang pasilidad, batas, kinagawian, at ilang puwersang pangkaayusan. Kasabay ng pagsasalegal ang monetisasyon at komersiyalisasyon ng kultura na makikita sa pagpapatayo ng mga gallera o estrukturang pansabong, pagbubuwis ng pamahalaan, at pagbabayad sa panonood. Gayundin, masisilayan ang pagbibihis-kolonyal ng isang katutubong kultura.

## Ang mga Dayuhang Tagapagtala

Sa kabuoan, mayroong 17 tala ng paglalakbay ang nakalap para sa muling pagbuo ng larawan ng sabungan at pagsasabong sa papel na ito. Pito ang Briton, apat ang Pranses, dalawa ang Amerikano, at tig-iisang Olandes, Aleman, Austriyano, at Ruso. Sa mga Briton, isang Midshipman si Frank S. Marryat (1843) ng barkong Samarang, na nagpasiyang ipalathala ang sariling tala na hiwalay sa opisyal na ulat ng ekspedisyon (Marryat 1974, 124). Mga opisyal naman ang mga sumusunod: sina Henry T. Ellis, RN (1856), isang opisyal sa China na bumisita sa Maynila; Sir John Bowring, LID FRS (1858), gobernador ng Hong Kong; at William Gifford Palgrave (1876-78), iskolar sa Arabia na naging konsul sa Maynila (Ellis 1859, 1; Palgrave 1973, 8). Isang mangangalakal ng Britong kompanyang Kerr at Deering si Robert MacMicking, Esq. (1848-50) na nanatili sa kolonya nang tatlong taon, samantalang isang manlalakbay naman sa Singapore, China, Japan, at Filipinas si Anna Harriette Pennington d’Almeida, katuwang ang kaniyang asawang si William Barrington d’Almeida, na siyang nakapasok sa sabungan (MacMicking 1851, iii-iv; *Philippine Encyclopedia* 1993, 18; Sarmiento 2010, 6-7). Si John Foreman, FRGS (1890) ay nakabisita sa Filipinas bago at pagkatapos ng katapusan ng pamamahalang Espanyol, at nagkaroon ng tatlong edisyon ng kaniyang aklat (1890, 1899, at 1906) (*Philippine Encyclopedia* 1993, 18). Sa mga Pranses, pinakamatagal at pinakamaaga sa hanay si Paul Proust de la Gironière (1819-1839), isang doktor at abenturero na nagtayo ng asyenda sa Jala-Jala (*Philippine Encyclopedia* 1993, 16). Doktor din at heograpo si Jean Baptiste de Mallat (1846), na nagtungo sa Maynila upang maglingkod sa Ospital ng San Juan de Dios (*Philippine Encyclopedia* 1993, 18). Isang naturalista naman si Antoine-Alfred Marche (1879-1883), na nangalap ng mga liktao sa Filipinas, Africa, at Marianas. Kaugnay ng mga ito, isang Belgikanong turista, si Jean de Man (1871), ang sumulat ng kaniyang tala sa wikang Pranses at inilathala sa Antwerp (Man 1984, 7). Sa mga

kopya ng Administración General de Rentas Estancadas de Filipinas. Mula sa Biblioteca Digital Hispánica, Biblioteca Nacional de España.

<sup>14</sup> Maaaring nagkamali si Comyn o ang tagasalin sa paggamit ng “dolyar,” sa pananaliksik ni Bankoff (1991, 280), peso ang ginagamit na *currency*.

<sup>15</sup> Narito ang halaga (sa peso) sa bawat taon: 1780 (14,000), 1810 (40,141), 1841 (40, 000), 1854 (80,000+), 1863 (106,000), 1880 (118,500), at 1894 (148,000). Tingnan ang kaniyang Talahanayan 2, “Estimated yearly government revenue derived from cockpits, 1780-1894.”



Amerikano, pinamunuan ni Lt. Charles Wilkes ang isang pandagat na ekspedisyong siyentipiko ng mga Amerikano noong 1838-1842. Nanatili sila sa Maynila nang walong araw noong 13 Enero 1842 (*Travel Accounts* 1974, 8). Naglingkod naman si Joseph Earle Stevens (1893-96) sa negosyong abaka ng Henry W. Peabody & Co., na kalauna’y napasailalim sa isang kompanyang Ingles (Stevens 1898, xviii-xix). Lulan naman ng mga fragate (isang uri ng barko) ang mga tampok na Austriyano at Ruso. Bahagi ang Austriyanong doktor na si Karl Ritter von Scherzer ng ekspedisyong ng Fragatang Novara sa pamumuno ni Commodore Bernhard von Wüllerstorff-Urbair (*Travel Accounts* 1974, 217). Sakay naman ng Fragatang Pallada, sa pamumuno ni Admiral Yevfimiy Putyatin, ang Rusong manunulat na si Ivan Alexandrovich Goncharov patungong Filipinas noong 1854 (Goncharov 1974, 154).<sup>16</sup> Si Jacob Adolf Bruno Wiselius ay isang Olandes na opisyal (isang kontrolleur) ng pamahalaang kolonyal sa Java (Wiselius at Linden 2016, xiv). Naging kaibigan naman ni José Rizal ang Aleman na propesor at etnologong si Fedor Jagor, na sumulat ng aklat bunga ng kaniyang pagbisita at siyentipikong pananaliksik sa Filipinas (*Philippine Encyclopedia* 1993, 18).

Limitado ang mga lugar na pinagdausan ng sabong na nasilayan ng mga naturang dayuhan. Bagama’t laganap sa iba’t ibang lugar sa kapuluan ang sabong, tanging sa Luzon (Maynila at Batangas) lamang nasaksihan ang mga sabong sa mga tala. Dapat ding kilalanin ang pagkakaiba at pagiging tiwalag ng mga dayuhan sa kalinangang Filipino na nagbunsod sa kanila ng kadalasa’y negatibong impresyon sa pagsasabong, mga sabungero, at sa lipunang kolonyal sa kabuoan. Mula sa Europa at Amerika, iba’t iba ang lunan at kulturang kanilang kinamulatan; iba’t ibang paniniwala at punto-de-bista ang kanilang taglay. Karamihan din sa kanila ay nagtagal lamang ng ilang linggo o buwan sa Filipinas para sa kanilang pamamasyal, pagsamantalang pagdaong, at pagtatrabaho. Dahil namalagi sa kolonya nang matagal, nakalubog na sa lipunan at kalinangan sa kapuluan ang mga tulad nina Gironière at Mallat, kung kaya mapapansin ding hindi magiging mapanuligsa ang kanilang tala sa sabong. Si Gironière ay magpapatayo pa nga ng sabungan sa kaniyang lupain.

Sapagkat nasa kanila ang panulat, iilang hindi kaaya-ayang saloobin sa pagsasabong ang ating mababasa sa mga tala. Gayumpaman, hindi naman kinakailangang tanggapin na lamang iyon bilang katotohanan kundi dapat basahin bilang mga interpretasyon. Mahalaga pa rin ang kanilang mga tala sapagkat nagbibigay ito ng impormasyong historikal na bukas sa muling pagpapakahulugan—maaaring paksain ng muling pagpapakahulugan pareho ang gawi ng pagsasabong at ang mga interpretasyon ng mga dayuhan sa sabong na kanilang namasdan.

### Mga Tuon, Saloobin, at Panunuligsa sa Pagsasabong

Ang pagmamasid ay sityo ng salubungan at talaban ng dalawa o higit pang larangang pangkalinangan at panlipunan. Sa kaso ng mga tala ng mga dayuhan, mayroon silang kapangyarihan na bigyang-interpretasyon ang namasdan batay sa sarili nilang pagkakaunawa. Igigiit ni Io M. Jularbal (2014, 293) na inilalagay ng mga kasangkapang panretorika ang mga manunulat nito sa posisyon ng kapangyarihan: “Authority is not only exhibited by looking and speaking but also constitutes the ‘commanding act’ ([David] Spurr 1993, 14) itself.”

Pinupunto ng mga paksa ng pagmamasid hindi lamang ang madalas na nakikita kundi maging ang lente ng nagmamasid. Ang mga obserbasyon ng mga dayuhan ay kadalasang binubuo ng mga sumusunod na paksa: a) pagkahumaling ng kalalakhian sa kanilang alagang sasabungin; b) bahagyang pagsasakasaysayan ng pagsasabong at mga haka sa pinag-ugatan nito; c) hitsura sa loob at labas ng *gallera*; d) aktuwal na pagdaraos ng sabong; e) pagsusuma ng halaga, tulad ng rebenyu ng pamahalaan, bayad sa panonood, o halaga ng taya; f) at saloobin at panunuligsa. Katangian ng mga obserbasyong ito ang di-pagkapalagay, pagkasuklam, at panunuligsa ng ilang dayuhan. Isa sa batayan

<sup>16</sup> Binanggit din na marahil ay dalawa o tatlong Ruso lamang ang nakatuntong sa Filipinas noong panahon ng pamamahaling Espanyol. Ayon sa isang talababa na tumukoy sa isa pang Rusong manlalakbay: “Notably Fedor Petrovich Lutke, whose account was translated into French and published under the title of ‘Voyage autour du Monde,’ Paris, 1835-6. The voyage was made in the year 1826-29 aboard the corvette *Seniavine* by order of Czar Nicholas I.”

ang ipinupuntong pagkahumaling ng kalalakhian sa kanilang mga alaga. Karaniwang salaysay ang paglalaan ng mga lalaking mananabong ng higit na panahon at atensiyon sa kanilang mga panabong kaysa sa kanilang mga asawa at anak, na minsang umaabot sa puntong una itong isasalba sa halip na ang pamilya kapag nagkasunog (Mallat 1983, 300; MacMicking 1851, 196; d’Almeida 1863, 70; Palgrave 1973, 51; Stevens 1898, 28; Man 1984, 38; Marche 1970, 83). Ang obserbasyong ito ay hindi lamang lumabas noong dantaon 19. Mababasa sa sipi kay P. Gaspar de San Agustín (1906, 282) noong 1720 na iniibig ng mga sabungero ang kanilang mga panabong higit sa kanilang asawa at anak. Laging dala-dala ng indio ang kaniyang alaga kung saan man siya pumunta—sa kaniyang bangka, sa mga pista, sa simbahan, sa kung saan mang lupa na matatarakan ng kawayang pagtatalian (Mallat 1983, 300). Ayon kay Bowring (1859, 150), na nagpapahiwatig ng mala-diyos na pagkaomnisyente ng tandang: “There are cocks in every house, at every corner, at the foot of every tree, along the quays and shores, on the prows of every coasting ship, and, as if the living were not enough, they are sculptured, they are painted and charcoaled (not artistically) on every wall for public admiration...”

Tinatawag ang tandang na isasabong sa ilang termino tulad ng panabong, sasabungin, at tinali. Ilan naman sa mga ihahambing sa mga sasabungin ay inaalagaang bata, kaibigan, katuwang, “katutubong aso,” at “aso para sa mga mangangaso at kabayo para sa mga hinete” (Gironière 1854, 102; Mallat 1983, 300; Goncharov 1974, 174; Man 1984, 38; Stevens 1898, 28). Gayumpaman, ibinuod na ni Jagor (1875, 27) ang pakiramdam ng mga Europeo sa sabong: “The sight is one extremely repulsive to Europeans.” Ang pagsasabong ay itinuturing ng ilan sa mga dayuhan bilang nakakatawa, pambata, malupit, at barbariko (Gironière 1854, 102; Goncharov 1974, 174; Scherzer 1862, 312; Ellis 1859, 123-124). Para kay Scherzer (1862, 312), kataka-takang sumasalungat ang malupit at pumapaslang na pagsasabong sa malumanay, mayumi, at kiming katauhan ng mga katutubo. May halong patawa o uyam din ang sagot ng kasamang Pranses sa tanong ni Goncharov (1974, 203): “Anong ginagawa nila sa mga tandang pagkatapos? Ginagamot ba nila ang kanilang mga sugat?” “Hindi, kinakain nila nang may ensalada” (akin ang salin). Sa mga nabanggit, may simpatiya ang mga dayuhan sa alagang panabong. Maikakabit ito sa paglaganap ng kaisipan hinggil sa “karapatan ng hayop” sa Europa. Ang itinuturing na mga akto ng “kalupitan” ay inuugat sa mga danas sa England noong dantaon 18 at 19, na lalabas sa mga pahayagan at likhang-sining.<sup>17</sup>

Maidaragdag pa sa mga panunuligsa ang diumano’y “pagdausdos” ng moralidad ng mga katutubo dahil sa pagsasabong. Mabibigat na paratang ang ipinukol ng inhinyerong si Don Ildefonso de Aragon na nagpahayag na nagiging dalubhasa sa kawalanghiyaan, panlalansi, at panlilinlang ang mga habambuhay na batugang indio (Bowring 1859, 153). Nakikita naman ni Wiselius ang kaugnayan ng pagsasabong sa paglitaw ng mga magnanakaw dahil diumano sa malakas sa bayang ito ang tukso ng pagkita ng salapi nang hindi nagtatrabaho (2016, 21). Naikuwento sa kaniya ng kaniyang tagagabay na pangkaraniwan ang mga nakawan sa San Pablo, isang penomenong inuugnay sa pagkahumaling sa sabong (Wiselius 2016, 21). Nakakatulad ito sa pahayag ni Jagor (1875, 28), na ibinaling ang sisi sa pagsasabong at sa diumano’y kalikasan ng mga tagakolonya para sa nagaganap na demoralisasyon: “It is very evident that these cock-fights must have a most demoralizing effect upon a people so addicted to idleness and dissipation, and so accustomed to give way to the impulse of the moment.” Humahantong ang tukso ng sabong sa pangungutang, paglustay, pagnanakaw, panghaharang; ang mga pirata sa lupain at katubigan, para kay Jagor (1875, 28), ay binubuo ng mga sugarol na nasira ang buhay. “Thus the cock-pit too frequently proves,” sabi ni Palgrave (1973, 53), “the first step in an Avernian descent leading down to prison and crime.” Maging sa prontispisyo ng aklat ni Henry T. Ellis, makikita ang isang bugbugan sa labas ng sabungan.

<sup>17</sup> Ayon sa isang anekdota sa Gentleman’s Magazine noong Abril 1879, isang mayamang lalaki, si John Ardesoif, Esq., ang biglang namatay habang inaawat siya ng ilang kalalakhian sa pagmamalupit sa kaniyang talunang manok na itinali niya at sinilaban nang buhay (Scherzer 1862, 313). Lumabas naman sa Daily News noong 30 Hunyo 1869 ang balita tungkol sa pagpaparusa nang dalawang buwang pagtatrabaho sa limang lalaking pinagsabong ang limang natatariang manok (Jagor 1875, 28). Umuugat din si Scherzer sa kilalang satirikong pinta ni William Hogarth, *The Cockpit* (1759). Sa England, nang mabuo ang Society for the Prevention of Cruelty to Animals noong 1824, at ang mga Batas ng Parlamento noong 1835 at 1849 na nagbawal ng pagpapain at sabong, makikita ang paglaganap ng kaisipan ng mabuting pagturing sa mga hayop (Thomas 1983-4, 149, 158).



**Fig. 3. Prontispisyo ng From Hong Kong to Manilla and the Lakes of Luzon, in the Philippine Isles, in the Year 1856 (1859)**

ni Henry T. Ellis, R. N. Hinango mula sa Internet Archive <[www.archive.org](http://www.archive.org)>

Ngunit kung kokonsultahin ang iba pang batis, may mas matinding panunuligsa mula sa mga tagakolonya higit pa sa mga nabanggit na tagalabas. Mababasa ang mga pagbabawal sa sugal at sabong sa mga sulatin ng mga alagad ng simbahan tulad ng *Memorial de la Vida Christiana en la Lengua Tagala* (1605) ni P. Francisco de San Jose at *Lagda sa pagca maligdon sa taonong Bisaya* (1734). Sumunod ang *Memorial* sa pagpuna sa pagwawaldas na dulot ng sugal, na nauna nang nabanggit sa ulat ni Antonio de Morga (1598), bagama't gagawin pang espesipiko ni Rizal: “Si Morga’y hindi rin nagsalita tungkol sa sugal na iyon [sabong], nang tumukoy siya tungkol sa mga bisyo at iba pang kapintasan (De San Jose 1835, 393-394, 399; Bankoff 1991, 268; Rizal 1961, 288). Kung nakatuon sa mga mag-asawa si P. San Jose, pinatutungkulan naman ng bersyong 1865 ng *Lagda* ang kabataang lalaki, na nararapat umiwas sa mga aliwan tulad ng dula, komedya, sayaw, sugal, at sabong (*Lagda* 1865, 44; Mojares 1983, 112-113 talababa 81).

Upang paibabawin ang pagiging personal, indibidwalistiko, at tambal-salungat ng pananaw ng mga alagad ng simbahan hinggil sa sabong, mababasa kay Mallat na bilang katuwang ng mga mestizo, Tsino, at Espanyol sa loob ng sabungan, “nakaupo ang mga pari katabi ng militar” (Mallat 1983, 301). Higit pa, sa tala ng asawa ni d’Almeida (1863, 72-71), isang paring Tagal (Tagalog) ng baryo sa Tanauan ang gumaganap na “umpire” o sentenciador sa sabungan! Masasabi kung gayon na may kani-kaniyang mga salik na nagbubunsod sa mga alagad ng simbahan upang lumahok o tuligsain ang sabong. Sa pagiging negosasyonal ng kultura ng sabong, lumalabas na walang tiyak at iisang tindig ang simbahan hinggil dito. Maidaragdag pa rito ang pagpepetsa ng mga araw ng pagsasabong sa mga araw ng pista at misa. Maipapaliwanag sa historikal na talakay kung bakit “nagdedebosyon” ang mga sabungero tuwing Linggo, na siya namang pinaparinggan at pinatatamaan sa pulpito sa kasalukuyan. Nagsimula talaga ito sa pagpapahintulot tuwing Linggo noong dantaon 18 hanggang 19, *ngunit* kapag tapos na ang misa mayor (Capitulo 1, Artículo 6-7: *Reglamentos* 1861, 1; Basa y Enriquez 1894, 9-10).

Isa rin sa mga maring manunuligsa si José Rizal. Hindi lamang naging lunsaran ng kaniyang komentaryong panlipunan ang bana ni Sisa na walang pakialam sa anak at asawa, o maging ang inilaang isang kabanata sa loob ng gallera sa *Noli Me Tangere*, kundi maging ang kaniyang direktang argumento laban sa sabong sa *Sobre la Indolencia de los Filipinos* (1890). Tulad ng ipinunto nina Wiselius at Jagor, kinikilala niya ang pagsusugal tulad ng sabong na kakabit ng “mabagal at mahirap na paggawa dahil sa pangako ng isang madaling pagyaman at dahil sa pang-akit ng pananabik” (Rizal 1961, 289).

Marahas ang mga tuligsa ng mga nakapagsulat sa sabong noong dantaon 19. Gayumpaman, nararapat balikan ang kasaysayan ng pagsasalegal nito na lalo pang humikayat at nagpatatag ng ganitong gawain, hanggang sa kilalang isang pamana at “kultura” sa panahong postkolonyal.

Magkaakibat ang mga institusyong kolonyal at mga tagapagsagawa ng pagsasabong sa kolonya sa “pagsilang ng gallera.”

### Ang Pagsilang ng Gallera

Tanyag sa iba't ibang pamayanan ang mga gallera. Maging si Rizal, sa kaniyang pagpapakilala kay Kapitan Tiago (na isa ring sabungero), ay ikukuwento na ang San Diego ay may “mga nakalulugod na paliguan, *bantog na sabungan...*” (1998, 28). Mamamangha naman si Mallat: “Tanyag ang Tondo, Santa Cruz, San Sebastian, at Sampaloc dahil sa kagandahan ng kanilang mga gallera” (1983, 301). Sa labas nito, makikita ang mga nagtitinda ng mga pagkain at inumin: alak (tulad ng tuba), sigarilyo, dulces, guisao, tsokolate, kanin, mga lutuin sa isang *carenderiang indio*, at maging pansit at chinchao ng mga tagalutong Instik (Wiselius 2016, 18; Bowring 1859, 153; Mallat 1983, 301; Rizal 1998, 294). Sa pagpasok sa gallera, batay sa paglalarawan ni Rizal na sinusuportahan naman ng pinta ni José Honorato Lozano, may pahabang pasukan bago pumunta sa mismong arena (Rizal 1998, 294; Lozano 1847, 43). Maaari rin namang isa itong bakuran (MacMicking 1851, 194). Kailangang magbayad sa tagakolekta sa pinto ng “sa-pintû” o “sa pinto,” ang ginamit na termino ni Rizal para sa bayad sa pagpasok at panonood (Rizal w.p., 113). May iba't ibang persepsiyon ang mga dayuhan hinggil sa laki ng gallera. May pagkokompara sa munting kubo, may ikinakabit ding pang-uri “mala-higante,” ngunit tanging si Mallat lamang ang nakapagtantiya ng sukat ng mga haligi ng pinuntahang gallera: 20-25 metro ang taas (D’Almeida 1863, 70; Goncharov 1974, 200; Mallat 1983, 300). Tulad ng isang malaking kuwadradong kubo, gawa sa niyog ang mga haligi nito, may dingding na gawa sa kawayan at dahon ng niyog, pinagdurugtong ang itaas gamit ang mga piraso ng kahoy at kawayan, at kinukumutan ng nipa ang konikal na bubong, na gawa rin sa kawayan (Mallat 1983, 300; Scherzer 1862, 312; Goncharov 1974, 200). May durungawan sa isang bahagi ng bubong upang papasukin ang liwanag (Mallat 1983, 300). Sa kalagitnaan ng sabungan, naroroon ang arena, kadalasang nakataas nang may limang talampakan o “sintaas ng isang tao,” at nababakuran ng kawayan (Bowring, 1859 151-152; Mallat 1983, 300; Scherzer 1862, 312; D’Almeida 1863, 70). Ito ang espasyo para sa mga mananabong at ilang tumataya. Iba pa ang sa mga tumataya at tagamasid, na may sari-sariling “segregasyon” gamit ang mga bakod at baytang. Sa napasukang gallera ni Goncharov (1974, 200), mayroong tatlong hanay ng galeriya para sa mga manonood. Dito, nakipagsiksikan sila upang makapasok sa loob ng “hawla,” o ang nababakurang espasyo para sa manonood, na malapit-lapit sa arena. Sa pinta naman ni José Honorato Lozano (1847, 45), makikita ang ikalawang palapag ng gallera na nararating sa pamamagitan ng hagdan. Gayundin, nakaangat ang ilang upuan sa pinasukang gallera ni Ellis, samantalang malaampiteatro naman ang pinasukang sabungan ni MacMicking, na mula mataas pababa sa arena ang hilera ng mga upuan (Ellis 1859, 122; MacMicking 1851, 194).



**Fig. 4. “Exterior de una Gallera,” nasa Album: Vistas de las Yslas Filipinas y Traces de su Abitantes (1847)**

ni José Honorato Lozano. Hinango mula sa Biblioteca Digital Hispánica ng Biblioteca Nacional de España <<http://bdh.bne.es/bnearch/Search.do?>>



**Fig. 5. "Interior de la Gallera,"** nasa Album: *Vistas de las Yslas Filipinas y Traces de su Abitantes (1847)* ni José Honorato Lozano. Hinango mula sa Biblioteca Digital Hispánica ng Biblioteca Nacional de España <<http://bdh.bne.es/bnearch/Search.do?>>

Maliban sa mismong estruktura, makikitaan din ng iba't ibang persona ang loob ng mga gallera. Ang sabong sa sabungan ay isang sistemang pinatatakbo ng iba't ibang indibidwal na may sari-sariling papel. *Asentistas* ang mga tagapagtayo, umuupa, at tagapamahala ng mga gallera. Kabilang naman sa mga manggagawa sa sabungan ang *casador* o *kasedor* (tagapamahala, promotor, at/o tagapagtimbang ng mga panggitnang taya), *sentenciador* (referee), *largador/soltador* (tagahawak at tagabitaw ng panabong), *keristo* (tagaayos ng mga pusta at tagalikom ng mga taya sa palibot ng sabungan), *tasador* (tagapagpares ng mga panabong, at namamahala sa ulutan), *mananari* (tagapaglagay ng tari), *manggagamot*, at *takihyera* (tagasingil ng bayad sa bungad ng sabungan) (Anima 1977, 9, 19-25; Guggenheim 1982, 19-22; Lansang, 34, 66; Hidalgo 2001, 9-10, 23-25; Aguilar 1998, 50).

### Kasaysayan ng Pagtatayo ng mga Gallera

Bilang isang prominenteng infraestraktura, paano ngayon isinilang ang gallera? Malaking papel ang ginampanan ng pamahalaan dito. Taong 1776 nang pahintulutan, sa atas ni Simon de Anda, ang pagsasabong sa mga pampublikong araw ng pista; tatlong taon matapos nito, 1779, magkakaroon ng pagbubuwis sa mga pagdaraos ng sabong (Bankoff 1991, 275; Jagor 1875, 28; Foreman 1899, 405). Hindi pa masasaksihan ang pagsibol ng mga gallera. Naroroon pa rin ang pagdaraos ng sabong sa mga bukas na espasyo, sa tabi ng mga daan, at, marahil upang magkaroon ng mas maayos na pagmamasad ng mga namamahala, gaganapin ang mga sabong sa plasa, tulad ng sa La Hermita (Bamero 2011, 122). Ang mismong mga asentista ang nagpapagawa nito, nang may konsultasyon sa pamahalaan, kung kaya walang ginagastos ang pamahalaan sa pagpapatayo (Capitulo 1, Artículo 3: *Reglamento* 1861, 1; Basa y Enriquez 1894, 7-8). Taong 1784, ililimita na lamang ang espasyo ng pagsasabong sa mga may lisensiyang sabungan (Bankoff 1991, 275). Mararating nito ang rurok sa pagtitipon ng 100 artículos ng *Reglamento de Galleras*. Prominenteng-prominente rito ang pangunahin at tuwirang paglalalahad ng layunin at mga pagbabawal: umaambag ng pang-estadong rebenyu ang pagsasabong na siyang pamamahalaan ng Real Hacienda, at dahil dito, walang lugar na maaaring pagdausan nito maliban sa mga pampublikong sabungan (Bankoff 1991, 275). Mairaragdag din ang regulasyon sa panahon, kung aling araw ang maaaring pagdausan ng sabong. Idinadaos lamang ito tuwing Linggo, sa araw sa kalendaryo na may dalawa o tatlong krus, araw ng kapanganakan ng monarka, Lunes at Martes ng *Carnestolendas* bago ang Miércoles de Ceniza o *Ash Wednesday*, ikatlong araw ng bawat isa sa tatlong paskuwa ng taon, tatlong araw sa pista ng pambayang patron, at sa mga royal na pista (Capitulo 1, Artículo 6: *Reglamento* 1861, 1; Basa y Enriquez 1894, 9-10). Sa ilang pagkakataon, magagawan nang paraan na maidaos ang pagsasabong sa iba pang araw, dulot ng pakikiusap at pamomolitika ng mga kontratista upang mapahaba pa ang panahon ng legal na

pagsasabong sa inuupahang gallera (Bamero 2011, 124-125). Makikitang nagsasalikop ang mga salik ng regulasyong espasyo-temporal (lugar at panahon) upang itulak sa pinakaposibleng hanggahan ang makukuhang pampinansyang kapakinabangan at maitatag na kaayusan sa pagdaraos ng sabong. Sa ganoong paraan masisilayan ang pagsilang ng gallera sa dapithapon ng dantaon 18 batay sa mga kilos ng pamahalaang kolonyal.

Dulot ng pagsasainstitusyon, monetisasyon, at komersyalisasyon ng kultura, magkakaroon din ng panibagong sosyo-ekonomikong bihis ang pagsasabong. Makikita ang pagbabago sa sosyo-ekonomikong aspekto ng pagsasabong sa gallera sa ugnayan ng komposisyon ng mga tumatangkilik ng sabong at mga espasyong kinalalagyan ng mga tumatangkilik na ito sa loob ng sabungan.

### Gallera, Komposisyon, at Segregasyong Sosyo-Ekonomiko

Sa komposisyon ng mga sabungero (tumataya o mismong may panabong) at manonood, sinasabing isang "demokratisadong espasyo" diumano ang sabungan, kung saan walang anumang distinksyong sosyo-ekonomiko (Lansang, w.p., 9). Sa huling dantaon ng pamamahalang Espanyol, masusuhayan ang ideang ito ng impormasyon ni Mallat (1983, 301), pareho sa uring sosyo-ekonomiko at lahi: "[N]ot only Indios are to be found there but also mestizos, Chinese, and even Spaniards; all ranks and status mingled and confounded; the priests sit beside the military." Tatlo rin ang nakita ni Goncharov (1974, 200) na uri ng mga sabungero: mga Tagal, Intsik, at mestizo. Ayon naman sa tala ni Tomas de Comyn (1969, 76), katutubo lamang ang dumadagsa sa sabong; kakaunti, kung hindi man wala, ang makikitang mga puti. Sa obserbasyon naman ni Wilkes (1916, 478), mga mestizo ang pumupuno sa mga sabungan, na kabilang sa mga gitnang-uri sa sosyo-ekonomikong bahagdan. Gayumpaman, kailangang alamin kung saan nakaposisyon ang mga taong ito, o kung may umiiral bang alokasyon ng lugar para sa lamang sa mga piling uri ng tao sa sabungan. Mula rito, maaari nating basahin ang sabungan na hawig sa paraang inilapat ni Rizal ang lipunang kolonyal: ang imahen ng Bapor Tabo, kung saan makikita ang segregasyong sosyo-ekonomiko (sa kubyerta at sa ilalim nito).

Nagbibigay-idea ang arkitektura ng gallera hinggil sa taglay na segregasyong sosyo-ekonomiko sa loob nito. Maaari itong mahati sa tatlong bahagi. Una, ang mga pagbabakod sa kabuoan ng gallera: ang bakod sa pagitan ng mga tumataya at ng arena; ang taas sa pagitan ng una at ikalawang palapag ng gallera na naakses lamang sa pamamagitan ng hagdan; at ang mga dingding ng gallera, na ang tanging lagusan lamang ay ang pintong pasukan na tinatauhan ng mga maniningil ng sa-pinto o bayad sa panonood. Ikalawa, ang distansiyang horizontal, na tumutukoy sa distansiya mula sa arena ng sabungan kung saan naglalaban ang mga panabong, hanggang sa posisyon ng manonood na nasa parehong level ng arena, sa pahalang na direksyon. Ikatlo, ang distansiyang vertical, o ang elevation, na tumutukoy sa distansiya mula sa arena ng sabungan hanggang sa posisyon ng manonood na nasa mas mataas na level o palapag ng gallera, sa direksyong pataas.

Isa sa mga pangunahing papel ng pagbabakod ay upang mapanatili ang katiwasayan. Isa sa mga unang bakod ay ang mismong panlabas na katawan ng gallera, ang dingding nito, na mapapasok lamang ng mga may kakayahang magbayad. Ayon sa Artículo 11 ng *Reglamento*, bawal pumasok ang walang nakahandang pera (Capitulo 1, Artículo 11: *Reglamento* 1861, 1; Basa y Enriquez 1894, 10). Ayon naman sa paliwanag ni Basa y Enriquez (1894, 10-11), "Ang dahilan para sa pagbabawal na ito ay upang maiwasan ang kasawian ng mga manlalaro, dahil sila'y naglalaro nang nakakredito, o may *vales* (vouchers), o *pagarés* (promissory notes), madaling ipinagsasapalaran ang tanang yaman ng isang tao."<sup>18</sup> Nagpapataw ng katiwasayan ang mga bakod sa siksikan, maingay, at magulong kalikasan ng sabong. Ibinubukod din nito ang mga may kakayahang pampinansya na lumahok sa sugal at palabas na ito.

<sup>18</sup> "La razón de esta prohibición es la de evitar la ruina de los jugadores, por que jugándose al fiado, ó con vales, ó pagarés, facilmente arriesga una persona su fortuna toda." Akin ang salin.

Sa pagkabuo ng mga galleria nagsimula ang pagbabaytang ng espasyo ng sabungan. Hindi ito tulad ng pagsasabong sa bukas na espasyo, kung saan nasa parehong level ang lahat (ang level ng lupa), walang pagbabaytang sa pamamagitan ng paglalagay ng mga palapag, at tinatampok lamang ang distansiyang horizontal na sanhi ng pag-iiba-iba ng posisyon at tanaw ng mga manonood at manlalaro. Kombinasyon ng distansiyang horizontal at vertical ang nasa galleria. Kakabit din ng distansiyang vertical ang segregasyong sosyo-ekonomiko, sapagkat espesyal na lugar ang ikalawang palapag (o higit pa) o ang nakataas na bahagi o upuan ng sabungan. Sa malakamerang pagsasalaysay nina MacMicking at Goncharov (kasama sina Baron Kridner at Frenchman R), umakyat sila ng hagdanan para makarating sa ikalawang palapag ng galleria (MacMicking 1851, 194; Goncharov 1974, 200). Sasabihin ni Mallat na mga “pribilehiyadong manlalaro” ang mga nasa lugar na ito (Mallat 1983, 300). Ayon naman sa sipi ni Bowring (1859, 152) kay P. Manuel Buzeta, binabayaran ng mga manonood ang mga espasyo ayon sa lapit at kaghinaan. Sa tala ni De Comyn (1969, 76), may ekstrang bayad para sa pinakamaing na upuan. Tinukoy naman ni Mallat (1983, 300) na para magpareserba ng paboritong puwesto sa bahaging mas mataas ng tatlong talampakan, nagbabayad ang mga naganais ng kalahating real. Naglagay naman ng kaisipan ng pampublikong pagturing si Ellis (1859, 122) sa kaniyang sipi: “The pit you find about the centre of the building; a large circular space, surrounded by raised seats, for the more respectable proportion of the attendance; the lower part, separated by rails from the mob, and with one or two reserved seats within for judges and other privileged individuals, including not unfrequent strangers...”

Ang pagiging bukas (“demokratisado”) ng galleria ay kamamalasan din ng estratipikasyong panlipunan para sa mga sabungero (ang tumataya at ang may panabong). Tambal-salungat kung gayon ang arkitektura ng sabungan: bagama’t ipinahihiwatig nito ang pagkakapantay-pantay ng mga sabungero’t manonood, sa katunaya’y may pagtatangi at pagbubukod ito batay sa pang-ekonomiyang kalagayan (at maging uri ng lahi) na makikita sa mga piling espasyo kung saan nakatalaga ang mga espesipikong tipo ng manonood at sabungero.

### Sabong at mga Usaping Pangkasarian

Labas sa estratipikasyong ito ng tila mikrokosmo ng diumano’y “demokratisadong” maskulinong lipunan ang kababaihan. Ang sitwasyong ito ay higit pa sa hindi pag-ako ng responsabilidad sa asawa at anak ng mga sabungerong mas maraming oras sa kanilang mga panabong. Nakasaad sa Capitulo III, Artículo 27 ng *Reglamento de Galleras* na ipinagbabawal ang pagpasok ng kababaihan sa mga sabungan (*Reglamento* 1861, 3; Basa y Enriquez 1894, 19). Sinuhayan pa ito ng obserbasyon ni Goncharov (1974, 200): “Women could not sit in these open galleries, especially the upper ones; the spectacle was for men only. Men and cocks—no women and not a single hen.” Nagbigay naman ng alternatibo si Wiselius (2016, 18, 20): “You will not find women inside the arena; they are not allowed. If they want to bet or have their roosters fight, they will have to rely on a trusted friend.”

Sinasabi ba ng ganitong pangkasaysayang katotohanan na ang pagsasabong ay isang kulturang mapagsantabi ng kasarian, o sadyang nakabatay lamang sa hilig ng partikular na kasarian? Maaari itong tingnan bilang sadyang hilig din lamang ng isang partikular na kasarian na pumili ng sarili nitong tipo ng aliwan o libangan. Sa panahon ng pamamahalang Espanyol, kilalang sugal ng kababaihan ang mga laro sa baraha, tulad ng *panguingue*. Isang interesanteng obserbasyon sa tanyag na akdang kolonyal, ang *Pag susulatan ni Urbana at ni Feliza* (1864), ay ang kawalan ng pagbanggit sa sabong. Hindi nga naman tutugma sa karakter ng isang ideal na lalaki, sa konserbatibong pananaw, (sa katauhan ni Amadeo, ang esposo ni Feliza) ang maging isang sabungero. Maaaring iminumungkahi ng katahimikan tungkol sa sabong ng akda na mas dominante sa teksto ang pananaw at kaligirang pambabae (bagama’t lalaki ang may-akda nito). Gayumpaman, naglatag naman ang akda ng isang alternatibo sa ika-19 na sulat, “Aliwan” (De Castro 1864, 81-84). Tinuturuan ang batang Honesto, sa lunang pinamamayanihan ng tinig at oryentasyong pambabae (sa pagpapayo ni Urbana), ng aliwang

nagpapahiwatig ng sugal sa baraha, bagama’t hindi ito tahasang pinangalanan. Bagama’t pinapayagan naman ang mga hijo sa sabungan kapag kasama may kasamang nakatatanda, hindi ito mababanggit na ipagbabawal sa akda. Isang preliminaryong hinuha ang mailalatag sa katahimikang ito sa teksto: may sari-sariling espasyo ng aliwan ang kalalakihan at kababaihan sa higit na “konserbatibong” kolonyal na kaayusan.

### KONGKLUSYON

Isang malaking durungawan sa nakaraan, kung susuriin, ang mga tala ng mga dayuhan. Masasabing ang bagong ambag ng papel na ito sa kasaysayan ng sabong noong panahon ng pamamahalang Espanyol ay ang pagsinop sa mga hindi pa gaanong pinagtutuonang mga primaryang batis. Sa 17 na dayuhang tagapagtala na naitampok dito, 2 lamang ang mababasa kay Guggenheim (1982), 2 (Espanyol, hindi ibang Europeo o Amerikano) kay Reid, (1988), 7 kay Bankoff (1991), 1 kay Aguilar (1998), at 1 kay Bameró (2011).<sup>19</sup> Sa kabuoan, 7 mga tala ng dayuhan lamang ang pagbabatayan ng mga naturang pananaliksik (Goncharov, Marche, Scherzer, Wilkes, Marrayat, Jagor, Gironière), kasama ng ilan ding tagapagtalang Espanyol o naglilingkod sa Espanya, na mga pari o opisyal, tulad nina Antonio Pigafetta, Andres de Urdaneta, Antonio de Morga, Sinibaldo de Mas, Tomas de Comyn, Gómez Pérez Dasmariñas, Joaquin Martínez de Zuñiga, at iba pa. Gayundin, halos lahat ay bumabalik sa deskripsiyon ni Rizal sa *Noli Me Tangere*. Kinilala ng pananaliksik na ito ang ambag nina Mallat, Bowring, D’Almeida, Ellis, Palgrave, Stevens, MacMicking, Man, Wiselius, at Foreman, at hindi lamang hinggil sa pagsasabong ang kanilang maibabahagi, kundi hinggil sa iba’t iba pang aspekto ng lipunang kolonyal, na nagbubukas ng iba pang larang para sa mga susunod na pananaliksik.

Kinasangkapan ang mga tala ng dayuhan na naglalaman ng mas malinaw at makulay na mga hulagway ng isang kulturang nagpapatuloy hanggang sa kasalukuyan. Sa pagpopook nito sa kaligiran ng huling dantaon ng pamamahalang Espanyol, makikita ang ruok ng “kolonyalisasyon” ng katutubong kulturang dumanas ng mahabang panahon ng pagbabago, eksperimentasyon, at paghubog. Nagdulot ng malaking pagbabago ang pagsasainstitusyon ng sabong: nagkamit ng karagdang rebenyu ang pamahalaan at nakapaglaan ng panustos sa mga lokal na pagawaing-bayan; isinilang ang galleria na naging espasyo ng ambivalenteng nagbibigay-kapangyarihan habang nagpapataw rin ng restriksiyon at regulasyon sa mga kalahok sa sabong; umusbong ang mga terminong pansabong na ginagamit pa sa mga sabungan hanggang sa kasalukuyan. Kikilalanin ito sa panahon ng Republika bilang isang “lunsaran ng pangangalaga at pagpapanatili ng katutubong pamanang Filipino, at kung gayo’y nagpapainam ng ating pambansang pagkakakilanlan” (“Cockfighting Law” 1974, ikalawang talata).

Sa harap ng mga panlipunang pagpuna o panunuligsa mula sa mga tagalabas at tagaloob ng kolonya, at sa gitna ng pagiging mapili at mahigpit ng galleria, naninimbang sa lubid ng kapangyarihan ang mga sabungero. Patuloy niyang naisasagawa ang gawi, laro, at sugal na labis niyang kinahuhumalingan, na may dalawang nagtatalabang puwersa: sa isang banda, ito ay isang paggigiit ng kaniyang katutubong kaakuhan na may ugat sa malayong nakalipas, at sa kabila, pagpapasailalim naman sa kapangyarihang kolonyal na kaniya namang kinalalagyan.<sup>20</sup> Sa pagbabalik sa obserbasyon ni Tomas de Comyn (1969, 76), sa malawakang pagtangkilik ng mga sabungerong indio sa sabong, mahihiwatigan ang pagsalungat at pagtatangkang bawasan ang pagsasantabi ng

<sup>19</sup> Guggenheim (1982, 33-35); Goncharov, Scherzer; P. Joaquin Martínez de Zuñiga (tagapagtalang Espanyol na sinipi rin); Pigafetta (sinipi rin); Reid (1988, 194); San Agustin at Dasmariñas (mga tagapagtalang Espanyol). Aguilar (49); Goncharov. Bankoff (1991, 273-275); Goncharov, Marche, Scherzer, Wilkes, Marrayat, at Jagor (sinipi); Gironière (inilista); Sinibaldo de Mas, Tomas de Comyn, Antonio Morga, Manuel Buzeta (mga tagapagtalang Espanyol na sinipi rin). Bameró (2011, 117-128); Jagor (sinipi). Sa lahat ng mga nabanggit na pag-aaral, mapapahalagahan ang pananaliksik ni Bankoff sa heuristikong yaman ng datos at kislap-diwa para sa mga susunod na mananaliksik hinggil sa sabong o iba pang sugal.

<sup>20</sup> Mainam na ihanay ito sa kongklusyon ni Aguilar (1998, 50): “So, in the cockpit, Spanish and indigenous forms and concepts melded, allowing the experience of colonial administration to be both accepted and rejected, inverted and reinverted, objectified and internalized by the subjugated natives. Thus, within the very space seemingly under full Spanish control, the natives could enjoy a subtle subversion of the colonial order, although, paradoxically, the same event also legitimated the colonial power structure.”

kolonyal na kaayusan sa kanilang batayang kalinangan. Ito ang higit na nais itampok sa papel na ito. Sa kabila ng mga pagpuna sa ilang aspekto ng institusyonalisasyon ng sabong (pag-uuri ng mga tao sa gallera, pagsasantabi sa kababaihan), patunay pa rin ang pag-iral ng sabong ng pakikitunggali ng mga sinakop na indio sa pamamagitan ng paggigiit ng kanilang kultura. Mga sabungerong indio ang nagdomina sa mga tagpuan ng pagsasabong, legal man o hindi, at mananatiling tagapagmasid lamang ang dayuhang bagama't nagtatangkang unawain ang kaniyang pinapanood ay hindi maikakailang tiwalag sa inoobserbahang kultura. Bagama't nakayuko sa dayuhang mananakop na nagmamatyag at gumagahum, alam ng sabungerong indio na may bahagi siya ng kaniyang sarili na matutunghayan sa kaniyang mahal na sasabungin, na naroon sa pusod ng arena, lumulusob, sumasagupa't dumadagok nang buong tapang at ringal sa pakikipaglaban.

## SANGGUNIAN

- Aguilar, Filomeno V. Jr. 1998. *Clash of Spirits: The History of Power and Sugar Planter Hegemony on a Visayan Island*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press.
- Anima, Nid. 1977. *In Defense of Cockfighting*. Lungsod Quezon: Omar Publications.
- Bamero, Alma N. 2011. *Municipal Franchises on Rest, Leisure and Recreation: The Intendencia and its Control over Social Activities in Manila, 1819-1895*, disertasyon, PhD Kasaysayan. Unibersidad ng Pilipinas Diliman.
- Bankoff, Greg. 1991. "Redefining Criminality: Gambling and Financial Expediency in the Colonial Philippines, 1764-1898." *Journal of Southeast Asian Studies* 22 (2): 267-281.
- Basa y Enriquez, José. 1894. *Reglamento de Galleras, con Explicaciones y Comentarios: Obra Util para Asentistas, Sentenciadores, Soldadores, y Galleros*, primera edición. Maynila: Imprenta "Amigos del País"
- Bergaño, Diego. 1860. *Vocabulario de la Lengua Pampanga en Romance*. Maynila: Libreria de J. Martinez; Imprenta de Ramirez y Giraudier [reimpreso].
- Bowring, John. 1859. *A Visit to the Philippines*. London: Smith, Elder, & Co.
- Carro, Andrés. 1888. *Vocabulario Iloco-Español*, 2.º edición. Maynila: Establecimiento Tipo-Litografico de M. Perez, Hijo.
- "Cockfighting Law of 1974" (Presidential Decree No. 449). 4 Mayo 1974.
- D'Almeida, Anna. 1863. *A Lady's Visit to Manila and Japan*. London: Hurst and Blackett, Publishers.
- De Castro, Modesto. 1864. *Pag susulatan ni Urbana at ni Feliza, na Pag caca-alaman nang Magandang Asal, na ucol sa Pag barap sa Capoua Tano*. Maynila: Imp. del Colegio de Sto. Tomás.
- De Comyn, Tomas. 1969. *State of the Philippines in 1810: Being an Historical, Statistical and Descriptive Account of the Interesting Portion of the Indian Archipelago*. Manila: Filipiniana Book Guild.
- De la Encarnacion, Juan Félix. 1885. *Diccionario Bisaya-Español*, tercera edición. Maynila: Tipografía de Amigos del País.
- De Noceda, Juan, at Pedro de Sanlucar. 1832. *Vocabulario de la Lengua Tagala*. Valladolid: Imprenta de Higinio Roldan.
- De San Agustin, Gaspar. 1906. "Letter on the Filipinos," nasa *The Philippine Islands, 1493-1898*, tomo 40 (1690-1691), inedit nina Emma H. Blair at James A. Robertson, 183-280. Cleveland: The Arthur H. Clark Company.
- De San Jose, Francisco. 1835. *Memorial de la Vida Christiana*. Walang lugar: Imprenta de D. Jose Maria Dayot.
- Ellis, Henry T. 1859. *Hong Kong to Manila and the Lakes of Luzon, in the Philippine Isles, in the Year 1856*. London: Smith, Elder and Co.
- Eugenio, Damiana L. 2001. *Philippine Folk Literature: The Epics*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press.
- Foreman, John. 1899. *The Philippine Islands: A Political, Geographical, Ethnographical, Social and Commercial History of the Philippine Archipelago and its Political Dependencies, Embracing the Whole Period of Spanish Rule*, ikalawang edisyon. New York: Charles Scribner's Sons.
- Gironière, Paul Proust de la. 1854. *Twenty Years in the Philippines*. New York: Harper & Brothers.
- Geertz, Clifford. 2005. "Deep Play: Notes on the Balinese Cockfight." Nasa *Ways of Reading: An Anthology for Writing*, inedit nina David Bartholomae at Anthony Petrosky, 271-309. Boston, Massachusetts: Bedford/ St. Martin's.
- Goncharov, Ivan. 1974. "The Voyage of the Frigate Pallada." Nasa *Travel Accounts of the Islands (1832-1858)*, 153-214. Manila: Filipiniana Book Guild.
- Guggenheim, Scott. 1982. "Cock or Bull: Cockfighting, Social Structure, and Political Commentary in the Philippines." *PILIPINAS: A Journal of Philippine Studies*, III (1): 1-37.
- Hall, Kenneth R. 2011. *A History of Early Southeast Asia: Maritime Trade and Societal Development, 100-1500*. Lanham: Rowman & Littlefield.
- Hidalgo, Antonio A. 2001. *Travesia Tips and Cockpit Stories*. Lungsod Quezon: Milflores Publishing, Inc.
- Jagor, Fedor. 1875. *Travels in the Philippines*. London: Chapman and Hall.
- Juanmarti, Jacinto. 1892. *Diccionario Moro-Maguindanao-Español*. Maynila: Tipografía "Amigos del País."
- Jularbal, Io M. 2014. "Studying the Discourses of Colonial Travel Writings on the Cordilleras through Rhetorical Analysis: An Analysis of Frey Benito Herosa's 'A Brief Exposition of the Land and Character of the Pagans called Igorots: Their Customs, Manners, and Habits' (1780)." Nasa *Unsettling Discourses: The Theory and Practice of Indigenous Studies: Proceedings of the 2013 International Seminar-Workshop on Indigenous Studies*, 287-302. Baguio: Cordillera Studies Center at Tebtebba Foundation.
- Junker, Laura Lee. 2000. *Raiding, Trading, and Feasting: The Political Economy of Philippine Chiefdoms*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press.
- Lagda sa Pagca Maligdon sa Tanong Bisaya, sa Nagacalain-lain nga mga Cahimtang ug Pagcabutang sa isang Quinabubi*. 1865. Ikalawang edisyon. Binondo: Imprenta de M. Sanchez y C.a.
- Lansang, Angel J. w.p. *Cockfighting University: Past and Present Outlook of our National Pastime*. Walang tagapaglimbag.

- Lozano, José Honorato. 1847. *Album: Vistas de las Yslas Filipinas y Traces de sus Abitantes*. Walang tagapaglimbag. *Biblioteca Digital Hispánica- Biblioteca Nacional de España*, isinangguni 12 Hunyo 2017 sa <http://bdh-rd.bne.es/viewer.vm?id=0000105391>.
- MacMicking, Robert. 1851. *Recollections of Manilla and the Philippines during 1848, 1849, and 1850*. London: Richard Bentley, New Burlington Street.
- Man, Jean de. 1984. *Recollections of a Voyage to the Philippines*. Isinalin ni E. Aguilar Cruz. Maynila: National Historical Institute.
- Marche, Alfred. 1970. *Luzon and Palawan*. Isinalin nina Carmen Ojeda at Jovita Castro. Maynila: The Filipiniana Book Guild.
- Marryat, Frank S. 1974. "Borneo and the Archipelago," nasa *Travel Accounts of the Islands (1832-1858)*, 123-152. Manila: Filipiniana Book Guild.
- Mallat, Jean. 1983. *The Philippines: History, Geography, Custom, Agriculture, Industry, and Commerce of the Spanish Colonies in Oceania*. Isinalin ni Pura Santillan-Castrence. Maynila: National Historical Commission.
- Mojares, Resil B. 1983. *Origins and Rise of the Filipino Novel: A Generic Study of the Novel until 1940*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press.
- Murillo Velarde, Pedro, Francisco Suarez, at Nicolás dela Cruz Bagay. 1734. "Carta Hydrographica y Chorographica de las Yslas Filipinas Dedicada al Rey Nuestro Señor por el Mariscal d. Campo D. Fernando Valdes Tamon Cavall° del Orden de Santiago de Govor. Y Capn. Hecha pr. el Pe. Pedro Murillo Velarde dla. Compª d. Ihs. Cathco. d. De Canones sobre los Mapas y Relaciones mejores que han salido, y observaciones del Author ; delineavit Nicolas de la Cruz Bagay Indio [Tagalo en Manl. Año 1734]." *Biblioteca Digital Hispánica- Biblioteca Nacional de España*, isinangguni 13 Marso 2018. <http://bdh-rd.bne.es/viewer.vm?id=0000024007>
- Palgrave, W. Gifford. 1973. *Life in the Philippines One Hundred Years Ago*. Inedit ni Austin Craig Mandaluyong: Jorge B. Vargas Filipiniana Foundation.
- Peréz Dasmariñas, Gómez. 1958. "The Manners, Customs, and Beliefs of the Philippine Inhabitants of Long Ago; being chapters of 'A Late 16th Century Manila Manuscript', transcribed, translated and annotated." Sinipi, sinalin at nilapatan ng anotasyon nina Carlos Quirino at Mauro Garcia. *The Philippine Journal of Science* 87 (4): 325-453.
- Pigafetta, Antonio. 1906. *Magellan's Voyage Around the World*, tomo II. Isinalin ni James Alexander Robertson. Cleveland: The Arthur H. Clark Company.
- Philippine Encyclopedia of the Social Sciences*. 1993. Lungsod Quezon: Philippine Social Science Council.
- Reglamento para el regimen de las galleras*. 21 Marso 1861. Administración General de Rentas Estancadas de Filipinas. Madrid, España. 38 pahina.
- Reid, Anthony. 1988. *Southeast Asia in the Age of Commerce 1450-1680: The Lands Below the Winds*, tomo 1. New Haven and London: Yale University.
- Rizal, José. 1961. "Tungkol sa Katamaran ng mga Pilipino," nasa *Mga Akdang Pampulitika at Pangkasaysayan*, 261-303. Maynila: Pambansang Komisyon ng Ikasandaang Taon ni Jose Rizal.
- Rizal, José. w.p. *Noli Me Tángere (Novela Tagala): Ilustrada con anotaciones de R. Sempau*, ikatlong edisyon, ikalawang tomo. Nilapatan ng anotasyon ni R. Sempau. Barcelona: Casa Editorial Maucci.

- Rizal, José. 1998. *Noli Me Tangere*. Isinalin at nilapatan ng anotasyon ni Virgilio S. Almario. Lungsod Quezon: Adarna House.
- Robles, Eliodoro G. 1969. *The Philippines in the Nineteenth Century*. Quezon City: Malaya Books Inc.
- Sanchez de la Rosa, Antonio. 1895. *Diccionario Bisaya-Español*. Maynila: Tipo-Litografía de Chofré y Comp.
- 1895. *Diccionario Hispano-Bisaya para las Provincias de Samar y Leyte*. Maynila: Tipo-Litografía de Chofré y Comp.
- Sarmiento, Clara. 2010. "A Lady's Visit to Manilla and Japan: Gender, Travel and Intercultural Representations." Nasa *From Here to Diversity: Globalization and Intercultural Dialogues*, inedit ni Clara Sarmiento, 3-30. Newcastle upon Tyne: Cambridge Scholars Publishing.
- Scherzer, Karl von. 1862. *Narrative of the Circumnavigation of the Globe by the Austrian Frigate Novara, (Commodore B. von Wüllerstorff-Urbair,) undertaken by Order of the Imperial Government, in the Years 1857, 1858, & 1859, under the Immediate Auspices of his I. and R. Highness the Archduke Ferdinand Maximilian, Commander-in-Chief of the Austrian Navy*, tomo II. London: Saunders, Otley, and Co.
- Stevens, Joseph Earle. 1898. *Yesterdays in the Philippines*. New York: Charles Scribner's Sons.
- Thomas, Keith. 1983-4. *Man and the Natural World: Changing Attitudes in England 1500-1800*. Middlesex, England: Penguin Books Ltd.
- Travel Accounts of the Islands (1832-1858)*. Manila: Filipiniana Book Guild, 1974.
- Wiselius, J. A. B. 2016. *A Visit to Manila & its Environs*. Isinalin ni Geert van den Linden. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila Press.
- Wilkes, Charles. 1916. "Manila and Sulu in 1842." Nasa *The Former Philippines thru Foreign Eyes*, inedit ni Austin Craig, 459-529. Maynila: Philippine Education Co., Inc.

## ***Si Kapitan Andres Novales at ang Kaniyang Pag-aalsa noong 1823***

*Palmo R. Iya*

### **ABSTRAK**

Maituturing ang unang mga dekada ng dantaon 19 sa Kasaysayan ng Filipinas bilang panahon ng pag-iral ng hidwaan at kawalan ng pagtitiwala sa isa't isa ng dalawang uri ng mga Espanyol – ang mga *peninsulares* at ang mga *creoles*. Mga Espanyol na ipinanganak sa Espanya, ang mga *peninsulares* ang nasa tuktok ng piramideng panlipunan at siyang nabibigyan lamang ng matataas at piling posisyon sa pamahalaang sibil at organisasyon ng simbahan. Sa kabilang banda, ang mga *creoles* o *insulares* na mga Espanyol din naman ngunit ipinanganak sa Filipinas (o alinmang kolonya) ay itinuturing na mababa kaysa una.

Sa panahong ang dalawang uri ng mga Espanyol na ito ay nagbabanggaan, lumantad ang pangalan ni Kapitan Andres Novales, isang creole na nag-alsa noong 1823 at nagproklama sa sarili bilang “Emperador ng Filipinas” ngunit sa kasamaang-palad ay nahuli at hinatulan ng kamatayan ng hukumang militar. Tatangkain ng saliksik na ito na maipakilala si Novales at maisakonteksto ang kaniyang buhay, gayundin ang pag-aalsang kaniyang pinangunahan. Gamit mga primarya at sekundaryang batis na nagtatampok sa buhay at pag-aalsa ng nasabing creole, susuriin sa pag-aaral ang mga pangunahing dahilan sa pagkakaroon ng pag-aalsa at ng mga ibinunga ng nasabing pangyayari. Makatutulong ang saliksik na ito hindi lamang sa pagkakaroon ng kabuoang pagtingin sa tradisyon ng mga pag-aalsa at himagsikan sa Filipinas, kundi higit sa lahat, sa pagpapahalaga sa papel ng mga *creoles* sa kasaysayan ng Himagsikang Filipino sa kanilang paghahangad ng katarungan at pagkakapantay-pantay sa mga *peninsulares* na Espanyol.

**Mga Susing Salita:** *creoles, insulares, peninsulares, pag-aalsa, himagsikan*

### **INTRODUKSIYON**

Kapag pinag-uusapan ang diwa ng pag-aalsa at himagsikan sa Kasaysayan ng Filipinas, malimit ang naaalala at napahahalagahan lamang ay yaong mga pag-aalsang pinangunahan ng mga taal na katutubo gaya ng mga dating pinunong datu/raja at mga babaylan na tahasang tumutol sa pananakop, sa relihiyong Katolisismo (Kristiyanismo) at pagmamalabis ng mga dayuhang Espanyol gaya nina Lapu-Lapu, Sulayman, Lakan Dula, Magat Salamat, Magalat, Tamblot, Bankaw, Tapar, Sumoroy, Francisco Maniago, Andres Malong, Pedro Almazan, Francisco Dagohoy, mag-asawang Diego at Gabriela Silang, Juan de la Cruz Palaris, Apolinario de la Cruz (Hermano Pule), at iba pa.

Ang ilan sa kanila (gaya nina Dagohoy, mag-asawang Silang, at Hermano Pule) ay mga katutubong tumanggap na ng mga halagahan at kulturang Espanyol (Kanluranin) ngunit nag-alsa sapagkat pinagkaitan naman ng mga karapatan at pribilehiyo na makibahagi sa sistemang kolonyal. Naging tanyag ang pag-aalsang agraryo noong 1745 na kinasangkutan ng mga lalawigan sa paligid ng Maynila tulad ng Cavite, Laguna, Batangas, Bulacan, at Morong (Rizal). Sa kanilang artikulong “Pakikibaka ng Bayan” na bahagi ng aklat na *Kasaysayang Bayan: Sampung Aralin sa Kasaysayang Pilipino*<sup>1</sup>, ipinakilala nina Ferdinand C. Llanes at Rhina A. Boncocan (2005, 141) ang pag-aalsang agraryo noong 1745 bilang kauna-unahang organisadong ekspresyon ng galit ng mga Filipino laban sa mga prayleng Espanyol at itinuring pang isa sa pinakamapanganib na pag-aalsa dahil sa lapit ng rebelyon sa pusod ng kolonya.

Naisasama na rin sa aklat ng ating kasaysayan ang pakikibaka ng mga pamayanang etniko para sa kanilang kalayaan laban sa mga mananakop na Espanyol tulad ng pakikibaka ng mga taga-Cordillera ng Hilagang Luzon, mga Ilongot at Ibanag ng Nueva Vizcaya at Isabela, at mga lumad sa bundok at interyor na mga lugar sa Kabisayaan at Kamindanawan. Maging ang matagumpay na pakikibaka ng sultanato sa Mindanao ay lantad na sa mga teksbuk ng Kasaysayan sa Filipinas. Higit sa lahat, pinakasentro ng ikutang pangyayari sa ating kasaysayan, ang Pambansang Himagsikan noong 1896 na nilahukan ng mga Anak ng Bayan sa pangunguna ni Gat Andres Bonifacio. Pinagalaw ang himagsikang ito ng mga kaisipan at ideolohiyang namana mula sa Kilusang Sekularisasyon ng mapanghimagsik at makabayang kaparian (na kinatawan nina Padre Mariano Gomez, Jose Burgos, at Jacinto Zamora), Kilusang Propaganda at Repormista na hinubog ng kaisipang ilustrado, at sa Kilusang Katipunan na pinamunuan ng mga taal na intelektuwal (Gripaldo et al. 2005, 126-134).

Gayumpaman, dapat isaalang-alang na ang mga pag-aalsa laban sa mapaniil at di-makatarungang pamamalakad ng mga Espanyol sa Filipinas ay ginampanan hindi lamang ng mga taal na katutubo kundi maging ng mga *creoles* din lalong-lalo na noong unang bahagi ng dantaon 19. Maituturing ang unang mga dekada ng dantaon 19 sa kasaysayan ng Filipinas bilang panahon ng pag-iral ng hidwaan at kawalan ng pagtitiwala sa isa’t isa ng dalawang uri ng mga Espanyol – ang mga *peninsulares* at ang mga *creoles* (Zaide 1994, 196). Mga Espanyol na ipinanganak sa Espanya, ang mga peninsulares ang nasa tuktok ng piramideng panlipunan at siyang nabibigyan lamang ng matataas at piling posisyon sa pamahalaang sibil at organisasyon ng simbahan. Sa kabilang banda, ang mga *creoles* o *insulares* ay mga Espanyol din naman ngunit ipinanganak sa Filipinas (o alinmang kolonya). Tinatawag ding mga “hijos del pais,” itinuturing silang mababa kaysa mga *peninsulares* at maaaring humawak lamang ng posisyong *alcalde, gobernadorcillo*, o kaya’y mabababang posisyon sa burukrasyang sibil (Gripaldo et al. 2005, 110). Kung sa hukbo, ang mga *creoles* ay nakakahawak ng posisyon na hanggang kapitan lamang. Noong dantaon 19, naging tagapagtaguyod sila ng mga kaisipang liberal at nanguna rin sa mga pag-aalsa dahil sa naranasan nilang diskriminasyon mula sa mga peninsulares na Espanyol (Nolasco 1970, 86). Kung gayon, mahalagang tasahin ang kanilang naging papel at kontribusyon sa lipunang Filipino sa larang ng kanilang pakikibaka para makamit ang hinahangad na katarungan at pagkakapantay-pantay laban sa mga naghari-hariang peninsulares sa kapuluan.

Sa mga pag-aalsang pinangunahan ng mga *creoles* sa bansa, isa sa mga napabantog ay ang kinasangkutan ni Kapitan Andres Novales, isang sundalong *creole* na nagproklama bilang “Emperador ng Filipinas” noong 1823. May ilang historyador na ang nagbanggit sa pag-aalsa ni Kapitan Novales ngunit kakaunti lamang ang naibigay na impormasyon tungkol sa kaniyang pagkatao at sa kalikasan ng ginawa niyang pag-aalsa. Ilan sa mga ito ang tala ni Gregorio F. Zaide (1990, 308-313) hinggil sa nasabing Kapitan na matutunghayan sa kaniyang *Documentary Sources of Philippine History*. Dito’y inilalahad lamang ni Zaide ang istorya ng pag-aalsa ni Novales batay sa nakalap niyang akawnt mula kay Dr. Paul P. de la Gironiere, isang manggagamot na Pranses na nakasaksi sa pag-aalsa ni Novales at kaibigan din ng Kapitan. Walang pagtalakay ang dokumento tungkol sa buhay ni Novales bago ang kaniyang ginawang pag-aalsa noong 1823. Naitala rin ni Sonia M. Zaide (1994, 197-199) ang istoryang ito ng pag-aalsa ni Novales sa kaniyang aklat na *The Philippines: A Unique*

<sup>1</sup> Sa aklat na ito, ginamit ang ispelang na “Pilipino.” Samantalang “Filipino” naman ang ginamit ng may-akda sa kaniyang naratibo.

*Nation*, subalit kagaya ng kaniyang ama, wala rin siyang ginawang pag-aaral sa buhay ni Novales bago ang pangyayari noong 1823.

May pagbanggit naman si Eliodoro G. Robles (1969, 36) tungkol sa pag-aalsa ni Kapitan Novales na nagpapaliwanag nang bahagya kung bakit siya nag-alsa at kung ano ang naging kinahinatnan ng kaniyang pakikipaglaban sa mga peninsular na Espanyol. Subalit tulad ng mag-amang Zaide, wala ring pagbanggit si Robles tungkol sa buhay ng Kapitan bago ang pag-aalsa noong 1823. Sa kabilang banda, makatutulong ang pananaliksik na ginawa ni Clarita T. Nolasco (1970, 91-99) sa pag-unawa ng pag-aalsa ni Novales hindi lamang dahil malinaw niyang nailahad ang iba’t ibang dahilan ng pag-aalsa ng sundalong *creole*, bagkus tinangka niya ring siyasatin kung anong uri ng *creole* si Novales. Gayumpaman, tahimik si Nolasco hinggil sa buhay ni Novales bago ang 1823.

Bagama’t hindi pa lubos na kilala ng maraming Filipino si Kapitan Novales, masasabing unti-unti na ring pinahahalagahan ang ambag niya sa kasaysayan. Katunayan, ipinangalan na sa kaniya ang isa sa mga kalye sa Intramuros. Hindi ito nakapagtataka sapagkat sa lahat ng mga pag-aalsang ginawa ng mga *creoles* sa Filipinas, ang pinangunahan niyang kudeta ang kinikilalang pinakaseryoso at pinakamapanganib na pag-aalsa laban sa kapangyarihang Espanyol (Zaide 1990, 308-309). Tatangkain ng saliksik na ito na maipakilala si Novales at maisakonteksto ang kaniyang buhay, gayundin ang pag-aalsang kaniyang pinangunahan. Gamit ang mga primarya at sekundaryang batis na nagtatampok sa buhay at pag-aalsa ng nasabing *creole*, susuriin sa pag-aaral ang mga pangunahing dahilan ng pag-aalsa at ang mga ibinunga ng nasabing pangyayari. Sisiyasatin din ang pakikilahok ng mga *creoles* sa tradisyon ng himagsikan sa Filipinas nang sa gayon ay mapahalagahan ang kanilang ginampanang papel sa kasaysayan. Samakatwid, makatutulong ang saliksik na ito sa pagpapalawak at sa pagkakaroon ng mas buong pagtingin sa tradisyon ng mga pag-aalsa at himagsikan sa Filipinas na ginalugad na ng mga naunang mananaliksik gaya nina Teodoro M. Kalaw (1969) at Zaide (1968), halimbawa. Sinuri ng kanilang mga akda ang “Himagsikang Filipino” na pinangunahan at nilahukan ng mga katutubo, ilustrado, at masang Filipino<sup>2</sup> simula sa kampanya sa reporma ng mga ilustradong Propagandista hanggang sa partisipasyon ng mga Katipunero at rebolusyonaryo sa pangunguna nina Gat Andres Bonifacio at Hen. Emilio Aguinaldo. Kagaya ng pag-aaral nina Kalaw at Zaide, ang pagsusuri ni Manuel F. Martinez (2002) sa “Himagsikang Filipino” ay sumentro lang din naman sa kontribusyon at pakikilahok sa rebolusyon ng mga taal,<sup>3</sup> ilustrado, at masang Filipino. Sa tradisyon ng mga pag-aalsa at himagsikan sa Filipinas, lumalabas na hindi napagtuonan ng pansin ang papel ng mga *creoles*. Bunga nito, inaasahang matugunan ng kasalukuyang pag-aaral ang kakulangang nabanggit sa kasaysayan ng mga pag-aalsa sa Filipinas.

Bibigyang pakahulugan muna ng mananaliksik ang terminong *creole* at ang naging papel ng uring ito sa tradisyon ng pag-aalsa at himagsikan sa Filipinas. Pagkatapos, tutunghayan ang kalagayan ng Espanya, Mehiko, at Filipinas sa panahon ni Andres Novales.

## ANG KAHULUGAN NG CREOLE


Ang *creole* ay salitang Pranses na katumbas naman sa *criollo* ng Espanyol at *crioulo* ng Portuges (Bancroft ed. 1960, 285). Mula sa salitang Latin na *creare* (*to produce, to create*) at salitang Portuges na *criar* (*to breed*), ang terminong *creole* ay tumutukoy sa mga Europeong ipinanganak sa mga kolonya na sa kaso ng Filipinas, ang mga Espanyol na ipinanganak sa kapuluan at tinatawag ding mga *insulares* (Corpuz 2005, 593-594). Pinaniniwalaan na ang salitang ito ay may hispanikong pinagmulan sapagkat ang *crear* (*to create*) ay pandiwang Espanyol (Nolasco 1970, 6).

<sup>2</sup> Ang Filipino na tinutukoy ay ang lahat ng mga taong ipinanganak sa Filipinas maliban sa mga *creoles*. Tingnan ang Dayagram hinggil sa saray ng lipunang Filipino noong dantaon 18 at 19.

<sup>3</sup> Isinama ni Martinez si Lapulapu na kauna-unahang katutubong Filipino ng nag-alsa laban sa mga dayuhang Kanluranin. Tunghayan sa Manuel F. Martinez, *A Historical Analysis of the Philippine Revolution: A Critical Approach to History as Simplicity* (Makati City: International Academy of Management and Economics, 2002), 19-34.



Ang pagtatatag ng mga kolonya ng Espanya at ng iba pang kolonyalistang bansang Europeo sa Amerika, Aprika, at Asya ay nagbunga ng pagkakaroon ng malawakang estratipikasyon at paglitaw ng halo-halong lahi na nagdulot ng pagkakabahagi ng mga tao sa lipunang kolonyal. Sa komposisyong panlipunan ng Filipinas, nasa tuktok ng piramideng panlipunan ang mga peninsulares, mga Espanyol na nagmula mismo sa kaharian at siyang nabibigyan lamang ng matataas at piling posisyon sa pamahalaang sibil at organisasyon ng simbahan (Constantino 1997, 148). Tunghayan ang Dayagram Blg. 1 hinggil sa saray o pagbabaytang panlipunan sa panahong kolonyal ng Filipinas mula noong unang bahagi ng dantaon 18 hanggang sa huling bahagi ng dantaon 19.



**Dayagram 1: Katangian ng Bawat Uri sa Lipunang Filipino mula noong Unang Bahagi ng Dantaon 18 hanggang Dantaon 19**

(Pinagkunan: Eden M. Gripaldo et al. Kasaysayan ng Filipinas at mga Institusyong Filipino [Lungsod Quezon: Sentro ng Wikang Filipino-Diliman, Unibersidad ng Pilipinas, 2005], 109. Hinango mula kay Boquiren, Institusyonal na Materyal.)

Sumunod sa kanila ang mga creoles o insulares, mga Espanyol na isinilang sa Filipinas (o alinmang kolonya) na maaaring humawak lamang ng posisyong alcalde, gobernadorcillo, o kaya’y mabababang posisyon sa burukrasyang sibil (Gripaldo et al. 2005, 110). Kung sa hukbo, ang mga creoles na tinatawag ding “hijos del país” ay nakakahawak ng posisyon na hanggang kapitan lamang. Maging sa organisasyon ng simbahan, hindi maaaring humawak ng matataas na katungkulan ang mga paring creoles na walang iba kundi ang mga paring sekular (Agoncillo 1980, 135-137). Napapabilang sa hanay ng mga creoles na ito sina Luis Rodriguez Varela na nagbansag sa kaniyang sarili bilang “el conde Filipino” at isang “el hijo del país;” ang mga abogadong sina Jose Maria Jugo at Juan Francisco Lecaros; mga negosyanteng sina Ventura de los Reyes at Domingo Roxas; mga pari at edukador na sina Drs. Mariano Pilapil, Mariano Garcia, at Pedro Pelaez; at higit sa lahat, ang dalawang opisyal ng militar na sina Andres Novales at Francisco Bayot. Nagsilbing tagapagsalita at tagapagtaguyod ng kanilang mga karapatan, ang mga creoles na ito kasama ang itatampok na sundalong opisyal na si Kapitan Novales ay humingi ng pagbabago at nang lumao’y napilitang makipaglaban dahil sa diskriminasyong naranasan nila sa mga peninsulares.

## ANG KALIGIRAN NI KAPITAN ANDRES NOVALES

### Ang Espanya sa Panahon ni Kapitan Novales

Animnapu’t apat na taon bago ang pag-aalsa ni Kapitan Novales, nailuklok bilang hari ng Espanya ang isang Bourbon na si Carlos III (1759-1778). Marami siyang ginawang reporma sa kaharian at mga kolonya. Ilan dito ang pagpapagawa ng mga kanal at kalsada; pagpapaibayo ng siyentipikong pagtatanim, kalakalan, at industriya; reorganisasyon ng hukbo at hukbong-dagat; at pagsasayos ng sistema ng pamahalaan sa mga kolonya. Ito rin ang haring nag-utos na patalsikin ang mga Heswita sa Imperyong Espanya at patigilin ang mga gawain ng ingkisisyon (Hayes et al. 1956, 662-666).

Taong 1789, naganap ang napabantog na Rebolusyong Pranses bunga ng mga kaisipang liberal na iwinagayway ng mga pilosopong iniluwal ng Panahon ng Kaliwanagan at nagpabago sa galaw ng politika sa mga bansang Europeo (Perry 1993, 155-160). Taong 1807, sinalakay ni Napoleon Bonaparte ang Espanya na nagpahina nang husto sa imperyong ito. Noong 17 Marso 1808, nagprotesta ang ilang grupo ng mga sundalo, magsasaka, at mga manggagawa ng palasyo sa Madrid dahil sa pagpapahintulot ni Haring Carlos IV na paraanin ang mga sundalong Pranses sa Espanya upang masakop ang Portugal. Ang aksiyong ito ng hari ang naging sanhi ng sapilitang pagpapatalis sa kaniya sa trono. Upang mapanatili ang kontrol sa Espanya, pormal na iniluklok ni Napoleon ang kaniyang kapatid na si Joseph Bonaparte sa trono ng Espanya noong 6 Hunyo 1808 na tinutulan naman ng mga patriyotikong Espanyol at nagresulta upang ipaglaban ng mga ito ang kanilang kalayaan (Becker 1958, 294).

Bago pa man ang pananakop ni Napoleon sa Portugal at Espanya, may mga Espanyol na ring nakapagbasa na ng mga liberal na pahayagan at aklat ng mga Pranses at nagkainteres na isulong ang malalayang kaisipan sa kanilang kaharian ayon sa kanilang bersiyon (Carr 1966, 72-73). Sila ang tinatawag na mga “liberal” na naghahangad ng pagbabago sa monarkiya sa pamamagitan ng pagkakaroon ng konstitusyong. Nagtagumpay ang mga liberal na Espanyol na magkaroon ng Konstitusyong noong 1812<sup>4</sup> na gumagarantiya sa mga karapatang pantao tulad ng kalayaan sa pagsasalita at pamamahayag sa lahat ng mga mamamayan ng imperyo. Subalit hindi nagpatuloy ang kanilang paghawak sa gobyernong Espanya sapagkat noong 1814, inabolis ni Haring Ferdinand VII ang Konstitusyong ng 1812 at ibinalik ang dating monarkiko at tiranikong pamamahala na ikinagalit ng mga liberal sa Peninsula at sa mga creole ng mga kolonya. Ang marami sa mga naghahimutok sanhi ng tiranikong pamamahala ng hari ay galing sa hanay ng mga sundalo. Ito’y sapagkat binawasan ng hari ang bilang ng mga naninilbihang sundalong bumubuo sa hukbong sandatahan (Steffoff 1993, 37).

Noong Enero 1820, tatlong taon bago ang pag-aalsa ni Novales sa Filipinas, nagkaroon ng pag-aalsang militar sa Espanya na ang layon ay muling ibalik ang liberal na Konstitusyong ng 1812. Sa pangambang maitaboy ng mga nag-aaklas na sundalo sa kaniyang trono, ibinalik ni Haring Ferdinand VII ang konstitusyong liberal at ang pagkakaroon ng mga kinatawan ng mga kolonya sa Cortes. Subalit noong 1823, sa tulong ng *Concert of Europe*, ang alyansang binubuo ng Rusya, Austriya, Prusya, at Inglatera (naitatag ang alyansang ito noong 1815 upang pangalagaan ang kapayapaan sa Europa bunga ng mga digmaang inilunsad ng Pransiya sa panahon ni Napoleon) muling inalis ng hari ang liberal na pamamahala sa Espanya at ipinawalang bisa ang mga atas na nagawa ng Cortes. Ipinahuli at ipinapatay pa ni Haring Ferdinand ang mga militar na nagpasimuno ng pag-aalsa noong 1820 kasama ng iba pang liberal na Espanyol sa kaniyang kaharian (Nolasco 1970, 77-78).

Sa panahong ito, malinaw na ang politika ng Espanya ay masalimuot dahil sa dalawang puwersang nagbabanggaan: ang hanay ng mga “konserbatibo” o tradisyonal na itinataguyod ng konserbatibong Simbahan at pribilehiyadong aristokrasya, at ang hanay ng mga “liberal” na binubuo ng mga Espanyol na naimpluwensiyahan ng mga kaisipang liberal ng mga Pranses at nakikipaglaban para sa isang konstitusyong na monarkiyang kumikilala sa mga karapatan ng mga mamamayan. Tinurol ni Nolasco (1970, 87) na ang ganitong hidwaan sa pagitan ng mga konserbatibo at liberal na mga Espanyol sa Peninsula ay nakarating din sa mga creoleng Espanyol sa mga kolonya, bagay na nakapaghikayat sa kanilang humingi rin ng pagbabago sa Inang-Espanya sa mga patakarang pinaiiral ng mga peninsulares sa pamahalaan at sa simbahan. Kabilang dito ang Mehiko, isang kolonya ng Espanya sa Sentral Amerika at may ugnayan sa Filipinas na kolonya rin ng Espanya sa Asya. Sa dalawang kolonyang ito ng Espanya, nagkaroon ng mga pag-aalsa at paghihimagsik ang mga creoles laban mismo sa kanilang mga kapuwa Espanyol na peninsulares.

<sup>4</sup> Tinatawag ding Saligang Batas ng Cadiz noong 1812 dahil naitatag ito noong 19 Marso 1812 ng *Cadiz Cortes*, ang kauna-unahang pambansang asamblea ng Espanya. Inaprobahan at nilagdaan ang nasabing Konstitusyong ng 1812 delegado ng Espanya at ng mga kinatawan mula sa kaniyang mga kolonya kasama na ang Filipinas na kinatawan ni Ventura de los Reyes. Tingnan sa Eliodoro G. Robles, *The Philippines in the Nineteenth Century* (Quezon City: Malaya Books Inc., 1969), 35; at sa Clarita T. Nolasco, “The Creoles in Spanish Philippines,” *Far Eastern University Journal*, vol. 15, no. 1 & 2 (1970), 73-74.

## Ang Mehiko sa Panahon ni Novales

Ang mga pangyayari sa Europa noong huling bahagi ng dantaon 18 at unang bahagi ng dantaon 19 ay nagdulot ng samut saring sigalot sa buhay politikal ng mga kolonya ng Espanya sa Amerika. Nakarating sa Mehiko at iba pang kolonya ang binhi ng liberal na kaisipang inihisik ng Rebolusyong Amerikano at Pranses na nag-udyok sa mga insulares upang asamin ang mga reporma at kalayaan mula sa Espanya.

Sa ipinakitang kahinaan ng Espanya sa panahon ng pananakop ni Napoleon Bonaparte at sa mababang pagtrato ng mga peninsulares sa mga creoles sa mga kolonya, ang mga creoleng Espanyol at liberal na peninsular mismo ang nanguna upang mag-alsa at ipaglaban ang kanilang kalayaan. Kilalang-kilala si Miguel Hidalgo y Costilla, isang paring nanguna sa Himagsikang Mehikano noong 1810. Sinundan siya ng isa pang paring nagnangalang Jose Maria Morelos y Pavon. Katulad ni Padre Hidalgo, hangad niya rin ang kalayaan ng mga Mehikano.<sup>5</sup> Samantala, noong Abril 1817, si Francisco Xavier Mina, isang liberal na peninsular ay naghangad na magtayo ng isang gobyernong republikano sa Mehiko. Sinuportahan si Mina ng ilang liberal na Espanyol, Pranses, Ingles, at Amerikano ngunit nahuli at pinatay siya ng mga royalista noong Nobyembre 1817 (Steffoff 1993, 34-36).

Ipinagpatuloy ng mga “reaksiyonaryo”<sup>6</sup> ang pakikipaglaban para sa kalayaan ngunit kaiba sa mga “rebolusyonaryo,” hangad nilang maging monarkiko ang pamahalaang itatayo sa Mehiko. Ang labang ito ay pinangunahan ni Agustin de Iturbide, isang heneral na Espanyol na tumalikod sa Imperyong Espanya at nagdeklarang “Emperador ng Mehiko” noong 1 Mayo 1821, dalawang taon bago mag-alsa si Kapitan Novales sa Maynila at magdeklara ring “Emperador ng Filipinas.” Nagtagumpay si Iturbide na matamo ang kalayaan ng Mehiko mula sa Espanya noong 27 Setyembre 1821 (Steffoff 1993, 43).

Ayon kay Nolasco (1970, 83), nabatid ng mga creoles sa Filipinas ang rebolusyong naganap sa Mehiko. Sila ang unang bumuo sa uri ng mga edukadong sektor sa kapuluan bago lumitaw ang mga gitnang-uri na tinaguriang mga ilustrado gaya nina Dr. Jose P. Rizal, Marcelo H. del Pilar, Graciano Lopez Jaena, at iba pang naging repormista.

## Ang Filipinas sa Panahon ni Novales

Kung nahamong maghimsik ang mga Mehikano sa mga mananakop na mga Espanyol, ang mga katutubong Filipino<sup>7</sup> ay gayundin. Sa katunayan, bago ang rebolusyon noong 1896, mahigit 100 pag-aalsa laban sa mga dayuhang ito ang naganap sa iba’t ibang panig ng kapuluan (Zaide 1994, 179). Ang mga pag-aalsa sa unang dantaon ng pananakop ay tahasang pagtutol sa Kristiyanismo at pagmamalabis ng mga Espanyol. Sa panahong ito, ninais pa ng mga katutubong Filipino na balikan ang dati nilang kalinangan. Subalit sa kalagitnaan ng dantaon 19, nagkaroon na ng malaking pagbabago sa pananaw ng mga Filipinong napailalim sa sistemang *reduccion*.<sup>8</sup> Nahirati na sila sa pamamaraan ng politikang Europeo at nais na nilang maging Kristiyano at maangkin ang mga titulong “El Rey,” “Marquiz” o “El Conde” (Llanes at Boncocan 2005, 137). Sa kasawiang-palad, sa halip na matuwa sa kanila ang mga Espanyol dahil sa pagtangkilik nila sa kulturang kanluranin, ang mga Filipinong ito ay pinagkaitan pa ng mga karapatan o pribilehiyo sa simbahan at pamahalaan.

<sup>5</sup> Ang tinutukoy ritong mga Mehikano ay ang mga creoleng Espanyol, mestiso, at mga katutubong Amerikano.

<sup>6</sup> Mga *peninsulares*, konserbatibong creoles at matataas na opisyal ng simbahan sa Mehiko na nais humiwalay sa Imperyong Espanya.

<sup>7</sup> Ang katawagang “Filipino” (o katutubong Filipino) ay tumutukoy sa mga taal na katutubong ipinanganak at nabuhay sa kapuluan ng Filipinas sa panahon ng pananakop ng mga Espanyol maliban sa mga creoles na nagturing din sa kanilang sarili bilang mga “Filipino.”

<sup>8</sup> Ugat ng salitang *reducir*, ang sistemang *reduccion* ay isang sapilitang pagtitipon sa mga katutubo sa isang lugar (*pueblo*) upang mapaghati-hati, maunawaan, mabantayan, at mailagay sa estado ng pagsunod. Sa malalim na pagsusuri, ang sistemang ito ay ginamit ng mga Espanyol upang makontrol o mamonopolyo ang mga lupain at likas na yaman ng mga katutubo.

Katulad ng karanasan ng mga Mehikano, ang mga Filipino ay nakaranas din ng malawakangpagbabagong pang-ekonomiya at pampolitika. Nakilala si Gobernador Jose Basco y Vargas sa kaniyang inilunsad na mga reporma sa ekonomiya tulad ng pagpapatanim ng mga produktong pangkomersiyo, pagtatatag ng monopolyo sa tabako, at pagbubukas ng Maynila sa pandaigdigang kalakalan ng mga pribadong korporasyon sa pangunguna ng *Real Compania de Filipinas* (Gripaldo et al. 2005, 88).

Noong 1801, ipinag-utos ni Gobernador Heneral Rafael Maria Aguilar ang muling pag-imprenta ng tinaguriang *Ordinances of Good Government of 1768*. Ang mga ordinansang ito ay binubuo ng 94 na kabanata na patungkol sa mga karapatan ng mga taong naninirahan sa mga kolonya ng Espanya, at mga katungkulan ng mga *alcalde mayor, gobernadorcillo, at cabeza de barangay*. Bagama’t ginagarantiyahan ng nasabing “Mga Ordinansa” ang mga karapatan ng mga katutubong Filipino, ang mga nakasulat dito ay hindi naman ipinatupad ng mga lokal na opisyal<sup>9</sup> kasama na rin ng mga prayleng natatakot na mabawasan ang kanilang mga tinatangap na koleksiyon (Robles 1969, 32). Dapat alalahanin na noong 1807, ang Espanya ay nasa malaking krisis dahil sa pananakop ng hukbo ni Napoleon. Kaalinsabay nito, ang kaniyang mga kolonya sa Amerika ay nagsipag-alsa at nagdeklara na ng kalayaan.

Sa pag-aaral ni Robles (1969, 35), noong 1810-1813, ang Filipinas ay nakatikim ng representasyon sa Cortes ng Espanya sa katauhan ni Ventura de los Reyes, isang mayamang mangangalakal na creoleng taga-Vigan, Ilocos Sur. Ngunit sa halip na matuwa sa pagkakaroon ng kinatawan sa Cortes, lalong nag-alab pa diumano ang galit ng mga Filipino dahil ang akala nilang Konstitusyon ng 1812 na maglalagay sa kanila bilang kapantay ng mga Espanyol ay hindi naman ipinatupad sa Filipinas at ipinawalang-bisa pa ng Espanya noong 1814. Sa abolisyon ng Konstitusyon, ang mga creoles sa Filipinas ay lalo pang pinagkaitan ng karapatang mailuklok sa mga posisyon sa pamahalaan dahil sa pagtatangi sa mga peninsulares.

Enero 1820, isinigaw ng mga nag-alsang sundalo sa loob ng hukbo sa Espanya ang pagbabalik ng Konstitusyon ng 1812 sa Cadiz. Ang rebelyong ito ay kumalat sa mga hukbong nakabase sa Corunna, El Ferrol, Saragosa, at Barcelona. Para humupa ang tensiyon at takot sa posibleng malawakang pag-aalsang isasagawa ng mga sundalo, muling ibinalik ni Haring Ferdinand VII ang Konstitusyon ng 1812 at tinipon ang mga miyembro ng Cortes. Dahil dito, muling nagkaroon ng representasyon ang Filipinas sa Cortes ng Espanya sa mga taong 1820-1823. Subalit hindi taos sa puso ang pagbabalik ng hari sa Konstitusyon ng 1812 at wala siyang tunay na hinahangad kundi maibalik ang despotismo sa kaniyang kaharian.

Ang hindi matatag na politikang ito sa Espanya dulot ng labanan ng mga kaisipang absolutismo at liberalismo ay nagpalala rin sa sitwasyong politikal ng Filipinas. Lalong naging mahirap para sa mga creoles na makakuha ng mahalaga at mataas na posisyon sa pamahalaan. Noong 1820, humingi ng dagdag na mga sundalo sa Espanya si Gobernador Heneral Mariano Folgueras upang palakasin ang kaniyang hukbo. Dumating ang mga sundalong peninsulares sa Filipinas noong 20 Oktubre 1822, kasama ng pumalit na bagong gobernador heneral na si Juan Antonio Martinez. Sa atas ng bagong gobernador, kara-karakang pinalitan ng mga sundalong peninsulares ang mga opisyal na sundalong creoles (mga Mehikano at Filipino) at ang mga ito ay inilagay niya sa matataas na posisyon. Ginawa ito ng Gobernador Heneral dahil wala siyang tiwala sa mga sundalong Mehikano at Filipinong creoles bunsod ng mga himagsikang nagaganap sa Mehiko at iba pang kolonya ng Espanya sa Amerika sa panahong iyon. Ang hakbang na ito ng bagong Gobernador Heneral ay ikinagalit ng mga sundalong creoles at naging dahilan para maisip nilang mag-alsa (Robles 1969, 36).

Samakatwid, hindi nakapagtataka kung bakit may isang creole tulad ni Kapitan Novales na mag-aalsa laban sa di-makatarungang sistemang pinairal ng pamahalaang kolonyal partikular na sa institusyong panghukbo noong panahong iyon.

<sup>9</sup> Ang tinutukoy na mga lokal na opisyal na hindi nakiisa sa pagpapatupad ng “Mga Ordinansa” ay ang mga *alcalde mayores*.

## SINO SI KAPITAN ANDRES NOVALES?

Sa kabila ng katotohanang may mga manunulat nang nagtala ng pangalang Andres Novales sa mga dahon ng kasaysayan, wala namang gaanong makalap na impormasyon hinggil sa kaniyang kapanganakan.<sup>10</sup> Ang nakalilito pa, ang mga nagsulat tungkol sa creoleng ito ay hindi nagkakaisa kung ano ang kaniyang pagka-creole o pagkamestiso, Filipino ba o Mehikano?<sup>11</sup> Gayumpaman, sa pagsipat at pag-unawa sa pagkatao ng Kapitan Novales, mainam na mailahad muna ang mga impormasyong nagkakaisa sa pagtukoy at paglalarawan sa kaniyang ginawang pag-aalsa.

May pagkakatulad ang mga tala nina Renato Constantino, Robles, Nolasco, at Zaide hinggil sa mga salik at dahilan ng pag-aalsa ng mga creoles sa Filipinas kasama na si Novales. Nagkakaisa ang mga manunulat na ito na ang diwa ng liberalismo na siyang gumabay sa rebolusyonaryong rehimen ng Espanya sa panahon ng pananakop ni Napoleón at ang pagbandera ng mga liberal na Espanyol sa isang konstitusyonal na monarkiya ay nakatulong sa paghahangad ng pagbabago ng mga creoles sa kanilang nararanasang diskriminasyon sa Filipinas. Sa pakiramdam ng mga creoles sa Filipinas, napagkaitan sila ng hustisya at pinalala pa ito hindi lamang ng diskriminasyong sosyal na naranasan nila sa mga peninsulares kundi higit sa lahat, sa paniniwalang dapat silang unahing pahalagahan sa mga paghirang dahil sa ipinanganak sila sa Filipinas. Turing pa ni Constantino (1997, 172), ang pagkawala ng mga kolonya ng Espanya sa Amerika at ang pag-akyat at pagbagsak ng gobyernong Espanyol sa panahon ng kaguluhang politikal sa kanilang bansa ay nakapagdagdag sa bilang ng mga burukratang peninsulares sa Filipinas kaya naman madalas maungusan sa trabaho ng mga bagong dating na peninsulares ang mga creoles. Nagkaroon din ng ganitong diskriminasyon sa hukbo. Nang sumiklab ang mga rebolusyon sa Amerika at pumanig sa mga rebelde ang mga creoles doon, napaghinalaan din ang mga creoles sa Filipinas na nasa militar. Muling inorganisa ang hukbo at hinalinhan ang mga opisyal na creoles ng mga opisyal na peninsulares o isinailalim sa superbisyon ng huli. Ang ganitong diskriminasyon ang pinagsimulan ng pag-aalsa ni Novales.

Isa sa mga nakasaksi ng kudatang ito ni Novales ay si Dr. Paul P. de la Gironiere, isang manggagamot na Pranses at nagsilbing *surgeon-major* sa 1<sup>st</sup> Light Regiment at kaibigan mismo ng nasabing kapitan. Ayon sa kaniya, si Kapitan Novales ay isang matapang na sundalo. Napaghinalaan daw ito na nanghihikayat sa kaniyang mga kasamahan sa King's Regiment na magrebelde sa pamahalaan at magdeklara ng kalayaan. Dahil dito, ipinasiya ni Gobernador Heneral Juan Antonio Martínez na ipadala siya sa Misamis, Mindanao upang kalabanin ang mga piratang Muslim doon. Paglalahad ni de la Gironiere, na itinala rin ni Zaide. Ganito ang nakasaad: “Novales came to see me in the morning of his departure, and complained bitterly of the injustice of the governor towards him, and added that those who had no confidence in his honour would repent, and that he would soon be back” (Zaide 1990, 309).

Kapansin-pansin ang panghinalang ito kay Novales na binigyan ng paliwanag ni Robles:

In October 1822, Juan Antonio Martínez arrived in Manila as proprietary Governor with peninsular military officers to replace the Mexican and Philippine-born army officers whose loyalty to Spain he distrusted. When the North American Spaniards showed signs of protest against what they saw as racial discrimination, the new Governor arrested and exiled the suspected intriguers. (1969, 36)

Ang pasiyang ito ng Gobernador Heneral na isabak sa digmaan sa Mindanao si Novales ay nagpagalit sa huli at nangakong babalik siya agad sa Maynila upang maghiganti sa mga taong naiinggit lamang sa kaniya. Ayon sa dalawang Ingles na mananalaysay na sina John Scott at John

<sup>10</sup> Maging ang pag-aaral na ito ay may limitasyon pa rin sa mahahalagang impormasyon ukol sa buhay ni Novales gaya na lamang ng pangalan ng kaniyang mga magulang at ang edukasyong kaniyang natamo.

<sup>11</sup> Bagama't magkakaiba ang mga historyador sa usapin ng pagka-creole ni Novales, matimbang sa may-akda na isang creoleng Filipino ang nasabing Kapitan dahil sa dokumentong kaniyang natagpuan sa Pambansang Sinupan ng Filipinas, ang *Legajo de Licencias de Armas* (1857) na may tala tungkol sa sundalong si Novales.

Taylor, ang pagkainggit na ito ng mga sundalong peninsulares kay Novales ay sanhi ng kaniyang pagiging mahusay at matakikang sundalo sa kabila ng kaniyang pagiging isang insulares o mestiso lamang. Pansinin ang pahayag na ito nina Scott at Taylor: “His military knowledge was acquired not only from study, but from practice and accurate observation, and he had formed a system of tactics for himself. Novales was regarded with an eye of jealousy by all the other officers who fell their own inferiority both as military and citizens” (1826, 513).

Lumalabas sa mga pahayag na ito na may angking kakayahan si Kapitan Novales bilang isang kawal at dapat lamang itong asahan sapagkat ang mga creoles din naman ay kabilang sa mga uring edukado. At yamang mga edukado ang mga ito, sila ang direktang katunggali at kakompetensiyang mga peninsulares.

Hindi matatawaran ang mga impormasyon at paglalarawan ng dalawang Ingles na mananalaysay tungkol sa pagkatao ng sundalong ito gaya ng mababasa sa sumusunod:

From his infancy, he gave the strongest indications of courage and high spirit, and inclination for a military life. He studies the art of war with the utmost zeal and industry and at the same time evinced all the qualities which could fit him to become a patriot and a defender of his country. At the age of fourteen (14), he determined to internalize himself in the service. He had for some time held the rank of lieutenant, having entered the service as a cadet when only nine (9) and hearing that Spain had declared war against France, he applied to his Lt. Colonel for leave to serve in Europe. The Colonel reminded him of his extreme youth and that he would lose the rank he held in the colonial service by volunteering into that of the mother country to which Novales replied, that a soldier served his country not by his rank but by his courage and patriotism; that he was determined to serve as a private soldier and to acquire distinction by his exertions and by his blood. Having obtained his Colonel's permission, he went to Spain where he served as a volunteer through the whole war, steadily refusing rank and seeking every occasion of being foremost in action. The war in Spain being at an end, he returned to his native country where he obtained the rank of a captain. (Scott and Taylor 1826, 512-513)

Para kina Scott at Taylor, sapul pagkabata, kapansin-pansin na diumano ang pagkakaroon ng paninindigan at katapangan ni Novales. Dagdag pa, malaki ang impluwensiya ng amang Espanyol ni Novales na isa ring sundalong kapitan sa kaniyang naging pag-uugali. Sa kabilang banda, naitala naman ni Montero y Vidal sa kaniyang *Historia de Filipinas, 1801-1840*<sup>12</sup> na ang katapatan at tagal sa serbisyo ni Novales, ang kaniyang dalisay na hangaring makapaglingkod sa kaniyang kinikilalang Inang-Bayang Espanya buhay man ang kapalit, ang kaniyang mga karanasan at kahusayan sa pakikipaglaban sa Peninsula ay mga bagay na nag-udyok upang hangarin niya ang katarungan sa panahong ipinagkakait ito. Kaya naman nang dumating ang tamang pagkakataon upang ipakita ang pagtutol sa nakita niyang maling pamamalakad, siya ay nag-alsa kasama ng 800 pang mga sundalo noong 2 Hunyo 1823, sa ganap na ika-10:00 ng gabi.

Madaling nahikayat ni Novales ang kaniyang mga kasamang sundalong suportahan ang balak na pag-aalsa dahil sa kaniyang kahusayan sa pananalita at lakas ng loob na manguna sa paghingi ng reporma. Bunga ng ipinakitang suporta ng mga creoleng opisyal, iprinoklama ni Novales ang kaniyang sarili bilang “Emperador ng Filipinas” alas-dos ng madaling araw noong 2 Hunyo 1823 (Zaide 1990, 311). Tiniyak ni Novales sa mga nahikayat na sundalo na mananalala sila sa laban sapagkat alam niyang malaki ang maitutulong ng kaniyang matalik na kaibigan at kanang kamay na si Tenyente Ruiz at ng kaniyang kapatid na si Tenyente Mariano Novales. Si Ruiz ang *officer-in-charge* ng tarangkahan ng Intramuros, samantala, komandante naman ng mga guwardiya sa Kuta Santiago si Mariano na kaniyang kapatid (Nolasco 1970, 92).

<sup>12</sup> Montero y Vidal, “Historia de Filipinas (Events in Filipinas), 1801-1840” sa Emma Helen Blair and James Alexander Robertson, *The Philippine Islands 1493-1898*, Vol. 51 (Cleveland: The Arthur H. Clark Company, 1903-1909), 47.

Alas-11 ng gabi, 2 Hunyo 1823, nabihag na ng tropa ni Novales ang maraming mataas na opisyal sibil at militar sa siyudad. Pinaslang ni Tenyente Ruiz ang dating gobernador heneral na si Mariano Folgueras na siyang humahawak ng susi ng siyudad habang pinuntahan naman ni Kapitan Novales ang kaniyang tenyenteng kapatid sa Kuta Santiago upang kumbinsihing pumanig sa kaniya. Sa kasawiang-palad, nabigo siyang himukin ang kaniyang kapatid. May naitala sina Scott at Taylor tungkol sa insidenteng ito:

At the same time, Novales, with another detachment, presented himself before the Fort of Saint Jago (Fort Santiago), which commands the town of Manila, and summoned the Commandant, who happened to be his own brother. "This is the moment," said he, "my dear brother, to liberate our country from the hands of the oppressors. I am already master of the city and of the palace, and of all the constituted authorities. I therefore exhort you to join with me in proclaiming independence in the fort you command, and to prepare to defend the sacred cause like a true citizen." Mariano, a royalist answered him, "I will never be a traitor to the government, nor will I have anything to do with your conspiracy; and without an order from the Captain General, I will not surrender the fort. And now you may do as you please; I wish you good luck. (1826, 514)

Ngunit ayon sa ibang historyador, maliban sa pagiging loyalista, ang isa pang posibleng dahilan kung bakit hindi sinuportahan ni Tenyente Mariano Novales ang kapatid sa pag-aalsa ay ang pangamba nito sa di-inaasahang pagdating ng mga loyalistang tropa ni Major Placido Duro. Ang hindi pakikiisa ng kapatid ay malaking kawalan para kay Kapitan Novales sapagkat ang mga hukbo nila mismo ang naging magkalaban. Ang inasal na ito mismo ng kapatid ni Novales ang isang balakid sa paghahangad ng pagbabago ng nasabing kapitan, bagay na nagdala sa kaniya sa isang malaking trahedyang (Nolasco, 1970, 93).

### Ang Pagkatalo at ang Kamatayan ni Kapitan Novales

Nang gabing napasakamay ng mga tropa ni Novales ang Intramuros, partikular ang mga gusali tulad ng *Palacio Real*, *Cabildo* o *Ayuntamiento*, Katedral, at mga *quarter* ng *King's Regiment* (*military unit* na kinabibilangan ni Kapitan Novales), nagkataon na si Gobernador Heneral Juan Antonio Martinez, kasama ng kaniyang pamilya at apat na matataas na opisyal (Olea, Trastorsa, Lequira, at Santa Romana) ay naliligo sa Palasyo ng Malakanyang (nagsisibing *country house* ng gobernador heneral). Nang mabalitaan ang pangyayari, inatasan ni Gobernador Heneral Martinez ang apat na mga opisyal na ito na maglunsad ng opensiba sa iba't ibang dako para malito ang mga nag-aalsa. Ang labanan na tumagal nang limang oras ay pinagwagian ng mga Espanyol. May detalyado at nakakatuwang tala sina Scott at Taylor sa sagupaang naganap sa pagitan ng tropa ni Novales at ng tropa ng Gobernador Heneral:

The General, whose fears exaggerated the danger, showed the greatest reluctance to expose himself, and evidently thought the Revolution better organized than it really was; but finding that he could not escape without proclaiming himself a coward, he consented himself to march at the head of the division. As soon as they presented themselves before the gates of Manila, Novales prepared to defend the town; and at the first gun that was fired, the valorous governor fled, leaving his division without a Commandant. Lt. Colonel Santa Romana, who was a senior officer, seeing this specimen of his General's bravery, took the command and commenced a vigorous attack. The brave Novales, after a hot fire of five hours was wounded. As the Sub Lt., Ruiz was also wounded and they had lost fifty men out of their very inferior force, they were compelled to abandon their post and to return into the Palacio de la Ciudad. Santa Romana then entered the city, and blockaded the Palacio into which Novales had retreated. This brave man was now incapacitated by his wound from conducting the defense and the sergeants who had taken the command surrendered to Lt. Colonel Santa Romana. (1826, 514-515)

Ganap na ika-5 ng hapon, 3 Hunyo 1823, nilitis at hinatulan ng kamatayan ng hukumang militar si Kapitan Novales at ang kaniyang kanang kamay na si Tenyente Ruiz kasama na rin ang 14 na sarhento at mga di-komisyonadong opisyal na nakiisa sa pag-aalsa (Zaide 1990, 311-312).

### Kapitan Novales, Isang Mestiso/Creoleng Filipino o Creoleng Mehikano?

Nakapagtatakanag hindi nagkakaisa ang mga historyador kung si Kapitan Novales ba ay isang mestiso/creoleng Filipino o kaya'y isang creoleng Mehikano? Para kay Zaide (1990, 308), may posibilidad na si Novales diumano ay isang creoleng Mehikano sapagkat marami sa mga naninilbihang opisyal na hukbo, misyonero, at maglalayag simula pa sa pananakop ng mga Espanyol ay mga Mehikano. Dagdag pa niya, nahikayat si Kapitan Novales na iproklama ang kaniyang sarili bilang "Emperador ng Filipinas" dahil sa ginawa rin ito ni Heneral Agustin Iturbide ng Mehiko na nagproklamang "Emperador" noong 1821. Ipinapalagay na batid ng nasabing kapitan bilang isang creoleng Mehikano ang pangyayaring ito sa Mehiko at nagbigay ito sa kaniya ng inspirasyong gawin din ang pagpoproklama sa sarili bilang "Emperador." Ngunit hindi sapat ang mga batayang ito ni Zaide. Kailangan ng higit na matatag na katibayan na susuporta at magpapatunay na si Kapitan Novales nga ay isang creoleng Mehikano.

Sa tala ni Robles (1969, 36), binabanggit na si Kapitan Novales ay isang mestisong Mehikano-Espanyol ngunit hindi malinaw kung ano ang kaniyang batayan. Gayumpaman, may mga tala ring nagpapahiwatig na ang Novales na ito ay isang creoleng Filipino. Sa *Memorial* ni Manuel Bernaldez Pizarro,<sup>13</sup> isang Espanyol na nanilbihan bilang hukom sa pamahalaang kolonyal at nagpanukala ng ilang repormang kailangan ng Filipinas noong mga taong 1801-1840, binanggit ang tungkol sa pag-aalsa ni Kapitan Novales at tinukoy na ang kapitan at lider ng pag-aalsa noong 1823 ay isang Espanyol-Filipino. Lumilitaw sa *Memorial* ni Pizarro na si Kapitan Novales ay isang creoleng Filipino. Si Sinibaldo de Mas (1843, 66) na ipinadala ng Espanya sa Maynila noong 1842 upang siyasatin ang kalagayang pangkabuhayan at pampolitika ng kapuluan ay may tala rin tungkol sa pag-aalsa ng Kapitan noong 1823. Ayon sa kaniya, tulad ni Tenyente Ruiz, ang matalik na kaibigan ni Novales na "natural de Manila," ang huli ay isa ring "natural de Manila." Gayundin naman ang pagkakilala ni John Bowring (1963, 40), isang estadistang Ingles na dumating sa Filipinas noong 1859. Tinawag niya si Kapitan Novales na "Manila man in the Spanish service." Samantala sina Scott at Taylor, mga manunulat sa *London Magazine* noong 1826 ay nagsabi namang si Novales ay isang "native of Manila, his father, a captain in the Spanish army and his mother, descended from one of the most distinguished families in the islands" (1826, 512). Sa magasing ito, lumalabas naman na si Novales ay hindi lamang isang creole, kundi isang mestiso. Ngunit nag-iisa lamang ang ganitong uri ng batis na nagpapahayag ng pagkalahang Espanyol at Filipinong *principalia* ni Novales, at yamang walang tala na ang mga may-akdang ito ay nakarating na mismo sa Filipinas, ipinapalagay ng manunulat na ito na kailangan pa ang higit na malalim na pananaliksik sa anggulong ito ng pagkamestiso ng Kapitan.<sup>14</sup>

Sa kabilang banda, sa *Legajo de Licencias de Armas* (1857) na matatagpuan sa Pambansang Sinupan ng Filipinas, may isang natatanging dokumento na maaaring magpatibay na si Kapitan Novales ay isang creoleng Filipino. Ito ay ang isang aplikasyon para sa lisensiya ng sandata na may petsang 31 Agosto 1857 na nakapangalan sa isang retiradong kapitan na si Mariano Novales. Sa aplikasyon, nakalagay na siya ay *natural de estas y islas y residente en esta capital, Manila*. Ang pangalang Mariano Novales ay lumabas din sa listahan ng mga retiradong opisyal na militar sa *Guia de Forasteros en Filipinas para en el Año de 1859* (294). Bagama't isang kapitan ang Mariano Novales na ito at hindi

<sup>13</sup> Manuel Bernaldez Pizarro, "Reforms Needed in Filipinas" sa Blair and Robertson, *The Philippine Islands*, Vol. 51, 186.

<sup>14</sup> Ang hindi pagkakasundo sa datos ng pagka-creole ni Novales ay maaaring maiugat sa pagkakaroon ng dalawang uri ng creole na umiral sa panahong naging kolonya ng Espanya ang Filipinas: 1. ang creole na ipinanganak dito sa Filipinas (Espanyol-Filipino), at 2. ang creole na ipinanganak sa Amerika (Espanyol-Amerikano o Amerikanong creole o di kaya'y Mehikanong creole). Sa katunayan, bago lumitaw at nakahawak ng katungkulan sa pamahalaan at sa simbahan ang mga creoles na Espanyol-Filipino, nauna na sa kanila ang mga Mehikanong creoles. Tingnan ang tala ni Zaide, *The Philippines*, 94.

tenyente, malamang na naitaas ang kaniyang ranggo sa kapitan dahil sa pagiging tapat niya sa bandila ng Espanya. Ngayon, kung ang Mariano Novales na ito ay kapatid ni Andres Novales, malamang na si Kapitan Andres Novales na namuno sa pag-aalsa ay ipinanganak din sa Filipinas. Sa pagbabasa at pagsusuri ng may-akdang ito sa mga dokumento, matimbang sa kaniya na si Kapitan Novales ay isang creoleng Filipino – Espanyol na ipinanganak sa Filipinas.

## ANG IBINUNGA NG PAG-AALSA NI KAPITAN NOVALES AT ANG PAPEL NG MGA CREOLES SA HIMAGSIKAN

Pagkatapos ng pag-aalsa ni Kapitan Novales, maraming mayayamang creoles ng Maynila ang inaresto at ipinatapon sa Espanya. Ilan sa kanila ay sina Luis Rodriguez Varela – patriyotiko, makata at kilala bilang isang “Conde Filipino.” Pinaratangang subersibo si Varela dahil sa pagkakaroon niya ng makabayang sentimyento batay sa kaniyang isinulat na mga aklat gaya ng *Año Dorado, Siglo Ilustrado, Fin de la Centuria, Proclama Historial, Glorias de España y Filipinas*, at *Parnaso Filipino* (Nolasco 1970, 84). Si Varela ang creoleng nagbansag sa Filipinas na *Epiciclo de la Asia, El Paraiso Terrenal*, at ang Maynila bilang *La Perla del Oriente*. Si Domingo Roxas – isang milyonaryong industriyalista na sa kaniyang pagbabalik sa Filipinas ay naging kasapi ng *Junta de Comercio* at *Real Sociedad Economica de Filipinas*. Si Roxas ang creoleng sumuporta sa pag-aalsa ni Hermano Pule ng Lukban, Tayabas, Quezon noong 1841. Ang kapitalista at pinansiyerong si Francisco Rodriguez, ang mga abogadong sina Jose Maria Jugo at Calixto Figueroa ay pinaratangan ding nagkasala kaya ipinatapon din sa Peninsula (Zaide 1990, 313).

Dahil sa paghasik ng patriyotikong sentimyento ng mga creoleng ito, iminungkahi ng isang hukom na si Pizarro<sup>15</sup> na kung nais pa ng Espanya na manatiling kolonya nito ang Filipinas, kailangan niyang bawasan diumano ang mga pumapasok na mga creoles dito. Upang maisakatuparan ito, ang pananatili ng mga Espanyol na pumupunta sa Filipinas ay kailangang hindi tumagal nang mahigit 10 taon; na ang mga dayuhang naninirahan dito ay papayagan lamang na mag-asawa basta’t aalis sila sa Filipinas sa takdang panahon at babalik sa Espanya kasama ang buong pamilya. At upang maiwasan ang pagbagsak ng mga sundalo sa kamay ng mga creoles, iminungkahi pa ni Pizarro ang mga sumusunod: 1. taon-taon ay dapat magpadala ang Espanya ng sapat na bilang ng mga Peninsular na opisyal upang punan ang posisyon ng mga sarhento at kabo; 2. tanggalin ang uri ng mga kadete na lumilikha ng mahihinang opisyal bunga ng mababang kalidad ng edukasyon at di-mabuting pamilya; 3. sa lalong madaling panahon o kaya’y sa hinaharap, wala nang ipapadala sa Filipinas kundi yaon lamang mga pinuno ng mga yunit upang maiwasan ang demoralisasyon sa mga sundalo; 4. ang mga mestisong Filipino na sarhento at kabo na may 12 taon na sa serbisyo ay dapat palitan ng mga Espanyol na peninsulares at ilipat na lamang sa mga *customs house, revenue office, at monopoly shops*, at; 5. ang mga tropang *militia*, lalo na ang mga pribadong marino ay dapat na maging bahagi na ng regular na hukbo at ipapasailalim sa mga Europeong opisyal sa halip na sa ilalim lamang ng mga pribadong mamamayan at mangangalakal. Sa mga mungkahing ito ng hukom, kitang-kita ang pangamba ng mga peninsulares sa nagiging impluwensiya ng mga creoles at mga mestiso sa hanay ng militar at pamahalaan. Batid nila na ang mga nagpasimuno ng mga pag-aalsa at himagsikan sa mga kolonya ng Espanya sa Amerika ay galing halos sa hanay ng mga creoles at mestiso.

Hindi nagkamali ang kutob ni Pizarro. Limang taon pa lamang pagkatapos ng pag-aalsa ni Kapitan Novales ay nagkaroon na naman ng konspirasyon laban sa pamahalaang Espanyol sa Filipinas na pinangunahan ng creoleng magkapatid na sina Vicente at Miguel Palmero. Ngunit ang mga Filipinong creoleng ito ay nahuli at dinala sa Espanya upang litisin at parusahan. Nagpatuloy ang papel ng mga creoles sa pag-aalsa sa kanilang pakikiisa sa mga hinaing ng mga katutubo tulad ng nabanggit na sa unahan, ang pagsuporta ni Don Domingo Roxas sa pag-aalsang pinamunuan ni Hermano Pule ng Lukban, Tayabas, Quezon noong 1841. Noong 1843, muling nadawit ang

<sup>15</sup> Pizarro, “Reforms Needed in Filipinas” sa Blair and Roberston, *The Philippine Islands*, Vol. 51, 186-189.

mga creoles tulad nina Domingo Roxas (kasama ang kaniyang mga anak na sina Jose Bonifacio at Mariano), Miguel Escamilla, Mamerto Luis, Leonardo Perez, Diego Teodoro, Jose Rafael, Inigo Gonzales de Azaola, at Antonio de Ayala nang ang isang nagngangalang Sarhento Irineo Samaniego ng *Tayabas Regiment* na nakahimpil sa Malate, Maynila ay nagsagawa ng pag-aalsa. Ang pag-aalsang ito ni Samaniego (kasama ni Sarhento Neri at 80 sundalo pa ng *Tayabas Regiment*) ay reaksiyon lamang sa pagpaslang ng mga hukbong Espanyol sa mga mamamayan ng Tayabas dahil sa pagkadawit ng huli sa kilusan ni Hermano Pule (Nolasco 1970, 101).

Malinaw na ang mga creoles sa Filipinas sa pagpasok ng dantaon 19 ay naging tagapagtaguyod na ng mga pagbabago at nanguna na sa mga pag-aalsa. Sa panahong iyon, inangkin na ng mga creoles ang pagiging mga “hijos del pais” o mga “los condes Filipinos.”<sup>16</sup> Bunga nito, nanindigan silang dapat pahalagahan at unahin sila sa paghirang sa matataas na posisyon kay sa mga peninsulares dahil sila ang tunay na mga mamamayan ng Filipinas (Constantino 1997, 172). Ngunit hindi naganap ang kanilang kahilingan, at sa halip, dumanas pa sila ng hayag-hayagang diskriminasyong sosyal at inhustisya. Nadama ang ganitong inhustisya hindi lamang sa hanay ng mga sundalo kundi maging sa hanay ng kaparian sa Filipinas. Ang Kilusang Sekularisasyon bilang isang pakikilaban para sa Filipinisasyon ng mga pari ay isa sa mga manipestasyon ng katutubong kahilingan para sa pagkakapantay-pantay o pag-angat man lamang sa katayuang panlipunan ng mga paring sekular.<sup>17</sup> Tulad ng mga sundalong creoles sa hukbo at iba pang sektor ng lokal na piling-uri, natuklasan ng mga paring sekular na ang pagsulong nila ay hinahadlangan ng mga regular<sup>18</sup> na prayleng Espanyol. Tinutulan ng mga paring sekular ang inhustisya at diskriminasyon laban sa kanila. Nakapagpatalas ito sa kanilang kamulatan ukol sa kanilang hiwalay na pambansang identidad, isang kamulatang kumalat hanggang sa mga katutubong kasapian sa parokya. Sa pagsusuri ni Constantino (1997, 175), ang Kilusang Sekularisasyon at ang kahilingang Filipinisasyon ay mga ipinaglabang paninindigang ibinunga ng pag-igting ng damdaming makabayan o makabansa lalong-lalo na sa mga pangyayari kaugnay ng pag-aalsa sa Cavite at ang pagbitay sa Gomburza (Padre Mariano Gomez, Padre Jose Burgos, at Padre Jacinto Zamora) noong 1872. Ang Filipinisasyon sa parokya na nagsimula bilang pagtatangka ng mga creoles (Espanyol-Filipino) na maiguit ang pagpapakilala ng sarili na kaiba sa mga prayleng peninsular o regular ay sumaklaw hindi lamang sa mga paring creoles kundi maging sa mga mestiso at katutubo. Kaya naman sa pagtatapos ng dantaon 19, ang mga sekular na pari ay mga creoles, mestiso, at katutubong pari na rin.

Ang pag-uusig sa mga liberal na creoles, mestiso, at katutubong ilustrado sa paratang na nagpakana sila laban sa soberanyang Espanyol ay lalo lamang nakapaglapit sa kalooban ng isa’t isa. Ang iisang hinaing ay nagbunga ng higit na malalim na pagkaunawa sa sama-sama nilang mga interes laban sa mga peninsulares. Iniluwal ng kamatayan ng Gomburza noong 1872 ang isang bagong yugto sa nabubuong kamulatan hinggil sa hiwalay na pambansang identidad. Kung dati, ang konsepto ng “Filipino” ay may limitasyong panlahi at pangkultura, sa kalaunan ang panunupil na sumunod sa pag-aalsa sa Cavite ang nagtulak sa tatlong lahi – creole, mestiso, at katutubo upang magkaisa at magkaroon ng kamulatan bilang nabubuong bansang Filipino (Constantino 1997, 176). Samakatwid, tamang sabihin lamang na ang mga creoles, nasa larang man ng pamahalaan, militar, o simbahan ay nag-ambag sa kamalayan at tradisyon ng mga pag-aalsa at himagsikan sa Filipinas. Ito ang maaaring dahilan kung bakit binanggit ni Marcelo H. del Pilar (1996, 5) sa kaniyang makabayang sanaysay na “La Frailocracia” ang pag-aalsa ng sundalong creole na si Kapitan Novales.

<sup>16</sup> Ang paggamit ng mga katawagang “los hijos del pais” at “los condes Filipinos” ay hindi lamang malilimitahan sa hanay ng mga creoles o insulares (creoleng Espanyol/Mehikano sa hukbo at pamahalaan, at sekular na mga pari sa simbahan). Aangkinin at gagamitin din ito ng mga katutubong Filipino (ilustrado, mestiso, at masa) sa huling bahagi ng dantaon 19. Magiging “Filipino” at mga “Anak ng Bayan” ang itatawag ng mga katutubo sa kanilang mga sarili sa panahong maunawaan nila ang kanilang karapatan bilang mga mamamayan ng kanilang Inang-Bayan. Tunghayan sa Renato Constantino, *Ang Bagong Lumipas-I*, salin nina Lamberto E. Antonio at Ariel Dim. Borlongan, mula sa “*A Past Revisited*” (Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 1997), 179-180.

<sup>17</sup> Paring sekular ang bansag sa mga paring Espanyol na ipinanganak sa Filipinas o di kaya’y mga mestiso-Filipino o Intsik. Kilala ang tulad nina Padre Pedro Pelaez at ang Gomburza (Padre Mariano Gomez, Padre Jose Burgos, at Padre Jacinto Zamora) na nangu-na sa Kilusang Sekularisasyon.

<sup>18</sup> Ang mga prayleng regular ay mga paring Espanyol na galing sa Espanya. Maaaring napapabilang sa ordeng Agustino, Pransiskano, Dominiko, Heswita o kaya’y Rekoleta. Binatikos ng mga ilustradong Filipino gaya nina Jose P. Rizal, Marcelo H. del Pilar, Graciano Lopez Jaena, at iba pang makabayang repormista ang mga prayleng ito dahil sa mga ginawa nilang katiwalian at pang-aabuso sa mga katutubo.

## KONGKLUSYON

Ang diwa ng liberalismo na nagsilbing gabay sa mga liberal na Espanyol sa panahon ng digmaan nito laban sa Pransiya at sa despotismong umiral sa kanilang kaharian ay naging inspirasyon ng mga creoles upang humingi ng pagbabago sa mga patakarang umiiral sa iba't ibang kolonya ng Espanya gaya ng Mehiko at ng Filipinas. Inani ng Espanya ang naging bunga ng mga inihasi niya sa mga kolonya sapagkat kung ano ang mga nangyayaring kaguluhan sa Peninsula, siya ring nagaganap sa kaniyang mga teritoryong nasakop. Kung ang marami sa mga naghahimagsik sa kaharian sanhi ng tiranikong pamamalakad ng hari ay galing sa hanay ng mga sundalo, gayundin ang naganap sa kaniyang mga kolonya lalong-lalo na sa Filipinas.

Sa kasamaang-palad, ang pagkawala ng mga kolonya ng Espanya sa Sentral at Latin Amerika at ang pag-akyat at pagbagsak ng mga gobyernong Espanyol sa panahon ng kaguluhang politikal sa kasaysayan ng kanilang bansa ay nakadagdag sa bilang ng burukratang peninsulares sa kapuluan. Bunga nito, madalas maungusan sa trabaho ng mga bagong dating na peninsulares ang mga creoles. Hindi lamang sa pamahalaan at simbahan, nagkaroon ng ganito ring diskriminasyon sa hukbo. Nang sumiklab ang mga rebolusyon sa mga kolonya ng Espanya sa Amerika at pumanig sa mga rebelde ang mga creoles doon, napagdudahan din ang mga creoles (tinawag na mga “Filipino”) sa Filipinas na nasa militar. Lalong naging mabuway ang katayuan ng mga creoles sa paglilipat ng mga opisyal na peninsular upang tiyakin ang katapatan ng hukbo. Ang ganitong diskriminasyon ang pinagsimulang dahilan ng agad ding nasupil na pag-aalsa ng creoleng si Kapitan Novales noong 1823.

Lumabas sa pag-aaral na ang kasaysayan ng buhay ni Kapitan Novales at ang pinangunahan niyang pag-aalsa ay bunga lamang ng naging kalakaran sa sistemang kolonyal na umiral sa Filipinas sa unang bahagi ng dantaon 19. Dahil sa diskriminasyon, hindi napagkalooban ng matataas na posisyon sa pamahalaan, sa simbahan, at maging sa hukbo ang mga tulad niyang creole. Sa kaniyang panahon, ang kamalayan na ang mga creoles ang totoong “hijos del país” at siyang may karapatan sa mga posisyon sa pamahalaan at simbahan sa Filipinas ay laganap na.

Hindi man nagtagumpay ang pag-aalsa ni Kapitan Novales, nag-iwan naman ito ng aral pangkasaysayan sa mga namumulat nang mamamayan ng Filipinas kagaya ni del Pilar na nagbanggit sa naturang pag-aalsa sa kaniyang sanaysay na “La Frailocracia.” Bagama’t wala pang suporta sa mga katutubo at masang Filipino ang pag-aalsang ito ni Novales noong 1823, nilinaw ni del Pilar na may mga prayleng nagpakalat ng balitang may mga Filipino na diumanong kumikilos para pabagsakin ang pamahalaang Espanyol sa Filipinas noon pa mang panahong iyon. Asahan ito sapagkat sa pagpasok ng dantaon 19, nagkaroon ng matinding hidwaan ang mga creoles kontra mga peninsulares.

Naipundar din na malaki ang naging papel ng mga creoles sa pagkabuo ng konsepto ng pagkabansa at pagiging “Filipino.” Ang Kilusang Sekularisasyon na pinangunahan nina Padre Pedro Pelaez at ng Gomburza na nagtanggol sa karapatan ng mga Filipinong sekular upang mamahala ng mga parokya ay isang katibayan ng pagpapatuloy ng diwang sinimulan ni Novales. Maging ang pagkatatag ng Kilusang Propaganda na humihingi ng mga pagbabago sa patakaran ng mga Espanyol sa kapuluan ay masasabing naimpluwensiyahan din ng mga creoleng naghahangad ng katarungan at pagkakapantay-pantay sa mga peninsulares.

Makatutulong ang saliksik na ito sa pagkakaroon ng kabuoang pagtingin sa tradisyon ng mga pag-aalsa at himagsikan sa Filipinas at sa pagpapahalaga sa ginampanang papel ng mga creoles sa kasaysayan ng Himagsikang Filipino sa kanilang paghahangad ng katarungan at pagkakapantay-pantay sa mga peninsulares na Espanyol. Higit sa lahat, mabibigyan ng karampatang pagkilala ang kontribusyon ni Kapitan Novales at ng iba pang mga creoles sa pagsibol ng konsepto ng pagkabansa at pagkabuo ng katawagang “Filipino” sa daloy ng Kasaysayan ng Filipinas.

Gayumpaman, hindi nasaklaw ng pag-aaral na ito ang iba pang partikular na mga creoles at ang kanilang pakikisangkot sa pakikibaka para sa pagbabago at kalayaan kung kaya’t iminumungkahi ng may-akda na galugarin pa ang ukol dito. Gayundin, ang pagkakaiba ng mga manunulat at historyador sa isyu kung creoleng Filipino o Mehikano (o kaya’y mestiso) ba si Novales ay magiging hamon pa sa mga Filipinong historyador sa kasalukuyan. Ang saliksik na ito ay isang panimulang hakbang lamang sa patuloy na pag-aaral sa buhay at sa pag-aalsang pinangunahan ng isang “sikat ngunit hindi kilalang” creole na si Kapitan Novales.

## SANGGUNIAN

- Agoncillo, Teodoro A. 1980. *Ang Pilipinas at ang mga Pilipino Noon at Ngayon*. Quezon City: GAROTECH Publishing.
- Alexander, Robert J. 1964. *Latin America*. New York: Scholastic Book Series.
- Anderson, Benedict. 2003. *Imagined Communities: Reflections on the Origin and Spread of Nationalism*. Pasig City: Anvil Publishing, Inc.
- Bancroft, C. L. ed. 1960. *The American College Dictionary*. New York: Random House.
- Bankoff, Greg. 1996. *Crime, Society, and the State in the Nineteenth Century Philippines*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Becker, Carl L. 1958. *Modern History*. Chicago: Silver Burdett Co.
- Blair, Emma Helen and James Alexander Robertson. 1903-1909. *The Philippine Islands 1493-1898*. Vols. 37 and 51. Cleveland: The Arthur H. Clark Company.
- Bowring John A. 1963. *A Visit to the Philippine Islands*. Manila: Filipiniana Book Guild.
- Carr, Raymond. 1966. *Spain: 1808-1939*. Oxford: Clarendon Press.
- Constantino, Renato. 1997. *Ang Bagong Lumipis-I*. Salin nina Lamberto E. Antonio at Ariel Dim. Borlongan mula sa *A Past Revisited*. Quezon City: University of the Philippine Press at Foundation for Nationalist Studies.
- Corpuz, O. D. 2005. *The Roots of the Filipino Nation*. Vol. 1. Quezon City: The University of the Philippines Press.
- Del Pilar, Marcelo H. 1996. *Frailocracy in the Philippines*. Isinalin sa Ingles ni Leonor Agrava Manila: National Historical Institute.
- De Mas, Sinibaldo. 1843. *Informe Sobre el Estado de las Islas Filipinas en 1842*. 3 Vols. Madrid.
- \_\_\_\_\_. 1963. *Report on the Condition of the Philippines in 1842*. Isinalin sa Ingles ni Dr. Carlos Botor. Vol. 3. Manila: Historical Conservation Society.
- Gironiere, Paul de la P. 1963. *Twenty Years in the Philippines*. Manila: Filipiniana Book Guild.
- Gripaldo, Eden M. et al. 2005. *Kasaysayan ng Filipinas at mga Institusyong Filipino*. Lungsod Quezon: Sentro ng Wikang Filipino-Diliman Unibersidad ng Pilipinas.
- Gnia de Forasteros y Gnia Oficial de Filipinas*, 36 Vols. 1834-1898. Manila: Philippine National Archives.

- Hayes, C. J. H., M. W. Baldwin and W. Cole. 1956. *History of Europe*. New York: The Macmillan Co.
- Kalaw, Teodoro M. 1969. *The Philippine Revolution*. Kawilhan: Jorge B. Vargas Filipiniana Foundation.
- Keen, Benjamin. 1996. *A History of Latin America*. Toronto: Houghton and Mifflin Co.
- Legajos de Licencias de Armas*. 1857. Manila: Philippine National Archives.
- Llanes, Ferdinand C. at R. A. Boncocan. 2005. "Aralin 7: Pakikibaka ng Bayan" sa aklat na *Kasaysayang Bayan: Sampung Aralin sa Kasaysayang Pilipino*. Lungsod Quezon: ADHIKA ng Pilipinas, Inc.
- Martinez, Manuel F. 2002. *A Historical Analysis of the Philippine Revolution: A Critical Approach to History as Simplicity*. Makati City: International Academy of Management and Economics.
- Montero y Vidal, *Historia de Filipinas (Events in Filipinas), 1801-1840* sa Blair and Robertson Tomo 51.
- Nolasco, Clarita T. 1970. "The Creoles in Spanish Philippines." *Far Eastern University Journal* Vol. 15 No. 1 & 2. Manila: Far Eastern University.
- Perry, Marvin. 1993. *An Intellectual History of Modern Europe*. Boston: Houghton Mifflin Co.
- Piddington, Henry. *Remarks on the Philippine Islands and on their Capital Manila, 1819-1822*. Sa Blair and Robertson Tomo 51.
- Pizarro, Manuel B. *Reforms Needed in Filipinas*. Sa Blair and Robertson Tomo 51.
- Robles, Eliodoro G. 1969. *The Philippines in the Nineteenth Century*. Quezon City: Malaya Books Inc.
- Scott, John and J. Taylor. 1826. "Account of the Rebellion in the Philippine Islands in the Year 1823." *The London Magazine*, Vol. 14. N.S. 4. Hunt and Clarke: Digitized November 27, 2007.
- Steffoff, Rebecca. 1993. *Independence and Revolution in Mexico: 1810-1940*. New York: Facts On File, Inc.
- Zaide, Gregorio F. 1990. *Documentary Sources of Philippine History* Vol. 6. Manila: National Book Store, Inc.
- \_\_\_\_\_. 1968. *The Philippine Revolution*. Manila: Modern Book Company. Zaide, Sonia M. 1994. *The Philippines: A Unique Nations*. Quezon City: All-Nations Publishing Co., Inc.

## Masid, Unawa at Arok sa Ako ng Penitensiya sa Kalayaan, Laguna

Jeremy Reuel N. dela Cruz

### ABSTRAK

Nagsimula ang mananaliksik sa pagkamangha sa nasaksihang tanghal ng penitensiya sa Kalayaan, Laguna. Pinukaw ng pagkamanghang ito ang pagnanasang saliksikin ang penitensiya bilang isang panlipunang pagtatanghal. Habang nagsasaliksik, gumitaw sa mga paunang datos ang pamamaraan ng masid, unawa, at arok bilang lapit sa paksa. Sa pamamagitan ng pagmamasad, pinag-aralan ang gayak at galaw ng penitensiya mula sa sipat ng mananaliksik, na nagluwal ng maraming tanong kaugnay ng ritwal ng penitensiya at panata ng mga penitensiyador. Tumungo ang mananaliksik sa pag-unawa ng penitensiya mula sa pananaw ng mismong mga penitensiyador. Hinalaw mula sa mga kasaysayan ng buhay ng kinapanayam na mga penitensiyador ang kanilang tindig sa iba't ibang usapin kabilang ang mga pagbabago sa ritwal ng penitensiya at sa nilalaman ng kanilang panata. Ang mga napag-alaman ay pinalawig sa pagsasaliksik sa kalagayang panlipunan at pangkabuhayan. Sa dulo, inarok ng pag-aaral ang dalumat ng pag-ako ng mga penitensiyador bilang pag-aalay ng sarili. Sa kawalan ng materyal na maihahandog sa kapuwa, sariling katawan ng mga penitensiyador ang inaalay nila para sa pamilya, para sa kapuwa, at para sa komunidad.

**Mga Susing Salita:** tanghal, gayak, galaw, masid, unawa, arok, penitensiya, penitensiyador, panghaplit, pagtitiris, paglilinis

Taon-taon ginagawa ang penitensiya sa Kalayaan, Laguna. Nagsisimula ito sa Linggo de Ramos kung kailan naggagayak ang mga penitensiyador ng mga saya at sombrero nilala mula sa palapa ng niyog, maskarang may palamuting mga bulaklak na isusuot habang naglalakad sa mga lansangan, at panghaplit na binubuo ng mga piraso ng kahoy na inihahampas sa likod. Kapag nakahanda na ang mga saya, sombrero, maskara, at panghaplit, magsisimula na ang mga penitensiyador sa paglalamog ng likod. Tuloy-tuloy nilang hahampasin ng mga piraso ng kahoy na panghaplit ang kanilang likod. Umuumbok ang balat at napupuno ng namuong dugo hanggang magkaroon ng malalaking pasa sa likod.

Ang malalaking pasa sa likod na dulot ng pagkalamog ay dadalhin sa magkukudlit o sa taong maglalagay ng mga hiwa sa likod ng penitensiyador. Ang bilang ng mga hiwa ay nagsisimula sa pito sa magkabilang panig at maaaring dumami pa depende sa penitensiyador. Ang mga hiwa ay maaaring ilagay sa pamamagitan ng labaha, blade, o mga bubog na nilagyan ng puluhan.

Katulad ng ibang pagtatanghal, ang penitensiya ay may sariling entablado (ang malawak na lansangan ng Kalayaan, Laguna), may mga aktor (ang mga penitensiyador, tagakudlit, tagatiris, may-ari ng mga poon sa bawat estasyon, ang mga kasapi ng komunidad na bumabasa ng pasyon), may mga proseso, at mga pamantayan.

## SARI-SARING PAGTANAW SA PENITENSIYA

Bagaman naidokumento ang penitensiya bilang isang pagtatanghal at buháy na tradisyon sa Kalayaan, Laguna, may iba't ibang pagtingin dito.

Isang nangingibabaw sa kasalukuyan ang pagtingin sa penitensiya bilang isang pagtatanghal na umaakit sa mga turistang lokal at dayuhan upang lumago ang ekonomiya ng naturang lugar. Mapapansin ang gayong kalakaran sa aktibong suportang ibinibigay ng pamahalaang lokal na dumaraan sa barangay. Taon-taon, ilang buwan pa bago dumating ang mismong Mahal na Araw, pinupulong ng alkalde ang mga indibidwal at organisasyong sangkot sa pagdaraos ng penitensiya.

Maaari ring tingnan ang penitensiya bilang isang pagtatanghal lamang na walang kaugnay na panata o relihiyosong pakahulugan. Gayon ang pananaw ng ilang kabataang nagpepenitensiya nang walang sapat na pag-unawa sa kasaysayan at tradisyon ng aktibidad. May mga kabataang sumasama sa prusisyon at naghahaplit ng katawan dahil “trip lang” nila o nakursunadahan lang. May mga kabataan ding naghahaplit ng katawan nang nakainom ng alak kahit malinaw na ipinagbabawal ng mga naunang penitensiyador. Sa pakikipanayam ng mananaliksik sa ilang piling penitensiyador, nabanggit nilang may mga penitensiyador ding hindi sumusunod sa tradisyonal na gayak tulad ng pagsusuot ng shorts o pantalon lang dahil, anila, wala naman silang panata.

Ang penitensiya ay maaari ring tingnan bilang isang pangkulturang aktibidad na nakaugat sa pang-araw-araw na buhay ng komunidad sa Kalayaan, Laguna. Maraming penitensiyador ang naniniwala sa bisa ng penitensiya upang matupad ang kanilang panata. Naghahaplit sila ng katawan tuwing Mahal na Araw sa pagnanasang makamit anuman ang panata.

Sa pambansang saklaw, bagaman hindi kayang sakupin ng pag-aaral na ito, ang penitensiya ay itinuturing na relihiyosong gawain ngunit kakatwang wala itong basbas ng Simbahang Katoliko. Madalas mabasa ang mga artikulo tungkol dito at makita ang mga larawan ng mga duguang katawang nakabilad sa init ng araw lalo na tuwing Mahal na Araw ngunit walang akademikong pag-aaral na natagpuan ang mananaliksik na nagtatangkang magpaliwanag sa salimuot at lalim ng penitensiya, lalo na sa Kalayaan, Laguna. Kung gayon, maaaring ipagpalagay na hindi pa sapat ang pananaliksik tungkol sa aktibidad na ito.

Sa anong paraan, kung gayon, maaaring tingnan ang penitensiya bilang isang pagtatanghal na may pangkulturang kahulugan? Sa anong paraan din maaaring tingnan ang penitensiya bilang ritwal ng isang komunidad? Ang penitensiya ba ay laging may kaakibat na panata? Ang penitensiya ba ay katumbas ng panata? Ang penitensiya ba ay paraan ng pagsasakripisyo ng penitensiyador para sa pamilya, para sa kapuwa, para sa komunidad?

## MASID SA TANGHAL NG PENITENSIYA: GAYAK AT GALAW

Bawat isang penitensiyador ay may sariling ritmo. Sa pagsasalitan ng tunog ng mga piraso ng kahoy na humahampas sa kanilang katawan, nalilikha ang isang uri ng musikang tila kumpas na humihingi ng ulan sa talisik na tag-araw, isang musikang nagmumula sa pag-aalay ng kani-kanilang dugo at pawis para sa kabutihan ng sarili, ng pamilya, ng kapuwa, ng komunidad, ng bayan. Ang pansariling nasa, kapag isinama sa nasa ng iba, ay lumilikha ng pambalanang nasa katulad ng kanilang pansariling tunog ng mga piraso ng kahoy na kapag isinama sa iba ay lumilikha ng pambalanang

tunog na nagiging musika sa isang maningning at masigabong entablado ng búhay.

Ang musikang ito ang sinasayawan ng mga penitensiyador. Sumasabay sa ritmo ng mga piraso ng kahoy na humahampas sa kanilang hubad at duguang katawan ang indayog ng kanilang mga paang humahakbang sa lansangan. Sa bawat hakbang, kasabay ang paghaplit sa sariling katawan.

Walang sapin sa paa ang karamihan sa mga penitensiyador. Tinitis nila ang init ng kalsadang nanunuot sa kanilang talampakan. Tanging pananggalang ng kanilang katawan sa init ng araw ang suot na pantalon o shorts na pinatungan ng sayang nilala mula sa mga palapa ng niyog na nakatapis sa kanilang baywang. Mula sa baywang paakyat, hubad ang kanilang katawan. Sa harapan ng kanilang katawan, naglalandas ang butil-butit na pawis. Sa kanilang likuran, unti-unting kumakatas ang dugo mula sa mga sugat na tinatamaan ng mga piraso ng kahoy. Sa kanilang ulo, nakasuot ang telang maskara na may sombrero at nilalang mga tangkay ng makabuhay (*Tinospora rumphii*), isang baging na mapait ang katas at matatagpuan sa kabundukan, sa tuktok.



**Larawan 1. Tangkay ng Makabuhay (*Tinospora rumphii*).**

(Lahat ng larawan ay kinuha noong 18 Abril 2014)

Sa pananaliksik ni Ezzard Gilbang na isinaad niya sa tesis masteral na pinamagatang “Ang Pag-iral ng Pasyon sa Nagbabagong Panahon: Produksiyon at Reproduksiyon ng Isang Teksto,” ang penitensiya ay nagmula sa kaparusahan ng Simbahang Katoliko, tinatawag na “canones penitenciales.” Aniya:

Ang mga *penitensiadores*, tinatawag ding mga *mandurugo* o mga *salibatbat* ay nagsasagawa ng kanilang sariling debosyon o panata sa pamamagitan ng iba't ibang pagpapakahirap sa paniniwalang napatatawad ang kanilang mga kasalanan. Mga kalalakhian ang karaniwang nagsasagawa nito bagama't may ilang mga kababaihang nagpapakako rin sa krus sa ganitong mga panahon. Sinusugat(an) ng mga kalalakhian ang kanilang likod at saka hinahampas ng *buhos* habang humakalat sa buong likod ang dugo, nakatalukbong sila ng telang itim o puti, nakukuronahan ng maliliit na sanga ng dahon, at mga nakayapak lamang sa paglakad (na)ng malayoat sa katindihan ng sikat ng araw. (Gilbang 2009, 121)

Sa Kalayaan mismo, ang pagdaos ng penitensiya ay naitala sa coffee table book na pinamagatang *Cuaresma* na pinamatnugutan nina Gilda Cordero-Fernando at Fernando Zialcita. Anila: “Today, the *disciplina* is called the *penitensiya* and is widely practiced in some Pampanga, Bulacan, Rizal, and Laguna custom. The Pampanga, Bulacan, and Rizal penitensiya has the participants wearing hoods crowned with branches and leaves; in the colorful Kalayaan, Laguna version, called the *haplit*, decorated with flowers. In both versions, torsos are bare. (Cordero-Fernando at Zialcita 2000, 153)

## Gayak

Ang penitensiya sa Kalayaan, Laguna ay nagsisimula ng alas-sais ng umaga, araw ng Biyernes Santo ng Mahal na Araw. Unang hakbang ang paggagayak, naglalala ang mga penitensiyador ng mga dahon ng niyog, ubod ng kaong (*arenga pinnata*), dahon ng saging, o dahon ng ngangá (*Areca*



*catetchu*) upang maging saya. Ito ay nilalagyan ng bulaklak ng rosas, bugambilya, o gumamela bilang palamuti. Ang saya na kanilang isinusuot ang siyang tradisyonal na gayak ng mga penitensiyador. Ang mga kagamitang ito ay ibinabatay sa kung ano ang nasa kanilang paligid. (Panayam kay Fructuoso Bautista, 19 Enero 2015).<sup>6</sup>

Sinasabing ang pagsusuot ng saya (suot-babae) sa Kalayaan, Laguna ay isang paraan ng pagpapakasakit ng kalalalahanian dahil nababawasan ang kanilang pagkalalaki. (Cordero-Fernando at Zialcita 2000, 162)



**Larawan 2. Paglala ng saya na gamit ang palapa ng niyog, ubod ng kaong (Arenga pinnata), dahon ng saging, o dahon ng ngangà (Areca catetchu).**



**Larawan 3. Pagsususot ng saya ng mga nagpepenitensiya mula sa nilalang dahon ng ngangà.**

Ang suot nila sa ulo ay sombrero ng hinabi mula sa palapa ng niyog na nilalá at nilagyan ng bulaklak, tulad ng gumamela, bilang palamuti. Ang iba ay nagsususot din ng “korona” na tinatawag nilang baging mula sa halaman ng makabuhay. Tatastas din sila ng mga tela at lalagyan ng dalawang butas upang makasilip sila kapag ginamit na nila itong talukbong kapag nagpenitensiya na. Ang telang may dalawang butas sa tapat ng mga mata ay magsisilbing maskara o pantakip nila sa kanilang mga mukha.



**Larawan 4. Suot na sombrero na gawa sa nilalang palapa ng niyog.**



**Larawan 5. Korona at maskara, gayak sa ulo at mukha ng nagpepenitensiya.**

Isa sa pinakaimportanteng kagamitan ng mga penitensiyador ang kanilang hawak na panghaplit o panghampas sa kanilang mga katawan. Ang kanilang panghampas ay gawa sa lubid o nylon na nilalá o binuhol na may habang dalawa at kalahating piye o 76.2 sentimetro. Sa dulo ng panghaplit ay nakakabit ang mga binilog at pinakinis na kahoy ng langka o kahoy ng madre cacao (*Gliricidia sepium*) na may habang 5.5 pulgada o 13.97 sentimetro. Karaniwang gawa sa kahoy ang gamit sa panghaplit ng mga penitensiyador. Ang bilang ng mga nakakabit na binilog o pinakinis na kahoy ng langka o madre cacao sa maikling lubid o nylon na panghaplit ay karaniwang 7, ngunit mayroon ding umaabot nang 14, 21, o 24. Ang karaniwang bilang talaga ng kahoy o stick ay 7.



**Larawan 6. Pamalo o Panghaplit na gawa sa tinirintas o braided na nylon na kinabitan sa dulo ng mga binilog at pinakinis na kahoy ng langka o kahoy ng madre cacao (*Gliricidia sepium*).**

Ang kahoy na nakakabit sa panghaplit ay may takdang bilang depende sa panata ng penitensiyador. Ang nakakabit na pitong kahoy sa panghaplit ng isang penitensiyador ay kumakatawan sa bilang ng taon ng pagpepenitensiya niya. Ibig sabihin, kung pitong piraso ng kahoy ang nakakabit sa kaniyang panghaplit, pitong taon magpepenitensiya.

Ang mga imaheng ito mula sa pagmamasid ang nagpapisip sa mananaliksik: Bakit ginagawa ng mga penitensiyador na saktan at pahirapan ang kanilang sarili?

Ang mananaliksik ay humalaw ng pamamaraan kay Virgilio G. Enriquez. Sa kaniyang librong *From Colonial to Liberation Psychology: The Philippine Experience*, sinabi niyang ang “katutubong pamamaraan” sa konteksto ng Filipinas ay hindi lamang “culturally sensitive and appropriate” kundi “people-oriented” din. Aniya:

*Pakapa-kapa* (literally “groping”) as a field method (Santiago, 1977) together with *pagtatanong-tanong* (literally “asking questions” or “questioning”) (Gonzales, 1980) was elaborated upon and put to use. Other culturally relevant research methods and techniques such as *pakikirumdam* (“shared sensitivities”), *pakikialam* (“concerned interference”), *pakikilahok* (“participation as one-with-the-others”), *pakikisangkot* (“integral involvement”), and *pagdalam-dalam* (“casual but repeated visits”) were utilized in social psychology and personality studies. (1992, 94)

Sa antas ng pagmamasid, ang mananaliksik ay gumamit ng dalawang kategorya – gayak at galaw – upang simulan ang dokumentasyon ng penitensiya bilang pagtatanghal.

Una, ang paghanap sa mga detalye ng paghahanda o paggayak sa penitensiya, kasama ang proseso ng paggayak, mga ginagamit sa paggayak, at mga taong katuwang ng penitensiyador sa paggayak.

Ikalawa, ang paghanap ng mga detalye sa pagkilos. Napag-alaman ng mananaliksik batay sa mga pagmamasid na sinusugan ng mga panayam na ang proseso ng pagkilos ay dumaraan sa mga yugto ng paglalamog, pagkukudlit, pagpapadugo, pagsali sa prusisyon na may paghahagupit, pagsali sa prusisyon na walang paghahagupit, at ang paglilinis ng mga sugat. Ang prosesong ito ay ginagawa ng lahat na penitensiyador tuwing Mahal na Araw.

Nagsisimula at natatapos ang penitensiya sa buong linggo ng Mahal na Araw na itinakda ng Simbahang Katoliko. Ang mga penitensiyador ay maaaring magsimula ng kanilang paggayak ng mga gagamitin sa penitensiya sa Linggo de Ramos o Araw ng Palaspas. Sa panahong ito, maaari nang kunin mula sa mga puno ang mga palapa ng niyog na gagamiting saya at sombrero. Sa mga susunod na araw, maaari nang magsimula ng penitensiya ang sinuman sa mga penitensiyador pero karamihan sa kanila ay penitensiyador sa araw ng Biyernes.

Makikita sa ibaba ang lagom ng mananaliksik ng mga prosesong pagdaraan ng penitensiyador batay sa mga napagmasdan niya.

| Talahanayan 1. Masid ng Penitensiya: Prosesong Pagdaraan ng Penitensiyador   |   |  |
|--|---|--|
| PANTANGI   |   |  |
| Unang Yugto  | Ikalawang Yugto   | Ikatlong Yugto   |
| <p>Paggagayak</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Paggawa ng <i>saya</i> mula sa nilalang dahon ng niyog o dahon ng nganga</li> <li>• Paggawa ng sombrero o korona</li> <li>• Pagsusuot ng telang maskara</li> <li>• Pagdadala ng pamalong gagamitin sa paghahaplit na may nakakabit na kahoy na may bilang na 7, 14, o 21—mga palatandaan ng bilang ng taon ng panata</li> </ul> | <p>Paglalamog</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Paghahampas sa likod ng katawan gamit ang pamalo ng mga penitensiyador ng isa o dalawang oras para mamaga at magkaroon ng umbok ang laman ng kanilang likod</li> </ul> | <p>Pagkukudlit</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Pagsugat sa mga umbok ng namuong dugo sa likuran ng mga nag-aakò; nakabase ang bilang ng kudlit na susugatan sa likod sa bilang ng taon ng penitensiya; kadalasan, pito magkabilaan ang ikukudlit o mas marami pa depende sa bilang ng taon ng panata</li> </ul> |

Bago simulan ng isang penitensiyador ang paghampas sa katawan, umuusal siya ng kahilingan. Pinakakaunti ang pitong taon para sa kahilingang iyon upang matupad bilang isang panata. Kaya regular na gagawin ng may panata ang pagpepenitensiya sa bawat taon hanggang maabot ang bilang ng piraso ng kahoy na nakalagay sa kaniyang panghaplit at aasahan niyang matupad ang kaniyang kahilingan.

Ang mga penitensiyador ay nagsisimula sa murang edad na walong taong gulang pataas ayon sa pahintulot ng kanilang mga magulang pero wala silang pinipiling edad kung kailan hihinto sa pagpepenitensiya. Ang iba ay humihinto na pagkatapos ng pitong taon at nakamit na ang kahilingan sa kanilang panata. Pero karamihan ay nagpapatuloy magpenitensiya hanggang kaya ng kanilang katawan. Ang kanilang personal na panata ang nagbibigay ng motibasyon sa mga penitensiyador upang tiisin ang sakit at hirap ng penitensiya.

Sa mga partikular na yugto ng penitensiya – paggayak, paglamog, pagkudlit – ang mga penitensiyador ay nagsasagawa ng mga natatanging aktibidad na kawangis ng paghahanda sa isang pagtatanghal. Nagsisimula ito sa pag-usal sa sarili ng isang panata na hihilingin ang katuparan sa pamamagitan ng penitensiya. Nagtatapos ang pribadong yugto sa sandali ng pagsusuot nila ng maskara kung kailan sila pumapasok sa pambalanang yugto ng penitensiya o kapag sumanib na sila sa ibang kapuwa penitensiyador upang pumarada nang nakayapak sa mga lansangan habang naghahaplit. Ang pambalanang yugto ay inihuhudyat ng pagsusuot nila ng maskara.

**Galaw**

Nagsisimula ang mga penitensiyador sa paglalamog ng kanilang likod. Hinahampas ng mga penitensiyador ang sarili nilang likod na malapit sa balakang sa pamamagitan ng panghaplit hanggang mamuo ang dugo sa iba’t ibang bahagi nito. Pagkaraan, paduduguin ang nalamog na likod; tinatawag itong pagkukudlit. Matapos kudlitan, isa-isang paduduguin ang namuong mga dugo; tinatawag itong pagpapadugo.



**Larawan 7. Ang Paglalamog. Likod ng penitensiyador na nilamog, isang paraan ng paghampas bago kudlitan ang likod.**

Habang unti-unting kumakatas ang dugo at patuloy nilang hinahampas ng panghaplit ang kanilang katawan, ang mga penitensiyador ay maaari nang magsimulang maglakad sa lansangan, suot ang kanilang maskarang may korona ng mga baging ng makabuhay at may palamuting mga bulaklak. Ayon sa isang matanda na nakapanayam sa lugar na si Lolo Roberto. (Panayam kay Roberto Ratac, 2015), ang kinamulatan nilang kulay ng maskara ay pula subalit sa kasalukuyan, may ibang kulay na rin ng maskarang ginagamit tulad ng itim o puti. Gayon pa man, ang halaga ng pagsusuot ng maskara ay pareho pa rin: upang ihudyat ang pagtatapos ng pantanging yugto ng penitensiya at simulan ang pambalanang yugto.

## Paglalamog

Pagkatapos ihanda ng mga penitensiyador ang mga kakailanganin sa kanilang gayak, ang kasunod na proseso ay ang paglalamog. Magsisimula silang maghagupit ng katawan gamit ang kanilang mga pamalo upang unti-unting malamog ang laman sa ibabang bahagi ng kanilang likuran. Magagaan muna ang kanilang mga hampas. Makaraan ang isang oras o higit pa, lilitaw na ang mga umbok sa kanilang likuran bunga ng pamumuo ng dugo.

## Pagkukudlit

Pagkatapos ng paglalamog, ang penitensiyador ay pupunta sa isang kakilalang marunong magkudlit. Ang pagkukudlit ay isang paraan ng pagpapadugo sa mga umbok ng namuong dugo sa likod na dulot ng naunang paghahampas ng likod gamit ang panghaplit na mga piraso ng kahoy. Kadalasan, ang bilang ng kudlit ang siya ring bilang ng mga piraso ng kahoy sa panghaplit.

May ilang kalalakihan sa Kalayaan na ang panata tuwing Semana Santa ay pangungudlit sa mga penitensiyador. Sila ang responsable sa panunugat sa mga umbok ng namuong dugo sa likuran ng mga penitensiyador. Iba't iba ang gamit nila sa pagkudlit. May gumagamit ng mga piling piraso ng basag na bote na hinulma sa isang kuwadra ng semento, tamang-tama lamang ang hugis at may tatangnan ito upang mahawakan nang mabuti. Mayroon namang gumagamit ng labaha, mapalumang porma o yaong maliliit na nabibili nang tingi at ikinukudlit sa lamog na likod, kadalasang nakadugtong sa mga karaniwang sanga ng kahoy o patpat na nagsisilbing puluhan o hawakan.

Ang karaniwang bilang ng hiwa na inilalagay ng nagkukudlit ay 14 sa likod ng penitensiyador. Ibig sabihin, pitong hiwa sa kanang bahagi ng likod at pitong hiwa sa kaliwang bahagi ng likod. Matatagpuan ang mga hiwa sa ibabang bahagi ng likod, malapit sa balakang.

Ang bilang ng kudlit ay isinusunod sa bilang ng taon ng panata ng penitensiyador. Kapag pitong taon lang ang panata ng penitensiyador, pito rin na magkabilaan ang bilang ng hiwa na ilalagay ng nagkukudlit sa likod ng penitensiyador. Sa ibang penitensiyador, higit pa sa pitong hiwa magkabilaan ang ikinukudlit sa kanilang mga likod; maaaring 14, maaaring 21.

Bukod sa mga tagakudlit na nakapanata ng pagkukudlit sa likod ng mga penitensiyador, mayroon ding grupo ng mga penitensiyador na ang kanilang pinakamatandang kasama sa pagpepenitensiya ang siyang nagkukudlit sa pinakabago o pinakabatang kasamahan nila sa pagpepenitensiya, at ang pinakamatanda o pinakamatagal na ring kasama sa pagpepenitensiya ang siyang unang nagkukudlit sa mga kasamahan bago pakudlitan ang kaniyang likod.

## Pagpapadugo

Pagkatapos ng pagkukudlit, isa-isa ang pinapadurugo ang mga hiwa bago magsimula sa pagprusisyon ang mga penitensiyador. Magtitipon ang mga penitensiyador sa isang pinag-usapang tagpuan. Doon nila itinutuloy ang paglalamog, pagpapadugit, at pagpapadugo habang patuloy ang paghagupit ng kanilang sariling katawan. Iba-iba ang salansan ng mga pangkat: ayon sa pagkakaibigan at ayon sa isang taal na pamilya ng bayan. Para sa kanila, hindi isang palabas lamang ang pagpepenitensiya. Napansin ng mananaliksik na nagdarasal muna sila nang taimtim bago nila simulan ang paghahagupit ng kanilang mga katawan.

Habang abala ang ibang deboto sa pag-aayos ng mga karo ng mga santo, habang nagsasalimbayan ang mga turista at balikbayan na nag-aabang ng prusisyon sa lansangang bayan, hindi muna nila nakikita ang mga penitensiyador sa yugto ng kanilang pagpapadugo. Sa pagtatanong-tanong ng mananaliksik, nasabi ng ilang penitensiyador na ang mga yugto ng paglalamog, pagkukudlit, at pagpapadugo ay pantangi nilang gawain. Sa gayong yugto, kailangan nila ng

kapayapaan ng pag-iisip sa pag-iisa upang ihanda ang kanilang katawan sa sakrispisyong o pasakit ng paghahaplit habang nasa prusisyon.

## Unang Prusisyon na May Paghahagupit

Walang takdang oras ang pagpepenitensiya: ang iba sa kanila, sa umaga; ang iba, sa hapon. Wala ring takdang araw na nagkakasundo sila kung kailan sisimulan ang paghahagupit ng katawan. May ilan na tinutuhog ang buong Semana Santa, mula Lunes Santo hanggang Sabado de Gloria; samantalang ang iba, namimili ng araw sa loob ng mga araw na ito.

Gayunman, nagtatagpo sila sa Huwebes Santo, Biyernes Santo, at Sabado de Gloria. Sa yugtong tumatagas ang kanilang dugo dahil sa paghahagupit, hindi sila sumasama sa opisyal na prusisyon ng mga santo ng Simbahang Katoliko, sapagkat hindi pumapayag ang Kura Paroko sa pampublikong ritwal na ito. Kaya kusang-loob silang naglalakad at naghahagupit sa lansangan, palibot sa kanilang bayan.


Ang pag-iikot ng mga penitensiyador ay maisasalarawan sa kanilang bilang. May mga penitensiyador na kabilang sa grupong may siyam o hanggang sampung kasapi. May penitensiyador din na tatluhan, apatan, o dalawahang, at may penitensiyador na mag-isa lang o solo.

Ang mga penitensiyador na maramihan o grupo na may bilang na siyam o sampu ay mayroong pormasyon o formation. Kapag ang bilang ng kasapi ay siyam, halimbawa, ang kanilang pormasyon ay bubuo ng apat na pares na maglilinya magkabilaan parang sa prusisyon at ang isang tao ay nakaposisyon sa harap. Ang taong nasa harap ang siyang pinakabata o bagong miyembro o nasa unang taon ng kaniyang pagpepenitensiya, at sa huling linya sa grupo ay nakaposisyon ang pinakamatanda o pinakamatagal nang penitensiyador sa grupo. Kapag nakaayos na sa pormasyon ang mga penitensiyador, magsisimula na silang maglibot sa kanilang barangay.



**Larawan 9. Mga penitensiyador: Grupo-grupo silang nagtitipon at gumagaygay sa mga lansangan.**

Mayroong kani-kaniyang iniikutang ruta o daanan ang mga penitensiyador base na rin kung saan sila nagsimula. Ang Barangay San Juan sa Kalayaan, Laguna na may 11 purok at ang mga Purok na may bilang isa hanggang anim ay nakapangalan sa mga pangalan ng Santo—sa Purok Uno ay San Pedro, sa Purok Dos ay San Roque, sa Purok Tres ay San Isidro, sa Purok Kwatro ay San Juan, sa Purok Singko ay San Antonio, at sa Purok Sais ay San Pablo. Maaaring magsimula ang mga penitensiyador sa purok na nais nila, subalit karamihan na kanila ay nagsisimulang magpakudlit at magpadugo sa Purok Uno, lilibutin ang mga kasunod na Purok, at matatapos sila sa Purok Anim o Sais na huling purok na, doon sila lalabas patungo sa simbahan.



Larawan 10. Mapa ng Ruta ng mga Nagpepenitensiya

Ito ay mga larawan ng anim na Purok na nakapangalan sa mga Santo. Ito ay permanenteng nakalagay sa mga purok; mula sa anim, limang purok lang ang may nakalagay na santo na nakunan ng mananaliksik kabilang na ang Purok Uno, Purok Dos, Purok Tres, Purok Singko, at Purok Sais. Ang Purok Kwatro ay walang nakunang larawan na nakalagay na santo sapagkat, ayon sa mga nakapanayam, ito raw ay nasira at hindi pa naayos.



Larawan 11. Purok Uno- San Pedro



Larawan 12. Purok Dos- San Roque



Larawan 13. Purok Tres- San Isidro



Larawan 14. Purok Singko- San Antonio



Larawan 15. Purok Sais- San Pablo

Sa pagprusisyon ng mga penitensiyador sa Barangay San Juan, may malaking partisipasyon ang mga nanonood o mga tao sa bawat purok na dinaraan ng mga penitensiyador. May ilang kabahayan na naglalagay sa kanilang harapan ng bahay ng kanilang mga poon o santo na siyang tinitigilan at pinagdarasalan ng mga penitensiyador. Ilan sa mga Santo na tinitigilan ng mga penitensiyador ay ang Poong Hesukristo na nakahubad, ang Birheng Maria, ang Poong Salome, Nazareno, at Maria Dolorosa. Kasabay ng mga paglalabas ng mga may-ari ng santo o poon sa harap ng kanilang bahay tuwing Mahal na Araw, mayroon ding nagsasagawa ng pagbasa ng pasyon na nilalahukan ng kababaihan at mga bata.



Larawan 16. Ang mga penitensiyador na nagdarasal sa mga santo



Larawan 17. Nagdarasal sa mga altar na nakalabas sa bahay ng sinumang kasapi ng komunidad na nangangalaga sa mga santo ang mga nagpepenitensiya

### ***Pagsusuri sa Galaw ng Isang Penitensiyador***

Ang pagpepenitensiya ay tila isang sayaw na ang katawan ay ginagamit sa pagsubok ng isang klase ng sayaw. Bagaman tila kabagot-bagot at paulit-ulit ang pagtama ng panghaplit sa likod ng penitensiyador at pagdurugo ng kaniyang sugat, may dinamika sa iba't ibang parte ng katawan. Sa itaas na bahagi ng katawan, ang pagtungo ng ulo sa lupa ay kasabay ng paglambitin sa tagiliran ng magkabilang kamay habang ang pagtango naman ng ulo sa kalangitan ay kasabay ng pagtama ng panghaplit sa likuran. Ang impit na sakit ay nakatuon hindi sa lupa/mundo kundi sa langit/kalangitan.

Ang ibabang bahagi naman ng katawan ay walang tigil na pag-indak ng mga paang sumasayad sa lupa, umaangat nang hindi na halos binabaluktot ang mga tuhod, at sumasayad muli sa paraang tila hinihila ang mga paa sa bigat ng mga pasakit na pasan ng penitensiyador kasama ang sakit ng paghaplit sa kaniyang kalamnan.

Ang itaas at ibabang bahagi ng katawan ay binabalanse ng matibay na balakang na kailangang magmistulang bakal sa pagtindig upang hindi bumigay sa bigat ng pasang pasakit ng balikat at tinitisod na pagpapasakit ng mga paa. Kaagapay ng dinamikang ito ang ritmo ng paghahampas, ang pag-indayog ng katawan ng penitensiyador, ang detalyadong galaw ng mga paa kasabay ng paghampas ng katawan na lumilikha ng sayaw, isang sayaw sa tanghalan ng Semana Santa.

### ***Porma o Estructura ng Galaw***

Ang mga penitensiyador ay gumagamit ng kanilang buong katawan sa pagpepenitensiya, tulad din sa ibang anyo ng sayaw. Sa punto-de-bista ng isang mananayaw (mananaliksik), sa tuwing ihahampas ng penitensiyador ang panghaplit sa kaniyang likuran o upper torso, nagkakaroon ng swaying movement o pag-indayog, kasabay ang mabagal na ritmo patungo sa mabilis na ritmo na ito ay mga kombinasyon ng paggalaw ng kanilang mga katawan. Walang musikang sinusundan ang mga penitensiyador para maisagawa ang paggalaw subalit ang tunog na nagmumula sa mga lagitik ng kahoy ng kanilang panghampas ang siyang tumutulong upang malaman ang bagal o bilis ng kanilang paggalaw. Kung titingnan o iisipin ang kanilang galaw ay mukhang simple subalit malakas ang dating o presensiya sa mga manonood kapag sabay-sabay na gagawin ng mga penitensiyador ang kombinasyon ng kanilang galaw.

### Porma ng Katawan

Ang porma o estruktura ng katawan kapag naghahaplit ay nakatayo at balanseng nakayapak sa lupa ang dalawang paa, o isang paa sa kanan o kaliwa ay nakasulong (forward). Nakasulong ang isang paa upang mas mabilis ang pagpapalit o pagbabago ng mga paa mula pakanan o pakaliwa, at sa isang banda, upang makahakbang o makalukso na kasamang nakabaluktot nang bahagya ang mga tuhod, kasabay na nakahilis pasulong ang dibdib. Para maisagawa nang buo ang paggalaw, laging pasulong ang galaw ng buong katawan pati na rin ang direksiyong patutunguhan ng mga penitensiyador. Kung titingnan, wala sa rest position ang porma ng katawan ng mga penitensiyador kundi mula sa pagtayo na ang isang paa ay nakasulong at ang isa pa ay nasa likod na nakabaluktot din ang mga tuhod, nagpapakita agad na may tensiyon ang porma ng katawan na indikasyon na nakahandang gumalaw.

### Galaw at Direksiyon ng mga Kamay

Hinahawakan ng penitensiyador ang pamalo o panghaplit na gamit ang isa o dalawang kamay. Bago hampasin ang likod, hahawakan ng mga kamay nang may katamtamang higpit ang panghaplit. Sa nakatayo at naglalakad na naghahaplit, ang direksiyon ng panghaplit ay iwinawasiwas sa level ng siko sa direksiyong pagilid sa kanan o kaliwa. Ang ritmo sa nakatayo at naglalakad na naghahampas ay sinisimulan nang mabagal (kung lalagyan ito ng bilang regular na 1, 2, 3, 4, 5... ang kumpas). Sa mabilis na paghampas sa likod ng katawan, ang direksiyon ng mga kamay na may hawak ng panghaplit para tamaan ang likod ay iwinawasiwas nang mabilis sa direksiyong pababa patungo sa itaas ng balikat na ang itsura ng mabilis na paghampas sa likod ay katulad ng naghuhukay ng lupa gamit ang isang pala. Ang koordinasyon ng mga kamay para mahampas ang likuran gamit ang panghaplit ay naisasagawa mula sa pagdiin ng mga paang pasulong sa lupa na unang kinalalagyan ng bigat ng katawan. Kasunod nito, ang bigat ng katawan ay maililipat sa isang paa na nasa likod at magkakaroon ng galaw na pag-indayog o rocking movement at kasabay na nito ang paghampas ng mga kamay sa likod ng katawan. Uulit-ulitin ng mga penitensiyador ang kombinasyon ng paggalaw ng kanilang paa at kamay sa tuwing isasagawa nila ang kanilang penitensiya.



Larawan 18. Gabay sa mga kamay habang naghahamapas ng likod

### Huling Prusisyon na Walang Paghahagupit

Muli silang gagayak suot ang kanilang mga nilalang saya at sombrero, pati ang kanilang mga pulang talukbong. Pupunta sila sa pinakahuling salansan ng opisyal na prusisyon. Aandar ang prusisyon mula sa parokya, palibot sa lansangang-bayan, at pabalik muli sa simbahan. Sa anumang pagkakataon, hindi papasok ang mga penitensiyador sa loob ng simbahan. Mananatili lamang sila sa labas, sa harap ng pultahan ng parokya. Naging kostumbre na nila ang hindi pagpasok sa simbahan. Iyon ang masasabing wakas ng kanilang penitensiya sa taong iyon, sa dapithapon ng Sabado de Gloria, sa panahon ng Mahal na Araw.

### Paghuhugas at Pagtitiris ng mga Sugat

Matapos ang kanilang paghahagupit sa lansangan, tutungo sila sa isang talon upang doon makapaghugas ng kanilang mga sugat. Sandali nilang huhubarin ang kanilang mga nilalang saya at sombrero, at lulusong sila sa dumadaloy na tubig. Kung may mga tagakudlit, mayroon ding mga tagatiris ng sugat. Isang uri rin ng panata ang pagtitiris para sa ilang kalalakihan.

Ang paghuhugas at pagtitiris ng mga sugat ang siyang huling yugto sa pambalanang katangian ng penitensiya. Mula rito, ang mga penitensiyador ay babalik sa kanilang pribadong buhay, uuwi sa kanilang mga tahanan, ngunit bitbit pa rin ang panata mula sa pagtatanghal. Ang salimbayan ng pantangi at pambalanang katauhan ay malinaw na hinahati ng pagsusuot ng maskara ng penitensiyador. Sa yugto ng paghuhugas at pagtitiris, sa sandaling hubarin ng penitensiyador ang kaniyang maskara, nagtatapos ang pambalanang pagpapasakit at bumabalik siya sa pantanging katangian ng penitensiya.

Sa kasalukuyang panahon, ilang penitensiyador ang hindi mahigpit na sumusunod sa mga kinagawian sa pagpepenitensiya—tulad ng pagsusuot ng saya o sombrero na nilala mula sa mga palapa ng niyog. May mga penitensiyador na naka-shorts o nakapantalong lang at nakahubad habang naghahaplit ng katawan. May mga penitensiyador din na nakainom ng alak bago magpenitensiya. Subalit sa kabila ng lahat na ito, naroon pa rin ang pagsusuot ng maskara na siyang nagbibigay sa kanilang pagtatanghal ng pambalanang katangian.

Ang mga yugto mula paggagayak, paglalamog, at paghahaplit ay pantanging mga aktibidad ng penitensiyador, na bahagi ng kanilang panata. Kapag nagsuot na sila ng maskara, ang buong pagtatanghal ay isa nang pambalanang aktibidad. Bagaman nakapaloob sa kanilang katauhan ang pantanging katangian ng panata, ang pagsasakatauparan ng panatang iyon ay ginagawa sa pamamagitan ng isang pambalanang bahagi ng penitensiya, mula sa pagprusisyon na may paghagupit, pagprusisyon na walang paghagupit, at pagtitiris at paghuhugas.

Sa pagsusuot ng maskara, ang penitensiyador ay nawawalan ng mukha, natatakpan ng tela. Samakatwid, ang penitensiyador ay anonimo o walang pangalan; siya ay bahagi ng isang pambalanang pagtatanghal. Ang pribadong panata, kung gayon, ay magagawa lamang sa pamamagitan ng isang pambalanang pagtatanghal ng penitensiya.

Gayon din ang tunog ng kanilang mga panghaplit. Ang bawat indibidwal na panghaplit ay may sariling ritmo pagtama sa hubad na katawan ng penitensiyador. Pero kapag pinagsama-sama ang tunog ng mga panghaplit na may kani-kaniyang ritmo, nabubuo ang isang pambalanang musika na siyang sumasalit sa kanilang sayaw.

Mula sa unang prusisyon na may paghahagupit o paghahaplit hanggang sa huling prusisyon na walang paghahagupit o paghahaplit, ang penitensiyador ay tutuloy sa paghuhugas at pagtitiris ng mga sugat, ang huling yugto ng buong pagtatanghal at siya ring huling yugto ng pambalanang katangian ng pagpepenitensiya.

| Banghay 2. Masid ng Penitensiya: Prosesong Pagdadaan ng Penitensiyador  |   |  |
|---|---|--|
| PAMBALANA   |   |  |
| Unang Yugto   | Ikalawang Yugto   | Ikatlong Yugto   |
| <p>Unang Prusisyon na May Paghahagupit</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Handa at nakagayak ang mga penitensiyador na lumilobot sa buong barangay habang naghahagupit.</li> <li>• Humihinto ang mga penitensiyador sa mga estasyong may mga santo sa harapan ng mga sambayanan at kapurukan.</li> <li>• Naglilibot ang mga namamanata at umiindak sa bawat sigaw ng “Arya Bata.”</li> <li>• Walang prusisyon ng simbahan.</li> </ul> | <p>Huling Prusisyon na Walang Paghahagupit</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Paghihintay ng mga penitensiyador sa harap ng pintuan ng simbahan.</li> <li>• Pagsama sa prusisyon ng simbahan bandang alas-tres ng hapon.</li> <li>• Nasa hulihang bahagi ng prusisyon ang mga namamanata, naghahampas nang mabagal habang naglalakad, o naglalakad nang mabagal na walang paghahampas.</li> </ul> | <p>Paghuhugas at Pagtitiris ng mga Sugat</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Huling yugto ng penitensiya</li> <li>• Paghuhugas at pagtitiris ng mga sugat</li> <li>• Pagkatapos sumama sa prusisyon, tutungo sa ilog ang mga penitensiyador upang maghugas ng kanilang mga likod nang mahugasan ang mga natitirang dugo sa pamamagitan ng pagtitiris sa mga sugat sa kanilang likod.</li> <li>• Ang mga penitensiyador na naghahaplit sa anumang araw maliban sa Biyernes Santo ay nagtatapos ng penitensiya sa araw ding iyon ng kanilang paghahaplit.</li> <li>• Magbabalik sa karaniwang buhay ang mga penitensiyador, tupad ang kanilang panata para sa kasalukuyang taon.</li> </ul> |

Naghuhugas, nagpapatiris ng sugat, at naliligo sa talon ang mga nagsipagtapos sa penitensiya. Nagtutulos din sila ng kandila at nagdarasal doon. Mananaog sila sa talon at tutungo sa isang piling tagpuan na maaari nilang pagpahingahan nang ilang oras bago tuluyang umuwi sa kani-kanilang tahanan. Hindi kumakain o umiinom ng tubig ang ilang penitensiyador, bagay na maaaring bahagi ng kanilang anyo ng mahigpit na pagtalima habang penitensiyador.



Larawan 19. Talon na tinatawag na Twin falls na kadalasang pinaghuhugasa ng mga penitensiyador



Larawan 20. Ito ang parte ng talon na Twin Falls na kadalasan ay pinaghuhugasan ng mga penitensiyador

Ang pagtitiris ng sugat at paghuhugas ang huling yugto ng penitensiya. Pagkatapos nito, karaniwang sama-samang kakain ang mga kasapi ng isang grupo ng penitensiyador, kung kabilang sila sa isang grupo. Kung hindi naman, magpapahinga lang sa talon ang nag-iisang penitensiyador at uuwi na sa kaniyang sariling tahanan pagkatapos ng pagtitiris at paghuhugas matapos ang prusisyon.



Larawan 21. Ang mga nagpepenitensiyang naghuhugas sa kanilang mga likod pagkatapos maghampas



Larawan 22. Mga nagpepenitensiya na nagtitiris ng kanilang mga sugat sa likod

### AROK SA DALUMAT NG ÁKÔ

Ang penitensiya, batay sa salaysay ng mga nakapanayam na idinokumento sa isang bahagi ng tesis, ay isang aktibidad na nakaangkla sa panata: ito ang paraan para maisakatuparan ang kahilingang nakapaloob sa panata. Karugtong ng panata ang salitang “ákô” o “pag- ákô” na aarukin sa bahaging ito.

Ang kahulugan ng mga salitang “penitensiya,” “panata,” at “ákò” ay hinugot mula sa mga panayam upang mapatampok ang katutubong pananaw ng mga nagtatanghal ayon sa pagpapaliwanag ni Enriquez tungkol sa katutubong paraan ng pananaliksik (Enriquez 1992, 26).

Ito rin ang pamamaraang iminungkahi nina Ofreneo at Ness. Kailangang gumamit ng katutubong pamamaraan upang marinig ang katutubong tinig. Ani Ness:

In one of the landmark works establishing the legitimacy of interpretative ethnographic inquiry, Clifford Geertz (1973: 453) argued, “Societies, like lives, contain their own interpretations. One has only to learn how to gain access to them.” Gaining access to the depictions, the images, the indicators, the accounts, the arguments – in sum, to all the various interpretative expressions of an “other” people – invariably involves the study of symbolism. However, no single form of symbolism, as the open-ended quotation indicates, necessarily has more to offer ethnographic inquiry than any other. (Ness 1992, 230)

Ang kahulugan ay binabasa ng mananaliksik hindi sa paraang gusto niya kundi batay sa pakahulugan ng katutubo kaya kailangang makakuha ng daan patungo sa sa sarili nilang pakahulugan sa sarili nilang komunidad.

Sa tuwirang pakahulugan mula sa diksiyonaryo, ang pag-ákò ay pagkuha ng responsabilidad ng isang indibidwal para sa ibang tao. Matutunghayan sa *UP Diksiyonaryong Filipino* ang ganitong pakahulugan: “á-kò png: pagtanggap ng gawain o responsabilidad para sa iba. Cf. Pangako, pnd u-ma-ko, akuin” (Almarino 2001, 18). Ang tuwirang pakahulugan ito mula sa diksiyonaryo ay kahawig ngunit hindi katulad ng pakahulugan nahalaw nina Respeto (2007) at Tolentino (2012) sa kanilang mga pag-aaral na ginawa sa Pakil, Laguna na kaugnay ng pag-aaral na ito sapagkat kapuwa nagpapaliwanag sa kahulugan ng “ákò.”

Ayon kay Respeto, “ang mga lumalahok sa banal na gawain ay may pinagsaluhang isang anyo ng pamamanata, at ito ang diwa ng pag-ákò.” Sa pagpapatuloy niya:

... Sa pamamagitan ng pag-ákò, nagkakaroon ng bisa ang mga gawaing pangkomunidad tungo sa pagsasakatuparan ng isang layunin. Dalawa ang maibibigay na kahulugan sa salitang ákò. Una, kumakatawan ang katagang ito sa pangalan ng taong nagsasalita. Nagsisilbi rin itong panghalip panaong isahan na nasa unang panauhan. Pangalawa, tumutukoy rin ang ákò sa pagtupad sa gawain o tungkulin ng iba gaya ng akuin, umákò, pangákò, taga-ákò, pag-ákò. Para sa pag-aaral na ito, sinusundan ng katagang a ang pangalawang pagpapakahulugan – ang pagsasabalikat ng isang gawain na nauwi sa konsepto ng pamamanata. (2007, 344)

Idinagdag niya na sa kasalukuyan, ang mas madalas na pagbigkas ng mga taga-Pakil sa salitang ito ay nasa uang pantig ang diin. Sa kanilang pakahulugan sa Pakil, ang pag-ákò ay “nakaangkla sa pagsasakatuparan ng banal na gawain.” Isang ina ang nagsali ng kaniyang anak sa komedya bilang prinsesa para gumaling ang sakit ng anak. Sabi ng ina, “iniaákò ko na lamang sa Birhen ang anak ko” (2007, 345).

Isang ama ang may masakiting anak na lalaking isinasama sa pag-ahon sa Ping-as, ang bundok na pinapaniwalaang mahimala at nakagagaling ng mga maysakit. Itinuturing din itong pag-ákò. Dagdag ni Respeto:

Saklaw rin ng konsepto ng pag-ákò ang mga gawaing hindi gaanong humihingi ng higit na pisikal na lakas. Halimbawa, pag-ákò rin ang turing ng mga dalaga at binata sa kanilang ginagawang pagtuhog ng mga calachuchi at iba pang bulaklak na gagamitin sa Alay kay Maria. Pag-ákò rin ang taguri ng bawat recamadora sa ginagawa nilang pagbibihis ng damit sa Birhen sa tuwing Turumba, ang paglilinis ng katawan ng Senyor matapos na ito ay tanggalin sa Krus ng Miyerkules Santo, at ang pag-aayos ng mga andas para sa prusisyon. (2007, 347)

Samakatwid, lahat ng gawaing kaugnay ng pamamanata ay maituturing na pag-ákò.

Sa pag-aaral naman ni Katherine Tolentino, ang panata at pag-ákò ay halos magkasingkahulugan. Aniya: “Minsan sa pakikipagkwentuhan, sinasambit ng mga taga-Pakil ang salitang panata o pamamanata na kasingkahulugan ng ákò” (2012, 174). Dagdag niya:

Kadalasan ang mga magulang ang sumusunod sa ideya ng pa-ákò. Isang sitwasyon nito, kapag nagsilang ng sanggol at naging sakitin kaagad-agad na iaákò ito katulad ng pakiusap na mapabilang sa pagtatanghal ng komedya ang kanilang anak sa kanilang paglaki. Naniniwala ang isang magulang na gagaling ang kaniyang anak kapag ini-ákò sa Mahal na Birhen. Pinaniniwalaan na nagdududlot ng kabutihan sa buhay ng mga taga-Pakil ang pag-ákò sa Mahal na Birhen. (2012, 181)

Katulad ng napag-alaman ni Respeto, sinabi ni Tolentino na:

Hindi lamang ang pagsali bilang komedyante (gaganap o pagiging actor) ang gawaing sakop ng pag-ákò. Kung minsan, kahit ini-ákò mo noong bata pa ang inyong anak ngunit hindi siya napili sa *audition* upang mapabilang sa hanay ng komedyante, maaari pa rin mag-ákò sa Mahal na Birhen sa pamamagitan ng pag-ambag ng salapi, pagbibigay ng pagkain, pagtulong sa pagsasaayos ng entablado at iba pang gawaing may kaugnayan sa proseso ng pagsasagawa ng komedya. (2012, 181)

Maliban sa tuwirang pagkakaugnay sa mga gawaing banal, ang pag-ákò ay isang personal o pansariling kahilingan na hindi ibinabahagi sa kapuwa maliban kung tapos na ang panata. Aniya: “Batay naman sa pahayag ni Bina Pacheco (2012), pangulo ng organisasyon *Mother Butler* ng simbahan, ang ákò ay hindi inihahayag hangga’t hindi ito naisasakatuparan. Maaari lamang itong ikuwento o banggitin kung sakaling natapos na ang gawain ng pag-ákò” (Tolentino 2012, 184).

Ang salitang “ákò” ayon sa pagbahagi ng mga penitensiyador mula sa Kalayaan, Laguna sa mananaliksik na ito ay may kawangis na kahulugan sa nahalaw nina Tolentino at Respeto ngunit may pinong punto ng pagkakaiba.

Sinusuhayan ng pag-aaral ni Barker ang ganitong impormasyon. Aniya:

Although the term *penitencia* (the word alone with its Latin and Spanish etymology prejudices the issue today) is still widely used to refer to religious self-flagellation, especially in the Philippine press, in Pampanga province the indigenous (Kapampangan) term, *darame*, is employed meaning to share suffering, in particular the suffering of Jesus Christ in his passion.

Finally, neither sin nor penance is a taboo subject. Self-flagellation is not cocooned in a conspiracy of silence. Flagellants are not bound or gagged by ritual code, social convention, family honour, or fear of embarrassment. Despite historical precedent, ecclesiastical exegesis, annual media reports, even widespread public opinion in the Philippines, sin and atonement are simply not meaning concepts for the present generation of flagellants, or most likely their ritual forefathers. (1998, 5)

Ang nilalaman ng mga panata ng mga penitensiyador ay malinaw na testimonya sa katotohanang hindi nila hinihingi sa kanilang penitensiya ang paghuhugas ng kasalanan para lamang sa kaligtasan ng kanilang kaluluwa o pagtaas ng antas ng kanilang espiritalidad tulad ng layunin ng mga pasimuno ng paghahaplit sa Kanluran kundi mga kabutihang maaaring idulot ng penitensiya para sa kanilang kapuwa (Barker 1998, 2).

Kabilang sa kanilang kahilingan ang “magkaroon ng magandang biyaya ang pamilya,” “mabigyan ng maayos na pamumuhay ang pamilya at hindi magkasakit,” “maging ligtas sa anumang kapahamakan ang pamilya,” “mailayo sa karamdaman ang mga anak at asawa,” “makakain nang maayos ang pamilya,” “makapaghanapbuhay nang maayos,” “makaahon ang pamilya sa kahirapan,” “makapaghanap ng trabaho sa ibang bansa para matulungan ang pamilya,” at “mabiyayaan ng anak at



maayos na pamumuhay.” Lahat ng ito ay hindi para sa sarili ng penitensiyador kundi para sa kaniyang pamilya. Isang penitensiyador din ang nagsatinig ng kahilingan para sa komunidad: “mabigyan ng Panginoon ng magandang buhay ang mga kababayan at makaiwas sa mga sakuna.”

Sa paglilinaw ni Barker:

Nowadays, vow-fulfilment is more important for flagellants than overt ritual efficacy (whether the sick relative is healed or not, although of course this is desirable). The *panata* acts as an ongoing relationship with the divine, a spiritual investment for the welfare of the entire family, not just the votary or his specified beneficiary. The hope is that God will bestow grace on the family, parents and children alike, and provide protection in the future against harm and misfortune. (1998, 6)

Batay rito, maaaring sabihin na ang mga kahilingang nakapaloob sa panata ng mga penitensiyador ay nagsasalikop ng materyal at espirital na mga katangian. Habang nagpepenitensiya ang isang penitensiyador, inilalapit niya ang sarili sa kabanalan upang makamtan ang kahilingang materyal. Ito marahil ang magpapaliwanag kung bakit may ilang penitensiyador na nagsabing ang pag-ákô ay “paghingi ng kapatawaran, na kailangang magpasakit o ito’y pagpapakasakit sa pamamagitan ng paghampas ng katawan.” Ang “paghingi ng kapatawaran” sa kontekstong ito ay hindi “penance” o pagtitika sa mga kasalanan lamang tungo sa mas mataas na antas ng espiritalidad kundi paglilinis ng kalooban upang maging karapat-dapat gumampan ng tungkulin para sa kapuwa.

Ang pag-ákô batay sa napag-alaman nina Tolentino at Respeto sa kanilang pag-aaral sa Pakil, Laguna ay karugtong ng banal na gawain, iyon ang pagpapa-ákô sa Mahal na Birhen. Pansinin na hindi ang mismong taong nagpepenitensiya ang umaákô kung hindi ang Mahal na Birhen. Samakatwid, ang pagpapakasakit ay daranasin hindi ng tao kundi ililigtas ng Mahal na Birhen ang taong iniákô. Kung hindi kaya ng nag-ákô ang pisikal na pagsangkot sa banal na gawain, maaari silang tumustos ng pananalapi sa pagsasagawa ng ritwal ng komunidad (Respeto 2007, 346).

Sa kabilang banda, ang pag-ákô batay sa salaysay ng mga penitensiyador sa Kalayaan, Laguna sa kanilang kuwento ng buhay ay pagpapakasakit para sa kapuwa nang may mga kahilingang nakapaloob sa isang panata.

Napag-alaman sa mga panayam na ang mga penitensiyador ay walang karangyaang materyal sa kanilang buhay. Gayon din, ang buong komunidad ay isang tersera klaseng lokal na pamahalaan ayon sa pag-uuri ng pambansang pamahalaan, na ang ibig sabihin, mahirap ang karamihan sa naninirahan. Lahat ng nakapanayam na penitensiyador ay may sapat lamang na pinagkukuhanan ng kabuhayan kung hindi man kinakapos paminsan-minsan. Kung hindi nila kayang mag-ambag ng pananalapi para sa kabutihan ng kapuwa, naghahandog sila ng sariling katawan sa pamamagitan ng penitensiya. Ayon kay Barker: “Religious self-flagellation is performed predominantly (but not exclusively) by lower class Filipino men. Paradoxically, those who suffer most in life, the indigent and penurious, voluntarily inflict pain upon themselves” (1998, 21).

Pero bakit nila sasaktan ang kanilang sarili, tanong niya. Narito ang paliwanag:

... Flagellation is performed under vow, fulfilment of which is of paramount importance and a genuine source of individual pride and strength. To offer one’s body to a higher power as a total symbol of self is perhaps the most powerful gift or “sacrifice” (as flagellants say) of all – a profound and positive act of self-immolation and self-oblation. By voluntarily inflicting pain upon themselves in public, then by controlling and conquering this pain, the negative experience of suffering is transformed by flagellants (and *kristos*), both metaphorically and sensorily into a positive act or encounter. (Barker 1998, 21)

Idinagdag din niyang ang penitensiya ay maaaring isang anyo ng protestang panlipunan o politikal, isang mensahe ng paglaban, isang babala sa mga nasa kapangyarihan, tuwiran man o hindi, sa kalagayan ng pagpapasakit at opresyon. Dagdag niya:

The potential for protest is there, even if it is not realised. Protagonists boldly display to themselves, if not to others, that those who suffer in ritual, as in life, are not helpless or passive victims of suffering. As Fenella Cannell (1999:3) discovered in Bicol, a province in the poorest region of the Philippines, “hierarchy can always be, if not eliminated, then at least mitigated, even by the apparently powerless,” while submission, in this case before Jesus Christ, “can be turned into the beginning of a position of strength. (Barker 1998, 21-22)

Ang pagbibigay ng kapangyarihan ay isang hindi binibigkas na mensahe ng penitensiya. Sa pag-ákô ng mga taga-Pakil, nagaganap ito sa pamamagitan ng pagsandig sa kapangyarihan ng Mahal na Birhen. Sa pag-ákô ng mga taga-Kalayaan, ang penitensiyador ay humihingi ng lakas ng katawan upang magampanan ang gawain ng pagbibigay ng kapangyarihan hindi lamang sa kanilang sarili kundi maging sa kanilang kapuwa at sa kanilang komunidad. Ang kapangyarihang ito ay nakakamtan sa pamamagitan ng pagpepenitensiya, ng pagpapahirap sa sarili upang maranasan ang hirap na dinaanan ni Hesukristo at kung gayo’y mapalapit sa banal na kapangyarihang magpapabuti ng materyal na kondisyon ng karaniwang mamamayan.

Ang pag-ákô ng mga taga-Kalayaan ay paghahaplit ng sarili upang danasin ang pahirap na dinanas ni Hesukristo at makamtan ang pagpapala hindi lamang sa kabilang buhay kundi sa kasalukuyang pang-araw-araw na buhay ng penitensiyador.

Kung gayon, ang pag-ákô sa pagsasatinig ng mga penitensiyador ay pag-aalay ng sarili para sa kabutihan ng pamilya, ng kapuwa, at ng komunidad.

## SANGGUNIAN

## MGA PANAYAM

- Abrillo, Eusebio. Personal na interbiyu, 19 Enero 2015.
- Avena, Rosita. Personal na interbiyu, 3 Abril 2015.
- Bautista, Fructoso. Personal na interbiyu, 19 Enero 2015.
- Cabamalan, Veely Jhames L. Personal na interbiyu, 19 Enero 2015.
- Garcia, Genesis. Personal na interbiyu, 19 Enero 2015.
- Madraso, Nicandro. Personal na interbiyu, 19 Enero 2015.
- Mejilla, Salvador. Personal na interbiyu, 19 Enero 2015.
- Nada, Adonis. Personal na interbiyu, 19 Enero 2015.
- Ogoy, Carlito. Personal na interbiyu, 19 Enero 2015.
- Padri, Willi. Personal na interbiyu, 19 Enero 2015.
- Porcioncula, Juliet. Personal na interbiyu, 3 Abril 2015.
- Pornasodoro, Noel. Personal na interbiyu, 19 Enero 2015.
- Rabin, Jerry. Personal na interbiyu, 19 Enero 2015.
- Rabotazo, Tomas. Personal na interbiyu, 19 Enero 2015.
- Ratac, Macario. Personal na interbiyu, 19 Enero 2015.
- Ratac, Roberto. Personal na interbiyu, 19 Enero 2015.
- Sadsad, Wally. Personal na interbiyu, 3 Abril 2015.
- Segura, Edgar. Personal na interbiyu, 3 Abril 2015.

## MGA AKLAT

- Almario, Virgilio. 2001. *UP Diksiyonaryong Filipino*. Palimbagan ng Unibersidad ng Pilipinas.
- Barker, Nicholas. 1998. *The Revival of Ritual Self-flagellation and the Birth of Crucifixion in Lowland Christian Philippines*. Japan: Nagoya University.
- Cannel, Fenella. 1999. *Power and Intimacy in the Christian Philippines*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Chirino, Pedro. 1969. *Relacion de las Islas Filipinas: 1604*. Manila: Historical Conservation Society.
- Cordero-Fernando, Gilda at Fernando Zialcita. 2000. *Cuaresma*. Makati City: Bookmark, Inc. and Bungang Araw.
- Cruikshank, Bruce. 2003. *Spanish Franciscans in the Colonial Philippines, 1578-1898: Catalogs and Analysis for a History of Filipinos in Franciscan Parishes*. Nebraska: Cornhusker Press.
- Geertz, Clifford. 1973. *The Interpretation of Cultures*. New York: Basic Books, Inc..
- Enriquez, Virgilio. 1992. *From Colonial to Liberation Psychology: The Philippine Experience*. Quezon City: University of the Philippines Press.
- Murray, Alison. *The European Medieval and Native Pagan Dramatic Elements of Holy Week in the Philippines*. (sl:sn], 19- - n). No name and date of publisher, photocopy version. Quezon City: University of the Philippines Library.
- Ness, Sally Ann. 1992. *Body, Movement and Culture: Kinesthetic and Visual Symbolism in a Philippine Community*. University of Pennsylvania Press.
- Ofreneo, Rosalinda Pineda. 1999. *Tinig at Kapangyarihan: Mga Kwentong Buhay ng mga Kababaihang Manggagawa sa Bahay*. Quezon City: University of the Philippines Press.
- Picornell, Pedro. 1977. *The Philippine Chronicles of Fray San Antonio*. Manila: Historical Conservation Society.
- Schumacher, John. 1979. *Readings in Philippine Church History*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Schumacher, John. 2009. *Growth and Decline: Essays on Philippine Church History*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

## MGA TESIS AT DISERTASYON

- De La Paz, Cecilia. 2011. “Ang mga Poon ng Lucban, Quezon: Ang Iskulturang Pangrelihiyon Bilang Pandayan ng Kahulugan, Kasaysayan at Relasyong Panlipunan.” Di-limbag na Disertasyon. Lungsod Quezon: Unibersidad ng Pilipinas sa Diliman.
- Gamo, Gloria. 2008. “Ang Tradisyon ng Luwa sa Kapistahan ng Taal, Batangas (1952-2004).” Di- limbag na Masteral Tesis, Lungsod Quezon: Unibersidad ng Pilipinas sa Diliman.
- Gilbang, Ezzard. 2009. “Ang Pag-iral ng Pasyon sa Nagbabagong Panahon (Produksiyon at Reproduksiyon ng Isang Teksto).” Di- limbag na Masteral Tesis. Lungsod Quezon: Unibersidad ng Pilipinas sa Diliman.
- Redillas, Stephen R., O.P. 1999. “Ang Mahal na Ina ng Penefrancia, Ang Simbolismo ng Imahen, ang Kahulugan ng Mga Ritwal at Isang Pagtanaw sa Relihiyosong Pagkatao ng Mga Bikolano.” Di- limbag na Masteral Tesis. Lungsod Quezon: Unibersidad ng Pilipinas sa Diliman.
- Respeto, Jerry C. 2007. “Bayang Panitikan: Ang Pagtatanghal ng Kabanalan sa Pakil, Laguna.” Di- limbag na Disertasyon. Lungsod Quezon: Unibersidad ng Pilipinas sa Diliman.
- Tiatco, Sir Anril P. 2006. “Ang Ritwal ng Pagpapako sa Krus: Panata at Dulaan sa Bawat Turok ng Pako.” Di- limbag na Masteral Tesis. Lungsod ng Quezon: Unibersidad ng Pilipinas sa Diliman.
- Tolentino, Katherine Unidad. 2012. “Ang Komedyang ng Pakil, Laguna – Isang Kultural na Pag-aaral.” Di- limbag na Masteral Tesis. Lungsod Quezon: Unibersidad ng Pilipinas sa Diliman

## ARTIKULO

- “Kasaysayan ng Ika-100 Anibersaryo ng Bayan ng Kalayaan, Laguna.” 2008. Kalayaan: 12.

## Bitak sa Tapayan: Ilang Tala at Tagay hinggil sa Karahasan, Kagandahang-asal at Awit-epikong *Kudaman* ng Palawan

Arbeen R. Acuña

### ABSTRAK

Bilang pagkokompara sa mga pagpapahalagang nakasanayan sa sentro o sa kapital, sisikapin ng papel na ito na talakayin ang epiko upang maipakita ang kultura, kaugalian, kagandahang-asal, at pagtingin sa daigdig ng mga Palawan sa pamamagitan ng pagsisimula sa mga kagamitang binanggit sa *Kudaman*. Pangunahin sa mga kagamitang ito ang banga o tapayan na kumakatawan sa maraming aspekto ng pananaw ng mga Palawan. Gumamit rin ng mga ikalawang sanggunian at paghahambing sa ibang pangkat na nakakasalamuha ng mga Palawan upang mas mapayaman ang paghahanap ng saysay ng tatalakaying mga bagay, ritwal, gawi, at gawaing kaugnay at kaakibat na paniniwala ng mga ito. Ihinanay rin ang mga temang mahalaga sa buhay ng mga Palawan tulad ng pag-aasawa, pakikitungo sa panauhin, pananalita, paniniwala hinggil sa numero, pangalan, pagbibigay, at paglalaro. Sa proseso, naipasisilip sa mga tagalabas tulad ng mananaliksik ang pag-unawa sa mundo ng mga katutubong Palawan, bilang ambag sa kamalayang iba-iba at pana-panahong nag-iiba ang pamantayan ng mabuti/masama, marahas/mapayapa, at iba pang mga dikotomiya o delusyon ng mga kategoryang ito dahil sa kompleksidad ng kultura. Sa pagbabalik sa pinagdaanang kasaysayan ng Palawan at sa pag-uugnay nito sa awit-epiko, susubukang tingnan ang hangganan ng banga ng kagandahang-asal at tamang aktitud na maaaring bumigay o umangkop, kung itinutulak ito ng pagkakataon; kung kaya napilitan din ang bidang si Kudaman na gapin ang nanghihimasok na pinunong Ilanun, ang kontrabida sa epiko, pero mahirap ding maikahon sa ganoong papel ang “pinsan” na bumisita upang mang-agaw ng asawa. Hindi itim at puti ang pagtingin ng bida, kahit sa mismong mga kaugalian ng pangkat-etniko niya, kaya naipagtanggol niya ang sarili sa pamamagitan ng digma, na kung ituring niya ay “laro.”

**Mga Susing Salita:** Kudaman, Epiko, Karahasan, Digmaan, Laksbayan, Araling Etniko, Palawan

Kung mayroong ipinalaganap na *Urbana at Feliz* (ni Modesto Castro) sa kapatagan noong panahon ng mga Espanyol, mayroon ding nagpasalin-saling panitikang oral sa mga katutubo sa Bulubundukin ng Timog Palawan na nagtuturo ng wastong asal sa iba’t ibang sitwasyon at kalagayan ng kanilang pamayanan—ang “Kudaman” na idinokumento at isinalin sa Tagalog nina Edgar Maranan at Nicole-Revel Macdonald at inilimbag bilang *Kudaman: Isang Epikong Palawan na Inawit ni Usay* (1991). Ang mga kaugaliang ipinakita sa awit-epikong ito ay maaaring hindi angkop—o malamang kaysa hindi ay taliwas pa nga—sa itinuro ng mga mananakop. Halimbawa, kung sa

*Urbana at Feliz*, masama ang paglalasing dahil nakakasira raw ito ng katawan at kaluluwa, esensiyal sa batayang paniniwala ng mga Palawan ang pag-inom ng alak-bigas o *tabad*. Ngayong panahon ng neoliberalismo, maaaring maging masama ang alak kung hindi ito maaaring pagkakitaan; at masama ang paglalasing kung nagdulot ng pag-aamok sa kalye at nakasira ng pribadong pagmamay-ari.

Sagrado ang tabad para sa mga Palawan tulad ng inihahayag sa *Kudaman* at sa iba pang sanggunian, dahil bukod sa gampanin nito sa iba't ibang ritwal, susi rin ito ng pangkat-etniko sa pag-iwas sa karahasan lalo ng digmaan—isa sa mga mabibigat na kasalanan sa mata ng panginooon nilang si *Ampug*; bagama't matutunghayan sa epiko na iginupo ni Kudaman ang mga Ilanun upang ipagtanggol ang sarili. Sa Lambak ng Makagwaq sa Brooke's Point, mayroon na palang pangkat-etnikong maaaring makasundo ni Gandhi sa pamamaraan ng pakikibaka sa pagbabago, bagama't darating ang panahong kailangan pumalag. Sa kabilang banda, ang pangunahing ginagamit ng mga mananakop upang maghari, noon hanggang ngayon, ay pandarahas sa iba't ibang porma nito. Sa pamantayang Palawan, sukdulang makasalanan ang mga mananakop.

Nilalayo ng papel na ito na himayin ang epiko at maipakita ang kultura, kaugalian, at kagandahang-asal para sa mga Palawan sa pamamagitan ng pagsisimula sa mga kagamitang binanggit sa *Kudaman*. Pangunahin sa mga kagamitang ito ang banga o tapayan, na kumakatawan sa maraming aspekto ng pananaw ng mga Palawan. Gumamit rin ng mga ikalawang sanggunian at paghahambing sa ibang pangkat na nakakasalamuha ng mga Palawan upang mas mapayaman ang paghahanap ng saysay ng tatalakaying mga bagay, ritwal, gawi, at gawaing kaugnay at kaakibat na paniniwala ng mga ito.

## Pinggan: Tanaw mula sa Gitna

Bagama't iba't iba ang paniniwalang sumasaklaw sa Palawan, hindi maipagkakaila ang matinding impluwensiyang Moro sa mga katutubong paniniwala sa isla. Mula sa pangangalakal (o pamimirata?), umabot ang impluwensiya ng mga Moro hanggang sa mga bulubundukin ng Palawan (Ocampo 1985, 28-29). Kahit ang suot ng mga tagabundok noon ay bahag at ang sinaunang saplot ng mga Palawan ay salawal, ang mga karakter sa *Kudaman* ay nakapantalong kaki (Revel 1991, 89), isang “kasuotang makikita sa mga pamayanang nasa patag” (263). Natunton ang ugat ng epikong *Kudaman* sa baybay-dagat nang sundan ni Revel ang pagkakaugnay-ugnay ng mga mang-aawit (19). Dagat ang nag-uugnay at naghahiwalay. Dito pa lamang, matutunghayan nang hindi naman estatiko ang kultura, kaya maaari ring magbago at mapalitan ang mga imbakan ng alak at ang mga kasuotan; maaaring mabasag ang una at maaaring mapunit ang huli, at kung tuluyan nang nahahaluan ang kultura, hindi na muling makagagawa ng mga tapayan at damit na tulad ng sa kanilang mga ninuno.

Ayon sa *The Philippine Islands and Their People*, unang dumaong sina Worcester (1909) sa Puerto Princesa, kapital noon (hanggang ngayon, pero batay sa *History of Palawan*, makailang ulit nagpalit ng kapital) ng Palawan o “Paragua” sa mga Espanyol. Una itong napasailalim sa Sultan ng Borneo (Manlavi 1970, 79). Naghahari ang Sultan sa pamamagitan ng mga kinatawang sultan sa Mindanao at sa Sulu; dahil daw sa pang-aalipin ng mga Moro, madaling niyakap ng mga tao ang Kristiyanismo (3).

Ibinigay ng Sultan ang pag-aari sa Espanya. Nagpadala ang huli ng mga kawal upang pormal na tanggapin ang lupain. Nasawi ang mga kawal dahil sa kakakain ng bulok o sa pagpatay sa kanila ng mga Moro. Taong 1885 nang magtangka ang Espanya na magtayo ng kampo militar at mag-alok sa mga Espanyol at mga “sibilisadong” katutubo na manatili sa mga isla. Nang hindi nagtagumpay ang Espanya, mga Ilokano ang inalok nila at sinuportahan sa unang anim na buwan. Naging tapunan din ang Palawan ng mga sinentensiyahan sa mga panahong ito (Worcester 1909, 79-82). Sa panahon ng Rebolusyon, naging tapunan din ng *destierros* at *descamanizados* ang Palawan (Manlavi 1970, 11).

Sa isang bersong Cuyonen, ang ethnic elite ng Palawan (Guieb 2000, 100), ipinakitang hindi

puro kasamaan lamang ang nakikita ng mga katutubo sa mga Moro, di-tulad ng pagkalahad ng mga naunang salaysay. Nakitaan din sila ng katapangan: “Ako ang morong kapitan / madakip at haguipitin man / sa lakas man ay gamitan / babangon ako at lalaban” (242). Sa pag-aaral ni Guieb sa Hilagang Palawan, napansin niya ang paglalarawan ng marker ng National Historical Institute (NHI) sa kuta: “nagmamatyag laban sa mga sasakyang dagat na pangkalakal” at “mga sumasalakay na mga tulisang dagat,” na tumutukoy sa mga Morong lumulusob lang naman upang bawiin ang teritoryo (243).

Sa *Katutubo, Moro, Kristiyano* binanggit ni Ocampo na sa “pagtunghay sa lipunan at kultura ng mga Pala'wan at Tagbanua, matatanto natin na nangingibabaw ang mga Muslim (Moro) sa kultura ng Katimugan at Kalagitnaang Palawan (*Paragua*) hanggang huling hati ng ika-19 dantaon” o “sa halos buong panahon ng pananakop ng Espanya sa Pilipinas” (1985, 28). Kay Fox, ang impluwensiyang ito ay dala ng kalakalan, hindi katulad ng mga Espanyol na gumamit ng ebanghelisasyon (29). Kung gayon sa *Kudaman*, hindi nakapagtatakdang hindi nabanggit ang mga Espanyol pero nabanggit ang mga Moro: sila ang mga mananalakay na mga Ilanun—na sa una'y maaaring mapagkamalang mga Ilianon.<sup>1</sup>

Ayon kay Draper, ang kutang pinatutungkulan ni Guieb, ang Santa Isabel ng Paragua, ang “pangunahing establisimyento ng mga Espanyol” sa lugar. Mga katutubong milisya naman ang nagbabantay sa “iba pang maliliit na kuta sa Cuyo, Agutaya, Linapacan at Culion” na “nakalaan sa seguridad laban sa pananalakay ng mga Muslim” (Ocampo 1985, 38). Hindi kalabisang sabihing malay ang mga katutubo sa mga nagaganap sa itinakdang “sentro” ng mga mananakop, ngunit maaaring likas sa kanila ang paglikas at pag-iwas sa gulo—na hindi madaling iwasan dahil nga sa paboritong taktika ng mga mananakop na manghati at maghari. Sa *Gems of the East*, bigo raw si Landor sa ilang ulit na “panghuhuli” sa mga Tagbanua dahil mahiyain ang mga ito at ayaw sa kumprontasyon; makikita rin ang ganitong pagiging iwas-gulo sa mga batas maging ng mga Batac, dahil multa lamang ang katapat ng pakikiapid o pagpaslang, bagama't paminsa'y pinapayagan ang paghihiganti (105).

Sa *Religion and Society* (1954) binanggit ni Fox na pareho ang wika ng mga Tagbanua at Palawan pero maaaring nagkakaiba sila depende sa naging ugnayan sa mga kulturang Hindu-Indones at Muslim. Dagdag pa ni Fox, maliban sa espesyal na mga kaso, walang nararamdamang kaugnayan ang mga Tagbanua sa mga Palawan, kahit pinahahalagahan ng una ang yaring banig ng huli; at, hindi tulad ng mga Kristiyano, dumadalo ang ilang Palawan sa mga pagdiriwang ng mga Tagbanua. Dahil sa hindi nakikitang apinidad sa isa't isa, pinipigilan ang pagpapakasal sa labas ng pangkat (23). Nabanggit ni Ocampo ang iba pang pangkat sa Palawan at ang estadistika ng mga ito noong 1974.

Sa mapang *The Filipino People* na isinaayos nina Robert B. Fox at Elizabeth H. Flory, ipinakita ang kasalukuyang komposisyon ng mga tao (...): Ang mga Batak, Tagbanua, Pala'wan ang siyang may katutubong relihiyon; ang mga Kalamianen, Agutaynen, Kagayanen at Kuyonen ang mga Kristiyano; samantalang mga Molbog at Jama Mapun ang mga Muslim. Ang mga lugar gaya ng Puerto Princesa at Brooke's Point ay makikita ang magkahalong populasyon bagama't dominante ang mga Kristiyano ng ilang Pala'wan, dulot na ng interaksyon at paglikas ng mga tao sa mga panahong lumipas. (...) Ang mga Muslim ay 14% o 39,000 ang bilang, samantalang ang mga di-Muslim na katutubong grupo—Batak, Tagbanua, Pala'wan—ay 36% o 108,000. Sa bilang na ito, pinakamarami ang Pala'wan; 41,520 sa mga looban at kabundukan ng mga bayan ng Aborlan, Narra, Brooke' Point, Quezon, Bataraza at Balabac (1985, 4).

Ang mga nabanggit na kalipunan ay maaaring nagkaroon ng interaksyon sa pangkat-etnikong kumatha ng *Kudaman*. Sa kabila ng pagiging pinakamarami nila, kakaunti ang datos tungkol sa mga Palawan. Dahil maaaring iisa nga ang proto-kulturang pinag-ugatan ng Tagbanua at ng Palawan (Fox 1954, 23), malaking tulong ang mga pananaliksik tungkol sa una upang maunawaan ang

<sup>1</sup> Pangkat-etnikong lumikha sa *Ulahingan*, pero maliban sa pagkakahawig ng gawi, ng tibay ng bahay at sa pagkakarapareho ng tunog ng pangalan, wala nang gaanong nag-uugnay sa mga kinatakatung pirata at sa mga katutubong Manobo.

awit-epiko ng huli, lalo at tila nalilito maging ang mga unang mga dayo (Marche, Landor, Worcester, Ellinger) sa Palawan sa pagkakaiba ng dalawang pangkat-etniko—mga dayo na sa ilang linggo nilang pakikisalamuha ay tila itinuring ang mga katutubo na ispesimen. Ang katutubo bilang piyesang pangmuseo, artefact, o mga interesanteng mga bahagi ng koleksiyon (may ganitong dating ang *Friend of the Brave* [1954] ni Ellinger). Ganito ang ipinahihwatig ng kanilang mga salita; at matingkad din ang ganitong pagtingin kung titingnan ang mga retratong kalakip ng kanilang pagdodokumento dahil silang mga dayuhan ang nakasentro habang nasa gilid ang mga katutubo bilang alalay (Guieb 2000, 126-129).

Ngayong nailatag na ang mga pagtanaw sa mga Palawan mula sa labas, paano naman kaya nakikita ng mga nasa Bulubundukin ang daigdig? Ayon kay Revel, sa kosmogoniya ng mga Palawan na naimpluwensiyahan ng mga Hindu, patong-patong na pinggan ang daigdig—nasa gitna ang mga Palawan at nasa pinakagilid ang mga kaaway (1991, 15 at 268), o marahil ang ‘iba’ o other.

### Tapayan: Sa Kamatayan at Buhay

Sa mga Yungib ng Tabon natagpuan ang labi ng ating mga ninuno na humigit-kumulang 22,000 ang tanda (Manlavi 1970, 1). Makikita sa *Historical and Cultural Life* mula sa *Historical Data Papers of the Philippines* (HDPP) partikular tungkol sa Aborlan at sa Brooke’s Point, ang kaugalian sa paglilibing ng mga Palawan at Tagbanua (kahit pa may herarkiya ang huli at wala ang una) ay pareho dahil isinasama sa pagtawid sa kabilang buhay ang mahahalagang kagamitan ng namatay, bagama’t maaaring may pagkakaiba sa ginagamit na panghugas ng bangkay. Sa parehong dokumento rin ihinayag ang nakagisnan ng parehong pangkat-etniko na paglilipat (o paminsa’y pagsusunog pa nga) ng bahay kung saan may namatay o may dinapuan ng sakit.

Sa isa pang pananaliksik, sinabing “ibinunyag ng mga paghuhukay na ito ang mahigit sa 50,000 taon ng panahong prehistoriko ng Pilipinas” at indikasyon ang mga nahukay na materyal sa Tabon ng: 1) “tradisyong kasangkapang tiklap (...), kabilang ang mga fossil ng buto ng tao at buto ng usang ekstinto na sa Palawan;” 2) “kalakalan sa Tsina noong mga Dinastiya ng Sung at Yuan dahil sa mga natagpuang gamit-bato at porselana;” at 3) “maunlad na kompleks ng paglilibing-sa-banga” (Ocampo 1985, 6) hanggang ika-20 siglo; maaaring primarya (nasa loob ng banga ang buong katawan) o sekundarya (ilang buto lamang ang isinisilid) ang paglilibing (Fox 1970, 67).

Bagama’t walang makikitang anumang bakas ng impluwensiyang Tsino sa *Kudaman*, matingkad ang sa Moro. Kung hindi man sa kalakalan, sa pangangalap ng buwis (*paramita’an*) sa mga Tagbanua o pandarakip ng mga alipin sa mga Palawan (Ocampo 1985, 29), nagkakaroon din ng interaksyong di-direkta ang mga Moro sa mga katutubo sa pamamagitan ng pagpapadaan ng mga produkto sa mga Kristiyano at mga Tsino (Fox 1954, 63). Kahit ang zoolohiya ng Palawan ay mauugat sa Borneo (Manlavi 1970, 0). Sa pagdayo ni Ellinger sa Timog Kanlurang Palawan, nakilala niya ang Palawang si Ambilan na tila mas ipinagmamalaki pa ang asawang Mora kaysa sa mga asawang Palawan. May ganito ring pahiwatig sa *Kudaman* dahil isa sa mahalagang biyenan ng bayaning tinatawag ding “Datu” ay ang Sultan ng Baybaying Dagat; at ang ibig sabihin ng pangalan ng *puqun* (unang asawa) niyang si Tuwan Putliq ay “prinsesa,” (Revel 1991, 262), kahit wala silang katutubong konseptong ganito.

Para sa mga Tagbanua, isa sa pinakamahalagang sandata ang pakiwal-kiwal na kris; at sukatan din ng kayamanan ang dami ng banga, gong, at mga sisidlang bakal—isang pamantayang nakuha sa mga Moro. Maging ang mga ginagamit sa ritwal ay mula sa mga Moro, dahil itinuturing itong bihira, yari sa mamahaling mga metal at maganda sa paningin. Ang lahat ng ito ay naiuugnay ng “kulto ng mga patay” ng mga Tagbanua sa sagrado, sa mga kaluluwa ng namayapang kamag-anak, sa nakaraan, at sa mga gawing nakalipas (Fox 1954, 64-65). Ang *kalang bamwa* o malaking bahay at ang 180 niyang banga ay indikasyon ng kasaganaan ni Kudaman; at ang mga tapayan din ang susi sa pagkakalasing—pumapaimbulog sila mula sa pisikal patungong espiritwal, mula lupa patungong

ibang daigdig.

Ang mga banga ay pinaniniwalaang nakukuha sa barter na karaniwang sa pagitan ng mga katutubo, Hindu, Indones, Tsino, at Moro. Ngunit para sa ibang Tagbanua, gumagawa noon ang mga lolo at lola nila ng mga tapayan, pero kakaunti na lamang ang mga ito ngayon dahil sa kakagamit sa paglilibing (Fox 1954, 57). Ang munting pangkat ng mga Sangkadanin Tagbanua sa bandang Silangang Palawan lamang ang aktuwal na gumagawa ng banga—ang *pangurunan* at *balanga* na pinaglulutuan, at *durusan* na pinaglilibingan (56). Maging ang mga gong ng Palawan—*agung*, *babandil*, *sanang*—ay katulad ng mga nakabiting gong ng Borneo (Maceda 127) at sa mga seremonyang Palawan. Umiinom ng alak-bigas mula sa tapayan, pinabibilis ng tunog ng gong ang permentasyon ng tabad (136). Makikita rin ang ilan pang impluwensiyang Moro sa damit, disenyo, sandata, at iba pa (Fox 1954, 62).

Sa kabila ng mga impluwensiya mula sa mga nilalang mula sa gilid ng pinggan, nagkaroon pa rin ng sariling pananaw ang mga Palawan—sa pagtawid sa kabilang buhay o habang payapang nabubuhay sa daigdig na ito. At lahat ng ito ay isinisilid sa o inilalabas mula sa tapayan—na imbakan ng mga buto ng namayapa o ng alak-bigas na ugnay sa mga kamag-anak at sa mga di-nakikita.

### Tabad: Asal sa Alak at Dugo

Tampok sa mga ritwal ng Palawan ang tabad (tinatawag ring *tinapay* ng mga Tagbanua). Malalim na ang pagtalakay tungkol dito at sa mga kaugnay na mga kultura sa mga tala o anotasyon ni Revel sa *Kudaman*, pero pagtutuonan ng pansin ng papel (katuwang ang iba pang sanggunian), ang karahasan at kagandahang-asal kaugnay ng iba’t ibang mga eksena at sitwasyon sa buhay ng isang Palawan.

Sa mga Tagbanua, ayon kay Fox, ang alak-bigas ay nagbubuklod ng mga tao at ng mga kaluluwa ng mga namayapang kamag-anak (*tiladmanin*). Walang alak sa kabilang buhay (1954, 230) kaya kaakit-akit para sa mga panginooon at mga tiladmanin ang malalaking tapayan ng alak-bigas (305). Pinalawig ito ni Fox sa *Rice Wine Complex Among the Tagbanua* (1984, 8-11). May tala kay Revel (1991, 290) at inilad ni Nong Mensiyo (Tagbanua Tandula’nen) kay Guieb ang detalye ng paggawa nito at ang paglilipat ng kaalaman sa pamamagitan ng paghawak sa balikat ng marunong gumawa ng tabad sa buong proseso (2000, 865). Ginamit din ang agung sa iba’t ibang yugto ng paggawa ng tabad: sa pagbabayo, pagsasaing, paghahalo ng pampaalasa at kanin, at sa paglalagay nito sa tapayan (Revel 1991, 285).

Ipinakita sa *Kudaman* na para sa mga Palawan, sagrado ang tabad dahil biyaya ito ni Ampuq, Panginooon ng Palay. Sinasabing nang madama ni Ampuq na nakalimutan na siya, itinuro niya sa mga Palawan ang paggawa ng tabad. Mula noon, tumubo na ang palay at taon-taon nagpapasalamat ang mga Palawan kay Ampuq sa pamamagitan ng pagdiriwang ng *tambilaw* upang ipamalas na hindi nila nalimutan ang itinuro nito (Revel 1991, 263). Sa mga Tagbanua, ginagawa ang *bilang*, isang ritwal ng tabad tuwing may nagkasakit na tinatayang dulot ng tiladmanin bilang parusa sa paglimot sa kaniya. Taon-taon idinaraos ang bilang upang alalahanin ang tiladmanin at makaiwas sa sakit (Fox 1984, 14). Makikitang kahit nasa magkabilang dulo sa heograpiya ang dalawang pangkat, halos pareho pa rin ang kanilang gawi at pagpapahalaga sa mga namayapa at sa itinuturing na panginooon.

Mula sa palay na nagiging bigas at kanin na siyang pangunahing pagkain, sumibol ang paniniwala nila kay Ampuq kaya hindi rin nakapagtataakang dito yumabong ang pananaw ng mga Palawan hinggil sa kagandahang-asal na batay sa *tultul* nilang *Kudaman*. (Sa bahaging ito, upang madaling mapag-iba ang pahina mula sa pangunahing sanggunian at ang mula sa mga sekundaryong sanggunian, minabuting ipaloob sa bracket ang mula sa una at sa panaklong ang mula sa huli).

**Hinggil sa pag-aasawa.** Tulad ng karaniwang tema ng epiko, ang paghahanap din ng kabiyak ang isa sa mga tampok sa *Kudaman* dahil matingkad na usapin ang pagpapamilya sa kulturang Palawan. Sa HDPP, ilan sa pagkakapareho ng mga Tagbanua at Palawan pagdating sa pag-aasawa ay ang bigaykaya, ang multa, at ang pagkakaroon ng tagapamagitan na kadalasa’y pinakamatandang lalaki sa pangkat. At siyempre, hindi mawawala ang handaan at ang mga tapayan ng alak-bigas.

Si Tuwan Putliq, ang *puqun* (pangunahing asawa) ni Kudaman, ay unang naging asawa ni Binata ng Alapaap [62] matapos niyang maging asawa ni Muta-Muta [62] (na sa paglaon ay naging kapatid-sa-sandugo ni Kudaman [63]). Mapapansin ding hindi kailangang unang asawa ang pangunahin dahil unang napangasawa ni Kudaman si Binibini ng Saytang Dagat na inagaw ni Binata ng Alapaap [62] ngunit nabawi din ni Kudaman [62], ngunit si Tuwan Putliq pa rin ang tumatanggap (o nagpapahintulot ng pagkakaroon) ng bagong mga “kapatid,” tulad nina Binibini ng Punong Ginuu at Binibini ng Lunting Punay [65]. Sa pagpapakasal ng lalaki sa (mga) ikalawang babae (*pungpung*), nagiging mag(ka)kapatid ang mga ito at muling pakakasalan ng puqun ang kaniyang asawa [262]. Naiiwasan ang alitang panloob at karahasan sa kanilang hanay.

Sa ikalawang awit nagsimula ang awit ni Usuy kung saan ipinakita sa mga unang pahina ang pagiging puqun ni Tuwan Putliq sa pagsaway sa mga kapatid [85] at pagsasabi kung kailan sasaway [89] bilang “tanda ng pagpipitagan sa kaniya” [266]; pero sa kabila ng mga ganitong paggalang, tinitingnang mainam kung nagpapahalaga at nagmamatyag sa kilos ng bawat isa ang mga asawang babae pero hindi paairalin “ang relasyong matanda-bata, sapagkat ang nakababata’y maaaring pumuna o pumansin sa ginagawi ng matatanda” [284]. Pinuri sa unang mga pahina (at sa mga susunod pa) gamit ang iba’t ibang pagsasalarawan ang panlabas na kagandahan ng mga pangunahing tauhan, halimbawa’y ang pambihirang kanipisan<sup>2</sup> at ganda ng katawan ni Kudaman [89, 264], ang pagiging “bulawan” hanggang kuko ni Binibini ng Punong Ginuu at ang pagiging marilag ni Binibini ng Lunting Punay.

Mas magandang gamitin ang *bulawan* kaysa ginto dahil sa mas masaklaw ang kahulugan nito. Sa pagpapatuloy ng paghahanda nila, binanggit na “may palamuting ginto ang tapis” ni Binibini ng Lunting Punay at ang kislap ng ngipin niya’y “kumidlat sa ibang daigdig,” tulad ng gintong palangangaang kakalapat lamang sa mga binibining maghahanda ng nganga para sa mga parating na panauhin [93]. Bukod sa pagkahumaling sa ginto, makikita rin dito ang kaugalian ng paghahasa ng ngipin<sup>3</sup> (*apag at nipan*) gamit ang isang bato (*asaqan*) at ang pagpapahalaga ng mga Palawan sa “tuwid na linya, gaya ng makikita sa kanilang pag-aahit ng kilay, ang pagpapantay sa atip ng bubong,” at iba pa; mas gusto rin nila ng bakurang walang damo at katawang walang buhok, kaya nakaugalian din ng kababaihang magsunog ng kanilang bulbol kapag walang kalalakihang nakatingin [265, 278].

Mapapansing walang tanim na sama ng loob ang mga dating asawa. Ang unang panauhing nagpaunlak sa paanyayang pagbabasal ay si Binata ng Alapaap [103] na umagaw noon kay Binibini ng Saytang Dagat at naging asawa ni Tuwan Putliq. Muling idiriin ang pagkahumaling ng mga Palawan sa mga makinang at makinis dahil bago lumuwas, sinilip muna ni Binata ng Alapaap ang kaniyang punyal na “gadahun ng kugon” upang malaman kung kinalawang ito. “Tulad ng atay ng pating” ang talim nito, at kumikidlat ang puluhan ng ginintuan niyang talibong [267], ibig sabihi’y nasa mabuting kondisyon dahil manipis pa rin, matalim, maganda ang hugis, malangis, at makintab. Sa unang tingin, parang may pahiwatig ng karahasang magaganap sa pagitan ng mga dating magkaribal pero ang manggugulo pala ay ang mga Ilanun na nagnanais agawin ang mga asawa ni Kudaman [107].

<sup>2</sup> Mainam ding linawin na ang mga paglalarawang tila gumagayon sa sanggol ay madalas makikita sa epiko—manipis ang baywang, galandak (sanggol na anim na buwan [263]), atpb., pero hindi aktuwal na sanggol ang mga ito at nasa husto silang gulang [279]; ang pagiging sanggol ay maaaring pagkukubli ng lakas[268].

<sup>3</sup> Sa “Reviving Cultural Heritage: A Socio-cultural Criticism on Kudaman a Pala’wan Ethnoepic” (2005), tesis ni Marquez, sinabi niyang ang paghahasa ng ngipin ay hindi bahagi ng tinagurian niyang *social attitudes* (o mga gawi na tinataya ni Marquez na ginagawa, malay man hindi, upang maging katanggap-tanggap sa publiko) dahil ginagawa lang daw ito tuwing may pagtitipon. Ilan pang inilista niyang hindi bahagi ng social attitude ay ang kalang banwa, sandugo, pananalig sa kanilang panginoon at pamumuhay nang hindi iniisip ang bukas. Tinukoy rin niya ang mga kaugaliang tampok sa mga linya sa *Kudaman*.

Makailang-ulit sinabi ni Kudaman na hindi niya ipagdaramot ang kaniyang mga asawa [111], dahil binabaka ang karamutan (*imut*) sa etikang Palawan, pero sukduhan na ang pagbabahagi ng asawa at sa epiko lamang nagaganap [269]. May nangyaring paghahating pisikal [300] kay Tuwan Putliq pero nanatili siyang buo at sa pagkakahati ay nagkaroon ng isa pang babae—si Baybayin [259]. Mayroong ipinahihwatig ditong karahasang ipinapalagay na kinakailangan upang mapanatiling mapayapa ang pangkat. Ginawa ito upang hindi magkaroon ng hidwaan sina Kudaman at *Pinagsaraqan*, ang Punong Hukom, sa kabila ng pahiwatig ng paunang pagtutol ng isa sa mga pangalawang asawa (Binibini ng mga Layag) ng huli [199] dahil hindi na diumano nito kakayaning pakainin at damitan ang isa pang asawa [288].

Naipakita rin sa *Kudaman* ang pagiging matrilocal ng pamayanang Palawan sa panlalambing ni Binibini ng Punong Aguho [159] at pagpapayo ni Kudaman kay Limbuhanan na makisama nang mabuti sa biyenang [187]. Kapag nag-asawa ang lalaki, “nawawalan ng anak” ang magulang nito sa paglipat nito upang “dumikit” sa pamayanan (*karurungan*) ng asawang babae [278]. Kapag nagkakaroon ng problemang mag-asawa, tumatawag ng *bisara* (pormal na pag-uusap) ang *panglima* (ama ng *sang karurung*) at magsisimula sa *usyat* (payo sa mag-asawa) na dapat sundin; kung hindi, magpapataw ng kaparusahan; dito, maaaring mangibabaw ang biyenang sa manugang [284].

Huwaran si Kudaman sa pagiging mabuting manugang lalo’t inaanyayahan niyang uminom ang amain o biyenang si Sultan ng Baybayin [213, 292]. Mahal si Kudaman ng mga asawa niya dahil nananatili itong magalang sa kanila. Halimbawa nito ang paghingi niya ng pahintulot na pumanaog sa bahay, matapos mawala nang pitong taon [171]. Bilang pagkilala sa paggalang na ito, naghanda, nagpaganda, at sinalubong si Kudaman ng apat niyang asawa sa pamamagitan ng paglalalatag ng banig na “napapalamutian ng ginintuang silahis ng araw” [173]. Kung tumanggi ang asawang babae na papanhikin ang lalaki at hinayaan itong matulog sa kawayang sahig, nangangahulugang ayaw na ng babae sa kaniyang asawa at malamang ay sundan ito ng paghiling ng paghihiwalay [280].

Bagama’t maaaring ituring na imoral ng mga tagalabas ang pagkakaroon ng maraming asawa, mga kaugnay na multa, at iba pa, nasusustene ng ganitong sistema ang kasal, maging ang iba pang institusyon sa pamayanan ng mga katutubo sa Palawan. Para kay Fox, bagama’t hindi tahasang makakaastang tanod ang mga pinuno, kaalinsunod ang sistemang pagmumulta sa mga panlipunang estruktura, kung kaya tila kusang naipapatupad at umiiral ang batas<sup>4</sup> (89) at malalayo sa pangkat ang lalabag at hindi tutupad sa itinakdang parusa dahil mailalagay niya sa alanganin ang pangkat.

**Hinggil sa sandugo.** Sa nakatalang salaysay ni Usuy (ikalawang awit), maliban sa puqun, mga kapatid-sa-sandugo ang bumungad—sina Muta-Muta at Ligayan [85]; at ang “magkakapatid” na Binibini. Sa pagdiriwang ng kasaganaan, kinailangang maghanda ang kababaihan ng nganga para sa mga panauhing darating; at “naglalakad nang magisa” [93] papunta sa kanila ang *salapaq* (lalagyan ng nganga) na “bahagi ng *pusakaq* o mga kayamanang mamanahin ng magkakapatid” [265]. Ang mga kamag-anak at mga kapatid ay nagdaramdam kapag hindi nadadalaw at hindi nasasabihan ng mga mahahalagang pangyayari tulad ng kasal o burol; maaari itong idulog sa hukom at kung mapatunayang nagkasala, karaniwang nagmumulta ng sampung pinggan ang nagkasala [277].

Ang mga nagnanais makisama ay nagpapamalas ng mabuting kaugalian [282], kahit sa bahagi ng mga maituturing na kadugo sa kasal. Nang dumalaw sina Limbuhanan, naghandog ang asawa nito ng singsing [179] upang makisalamuha sa mga asawa ni Kudaman [282]. May mga nakikisama naman matapos maigupo, tulad ng mga Ilanun Kumbaga, dahil nabigyan ng pagkakataong mabuhay, nagkaroon marahil ng utang na loob. Nang muli silang bigyang-buhay ni Kudaman, nangakong tutulong sa kaniya ang mga Ilanun sakaling may sumalakay. Nakipagsandugo ang mga Ilanun kay Kudaman [255] at naghandog ang una ng baril at ang huli ng talibong—kahit kakatwa ang eksenang ito dahil para sa mga Palawan, marahas ang mga Ilanun at nananalakay sa lahat ng pagkakataon [299].

<sup>4</sup> *Saraq* o “kalipunan ng lahat ng alituntuning gumagabay sa pagpapatupad ng *Adat*.” [285]

Matapos lumabag si Kudaman (sa kabila ng makailang pagdadalawang-loob) sa kontra-karahasang atas ni Ampuq, nagkaroon ng ganansiya ang mga Palawan dahil sa susunod na may manalakay sa kanila, kung magiging tapat ang mga Ilanun, hindi na nila kailangang muling labagin si Ampuq. Ngunit tiyak na magiging hati ang kalooban nila kung makitang nagdurusa sa kamay ng kaaway ang mga dating kaaway na maituturing na nilang tunay na “pinsan” o kadugo.

Ang anumang sigalot sa pagitan ng mga magkakamag-anak ay “malubhang pagkakamali kay Ampuq” at magdudulot ng busong o paglaki ng tiyan; kabilang sa mga kamag-anak ang mga kinakapatid sa sandugo na tunay na kapatid ang turing [288]. Ito ang dahilan kung bakit mabuti pang hatiin na lamang si Tuwan Putliq kaysa magkakaroon ng hidwaan sina Kudaman at Pinagsaraqan.

Bagama’t mabuti ang turingan ng magkakapatid, sa dugo man o sa sandugo, hindi dapat maging labis ang pagtuturingan ito dahil sa *basad*, ang kailalimang antas ng daigdig, nananahan si Tandayag, ang dragong nasa ilalim ng lupa at nagpapabaha o nagpapalindol tuwing may inestong nagaganap [265]. Sa mga Tagbanua, kapag nagpakasal ang lalaki sa kamag-anak ng kapatid niya sa sandugo, nagwawakas ang pagiging magkakapatid at may multang *ulit dugu* (“to return the blood” o pagbabalik ng dugo) (Fox 1984, 21). Ang Lawa ng Danao, ayon sa isang alamat, ay unang dumaloy mula sa lamat na idinulot ng punyal. Itinarak ito ng lalaking nagkamaling makipagtalik sa kaniyang kapatid (Manlavi 1970, 64).

**Hinggil sa panauhin.** Sa pagdiriwang nina Kudaman ng kasaganaan at lawak ng *kalang banwa* sa simula ng awit ni Usuy, agad ipinahiwatig na “mahalagang nakahanda” ang nganga [91] dahil kawalang-galang ang hindi pag-aalok nito sa panauhin [264]; naghanda ang mga Binibini at kasunod nito ang pagbabasal ni Muta-Muta [97] upang anyayahan ang mga “panauhing dadalo mula sa malayong pook” na maaabot ng tunog, depende sa direksiyon ng hihip ng hangin [266]; tinutugtog din ito upang ihatid pauwi ang mga panauhin [288].

Nang dumating si Datu ng Alapaap, nakiusap si Kudaman kay Tuwan Putliq na dumungaw at tingnan kung may bisita na siya namang inanyayahang pumanhik [103]. Ganito rin ang pagtrato at pagtanggap nina Kudaman sa mga Ilanun [121], pero tumanggi sa pag-akyat ang mga ito at nanatili sa *lagwas*, espasyong walang bakod kung saan naghihintay ang mga bisita. Ang pagtanggap sa paanyayang pumanhik ay kagaspangan [271]; sa kabilang banda, ang estrangherong basta na lamang pumapasok sa bahay na wala ang may-ari ay tinatayang mapangaib [275]. Lalong tumingkad ang karahasan ng mga Ilanun nang wasakin nila ang bahay ni Kudaman [123] at muling ipahayag ang pagnanais na agawin ang mga asawa; ang pang-aagaw ay isang tahasang anyo ng pang-aalipin [272]. Sa HDPP, nabanggit na karaniwan sa bumibisitang kamag-anak ay may dalang handog; at indikasyon ang pagkakaroon ng dahon sa labas ng tahanan na tumatanggap ang may-ari ng bahay ng panauhin.

May mga alintunin ding tampok sa *Kudaman* sa pagdulog sa hapag-kainan (na halos pareho rin ng gawi ng mga Tagalog): Hinahamak ng mismong may-ari ang anumang kaniyang iaalok, kahit pa masarap ito. Dapat namang tumanggi muna ang panauhin dahil kagaspangan lalo kung aamining siya ay gutom; kadalasan, sinasabi pa nga nito na siya ay busog pa at may dalang baon. Sa muling pag-aalok, tatanggi ang panauhin na kumain nang mag-isa, nang sa gayon ay mahiling niya ang may-ari ng bahay na saluhan siya. Sa huli, yayayain nila nang isa-isa ang lahat ng naroroon upang kumain [283, 289]. Partikular sa nganga at kanin ang asal na ito. Hindi pinaghahatian ang palay at bigas [283].

Alinsunod sa kabutihang-asal na pagpahingahin muna ang panauhin at saka magkamay at maglapat ng “kanang kamay sa kani-kanilang dibdib (*salam*)” [267], at saka ialok ang nganga at mag-usap muna tungkol sa palay, pangangaso, at tagumpay, bago tuluyang ilahad ang layunin ng pagbisita [268]. Kabastusan ang agad na pagkausap sa panauhing kadarating lamang [276]; kawalang-galang naman sa pag-uwi ng panauhin ang pagtawa “habang siya’y papalayo pa lamang sapagkat maaaring bigyan ito ng kahulugang hindi dinibdib ang naging pag-uusap” [277]. Ipinakita ang halimbawa ng magalang na pamamaalam sa huling bahagi [261] at pinalawig sa huling tala [300]:

Ang mga panauhin ay isa-isang nagpaalam kay Kudaman. Ang pinakabata sa kanila—si Binata ng Alapaap—ay magbibitiw ng isang magalang na pahayag (*paribasa*) sa pamamagitan ng isang *balimat*. Sa halip na magsabi sa tuwirang paraan (*maignaq*) ng (...) “Babalik ako upang muling uminom,” magpapahayag siya sa paraang negatibo: “Babalik ako hindi lamang upang uminom.” Ito’y malinaw na retorikang mga Palawan, ng kanilang “bulaklak ng wika” (*burak at baras*) [300].

**Hinggil sa pananalita.** Sa *burak at baras*, may mga pagkakataong hindi dapat direktang sinasabi ang nais sabihin—na nakita na natin sa mga natalakay at tatalakayin pa. Ilang ulit itong nakita sa paghanga kay Linggisan, ang lilang bakaw ni Kudaman, ng mga Binibining naging asawa ng bayani—na sa katunaya’y sa bayani naman nabighani. Sa orihinal na bersiyon, ang pag-imbata sa mga panauhin [96] at pagsasabi ni Muta-Muta na *walang kasiyahan* sa pamamagitan ng kaniyang pagbabasal (o pagtugtog ng gong kung saan imbitado ang aabutin ng tunog nito) ay ang pagiging *hindi* magaspang pero inalis ang retorikong ito sa bersiyong Pranses at Filipino [97, 266].

Sa pamumula o pamimintas din ng ginang sa anumang kaniyang inaalok o ng *panglima* sa kaniyang tabad, naipapakita ang kagandahang-asal ng kababaang-loob, kung hindi man pagpapaunang paghingi ng dispensa upang hindi mapahiya [277]. Maaalalang makailang ulit humingi ng pasensiya ang mga tauhan sa diumano’y mapait na nganga pero dekalidad naman pala. May pinakiusapang magbasal si Ligayan pero nagpaunang hindi raw marunong tumugtog [193] bilang pagpapakumbaba pero batikan pala [285]. Isa pang halimbawa ng *balimat* ang pahayag ng Raha na titikim lamang siya ng tabad [215], dahil kabaligtaran ang ibig niyang sabihin at siya ay “sumipsip nang totohanan” [292].

**Hinggil sa paglalasing.** May sinusunod ding mga alituntunin sa inuman. Halimbawa ay dapat nakainom na ang lahat bago uminom si Kudaman [231]. Tawag din ng kaugalian na “sunud-sunod na anyayahan ng panginooon ng bahay ang kaniyang mga panauhin” [295]. “Tungkulin ng komunidad ang pangalagaan ang mga taong nalalasing,” lalo at nagmamatyag sa kasiyahan si Ampuq [292].

Isang *dali* ang “sukat sa pag-inom ng alak na kailangan ubusin ng panauhin sa pamamagitan ng buhong sipsipan” [292]. Pero dahil sa mahiwagang kapangyarihan ng bayani, hindi na niya kailangan ng buho upang makainom sa tapayan [293]; imbis na sumipsip, siya ay tumutungga [217]. Sa mga Tagbanua, mahalaga ang tapayan kaya tinitiyak na hindi ito tutumba at mababasag. Apat ang buhong kawayang ginagamit upang sumipsip<sup>5</sup> ng alak-bigas, sa dalawa sa mga ito humihigop ang mga tiladmanin (Fox 1954, 11) na may kapareha sa pag-inom (15). Sa mga Palawan, isa rin sa mga tungkulin ng puqun ang pagpapainom at pagbabantay sa kaniyang mga “nakababatang kapatid,” huwag din dapat iinom nang sabay-sabay [219] at dapat maghalinhinan [293]. Napahupa ni Tuwan Putliq ang kaniyang lasing na mga nakababatang kapatid sa sumunod na mga eksena. Pagpapakita ito ng kaniyang pagiging makapangyarihan at responsable bilang puqun.

Ayon kay Fox, hindi maihihiwalay sa kaisipang Tagbanua ang pag-inom ng alak-bigas, lalo’t pinagsasaluhan ito ng mga bathala, namayapa, at ng mga mortal. Naiuugnay ito sa iba pang aktibidad tulad ng pagsasandugo, pagkanta, pagsayaw, panggagamot, at pagbibigay ng lakas. “Ibinibigkis nito ang indibidwal sa grupo, ang maliliit na panlipunang yunit sa lipunan, at ang tao sa mga tiladmanin at mga bathala” (1954, 27). Ang pag-iinom na ito ng mga Tagbanua ay hindi katulad ng mga pansariling pagpapasasa, dahil may ginagampanan itong mahalaga sa pamayanan (30). Hindi tulad ng ibang pangkating walang paraan upang makontrol ang inuman at lasingan (29), ang mga Tagbanua at mga Palawan ay kapuwa may alituntunin sa pag-inom ng tabad at paglalasing. Ani Kudaman, “Kung sino’ng sumuway nang kahit bahagya habang tayo’y nagsasaya, ay kailangang maglagak sa harap ko ng sandaa’t walumpung [pinggan]” [211].

<sup>5</sup> Dinudura raw ang unang nahihigop, dahil di-maiwasang sumipsip sa bawat buho. Ayon kay Fox, ang kinagisnang ugaling ito ay may kaugnayan sa takot sa lason—na tinawag niya sa ibang dokumento na *ratyun*.

Sa mga antas ng kalasingan tila nalulusaw ang mga hanggahan ng materyal na daigdig at ng mga aspekto ng kosmogoniya. Tuluyang naiidlip o nawawalan ng malay ang taong sukdulan ang pagkalasing. “Ang pag-idlip ng mga bayani ay maituturing na pagkamatay. Ang mga ‘uod’ ay kongkretong pahiwatig ng simbolikong kamatayan, ang kawalang-malay na dulot ng kalasingan at ng paglalakbay ng kaluluwa dahil sa kalasingang ito” [297].

Hinihikayat ng baylan pabalik sa katawang lupa ang kaluluwa sa pamamagitan ng “pagpapaypay” o “bulong, isang mahiwagang pormulang inusual” sa tulong ng paghaplos, luya o bawang, at balanoy [296]. Ang Binibini ng Kawit ang nakapagpanumbalik ng malay ni Kudaman at naging sunod na asawa nito [253]. Inuugnay ng mga Tagbanuwa ang kawit sa mga lamok at linta at mga sakit [298]. Pero ang binibining *kumakawit* ang nakagamot kay Kudaman sa pamamagitan ng pagpapaypay nang pitong ulit at pagpiga ng isang pirasong kumot ng pitong ulit “upang tuluyang maalis ang sakit na kaniyang nahugot mula sa katawan” [298]

**Hinggil sa numero.** Ilang ulit nagamit ang pito sa *tultul* dahil itinuturing itong sagrado. Sa simula ng awit, binanggit na pitong taon ang pangngilin ni Kudaman [266]. Ilang ulit ding nabanggit ang mga suot ng tauhang pitong susong damit, pitong pinggan ng daigdig, pitong ulit umikot sa tapayan, pito o dalawang pitong taon ng pagkawala, pitong taong paglalaban (matagal kung gayon ang pangangahas na lumabag sa atas ni Ampuq), pitong kumot na tanda ng kayamanan, at iba pang mabubuti at mahahalagang pangyayari. Para ipakita naman ang dami, madalas gamitin ang 180—bilang ng tapayan, ng Ilanun, ng asawa ng sultan, atpb. Dagdag ni Fox, banal ang *paray* (bigas), at pitong buwan kada taon dominante ang interes dito (1954, 67).

**Hinggil sa pangalan.** Ang pito, tulad ng natalakay sa katatapos na bahagi, ay mahalagang numero pero hindi ito ang dahilan kung bakit pinalitan ni Usuy ang *pitu* ng *turuq* sa pag-awit ng *Kudaman* [88]. Bayaw niya si Pitugu kaya iniwasan niyang bigkasin ang pangalan nito [264]. Sa panayam ni Marquez sa mga Palawan para sa kaniyang tisis, humihingi sila ng saklolo kapag may pangangailangang banggitin ang pangalan ng ilang kamag-anak. Sa HDPP, ihinayag ding bawal banggitin ang pangalan ng kapamilya sa pangkaraniwang mga pagkakataon.

Maaaring kalabisan itong sabihin, pero posibleng ang pagturing din sa pangalan bilang sagrado ang dahilan kung bakit ganoon ang mga pangalan ng mga Binibini sa epiko. Ang tiyak lamang ay ang pagpapangalan ng mga Palawan sa kanilang mga sanggol sa mga prominenteng bagay tulad ng mga bato, puno, ilog, at iba pa (HDPP) at ang pagkakaroon ng koneksiyon ng mga pangalang ibinigay sa mga Binibini sa *Kudaman* at sa kanilang kagandahang taglay, susing katangian, o sinisimbolo: Ang Punong Ginuung “isa sa pinakamatayog” ay “pinahalalagahan sa nipis nito at tikas” [264]; ang Lunting Punay o kalapating “may luntiang balahibo at munting paang kulay pula” ay “metaporang tumutukoy sa isang minamahal na babaeng maalindog, marikit kumilos at pinung-pino” [264]; ang Anduwanan, huling antas ng nakatataas na daigdig at tahanan ni Ampuq, ay panauhing “kumakatawan sa isang elemento ng kosmogoniyang Palawan” [265]. Ilang lamang ito sa mga halimbawa.

May iba’t ibang tawag at turing sa asawa sa iba’t ibang pagkakataon: *asawa* (asawa), sa pang-araw-araw; *limbang* (katuwang), sa bisara; *pamagtawan* (katalik), sa pagtatalik; *pinagtawan* ang tawagan sa isa’t isa; at *mindan* o *kayan* ang tawag ng babae sa lalaki. Ang huling dalawa ay partikular sa Bulubundukin at sa mga epiko [262]. May iba’t iba ring katagang pantawag sa isa’t isa: *kinasa* at *mayaq*, (kaibigan), ang una’y tawagan ng babae sa isa’t isa at ang huli ay tawagan ng lalaki sa isa’t isa; *agsa* (pinsan), tawag ng babae sa kaedad na lalaki; at *maman* (tiyo o amain) at *upuq* (lolo), tawag ng babae sa nakatatandang lalaki [289]. Ang mga ito, imbis na mga pangalan, ang ginagamit na katawagan ng mga tauhan sa Kudaman (bayani mula sa *kutaq*, “pinid na silid” [62]) upang makipag-usap sa isa’t isa.

**Hinggil sa pagbibigay.** Ang saklaw lamang ng *adat at pagbibigay* o kaugalian ng pagbabahagi ay “pangangaso, pangngisda, at pangangalap ng bunga at halaman ng gubat, gayundin

sa tanim ng kaingin, ayon sa naiiba namang patakaran” [269]. Sumasaklaw ito sa “lahat ng bagay na ginagamit.” Dagdag pa:

Sa epiko, sa unang tingin ay tila tanggap ni Kudaman ang pamamahagi ng kaniyang asawa sa mga kaaway. Ngunit hindi ito tumpak. Ito’y paraan ng pag-iwas sa digmaan, at pagpapahupa sa pagkagahaman ng kaaway. Samakatuwid, nananaig ang magandang pag-uugali at naiwasan ang labanan. Ngunit kung may pakikipapad at pang-aagaw ng asawa, magkakaroon ng digmaan. [270]

Kahit pa sinabi ni Kudaman na ipauubaya niya sa kaniyang mga kapatid maging ang kaniyang asawa, naglinaw siya at nagpalawig:

Ang tungkuling mamahagi sa magkakapatid ay humantong sa kalabisan. Ang kasunduan ng sandugo sa pagitan ng nagkakapatiran ay may bisa maging sa mga hindi magkakamag-anak. Ang sandugo ang tanging paraan upang mapahupa ang hidwaan at maikalat ang anumang biyaya sa maraming tao (...) Saklaw ng sandugo ang tungkuling magtiwala at mamahagi ng lahat ng ari-arian nang walang pasubali, gayundin ang tungkuling tanggapin ang mga ito [270].

**Hinggil sa “paglalaro.”** Nakikipagtunggali ng lakas sa lakas ang mga Palawan sa porma ng laro, at isa rito ang *awid awid*, larong bata ng pagbubuno hanggang magapi ang katunggali [292]. Itinuturing ni Kudaman ang anumang labanan, kasama na marahil ang pakikidigma, bilang katuwaan, sining, at paglalaro na ang *ibanan* (kalaro) ay ang mga kinakalaban [274]. Maaaring ito ang susi sa pagkakaiba ng mga itinuturing na “magaspang” ng mga Palawan—kung ang pakikihamak ay isang kasiyahan; pero kung ang pakikidigma ay naglalayon lamang mandahas o maminsala, pagkakasala itong nagpapakita ng kawalan ng tiwala kay Ampu. Kung kaya ang (unang) “pag-urong ni Kudaman ay malinaw na pagpapahayag ng kanyang dunong at payapang ugali, at ng kanyang buong loob na magtitiwala kay Ampu, salungat sa ipinamalas ni Muta-Muta [269-270]. (...) Laging bitbit ni Muta-Muta ang kanyang talibong na tanda ng kanyang pagiging palaaway. Ito ang kanyang tampok na katangian” [285].

Katulad ni Muta-Muta ang mga Ilanun na tila batikang mga mandirigmang mainitin ang mga ulo. Nang magpasiya si Kudaman na makipaghamok sa pinuno ng mga Ilanun, lalong tumingkad ang pagiging banayad ng bayani na nagnganganga lamang habang hinahabol siya ng katunggali [151], na ikinatuwa ng mga nakikinig ng awit ni Usuy [276]. Nagsawa si Kudaman sa pitong taong labanan. Matapos ito:

Kanyang hinubad ang pugong sa ulo. Sinasabing nang kanyang iwasiwas ito sa Ilanun, gabundok an apoy ang nagliyab. Nang tignan ni Kudaman ang kanyang pinsan, ito’y nauwi na lamang sa abong hinihipan. (151) “Hindi na kita bubuhay-in pang muli, ikaw ang tunay na may pagkakaali. Wala akong kamalian. Hindi ko ugaling mang-agaw sa asawa ng may asawa, bagkus ay nakukuha ko sila sa wastong paraan,” ito ang wika niya. “Hindi mo pinaunlakan ang paanyaya ko sa iyo na pumanhik, bagkus ay pinili mong makidigma sa akin. Kaya pinsan, kung nais mo rin lang, hindi na kita muling bubuhayin.” [153]

Makikita ritong nagtatampo si Kudaman, tulad ni Ampu, tuwing may nagkakasala sa kaniya. Ngunit nangibabaw sa huli ang kabutihang loob ni Kudaman. Sa pangnganganga niya, ibinuga niya at binuhay ang mga Ilanun sa dati nilang bilang o humigit pa [255]. Ipinakita ng pagpapasiya niyang ito ang pagiging mala-bathala niya. Bukod sa nagnganga si Ampuq at ikinalat ito sa daigdig upang lumikha ng tao at iba pang nilalang, naging huwaran si Kudaman sa pagtutol sa karahasan hangga’t maaari [299]. Ang pagpaslang ni Kudaman sa mga Ilanun gamit ang pagwasiwas ng tela ay maaaring ituring na pangagamot o “pagpapalaya ng mundo mula sa kaguluhan at digmaan upang mapanumbalik ang pagkakasundo.” Ang ganitong tipo rin ng pamumulbos (“nauwi sa abo”) ay kapangyarihang si Ampuq ang karaniwang gumagamit bilang “pangunahing anyo ng parusa—ang pagpatay sa pamamagitan ng pagsusunog,” na hatol din sa mga nagkamit ng insesto [276].



Kung gayon, hindi tahasang pagtaliwas sa kalooban ni Ampuq ang pakikidigma lalo kung hindi galit ang sanhi nito; “laro” pa nga ang turing dito ni Kudaman dahil tila ikinasisiya niyang makamtan ang tagumpay matapos ang pitong taon nang walang kinikimkim na bigat ng loob kontra sa katunggali (baka nga hindi pa “kaaway”). Noong nakaraang taon, kasama ng aking mga estudyante, pumunta kami sa UP Stud Farm na kinaroroonan ng mga pangkat-etniko. Kolektibo nilang tinagurian ang sarili bilang bahagi ng “pambansang minorya” dahil bagama’t iba-iba ang kanilang kultura, nagkakaisa sila sa paglansag at pakikibaka laban sa mga umaangkin sa kanilang mga lupang ninuno (maaaring sangguniin ang kolum ko hinggil dito sa Acuna 2017a at 2017b). Napadpad kami sa pagbabahagi ng mga katutubo mula Timog Katagalugan: isang Dumagat at isang Palawan; nagpakita sa amin ng mapa ang huli. Sinabi niyang ang itim na erya na lamang ang hindi pinapasok ng dayuhang korporasyon ng malawakang pagmimina at pagtotroso. Wala na raw silang ibang pagpipilian kung manghihimasok ang mga makina sa teritoryo nila, ipinapahiwatig ang paglalaro na nabanggit ni Kudaman, at tulad niya, walang bakas ng poot ang matanda. Optimistiko itong nakangiti at handang makipaglaro kung, tulad ni Kudaman, ayaw pumanhik ng mga nanghihimasok upang makipag-usap nang maayos.

### Pugong: Sa Pinsang Ayaw Tumagay

Muli, bagama’t kapatid sa sandugo ni Kudaman, si Muta-Mutang may ugaling Ilanun ay parang pinaghalong Banlak at Lena ng *Ulabingan*. Sa bungad ng awit, tinanggihan ni Muta-Muta ang manugang na nakiusap sa kaniyang hanapin si Tuwan Putliq (Revel 1991, 61). Sa pagsugod ng mga Ilanun, maaalalang si Muta-Muta ang unang kumulo ang dugo, bagama’t pinuri siya at inilarawan sa iba’t ibang paraan at “isang ikot lamang niya’y 180 kaaway agad ang nangalagas” (127). Pero sa kabila ng gilad, itinuring pa rin siyang “tuwirang kabaligtaran ni Kudaman” (269), kahit pa masasabi namang kahit papaano’y may hanggahan ang pag-iwas ng bayani sa pakikihamak. Ang pagkakaiba lamang, tulad ng natalakay, ay ang 1) pagturing ni Kudaman sa digmaan bilang laro—sa panahong hindi umubra ang paanyayang tumagay; at 2) paggamit sa mahika, imbis na sa sandata tulad ng talibong.<sup>6</sup>

Kung gayon, marahil hindi dapat mabahala sa pagiging kimi diumano ng mga katutubo sa Palawan. Sana, maging tulad sila ni Kudaman (o kahit ni Muta-Muta) sa panahong may pagbabanta ang pagmimina, pagtotroso, at iba pang “programang pangkaunlaran” sa kalikasan (bagama’t mas higit na dapat ikabahala ang banta sa mga tao mismo), na pinagmumulan ng kanilang kabuhayan at pinaghahalawan nila ng kultura, paniniwala, at pananaw. Sakaling tularan nila ang bayani ng kani-kanilang epiko, hindi sila pababayaan ng kanilang mga panginooon—ni Ampu, sa mga Palawan at ni Mangindusa, sa mga Tagbanua. Ayon kay Guieb, ang mga alamat ng mamamayan ay “pagbubuo ng komunidad,” at ang alamat naman ng dayuhan ay “pagtatag at pagpangalan ng mga sinakop na lugar batay sa kanilang interes” (2000, 140). Ang pagpapangalan, tulad ng Brooke’s Point na ipinangalan kay Sir Edward Brookes (Manlavi 1970, 47) at pagbabansag sa Malampaya Sound bilang “Fishbowl of the Philippines” at sa Palawan bilang “Last Frontier of the Philippines” o “Wide Open Zoo of the Pacific” ay lehitimasyon ng kapangyarihan ng mga mananakop dahil mapapansing nakahilig sa ekonomikong interes at pandarambong sa kalikasan<sup>7</sup> ang mga katawagang ito (Guieb 2000, 130).

<sup>6</sup> Nabanggit ni Revel sa papel na “The Palawan Epics” na ang pagkakaroon ng mga sandata ay pahiwatig na nagkakaroon ng mga hidwaang nauwi sa paggamit ng mga ito. Pero, ang huwaran pa rin sa mga Palawan ay si Kudaman, kung sakaling masukol, at saka lamang gagamit ng mga sandata—lalo iyong ginagamit din ng mga Moro.

<sup>7</sup> Para kay Guieb, ang mga palamuting katawagang ito ay “walang saysay sa panlipunang buhay ng pangkaraniwang mamamayan.” Sa pagkawala ng identidad ng lugar, “naaagawan ng kapangyarihan ang mamamayang unang nagbigay-tatak sa sarili nilang pamayanan” (2000, 134). Pinalalim pa ni Guieb ang tila sabwatang ito ng turismo at mapagpanggap na adbokasiya ng environmentalism na sa katunayan ay ecosentrismo (594), lalo sa panahong nahahanap ang mga likas-yaman (at siyempre pa, ang mamamayan) ng Palawan sa pandarambong. Madaling tanggapin para sa mga turista at mga dayuhan ang bansag sa mga isla ng Palawan at magposturang may malasakit—sa kalikasan nga lang, at hindi kasama ang mga kapuwa nila tao. Ang pagbibigay-diin sa kalikasan—gaianism, deep ecology, at ekstensiyon nitong new age na cosmic forces, elementals, at spirituality ang mapagpasiya—ay pag-iwas sa kumprontasyon sa mga panlipunang estruktura; sa esensiya, isinasantabi ng mga nasabing kaisipan ang pagiging “kategoryang panlipunan” ng kalikasan, kahit ang “kahulugan nito ay hinuhubog ng mga materyalidad at istoryidad ng lipunang kinapapalooban ng tao at ng kalikasan,” at ang ganitong mga panlipunang diskurso ang tinutuligsa ng Tagbanua Tandula’nen na si Nong Mensiyong (595-615).

Ganito rin sa kabuoan ang mga alamat na para kay Guieb ay “pagkakaisang simbolikal ng komunidad” (2000, 84). Kung titingnan ang *tultul* na nagsasaad ng pinagmulan ng mga Batak—at kung tunay ngang mula ito sa kanila—mapapansing pumapanig ito sa mga mananakop. Ang buod nito ay ganito: Binigyan ng ama ng mga gamit ang mga anak depende sa reaksiyon nila sa pagkakatunghay sa kahubdan ng ina. Balat ng kahoy sa pinakamatanda, na nagtaas ng tapis at tumawa—sa kaniya nagmula ang mga Batak. Piraso ng tela sa sumunod, na bahagyang tumawa—Tagbanua. Piraso ng bagong tela sa sumunod, na hindi tumawa—Moro. Bakal sa pinakabata, na nagsaplot sa ina—Espanyol. Winika ng ama sa ninuno ng mga Batak na hindi siya makakaraos sa buhay kapag walang tumulong sa kaniya, at sa Espanyol na hindi na niya gaanong kailangang magtrabaho dahil mapapadali ng bakal ang buhay niya (Ocampo 1985, 1-2).

Para kay Ocampo, nananatili sa kinagisnan ang mga katutubo ng Palawan—hindi naaabot ng *reduccion* ang mga Batak dahil nakakalat pa rin sila sa bundok, napapanatili ng mga Tagbanua ang kapit sa batayan nilang paniniwala dahil sa masiglang-kulto-ng-mga patay, at naipagpapatuloy ng Palawan ang mabubuting asal at iba pang susing elemento ng kanilang pangkat-etniko dahil sa patuloy na pag-awit ng *Kudaman* (1985, 125-126).

Kung gayon, bukod nga sa napansin ni Ocampo na wala sa tultul ng mga Batak ang mga Palawan, at hindi inabot ng tunog ng kampana ng simbahang Katoliko ang mga Agta ng Palawan, maaaring nilikha ng, ginamit ng mga Espanyol ang nasabing tultul, sa parehong paraan na ginagamit ang mga katawagan tulad ng Pearl of the Orient Seas upang bigyang katwiran ang pandarambong at pagtibayin ang pagpapanatiling maralita ng mga sinasakop o sinisikil. Kung titingnan pa rin, mahirap isiping kagaspangan para sa mga Batak ang kahubdan (bagama’t maaaring tingnan kung may sinasabi tungkol sa kahubdan ang *Nanang: I Taguwasi Anna i Inmawagan*, epiko ng mga Agta), kaya hindi imposibleng hindi katutubo ang tunay na ugat ng nasabing tultul, lalo at hindi ito tulad ng *Kudaman* ng mga Palawan o *Dumaracol* ng mga Tagbanua, na sa pag-iral at pananatili lamang nito ay tumitindig laban sa mga tinaguriang “alamat ng dayuhan.”

Sa mga epiko ng Palawan makikita ang sinasabi ni Guieb na “ang produksyon ng kaalaman tungkol sa kanilang mga sarili at lunan ay paglikha rin ng sarili nilang kapangyarihan” (2000, 287). Kung gayon, masasabing sa isang banda, tunay na makapangyarihan ang babaylan dahil nagiging istoryador sila, sang-ayon kay Guieb na nagsabing ang panitikan sa “laylayan ng kapangyarihan ay lehitimong dokumentaryong historikal” (2000, 284) at ang mga panitikang ito ay “hindi lang sumasalamin” kundi nagbibigay din ng signipikasyon at saysay sa kabuluhan ng kanilang kasaysayang lokal. Higit pa sa datos, mas mahalaga ang “sirkulasyon ng mga kahulugang ito sa pamayanan tungo sa pagpapatatag ng kanilang mga lunan, pagkatao at kaakuhan” (Guieb 2000, 285-286). Ang *Dumaracol* ay kumakatawan sa Tagbanua Calamianen at “hindi (nila) kailanman ililibing,” dahil hindi isang tao si Dumaracol, dahil sila si Dumaracol. Wika ng Tagbanua Calamianen na si Tay Agoy, “Tayong mga tao ay may katapusan. Ang *Dumaracol* ay walang katapusan, wala itong kamatayan. Hangga’t buhay kami, buhay rin si *Dumaracol* (543)” Hindi malayong ganito rin ang turing ng mga Palawan kay Kudaman.

Si Binibini ng Langis ng Dagat at ang iba pang kinakatawan ng mga binibini sa *Kudaman* ay may saysay lamang sa buhay ng mga Palawan dahil ginagamit nila ito sa pang-araw-araw na buhay, hindi bilang produktong pagkakakitaan, dahil nga may etika silang bumabaka sa *imut* o pagkagahaman. Pero dahil na rin sa pamumuwersa ng sistemang kapitalismo, napipilitan ang mga katutubong umayon sa sistemang nakabatay sa salapi at nagbubunsod ng karamutan na kontra sa konsepto nila ng *adat at pagbagiq*. Mas madali ang buhay noon para sa Tagbanuang si Nong Mensiyong, na naglahad na noon, lahat ay sarili nilang gawa, pero ngayon, lahat binibili na nila (Guieb 2000, 865).

Sa lente ng mga dayuhang tulad Marche marahil tunay ngang ang retrato niya at ng mga katutubo ay “paglilinaw sa dikotomiyang sibilisado at di-sibilisado” (Guieb 2000, 124). Sa mga Ilanun,

bukal ng alipin ang mga Palawan. Sa mga Kristiyano, mga imoral na lasenggerong walwal ang mga Tagbanua. Pero ganito lang ang pagtingin dahil hindi naman naintindihan o tinangkang intindihin ang mga pangkat etniko. Maaaring salat ang papel na ito sa lubusang pag-intindi sa mga Palawan, pero naging malinaw muli na marapat na suriin ang isang pangkat etniko gamit ang kanilang pamantayan at kaugalian—na sa kasong ito ay nakasilid at maaaring silipin sa kanilang mga tapayan. Maunlad ang praktika ng mga lumahok sa Lakbayan at bumuo sa organisasyong tinawag nilang “Sandugo.” Matinding paglansag sa taktikang maghati-at-maghari ng mga kolonyalista at naghaharing-uri ang pagkakaisang ipinamalas ng mga pangkat-etnikong tumukoy sa mga sarili nila bilang “pambansang minoryang” mayroong tiyak na hangarin at tiyak na kaaway, sa kabila ng pinagdaanang kasaysayang tigib sa panlilinlang ng mga mapanghating mananakop. Kabilang sa mga pambansang minoryang ito ay ang mga Palawang handang mag-inom, makipagsandugo, at makipaglaro.

## SANGGUNIAN

### Primaryang Sanggunian

Maranan, Edgar, and Nicole Revel-Macdonald. 1991. *Kudaman: Isang Epikong Palawan na Inawit ni Usuy*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

### Sekundaryong Sanggunian

Acuna, Tilde. 2018. “Circles of Lives.” Materials, for Preposterity. *DavaoToday*. 2017a  
<http://davaotoday.com/main/todays-views/circles-of-lives/> Accessed: 10 Enero 2018

\_\_\_\_\_. 2018. “Echo Chamber of Mines.” Materials, for Preposterity. *DavaoToday*. 2017b  
<http://davaotoday.com/main/todays-views/echo-chamber-of-mines/>  
 Accessed: 10 Enero 2018

Ellinger, Tage. 1954. *Friend of the Brave : Bontocs, Ifugaos, Kalingas, Palawanos, Abenlens, Negritos [and] Tao*. Manila: Manlapaz Pub. Print.

Fox, Robert B. 1954. *Religion and Society Among the Tagbanuwa of Palawan Island, Philippines* University of Chicago. Print.

\_\_\_\_\_. 1984. *The Rice Wine Complex Among the Tagbanuwa of Palawan*. Baguio City : Cordillera Studies Center, University of the Philippines, Baguio. Print.

\_\_\_\_\_. 1970. *The Tabon Caves: Archaeological Explorations and Excavations on Palawan Island, Philippines*. Manila : National Museum. Print.

Guieb, Eulalio R. 2000. *Anin, laud, beltay, pandan, dago: Lunan, Kaakuban at Kapangyarihan sa Texto ng mga Komunidad Kostal sa Hilagang Palawan*. University of the Philippines. Print.

*Historical and Cultural Life of Aborlan. Historical Data Papers of the Philippines*. National Library. Scans.

Landor, Arnold Henry Savage. 1904. *The Gems of the East: Sixteen Thousand Miles of Research Travel Among Wild and Tame Tribes of Enchanting Islands*. New York: Harper & Brothers.

Manlavi, Diokno R. 1970. *History of Palawan*. Makati, Rizal: s.n.. Print.

Marche, Alfred. 1970. *Luzon and Palawan*. Manila: Filipiniana Book Guild.

Marquez, Aurelia B. 2005. *Reviving Cultural Heritage: A Socio-cultural Criticism on Kudaman, a Palaw'an Ethnoepic*. Palawan: Palawan State University. Print.

Ocampo, Nilo S. 1985. *Katutubo, Muslim, Kristiyano: Palawan, 1621-1901*. Alemanya: Salazar at Mendoza-Urban Print.

Worcester, Dean C. 1909. *The Philippine Islands and Their People: A record of a personal observation and experience, with a short summary of the more important facts in the history of the archipelago*. New York: Macmillan. Print.

## Idealismo sa Patnubay at Panuto: Pananagisag sa Birtud ng Babae sa Awit

Pauline Mari Hernando

### ABSTRAK

Sa pagkakalimbag ng *Patnubay nang Cabataan o Talinghagang Bubay ni Eliseo at ni Hortensio* noong 1901 at ng mga nauna pang panitikang doktrinal ukol sa kababaihan, mapatutunayang naglakbay, naisalin, at napatatag ang sensura ng imprentang iginawad ng mga Espanyol sa kababaihan sa loob ng ilang dantaon mulang Peninsulang Iberian hanggang Filipinas. Ang paglalakbay ng Panitikang Midyibal sa panahon ng Siglo del Oro ay malayo sa anyo, estilo, estetika, at kalinangan ng panitikang bayang dinatnan ng mga Espanyol. Unti-unting pinaglaho ng mga Espanyol ang artikulasyon ng kababaihan sa panitikan at lipunan sa loob ng humigit tatlong siglo nilang pananatili, paglilibot, at pananakop sa kapuluan. Sumentro sa mga panitikang kostumbre ang mga akdang dala ng kongkistador. Kongkreto ang naging pananagisag sa idealismo sa birtud ng babae alinsunod sa umiral na sensura ng mga metriko romanse. Nauwi sa demonisasyon sa kababaihan ang hindi pagpapaloob sa umiiral na balangkas ng diskursong kolonyal. Mahihiwatigan ang pagsunod dito ng mga akda ni Joaquin Tuason, isa sa mga mestisong manunulat na tumugon sa estilo ng pag-iingat ng mga Espanyol sa paglilimbag. Tumulima ang *Patnubay* sa lahat ng kahingang pansensura ng Real Cedula na siya namang bunga ng pagtatatag sa Comision Permanente de la Censura noong 1852.

**Mga Susing Salita:** Metriko romanse, kababaihan, Tuason, panitikang doktrinal, sensura

### INTRODUKSIYON

Isa si Joaquin Tuason sa mga pinakaproduktibong manunulat sa Tagalog at Espanyol sa pagitan ng mga taong 1874 hanggang 1915. Aral siya sa mga Heswita (Ateneo de Municipal) kaya naging sanayan niya sa pagsusulat ang pagsasalin ng mga aklat sa kabutihang asal, dasal, paghinilay, pagsasanay sa kabanalan, at iba pang mga aklat ng moralidad at wastong pagkilos. Ilan sa kaniyang mga popular na akdang salin sa Tagalog mulang Espanyol ay ang sumusunod: *Matnid na landas na patungo sa langit, o casaysayan nang madlang pagsasanay sa kabanalan na dapat gawin nang tauong binyagan, at nang macamtan ang calualhatiayang ualang hangan* (1874), *Ang Bagong Robinson: Historiang nagtuturo nang mabubuting caugalian na guinauang tanungan nang icatuto at icalibang nang manga batang babayi, t lalaqui* (1879), *Historia nang Nuestra Senora de Lourdes* (1909), at *Ang manga carangalan ni Maria na isinulat sa uicang Italiano ni San Alfonso Maria de Ligorio* (1912).

Bukod sa pagsasalin, hitik sa mga tulang pasalaysay o awit ang produksiyong pampanitikan ni Tuason. Naging pinakamatingkad ang paglilimbag niya ng ganitong anyo mulang 1878 hanggang 1915. Ilan sa kaniyang mga limbag na akda ang sumusunod: *Ang marauul na pamumuhay ni Bertong lasing at Quicong manunugal: Larauang mistula nang caranuiang nangyayari sa manga totoong nagugumon sa dalauang viciang ito* (1878, Amigos del Pais), *Sta. Relihion-Pagkakasal kay Isaac* (1895, Asilo de Herfanos), *Sta. Relihion- Jose Vendido* (1895, Asilo de Huerfanos), *Tobias* (1900, La Democracia), *Ang marilag na virgen ng kapayapaan* (1907, Aklatang J. Martinez), *Isidro, Monica at Luisa* (walang petsa ng pagkakalimbag), *Maikling kasaysayan nang bubay ni Jose Vendido na anak ni Jacob: ngayon ay pinag-ayos niya at dinagdagan ng isang devoto* (J. Martinez), at *Patnubay nang Cabataan o Talingbagang Bubay ni Eliseo at ni Hortensio* (1901, Establecimiento Tipografico de Modesto Reyes).

Mapapansing uminog ang mga akda ni Tuason sa panitikang doktrinal. Naging hitik siya sa pagsasalaysay sa buhay ng mga banal at dakilang tao, sa mga katekismo, at sa kagandahang-asal. Lahat ng kaniyang aklat ay nalimbag nang may lubusang kapahintulutan mula sa pamahalaan at simbahan. Partikular na masisipat ang pananatili ng kalinangang Espanyol sa koleksiyon ng mga metriko romanseng kaniyang nagawa sa loob ng dalawang dekada.

### Ang Anyo at Balangkas

Isang awit ang *Patnubay* ni Tuason kung aangat ang pagsasakategorya ni Epifanio de los Santos sa mga tulang pasalaysay. Pinakapopular na tulang pasalaysay ang mga metriko romanseng umiral nang siglo 19 ayon sa pananaliksik ni Dean Fansler. Hindi nangangahulugang nang siglong iyon lamang nakilala ang mga metriko romanse. Ito lamang ang siglong kinakitaan ng mga limbag na halimbawa ng mga akda gaya ng natagpuan ni Fansler na nalathala taong 1815. Binabanggit ni Bienvenido Lumbea na ang pangkalahatang katawagan ni Fansler na metriko romanse ay napaailalim sa parehong awit at korido. Ang pagpapalawig naman sa kaibahan ng dalawa ay hinango kay de los Santos. Tinukoy ni de los Santos na ang mga korido ay mga tulang pasalaysay na binubuo ng wawaluhing taludtod at maaaring basahin o awitin sa tono ng pasyon, samantalang ang awit ay binubuo ng lalabindalawahing taludtod na maaaring basahin o awitin sa tonong paelehiya. Sa usapin ng pagtatanghal, hindi gaya ng mga dramang Tagalog na minsan lamang sa isang taon itinatanghal, mas madalas maririnig ang mga awit at korido dahil itinatanghal ang mga ito sa pagdiriwang ng kaarawan, kasal, at kamatayan. Pareho rin silang may apatang taludtod sa bawat saknong at kalimitang may tugmang isahan (Lumbea 1986, 52-53).

Lalabindalawahin ang sukat ng mga taludtod sa *Patnubay* at may tugmang isahan. Binubuo ito ng 77 pahina na may 13 kapitulo at pangkaraniwang 12 hanggang 54 ang saknong sa bawat kapitulo. Nakapaloob sa bawat kapitulo ang mga bilin. Hindi gaya ng *Ang Mahal na Passion ni Jesu Christong P. Natin na Tola* (1760) na nasa dulo ng bawat kapitulo ang mga aral, habilin at panalangin, ang mga primaryang bilin sa akda ay lumilitaw sa una, gitna, o huling bahagi ng kapitulo. Nagmumula ang mga bilin sa iba-ibang tauhan para sa isang binatang sinisikap hanapin ang saysay ng buhay sa pamamagitan ng pamimili ng mapapangasawa. Ang mayorya sa mga bilin sa kabuoang akda ay nagmumula kay Hortensio.

Melodramatiko ang anyo ng paglalahad sa mga pangyayari sa awit. Sa mga tagpong inilalahad ang mga bilin kay Eliseo, madamdamin ang nagpapayo at lagi't laging may palitan ng dramatikong diyologo. Gayundin ang pamamaraan maging sa mga yugto ng pagbibigay sermon. Hindi naiiba sa anyo ng pagsasalaysay sa *Pasion* ang pagsasalaysay na ginawa sa *Patnubay* upang ilatag ang mga pangyayari sa akda.

Sa taon ng pagkakalimbag sa *Patnubay* noong 1901, may 76 na taon na ang nakalipas mula nang madokumento ni Fansler ang mga metriko romanseng Tagalog gaya ng mga awit. Gayumpaman, hindi gaanong nagbago ang katangian nito mula sa mga unang awit nang siglo 19. Pundamental ang paglalagat dito ng mga prinsipyo ng simbahan. Umaalingawngaw ang mga aral

ng doktrina hinggil sa mabuting pamumuhay. Halos wala nang bakas ng katutubong panulaan ang bersipikasyon sa *Patnubay*. Kung may dagdag na katangian ang akda na masisipat din sa halos lahat ng awit na nasulat ni Tuason, may malinaw itong paghahandog sa mga santo at santa at paliwanag sa mga piling babasa. Sa kaso ng *Patnubay*, inihahandog ito sa Birheng Maria samantalang laan ang paliwanag sa mga dalagang mambabasa.

Sa paliwanag ni Lumbea hindi matiyak ang mga sirkumstansiya sa paglawak ng anyong metriko romanse sa panulaang Tagalog. Ngunit tiyak naman ang halos sabay na pag-unlad ng parehong awit at korido sa dramang Tagalog. Bagaman may binabanggit si Jose Mario Francisco na apat na tipo ng panitikang umiral sa panahon ng Espanyol gaya ng (1) mga panitikang may kinalaman sa doktrina at panalangin; (2) mga akdang nagsasalaysay o nagtatanghal ng buhay ni Jesus; (3) mga awit, korido, at comedia; at (4) mga akda ng mabuting pamumuhay at kagandahang-asal, hindi masasabing sa mga relihiyoso lamang nagmula ang impluwensiya ng mga metriko romanse gaya ng *Patnubay* (Javellana 1988, 12). Hindi ito mahirap taluntunin ayon kay Lumbea. Kung babalikan ang kasaysayan, bukod sa masiglang kalakalang Maynila-Acapulco noong siglo 18, maaalala ring ang mga ginawang paglalayag ng Buen Consejo kaugnay ng mga pakikipag-ugnayan ng Espanya sa Mehiko para sa mga bansang kolonya nito, dumaong sa bansa ang mga klerigo, opisyal, sundalo, at mandaragat na pawang katutubo ng Mehiko. Ang dalawang huling grupo ang higit na nagkaroon ng pakikisalamuha sa mga Filipino at nakapag-ambag sa kultura ng masa sa pamamagitan ng pagpapakasal. Dahil taglay nila ang impluwensiyang Espanyol sa sining-Mehikano, ito rin ang tinatayang ugat ng pagkakaroon ng sensibilidad na Espanyol sa mga tulang pasalaysay sa wikang Tagalog (Lumbea 1986, 54).

Madaling nakauugnay ang Filipinong mambabasa sa mga tipo ng romanseng taglay ng mga drama at tulang pasalaysay na Espanyol. Nagsilbing kanlungan ng matitingkad na pantasya at klasikong naratibo ang mga metriko romanse. Kung susuriin ang kaligirang historikal ng mga ito, masisipat ang ugnayan ng mga teksto sa mga bumalot na sirkumstansiyang politikal sa bansa sanhi ng pananaig ng kapangyarihang kolonyal.

Umiral ang magkakasanod na pag-aalsang inilunsad sa magkakaibang lugar. Taong 1744 nang sumiklab ang pag-aalsang inorganisa ni Francisco Dagohoy sa Bohol, 1762 nang pamunuan ni Juan dela Cruz Palaris ang pag-aalsa sa Pangasinan at gayundin ang kay Diego Silang. Sa Kamaynilaan naman, hinarap ng mga mamamayan ang perhuwisyong dinulot sa mga impraestraktura at establisimyento sanhi ng pananalakay ng mga Briton. Sa ganitong gana nagsilbing anyong panlibangan ang pagbabasa at pakikinig ng mga Filipino sa mga metriko romanse. Kapuna-puna sa mga naunang halimbawa ng mga Tagalog na tulang pasalaysay ang pagiging malayo nito sa realidad, ang pagdistansiya sa dawag ng panahon, ang pagtuon sa sariling suliranin, at ang pagsentro ng mga tindig ng relihiyon hinggil sa marangal at matuwid na pamumuhay (Lumbea 1986 54). Ito ang kalaunang magiging kaibahan ng tulang pasalaysay na tumutuon din sa pamamatnubay at paglalahad ng panuto gaya ng “Tagubilin at Habilin” ng makatang Jose F. Lacaba. Malayo sa estilo at didaktismong tanging nagbibigay diin sa sarili lamang, ang pagbibilin ng persona sa tula ni Lacaba ay laan para sa sambayanang dumaranas din ng hapis at karalitaan mula sa sistematikong pananamantala. Ito ang temang naglalagat ng malaking puwang sa pamamatnubay ng “mga relihiyoso at banal” sa akda ni Tuason. Dagdag pa, walang piksiyonal sa minumusa ni Lacaba. Realistiko itong nangungusap at nagpapayo sa mga “kaibigan” na dumaranas ng pang-aapi sa magkakaibang mukha at hibo. Mapapansing ang sektoral na mambabasang pinagtutuunan ni Tuason ay babaliin ni Lacaba sa pagbanggit ng karaingan ng bayang nadarama ng lahat ng aping mamamayan.

### Ang Usapin ng Sensura

Taong 1901 nang malimbag ang awit na *Patnubay nang Cabataan o Talingbagang Bubay ni Eliseo at ni Hortensio*. Nilimbag ito ng Establecimiento Tipografico de Modesto Reyes nang may lubos na

kapahintulutan. May nakatala sa unang pahina nito na “*calinislisisan at lubhang mapagcalingang puso ni Maria*” at sa dulo naman ay may pagpupuri kay S. Luis Gonzaga na siya diumanong “tanging pintacasi nang cabataan.” Nakalaan ang unang bahagi ng akda sa paghahandog kay Birheng Maria na sinusundan ng maikling paliwanag at pag-uukol sa mga dalagang babasa.

Ang lubos na kapahintulutan sa unang pahina ng aklat ay pagpapatunay sa sensura ng imprenta na iginawad ng mga Espanyol sa Filipinas kaugnay ng pagbuo ng lipunang Kristiyano. Ang gayong pahayag sa teksto ay nangangahulugan ng iginawad na lisensiya ng parehong gobyerno at ng pamahalaan sa paglilimbag at pamamahagi ng akda. Ayon kay Rene B. Javellana, S.J., sa kaniyang paliwanag sa unang bahagi ng pananaliksik sa *Mabal na Pasion ni Jesucristong Panginoon natin na Tola* ni Gaspar Aquino de Belen, ginamit ng simbahan at ng pamahalaan ang sensura ng imprenta upang tiyakin na lahat ng limbag ay hindi lumilihis sa umiiral na kaayusan at naangkop sa wastong aral ng simbahan at hindi banta o nakapipinsala sa gobyerno (1990, 13). Binigyang-diin niya rin na bahagi ng paghuhugas-isip sa mga Filipino ang mga pinairal na sensura ng mga Espanyol. Ang institusyonalisyong ginawa upang itampok ang kabuluhan ng mga sensura ay makikita sa pagtatatag ng Comision Permanente de la Censura noong 1852. Aniya, pawang mga taong simbahan at pamahalaan ang lupong bumuo sa komisyoning ito. Nag-ugat sa naging mga kautusan ng hari ng Espanya sa kaniyang mga kolonya ang kasaysayan ng ganitong tambalan ng mga awtoridad hinggil sa sensura:

Bago itatag ang Comision Permanente sa Pilipinas, ang censura ay atas na gawain para sa sangay ng Comision de la Santa Inquisicion. Ang Inquisicion sa Pilipinas ay sangay ng pamahalaan at hindi ng Simbahan. Nagsimula ang inquisicion sa Espanya sa pasimuno ng Haring Fernando at sa simula’t mula pa hindi napailalim sa kapangyarihan ng Papa o ng kanyang mga galamay ang inquisiciong Kastila. Sapagkat ang sangay ay nasa ilalim ng Comision sa Mehiko, hindi sapat ang kapangyarihan nitong lumitis sa mga erehe. At ayon na rin sa umiiral na pananaw na ang mga indio ay mga “musmos” sa larangan ng pananampalataya, ligtas sila sa mga paglilitis at paghahabla. Bilang pangunahing gawain, nauuwi ang sangay sa pagsusuri ng mga akda. Ayon sa batas ng Espanya hindi lahat ng mga aklat na may pahintulot ng Roma ay pababayaang kumalat sa kapuluan hanggang hindi dumaraan sa *calcificacion*, o pagsusuri. Tulad ng Santo Papa, may sarili ring talaan ang hari ng mga aklat na *prohibido* at *expurgado*. (Javellana 1990, 15)

Mahihiwatigan ang pagsunod ng mga akda ni Tuason sa estilo ng pag-iingat ng mga Espanyol sa paglilimbag dahil tumalima ang *Patnubay* sa lahat ng kahingiang pansensura ng Real Cedula. Malinaw ang lohika ng paglulunsad ng mga ahensiyang pansensura noong kolonisasyong Espanyol. Mahalagang binabanggit muli ni Javellana ang ilan sa mga esensiya ng pagtatatag ng sensura upang hubugin ang layunin ng kolonisasyon:

Kung ang panitikan ay kinasangkapan sa pagtatatag ng lipunang Kristiyano, ang *censura* ng imprenta naman ang ginamit na paraan ng Simbahan at pamahalaan para matiyak na ang lahat ng limbag ay ayon sa tumpak at tamang aral ng Simbahan at hindi nakapipinsala sa gobyerno. Inilalarawan minsan ang censura bilang isang uri ng paghuhugas-isip, ngunit ito’y labis na pagpapahalaga sa papel na ginampanan ng censura. (1990, 13)

Ang Real Cedula bilang tagapagtiyak ng sensura ng pamahalaan at ng simbahan ang isa sa mga nagtiyak sa pag-angkop ng mga teksto sa ideolohiyang pinamamayani ng pananampalatayang Kristiyano noong siglo 19. Makikitang tunay na pangalan ang gamit ng awtor sa akda at hindi anonimo. Nakasaad din sa unang pahina ang buong pangalan ng naglimbag, ang taon, at ang petsa ng pagkakalimbag. Pahiwatig na hayagan at hindi lihim ang paglikha rito upang mag-ambag sa litaw na produksiyong pampanitikang tanggap ng Comision Permanente de la Censura. Ang buong pahayag nito sa pabalat na “May lubos na capahintulutan” o “con las licencias necesarias” ay pagtiyak sa kongkretong permisong iginawad ng parehong pamahalaan at simbahan.

## Buod ng Teksto

Tungkol sa dalawang binatang nagtagpo upang taluntunin ang kabuluhan ng kanilang mga buhay ang *Patnubay*. Ang unang binatang si Eliseo ay isinilang at lumaki sa isang masaganang siyudad, ang Limang, Perung. Namuhay siya rito nang matiwasay kasama ang mga magulang. Kagyat ang banggit sa kaniyang pagiging ulila ngunit walang paliwanag sa akda hinggil sa sanhi ng pagpanaw ng kaniyang ama noong siya’y dalawang taon pa lamang at ng kaniyang ina noong siya’y maging apat na taong gulang. Inaruga siya ng kaniyang tiyo. Matalino at masipag na binata ang kaniyang tiyuhin ngunit kalaunan ay namatay rin. Pangungulila at pag-iisa ang ugat ng kalungkutan ni Eliseo.


Binaybay niya ang tabing-dagat habang nagdaralita at nananangis. Natanaw siya roon ng kapuwa binatang si Hortensio habang pagal sa pamimighati at pagluluksa sa buhay. Nilapitan siya nito at tinanong kung bakit mag-isang nahihimpil sa tabing-dagat. Ayon kay Eliseo, isa siyang ulilang puno ng hapis ang daigdig. Sa gayong konteksto pinagkalooban ni Hortensio ng munting paalala si Eliseo: “Laganap ang aua nang Dios sa atin: / pacaasahan mong hindi magmamalio / ang dating calinga sa nahihilahil” (9). Sa pagsibol ng unang paalala nagsimula ang kanilang makabuluhang samahang pundasyon ay “patnubay.”

Ang ikalawang binatang si Hortensio ay namuhay sa ilalim ng pamamatnubay ng pari. Siya ay 19 na taong gulang at may nag-iisang kapatid na nagngangalang Emilia. Tumuntong na sa ika-41 taong gulang ang relihiyosang si Emilia. Upang mapawi ang kalungkutan ng kaibigan, ipinangako ni Hortensio na sasamahan ito hanggang sa makatagpo ng aasawahin. Nagpaalam si Hortensio sa amaing pari upang damayan ang kaibigan. Sa kanilang paglalakbay, ipinayo ni Hortensio kay Eliseo na makipagkilanlang mabuti sa isang babaeng matitipuhan sa pamamagitan ng liham. Ginawa ito ni Eliseo.

Minsang dumungaw sa bintana ang magkaibigan at natanaw nila si Eufrasia. Nagustuhan ni Eliseo ang huli. Agad siyang nagpadala ng liham ngunit tinanggihan nito ang hiling na maging magkasintahan sila. Muling nalungkot si Eliseo. Sa paghahanap ng mapapangasawa, ilang tao ang magpapayo sa kaniya ng mga patnubay hinggil sa pagpili ng wastong kakasamahin. Bukod kay Hortensio, isang matandang lalaki, ang kakaseng si Fidel, ang pari, at ang unang natipuhang si Eufrasia ang nagsilbi niyang mga susing tagapayo.

Samantalang tuliro pa rin si Eliseo sa pagtanggap ginawa ni Eufrasia, si Hortensio naman ay tumanggi rin sa pagtatangi ng dalagang si Eduvigis. Maganda si Eduvigis ngunit taglay ang paimbabaw na kabaitan. Mangingibig niya si Valerio na pamangkin ng isang pari. Hambog si Valerio. Sa lubhang paninibugho niya sa pagtangi ni Eduvigis kay Hortensio, sinaktan niya ang huli. Binalak niyang lasunin si Hortensio. Hindi lamang natuloy dahil isiniwalat ito ni Eliseo.

Habang sinusubok pa ring makahanap ng kakasamahin, unti-unting natutukoy ni Eliseo ang ideal na babae para sa kaniya. Mula ito sa pinagsama-samang patnubay galing sa iba’t ibang tao—mahinhin ang asal (mula sa matandang nakausap), masaya ang mukha, mahinhin ang mata at mabini ang kilos (mula kay Hortensio), at tumutupad ng dakilang katungkulan sa Diyos, sa sarili at sa kapuwa (mula sa kaniyang maestro). Ipinayo ni Eufrasia na makipagkilanlan pa si Eliseo sa magkapatid na dalagang sina Esperanza at Eduvigis at sa kanila pumili ng kakasamahin.



**Ang orihinal na imahe ng pabalat ng aklat. Mula sa E-book na inilabas ng Project Gutenberg.**

Palakaibigan si Esperanza ngunit wala siyang kahinhinan at masama ang bibig. Tinagurian namang talipandas si Eduvigis. Walang ibang mabuti sa kaniya kundi ang sarili. Kinamumuhian siya sa pagiging masumbatin at mapagngitngit. Sinangguni ni Eliseo kay Hortensio kung sino ang pinakamabuting kasamahin sa dalawa. Sa huli'y pinili ni Eliseo si Esperanza. Matapos ang tatlong taong panliligaw sa huli ay nag-isang dibdib ang dalawa. Si Eduvigis naman ay ikinasal kay Fidel tatlong buwan matapos ang pagpapakasal ni Esperanza. Dumating ang pagsubok sa magkapatid nang makilala nina Fidel at Eliseo si Efigenia, isang dalagang taglay ang ugaling wala sa dalawa at walang kapintasan. Nalutas din naman ang suliraning ito sa pamamagitan ng pakikipag-usap ng magkapatid kay Efigenia.

Sa huli, naging mabuti ang pagsasama ng mga mag-asawa. Nagwakas na rin ang pamamatnubay ni Hortensio sa kaibigang si Eliseo. Matutuklasang iisa ang direksiyong tinahak nina Hortensio at Eufrosia. Ang una ay nagpasiyang magpari at bilang panata sa Birhen, si Eufrosia ay naging relihiyosa.

### Iba't Ibang Imahen ng Kadalagahan

May limang dalaga sa kabuoan ng awit. Ito ay sina Emilia, Eufrosia, Eduvigis, Esperanza, at Efigenia. Unang ipinakilala si Emilia bilang kapatid ni Hortensio. Ayon sa salaysay, siya ay mahinhin, matalino, at maganda ngunit di kailanman nabighani sa idea ng pag-aasawa. May 41 taong gulang na si Emilia at mula't sapul inialay niya ang buhay sa paglilingkod sa Diyos. Mahihiwatigang isang beata si Emilia. Hindi siya kailanman nagpaligaw dahil tiyak siya sa hangaring ihandog kay Jesus ang kaniyang puso at kaluluwa. Ganito ang karaniwang tagpo sa kaniyang mga tagahanga:

Bagama,t, marami niyong dacong arao  
nabihag nang ganda niya,t cariquitan;  
dapoua,t, ang bauat, magsabi nang pacay  
hindi na macuhang muling ipagsaysay. (28)

Dahil sa kapasayahang ito, pinili ni Emilia na ihabilin ang noo'y bagong silang na kapatid sa tiyong si Fabio. Mula kay Fabio ay napunta ang bata sa isa nilang pinsan. Pagsapit ng ikapitong taon ni Hortensio, isang pari na ang kumupkop at kumalinga sa kaniya. Iyon lamang ang naitakdang paglalarawan sa naging gampanin ng dalagang si Emilia sa akda.

Ang ikalawang dalaga ay si Eufrosia. Siya ang unang napusuan ni Eliseo sa simula ng kanilang paglalakbay ni Hortensio. Buhat nang matanaw ni Eliseo ang dalaga sa hardin mula sa isang bintana, nagpahiwatig na siya ng pagnanais na manligaw. Isang bunying dalaga na may pusong garing si Eufrosia. Tanging aliw niya ang pag-aalaga sa kaniyang mga bulaklak at halaman sa hardin. Ngunit gaya ni Emilia, masidhi ang desisyon ni Eufrosia na *“maglingcod sa Hari nang langit at lupa.”* Nabalewala ang pagtatangi ni Eliseo dahil sa gayong katugunan ng dalaga:

Ligaya sa mundo ang iyong pangaco  
igauad sa aqing tumatanging puso,  
dalisay na sinta,t, tunay na pagsuyo  
nguni,t ualang daan ang iyong pagsamo.

....

Pagca,t, malaon nang tinica nang diua  
na aqing lisanin ang sa mundong daya  
at sa isang silid na lubhang payapa,i,  
maglingcod sa Hari ng langit at lupa. (47)

Lubusang pagkabigo ang sinapit ni Eliseo sa kapasiyahan ni Eufrosia kaya nagpatuloy siyang maghanap ng kaniyang mapapangasawa. Sinunod ni Eliseo ang payo ni Eufrosia na tumungo sa ikawalong bahay. Doon siya nakipagkilala sa dalawang dalaga. Tunay nga at dito niya nakadaupang-palad ang magkapatid na sina Eduvigis at Esperanza.

Panganay sa magkapatid si Esperanza. Siya'y palakaibigan, masayahin, at maawain sa kapuwa. Gusto sana siya ng mga tao sa kaniyang paligid ngunit dahil sa pagiging mapintasin ay nag-aalangan silang lumapit. Ayon sa teksto, dahil sa ugaling iyon, nagkulang na muntik ang kaniyang kahinhinan. Ang bunso namang si Eduvigis ay kabaligtaran ng kaniyang ate. Siya'y mahinhin, tahimik, at matimtiman. Tanging bahay at simbahan lang ang kaniyang pinupuntahan. Sa kabila nito may mga tangi siyang kapintasan. Madali siyang mamuhi kahit sa hindi mahalay na bagay, kung nababagot at nagagalit ay parang tahimik na halimaw, nagngingitngit na parang demonyong walang kaparis kung hindi makuha ang nais. Dagdag pa, masumbatin din ang huli kung hindi papupurihan.

Ang huling dalaga sa akda ay si Efigenia. Tampok ang kaniyang karakter matapos ikasal si Eliseo kay Esperanza at si Fidel kay Eduvigis. Si Efigenia ay 18 taong gulang na. Maganda at mapanghalina ang kaniyang hitsura. Ganito ang paglalarawan sa dalaga:

Tila naglalambing cung siya,i, mangusap  
na nacalulugod sa quinacaharap,  
at cung lumacad pa,i, tila umiindac  
sampo nang pag-imbay ay tama sa cumupas. (67-68)

Naging hamon ang pagdating ni Efigenia sa buhay ng magbilas na Eliseo at Fidel dahil natukso sila sa ganda at halina ng dalaga. Bagong kasal pa lamang ay namayani na ang paninibugho sa magkapatid na Esperanza at Eduvigis. Tinungo at kinausap nila si Efigenia. Napanatag naman sila nang mabatid na hindi niya gusto ang sinoman sa dalawa. Matapos ang yugto ng paninibugho, wala nang sumunod na banggit pa kay Efigenia.

May tatlong pangunahing katangian ang mga dalaga sa *Patnubay*. Sila'y relihiyosa, matabil, at tukso. Sina Emilia at Eufrosia ang kumakatawan sa unang katangian. Sila ang mga dalagang tila walang taglay na imperpeksiyon sa akda. Tangi silang nabubuhay upang aralin ang mga turo ng Diyos at maglingkod sa Kaniya nang buong kalooban. Silang dalawa ang piling naghandog ng mga tagubilin sa pagpapakabanal kay Eliseo. Ang mga matabil naman ay ang magkapatid na sina Eduvigis at Esperanza. Natatangi ang magkapatid dahil bagaman inilarawang may mga mabuting katangian gaya ng pagiging palakaibigan at palasimba, namayani ang kanilang pagiging mapagmaktol, makasarili, at mainggitin. Tukso naman ang naging gampanin ng huling dalagang si Efigenia. Lumitaw siya ilang buwan matapos ang kasal ng magkapatid. Taglay ni Efigenia ang kabaligtaran ng mga kapintasan nina Eduvigis at Esperanza kaya naakit dito ang kani-kanilang mga asawa.

Ang tatlong namamayaning katangian ng limang dalaga sa akda ay bahagi ng pagpapatingkad ng awtor sa kaniyang mga layuning iparating sa mga mambabasang dalaga ang mga “panuto sa tunay na landas.” Esensiyal sa bungad ng aklat ang bahaging “Sa manġa dalagang babasa nito.” Sinasabi ng may-akda na sa panahon ng “pamumukadkad” lalong mahalagang mabasa ang aklat. Kung babalakin ng mga dalaga, na inilalarawan sa kabuoan ng teksto bilang bulaklak na namumukadkad o nagdadalaga, na pahalagahan ang sarili, makikita niya ang malaking kapakinabangan ng *Patnubay*. Sapagkat ang mga namumukadkad na mga bulaklak ay lohikal na inuugnay ng may-akda bilang mga tagapagbigay-aliw sa tahanan at ligaya sa bayan. Sa ganito unang inilarawan ng may-akda ang kababaihan sa teksto. Pero ang mga kapitulo ang siyang magpapatingkad sa reiterasyon ng namamayaning prehuwisyo sa mga katangian ng kababaihan sa kaniyang panahon.

Sa ika-13 kapitulo, esensiyal na pinatingkad ang katangian ng pagiging mapagtiis upang iugnay sa “mabuting dalaga.” Kinakitaan ng katiisan sina Emilia at Eufrosia nang ialay nila ang buong buhay sa pagiging relihiyosa. Hindi sila nagpaakit sa pag-aasawa at sa halip ay nagpakupkop alinsunod

sa puso ni Maria. Ito ay ginawa nilang pareho upang tugunan ang tagubilin sa pagpapakabanal na siyang sentral at dapat tugunan ng mga “namumukadkad” na dalaga. Ang hindi pagtugon sa tugton ng Diyos ay nangangahulugang maaaring mag-asawa gaya ng ginawa nina Eduvigis at Esperanza. Kinailangan din nilang magtiis sa mga katangiang inaasahan sa kanila ng kani-kanilang asawa. Mauulinigan sa ibaba ang magaspang at dominanteng pakikitungo ni Fidel kay Eduvigis batay sa pananalita ng una:

Houag acalaing icao,i, pinupuri,  
ineng, cundi bagcus lalong naiimbi:  
mag-uariuari ca,t, ang lalong mabuti  
ay magpacababa ang isang babayi.

Ang sala nang iba,i, iyong titiisin  
pagca,t, tayong lahat nagcacamali rin:  
pagbata na hija,t, baca acalain  
nang tauong hindi co icao sinusupil. (71)

Kaugnay ng katiisang ito, binabanggit din sa parehong kapitulo ang karapatang alayan ng bulaklak (bilang simbolismo ng paggalang) ang piling kababaihan. Ayon dito “Ang mga bulaclac ay iniaalay / sa hindi nagmana sa sala ni Adan” (75). Sa ganitong gana, mahihiwatigang ang *Patnubay* ay may proyektong inormalisa ang kalakaran ng pagsupil sa karanasan at paghahayag ng kababaihan gaya ng panitikang kostumbrismo at katekismo. Inilalarawan dito ang mga katangian ng pagtitimpi at pagtitiis ng kababaihan at pilit na pagkamagino, pagkabayani, at pagkamarangal ng kalalakihan alinsunod sa interpretasyon ng kabutihan mula sa simbahan.

Kapuna-puna ang paggamit ng metaporang bulaklak sa pasimula ng akda ni Tuason. Ang pagtatangi sa terminong “pamumukadkad” bilang pamalit sa salitang dalaga o pagdadalaga ay maiuugat sa seksuwal na konotasyon. Ang paglalangkap at pag-uugnay ng bulaklak sa imaheng babae ay nag-uugat sa usapin ng birhinidad. Mahihinuhang sa simula pa lamang ng akda, inihahanda na ni Tuason ang mga dalagang mambabasa sa proseso ng pamumukadkad o pagpapahalaga sa birhinidad. Ang kodang pangkultura na bulaklak ay ang dalagang tuluyang mamumukadkad sa tulong at balidasyon ng lalaki. Ito ang deklarasyon ng silbi ng pamamatnubay para kay Tuason.

### Ang Mahiwagang Titik “E”

Kapuna-punang lahat ng ngalan ng limang dalaga sa *Patnubay* ay nagsisimula sa titik E. Ang natatanging paralelismo ng titik na ito ay ang pagkakaroon ng mga santang taglay ang pangalang nagsisimula rin sa gayong titik na namanata at naglingkod sa Birheng Maria. Isang beata mula sa Constantinople si Santa Eufrasia at sa murang edad na pito ay nagpahiwatig ng kagustuhang pumasok at mamuhay sa monasteryo. Nagmula naman sa Alemanya ang dating dukasang si Santa Eduvigis. Isa siyang relihiyosang naglaan ng buhay sa paglilingkod sa mahihirap at nagtaguyod ng monasteryo para sa mga madreng Cistercia. Ang ngalang Esperanza naman ay halos matutunghayan sa mga beata at monghang naglingkod din sa mga Kongregasyon ng Birheng Maria sa Asya, Timog Amerika, at Europa. Anak naman ni Haring Eggipus ng Ethiopia si Efigenia. Inialay siya ni San Mateo sa Diyos at mulang pagkabata ay hindi rin naakit na mag-asawa kundi tanging sa paglilingkod lamang sa Panginoon. Ina naman ng limang santo si Emilia. Ito ay sina San Basil na Dakila Santa Macrina, San Pedro ng Sebaste, San Gregoryo ng Nyssa, at San Theosebia.

Ang impluwensiya ng pagpapangalan sa mga santo at banal na tao ay kasabay na itinulot ng panitikang doktrinal sa panahon ng kolonyalismong Espanyol sa Filipinas. Ang ganitong sistema ng pagpapangalan ni Tuason sa limang dalaga sa *Patnubay* ay bahagi ng kaniyang pagtitiyak na ang mga ito ay magsasabuhay ng kabutihan at pananampalataya ng mga santang ginayahan ng mga pangalan. Isang estratehikong paraan ang pagpapangalan upang mapatingkad ang ubod ng

idealisyong nilalayan ng may-akda kaugnay ng pagpapasakop at pagsasakripisyo. Dahil ukol sa kadalagahan ang akda, inaasahang sa pamamagitan pa lang ng pag-alam sa kasaysayan ng pangalan ng mga tauhang babae ay maigagawad na ang praktikal na kapakinabangan nito sa “capanahunan nang pamumucadkad.”

### Ang Bayan

Ganito ang pagtukoy sa bayang pinagmulan ni Eliseo sa unang kapitulo ng akda: “Sa Limang capital nang Perung calac-ha, masaganang ciudad nang maraming yaman” (10). Sa talababa ng akda, may dagdag na paliwanag kung bakit ginamit ang salitang “masagana” upang tukuyin ang bayang ito. Sinasaad dito na: “*Lima capital nang republica nang Peru, may silla-arzobispal, may Universidad, at iba pang establecimientos literarios; ang manga simbahan ay sagana sa manga alhajas at ornamentos. Sa ciudad din namang ito lumitao ang cabalitaang Sta. Rosa de Sta. Maria Patrona de las Indias*” (10). Kabilang ang Peru sa mga bansang matatagpuan sa Timog Amerika. Malapit ito sa Mehiko na noon ay sentro ng ugnayan ng Espanya (mulang siglo 17 hanggang siglo 18) at ng mga bansang nasakop nito. Una nang nabanggit sa papel na ito na ang malaking tipak ng impluwensiyang pampantikan na matatagpuan sa mga metriko romanseng Tagalog ay hindi lamang nagmula sa simbahan kundi sa dinala ng mga Mehikanong kongkistador sa Filipinas. Sa panitikang ito mayaman ang paglalarawan sa mga kalapit-bansa ng Mehiko gaya ng Peru.

Mahihiwatigang maunlad na bayan ang pinagmulan ng sentral na tauhan sa akda hindi lamang sa pagiging kabisera ng Lima kundi dahil sa mga institusyon at estrukturang matatagpuan dito. Ang unibersidad at establecimiento literarios ay pahiwatig sa pagpapahalaga sa kalinangang pang-edukasyon ng komunidad; ang silla-arzobispal naman ay nangangahulugan sa taglay na lawak ng gawain at kapangyarihang panrelihiyon ng Lima. Maaaring hindi simpleng parokya ang simbahang naroon ngunit posibleng tukuyin ang pagiging malakatedral nito dahil sa mga ornamentos at alahas na pinanglarawan. Kung titingnan, kompleto ang mga katangian ng isang pueblo sa iginuhit na bayan ng Lima. Naroon ang sentro ng kapangyarihan, pananampalataya, at karunungan. Ito ang bayan at si Eliseo ang halimbawa ng tagabayang pamamatnubayan ng mga susing tao upang higit na umangkop sa espasyong kinapalooban niya.

Sa *Patnubay* ni Tuason, inilalarawan ang edukasyong natamo ni Eliseo bago lisanin ang Lima. Maaga niyang natamo ang edukasyon sa isang pantas. Pitong taong gulang siya nang ipadala ng amain kay Maestro Pancracio upang mag-aral. Dito niya nabatid ang mga kagandahang-asal at mga katungkulan. Ginuguol niya ang panahon sa pakikinig sa mga dakilang aral ng maestro sa loob ng 11 taon. Sa talababa ng akda, isinasaad na isang mentor si Maestro Pancracio. Dati siyang guro ni Telemaco na anak ni Haring Ulises. Bilang Maestro, pinahihintulutan din siyang humatol at kumalinga sa kaniyang mga disipulo.

Nilisan ni Eliseo ang maunlad at masaganang siyudad ng Lima dahil kinailangan niyang tugunan ang pangungulila sa pamamagitan ng paghahanap ng makakasama. Bitbit niya hindi lamang ang mga bilin ng amain kundi ang mga dakilang aral ng kaniyang maestro. Nagmula sa kanayunan ang naging matalik niyang kaibigang si Hortensio. Sa pasimula, may bungad na sa lugar na pinagtagpuan nilang dalawa: “Sa tabi ng isang malauac na dagat / na pinanununghan nang bundoc at gubat” (7). Bagaman si Hortensio at ang mga dalagang makikilala ni Eliseo ay hindi nagmula sa Lima, sa dulo ng awit, babanggiting sa bayan din ang patutunguhan ni Hortensio upang pumasok sa kumbento at magpari; si Eufrasia naman, upang maging beata.

Sa bayan nagsimula at sa bayan din ang pagwawakas ng awit. Dito iginuhit ni Tuason ang tila misyon ng mga pangunahing tauhan na tugunan ang tawag sa bayan o sa sentro. Matingkad ang paglalarawan sa naging misyon ni Hortensio na gabayan ang kaibigan habang nagpapasiya sa tawag ng paglilingkod. Si Eufrasia na unang inibig ni Eliseo ay buong loob na nanindigang ihahandog ang sarili sa banal na katungkulan ng pagiging relihiyosa sa simbahan. Ang mapanghamig na tinig ng

awit sa pamamagitan ng pananampalataya ay nagpapabalido sa kapasidad ng panitikang Kristiyano na panatilihin ang idealisasyon ng kaayusang kolonyal. Hindi tinangkang hamunin ng *Patnubay* ang bayang pinagmulan ni Eliseo tungkol sa kaayusang mayroon ito kundi ginawa nitong ideal na tunguhan ang bayan ng mga tunay na naglilingkod sa kapuwa at sa Diyos. Ang ganitong kaayusang panlipunan ay praktikal na matatagpuan sa panulaan noong kolonyalismong Espanyol:

Poems telling of an idealized society from which the colonial masters descended revealed a world from which the audience could acquire at least the veneer of urbanization that town life called for. Just as the town folk took care of their spiritual needs by chanting or listening to the lives of saints and the Passion of Christ, so they tried to acquire social polish through metrical romances recounting the tales of courtly heroes and their ladies. (Lumbera 1986, 54)

May kaakibat na idealisasyong kolonyal ang pagroromantisa sa bayan na makikita sa *Patnubay*. Ang terminong “tagabayan” ay panawag sa mga nakatira sa palibot ng pueblo. Bilang bahagi ng sistemang kolonyal, ang pueblo ay sumasagisag sa isang espasyong kinatatampukan ng mga pangunahing institusyon ng kapangyarihan gaya ng simbahan, pamahalaan, at paaralan. Binabanggit pa ni Lumbera na umiral ang polarisasyon ng tagabayan at tagabukid sa lipunang Filipino sa pagsiklab ng Rebolusyong 1896. Pantukoy sa mga ilustrado ng Cavite na umagaw sa pamumuno ng rebolusyon ni Bonifacio at ng masa ang katawagang *tagabayan*. Naging rekisito ang edukasyon sa pamunuan at dahil dito’y natiyak ng mga gaya nina Felipe Calderon, Pedro Paterno, at Benito Legarda ang pagbabalewala sa mga *tagabukid* na unang nagpunla at tumugon sa kahingian ng pagbubuo ng nasyon. Dagdag pa niya, isang likhang kolonyal ang konsepto ng tagabayan. May pribilehiyong nakadikit sa katawagang tagabayan dahil sa pangongondisyon ng mga Espanyol na dito nagmumula ang lahat ng kapangyarihan at karunungan dapat sundin at mabatid ng kanilang nasasakop. Ngunit sinususpinde ni Lumbera ang katangiang liberal ng tagabayan dahil sa labas o sa mga tagabukid nagmula ang agresyong kalaunan ay naging pangunahing katangian ng rebolusyonaryong pagkilos (Lumbera 1997, 85).

## Ilang Tala sa Babae Bilang Diskursong Kolonyal

Sa pagtalunton ni Lilia Quindoza Santiago sa pagkahubog ng pagkababae sa kalinangang Filipino, itinampok niya ang mga danas ng kababaihan bago at sa panahon ng kolonyalismong Espanyol. Ayon sa kaniya:

... mauunawaan ang relatibong mataas na katayuan ng kababaihan bago dumaong ang Islam at Kristiyanismo sa bansa kung susuriin ang kabuuang kaayusan ng mga katutubong komunidad sa panahong iyon. Karamihan sa mga ito ay nakasandig sa ekonomiyang nakasasapat at agrikultural. Ang lupa o ang katihan, ang ilog o ang dagat na hanguan ng ikabubuhay ay masasabing pag-aari ng lahat; ang pamilya o angkan ay batayang yunit sa produksiyon. At sapagkat buong komunidad ay kalahok sa paggawa upang makapagluwal ng mga kahingian sa buhay, maaaring walang takdang lugar ng trabaho ang lalaki at babae.” (1997, 19-20)

Nagsimulang mabalawah ang gayong sistema’t kaayusang politikal-siyentipiko-kultural ng prekolonyal na panahon nang umiral ang ramipikasyon ng patriyarkang dala ng mga Espanyol. Gumuhit ng pilat ang pagbalaho sa katutubong kaayusan pagdating ng siglo 16. Naging erbolaryo, hilot, at bruha ang mga babaylan. Tinanggalan ng kapangyarihang politikal ang mga pinunong babae ng mga tribo at sinimulang gawaran ng kapangyarihan bilang tagapamagitan ng Diyos at tao ang lalaking babaylan. Ipinasok ang kalinangang Kristiyano at ito ang naging simula ng pagsupil sa karanasan at paghahayag ng karanasan ng kababaihan (Quindoza-Santiago 1997, 22-23).

Lubusang nagbago ang danas at posisyon ng kababaihan sa Filipinas sa pagdaong ng mga idea at paniniwala mulang Peninsulang Iberian (Espanya, Portuges, Pransiya, at Andorra). Hindi

malayong ang mga kaisipan hinggil sa kababaihan sa simbahan at lipunan sa panahon ng Siglo del Oro ang siyang inilapat at ipinatupad sa mga kolonya ng Peninsulang Iberian (Mananzan 2003, 13).

Ang paglalakbay ng panitikang Midyibal sa panahon ng Siglo del Oro ay malayo sa anyo, estilo, at estetika ng panitikang-bayang dinatnan ng mga Espanyol. Sa loob ng halos isang siglo ng pananatili at paglilibot sa arkipelago, unti-unting naglaho ang artikulasyon ng kababaihan sa panitikan. Sumentro sa mga panitikang doktrinal o kostumbre ang mga akdang dala ng kongkistador. Naging mapanlinlang ang paglalagay sa pedestal ng babae bilang bituin, prinsesa, at diyosa (Quindoza-Santiago 1997, 47-48). Umiral ang panitikang may kinalaman sa doktrina, katesismo, pagpagnilay, at pagtatanghal sa buhay ni Kristo hanggang unang hati ng dantaon 19.

Pagsapit ng ikalawang hati ng siglo 19, pumihit ang mga bagong anyong pampanitikan sa porma ng akdang kostumbreng nakatuon sa kababaihan. Binabanggit sa tala ni Rosario Cruz Lucero sa “Myth of the Ideal Woman” (2007, 55-56) na ang paglaganap sa mga panahong ito ng mga manwal ng kabutihang asal at aklat ng tagubilin ay pagpapakalat din ng panibagong anyong pampanitikan. Ibinahagi niya rito ang mabilis na paglaganap ng 68 aklat na nalimbag mulang 1852 hanggang 1899 mula sa pag-aaral ni Ma. Theresa Wright. Ayon kay Lucero, sa mga piling rehiyong tuluyang napasok ng mga Espanyol gaya ng Gitnang Luzon, Pampanga, Pangasinan, Ilokos, at Bikol, namayani ang panitikang doktrinal. Lumilitaw dito ang pagiging identikal ng mga limbag na akda batay sa mga natipon at naisaling aklat: *Lecciones de urbanidad cristiana* ni Torquato Torio (1866), *Paginas de la virtud* (1879) ni Jose P. Clemente; *Mga maximas nga espirituhanon con talamdan sang pamat-on sa pagcabuti sing sa cristianos nga tuud* (1890) at *Manga tagobilin na sa manga dalaga / Avisos saludables a las doncellas* (1889) ni Antonio Maria Claret; at *Pagsusulatan nang dalauang binibining si Urbana at ni Feliza* ni Modesto de Castro (1889).

Makikita ritong ang lehitimisasyon sa lahat ng winiwika at katayuan ng mga relihiyosong orden o misyonerong pangkat ay naisakatuparan sa pamamagitan ng pagsasalín. Hinubog ng pagsasalín ang kultural na okupasyon ng mga mananakop samantalang dinadalumat ang naging pagbabago sa ugnayang politikal ng mga Espanyol at Tagalog na sinasalamin ng mga akdang isinalin. Ipinakilala ang pagsasalín bilang “bagong” konsepto at/o kalinangan at hindi mapanganib na hakbang dahil sa pagsasakasangkapan sa mga banal na aral ng Kristiyanismo.

Binida rin ang babae sa unang nobelang Filipino, ang *Ninay* (1885) ni Pedro Paterno. Gaya ng mga naunang panitikang doktrinal ng Siglo del Oro, walang kapangahasan sa anomang porma ang bidang si Ninay. Melodramatiko ang pagsasalaysay sa kaniyang buhay at kamatayan. Nang masawi sa pag-ibig kay Carlos Mabagsic, sinuong nito ang pagiging beata hanggang sa dapuan ng kolera at mamatay. Naiba ang tipo ng paglalahad ng trahedya sa babaeng karakter gaya ni Ninay sapagkat idinaan ito sa pamamagitan ng retorika ng lamentasyon. Pinagwika ng pagsinta ang dalaga ngunit tila guhit ng palad na maagang mauwi ang kaniyang buhay sa sakit at kamatayan. Kinailangan ang huli bilang elementong magbibigay-lohika sa pagdadalamhati. Pasiyam ang paraan ng pagbabalangkas sa kabuoan ng teksto at sa pagitan ng mga kabanata isinasaad ang wastong kaugalian at pagkilos sa pagnonobena sa isang lamay. Sa akdang ito unang ginamit ang Pasiyam bilang tekstong lunsaran ng partikular na kostumbrismo.

Hindi rin nalalayo ang salaysay ng buhay ni Maria Clara sa *Noli me Tangere* (1887) ni Jose Rizal. Iginuhit ng magkakapatong na awtoridad nina Padre Damaso, Kapitan Tiago, at Linares ang katauhan ng dalaga. Kung may kongkretong itinakda si Maria Clara sa kaniyang sarili, ito ang magpakasal kay Crisostomo Ibarra. Bukod dito wala nang sitwasyong kahihiwatigan ng kaniyang pagdedesisyon. Nang ipagbawal ang kanilang relasyon sa dulong bahagi ng nobela, pinili ni Maria Clara na magpaagos sa trahedya at sumpa ng kaniyang pagkababae. Ayon kay Quindoza-Santiago, pinaksa ni Rizal ang kalagayan ng kababaihan ng kaniyang panahon at matutunghayan sa 19 na tauhang babae ang “doble-karang moralidad na itinaguyod ng mga prayle” (1997, 34).



Makabuluhan namang binabanggit ni Nicanor Tiongson sa kaniyang perspektiba sa *Kasaysayan at Estetika ng Sinakulo at Ibang Dulang Panrelihiyon sa Malolos* ang di malay na pagkakatangay nina Miguel Lopez de Legazpi at Fray Andres de Urdaneta hindi lamang sa abito at kalasag mulang Espanya kundi maging sa kaugaliang panrelihiyon ng Mehiko. Ang pag-iral ng inobasyon sa pagpapalit ng panahon ay makapagsasabi sa samut saring karanasang pinagsaluhan, pinagbunyi, at pinagtunggali ng mga mamamayan sa kolonisadong bansa sa loob ng tatlong dantaon. Sinusuhan ang katotohanang ito ng mga tekstong pampanitikan gaya ng mga dulang sinuri ni Tiongson mulang dantaon 16 sa Filipinas. Tunay na nilangkapan ng ultimong layuning pangkatekismo ng mga Espanyol para sa bansa ang mga dulang pumaksa sa panahon ng adbento, panahon ng panganganak kay Kristo, panahon ng kuwaresma, panahon ng Pagkabuhay at panahon ng Pentekostes o yaong mga dula sa misa de Aguinaldo.

Binabanggit ni Hommi Bhabha sa artikulong “The Question of National Literature in Nigeria” ni Joanna Sullivan (2001), na ang nasyon ay hybrid ng kultural na pagkakakilanlan. Kumbaga, nabubuo ito at umiiral sa kaisipan at kamalayan ng mga mamamayan depende sa materyalidad at kontrol ng panahon. Gaya ng nasyon bilang diskurso, ang pagbabalik tanaw at pagtatampok sa kababaihan sa panitikang kolonyal ay naging imahinatibo at piksiyonal tulad ng nangyari sa mga babaylan, mga mandirigma, at mga pinuno ng tribo. Naging balido ang pagiging manggagamot at tagapamagitan ng kababaihan sa Diyos sa pamamagitan ng pagiging beata. Ang tanging tugon upang mabago o maglaho ang piksiyonalisasyon sa kababaihan ay ang ibang uri ng pagsulat sa kasaysayan. May responsabilidad ang mga iskolar ng panitikan na pasinungalingan, sa pamamagitan ng mga talang pangkasaysayan, ang mga nakasisilaw o nakalilitong diskursong pangkababaihan na inilabas sa iba’t ibang yugto ng kolonyalismo sa bansa alinsunod sa diyalektikong batayan nito sa kasaysayan.

### Ang “Mabuti” sa Patnubay

Nakaangkla ang materyal na kondisyong inangkupan ng *Patnubay* sa ideolohiya ng Midyibal na Kristiyanismo. Ang dikotomiya ng “mabuti” at “mapanghamak” ay parehong makikita sa paraan ng pag-aakda sa kadalagahan ng *Patnubay*. Naglaan ito ng empasis sa “mabuti” sa pamamagitan ng pangangibabaw ng tradisyonal na balangkas ng mga tekstong panrelihiyon: sakripisyo, pagdaralita, paghingi ng kapatawaran, at pagsisisi. Ganito ang linyadong kaisipang ipinakilala ng mga ordeng panrelihiyon hinggil sa pagtatamo ng kapayapaan. Ang mga sakramentong pilit na pinasunod gaya ng pagpapabinyag, pagpapakumpil, pangungumpisal, pagpapakasal, at pag-aalay ng buhay sa Diyos at kay Maria ay pawang mga yugto sa pagtatamo ng ultimong kapayapaan.

Makabuluhang banggitin na esensiyal ang gampanin ng institusyon ng simbahan sa kabuoan ng akda. Ito ay dahil sa mga tauhang gaya ng amaing prayle ni Hortensio, si Hortensio, si Eufrazia, at maging si Emilia. Malaki ang ambag ng kanilang tinig sa mga naging desisyon at pagkilos ni Eliseo. Matatandaang sa ikalimang kapitulo, bukod sa inialay ng ina si Hortensio sa “Virgeng uwalang bahid nang sala” bago ito malagutan ng hininga ay ipinagkatiwala silang magkapatid sa prayle nang maulila. Kaya habang lumalaki, si Hortensio ay may estandardisadong katotohanan hinggil sa kaniyang katayuan bilang inampon ng prayle. Sa ikalimang kabanata pinatingkad ang anyo ng pagtanggap ni Hortensio sa kaniyang kapalaran:

Icapitong taon ang edad nang bata  
ay sa isang pare,i, pinacalinga  
mabait, marunong, at ang labi,t, dila  
ay batis nang aral na cahanga-hanga.

...

Lalo nang matantong lubhang mapagtiis  
sa pagod at puyat, sa pighati,t, hapis;  
at cahit mayroong maramdaming dibdib  
ay hindi sumuco sa dahas nang saquit.

....

Sa lahat nang bagay ay capos na capos  
sa canin at damit, sampong sa pagtulog;  
sa tanang casama na sa paring lingcod  
ay uala isa man lang na nagdalang lunos.

...

Aling cabaitan ang hindi magmalio  
sa gitna nang gayong hirap at hilahil,  
nguni,t, ang bayaning lubhang matiisin  
dusa ay hindi man lamang naidaing. (29)

Ang mga susing salitang *hapis, saquit, pigbati, hirap, bilabil, pagitiis, at daing* ay nagbibigay ng idea hinggil sa diskursong *pasion* at “Dapat Mabatid ng mga Tagalog” ni Andres Bonifacio. Maiaangkla ang daing at pasakit sa balangkas ng pagtitiis ni Kristo at ni Maria sa *pasion*. Sa mga piling saking na ito sa *Casaysayan nang Pasiong Mahal* masisipat ang parehong diwa ng pagpapakasakit at pagtitiis bilang interpretasyon ng kabutihan:

Nang matanto at mabatid  
nang Inang Virgeng may hapis  
na yao,i, loob ng Langit,  
munti ma,i, hindi umimic  
nag bata nga,t, nag tiis

Mahapdi mang ualang hanga  
mapait man at mapacla,  
gayong hirap ay binata,  
nang poong Virgeng Maria,  
pag sunod sa Dios Ama. (73)

...

Masaclap man at mapait  
na di masaho nang dibdib  
bunso itong iyong saquit,  
tiisin co,t, siyang ibig  
nag Dios Hari sa Langit. (165)

Ang pagsasalin sa idea ng kabutihan mula kay Maria sa kaniyang ina ay bahagi ng pagpataw ng interpretasyon sa kabutihang dapat mabatid ng kaniyang anak. Handog kay Maria ang *Patnubay* at ang kababaihan ay para sa pag-aalay ng buhay na gaya ng kay Maria. Kaya sa akda, mahihiwatigang mula sa taong relihiyoso ang karunungan ni Eliseo hinggil sa “kabutihan” ng pagtitiis. Madadalumat ditong naikintal sa huli ang kahulugan ng “kabutihan” alinsunod sa kaloob na kahulugan ng kalangitan.

Kapuna-puna ang literal na didaktismo mula sa prayle sa kabuoan ng *Patnubay*. Kusang pinakikilos ang mga tauhang gaya nina Hortensio, Emilia, at Eufrazia, na pawang nagdesisyong ilaan ang buong buhay nila sa paglilingkod sa simbahan, upang paigtingin ang awtentikong bisa ng kanilang maringal na pag-iral sa kabuoan ng teksto. Malayo na ang akda ni Tuason sa mga naging dawag ng mga unang akda ng pagsasanay sa kabanalan, katesismo, at kabutihang-asal nang siglo 16 hanggang siglo 18 gaya ng *Doctrina Christiana en lengua espanola y tagala corregida por los Religiosos de las ordenes* (1593), *Librong pinagpapalamnan yto nang aasalin nang tauong Christiano sa pagcoconfesor at sa pagcocomulgar* (1608) ni

Francisco Blancas de San Jose, *Caugaliang pagsasalita nang marangal sa pagcaquita sa mahal na larawan nang bantog na Virgen de Buensuceso* (1798) ni Martinez de Zuñiga, at iba pa. Ipinahahayag sa mambabasa ng *Patnubay* na ang kusang loob na pagtanggap sa kapalarang hatid ng langit ay positibong danas na hango sa pinaairal na sistemang patriyarkal. Ang pananampalataya ng relihiyosong si Hortensio ay mahihinuhang paglalarawan sa tindig ng simbahan sa usapin ng pagsamba. Bukod sa amaing prayle ni Hortensio, mailalandas ang parehong implementasyon ng prinsipyo sa pagsasakripisyo at pagtitiis sa tagubilin ng tiyo ni Eliseo sa kaniya hinggil sa walang hanggang pagbabanat ng buto. Pagwiwika ng tiyo kay Eliseo:

Di mamacailang sabihin sa aquin  
na ang catamara,i, aquing susupilin,  
at hanggang bata pa,i, dapat hiratihin  
sa pagod at puyat ang catauan co rin.

Ang taoung touina,i, ualang ginagaua  
sa boong maghapon cundi magsalita,  
sa nacaquiquita ay cahiya-hiya,  
at nacamumuhi sa loob nang madla. (13)

Mahalalaw ang improbisasyon ng pang-aalipin sa katayuan ng dalawa. Kung si Hortensio ay sapilitang maglilingkod sa prayleng amain, si Eliseo naman sa kaniyang tiyuhin. Parehong walang umiral na pagtutol sa dalawa dahil tila kinondisyon sa kanilang kaisipan na lohikal ang pagdanas ng sapilitang paggawa kapalit ng pamamatnubay.

Ang apat na saknong sa itaas ay buod ng pagpapatunay ng malapit na ugnayan ng amaing prayle at ni Hortensio. May ugnayang inestablisa ang pagiging relihiyoso at ang pagiging ulila. Ang gayong pagturing ng prayle sa katayuan ni Hortensio sa lipunan ay naglulunsad ng pagbabago sa dulog ng salitang “bayani.” Iwinawangki ito sa mga terminong gaya ng *hirap*, *hilabil*, *katiisan*, *dusa*, at *daing*. Mga basal na pangalang kaugnay din ng sakripisyo. Ngunit ang tanging lohikang inihahain ng pagtitiis ni Hortensio ay sanhi ng pagkakataong mapasailalim sa “pambihirang” pagkakataong mapatnubayan ng isang prayle. Sa pamamagitan ng gayong mga taguri sa kapalaran ng binata, inestablisa ang isang mapagtiis na “bayani.” Ang pagtatampok sa akto ng pagsusumamo at kaalipinan ay parehong interpretasyon din ng kabutihan at katuwiran. Sa pag-iral ng pangangatuwiran at paghihiganti, ang diskurso ng “bayaning mapagtiis” ay kakikitaan ng liwanag gaya ng mababasa sa “Ang Dapat Mabatid ng mga Tagalog” (1896) ni Andres Bonifacio:

Ang araw ng katuwiran na sumisikat sa Silanganan, ay malinaw na itinuturo sa ating mga matang malaong nabulagan, ang landas na dapat nating tunguhin, ang liwanag niya’y tanaw sa ting mga mata, ang kukong nag-akma ng kamatayang alay sa atin ng mga ganid na asal. Itinuturo ng katuwiran, na wala tayong iba pang maaantay kundi lalo’t lalong kaalipinan. Itinuturo ng katuwiran, lalo’t lalong kaalipustaan at lalo’t lalong kaalipinan. (Nasa Lumbea at Lumbea 1997, 80)

Ngunit ang kaalipinan at kahirapan ay nakita ni Hortensio bago siya pumasok sa kumbento. Isang liwanag sa kaniya ang tahanan ng Diyos at malinaw ding ito ang landas na pinaniwalaan niyang naglayo sa kaniya sa mga kapalaluan at “ganid na asal.”

Sa ikatlong kapitulo, bibigyang introduksiyon ang ganitong pag-alingasaw sa tinig ng prayle sa pamamagitan ng mga katurulan ni Maestro Pancraccio kay Eliseo hinggil sa “dacilang catungculan ng tao:”

Ang tatlong daquila nating catungculan  
una ay sa Dios na dapat igalang,  
sintahin lalo sa lahat nang bagay,  
itanim sa puso habang nabubuhay.

...

Tungcol sa sarili pangalaua bilang  
aquiring sinabing manga catungculan,  
ingatan baga,t, mahal in ang buhay;  
nguni,t, lalo pa nga yaong ualang hangan.

Ang icatlo,i, pag-ibig sa capoua  
kaibigan sa dusa, pighati,t, dalita,  
o na sayuri,t, lalauig na lubha  
itinuturong cagalingang paua. (19)

Sentral na konsepto ang pag-ibig sa mga *catungculan*. Pansinin ang herarkiyang binuo rito: Diyos-sarili-kapuwa. Kapuna-punang una ang Diyos sa lahat ng prioridad at huli ang kapuwa. Pundamental ang sarili at ang Diyos na natatanaw ang lahat ng gawi ng tao. Ang catungculang ito ay may reiterasyon sa mga bilin ng tiyuhin ni Eliseo sa kaniya. Isang mapintasing lalaki ang nagungusap dito. Una, dahil sa paglalakip ng taguring nakaririmarim ang babaeng kekendeng-kendeng, mistulang hayop ang may mahabang saya, at nakayayamot ang siyang iingos-ingos. Ikalawa, dahil sa mga katagang “Houag cang hihirang,” “Hindi co rin ibig,” at “ayao aco naman” sa bawat bilin. Pagwiwika sa dominasyon ang nais idiin ng tiyuhin ni Eliseo sa kaniya. Ang paksa sa dominasyon ay esensiyal sa mga pamantayan sa pagpili ng “katanggap-tanggap” na mapapangasawa.

Houag cang hihirang nang lubhang butihin,  
cundi yaong lalong timtima,t, mahinhin,  
pagca,t, aco,i, ayao ng quequendeng quendeng  
lason sa mata co,t, nacaririmarim.

Hindi co rin ibig ang sumasagadsad  
laylayan nang saya ay puno nang lusac,  
anaqui,i, may buntot na quinacaladcad  
hayop na mistula ang nacacatulad.

Ang hahanapin mo,i, may loob sa Dios,  
banayad mangusap at hindi mataros,  
ayao aco naman nang iingos-ingos  
na sa tingnan lamang ay nacayayamot. (25)

Mahihiwatigang ang mga babaeng binabanggit sa tatlong bilin ng tiyuhin ni Eliseo na “*quequendeng-quendeng*,” “*sumasadsad ang laylayan nang saya*,” at “*iingos-ingos*,” ay mga babaeng sinusubok baliin at suwayin ang itinakdang koda ng kolonyal na kaayusan hinggil sa wastong pagkilos. Maaaring isa sa layunin ng paglikha ng panitikang kostumbre ukol sa kababaihan ay upang pasinungalingan ang unti-unting pagbalikwas ng kababaihan sa panahong ito sa mga alituntunin at tagubiling pansimbahan. Ang proyektong panatilihin si Maria bilang epitomiya ng kapayakan, kabutihan, at katiisan ay malalagay sa alanganin kung magpapatuloy ang mga pangahas na gawi ng kababaihan. Masasabing ang ikalawang hati ng siglo 19 ay nagbadya ng yugto sa paglihis ng kababaihang hinubog sa idealisasyong Kristiyano o gaya ni Maria tungo sa kadalagahang matabil, mapangahas, at malakas.

Ang unti-unting paglalaho ng panulaang bayan ay naging hudyat din ng paglikha ng mga bagong estilo, estetika, at katangian ng mga sumunod na teksto sa ilalim ng kaayusang kolonyal. Bahagi ng “kabutihan” ang “kawastuhang” alinsunod sa kolonyal na panlasa at kapakinabangan.

### Ang Politika ng Pamamatnubay

Ang unang masinsin at kongkretong pagtatagubilin sa akda ay makikita sa *Capitulo VII: Ang pagpili nang cacasamahin (1)*, at ang *mabuting paraan nang nangyaring macamtan (2)*. Matutunghayan dito ang 10 bilin ng isang matandang lalaki kay Eliseo hinggil sa paghahanap ng mapapangasawa. Unang binabanggit dito: “*Cung saca-sacali cayo,i, may mamasdan / na isang dalagang mabinhin ang asal,* /

*houag mabighani muna capagcouan / hanggang di mauri ang catotohanan*” (39). Isang paalala ito sa mga binatang kagyat nabibighani sa unang sulyap sa mga dalaga. Ngunit anong “katotohanan” ang nais ipabatid sa huling linya? Katotohanan sa pagkatao? Pamilya? Uri? Isa man o maaaring lahat ng ito, ang “katotohanang” binabanggit ay may esensiyal na papel sa pagpili ng kakasamahin. Kinakailangan salain ang isang dalaga batay sa uring pinagmulan. Mahihiwatigang isang halimbawa ito ng balidasyon ng tunggalian ng uri sa lipunan.

Ganito ang nilalaman ng ikalawang bilin ng matanda: “*Ang balang babaying maraming salita/ caraniua,i, tamad, walang guinagana*” (39). Sa pahayag na ito, mariing iniugnay at ginagawang lohika ng pagiging matabil o madaldal ng isang babae ang kawalan ng hanapbuhay. Sa panahong ito, ang paglahok ng kababaihan sa Rebolusyong 1896 ay kakikitaan ng bagong-bihis. Ang pagsasalita sa panitikang doktrinal ay lubhang ipinagbabawal kaya’t kapangahasan ang asersiyon ng kababaihan sa mga naunang pag-aalsa hanggang sa Rebolusyong 1896. Tunay na pagkakalooban ng lubusang kapahintulutan ang *Patnubay* dahil inilalarawan ng bilin na itong mainam pa ring tumalima sa konserbatibong gampanin ng babae sa lipunan upang higit na mapanatili ng mga Espanyol ang kanilang kapangyarihan.

Hinggil sa pagiging ina ang ikatlong bilin: “*Capag nagsabi dalagang sinoman / nang sarili niyang mangū cailangan, / ay isa nang tanda nang capalaluan, / malupit na ina nang casamang tanan*” (39). May kaugnayan ang pahayag na ito sa talakay hinggil sa sakripisyo. Ang buong bilin ay nagpapaliwanag sa kongkretong gampanin ng ina na ilaan ang buhay sa kaniyang anak. Ngangahulugan ang unang pangungusap na hindi priyoridad ng ina ang sarili kaya’t kahiya-hiya kung siya ay magsasabi ng kailangan sa kaniyang asawa. Ngunit kung paano ito naging malupit ay malinaw na hinalaw sa abstraktong dahilan. Sapagkat kung susuriin ang domestikasyon sa pamilya, walang oras na mailalaan upang linangin ng ina ang sarili at magpaunlad sa labas ng institusyon ng pamilya.

Lubha ring nabibigyan ng labis na pakahulugan ang mga natural na gawi gaya ng paghikab at pagtahimik o hindi pagkibo. Sa ikaapat na bilin, “*At cung batiin may ay ayao sumagot, / ay tandaan ninyong ang tono,i, matayog, / ang nagbibicab nama,i, pala-antoc / na ualang adhica cung hindi matulog,*” umiiral ang isang presuposisyon (39). Mahihinuhanang may awtomatikong negatibong konotasyon bagaman walang anomang berbal na nagmumula sa babae mula sa bilin.

Ang ikalima, ikapito, at ikasampung bilin ay halos magkakaugnay at may magkakatumang paksa ng tinutumbok:

(5) Capag ang dalaga, i, madali na pa oó ayandang maraming lubhang catrato, ang mahinanacit, i, itatangí ninyo,t, may lihim na sinta at malaquing gusto.

(7) Saca ang dalaga na taua nang taua,i, ibig nang totoong macapag-asaua, cung aling binata ang pinagmumura ay siya cung minsang bubugbog sa caniya.

(10) Laguing huhulihin ang caugalian, cun baga,t, may galit houag lalapitan nguni,t, ang babayi,i, may caugalian, cahit umiibig conoua,i, aayao. (39-40)

Mga susing salita sa pag-unawa sa tatlong bilin ang “*may libim na sinta at malaquing gusto,*” “*taua nang taua,*” at “*cahit umiibig conoua,i, aayao.*” Ito ang nagbubuod sa mga ugaling hindi dapat tularan ng mga dalaga. May himig ng pang-uuyam ang tatlong biling ito bilang mga imaheng balikwas sa tipo ng espiritalidad ni Maria. Ang pagiging sumpungin, palatawa, o madaling suyuin ay pawang aktuwal na kabaligtaran ng katangian ng pagkababaeng dinalumat kay Maria. Nakakubli sa tatlong bilin ang katotohanan hinggil sa seksuwal na paghahayag ng kababaihan sa siglo 19. Mailalandas ang

pinagmulan ng isang lumang kasabihang “Ang babaeng tawa nang tawa, gusto nang mag-asawa,” sa ikapitong bilin. Bahagi ng pananaway ng matatanda sa kababaihang nag-uumpukan at nagtatawanan ang kasabihang ito. Ang restriksiyon sa pagtawa ay ginawang kapantay ng pag-aasawa upang idiin ang katangian ng pagiging dalahira o malandi ng babae. Kumbaga, isang tipo ng pang-aakit o pagtatawag ng atensiyon ang pagtawa at paghalakhak. Sa ikapitong bilin din pinatitingkad ang pag-iral ng pribilehiyadong posisyon ng lalaki sa lipunan. Ang ugat ng sistemang patriyarkal ay mariin sa pahayag na “*cung aling binata ang pinagmumura / ay siya cung minsang bubugbog sa caniya*” (39). Marahas ang kontekstong nakapaloob sa pahayag na ito gayong ang naunang aksiyon ay “pagmumura” lamang. Kung tinutumbasan ito ng pambubugbog, at kaswal itong ipinahahayag sa porma ng pagtatagubilin, nangangahulugang laganap ang patriyarkal na kaayusang panlipunang inilalarawan ng akda. Ang konteksto ng panahon ay nakapagsasalita sa biling ito lalo pa’t ang nakakubling hangarin ng teksto ay tanggalin ang radikal na katangian ng kababaihan gaya ng pagpapahayag ng saloobin at pananaw.

Ang mga aksiyon naman sa ikaanim at ikawalong bilin ay ganito:

(6) At capag sa gabi,i, ang ulo,i, may bigquis houag manialang tunay na may saquit, ang dahilan nito,i, tantong naiinip at di dumadating ang toua nang dibdib.

(8) Dapoua,t, ang ayao na maquipanayam at cung sumagot ma,i, nagmumuc-hang calan, ay hindi malayo na mapagculian, sinintang sandali,t, saca inayauan. (39-40)

Halos pagiging hindi makatotohanan ng babae ang susog ng dalawang bilin. Isang nagsasakit-sakitan sa ikaanim, at isang suplada sa ikawalo. Ang interpretasyong inilalapat sa nagsasakit-sakitan ay pag-aanyaya sa napupusuan. Samantalang ang ayaw makipanayam ay binibigyang interpretasyon bilang bigo sa lalaki (“*sinintang sandali,t, saca inayauan*”). Posibleng materyal na basehan ng mga ganitong interpretasyon ng may-akda ang mga pangyayaring masisipat sa mga mapagpasiyang akto ng kababaihan bago pa ang siglo 20. Sa kalagitnaan ng siglo 18 ay iginuhit na ni Gabriela Silang ang simulain ng anti-kolonyal at rebolusyonaryong pag-aalsang pamumunuan ng kababaihan. Naging bukas ang sumunod na mga panahon sa iba’t ibang pagkilos at inisyatiba ng kababaihan. Halimbawa na lang ang makasaysayang pakikibaka ng kababaihang taga-Malolos para sa edukasyon na siyang inangkupan ng pagkilala sa “Liham ni Rizal sa Kadalagahan ng Malolos” noong 1888. Hindi natapos kay Jose Rizal ang pagkilalang iyon sa talino, sigasig, husay, at tapang ng kababaihan. May tala rin si Isabelo de los Reyes sa panawagang itampok ang kagalingan ng kababaihang Filipino sa kasaysayan ng pakikibaka sa edukasyon at kalinangan. Aniya:

The Filipino woman, because of her superiority and the circumstances prevailing in the country, must play a civilizing role. She will bring light and progress, she is the one called upon to drive out the quacks and the idle from all homes; she is destined to regenerate the apathetic Filipino, to disseminate knowledge of agriculture, of the law and pharmacology. Let us now put aside the study of the decorative arts, or at least, let us not make their study compulsory; instead let us require all teacher aspirants to study the Elements of Family Medicine and Pharmacology, agricultural techniques that could improve land exploitation, and other such useful knowledge. Moreover let us not forget that not only women but men, must teach what is appropriate. (1889, 313)

Ang pagpapalawig na ito sa tungkulin ng kababaihan sa siglo 20 ay malayong-malayo sa tagubilin ng *Patnubay* na nalimbag sa bungad ng parehong siglo. Bago matapos ang siglo 19 ay lalong naging pundamental ang gampanin ng kababaihan sa naratibo ng kanilang kasaysayan dahil sa tampok na kontribusyon nina Gregoria de Jesus at Tandang Sora sa Katipunan. Ang usapin ng domestikasyon ng kababaihan ay may malayo nang agwat sa makatotohanan at demokratikong pagkilos na ipinamalas ng kababaihang umanib sa mga kilusang anti-kolonyal.

Ang naglaan ng espasyo upang maipakita na may tindig ang babae sa isang partikular na sitwasyon ay natatangi sa ikasiyam na tagubilin. Ganito ang sinasabi: “*Ipalagay nating maganda ang ticas, / mabait, mabinbi,t, ualang ipipintas, / ngumi,i, ang dapat matalastas; / cung sa inyong hiling caya ay papayag*” (40). Isa sa sampung tagubilin ang nangahas magpakilala sa liberal na katangian ng babae, ang magpasiya. Hindi kasiya-siya, lalong hindi katanggap-tanggap, bagaman may mga posibleng materyal na basehan ang pahayag, gaya ng kapangyarihang pang-ekonomiya ng kababaihan sa bungad ng siglo 20, na sa buong kapitulo, mayorya ang mga pahayag at pangangatuwirang may diskriminasyon laban sa babae. Isang malinaw na adyenda ng manunulat ang pambabansot sa kababaihan at makabuluhan itong taluntunin bilang bahagi ng mga pagkilos sa kasaysayan ng panitikang kolonyal.

Bagaman tila malinaw na ang mensahe ng may-akda sa mga unang grupo ng tagubilin sa Capitulo VII, magkakaroon muli ito ng mga reiterasyon sa iba pang kabanata gaya ng sa Capitulo XII. Narito ang mga payo ni Fidel sa kaniyang asawang si Eduvigis nang minsang magselos ang huli sa pagdating ng dalagang si Efigenia sa kanilang bayan.

Houag acalaing icao,i, napupuri,  
ineng, cundi bagkus lalong naiimbi:  
maguariuari ca,t, ang lalong mabuti  
ay magpacababa ang isang babayi.

Ang bibig touinang hindi natiticom  
ay nacacapara na sa asong tahol,  
caya catitiis, pagca,t, nauucol  
sa balat ng lupang bayan inang lingatong.

Ang sala nang iba,i, iyong titiisin  
pagca,t, tayong lahat nagcacamali rin:  
pagbata na hija,t, baca acalain  
nang taoung hindi co icao sinusupil.

Masasabi-sabing aco,i, natatacot  
sa iyo,t, cung baquit di ca binubugbog,  
caya aquing ineng, icao ay sumunod  
sa manga hatol co,t, banayad na himoc. (71-72)

Ang huling dalawang bahagi sa tatlong payo ay kongkretong atas ng lalaking si Fidel sa kaniyang asawang si Eduvigis. Una, ang magwari-wari dahil lalong mabuting magpakababa ang isang babae; ikalawa, ang pagbaba ng babae dahil baka akalain ng mga taong hindi siya sinusupil ni Fidel; at ikatlo, kailangang sumunod ni Eduvigis sa mga hatol at himok ni Fidel kung ayaw niyang mabugbog. Hindi makikita sa akda ang anomang pagtutol ni Eduvigis sa mga pahayag na ito ng asawa maliban sa pangakong hindi na maninibugho kay Efigenia. Ang ganitong kapalaran ng kababaihan sa awtoridad ng lalaki ay umalingawngaw sa panitikang doktrinal sa Filipinas sa panahon ng Siglo del Oro. Binabanggit ni Antonio de Guevara (1595) ang tila klasikong tungkulin ng babae sa kaniyang asawa:

The duty of the husband is to gain property and that of the woman is to manage and take care of it. The duty of the husband is to go to earn a living and the woman to take care of the house. The duty of the husband is to look for money and woman to spend it wisely. The duty of the man is to deal with all and that of the woman to speak with few. The duty of the man is to be involved and the man to be sheltered. The duty of the man is to protect honor, and of the woman, to pride herself for being honorable. It is the duty of the husband to be bounteous, that of the woman to be thrifty. The duty of the husband is to dress himself if he can afford it and that of a woman to dress as she is expected to.<sup>1</sup>

<sup>1</sup> Mula sa salin sa Ingles ni Sr. Mary John Mananzan ng “Letra para Mosen Puche Valenciano.” (Madrid: Epistolae Familiares, 1595).

Sa pagkakalimbag ng *Patnubay* at ng iba pang bagong panitikang doktrinal tungkol sa kababaihan, mapatutunayang naglakbay at napatatag ang ganitong preskripsiyon sa kababaihan sa loob ng ilang dantaon mulang Peninsulang Iberian hanggang sa Filipinas.

Sa kabilang banda kapansin-pansing nahahawig kay Eliseo ang naging daloy ng pagpapakilala kay Fidel, isang binatang naghahanap ng mapapangasawa. Hindi lang gaya ng nauna, batid na ni Fidel ang mga pili at “esensiyal” na bilin sa pagpili ng dalaga at sa pagpapakasal. Ang pagpapakasal ni Fidel kay Eduvigis at ang pagpapakasal din ni Eliseo kay Esperanza ay tila dulot ng isang partikular na layon. Maiuugnay ang paalala ni Tuason sa simula ng akda hinggil sa tinatanaw na kabuluhan ng buhay nina Fidel at Eliseo. Ayon kay Tuason:

Cung capanahunan nang pamumucadcad  
nang babalaqui na manga bulaclac,  
sa mata at puso,i, nagsisipag-gauad  
nang caligayahang lubhang aliuualas

...

Sapagca nga,t, cayo ang nacacatulad  
nang aquing binaguit na manga bulaclac,  
at capanahunan nang pamumucadcad  
nang sigla nang iyong catauang marilag

...

Ang masayang tinig nang manga musica  
ay iginagauad sa inyo touina;  
sa bayan, sa nayon, cayo ang ligaya  
anopa,t, cauangis nang manga sampaga. (5)

Ano pa at ang kabuluhan at kaligayahang hanap ng dalawang binata ay matatamasa sa “pamumukadkad ng mga bulaklak.” At sa pamamagitan ng pag-aasawa maisasakaturang ang gayong katurulan ng awtor. Mahihiwatigang ang proseso ng pagdalumat sa kababaihan, sa porma ng mga pananalinghaga sa babae at sa paglalagat ng mga tagubilin, ay malinaw na hakbang tungo sa piksiyonalisasyon sa kapangyarihang pampolitika at panlipunan ng kababaihan.

May makabuluhang banggit si Robert Fox hinggil sa sistema ng pagpapakasal ng mga katutubo bago dumating ang mga Espanyol. Malayong-malayo ito sa mga inilarawang pagkilos ni Eduvigis sa kaniyang asawang si Fidel. At tila hindi rin gaya ng sa huli ang kalikasang inilalarawan tungkol sa pagkakapantay ng mag-asawa sa prekolonyal na lipunang Filipino.

Relationships between the husband and wife were remarkably equalitarian; it is doubtful if even the term “patricentric” could be applied to the pre-Spanish Filipino family. This was due to the bilateral character of the family and kinship in which each spouse, after marriage, continued to maintain a strong blood ties with his or her kinsman. The property which a spouse brought to marriage remained an individual possession. (Nasa Mananzan 2003, 5)

Bagaman tatlong siglo nang lumipas, mapapansing ang paglikha ng katangiang inilalarawan sa tauhang sina Eduvigis at Fidel ay dulot ng kaayusang kolonyal.

### Ang Pag-iral ng Panuto / Bilin sa Ibang Tekstong Pampanitikan

Maiuugnay ang akda ni Tuason sa *Manga Tagubilin sa manga Dalaga o Avisos saludables a las doncellas* (1889) ni Antonio Maria Claret. Gaya ni Tuason, kababaihan ang kongkretong tinatagubilinan ng akda. Taglay nito ang 17 tagubilin at 9 na tanging katungkulan ng mga dalaga. Ang

layon ni Claret na ipabasa ito sa mga babae ay bahagi ng kaniyang banal na misyong papaglingkurin ang kaniyang husay at dunong sa kapurihan ng Diyos.

Ang pagpapainternalisa sa mga katungkulan ng dalagang nabanggit sa itaas sa lipunang kolonyal ay madadalumat din sa mga naunang di-kumbensiyonal na anyong pampanitikan gaya ng “Confesionario.” Esensiyal na bahagi ito sa *Arte de la Lengua Tagala y Manual Tagalog* (1865) ni Fray Sebastian de Totanes. Sa pamamagitan ng balangkas ng pangungumpisal, inuusisa ng prayle ang naging tila maghapon at magdamag o arawang gawain ng nangungumpisal. Sa “icaanim at icasiam na otos ng Panginoong Dios” itinampok ang iba’t ibang anyo ng katurulang seksuwal mula sa pakikiapid, pagnanasa, pagbibiruan, paghahawakan hanggang sa panggagahasa. Matapos ng pang-uusisa ay maglalalatag ng bilin at sermon ang confesor hinggil sa pagiging sagrado ng pagtatalik. Sa porma ng paglalahad ng confesor hinggil sa makasalanang gawain ng pagnanasa sa katawan ng hindi mo asawa o katipan, lumilitaw ang mga natatanging bilin kaugnay ng limitasyong seksuwal o kompleksidad sa pakikipagtalik ng tao. Idinaan sa paulit-ulit na pagtatanong ang imposisyon ng bagong tradisyon ng pagbibilin o pagbibigay-aral sa mga mambabasa hinggil sa katawan.

Ang protonobelang *Ang Pagsusulatan nang Dalawang Binibini na si Urbana at si Feliza* (1864) ay bumalangkas din ng ibang tipo ng pagtuturo ng katungkulan ng tao sa Diyos, sa bayan, mga bilin sa piging, sa katungkulan, sa pagpili ng mapapang-asawa, sa pagdadalantao, at sa magulang. Sa pamamagitan ng palitan ng liham ng magkapatid, si Urbana mula sa Colegio at si Feliza naman mulang Paombong, Bulacan, natukoy ang mga pamamaraang ginamit ni de Castro hinggil sa mga santong aral at sa wastong kilos ng kadalagahan. Ang “Mañga tañging catungculan nang mañga dalaga” ni Claret gaya ng kahinhinan, katahimikan, karingalan, at kabanalan ay makikita sa mga preskripsiyon ni de Castro, sa pamamagitan ni Urbana, ng mga pamamaraan ng pagiging “mabuting babae” at ideal na tagabayan.

Kongkreto ang espesipikasyon sa hanay ng preskripsiyong ito batay sa pangongondisyon sa umiiral na kolonyal na kaayusang pangkapayapaan. Ang didaktikong paglalalatag ng mga tagubilin at katungkulan ay maaaring ituring na pagtatatag ng kultural na kapangyarihan at adyendang pampolitika. Ang dominanteng interes ng mananalaysay na itatag ang kaniyang awtoridad ay masisipat sa pagwiwika hinggil sa kabutihan at kasamaan at ang pag-alam sa implikasyon ng pagtalima o hindi pagtalima rito. Masusuma kung gayon ang bisa ng imprenta sa kultura at sa kasaysayan. Kung nananatili ang pag-iral ng parehong espera ng pagtatagubilin hinggil sa wastong pagkilos o moralidad at ang babae bilang suheto, nangangahulugan pa rin ito ng hindi lubusang paglaho ng buhong na tradisyon ng piksiyonalisasyon sa kababaihan at demonisasyong dulot ng piyudal na sistema sa panitikan. Parehong nais pasinungalingan nina Tuason at Claret ang tunay na kalagayan at emansipasyon ng kababaihan sa siglo 19 at 20.

### Paglalakbay ng Panuto sa Ibang Panahon

Sa higit na napapanahong pagtatagubilin, ang “Tagubilin at Habilin” ni Jose F. Lacaba ay ay may malayong anyo at nilalaman sa pagtatagubiling likha ni Tuason. Bumabalikwas sa konserbatismo at panunupil sa katawan ang tinig ng persona sa akda ni Lacaba. Taglay nito ang diwa ng pagiging mulat, mapagalalaya, at responsableng kasapi ng lipunan. Labas na sa pagdakila sa awtoridad ng simbahan at mga banal na tao at santo ang mauulinigang himig sa kabuoan nito. Sa halip, himig ng pagkilos at pagmumulat ang giit ng teksto sa mambabasa. Lantarang isinisiwalat ng tula ang misyon ng makatang gawing malay ang mambabasa sa mga tunggaliang umiiral sa lipunan sa pamamagitan ng realistikong paglalahad na may mga nananamantala at may mga pinagsasamantalahan.

Pansining ang mga tagubilin at habilin ay hindi nakatuon sa isang tao lamang kundi sa sambayanan sa pangkabuoan. Iba’t ibang mukha at uri ng mamamayan ang kausap ni Lacaba at hindi gaya ng kay Tuason, walang partikular na sektor na hinahandugan ang persona. Sambayanan ang “kaibigan” na tinutukoy sa tula. Ang sipi sa ibaba ay ang gitna hanggang dulong bahagi ng akda.

Dito higit na nililina ang suliraning nadarama ng kaniyang mga musa. Hinahanay ng persona ang kolektibong danas ng kaniyang mga “kaibigan” sa isang lipunang di maitatangging dinadayukdok at lubog sa karalitaan.

Mabuhay ka, kaibigan!  
Mabuhay ka!  
Iyan ang una’t huli kong  
Tagubilin at habilin:  
Mabuhay ka!

Maraming bagay sa mundo na nakakadismaya.  
Mabuhay ka.  
Maraming problema ang mundo na wala na yatang lunas.  
Mabuhay ka.

Sa hirap ng panahon, sa harap ng kabiguan,  
Kung minsan ay gusto mo nang mamatay.  
Gusto mong maglaslas ng pulso kung sawi sa pag-ibig.  
Gusto mong uminom ng lason kung wala nang makain.  
Gusto mong magbigti kung napakabigat ng mga pasanin.  
Gusto mong pasabugin ang bungo mo kung maraming gumugulo sa utak.

Huwag kang patatalo. Huwag kang susuko.  
Narinig mo ang sinasabi ng awitin:  
“Gising at magbangon sa pagkagupiling,  
Sa pagkakatulog na lubhang mahimbing.”  
Gumising ka kung hinaharana ka ng pag-ibig.  
Bumangon ka kung nananawagan ang kapuspalad.

Ang sabi ng iba: “Ang matapang ay walang-takot lumaban.”  
Ang sabi ko naman: Ang tunay na matapang ay lumalaban  
Kahit natatakot.

Lumaban ka kung inginungodngod ang nguso mo sa putik.  
Bumalikwas ka kung tinatapak-tapakan ka.  
Buong-tapang mong ipaglaban ang iyong mga prinsipyo  
Kahit hindi ka sigurado na agad-agad kang mananal.

Mabuhay ka, kaibigan!  
Mabuhay ka!  
Iyan ang una’t huli kong  
Tagubilin at habilin:  
Mabuhay ka!<sup>2</sup>

Optimisitiko ang himig ng persona sa kabila ng inilalarawang buhay na batbat ng krisis. Patunay rito ang sumusunod na taludtod: *Lumaban ka kung inginungodngod ang nguso mo sa putik. / Bumalikwas ka kung tinatapak-tapakan ka. / Buong-tapang mong ipaglaban ang iyong mga prinsipyo / Kabit hindi ka sigurado na agad-agad kang mananal* (<http://kapetesapatalim.blogspot.com/2008/02/>). Walang puwang ang desperasyon sa kabuoan ng tula batay sa payo nitong “lumaban” at “bumalikwas” sa mga sitwasyong humihingi ng gayong pagtugon. Mauunawaan ding sanhi ng positibong dulog ang muli’t muling pagbanggit at pagsulpot ng taludtod na “Mabuhay ka!” Nanangisag ang kabuoang taludtod sa kakanyahan ng mamamayang bumangon at pagwagian ang mga patong-patong na hamon at suliranin. Ang tanging sagnong na ito rin ang payak na nagbuuod sa tagubilin at habilin ng persona.

<sup>2</sup> Ayon kay Jose F. Lacaba, isinulat niya ang “Tagubilin at Habilin” sa pagitan ng mga taong 2002 at 2003. Lumabas ang akda bilang bahagi ng album na *Pop Lola* ni Armida Suiguion-Reyna noon ding 2003. Muling inilabas ng makata ang teksto sa kaniyang personal na blog noong Pebrero 16, 2008 na may bahagyang pagbabago. Partikular na nabago rito ang pag-uulit ng unang sagnong sa kalagitnaan ng tula. Hango sa (<http://kapetesapatalim.blogspot.com/2008/02/>)

Hindi pasibo ang persona at maaaring sabihing may sangkot na malasakit at pagmamahal sa kaniyang tinig. Hindi romantiko at seksuwal ang pag-ibig na tinutukoy rito kundi isang uri ng pag-ibig na kayang magsakripisyo para sa kapakanan ng higit na nakararami. Malinaw din ang usapin at espasyo ng lipunan sa kaniya sapagkat hindi nito alintana ang pagsisiwalat sa tunggalian ng bawat uri sa komunidad na nasilayan niya. Ang diin ng mga tagubilin at habilin ay nasa pinagsasamantalang kaibigang nagugutom, nabibigo, nanghihina, at nagdaralita. Hindi gaya ni Eliseo, ang hapis ng musa sa tula ni Lacaba ay nagmumula sa sistematikong pangangayupapa ng naghaharing-uri laban sa aping sektor ng lipunan at hindi dulot ng pag-iisa, pagiging ulila, at uhaw sa makakasama.

Sinikap ikintal sa kabuoang akda ni Lacaba ang hinggil sa pagmamahal sa sarili na kapantay ng pagmamalasakit sa kapuwa at sa bayan. Hindi makasarili at dominante ang tinig sapagkat pagsasakapangyarihan ng nakararami ang proyekto ng persona. Ginamit ang didaktismo upang igiit ang pagsasapraktika ng pagbangon at paglaban. Sentral ang usapin at espasyo ng bayan sa akda ni Lacaba na siyang nagbibigay ng malayong agwat sa *Patnubay* ni Tuason.

Ayon kay Lumbera, ang Panitikan ng Filipinas ay pumapatungkol sa kalakhan ng mga akdang matatagpuan sa Filipinas gayundin ang kasaysayan at teritoryalisasyong humubog sa manunulat (Lumbera 153). May malaking epekto sa panitikan ang usapin ng teritoryo o lipunan sapagkat may bansang Filipinong kinikilala ang mga mamamayang “dumanas o dumaranas sa bisa ng mga pangyayari at pagkilos ng kasaysayan, politika, kultura” (158). Matatanaw ang teritoryalisasyon sa panitikan sa pagpapalitaw ng marami at iba-ibang katangian ng lipunang nakaugnay sa wika nito. May diin naman sa pagkamamamayan ang Panitikang Filipino. Saanman nalikha ang akda, maituturing itong panitikang Filipino dahil sa pinagmulan ng manunulat. Samantalang ang Pambansang Panitikan ang siyang nagdadala sa maselang usapin ng nasyonalismo. Tinatayang nakaangkla ang nasyonalismong ito sa usapin ng pambansa-demokratikong pakikibaka na siyang humahamon at kumikilos laban sa lahat ng namamayaning hegemonyang susog ng mga umiral na patakarang kolonyal at umiiral na sistemang neokolonyal tungo sa pambasang paglaya.

Magkakaiba ang konsepto ng lipunan ng mga manunulat. Hindi laging magkakatulad o magkakaugnay ang layunin at gunita ng mga manunulat sa pagpapalitaw nito sa kanilang mga akda. Higit sa lahat, makabuluhang dalumat in ang pagkakaiba ng mga mambabasang pinaglingkuran ng bawat akdang kinatampukan ng mga patnubay, panuto, at habilin. Magkakaiba ang dawag ng terminong mamamayan at bayan batay sa materyal, panahon, at tunggaliang politikal sa loob ng lipunang ininugan nito na siyang masisipat sa nilandas ng pagbabagong-bihis ng salitang bilin at habilin nina Tuason at Lacaba.

## KONGKLUSYON

Isang bahagi ng kasaysayan sa pagsupil sa paghahayag ng karanasan ng kababaihan ang ang inilarawan sa *Patnubay*. Bahagi ito ng materyal pangkasaysayang instrumental sa pagsipat sa namamayaning dikotomiya ng kabutihan at kapahamakan dulot ng sistemang piyudal-patriyarkal. Mahihiwatigan sa akda ang diskurso ng *Pasion* at ng mga katungkulan mula sa iba't ibang tradisyong pampanitikan (gaya ng protonobela at manwal) kaugnay ng paglalalatag ng mga bilin kay Eliseo hinggil sa paghahanap ng ideal na mapapangasawa. Ang *Patnubay* ni Tuason ay bahagi ng pambansang panitikan sa pagtataglay nito ng pambansang kamalayan at ideolohiya sa panahong hindi lamang digmaang pampolitika ang umiiral kundi pangkulturang sigalot din sa pagpapalit-yugto ng kolonisasyon sa bansa.

Ideolohikong pinapaksa ng *Patnubay* ang posisyon ng babae sa lipunang kolonyal sa bungad ng siglo 20 alinsunod sa pagtanaw ng kalalakihan. Ang diskursong kolonyal gaya ng interpretasyon ng kabutihan at kalinisan ng babae ay masisipat sa amaing prayle ni Hortensio, sa matandang lalaki, sa tiyuhin ni Fidel, at kay Maestro Pancracio. Ang mga panuto ay nagsilbing kaparaanang praktikal

upang ilatag ang mga pangyayaring taliwas sa realidad ng lipunang inilalarawan sa akda. Ninais ng akdang harangin ang pagyabong at paglawak ng emansipasyon sa anyo ng kapangyarihang politikal at ekonomiko ng kababaihan sa siglo 20 sa pamamagitan ng pagpapanatili o paggigiit sa imahen ni Maria bilang epitomiya ng kabutihan at ultimong modelo ng kababaihan.

## SANGGUNIAN

- Bonifacio, Andres. 1896. “Ang Dapat Mabatid ng mga Tagalog.” Nasa Lumbera, Bienvenido at Cynthia Nograles Lumbera, eds. 1997. *Philippine Literature: A History and Anthology (Revised Edition)*. Lungsod ng Pasig: Anvil Publishing, Inc. 79-80.
- Camagay, Ma. Luisa. 1995. *Working Women of Manila in the 19<sup>th</sup> Century*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press at University Center for Women Studies.
- Claret, Antonio Maria y Clara. 1889. *Manḡa Tagobilin sa manḡa Dalaga*. Guadalupe: Asilo de Huerfanos.
- De Castro, Leonardo. 1995. *Etika at Pilosopiya*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press.
- de los Reyes, Isabelo. 1994. *El Folk-lore Filipino*. Salin nina Salud C. Dizon at Maria Elinora Peralta-Imson. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press.
- De Totanes, Sebastian. 1865. *Arte de la Lengua Tagala y Manual Tagalog*. Binondo: Imprenta de Miguel Sanchez.
- Fox, Robert. \_\_\_\_\_. “The Philippines in Pre-historic Times.” *Journal of History* 2 (9): 457-458.
- Javellana S.J., Rene. 1988. *Casaysayan nang Mahal na Passion ni Jesu Christong Panginoon Natin na Sucat Ipag-alab ng Puso nang Sinomang Babasa*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press.
- Javellana S.J., Rene. 1990. *Mahal na Passion ni Jesu Christong Panginoon Natin na Tola* ni Gaspar Aquino de Belen. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press.
- Lacaba, Jose F. 2008. “Tagubilin at Habilin.” Hunyo 3, 2015. <http://kapetesapatalim.blogspot.com>
- Lucero, Rosario Cruz. 2007. *Ang Bayan sa Labas ng Maynila / The Nation Beyond Manila*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press.
- Lumbea, Bienvenido. 1990. *Writing the Nation / Pag-akda ng Bansa*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press.
- Lumbea, Bienvenido L. 1986. *Tagalog Poetry 1570-1898: Tradition and Influences in its Development*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press.
- Lumbea, Bienvenido, at Cynthia Nograles Lumbea, eds. 1997. *Philippine Literature: A History and Anthology (Revised Edition)*. Lungsod ng Pasig: Anvil Publishing, Inc.
- Mallat, Jean. 1983. *The Philippines: History, Geography, Customs*. Salin ni Pura Santillan-Castrencia at Lina S. Castrencia. Lungsod ng Maynila: National Historical Institute.
- Mananzan, Mary John. 2003. *The Filipino Women: Before and After the Spanish Conquest of the Philippines*. Lungsod ng Maynila: Institute of Women's Studies.
- Modesto De Castro, Presbiterio D. 1996. *Pagsusulat nang Dalawang Binibini na si Urbana at ni Feliza*.

- Inedit ni Romulo P. Baquiran, Jr. Lungsod Quezon: UP Sentro ng Wikang Filipino.
- Quindoza-Santiago, Lilia. 1997. *Sa Ngalan ng Ina: 100 Taon ng Tulang Feminista sa Pilipinas*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press.
- Sullivan, Joanna. 2001. "The Question of National Literature in Nigeria." *Research in African Literatures* 32 (3): 71-85.
- Tiongson, Nicanor. 2004. *The Women of Malolos*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press.
- Tuason, Joaquin. 1901. *Patnubay nang Cabataan o Talingbagang Bubay ni Eliseo at ni Hortensio*. Manila: Establecimiento Tipografico de Modesto Reyes.
- Woods, Damon L. 2011. *From Wilderness to Nation: Interrogating Bayan*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press.
- [http://manybooks.net/original\\_covers/t/tuasonj/tuasonj16311631216312-8.jpg](http://manybooks.net/original_covers/t/tuasonj/tuasonj16311631216312-8.jpg)
- <http://www.gutenberg.org/ebooks/16312>

## Sa Pagitan ng Agham at Sining: Ang Kaso ng Epektibong Pakikipagkapuwa

U Z. Eliserio

### ABSTRAK

Ang papel na ito ay presentasyon ng konsepto ng epektibong pakikipagkapuwa. Ipapaliwanag ang mga idea nina William MacAskill at Peter Singer tungkol sa etika. Sinasabi ng dalawa na ang pagiging epektibo at episyente ang isa sa pinakaimportanteng katangian ng mga kilos at gawa, kung ang pag-uusapan ay ang kabutihan. Binibigyang-diin nina MacAskill at Singer na hindi ang emosyon o damdamin ang tuntungan ng pagtulong sa iba, kundi iyong masusukat sa realidad. Sinasabi rin nila na obligasyon ng mga mayaman na tumulong sa mas kapos sa buhay, imbes na mag-alihw o di kaya'y magsayang ng pera sa sining. Itong huling punto ay kinukuwestiyon ng papel sa pamamagitan ng pag-igib sa kritisismo ng sining nina Alice Guillermo at Jonathan Beller. Ang Marxismo na siyang tuntungan nina Guillermo at Beller ang nagsisilbing lunsaran ng pagpapayaman sa utilitarianism na siya namang tradisyong pinanggagalingan nina MacAskill at Singer. Sa huli, magkakaroon hindi ng fusion kundi ng kaisipang sumasabog o pilosopiyang pumuputok, na inaasahang magiging kontribusyon sa pilosopiya, Araling Sining, at Araling Pilipino.

**Mga Susing Salita:** epektibong pakikipagkapuwa, sining, Marxismo, utilitarianism, etika

May paulit-ulit na joke sa isang sikat na estasyon ng radyo. "Ikaw, Juan," tanong ng guro, "anong gusto mo maging paglaki?" Sagot ni Juan, "Mam, gusto ko pong maging doktor, para makatulong sa kapuwa." "Ikaw naman, Maria," tanong ulit ng guro, "anong gusto mo maging paglaki?" Sagot ni Maria, "Mam, gusto ko pong maging nars, para makatulong sa kapuwa." "Ikaw, Jose," tanong ulit ng guro, "anong gusto mo maging paglaki?" Sagot ni Jose, "Mam, gusto ko po maging kapuwa." Nakakatawa, at nakakagising ng diwa. Paano nga ba tayo tutulong sa ibang tao? Hindi nga ba't nagkakaroon ng herarkiya ng posisyon sa pagtulong, ang nasa itaas ay ang tumutulong, ang nasa ibaba ay ang tinutulungan. At bakit nga ba tayo dapat tumulong sa ibang tao?

May tatlong bahagi ang papel na ito. Una, ipapaliwanag ang konsepto ng "epektibong pakikipagkapuwa." Sa pilosopiyang ito, hindi lang tayo dapat tumulong sa ating kapuwa, dapat ay episyente rin ang ating pagtulong. Sa pangalawang bahagi, ididiskas ko naman ang ilang kritisismo sa pagbibigay ng donasyon, na ayon sa epektibong pakikipagkapuwa ay siyang dapat gawin ng mga tao, ordinaryo man o mayaman, para tumulong sa mga mahirap. Sa huling bahagi, magbibigay ng mabusising pagbabasa sa *Social Realism in the Philippines* ni Alice Guillermo. Ang pagbabangayan ng diskurso ng etika at diskurso ng sining ay inaasahang magbigay ng sariwa at di-inaasahang kabatiran.

Ang papel na ito ay kontribusyon sa pilosopiya, sining, at Araling Filipino. Inaasahan itong makatulong sa mga guro at mag-aaral sa kanilang pag-iisip at pananaliksik tungkol sa etika at kultura.

Para sa pilosopong si Peter Singer, obligasyon ng isang tao na tumulong sa kaniyang kapuwa tao. Mali daw na hindi tumulong kung wala namang masamang mangyayari sa iyo (Singer 2009, xiv, 15). Dapat nating gawin ang kabutihang kaya nating gawin (2015, 79). Tinutuligsa niya ang pagbili ng mga hindi naman tunay na kinakailangan. Halimbawa, tubig na nakaplastik na bote (Singer 2009, xi; tingnan din 5, 11, 18, 139,149). Ayaw din niya doon sa mga bigay-hilig sa mga anak, at kinukuwestiyon niya ang moralidad ng pagmamana (2015, 8). Isa sa mga pinuri niyang tao ay si Chuck Collins:

When he was twenty-five, [he] gave his inheritance to foundations promoting social change. That was more than twenty years ago. The cofounder of an organization called Responsible Wealth, Collins believes that inherited wealth is bad for children and bad for society. Responsible Wealth has been a leader in efforts to persuade the U.S. Congress not to abolish the estate tax. (2009, 68).

Galit si Singer doon sa mga bumibili ng luho imbes na tumutulong (Singer 2016, 161). Kinamumuhian niya lalo na ang mga megamayaman na mayroong dambuhalang yate (2015, 158-159). Ipagpalagay na natin na tama si Singer, at dapat tayong tumulong sa ating kapuwa. Ang tanong ngayon ay, paano tayo tutulong? Ang epektibong pakikipagkapuwa ay balangkas (framework) na nagtatangkang magbigay ng direksiyon sa sinomang sumusubok sagutin ang tanong na ito.

## EPEKTIBONG PAKIKIPAGKAPUWA

Sa kaniyang Twitter account na “Kuwentong Twit,” inusal ng premyadong manunulat at gurong si Rommel Rodriguez noong Hulyo 6, 2017 ang sumusunod na abiso tungkol sa pakikitungo sa mga mahirap: “Sakaling may pulubing bukas-palad na naghihintay ng limos, magbigay ng anumang madudukot sa balsa. Tandaang may kapalit ang laang kabutihan.” Ito ang uri ng pagbibigay, ng pakikipagkapuwa na tinutuligsa ni Singer, pati na rin ng pilosopong si William MacAskill. Para maintindihan ang kanilang posisyon, sundan natin ang diskusyon ni MacAskill sa kaso ng PlayPump. Kombinasyon ito ng merry-go-round at poso, na hinangaan ng maraming Norteamerikano. Marami itong naengganyong magbigay ng donasyon, kasama na ang gobyerno ng Estados Unidos. Makakatulong daw ito nang malaki sa South Africa. Pinuri ito sa media nila. Pero wala pala itong kuwenta. Kayraming nasayang na pera sa hindi gumaganang aparato, samantalang napakamura ng normal na poso (MacAskill 2016, 4-5). Argumento ni MacAskill, sana sa mas epektibong proyekto nailaan ang pera ng mga nagbigay ng donasyon. Ito para sa kaniya ang sentral na tanong ng epektibong pakikipagkapuwa: paano maging pinakaepisyente sa pagtulong (5, 11-12)?

Ibinibida ni MacAskill ang siyentipiko o makaagham na metodo. Susi rito para sa kaniya ang tinatawag na randomized controlled trials (7; ikompara sa Singer 2015, 153-154, 156). Bilang pinakasimpleng pagpapaliwanag, sa ganitong uri ng eksperimento, ang isang grupo’y makakatanggap ng tulong, at isang katulad nila’y hindi. Kapag nakitang may pag-angat sa buhay ng unang grupo kompara sa huli, ito ang itinuturing na “patunay” na epektibo nga ang uri ng pagtulong na ginamit. Ang maganda raw sa siyentipikong metodo, kapag napatunayan na mali ang isang paraan, imbes na igiit na tama ang mali, ang sumusunod sa balangkas ng epektibong pakikipagkapuwa ay magbabago ng kaniyang paraan ng pagtulong.

Ibinigay ni MacAskill na halimbawa ang mga reporma sa edukasyon na maaaring ipatupad (lahat ng halimbawa sa papel na ito’y sa pamamagitan ng mga charity at NGO, hindi ng gobyerno). Ang pagbibigay pala ng mas maraming tekstbuk ay walang silbi kung wala ring gurong gagabay (MacAskill 2016, 7). Samantala, ang proyekto ng deworming (pagpupurga ng bulate), napataas ang bilang ng araw na pumasok ang mga estudyante sa pinag-eksperimentohang komunidad ng 25% (8; ikompara sa Singer 2015, 155). Ayon kay MacAskill, sampung taon pagkatapos ng pag-aaral na ito,

binisita muli ang mga batang pinurga, at nakitang mas asenso sila sa buhay kompara sa mga batang hindi pinurga (9). Kailangan kasing matuklasan ang pinakapektibong paraan ng pagtulong at iyon muna ang gawin (12). Kumbaga, kapag napatunayang ang pagpupurga ay mas napapataas ang bilang ng araw ng pagpasok ng mga estudyante, dapat doon ilaan ang pondo at pera, imbes na gastusin at sayangin sa pag-imprensa ng tekstbuk. Para ditong may triage system sa pakikipagkapuwa. Kapag daw kasi nagbigay ka na ng pera sa pagsaliksik sa HIV, hindi ka na makakapag-abot sa mga biktima ng lindol (31).

Talinghaga ni MacAskill ang pagkompara ng pagbili ng grocery at pagbigay ng donasyon sa mga charity. Hindi ka naman daw bibili nang hindi nag-iisip para sa sarili mo sa grocery. Ang pagbibigay naman ng donasyon ay parang pagbili ng grocery para sa ibang tao. Kailangan din daw pag-isipan (33, 107). Mayroon nga lang taboo laban sa pag-iisip tungkol sa pagbibigay (10). Marahas ang konklusyon ni MacAskill: kung wala ring tulong na naibigay ang iyong donasyon, walang kuwenta ang donasyon mo (34). Dito’y puwede nating alalahanin ang mga nagbigay ng wedding dress bilang tugon sa paghingi ng mga biktima ng Yolanda para sa donasyong damit (Corrales 2016).

Bukod sa pagbida sa agham, tila ba may obsesyon si MacAskill sa numero, sa pagbibigay ng bilang sa mga iniisip nating hindi mabibilang. Madalas siyang magbanggit ng mga estadistika at sarbey. Halimbawa, binanggit niya ang isang report, na sinasabing ang isang sumusuweldo ng dalawang libong dolyar kada taon, kapag dumoble ang suweldo, matutuwa. Iyon daw sumusuweldo ng isang libo kada taon, kapag dumoble rin ang suweldo, matutuwa rin nang doble (22). Magkapantay ang kaligayahang dala ng pagdoble ng dalawang libo at pagdoble ng isang libo! Kaya nga para kay MacAskill mas mahalaga ang isang dolyar sa isang Indian kompara sa isang Norteamerikano (20).

Itong pagbibigay-bilang (quantification) ay lagi’t laging ginagawa ni MacAskill. Sa kaniya, halimbawa, mas okey na mawalan ng isang paa kaysa dalawang paa (34; ikompara sa Singer 2015, 6-7). Gayundin daw, nang nasa isip ang triage system, mas mahusay di-umanong magligtas ng limang buhay kompara sa tatlo. Kung masasabi nga naman daw natin na mas mainam iligtas ang buhay ng isang tao kaysa magbigay ng ice cream sa isa pa, may saysay daw mag-isip sa ganitong paraan (MacAskill 2016, 40). Para kay MacAskill, dahil mas maraming buhay ang maililigtas sa paggamot at pagbura ng smallpox mula sa mundo kaysa pagpigil ng mga gera (i.e. mas maraming napatay ang smallpox kompara sa una’t ikalawang digmaang pandaigdig), masasabi nating mas mainam manaliksik tungkol sa paggamot ng smallpox kaysa magkampanya para sa pandaigdigang kapayapaan (46). Maiuugnay ito sa pilosopiya ng gamitismo (utilitarianism) na siyang sinusundan ni Singer, isa sa mga inspirasyon ni MacAskill. Ayon kay Singer, mas mabuting tumulong sa paggamot ng tigdas kaysa pag-opera sa conjoined twins (dahil mas maraming matutulungan) (110).

Para kay Singer, ang mas konting paghihirap at mas maraming saya ay mas mahusay kaysa sa mas maraming paghihirap at mas konting saya (2015, 7). Minsan ay nakakalito ito, dahil lumalabas na kung kailangang pumatay ng isang tao para magligtas ng 1,000, tama ang pagpatay (51; tingnan din ang 48). Nagkakaroon tuloy ng sitwasyon na lumalabas na mayroong mga mabuting guwardya ng mga oven ng Nazi, dahil mas masamang maging sundalong Nazi (53). Mayroon ding kuwestiyonable at may pagkaseksistang pahayag si Singer tungkol sa pagkokompara ng kamatayan at panggagahasa [135]. Si MacAskill man ay kahindik-hindik ang tila ba’y pagtatanggol sa mga abusadong pabrika (sweatshops) (2016, 130).

Katulad ni MacAskill, mahusay para kay Singer ang pag-iisip nang may bilang (2015, 78, 98). Lohikal na kongklusyon ng pagbibigay-bilang na ito ang konsepto ng “qaly,” o isang taon ng buhay na may pag-angat ng kalidad (quality-adjusted life year). Kunwari ang bilang ng isang “normal” na tao sa kaniyang buhay ay 10. Si Pedro, dahil sa sakit ay 5 lang ang bilang sa kaniyang buhay. Si Juan naman, may sakit din, pero 6 ang bilang sa buhay. Kapag nagbigay ng isang daang libo kay Pedro, mabubuhay pa siya ng 10 taon at tataas ang bilang niya sa kaniyang buhay mula 5 papuntang 9. Samantala, si Juan kapag tinulungan, magiging 7 lang ang bilang sa buhay, pero meron pa siyang 30



taon na ilalagi sa mundo. Mayroong 40 puntos si Pedro, samantalang si Juan ay magkakaroon ng 30 puntos. Ito ay dahil umangat ng 4 puntos ang sukat ni Pedro, at dahil ang 4 kapag 10 beses inulit ay 40, magdudulot ng 40 puntos na pagtaas ang pagbigay ng isang daang libo kay Pedro. Samantala, kay Juan ay 30 puntos lang (kasi kay Juan, tataas lang ng 1 puntos kahit na mabubuhay pa siya ng 30 taon). Dapat mas tulongan si Juan. Para kay MacAskill, masusukat ng qaly kung dapat kang tumulong na (a) mapataas ang ranking ng isang tao sa kaniyang buhay (e.g. gamutin ang kaniyang kabulagan) o (b) mapahaba ang buhay ng isang tao kahit manatili sa parehong ranking ang kaniyang buhay (e.g. pahabain ang buhay ng isang HIV carrier). Para sa kaniya, mas maraming qaly ang makukuha kapag nagbigay ng 10,000 dolyar sa paggamot sa kabulagan kaysa pagbigay ng gamot sa may HIV (MacAskill 2016, 36; tingnan din ang Singer 2015, 131-132).

Para kay MacAskill dapat epektibo ang mga charity. Dapat doon lang sa mga epektibong charity nagbibigay ng donasyon. Kung si Juana at Maria ay parehong magaling sa pagpupurga ng bulate, pero si Juana kailangan lang ng 50 piso at si Maria kailangan ng 100, dapat kay Juana magbigay kasi doble ang maitutulong niya, mas marami siyang matutulongan sa parehong gastos (MacAskill 2016, 110). Mas epektibo si Juana dahil ang pagtulong sa kaniya ay makakatulong sa mas maraming tao, sa parehong presyo ng pagtulong kay Maria. (Sinusuportahan din ni MacAskill ang direktang pagbibigay ng pera, na ayon dapat sa pananaliksik ay nakakatulong talaga. Dapat doble-doble ang husay ng charity sa pagtulong sa tao kompara sa pagbigay na lang nang direkta sa tao para maging may saysay ang pagbigay sa charity [115].)

Muli, magkabagang sa ganitong pagtingin sa pagtulong si MacAskill at si Singer. Sayang na sayang nga si Singer sa paggastos ng Make a Wish Foundation ng \$10,000 (sa kaniyang estima) para sa isang batang may sakit na tinagurian nila sa Estados Unidos na Batkid. Hindi rin naman nagamot ang kaniyang sakit at imbes ay nabigyan lang siya ng pagkakataong magsuot ng costume na Batman at makisalo sa isang pagtatanghal (Singer 2015, 6). Ang ayaw na ayaw ni Singer ay ang pagbibigay ng donasyon sa mga museo at iba pang may kinalaman sa sining (9; tingnan din ang 49, 118-119 at sa Singer 2016, 167, 171-173, at Singer 2009, 149; ang kaso ng sining ay bibigyan ng karampatang diskusyon sa seksiyon sa dulo ng papel). Kahit ang kalikasan ay hindi ligtas kay Singer. Kung wala rin naman daw tao o hayop na nakatira sa bahagi ng kalikasan na nais ipreserba, tawagin nating Puno A o di kaya'y wala namang maaapektuhang tao o hayop sakaling mawala itong Puno A, bakit pa magbibigay ng donasyon sa preserbasyon ng Puno A? (146-147)

Isa pang mahusay na konseptong tinalakay ni MacAskill ang pag-iisip sa gilid. Mas maraming sweter, mas walang kuwenta ang bagong sweter (MacAskill 2016, 57). At dahil mas marami nang nagbibigay sa pananaliksik para sa kanser, mas makakabuti kung magbibigay para sa pananaliksik para sa malaria (62), dahil mas malaking pagkakaiba ang maidudulot ng parehong dami ng pera kapag ibinigay ito sa pananaliksik sa malaria kompara sa pananaliksik sa kanser. Kontra sentido komun ang ganitong uri ng pag-iisip. Halimbawa, konklusyon ni MacAskill na, sa Estados Unidos, di rin naman ganoong kalaki ang maitutulong ng isang taong gustong tumulong kung mag-aaral siya para maging doktor (65-66, 75), ito'y dahil sobrang dami naman ng nagdodoktor. Rekomendasyon niya sa mga taong gustong tumulong sa kapuwa na pumasok sa ibang larangan, tulad ng pinansiya, imbes na medisina. Mas kaunti raw kasi ang may mabuting-loob sa pinansiya (tingnan din ang Singer 2015, 41). Hindi mahalaga para kay MacAskill kung sino ang tumulong, basta nagawa ang pagtulong (2016, 69-70). Para kay Singer naman, hindi mali na ipagmalaki ng isang nagbigay ng donasyon na nagbigay siya ng donasyon, dahil nakakalikha pa nga ito ng kultura ng pagbibigay ng donasyon (i.e. “normal” ang pagtulong, ang pagbigay ng donasyon, ito ay bagay na *basta*, ginagawa *natim*; tingnan ang Singer 2009, 65).

Lumalabas na nakakatulong talaga ang pagbibigay-bilang at makaagham na pananaw sa pagbabalangkas ng pagtulong sa ibang tao. Halimbawa, para kay Singer ay magkatumbas ang mga taga-Estados Unidos at South Africa, magkatumbas ang malapit at malayo (2015, 80). Kaya kung mas makakatulong siya sa taga-South Africa kaysa sa Estados Unidos (dahil nga mas malaki

ang maitutulong ng kaniyang dolyar sa taga-South Africa), ang taga-South Africa ang kaniyang tutulongan. Gayundin, puwede nating sabihing pareho lang ang mga taga-Ethiopia at mga Filipino, at kung mas malaki ang maitutulong mo, kahit Filipino ka, sa isang taga-Ethiopia, dapat iyong taga-Ethiopia ang iyong tulongan. Itong pagkakatumbas ng mga tao bilang bilang, i.e. ang pagiging pantay-pantay ng mga tao, ang esensiya ng epektibong pagkikipagkapuwa.

## ILANG KRITISISMO

Talaga bang pagbibigay ng donasyon sa mga epektibong charity ang paraan para makatulong sa mga mahirap? Hindi ba't dapat ang ugat ng kahirapan ang puksain para hindi nakadepende ang mga nagdarahop sa kagandahang loob ng nag-aabot ng tulong? Para kasi kay MacAskill, hindi sigurado kung ano ang tunay na ugat ng kahirapan, i.e. hindi niya nakikita ang kapitalismo bilang sanhi ng paghihirap ng marami (2016, 201). Si Singer pa nga, ibinibida ang kapitalismo (2015, 50), at ang kabutihang dulot ng mga entrepreneur (2009, 29). Sabi pa ni Singer, sakali man na naniniwala ang isang tao na rebolusyon ang solusyon sa mga problemang panlipunan, kung *hindi posible* ang rebolusyon at gusto pa rin ng taong ito na makatulong, kailangan niyang humanap ng ibang solusyon (36).

Ang mga estruktural na katangian naman ng pagbibigay ng donasyon ang krinitika ng sosyolohistang si Linsey McGoey (2015, 8-9). May tatlong punto siya: una, dahil pribadong mga kompanya ang mga charity, wala silang pananagutan sa mga taong tinutulongan nila. Halimbawa, tayong mga Filipino, kung hindi tulongan ng ating gobyerno, may karapatan tayong magreklamo. Kapag magreklamo tayo sa mga nagbibigay ng donasyon, baka tawagin pa tayong inggrato. Ito nga ang dahilan kung bakit sinabi ng manunulat na si Nicole Aschoff na “hindi demokratiko” ang mga charitable foundation (2015, 134). Tutulong ang mga ito sa paraang gusto nila, at walang tinig ang mga “tinutulongan.” Magpapasalamat na lang tayo kapag binigyan tayo ng teksbuk, pero paano kung ang gusto at kailangan natin ay pabrika? Ang pagiging mula sa “itaas” imbes na mula sa “ibaba,” ang pagkakaroon ng saray o herarkiya sa estruktura ng pagbibigay ng donasyon ang siyang inusig ng kritikong si Rolando Tolentino tungkol sa “MaAgang Pamasko” ng Jollibee (2001, 58). Para kay Tolentino, hindi laruan ang kailangan ng mga bata kapag Pasko (at hindi lang Pasko), pero kapag magpapasukob sa sistema ng charity ng Jollibee, laruan lang talaga ang makukuha ng bata. Nagkakaisa si McGoey, Aschoff, at Tolentino sa kritisismo ng estruktura ng charity. Dahil walang obligasyon ang mga charity na tumulong sa mga tao, walang karapatan ang mga tao na mas espesipiko sa kanilang hiling. Nasa nagbibigay (ang charity) ang lahat ng kapangyarihan.

Ikalawang punto ni McGoey, kung magiging natural o siyang inaasahan na ang tutulong sa mga mahirap ay mga pribadong kompanya imbes na ang gobyerno, baka lalo lang iaabandona ang idea ng pagpopondo para sa mga pambulikong serbisyo. Sa iba na mapupunta ang pera sa budget na laan dapat sa ospital, eskuwelahan.

Ikatlong punto ni McGoey, marami sa mga tinatawag na pilantropo, sa totoo'y nanggaling sa mga imoral o ilegal na paraan ang yaman. Partikular niyang pinupunto si Bill Gates, isa sa tatlong trustee ng Gates Foundation, na kaya nagkaroon ng pagkarami-raming pera'y di-umano'y ginamit kasi ang kapangyarihan ng monopolyo sa industriya ng computer para pahinain ang mga kakompetisyon. Natunghayan na natin ang maaaring maging sagot nina Singer at MacAskill sa kritisismong ito. Kung mas maraming natulongan si Gates kaysa napinsala, maaari pa ring sabihing tama o moral ang kaniyang ginawa. Sa paliwanag nga nina Perseville Mendoza, Maria Theresa Payongayong, at Jeanette Yasol-Naval sa tinatawag nilang “utilitarianismo” (utilitarianism, isinalin bilang gamitismo sa itaas): “... malalaman lamang kung nakapagbigay ng mas maraming kaligayahan ang isang pagkilos depende sa kinahinatnan nito. ... Sa ebalwasyon ng kinahinatnan ng isang pagkilos, susukat in ang kaligayahang natamo hindi lamang ng taong may gawa kung hindi pati ang kaligayahan ng mga taong sangkot at/o apektado ng ginawang pagkilos. Samakatwid, kaligayahan sa kabuuan ang

kinakailangang tingnan bago masabing tama nga o mali ang isang pagkilos. Bilang diin, naniniwala ang utilitarianismo na tama ang isang pagkilos kung ito ay naghatid ng mas maraming kaligayahan kaysa sakit, at mali kung mas maraming sakit ang naidulot nito kaysa kaligayahan” (2011, 27-28).

## PARA SA SINING

Nabanggit sa itaas na isa sa mga pinanghihinayang ni Singer ay ang perang ginagastos at sinasayang sa mga likhang-sining na ubod ng mahal. Isa sa kaniyang mga target, halimbawa, ay ang maestro ng Abstract Expressionism na si Barnett Newman (2016, 179). Pero hindi nito ibig sabihin ay laban siya sa sining mismo. Nakikita niya ang halaga ng pagpinta bilang pagpapahayag ng sarili para sa maraming tao. Para sa kaniya, korupsiyon ang dulot ng pera sa sining. Kung talagang nais ng mga artista at kritiko na makatulong sa iba gamit ang sining, dapat magpokus sila sa mga mahirap na bansa (181). Iyon namang mga itinuturing na obra maestra’y dapat ilapit sa mga karaniwang tao sa pamamagitan ng mahusay na reproduksiyon (2015, 125).

Ang tinutukoy ni Singer dito’y mga larawan (painting) at eskultura. Siyempre pa, nakikitaan pa rin niya ng gamit (utility) ang sanaysay. Naniniwala siya na nakakakumbinsi ang pagsusulat ng libro para mahikayat ang iba na tumulong sa kapuwa. Sinabi niya halimbawa na may epekto ang libro niyang *The Life You Can Save* sa pag-iisip ng bilyonaryo-pilantropo si Bill Gates (169). Si MacAskill naman, naniniwala sa kapangyarihan hindi lang ng libro, kundi ng independiyenteng mass media (2016, 104-120), pati pamimigay ng leaflets (143)! Pareho silang may website.

May saysay naman ito. Sabi nga ni MacAskill, sinusubukan ng epektibong pakikipagkapuwa na maging siyentipiko, pero hindi pa rin ito nasa level ng pisika (180). Kinakailangan pa rin, halimbawa, ni Singer na maglatag ng mga argumento para mapatunayan na tungkulin ng mga taong tumulong sa isa’t isa. Hindi ito testable at falsifiable, na dalawang katangian ng mga tesis na nagsusubok binyagang “makaagham.” Mas matatawag pa nga itong siyentismo imbes na siyentipiko. Ang siyentismo ay ang pananampalatayang ang agham ang puno’t dulo ng pag-iral ng tao (para sa mas malawak na paliwanag, tingnan ang Ferriols 2014, 35-37).

Dudulog tayo sa bahaging ito sa ideolohiya, mas espesipiko, sa sining. Sa bahaging ito magbibigay ng mabusising pagbabasa sa *Social Realism in the Philippines* ni Alice Guillermo (1987). Sa aking palagay, sa diskusyon sa libro ni Guillermo, masasagot ang mga butas sa presentasyon nina Singer at MacAskill. Ang butas na tinutukoy ko ay ang pagmintis nina Singer at MacAskill sa kritisismo nina McGoey, Aschoff, at Tolentino sa estruktura ng kapangyarihan sa sistema ng charity. Gayundin, ang butas na ito’y ang tila obsesyon ni Singer na tuligsain ang sining sa kaniyang panunuligsa sa pag-donate sa mga museo at art gallery, na kaugnay na rin ng siyentismo at kuwantitatibong pagsukat ni MacAskill sa mundo, ang kaniyang pagkiling sa pagbibilang.

Kilala bilang aktibistang guro at kritiko, magtataka ang sinomang may manipis na pagkakaunawa sa sining na isa sa mga binibigyang-diin ni Guillermo ay ang anyo. Pero, iyon na nga, napakahalaga sa kaniya ng anyo ng mga sinusuring likhang-sining (9, 49). Tungkol sa *Gombuzá* at *Metamorphosis* ni Jaime de Guzman, tinukoy ni Guillermo ang “influence of the artist’s tutelage under the Mexican Siqueiros, are in the large-scale mural format, with energetic *gestural* brushwork conveying the surge of patriotic ardor, with the dramatic use of reds, blues, and blacks to express bloody struggle” (7, akin ang diin). Samantala, itong anyo din ang batayan kung bakit nakukulangan siya sa ibang likha ni Leonilo “Neil” Doloricon: “*Itaas ang Sabod*, the artist’s first oil work, shows the influence of Carlos ‘Botong’ Francisco in its *pastelly* colors and flat, poster-like effect. ... The harmonious and rhythmic style of Carlos Francisco may not quite jibe with the temperament of this artist with his usually stark and intense perceptions of reality” (77, akin ang diin).

Kailangan kasi ng sining ng mataas na anyo, hindi hiwalay dito ang kahulugan (15). Kahit nga mga likhang propaganda, na sa akala ng marami’y simple lang gawin at walang utak para

intindihin, para kay Guillermo ay kailangan ng “minimum standard of technical competence” (18). Bukod sa anyo binigyang-diin niya ang moda ng distribusyon. Malaking usapin para sa isang pintor kung sa aling gallery siya mag-eeksibit (o kung hindi talaga siya mag-eeksibit sa alin mang gallery!) (8).

Hindi na, kung gayon, nakapagtataka na malawak ang pagpapakahulugan ni Guillermo sa realismo, sa sosyal na realismong tinutukoy ng pamagat ng kaniyang libro. Nakikitaan niya ng politikal at estetikong husay ang expressionism (4), cubism (5), at iba pang mas pangkalahatan at modernistang pananaw sa sining tulad ng Dada at suryalismo (30). Kahit ang conceptual art ay hindi itinatakwil (107), at higit sa lahat may espasyo para sa personal na estilo (50). Sentral dito ang bisyon ng artista o alagad ng sining, na siyang nagbibigay kabuuan o katatagan sa watak-watak at sabog (16). Binubusisi talaga ni Guillermo ang mga pinta at eskultura na kaniyang pinag-aaralan. Narito, halimbawa, ang kaniyang pagpapaliwanag sa serye ng mga gawa ni Renato Habulan na pinamagatang *May Bahid ang Kabapor*:

The historical allusions through the period costumes -- and in one painting, through a sepia-simulated reproduction of the famous photograph of MacArthur’s landing -- give the work a sense of the flow of history and the dialectical interplay that gives momentum to the process. The idea of class distinction and contradiction is further brought out by the geometric framing device to section off elements. There is a certain meticulous attention to detail that derives from a fascination with the ilustrado costumes, but this becomes subsumed to the theme. To lend gravity to the subject and enhance its historical implications, the colors are generally subdued, tending to the sepia browns of old photographs, except for accents of red or other colors. (89)

Madaling papasok sa imahinasyon ang pagkainip at pagkapagod hindi lamang ng mga taong hindi akademiko sa diskusyong ito, kundi pati ang mga lumalabas ay nagmamadaling pilosopo (nagmamadali dahil milyong-milyon ang namamatay!) tulad nina Singer at MacAskill. May punto rin naman si Singer kapag sinabi niyang kahit ang mga anti-kapitalistang likhang-sining ay hindi siguradong makakatakas sa pang-aangkop ng kapitalismo mismo (2015, 124). Ilang beses nabanggit, halimbawa, ni Guillermo ang husay ni Ben Cabrera sa *Social Realism in the Philippines*, at hindi naman pinagdududahan ito, o ang pagiging makabayan at makatao ng ngayon ay Pambansang Alagad ng Sining. Sa isang banda, umabot ng sampung milyon ang ginastos ng kolektor na nanalo sa bidding para sa “Sabel” ni Cabrera (Tabora 2017). Tiyak na masasayang si Singer dito.

Samantalang hindi nga minsan makahulagpos ang mga likhang-sining mula sa kapital, lumalabas na hindi rin naman sila makaalagwa mula sa kasaysayan. Ano’t anoman ang intensiyon ni Luna sa *Spolarium*, ngayon ay binabasa nating mga Filipino ito bilang pang-uusig sa kolonyalismong Espanyol (Guillermo 1987, 1). Kahit nga ang “sining para sa sining” ay hindi ligtas sa bisyon ng kritiko. Siyempre pa, ito ay pagtalikod sa komersiyalisasyon at burgis na kultura (12-13), limitado nga lang ang kapangyarihan laban sa kinaaway.

Sining bilang bisyon din ang kasong inilatag ni Jonathan Beller sa kaniyang *Acquiring Eyes: Philippine Visuality, Nationalist Struggle, and the World-Media System* (2006, 203). May paradoha dito. Sa isang banda, ibinibida ni Beller, tulad ni Guillermo, ang kapangyarihan ng sining na magbigay ng kabuuang larawan ng mundo. Pero sa isang banda, may pagpuri pa rin sa kapangyarihan ng indibidwal. Masasabi nating ang landas tungo sa tunay na pagiging katangi-tangi ay ang todo-todong pagyakap sa komunidad.

Sa kaniyang libro, ang sinuri ni Beller ay mga isinulat at ipininta ni H. R. Ocampo, ang mga pelikula ni Lino Brocka, at ang mga gawa ni Emmanuel Garibay. May diin ang diskurso ni Beller sa teknolohiya at sining-biswal, itong huli, sa tingin niya’y susi sa pagpapaliwanag ng kasalukuyang estado ng globalisadong mundo (2-3). Para kay Beller, ang panonood at pagtingin ay produktibo, at ang nalilikhang yaman ng mga mata ay pinagsasamantalahan naman ng mga kapitalista (183-184, 187, 261). Mula rito masasabi natin na ang sining, partikular ang sining-biswal (hindi lamang

iyong mga larawan at litrato, kasama na rin ang mga imaheng umiikot sa Internet), ay tereyn ng tunggalian. Ang paglikha ng sining ay pakikipaglapan. Ito ay paglikha ng bagong mundo, mundong hindi lang nagbibigay ng pera sa mga mahirap, kundi wala nang mahirap (Beller 2006, 245, 247). Ito ang puntong hindi matama-tamaan ni Singer, nagreklamo man siya sa pagiging nakakabagot ni Newman o nagrekomendang magbigay ng donasyon sa mga pintor ng Ikatlong Daigdig (na pilit niyang tinatawag na “umuunlad na bansa” o developing countries). Bagaman ang bisyon ng alagad ng sining ang pinapaksa nina Guillermo at Beller, mahalaga ring bigyang-pansin ang bisyon ng kritiko. Kung ang bisyon ni Singer ay may kaunting puwang lamang para sa sining, ipinipinta ng kay Beller ang kabuuan. Tunghayan, halimbawa, ang kaniyang “teorya ng halaga ng atensiyon” na:

... has the merit of being able to explain, in part, why a Van Gogh painting can be valued at US\$50 million. When images are circulated in contemporary culture, the value produced by the looking of others accretes to the image and to its proprietors. In the case of the unique work of art, its ... mediation, through catalogues, reproductions, and scholarly articles, confers its value from the looking of others. The image, like the commodity, is built from the expropriation of subjective activity from its producers--be they workers on the assembly line, spectators in the cinema, or patrons in a museum. (43)

Sa ganitong pananaw, hindi na lamang mga mahirap ang mga mahirap sa Ethiopia, South Africa, at, ipasok na natin, Filipinas. Sila ay mga pinagsasamantalahan. Ang muling-pagbibinyag na ito ang unang hakbang sa paghanap ng pangmatagalang solusyon sa kanilang abang sitwasyon. Kung mayroon mang pagtataka sa kaisahan ng papel na ito (ano naman ang kinalaman ng kritisismo sa charities?), sana ay nasagot kahit papaano ng diskusyong ito. Tila ba ang sining ay pagsalungat sa nais bigyang-diin ng pilosopiya nina Singer at MacAskill: “epektibong pakikipagkapuwa.”

Unang punto, hindi talaga sigurado kung gaano epektibo ang sining. (Ayon kay Sartre, wala namang nakumbinsi ang *Guernica* ni Picasso [2001, 4].) Hindi ito mabibigyang-bilang ni MacAskill. Maaari sigurong magsagawa ng sarbey sa labas ng museo, ipapa-rate sa mga bisita kung gaano na sila naaawa sa mga mahirap pagkatapos maglagak ng isang oras sa Vargas, 1 bilang “wala pa ring awa” at 10 bilang “awang-awa,” pero estruktural ang pagmintis ng haypotetikal na pananaliksik na ito. Hindi nabibilang ang sining, bagaman nabibilang ang presyo ng maraming larawan. Ang tao ang nagbibilang. Hindi nagbibilang ang sining.

Nais kong klaruhin na hindi matatawaran ang buti na naidudulot ng mga charity na pinupuri nina Singer at MacAskill. Inirekomenda ko nga ito. Hindi nila sinasabing magpakahirap dapat para tumulong sa iba. Counter-productive nga raw ito sabi ni Singer (2015, 28). Ang sinasabi ni Singer, mas mainam na magbigay ng donasyon sa mga mahirap kaysa gumastos sa mga hindi kinakailangang bagay, tulad nga ng mamahaling eskultura at bote ng tubig (ayon sa kaniya, malinis ang tubig na lumalabas sa gripo sa Estados Unidos). Dagdag pa rito, pareho nilang sinasabi na imbes na lumungkot, dahil nawalan ng pera at di nakabili ng luho, mas sumaya pa nga ang mga nakikipagkapuwa (tingnan ang Singer 2015, 97-104).

Ikalawang punto, hindi rin maituturing na pakikipagkapuwa ang sining. Samantalang para kina MacAskill mahusay na magtrabaho sa pinansiya at saka magbigay ng donasyon sa mga mahirap, suntok sa buwan ang ganitong opsyon para sa pintor na nais ding magmalasakit sa iba. Yayaman ka at talagang may maibigay sa mga charity kapag nagtrabaho sa hedge fund o investing company. Kapag pinasok mo ang pagpipinta, malaki ang tiyansang ikaw ang mangangailangan ng donasyon. Nakakaubos din ng oras ang paglikha ng mga eskultura, o kahit ng meme. At sa sagot ni Singer na siyempre kailangan ding magpokus sa sariling kaligayahan ang isang taong nais magbigay ng ligaya sa kapuwa, kailangan nating igiit na hindi rin naman kasiyahan ang paglikha ng sining. Hindi man ito trabaho para sa marami, paggawa ito para sa lahat ng practitioner. Hindi na nga ito epektibo para sa kapuwa, hindi man lang ito garantiyang epektibo para sa alagad ng sining mismo. Maaari pa nga itong maging sanhi ng pagdurusa. May pagkaromantiko ang pananaw.

Pilit inihuhugpong nina MacAskill ang agham sa etika. Ang pagiging mabuti bilang proseso na maaaring makalkula. Mayroong tinatawag na politikal na sining, pero walang etikal na sining. Mayroong politika-bilang-etika (virtue ethics), at estetika-bilang-politika (pasismo), at mayroon ding estetika-bilang-etika (postmodernismo), pero walang etika-bilang-estetika. Pagkapangit-pangit kasi ng pagiging mabuti. Hindi raw ito “sexy” sabi ni MacAskill (2016, 5, 11).

May estruktural na problema ang kanilang “epektibong pakikipagkapuwa,” na hindi man napupunuan ng sining ay nabibigyang-diin naman nito. Estetika-bilang-estetika. Ang sining ay hindi argumento at hindi rin pagmamakaawa, kundi paglikha. Ang kuwalitatibong mga lapit sa etika, imbes na kuwantitatibo, ay hindi nalalayo sa sining. Ang pagbabangga ng diskurso ng sining sa diskurso ng epektibong pakikipagkapuwa ay nagbubukas sa lapit na ito, pinupunuan ang mga butas at pagkukulang nito, nang sa gayon ay maging epektibo bilang praktika. Nga lang, nakasalalay ang pagtaas ng pagkaepisyente nito sa tila ba hindi episyenteng bagay, iyon na nga, ang sining.

Sa sanaysay na ito, isinalin ko ang “altruism” nina Singer at MacAskill bilang “pakikipagkapuwa,” pero kagyat na mahahalata ng mambabasang malayang salin ito. Hindi lang naman pagtulong ang pakikipagkapuwa. Hindi man lang ito pananaw na ang “ako” ay hindi kompleto kung wala ang iba. Sa pakikipagkapuwa, wala nang iba. Hindi tayo iba sa ating kapuwa. Pero maaari siguro tayong umigpaw sa mga kabatiran ng Sikolohiyang Pilipino (Enriquez 2008, 52, 54) at sabihing hindi nga kailangang tao ang iyong kapuwa. (Deklarasyong sasang-ayunan ni Singer kung hayop ang pinag-uusapan, pero hindi kung kalikasan o ibang bagay ang itinuturing.) Ang sinasabi ko, maaaring maging likhang-sining mismo ang iyong kapuwa. Pero wala na ngang likhang-sining. Hindi na hiwalay ang alagad ng sining sa sining mismo. Alinsunod kay Rosa Rosal, ito ang ating slogan: “Sining ko, mahal ko.” Kung para kina Singer at MacAskill, dapat ay magbigay tayo ng *bahagi* ng ating kita sa ibang tao sa ganitong pagturing sa sining, hindi lang bahagi at hindi lang pera ang kailangang ialay sa sining, kundi buong buhay.

## SANGGUNIAN

Aschoff, Nicole. 2015. *The New Prophets of Capital*. London: Verso.

Beller, Jonathan. 2006. *Acquiring Eyes: Philippine Visuality, Nationalist Struggle, and the World-Media System*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

Corrales, Nestor. 2017. “Tagle hits gown donation during Yolanda: Don’t send what you’ve thrown away.” inquirer.net, Hunyo 12. <http://newsinfo.inquirer.net/759769/tagle-hits-gown-donation-during-yolanda-dont-send-what-youve-thrown-away>.

Enriquez, Virgilio. 2008. *From Colonial to Liberation Psychology: The Philippine Experience*. Quezon City: University of the Philippines Press.

Ferriols, Roque. 2014. *Pilosopiya ng Relihiyon*. Quezon City: BlueBooks.

Guillermo, Alice. 1987. *Social Realism in the Philippines*. Quezon City: Asphodel Books.

MacAskill, William. 2016. *Doing Good Better: How Effective Altruism Can Help You Help Others, Do Work that Matters, and Make Smarter Choices About Giving Back*. New York: Avery.

- McGoey, Linsey. 2015. *No Such Thing as a Free Gift: The Gates Foundation and the Price of Philanthropy*. London: Verso.
- Rodriguez, Rommel. 2017. [Kuwentong Twit]. Twitter Post. Hulyo 6; 3:22 AM. <https://twitter.com/KuwentongTwit/status/882907560226848770>.
- Sartre, Jean-Paul. 2001. *What is Literature?* London and New York: Routledge.
- Singer, Peter. 2009. *The Life You Can Save: Acting Now to End World Poverty*. New York: Random House.
- Singer, Peter. 2015. *The Most Good You Can Do: How Effective Altruism is Changing Ideas About Living Ethically*. New Haven and London: Yale University Press.
- Singer, Peter. 2016. *Ethics in the Real World*. Princeton and Oxford: Princeton University Press.
- Tabora, Brylle. 2017. “BenCab’s “Sabel” sold for P20 million in Leon auction.” inquirer.net, Hunyo 12. <http://lifestyle.inquirer.net/180084/bencabs-sabel-sold-for-p20-million-in-leon-auction/>.
- Vogel, Carol. 2017. “Record Auction Price for Barnett Newman, \$43.8 Million, Is Set at Sotheby’s.” nytimes.com, Hunyo 12. <http://www.nytimes.com/2013/05/15/arts/design/record-auction-price-for-barnett-newman-at-sothebys.html>.
- Yasol-Naval, Jeanette, Theresa Payongayong, Perseville Mendoza. 2011. *Pamimilosopiya: Mga Pagdulog at Konsepto*. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino.
- <https://www.givingwhatwecan.org/>

## En Memoria Cariñosa: Soldado Tenso Conserbado (1898-1976)

*Amado Anthony G. Mendoza III*

May isang artikulo, isang “timeless” at kahanga-hangang piyesa ng photojournalism, sa isa sa mga huling isyu ng *Philippines Free Press* bago dumating ang puwersa ng mga Hapon sa bansa. Hindi ko na matandaan ang tiyak na petsa ng pagkakatathala ng artikulo. Subalit ang talagang hindi mawawaglit sa aking alaala ay ang larawang kalakip nito—si Soldado Tenso Conserbado kasama ang ilan sa mga beterano ng *guerra civil*. Ang digmaan sa pagitan ng mga puwersang republikano at hukbo ni Heneral Franco. Ang digmaang naglagay kay Franco sa kapangyarihan nang mahigit tatlong dekada.

Ang mga beteranong kasama ni Conserbado sa larawan ay lumaban para sa hanay ng mga *falangista*. Patunay nito ang tsapang bordado sa unipormeng suot-suot ng mga ito. Halos hanggang tainga ang ngiti ng beteranong nasa sa gawing kanan ni Conserbado. Ang dalawa nama’y binitbit ang kanilang pagiging sundalo hanggang sa larawan—seryosong-seryoso ang mga mukha, halos ikubli ang kalahati ng kanilang mga labi. Tanda na ang kanilang sakripisyo ay nagbunga sa mukha ng eternal na pagkilala mula sa panig ng nagwagi at makapangyarihan. Sa likod nila ay ang isang naghuhumindig na monumentong nagpapaalala sa tagumpay ng hukbo ni Franco at pagkilala sa sakripisyo ng mga yumao para sa adhikain ng dakilang Heneralissimo. Sa subtítulo ng larawan ay nakatitik ang epitetong: “LOS VETERANOS DE LA GUERRA CONTRA-INSURGENTE. LOS HEROES DE LA 15a BRIGADA!”

Makalipas ang tatlong dekada—mga dekadang tila lumipas lamang sa isang iglap dala ng kawalan ng kakayahan ng taong makagulapay sa kaniyang palagiang pagkakahimbing—magkakarap kami ngayon ni Conserbado, umiinom ng mamahaling whisky, sa kaniyang malaking apartment sa may Escolta. Taong 1969 na noon. Katatapos lamang ng unang termino ni Marcos, tatlong taon bago niya ideklara ang Batas Militar, at batay sa pulso ng taumbayan ay tila tiyak na ang kaniyang reeleksiyon. Si Conserbado naman, sa kabilang banda, ay isa sa mga kinikilalang pinakamahusay na manunulat sa Filipinas sa wikang Espanyol.

Nakasabayan niya ang mga tulad nina Jesus Balmori, Manuel Bernabe, ang senador na si Claro M. Recto, at iba pang mga manunulat na nagsulat sa wikang Espanyol. Ngunit siya na lamang ang buhay sa kaniyang henerasyon. Yumao si Balmori tatlong taon pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig; sina Bernabe at Recto naman noong 1960. Bagaman mas bata sa kaniyang mga kasabayan ng isang dekada—ang periodo de oro—masasabing akay-akay ng kaniyang panulat ang diwa ng naunang henerasyon. Madalas niyang ipaalala sa akin nang pabiro na ang kaniyang “kantanyagan” (lagi niyang sinasambit ang katagang ito sa isang paraang nakapanipi) ay bunga ng “pisikal na pagpapaubaya” ng kaniyang mga kasabayan sa may-kapal at sa kanilang mga esposa.

Hindi nga lamang nakamit ni Conserbado ang kinang at ningning ng kaniyang mga kasabayan dala marahil ng kaniyang pagdistansiya at kawalan ng interes na makisangkot sa mga mainit na debateng pampanitikan at giyera-patani sa pagitan ng mga manunulat noong mga dekada 1920 at 1930. Sa tuwing tatanungin ko siya tungkol sa kaniyang tahasang pagtanggap makisangkot sa

mga naturang debate, palagian niya akong sinasagot sa kaniyang pauyam na baluktot na Espanyol ng: “Ramoncito, nunca comprende es muy difícil.”

Taong 1965 nang magkakilala kami ni Conserbado sa isang pagtitipon ng mga manunulat sa Maynila. Ipinakilala ako sa kaniya ng kaibigan kong si Jesus sapagkat matagal na raw naghahanap si Conserbado ng magsalalin ng kaniyang mga akda sa wikang Filipino. Bukod pa roo’y hindi rin naman lihim sa akin na naging kaibigan niya ang aking ama noong sila’y nasa unibersidad pa sa Espanya noong mga dekada 1920 at 1930. Nangyari lamang na siya’y nakabalik sa Filipinas bago dumatal ang *guerra civil* samantalang naiwan ang aking ama sa Espanya dala ng kaniyang kagustuhan na “makilahok sa pagbuo ng kasaysayan.” Apat na taong gulang ako noon nang malaman kong namatay ang aking ama sa kamay ng ama ng aking noo’y paboritong kalaro na si Ancieto. Sa umpukan at usap-usapan ng aming mga kapitbahay noon, malinaw ang mga panig: ang ama ni Ancieto ay isang bayani; ang ama ko nama’y isang kawawang mestizong narahuyo sa mga peligrosong idea. Sa kasamaang-palad, hanggang doon na lamang ang aabuting ningning ng pamilya nina Ancieto. Pagdatal ng panahon ng Hapon ay mananalasa na parang balang ang kamalasan sa kanilang pamilya. Mula noo’y wala na akong narinig na kahit anumang tungkol sa ama at pamilya ni Ancieto.

Sa pangkalahatan, masasabi kong hindi naging malaman at mabunga ang una naming engkuwentro ni Conserbado. Ni hindi namin napag-usapan noong panahong iyon ang posibilidad ng anumang proyekto o kolaborasyon. Tulad ng maraming manunulat ng kaniyang panahon, tila mas interesado si Conserbado na sukatin ang kalibre ko bilang isang tagasalin.

“Ano na ba ang mga naisalin mong akda?”

At tulad ng isang kunchong walang kamalay-malay sa nanlilisik na mata ng isang tigre, nasilo ako sa patibong ni Conserbado.

“Ilang tula ni Vallejo, kalipunan ng kuwento ni Francisco Sicardi, at mga sanaysay nina Domingo Sarmiento at Roberto Arlt.”

“Aba... Mukhang hindi mo na kailangan ang mga akda ko upang paunlarin ang iyong reputasyon! Tulad ka rin ng iyong Papa. Laging may sariling landas na tinatahak.”

Makalipas ang ilang taon ng pagkakaibigan at kolaborasyon sa di-ilang proyekto, lagi’t lagi ko pa ring binabalikan ang engkuwentro naming iyon. Marahil upang ipaalala sa sarili kung gaano na kalayo ang aking narating; at marahil upang ipaalala sa sarili ang kakatuwang henesis ng aming pagkakaibigan. Kahit si Conserbado, sa mga sandaling dinaratnan siya ng matinding pagnanais na mang-alaska, ay lagi’t lagi rin bumabalik sa engkuwentro naming iyon.

## II

Nagsisimula ang trabaho namin ni Conserbado ng alas-otso en punto. Magkikita kami sa silid-aklatan ng Lungsod ng Maynila kung saan, tulad ni Borges sa takipsilim ng kaniyang karera, ay nagawaran siya ng honoraryong posisyon. Pagdating na pagdating namin sa pasilyo ng silid-aklatan ay sasalubungin kami ni Minerva, ang punong-abala ng gawaing administratibo, ng mga papeles na kailangang pirmahan ni Conserbado—marahil upang hindi magmukhang pabalat-bunga ang iginawad sa kaniyang posisyon. Hindi na tinatanong ni Conserbado kung ano ang nilalaman ng mga papeles na kaniyang pinipirmahan. O kung ano ang implikasyon ng mga ito. Tila malay rin siya sa alanganing sitwasyon na kinasasadlakan ng mga empleado ng silid-aklatan na halos araw-araw kailangang lumikha ng mga “opisyal” na gawin para sa kaniya, masabi lamang na kinikilala nila ang titulong iginawad sa kaniya ng Lungsod ng Maynila.

Sa loob ng pitong taon, sa isang kumportable at malawak na silid sa tapat ng espesyal na sinupan ng aklatan na naglalaman ng mga diyaryo mula siglo 19 hanggang sa unang dalawang dekada ng siglo 20 namin ginugol ang mayorya ng aming panahon. Karaniwan kaming inaabot ng hanggang alas-kuwatro o alas-singko ng hapon, depende sa lakas ng pangangatawan (madalas na siyang atakihin noon ng arthritis at rayuma) at disposisyon ni Conserbado. Kung talagang nasa kaniyang elemento’y inaabot kami ng hangganng alas-otso ng gabi. May ilang pagkakataon pa ngang inabot kami ng alas-nuwebe. Laking pasasalamat ko na lamang dahil talagang mapagkandili ang mga empleado ng silid-aklatan. Sa mga ganoong pagkakataon ay madalas akong yayain ni Conserbado na maghapunan ng asadong baboy sa Binondo o di kaya’y magdildil ng chopitos sa kaniyang apartment sa may Escolta. Madalas naming kasalo ang kaniyang asawang si Josefa, isang retiradong guro sa pampublikong paaralan, sa mga naturang hapunan. Kung minsan pa nga’y nagbibigay rin siya ng kaniyang mga komentaryo (na aaminin kong malaki ang naitulong) sa hindi na namin mabilang na borador ng salin ng mga akda ng kaniyang asawa. Pero mas madalas ang mga sandaling hinahayaan kami ni Josefa na magpatianod sa dagat ng aming mga idea. May mga pagkakataon pa ngang magigising na lang kaming nakakumot na’t kumportableng nakahilig sa uluhan ng sopa.

Maaaring hatiin sa dalawang simpleng gawain ang proyekto: ang pagpili ng mga akdang isasalin at ang pagsisinop ng mga borador na tapos nang isalin. Ang unang apat o limang oras ng bawat araw ay nakalaan sa pagbabasa at pagtalakay sa mga akdang maaaring isalin. Madalas na nagiging mainit ang diskusyon namin dahil tulad ng isang manunulat na may matinding respeto sa sarili, nasa kaniya pa rin ang paniniwalang lahat ng kaniyang isinulat ay regalo ng Diyos sa sanlibutan. Ang madalas na nagiging resulta nito ay ang debate namin tungkol sa kaniyang tendensiya na ulit-ulitin ang isang paksa ad nauseam, ad infinitum. Halimbawa, sa kaniyang polemikong sanaysay na “Los Olvidados” (1948) (isang malinaw na pasaring sa obra at politika ng makakaliwang direktor na si Luis Bunuel), tinalakay niya ang sinasabing mga kinalimutang bayani ng “decimoquinta brigada” at kung paanong sa kabila ng pagtatagumpay ni Heneralissimo Franco ay namamayagpag pa rin ang mga mapangwasak na idea ng mga sosyalista at komunista. Muling aalingawngaw sa kaniyang sanaysay na pinamagatang “Comunistas: Escoria de la Tierra” (1952) ang kaniyang pagkadismaya sa diumano’y muling pagbabalik-uso ng mga idea at kaisipang makakaliwa. At upang kompletuhin ang santisima trinidad ng pag-uulit, nariyan ang kaniyang sanaysay na “El Espectro Totalitario” (1959), kung saan ihinambing ni Conserbado ang komunismo sa isang multo na paulit-ulit kailangang puksain ng mga puwersang nasa panig ng kabutihan, katarungan, at kaunlaran.

Madalas niyang iginigiit na mahalaga ang “continuity” para sa isang manunulat. Sa tuwing ibinabalandra niya ang puntong iyon, lagi’t lagi kong ipinaalala sa kaniya na ang “continuity” ay isang birtud sa akda ng manunulat na hindi pinaplano. Organiko dapat itong namamalas ng mga mambabasa, at hindi isang bagay na kalkulado o di kaya’y lubos na pinaghahandaan. Isa pang tanda ng pagiging pilit ng paniniwala niyang ito ay ang nakapagtataka niyang pagkatig sa paggamit ng salitang “continuity” imbis na ang salitang Espanyol para rito.

Dagdag pa rito, ipinaalala ko kay Conserbado na isang representatibong kalipunan ng kaniyang mga sanaysay ang pinal na layunin ng proyekto. Mas mainam kung magkakaroon ng varayati ng paksa, tema, tono, at estilo ang mga itatampok ng mga sanaysay. Kapag humantong na sa usapin ng paglilimbag ang aming debate ay bigla na lamang siyang mananahimik, na para bang sinasabi na, “Sige na, ikaw na ang nakakaalam.” Kung minsan nama’y sadyang matigas ang kaniyang ulo, handang-handang ipaglaban ang isang partikular na akda o punto hanggang sa kamatayan. Sa mga ganoong sitwasyon ay ako na ang nagpapaubaya. Sa ganitong pakiramdaman kung kailan dapat isuko (nang panandalian) ng isa ang kaniyang mga pinakaitinatanging paninidigan at paniniwala nabuo ang isang hindi matitingkalang pagkakaunawaan sa pagitan naming dalawa. At ang proyektong aklat na binuno namin ng halos pitong taon ang bunga ng pagkakaunawaang iyon.

Mula naman ala-una hanggang alas-kuwatro ng tanghali ay sinisinop namin ang mga natapos ko nang borador. Bagaman wala naman talagang akademikong kasanayan sa lingguwistika at

pilolohiya, ang katatasan ni Conserbado sa wikang Espanyol ay nasa isang antas na kailanma’y hindi maaarok ng isang tagasalin at kahit ng ibang mga katutubong nagsasalita nito. Hindi sapat na sabihing idyomatiko ang kaniyang wika, sapagkat ang katatasan niya’y hindi nakasalalay sa kaniyang paggamit ng mga klasikong talinghaga kundi sa paglikha ng bagong idyoma mula sa mga pinakanakaririmarim at pinakanakasusulasok na kalyehon ng wikang Espanyol. Sa mga sulok ng kahulugan na hindi pinangangahasang pasukin ng marami. At bagaman hindi nagiging sing-init ng aming mga diskusyon sa umaga ang mga sesyon namin sa tanghali, masasabi ko na talagang naging mabunga ang mga sandaling iyon.

Ito rin ang mga panahon kung kailan unti-unti niyang ibinahagi sa akin ang ilang detalye hinggil sa kaniyang lagi’t laging masalimuot na personal na buhay. Mula sa tunay na dahilan kung bakit ilag siya sa mga debateng (“giera patani” ang ginamit niyang termino para rito; na maalarang ginamit rin ni Rosaura Almario upang ilarawan ang katangian ng mga debateng pampanitikan noong bungad ng siglo 20) namagitan kina Lope K. Santos, Carlos Ronquillo, Inigo Ed Regalado, Godofredo Herrera, at alyas Kalihim ng Pusong hanggang sa kaniyang tunay na relasyon sa mga manunulat mula sa periodo de oro. Ibinahagi niya rin sa akin nang puno ng pag-iimbot ang naging alitan nila ni Manuel Bernabe.

Nagsimula raw ang kanilang alitan nang hindi niya paunlakan ang hiling ni Bernabe na sumulat ng tula bilang tanda ng kaniyang pagsuporta sa pagkandidato nito bilang bise-alkalde ng Maynila. Ang sabi sa kaniya ni Bernabe, bibigkas daw ang tulang isusulat niya sa isang malaking pagtitipon sa Rizal Avenue (Avenida na sa kasalukuyan). Ayon kay Conserbado, tumanggi siya sapagkat naniniwala siyang hindi dapat nababahiran ng anumang politika ang sagrado at dalisay na akto ng pagtula. Mula noo’y nagsimula nang dumistansiya sa kaniya si Bernabe. At pagkalipas ng ilang buwan ay maririnig niya sa mga kaibigan at kakilala na ipinagkakalat raw ni Bernabe na “inurungan na ng bayag” sa pagtula si Conserbado. Na nagkakasya na lamang daw siya sa pagsulyap at pagsariwa sa dahan-dahang pumupusyaw na kinang ng kaniyang mga naunang tagumpay.

Dulot ng labis na sama ng loob at galit kay Bernabe, sa isang kaibigan na pinagkatiwalaan niya ng kaniyang mga pangarap, naisip niyang hamunin ito sa isang duwelo. Subalit ayon kay Conserbado, hindi nararapat para sa isang taksil na kaibigan ang isang marangal na kamatayan. Kaya imbis na hamunin si Bernabe ng duwelo ay inabangan siya ni Conserbado sa paborito nitong taberna upang kumprontahin ito sa pamamagitan ng kaniyang mga kamao. Sa puntong ito’y hindi siguro kalabisang sabihin na hindi naging maganda ang naging resulta ng engkuwentrong iyon para kina Bernabe at Conserbado. Bukod sa basag na mga ngipin at laylay na panga, halos itaya ng dalawang manunulat ang bulto ng kanilang inaalagaang reputasyon para lamang “ipaglaban” ang kanilang mga nasaling na amor propio: nabigo si Bernabe na makamit ang posisyong bise-alkade, samantalang mas lalong nanamlay ang noo’y matamlay nang karera sa panitikan ni Conserbado.

Sa mga panghapong sesyon rin iyon ibinahagi sa akin ni Conserbado ang kaniyang mga “pampanitikang pagkiling” (ito ang mga ginamit niyang termino) na sa palagay niya’y hindi niya maaamin sa ibang kaibigang manunulat. Halimbawa, hiyang-hiya niyang inamin sa akin na kahit kaila’y hindi siya ngakaroon ng interes na basahin sina Julian Cruz Balmaseda, Alejandro Abadilla, at marami pang makatang nasa parnaso ng panulaang Pilipino. Halos mamula naman siya sa hiya nang aminin niyang hindi niya maunawaan ang mga nobela ni Nick Joaquin at kahit kaila’y hindi niya malampasan ang ika-30 pahina ng kahit ano sa mga akda ng dakilang awtor. Buong-kumpiyansa naman niyang ibinalandra ang kaniyang pagkasuya sa mga akda nina Villa, Hernandez, at Benigno Ramos. Isama na rin daw sa ikalawang nibel ng mga nakayayamot at nakasusuyang manunulat sina Brigido Batungbakal at Marcel Navarra, na ayon sa kaniya’y nagsusulat ng mga kuwentong nasa bingit na ng “sosyalistang bulgarismo” at pagiging mga “pampletang nangangamoy propaganda.”

Sa panitikan naman ng daigdig ay pinopoon niya sina Quevedo at Novalis, samantalang naeeskandalo naman siya kina Joyce, Kafka, Woolf, at Whitman. Rurok naman daw ng

namamayagpag ng epidemyang “makalipunan” ang mga akda nina Melville, Rolland, at Twain; samantalang ang mga Pranses nama’y masyadong maraming gustong ingakngak (mulí, ito ang ginamit niyang salita). Hindi rin siya interesado sa mga babaeng manunulat. Para kay Conserbado, ang babaeng manunulat ay kapara ng isang babaeng nagtatangkang matutong humawak at magpaputok ng baril—madalas na hindi kanais-nais—kung hindi nakamamatay—ang nagiging resulta.

Bagaman madalas na nagkiskisan ang aming mga paniniwala pagdating sa panitikan at ibang pang mga bagay, masasabi kong naging maayos ang aming relasyong propesyonal. Sa katunayan, ang pagkakatanto namin sa lantad na pagkakaiba ng aming mga posisyon ang mas lalong nag-uudyok sa aming dalawa na kilalanin at kilatisin ang mga hindi-pa-lantad na posisyon ng bawat isa. Tandang-tanda ko pa ang isang pagkakataon na umabot na sa rurok ang kaniyang pagnanasang makilala ang kaniyang interlokutor. Sa gitna ng pagsisinop namin ng aking salin ng kaniyang “El Spectro Totalitario” (isinalin ko ito bilang “Ang Multo ng Totalitarianismo”) bigla niya akong tinanong tungkol sa aking politika at sa komunismo.

“Ano ang tingin mo sa komunismo? Sa mga komunista?”

“Ang tagal na nating magkakilala, Sol... Alam mo naman na siguro kung ano ang opinyon ko sa usaping iyan.”

“Siyempre, mayroon akong idea tungkol sa ‘yong mga paniniwala. Pero sa pagkakataong ito, Ramoncito, siges na’t paunlakan mo ako.”

“Buena... Paano kung sabihin ko sa ‘yong bukas ako sa mga idea at adhikain ng komunista? Na naniniwala akong tulad ng mga anarkista, pasipista, at liberal ay may karapatan silang igiit ang bisyon nila ng makatarungan at maunlad na lipunan.”

“Que barbaridad ang sanang isasagot ko sa puntong ‘yan. Subalit dahil pinaunlakan mo ako, bibigyan kita ng pagkakataong isalba ang iyong sarili.”

Sandali siyang humigop ng kape bago nagpatuloy. Ako nama’y napatingin sa orasan, umaasang maisasalba ako ng oras sa sitwasyong kinalalagan ko ngayon.

“Siges nga, Ramoncito, ipaliwanag mo nga sa akin, sa matandang ‘to na sinasabihan ng marami na napag-iwanan na ng panahon, kung paanong nakabuti sa sanlibutan, sa lipunan, ang pag-uugali ng mga komunistang kumplikahin ang mga napakasimpleng usapin? Ipaliban mo nga sa akin kung paanong nakabubuti sa lipunan ang isang ideolohiyang naniniwala na isang anyo ng huwad na kamalayan ang relihiyon!? Na ang lahat ng problema sa mundo ay malulutas kapag nalutas ang problema sa produksiyon!?”

“Sapagkat wala naman talagang ‘simpleng’ usapin, Sol. Sapagkat maaaring maipaliwanag ng ekonomiyang pampolitika ang mga bagay na ayaw ipaliwanag ng mga institusyon sa karaniwang mamamayan. At hindi ba’t talagang problema naman talaga ang produksiyon at ang distribusyon ng mga produkto ng produksiyon? Na siya namang nagbubunga ng kahirapan ng karaniwang tao.”

“Nabubulagan ka na yata, Ramoncito. Paano mo nakukuhang maniwala sa isang ideolohiya na hindi man lang isinasalang-alang ang kalusugang espirital ng indibidwal? Tandaan mong walang sibilisasyon kung walang relihiyon. Sa barbaridad tayo hahantong kung mangyaring magwagi ang mga komunistang yan.”

“Ngunit hindi ba’t ipinakikita lamang ng iyong tanong ang napakasalimuot na katangian na mga usaping bumabalot sa ating lipunan? Walang sibilisasyon na isinilang nang inosente.”

“At aba’y pati sa pagbuga ng mga truismo’y katono mo na rin sila.”

“Kahit ang itinatangi mong sibilisasyon na isinilang ng Romano Katoliko ay isang sibilisasyong bunga ng ilang siglo ng pandarahas.”

“Iba na ang panahon noon sa panahon ngayon, Ramoncito! Di mo puwedeng isakdal ang nagkumadrona ng tinatamasa nating kasaganaan ngayon dahil lamang may ilang nagmalabis. Narating na ng ating sibilasyon ang ruok ng tagumpay nito! At kahit kailan, hinding-hindi ako maniniwala sa mga samahang ang layunin ay pagtakpan ang karukhaan ng kaluluwa ng indibidwal.”

“Totoong iba na ang panahon ngayon, Sol. Subalit hindi mo rin maaaring isakdal ang mga tao o samahang nagnanais ng pagbabago.”

“Diyari na naghiiwalay ang ating landas, amiguito. *Lo ves, mi amiguito*, kaming mga naunang henerasyon ay naniniwala na sa lahat ng bagay, lalo na sa pagsusulat, ay dapat sinisikap makamit ang pinakaideal na simplisidad. Ramoncito, ang anumang pagtatangkang nakaumang sa pagpapasalimuot ng mga bagay-bagay ay lagi’t laging mauwi sa pagkabigo... Marka ito ng isang nilalang na hindi makahanap ng tiyak na landas sa buhay...”

Habang pinoproseso ang huli niyang mga salita’y dahan-dahang dumatal sa akin ang realisasyong wala akong kakayahang ibalik ang mga ito sa kaniya. Kahit ang mga kataga ng pagsuko ay tila nalulusaw sa disyertong katuyuan ng aking dila. Na lampas na sa usapin ng tama o mali; ng makatarungan o kawalan ng katarungan; at ng sibilisasyon at barbaridad ang aming talastasan. At muli, tulad ng una naming engkuwentro, ay nagmukha na naman akong bagitong manunulat, isang *escritor joven* (muli, kung gagamitin malalambing na panturing sa akin ni Conserbado) na naligaw sa masukal na gubat ng mga idea’t salita.

### III

Pinamagatan kong *Talanggunita ng Isang Contra-Insurgente* ang kalipunan ng mga naisaling sanaysay ni Conserbado. Noong una’y bantulot si Conserbado na paunlakan man lamang ang posibilidad ng naturang pamagat. Aniya, masyado itong tawag-pansin. Taliwas ito sa anyo ng panulat na kaniyang isinusulong. Bukod pa roo’y problematiko para sa kaniya ang “contra-insurgente” sapagkat ipinaalala nito ang mga mersenaryong *contra* mula sa Colombia, Nicaragua, at Peru, na bagaman mga komunista ang pinupuntirya, aniya, ay wala naman talagang paninindigan at pinaniniwalaan kundi ang *ley del plomo* o ang batas ng tingga. Sabihin pa, ang pamagat na ito ang isa sa pinakamatagal naming pinagdebatehan ni Conserbado. Ang pamagat na nasa isip niya noo’y *Ehemplong Panitik*, dahil naniniwala siyang maraming maibabahaging aral sa pagsusulat ang kaniyang mga sanaysay. Sinabi ko sa kaniyang bagaman kahanga-hanga ang intensiyong bitbit ng naturang pamagat ay hindi nito lubos na nasasaklaw ang pangkabuoang tunguhin ng proyekto. Idinagdag ko pa na ang salitang “contra-insurgente” ang terminong angkop na naglalagom sa kaniyang buhay bilang isang manunulat at intelektuwal, ang perpektong kumakatawan sa kaniyang pagsisikap na igiit ang kahalagahan ng mga konserbatibong kaisipan sa harap at sa kabila ng daluyong ng mga ideang progresibo at radikal. Pagkatapos ng ilang buwan ng batuhan at palitan ng mga idea, ng ilang daang tasa ng kape at platito ng sinungsong na mani, ay tinanggap niya rin sa wakas ang mungkahi kong pamagat.

Dalawampu’t dalawang sanaysay ang pinal na bilang ng mga lahok na isinama sa kalipunan. Mula sa orihinal na 40 ay humantong kami sa naturang bilang bunga ng aming halos araw-araw na pagmumuni, paninimbang, at paghamon sa iba’t ibang direksiyon na maaaring hantungan ng proyekto. Napagkasunduan naming hatiin sa dalawang seksiyon ang koleksyon: bubuuin ng 11 sanaysay ang bawat seksiyon. Ang unang seksiyon ay pinamagatan niyang “Escritos Eclecticos.” Mayorya ng sanaysay sa seksiyong ito ang tumalakay sa batis at inspirasyon ng kaniyang mga idea hinggil sa politika, kultura, at panitikan. Pinakapaborito ko sa seksiyong ito ang sanaysay na “La Edad

de Ningún Movimiento” at “No Pongo Esperanza en los Vientos del Cambio.” Pinagsusumikapan ng dalawang sanaysay na itong hamunin ang korelasyon ng pagbabago panlipunan at pag-usbong ng kulturang moderno. Subalit ang mas interesante sa sanaysay na ito ay ang manaka-naka niyang pagtatangkang magbigay ng eulohiya sa mga taong nagbigay sa kaniya ng mga aral sa buhay. Sa unang sanaysay, halimbawa, may ilang alusyon sa kaniyang guro sa kasaysayan, na sinasabi ni Conserbado na nagtulak sa kaniyang muling timbangin ang kaniyang mga paninindigang etikal at politikal. O ang kaniyang pinsan na lumaban sa Unang Digmaang Pandaigdig, na sinasabi niyang nagturo sa kaniyang maging matapang sa kabila at sa harap ng anumang pagsubok sa buhay.

Ang ikalawang seksiyon naman na pinamagatang “El Reto Conservado” ay mas nakatuon sa isang tiyak na idea: ang posibilidad ng muling paglaganap at pagpupunyagi ng mga kaisipang konserbatibo. Sa mga sanaysay sa seksiyong ito’y tinangka naman ni Conserbado na taluntunin ang konserbatibong batayan ng lahat ng larangan ng kaalaman sa loob at labas ng akademya. Bukod pa rito’y bumalangkas rin siya ng mga politikal at kultural na hakbang upang manumbalik sa konserbatibong ayos ng lipunan.

Nasa ikapitong taon na kami noon ng aming proyekto nang siya’y biglaang pumanaw: limang taon matapos ang pambobomba sa Plaza Miranda at apat matapos ibaba ni Marcos ang Batas Militar. Kakatuwang nalampasan ni Conserbado ang lahat ng iyon nang hindi bumibigat ang kaniyang damdamin; marahil dahil nakaukol ang kaniyang lakas at atensiyon sa aming proyekto. Subalit noong mga panahong iyon, dama ko sa bawat pagpapaubaya ni Conserbado sa aking mga punto’t mungkahi ang isang *cansancio profundo*: isang metapisikal na kapagurang dulot ng dagsa ng mga pangyayari na hindi na niya maipaliwanag sa pamamagitan lamang ng mga salita, *ng kaniyang mga salita*.

Bagaman walang masyadong dumalo sa burol ni Conserbado, tumagal pa rin ng isang linggo ang lamay bunga ng determinasyon ni Josefa na tuparin ang hiling ng asawa. Noong panahong iyo’y mas naging malapit kami ni Josefa dahil isa ako sa iilang madalas makipaglamay sa kaniya. Sa isa naming pag-uusap ay hiniling niya sa aking ipagpaliban muna ang paglilimbag sa kalipunan. Aniya, hindi pa handa ang mundo sa kasalukuyang ayos nito para sa mga idea ng kaniyang asawa. Bagaman may pag-aalinlangan sa katotohanan ng pahayag na iyo’y sinunod ko pa rin ang kaniyang kahilingan. Pagkatapos na pagkatapos ng libing ni Conserbado ay itinabi ko muna ang pinal na borador ng aming proyekto at ang pitong taong bulto ng mga idea’t karanasan na kaakibat nito. Makalipas ang apat na taon, taong 1980, sumakabilang-buhay na rin si Josefa. Ako na rin nag-asikaso ng burol at libing ni Josefa sapagkat ako na lamang ang nabubuhay nilang kakilala.

Habang binabalikan ang ilan sa mga naiwang manuskrito ni Conserbado ay nasumpungan ko ang clipping ng artikulong nabanggit ko sa bungad ng aking *endecha*. Nakaipit ito sa kaniyang kopya ng *El árbol de la ciencia* ni Pio Baroja. Habang pinagmamasdan ang pigura ni Conserbado sa larawan kasama ang mga beterano ng *la guerra civil* ay muling bumalik sa akin ang pagkamangha sa kaniyang personaheng mula noon at hanggang ngayon, sa kasamaang-palad, ay hindi ko pa rin kayang maipaliwanag sa kahit sinuman. Kung bakit hindi ko naitanong noon kung ano ba talaga ang kaniyang mga pinaniniwalaan o kung ano ba talaga ang naging papel niya sa ilang mahahalagang pangyayari sa kasaysayan ay marahil isa sa mga pinakamalaki kong pagkukulang bilang kaniyang kabigan at tagasalin. Subalit sa kabilang banda, naniniwala akong hindi niya kailangan ang sinuman, kahit ako na kaniyang kapanalig sa mahabang panahon, upang ipaliwanag ang kaniyang sarili. Sapat na ang kaniyang mga akda upang ipaliwanag ang kaniyang halos-isang-buhay na pagsusumikap tuntunin ang pinakaperpektong simplisidad sa buhay.

Hunyo 2017

## Mga Tula

*Allan C. Popa*

### **ANG TAGAPANGALAGA NG LIHAM**

(Alinsunod sa *Esperanza* ni Alice Tan-Gonzales)

Kung ilulugay ang kanyang buhok,  
isa-isang maglalaglagan  
ang naipong mga liham  
na kailangang maglakbay  
sa dilim at kailaliman.

Minsan na siyang umibig  
at iniwan na may puwang  
na hindi matutukoy sa katawan.

Dito niya isinisilid  
ang naiipong bulung-bulungan,  
ang pira-piraso ng papel  
na hindi dapat mag-iwan ng bakas  
sa mga kamay na dinaraan.

Hindi magluluwal ng supling  
ang kanyang sinapupunan  
ngunit naiipon sa kanyang katawan  
ang mga salitang kailangang  
kuyumusin at punitin  
bago mapasakamay ng kaaway.

Ang kanyang buhok  
na mariin ang pagkakapusod  
balon ng tinta ng bawal na salita  
na naghihintay na maisulat.



**LIHAM KAY SIDO**

(Alinsunod kay Pantaleon Kardenas)

Sa daang-bakal  
 ng sasakyang bakal  
 nadarama mo ang lamig  
 ng pusong pinanday sa bakal.

Naglalakbay sa bakal ang lamig.

Umiinit ang sasakyang-bakal  
 na nagmamadaling makaalis.  
 Umiinit ang punyal na bakal  
 sa higpit ng iyong kapit.

Naglalakbay sa bakal ang init.

Sa iyong mga kamay  
 nagmamantsa ang tinta  
 ng kuwentong mapagpalaya  
 kung makaalpas sa lamig ng rehas.

Umiinit ang makinang  
 maglilimbag ng dugo  
 ng tunay na may sala  
 sa mga pahina ng balita.

*Naglalakbay sa bakal ang lamig.*  
*Naglalakbay sa bakal ang init.*

**LIHAM SA TAGA-ISLANG LUMISAN**

(Alinsunod kay Voltaire Oyzon)

Sa pagnanais makaakyat  
 ng puno ng niyog  
 muling iinit sa iyong kamay  
 ang puluhan ng itak  
 kailangang alalahanin  
 kung paano tatagain  
 ang puno nang may sapat  
 na lalim upang may maapakan  
 sa pag-ahon nang hindi  
 napuputol sa pinag-ugatan  
 kailangang damhin muli  
 ang gaspang ng inaakyat  
 kailangang alalahanin  
 kung paano pananatilihin malapit  
 ang lunduan ng katawan  
 sa puno na kailangang masugatan  
 sa bawat hakbang sa pag-akyat  
 hindi upang pumitas ng bunga  
 kundi upang masilayan  
 sa kabila ng kalabuan ng layo  
 ang islang iniwan, ikaw  
 sa tuktok ng puno ng niyog,  
 isa sa mga dahong patuloy  
 sa pagkaway ng pagbati, patuloy  
 sa pagkaway ng pamamaalam.  
 Maisisilid sa isang bunga ng niyog  
 ang karagatang nakapagitan  
 bagamat hindi ito maiinom  
 upang matighaw ang uhaw.

## Kappanimad-On: Ang Adaptibong Kasangkapang Pangwika at Pagtingin sa Ilang Tala Ukol sa Pagpapayabong ng Kaalamang-Bayan sa UP Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya

Vicente C. Villan

### ABSTRAK

Ang wika ay hindi lamang may mahalagang tungkulin sa larang ng komunikasyon. Nagsisilbi rin itong batis ng panlipunang pananaliksik, pagtuturo, at paglilingkod-bayan.

Sa papel na ito, tinalakay ang *panimad-on*, isang taal na konseptong Kinaray-a, Hiligaynon, at Aklanon na tumutukoy sa naisantabing kaalamang-bayan sa iba't ibang larang ng pamumuhay ng tao—pangkalkasan, pangkalinangan, panlipunan, pampolitika, at pang-ekonomiya.

Bagama't taong 2014 lamang ipinasundayag o itinampok ang idea ng panimad-on, tinitindigang mahalaga ang konseptong ito bilang pantukoy at pagbibigay kahulugan sa lohikang pangkalinangan na matagal nang nakaugat sa kasaysayang intelektuwal ng Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya (KAPP) sa partikular, at ng Unibersidad ng Pilipinas (UP) sa kabuoan. Sa mga pag-aaral ukol sa tambalang lapit at labas-loob-lalim (Propero Covar); kapuwa, pakiramdam, hiya, at utang na loob (Virgilio Enriquez); at pamayanan, bayan, at bansa (Zeus Salazar), mababakas ang pagtatampok sa akademya ng mga naisantabing kaalamang-bayan.

Sa diwa ng pangkasaysayang intelektuwal na ito ng KAPP UP Diliman, itinatampok ang panimad-on bilang halimbawa ng adaptibong kasangkapang pangwika na ginamit sa pag-aaral upang tukuyin at bigyang kabuluhan ang iba't ibang larang ng pagtuturo, pananaliksik, at paglilingkod-bayang itinataguyod sa Kolehiyo. Sa pamamagitan ng konseptong ito, inaasahang higit na mauunawaan ang mga kalakaran sa tradisyong intelektuwal ng Kolehiyo ukol sa pagpapayabong ng kaalamang-bayan.

**Mga Susing Salita:** Kasangkapang-wika, Kaalamang-bayan, Sikolohiyang Pilipino, Pilipinolohiya, at Pantayong Pananaw

### PANIMULA

Isang tanggap na kaalaman na ang wika bilang isang pangkalinangang kasangkapang nilikha ng tao para sa panlipunang pakikipag-ugnayan, pagbubuklod, at pagkilos ay may kapangyarihang makapagpadaloy ng kaisipan kapuwa sa nagbibigay at tumatanggap ng impormasyon. Bukod sa idea na ang wika ay kasangkapan sa komunikasyon, ginagamit din ito ng lipunan at mga institusyon upang pukawin ang mga pagpapalagay, kaisipan, at damdamin ng tao para sa mga progresibong simulain sa pagbabago. Sa ganitong diwa maipapaloob, halimbawa, ang mga itinataguyod na likhang pampanitikan, pangmusika, o pandulaan para sa realisasyon ng ganitong simulain.

Sa ganito ring konteksto maihahanay ang pragmatikong gamit ng wika na makapagpahayag ng kalagayang panlipunan (Verstraelen 1966, 329) at makapaglarawan ng mga katayuang pantao, kalagayang panlipunan, at uri at katangian ng sangkalikhaang pangkalikasan o ano mang bagay sa loob ng lipunan. Sa pamamagitan ng makabuluhang paggamit ng wika, maaaring kasangkapanin din ito ng tao para magkaisa (Constantino 1996, 62; Jose 1996, 55; Almario 2015, 116, 118) sapagkat may kakayahan itong makapagpanatili ng kaayusan, sumalunga sa establisadong kapangyarihan, at makapagpalaya sa mga inaaping sektor sa lipunan (Constantino 1996, 63-67; Jose 1996, 53-56).

Sa ganitong mga pagpapalagay tungkol sa kabuluhan ng wika, maaaring maikawing ang akademikong konstrak sa lingguwistikang pangkulturang nauukol sa “adaptibong kasangkapang pangwika” na ipinanukala ni Gary Palmer (1996, 52) at ginamit sa papel na ito bilang banghay na kaisipan upang katawanin ang akademikong gawain hinggil sa pagtataguyod ng kaalamang-bayan sa Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya (KAPP) sa Unibersidad ng Pilipinas (UP) Diliman.

Upang maging gabay sa pagtalakay sa artikulong ito, tumukoy ng sentral na tanong: paanong ang taal na konseptong Kinaray-a, Hiligaynon, at Aklanon na *panimad-on* ay naging adaptibong kasangkapang pangwika para ipaliwanag ang gawaing institusyonal sa pagpapalaganap ng kaalamang-bayan sa KAPP? Para matugunan ang tanong, layunin ng pananaliksik na ito na ipakita ang mahalagang gamit ng panimad-on bilang konseptuwal na kasangkapan sa pagtukoy sa gawaing akademikong lalo na ang pagsusulong ng kaalamang-bayan sa KAPP. Batay sa layuning ito, bumuo rin ng mga susog na tanong:

1. Ano ang kahulugan ng adaptibong kasangkapang pangwika at ng panimad-on?
2. Paano ginamit ng KAPP ang adaptibong kasangkapang pangwika, at pagkaraan, nagsilbing tuntungan sa pagpapalawig ng ganitong pagtanaw sa pragmatikong gamit ng wika?
3. Paanong higit na pakikinabangan ang paggamit ng adaptibong kasangkapang pangwika sa KAPP bilang isa sa mga institusyong naging pandayan ng kaalaman sa UP?

Ang mga tanong na ito ay maisasalin sa mga sumusunod na tiyak na layunin:

- maipaliwanag ang kahulugan ng adaptibong kasangkapang pangwika bilang batayan ng pag-unawa sa intelektuwalisasyong nagaganap sa KAPP, gayundin ang kahulugan ng panimad-on bilang susing salitang ginamit sa pag-aaral;
- tumukoy ng mga halimbawa ng adaptibong salitang nagsisilbing tuntungan sa pagpapalaganap ng kaalamang-bayan sa KAPP; at
- mailahad ang iba't ibang larang ng gawaing intelektuwal sa KAPP gamit ang batayang adaptibong kasangkapang pangwika tungo sa pagsulong at pagpapalawig ng kaalamang-bayan sa akademya.

Nahahati ang artikulong ito sa tatlong bahagi:

- Ang Adaptibong Kasangkapang Pangwika at Kahulugan ng Panimad-on;
- Agham-Tao, Sikolohiyang Pilipino, at Pantayong Pananaw: Naitindig na mga Bantayog na Kaalamang-bayan sa KAPP; at
- Ang Indayog at Pagpapalawig ng Kaalamang-bayan sa KAPP sa Kasalukuyan.

Tatalakayin sa unang bahagi ang idea ng adaptibong kasangkapang pangwika bilang konstrak na ginagamit sa lingguwistikang pangkultura (cultural linguistics) at gagamitin naman sa pag-aaral na ito bilang batayan ng pag-unawa sa gawaing akademikong sa KAPP UP Diliman, lalo na

iyong may kaugnayan sa pagtatampok sa kaalamang-bayan. Ipapaliwanag din ang iba pang susing konsepto na kakasangkapanin sa pagsusuri ng intelektuwalisasyon sa nabanggit na institusyon.

Bibigyang-pansin naman sa ikalawang bahagi ang kontekstong pangkasaysayan ng gawaing akademikong sa KAPP, gayundin ang mga naitindig na bantayog ng intelektuwalisasyon ng mga kaalamang-bayan sa Filipinas.

Ilalahad naman sa ikatlong bahagi ng papel hindi lamang ang pag-indayog ng intelektuwalisasyon ng kaalamang-bayan sa KAPP, kundi maging ang pagpapalawig nito sa iba't ibang larang ng gawaing institusyonal sa Kolehiyo mula 2014 hanggang sa kasalukuyan.

## ANG ADAPTIBONG KASANGKAPANG PANGWIKANG AT PANIMAD-ON

### Ang Adaptibong Kasangkapang Pangwika

Tumutukoy ang adaptibong kasangkapang pangwika sa pagkuha mula sa kaalamang-bayan ng mga susing salita, termino, o kategoryang pangkalinangan upang maging konseptuwal na saligan sa pag-unawa ng mga penomenong panlipunan at pangyayaring pangkasaysayan. Sa institusyonal na konteksto, ginagamit ang salitang panimad-on mula sa kaalamang-bayan upang maging batayang pangkaisipan sa mga isinisulong na gawain kaugnay ng mandato ng isang institusyon o kagawaran. Sa larang ng lingguwistikang pangkultura maiugnay ang idea ng adaptibong kasangkapang pangwika na maaaring maging tuntungan sa paggamit at pagsusuri ng konseptong panimad-on (Kaufmann 1935, 383), salitang hinango ng may-akda mula sa mga wikang Aklanon, Kiniray-a, at Hiligaynon.

Ang lingguwistikang pangkultura bilang isang larang ng kaalaman sa kabuoan ay nagsisiyasat sa wika sa kontekstong panlipunan at pangkalinangang pagpapakahulugan, paggamit, at pagsasakabuluhan nito. Kaugnay sa panlipunan at pangkalinangang gamit ng wika, itinampok ni Gary Palmer (1996, 52-54) ang idea ukol sa adaptibong kasangkapang pangwika bilang isa sa mga halimbawa ng katangiang pangwika na maaaring makalikha ng kaayusan, sumalunga sa kapangyarihan, at makapagpalaya sa mga inaaping sektor ng lipunan (Constantino 1996, 62; Jose 1996, 55; Almario 2015, 116, 118).

Mula sa binanggit na katangian ng wika, ipinaliwanag ni Palmer na sa pragmatikong pagtingin sa wika, mabisang nagagamit ito sa panlipunan at pangkalinangang konteksto bilang tagapukaw at tagapagpalakas ng sinasabi niyang “adaptibong imahen” ng pagpapakahulugan ng tao sa mga “simbolikong konsepto” (1996, 52-54). Tumutukoy ang idea ng adaptibong imahen sa nabuong pakahulugan ng lipunan mula sa kinagisnang kalinangan at umiiral na kamalayang nilikha ng pang-araw-araw na buhay ng mga tao. Ang pang-araw-araw na buhay na ito o kultura ng tao ang pinaghuhugutan ng pagpapakahulugan at ginagamit sa pagsasakabuluhang panlipunan sa bisa ng pagtatampok o pagpapasundayag ng salita o kategorya. Binanggit na halimbawa ni Palmer ang panlipunang gawain na pangangaso. Ipinaliwanag niya na may kalinangang nakapaloob dito na kakikitaan ng pag-iimahen para makabuo ng kahulugan ang tao. Ang mga halimbawa ng imahen ay ang sumusunod: (1) ang mangangaso; (2) ang paraan ng pangangaso; at (3) ang huli na ibinunga ng pangangaso.


Upang bigyan ng higit na bigat ang ano mang panlipunang gawain, malimit diumanong ikinakabit sa ekspresibong kapangyarihan ng salita ang pag-iimahen kaugnay halimbawa sa paraan ng pamumuhay o kultura ng pangangaso. Ibig sabihin, itinutuntong ng lipunan sa kanilang paraan ng pamumuhay o kultura ang pangkalinangang pag-iimahen sa pamamagitan ng pagsisimbolo sa bisa ng nilikhang kategorya o salita.

Nagkakaroon ng higit na kahulugan, samakatwid, ang adaptibong kasangkapang pangwika dahil sa bisa ng pag-iimahen sa pag-iisip at pag-unawang pantao sa konteksto ng kognitibong lingguwistika (KL). Bilang isa sa mga larangan sa lingguwistika, nagsasalarawan ang KL sa kung



papaanong ang wika ay umuugnay sa sistema ng pag-unawa, pagkabuo ng wika, o kaisipan kaugnay ng salita, at maging ng ebolusyon ng mga salita. Ang paglikha ng mga termino o mga kategoryang pangkalinangan kaugnay ng KL ay nagtataglay ng mga imaheng binibigyan ng kahulugan ng tao sa pamamagitan ng kontekstong panlipunan at pangkalinangang kinapapalooban (Palmer 1996, 12, 14).

Sa larang ng KL, samakatwid, tinitingnan ang sagisag pangkomunikasyong berbal na may dalawahang estruktura: pansemantiks at ponolohikal. Tumitingin ang unang estruktura sa relasyon ng mga wika sa konteksto ng pagpapakahulugan. Habang ang ikalawang estruktura ay tumitingin naman sa mga sagisag na pangkomunikasyong berbal: (a) paglalapi, (b) salitang-ugat, at (c) mga salita. Mahalaga ang mga estrukturang ito sa larang ng KL sapagkat sentral ang mga ito sa gawaing pagpapakahulugan sa mga salita o kategorya na pinagbabatayan naman sa kabilang dako ng panlipunang pag-iimahan ng tao (tingnan ang Dayagram 1).

**Dayagram 1:**  
**Pagsasalarawan sa Adaptibong Kasangkapang Pangwika**



**Tumbasan:**

-  Larangan
-  Ugnayan
- AKP      Adaptibong Kasangkapang Pangwika

## Ang Panimad-on

Nagmula ang salita o kategoryang “panimad-on” sa wikang Kiniray-a, Hiligaynon, at Aklanon. Itinatampok ito sa pag-aaral na ito bilang halimbawa ng adaptibong kasangkapang wika. Ginamit ito sa pag-aaral na ito bilang salitang pantukoy sa intelektuwal na gawaing akademiko sa KAPP. Pagsasakatuparan na rin ito ng hangaring maisulong pa ang paggamit ng mga katutubong wika sa Filipinas (Constantino 2014, 67-85). Sang-ayon sa dalubwikang si John Kaufmann, MHM, ang panimad-on ay may kahulugang “Experience, observation, knowledge, intelligence, common sense, practical knowledge or wisdom; to observe, study, watch, take notice” (Kaufmann 1935, 383).

Tila malaganap sa Kabisayaan ang konsepto ng panimad-on na makikitang sinasalita hindi lamang sa mga Isla ng Panay, Negros, Romblon, Guimaras, at iba pang inabot ng migrasyon ng mamamayan nito, halimbawa, sa Mindanao. Hindi kaya ito ang dahilan kung bakit ibinilang o

ipinaloob ito ng bisaya.com sa wikang Sugbuhanon at ipinagpapalagay na nagmula sa salitang-ugat na “*timala*” (ibig sabihin, isang sagisag, marka, o tanda)? Upang makita ang pinagmulan ng salitang sinusuri, narito ang lingguwistikong pagsisiyasat sa nasabing konsepto:

Salita – katagang-ugat - panlapihan  
panimad-on - **timala**<sup>1</sup> - ^n<t~d-<la~pa~on~  
pa.ni.mad.un. - 4 na bigkasan

^n<t = nimala  
d-<la = nimad-  
pa- = panimad-  
-on = panimad-on  
panimad-on

Kung tutuusin, singkahulugan ang panimad-on ng salitang “*álam*,” na binigyan naman ni Kaufmann ng ganitong paliwanag:

Knowledge, wisdom, learning; to be or become wise, learned, to know. *Walá siá sing álam.* He has no learning, has had no education. *Pisáni ang pagtoón mo, agíd magálam ka.* Study with application, that you may become learned or well educated. *Sádto ány walá siá sing tinón-an, ápang karón nagálam na gid siá.* Formerly he had no schooling, but now he is quite learned. *Indi kamó manígíd sa íya siná, kay maaláman man nýa sa olíbi.* Don't tell him that now, for he will get to know it later on all the same. *Paalámi siá.*” (Kaufmann 1935, 12)

Samantala, sa *álam* din naman maaaring hanguin ang salitang “*kinaadman*” (*kina*<sup>2</sup> + *adm* [álam] + *an*) na may kahulugan namang “Learning, knowledge, wisdom, education, cleverness” (Kaufmann 1935, 230).

Maaaring makalikha ng bagong salita mula sa panimad-on sa pamamagitan ng tambalang laping *pinani-* + *-an* tulad ng *pinanimad-unan* na nangangahulugan namang “Knowledge, experience, observation” (cf. *panimád-on*, *pinaniúran*, *pinanilágan*) (Kaufmann 1935, 406).


Sa kabilang banda, ang singkahulugan ng salitang panimad-on na *panimaan* sa unahan na may kahulugang “Idea, thought, knowledge, inkling; to know, be aware of, note, observe, experience, take note of...” (Kaufmann 1935, 383) ay nagpapakita ng gawaing kaugnay ng mata, na iba sa una na nagpapakita ng gawain ng utak. Ang panimaan ay maituturing na unang larang at bintana ng pag-unawa sa nasagap ng stimulus mula sa kapaligirang pook ng impormasyong itinatawid sa utak tungo sa pag-unawa.

Dahil dito, iniugnay ang panimaan sa salitang ugat na *maan* (tingnan ang Dayagram 2) na tumutukoy sa ideang “To know, be aware of, understand. *Indi akó kamáan.* I do not know. *Anó ang namán-an mo?* What do you know? What have you studied or learned? (cf. *hibaló*, *sáyod*, etc.)” (Kaufmann 1935, 206). Sa salitang ito nakaugat ang salitang *timaan* na may kahulugan namang ganito: “Sign, mark, symptom, manifestation, badge of distinction, recognition or identification. *Ang timáan sang Sánta Kru.* The Sign of the Cross. *Ang isá ka timáan nga walá pagsalá?* A sure or infallible sign. (cf. *tándà*, *pát-in*). (Kaufmann 1935, 497).

<sup>1</sup> <http://www.bisaya.com/cebuano/panimad-on>

<sup>2</sup> Ipinaliwanag ni Kaufmann na “A prefix frequently used to form (abstract) nouns and (intransitive) verbs, e.g. *kinabúdlay*—toil; to toil (*búdlay*); *kinasádyá*—mirth, merriment, celebration; to make merry, etc. (*sádyá*); at *kina-*, *Tinún-an*, Learning, education, polite breeding, good manners, training. *Pagkawaláytinún-an*. Ignorance, stupidity, lack of training, impoliteness, rudeness, discourtesy, incivility. (cf. *toón*). pah. 502. *kinagánsal*— noise, boisterousness; to be noisy, etc. (*gánsal*), etc. etc.” (Kaufmann, 1935, 128)

**Dayagram 2:**  
**Pagsalarawan sa Kahulugan ng Panimad-on Bilang Pantukoy sa Malawak na Konsepto ng Kinaadman (Kaalaman sa Kanlurang Kabisayaan**



**Tumbasan:**

P ---- Panimad-on

I ---- Internal (Panloob)

E ---- Eksternal (Panlabas)

I-E —Internal (Panloob)-Eksternal (Panlabas)

Habang sinonimo naman ang *timaan* ng salitang “*pinaniiran*” (tingnan ang Dayagram 2) na ang ibig sabihin ay “Observation, experience, knowledge of life...” (Kaufmann 1935, 406), nagpapahiwatig ang *timaan* hindi lang ng pag-iisip, kundi ng buong katawang pagpoproseso ng impormasyong nasasagap ng utak upang bumuo ng kahulugan. Nakakawing din dito ang idea ng *tiid* na may ganitong kahulugan:

Observation, watch, surveillance; to observe, watch narrowly, have (keep) an eye on, watch a person's steps, keep under surveillance. *Tiira (-ida) siá*. Watch him. Keep an eye on him. *Ang mga bátà nagatiid sang haló, páspis*, etc. The boys are watching the iguana, the bird, etc. (in order to catch it). *Ginatiid gid níya ang mga gíbo kag húlag ni Fuláno nga ginabunábunáan nga siá amó ang makáawat*. He is carefully watching N.N.'s movements, as he is suspected of having committed the theft... (Kaufmann 1935, 496)

Ang *tiid* ang pinanggalingan naman ng *paniit*, bilang Freq. of *tiid* na nangangahulugan namang “To watch or observe well, keep—an eye on,—a watch on,—under observation. *Pinaniiran níya sing maáyo ang mga batásan ni Fuláno*. He observed well N.N.'s conduct (habits)...” (Kaufmann 1935, 383).

Kaugnay rin ang *tiid* ng salitang *pinanilagan* (tingnan ang Dayagram 2) sa malawak na pagpapakahulugan sa panimad-on. Binigyan ito ng kahulugang “What has been well watched or observed, observation, experience.” Nagmula ito sa salitang-ugat na *silag* na ang kahulugan ay “To watch the steps of, observe. See the Freq. *panilag* which is much more in use” (Kaufman 1935, 449). Samantala, sa *silag* rin nagmula ang konseptong *panilag*, na may kahulugan namang ganito:

Observation, watching; to observe, watch, be on the watch, notice with care (carefully), pay attention to, await developments, study, examine, dog (one's steps). *Panilágan ko pa ánay iná*. I shall watch that. I'll wait to see how it will turn out. *Na-panilágan ko nga maáyo ining palatikáangan (talapuánan)*. *Pinanilágan ko ining palatikáangan (talapuánan) kag maáyo gali*. I have observed that this is a good Business (company, society). *Tiyò ko ang panilag sang íya mga gíbo kag húlag*. I intend to dog (watch) his steps. (Kaufmann 1935, 383)

Lumilitaw sa Dayagram 2 na ang katagang panimad-on bilang isang adaptibong kasangkapang pangwika na ginamit ng KAPP para tumukoy sa gawaing pananaliksik, pagtuturo, at pang-ekstensiyon ay kumakatawan sa malawak na larang ng kaalamang mapagsisingkawan ng produksiyong pangkaalaman. Malinaw na ipinakita sa Dayagram na ang panimad-on ay nagtataglay kapuwa ng internal (panloob) at eksternal (panlabas) na larang ng pagpapakahulugan; at gayundin, ng internal-eksternal (loob-labas) na dinamika ng pagpapakahulugan.

Para sa una, ang internal at eksternal na pagpapakahulugan, makikita ang gawaing isip (panloob) at gawaing pangkatawan (panlabas: mata sa panilag at paa sa tiid/tiil). Habang sa internal-eksternal na dinamika naman, ang loob-labas (isip-paa at isip-mata). Malinaw na ang panimad-on ay maituturing na isang adaptibong kasangkapang pangwika. Tumutukoy ito sa malawak na larang pangkinaadman (kaalaman)—napag-alaman, nauunawaan, naranasan, at napagmasdan—sa nakaraang mahigit tatlong dekada ng pagpanday ng kaalamang-bayan sa KAPP. Isang halimbawa ito ng ekspresibo at deskriptibong salita o konsepto na may kakayahang makapagpahayag at makapaglarawan ng penomenong institusyonal ukol sa kasaysayan ng pag-unlad ng kaisipang akademiko, at gawaing pang-ekstensiyon na isinusulong sa kasalukuyan.

**PILIPINOLOHIYA, SIKOLOHIYANG PILIPINO, AT PANTAYONG PANANAW: NAITINDIG AT PINALAWIG NA MGA BANTAYOG NG KAALAMANG-BAYAN SA KAPP**

Nasa tatlong larang ng kaisipang akademiko—Pilipinolohiya, Sikolohiyang Pilipino, at Pantayong Pananaw (Navarro & Lagbao-Bolante 2007)—makikita ang penomenong institusyonal ukol sa pag-unlad ng kaisipang akademiko na nagsulong ng kaalamang-bayan sa KAPP. Ang radikal na pagpipit na ito ng mapanuri at malikhaing isip sa pagtingin, pagsisiyasat, at pag-unawa sa lipunan at kasaysayan gamit ang taal na mga pagdulog at pamamaraan sa pag-aaral, pagsusuri, at pananaliksik ay isang anyo ng panimad-on sa kalakarang intelektuwal sa Kolehiyo.

Mauugat kung tutuusin noong huling hati pa ng dekada 1960 hanggang dekada 1970 ang pagtatatag ng maituturing na mga bantayog ng kaalamang-bayang nabanggit na sumabay kilusang Pilipinisasyon bunsod ng pagpaimbulog ng kamalayang makabayan sa buong kapuluan. Masigasig na pinanday sa UP ang iskolarsyip o kapantasang nakatuon at nakaugat sa kaalamang-bayan. Pinagsaluhan ng tatlong tanyag na iskolar—Virgilio Enriquez, Zeus Salazar, at Prospero Covar (tingnan ang Dayagram 3)—ang dakilang gawaing akademiko sa larang ng Agham Panlipunan.

Naitanghal ang yamang pangkalinangang konseptuwal tulad halimbawa ng *kapuwa*, *ginbawa*, *kaluluwa*, *pakiramdam*, *utang na loob*, at iba pa, na napagdukalan ng iba't ibang pagsusuring disiplinial at nagpayaman sa teoretisasyon sa akademya. Nagluwal ito paglaon ng mga natatanging metodo ng pananaliksik, ng mga alternatibong batis, at ng mga praktika sa paglikha ng iba't ibang larang ng kaalaman sa agham panlipunan at pilosopiya. Nasaksihan sa yugtong ito ang pagyabong ng mga gawaing nagpapahalaga sa mga likas, taal, at katutubong kaalaman o kaalamang-bayan bilang mahalagang larang ng pananaliksik.

Sa bisa ng emikong lapit, nabuksan ang kaisipan ng marami hinggil sa kahalagahan ng mga wika bilang lundayan ng kalinangang-bayan. Paglaon, higit na isinulong ang pagsasa-Pilipino ng mga kurso, pananaliksik, at maging ng mga talakayan, pakikipagtalastang pasalita at pagsulat, palihan, at iba pa. Sa marubdob na pagpapahalaga sa wika, nabuo ang “nagsasariling talastasang Pilipino”/“talastasang bayan” sa pamantasan (Navarro, *et al.* 1997; Navarro at Lagdao-Bolante 2007). Bunsod ng ganitong mataas na pagpapahalaga sa sarili, nilayon ng kilusan ng Pilipinisasyon sa akademya ang makahagilap ng batayan sa kaisahan at kakaniyahan bilang salalayan ng minimithi at binubuong bansa.

Nakasandig ang ganitong paghahanap ng batayan para sa kaisahan at kakaniyahan sa kontra-opresyong pagkilos upang unawain ang sarili at bigyang kahulugan ito ayon sa sariling pagtatakda (Salazar 1998, 305). Ang kilusang akademiko na nagtatanghal sa sariling wika at kalinangan ay binansagan ng ilan bilang “kilusang indihenisasyon” ng agham panlipunan na itinaguyod nina Enriquez, Salazar, at Covar (tingnan ang Dayagram 3).

**Dayagram 3:**  
**Pagsasalarawan sa Bantayog ng Kaalamang-bayan sa Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya**



**Pilipinolohiya: Pagkatao, Katungkulan, at Kabuluhan**

Maiuugnay kay Prospero Covar ang larang na Pilipinolohiya na tumutok sa pagkatao na dinalumat ayon sa tambalang lapit.

Itinulad ni Covar ang tao sa isang bangang nahahati sa tatlong larang—labas, loob, at lalim. Ang labas ay ang pisikal-na anyo ng tao; ang loob ay ang pagkataong may sapi (hiya, pakiramdam, at utang na loob); ang lalim naman ay binubuo ng kaluluwa at budhi (Covar 2007, 62-71).

Gayunman, konstruktibong pinuna at pinalawig ni Vicente C. Villan (2013b, 73-110) ang sinimulan ni Covar. Sa paliwanag niya, kung may labas, loob, at lalim ang banga, narapat din ito marahil na magkaroon ng lawak (bago ang lalim), at lalo na ng lamang ipinaloob sa banga, bisa ng isinilid na bagay sa banga, at saysay na inaasahan sa itinago sa loob ng banga. Higit na mahalaga ang inilalagay sa banga kaysa sa banga mismo na isang lalagyan lamang (tingnan ang Talahanayan 1).

**Talahanayan 1:**  
**Pagsalarawan sa Pitong Salansanan ng Pagkataong Pilipino**

| LOOB     | LAWAK               | LALIM          | LAMAN   | BISA  | SAYSAY  |
|----------|---------------------|----------------|---------|---|---|
| Lalagyan | Kalahating kubiko   | 2 talampakan   | Tubig   | Nakapatid ng uhaw   | Nakapagpapasigla ng katawan                   |
| Imbakan  | Sangkapat na kubiko | 1 ½ talampakan | Bagoong | Nakapagbibigay gana sa pagkain                            | Nakakabusog at nakapagpapasigla ng pakiramdam |
| Lagakan  | Sangkapat na kubiko | 1 ½ talampakan | Tul-an  | May dadalawin sa panahon ng pangangailangan o kalungkutan | Makapagbibigay ng magandang alaala o gunita   |

Tulad ng makikita sa Talahanayan 1, ang banga bilang isa rin sa halimbawa ng adaptibong konseptong pangwika na ginamit ni Covar (2007, 64), sa pagpapalawig sa pananaliksik na ito, ay hindi lamang tatlong larang kundi pito. Ang labas ay nagtataglay ng loob at maaaring ituring na lalagyan, imbakan, at lagakan. Alin man sa mga kategoryang ito, maaari itong magtaglay ng mga sumusunod: lawak, lalim, laman, bisa, at saysay.

Ang lawak ay maaaring sukatin sa panukat na kubiko, halimbawa, at maaaring mapaglamnan ng anumang depende sa dami ng mailalagay na mahalaga sa tao. Higit sa mga ito, ang anumang laman ay inaasahang may bisa at saysay. Kung ang ilalagay, halimbawa, sa banga ay tubig, inaasahang ang bisa nito ay makapatid ng uhaw at makapagpapasigla sa tao.

Kung bibigyan ng aplikasyon ang banga bilang lawas ng tao, magiging mas malinaw ang pagbibigay-kahulugan sa pagkatao ng mga Pilipino. Makikita sa Talahanayan 2 ang pagsasalarawan sa pagkataong Pilipino:

**Talahanayan 2:**  
**Pagsasalarawan sa Lawas Bilang Lalagyan ng Halagahang Panlipunan**

| LOOB                              | LAWAK                            | LALIM                        | LAMAN                             | BISA                              | SAYSAY                                       |
|-----------------------------------|----------------------------------|------------------------------|-----------------------------------|-----------------------------------|--|
| Pagkatao                          | Katauhan                         | Kambal (Double)              | Katungkulan                       | Bisa                              | Saysay                                       |
| Kabubut-on (Loob o Nakem)         | Pagtugsiling (Kaluluwa at Budhi) | Dungan (Lakas-loob, Esensya) | Katungod (Kawani o Lingkod Bayad) | Kaabtik (Galing, Husay, Abilidad) | Kapuslanon (Kahulugan, Katuturan, Kabuluhan) |
| Pakiramdam, Hiya at Utang na Loob | Kaloobang Bayan                  | Kusog, Isug, at Kinaadman    | Datu, Babaylan, Bagani, at Panday | Batikan sa kaniyang larangan      | Pamanang Gunita                              |

Tulad ng makikita sa talahanayan, ang *lawas* bilang panlabas na bahagi ng tao ay kinapapalooban ng anim pang salansanan ng kaniyang pagkatao. Nasa kategoryang *loob* naman ang pagkatao, kung saan nakaluklok ang *kabubut-on* (*loob* o *nakem*), ang kinaroroonan ng halagahang panlipunan na pakiramdam, hiya, at utang na loob (Villan 2013a, 63-65; Villan 2013b, 86).

Samantala, sa kategoryang *lawak* naman makikita ang *katanuban* na kinalulugaran ng *patugsiling* (kaluluwa at budhi), at siyang tinatahanan ng *kaloobang-bayan*. Sa kategoryang *lalin* naman makikita ang *kambal* (double) at kinaluluklukan ng *dungan* (lakas ng loob, esensiya, buhay na kaluluwa), at siyang tinatahanan naman ng *kusog* (lakas), *isug* (tapang, giting, bisa), at *kinaadman* (kaalaman, pag-unawa, karanasan, namasdan).

Nasa kategoryang *laman* naman makikita ang *katungkulan* na kinaroroonan ng *katungod* (kawani o lingkod-bayan), at siyang kasusumpungan ng iba't ibang *pananagutan*—datu, babaylan, bagani, at panday—bilang mga “batikan”<sup>3</sup> sa kani-kanilang larang. Higit sa mga ito, sa kategoryang *bisa* makikita ang inaasahang katangiang pantao na *kaabtik* (galing, husay, diskarte, at abilidad) na nagsisilbing saligan sa pagkakaroon ng “saysay.” Nasa *saysay* na inaasahan sa isang tiyak na katungkulan ang *kapuslanon*—kahulugan, katuturan, at kabuluhan—bilang sandigan sa pamanang gunita sa lipunan (Villan 2013b, 77-79).

### Sikolohiyang Pilipino: Kaloobang-bayan, Ugnayang Panlipunan, at Paglilingkod-bayan

Nahahati sa tatlong larang ang sikolohiya ng pakikipag-ugnayang panlipunan na unang dinalumat ni Virgilio Enriquez (Villan 2009, 138-139, 143)—pakiramdam, hiya, at utang na loob—pundamental na ginagamit sa gawaing panlipunan ng pakikipagkapuwa-tao (tingnan ang Dayagram 4). Ang binabanggit na pakikipagkapuwa-tao bilang gawaing panlipunan ng mga Pilipino ay nagaganap sa pagitan ng di-ibang tao at ibang tao (Enriquez 1978, 1-4; Enriquez 2007, 29-30; Pe-Pua 2002, 13-14). Sa konteksto ng kamag-anakan at sarili, tumutukoy ang una sa iyong asawa, magulang, mga kapatid, at kamag-anak. Ibinibilang din sa kategorya ng di-ibang tao ang iyong kaibigan, kasintahan, kakosa, at palagiang kasama. Samantala, sa labas ng konteksto ng kamag-anakan at sarili, ang ikalawa naman ay tumutukoy sa kapitbahay, kabarangay, kalalawigan, at kababayan. Sa dako pa roon, maibibilang din ang mga di-kalahi o kabilang sa ibang bansa bilang ibang tao.

Saligan ang sikolohiya at gawaing panlipunan ng pakikipagkapuwa para sa pag-unlad na personal ng bawat isa na mabisang tuntungan naman sa pagbubuo ng mga institusyon sa loob ng lipunan o bayan.



**Dayagram 4:**  
Pagsasalarawan sa Sikolohiya ng Pakikipag-ugnayang Panlipunan ng mga Pilipino

<sup>3</sup> Hango ang katagang “batikan” sa “batik” na nangangahulugan sa ngayong isang pang-etnikong tela o kasuotan na malimit makita sa pamilihan sa mga lungsod ng Isla ng Mindanao, Indonesia, at Malaysia. Gayunman, bago ito inugnay sa tela o kasuotan, nagmula muna ito sa tradisyon ng *pagbabatik* (tattooing) bilang pagkilala sa lingkod-bayan o bagani na nakapapatay ng mga kaaway. Pagkilala ito samakatuwid sa kanilang tinataglay na kahusayan, kasanayan, at kadalubhasaan ng kawani sa kaniyang larangan o responsabilidad sa katungkulan.

Gayunman, pinalawig ni Villan ang sinimulan ni Enriquez sa pamamagitan ng pagtingin sa pagpapahalagang panlipunan upang unawain at gamitin ang Sikolohiyang Pilipino sa pagpapaliwanag sa pinakabatayan ng pagkilos ng taumbayan sa kasaysayan (Villan 2009, 143; Villan 2012, 111-112). Tinawag ni Villan ang pundamental na saligang sikolohikal ng mga Pilipino kaugnay ng gawaing may kinalaman sa kapakanang-bayan na kaloobang-bayan (tingnan ang Dayagram 5). Ayon sa kaniya, sapul pa sa simula ang kaloobang-bayan—pagpapahalaga sa buhay, pagsusumikap para sa ginawa, at pagsisikay para sa dangal (Villan 2012, 109; Villan 2013b, 92-94; Villan 2017, 54-55, 80)—ang kinapopookan ng lahat ng kilusang bumangon sa Filipinas upang magtaguyod ng simulain para sa katimawaan tungong kamaginooohan ng mamamayang Pilipino (Villan 2012, 54; Villan 2017, 64, 81).

Ipinaliwanag niyang, sapul pa sa pag-iral ng pangangayaw (isang uri ng gawaing pagtungo ng mga lingkod-bayan o kawani sa ibang pook o ibayong-dagat upang maghanap ng ginhawang dadalhin pagbalik sa sariling bayan upang maging solusyon sa dinaranas na krisis o suliranin lalo na sa panahon ng kagutom) sa sinaunang panahon, entrada sa panahong kolonyal, at himagsikan para sa kalayaan at pagsasarili, ay pinahahalagahan na ng mga Pilipino ang ganitong halagahang panlipunan na nagtataguyod ng kolektibong kagalingan ng sambayanan (katimawaan at kamaginooohan).

**Dayagram 5:**  
Pagsasalarawan sa Sikolohiya ng Pagpapahalagang Panlipunan



Dagdag rito, pinag-ibayo pa ni Villan ang sinimulang dalumat ni Enriquez hinggil sa Sikolohiyang Pilipino (Villan 2013a, 79-80). Sa pamamagitan ng iba pang adaptibong wika o konseptong Bisaya—*ilub*, *unong*, at *amok*—naipaliwanag niya ang saligan ng paglilingkod-bayan ng mga Pilipino sa Kabisayaan. Tulad ng makikita sa Talahayan 3, tumutukoy ang una, ang ilub, sa pagpapakumbaba at pagpaparaya ng sarili upang ipaliwanag ang tinutukoy niyang uri ng paglilingkod-bayang maaaring ibigay ng sinuman sa pamamagitan ng pagpapahalaga sa kapakanan ng kapuwa bago ang sarili.

Samantala, tumutukoy naman ang ikalawa, ang unong, sa idea ng pakikisama at pakikiisa sa sinuman at sa anuman sa pamamagitan ng pakikiugaling naroon, pakikisamang pisikal, o ang palagiang presensiya ng tagapaglingkod sa pinaglilingkuran. Itinatampok ang katangian na hindi pag-iwan, laging pananatili, at katapatan na humahantong sa paghahandog ng buhay sa kapuwa at bayan. Ito ay isang uri ng ganap na paglilingkod sapagkat iniaalay na ang buhay para sa kapakanan ng pinaglilingkuran.

Ang ikatlo naman, ang amok, ay tumutukoy sa pagbulalas ng kinuyom na galit at paghihimagsik ng kalooban laban sa sinuman at sa anuman na gumawa sa kaniya at sa bayang pinaglilingkuran ng kalapastanganan—pang-aapi, pang-aalipin, pagsasadayukdok, at pambubusabos—alalaong baga’y ang paghamak at paglalagay sa panganib sa pagkatao ng tao at bayan (Villan 2009, 140-144; Villan 2013a, 76-77).

### Talahanayan 3: Sikolohiya ng Pagtilingkod-bayan ng mga Pilipino

|              |  |
|--------------|--|
| <b>ILUB</b>  | <ul style="list-style-type: none"> <li>◆ Tumutukoy sa lubos na pagpapakumbaba ng kaniyang sarili upang bigyan ng kaukulang pagpapahalaga ang kapakanan ng ibang tao sa halip na unahin ang sariling kapakinabangan.</li> <li>◆ Tumutukoy sa lubos na pagpaparaya para sa kapakanan ng iba na isinisagawa sa pamamagitan ng pagtitiis na nilalakip ng kababaang-loob, pagtitiyaga, at katapangan sa pagharap laban sa matinding kahirapan.</li> </ul>   |
| <b>UNONG</b> | <ul style="list-style-type: none"> <li>◆ Katumbas sa wikang Filipino ng pakikisamang pisikal ngunit kung iuugnay sa konsepto ng kalooban, pakikipagkapuwa, at kapatiran ito ay tumutukoy sa hindi pag-iwan, laging pananatili, at katapatan na humahantong magpahaggang sa kamatayan. Pagpapahayag ito ng di-kumukupas at walang katapusang pag-ukol ng nag-uumpaw na pag-ibig sa di-ibang tao (asawa, magulang, kapatid, at kamag-anak) at ibang tao (kakilala, kasama, kaibigan).</li> <li>◆ Tumutukoy sa pakikisamang nilalangkap ng di-masukat na pakikiisa alang-alang sa kapakanan ng kapuwa tao. Ipinagkakaloob ang sarili alinsunod sa walang kapantay na katapatan na bunga ng naitatag na samahan, damayan, at pagmamahalan sa isa't isa na maaaring makita sa ugnayang namagitan sa magkasintahan, mag-asawa, magulang-anak, magkakapatid, magkakaibigan, magkakamag-anak, at kababayan.</li> </ul> |
| <b>AMOK</b>  | <ul style="list-style-type: none"> <li>◆ Matandang kataga sa kapuluang Timog Silangang Asya na tumutukoy sa pagbulalas ng kinuyom na galit na bunga ng sobra-sobrang pagpaparaya, pagpapakumbaba, pakikiramay, at paghandog ng buhay alang-alang sa naitatag na kapatiran na humahantong sa damayan, tulungan, at walang pag-iwan magpahaggang sa kamatayan.</li> <li>◆ Pagpapakita ng kongretong aksiyon ng kinimkim na galit o poot sa pamamagitan ng pagsaggawa ng <i>ribuk</i> (himagsikan), at <i>kagubot</i> (pakikidigma) upang tapusin na ang ugnayang namagitan sa dalawang panig.</li> </ul>   |

### Pantayong Pananaw: Pamayanan, Bayan, at Bansa

Kinikilala sa Zeus Salazar sa kasalukuyan bilang “Ama ng Pantayong Pananaw at Historyograpiyang Pilipino.” Bilang tagapagpasimuno ng *pantayong pananam*, binuksan niya ang malawak na mundo ng larang ng kaalamang pangkasaysayan—perspektiba, pagpapaksa, metodolohiya, at pagsasakaysayan (praxis)—upang suungin sa ngayon ng mga historyador ang panloob na dalumat na nagpayaman sa historyograpiyang Pilipino.

Sentral na tuon ng Pantayong Pananaw (PP) sa historyograpiyang Pilipino ay ang paglikha ng kaalamang pangkasaysayan mula sa panloob na dalumat na malimit hinahango mula sa kalinangang-bayan (Navarro et al. 1997, 1-5; Salazar 2007, 102-130). Ibig sabihin nito, ang wika ay tinitingnan sa kasaysayan hindi lamang bilang batis ng impormasyon, idea, at kaisipan, kundi bilang lohikang pangkalinangang magagamit sa pag-unawa ng mga penomenong pangkasaysayan.

Kakawing ng binabanggit sa unahang lingguwistikang pangkultura ang angklahang pangkaisipan hinggil sa adaptibong kasangkapang pangwika bilang kasangkapang panlipunan at pangkalinangan. Sa pagsasakatuparan nito, ginamit ni Salazar ang panghalip panaong “tayo” upang makalikha ng perspektibang pangkasaysayan mula sa binalangkas niyang pantayong pananaw. Iginigiit sa ilalim ng punto-de-bistang pangkasaysayang ito ang pagtinging pangkasaysayang nagmumula sa loob, gamit ang wika at pangkalinangang kategorya mula sa at para sa tagaloob. Sa madaling salita, kapuwa ang historyador at sinasalaysayang pangkat ay nababalot ng iisang wikang nauunawaan ng lahat. Alalaong baga, ang PP ay malinaw na gumamit ng adaptibong estratehiya upang gamitin ang mahahalagang konsepto bilang lente ng pag-unawang pangkasaysayan.

Kung tutuusin, ang PP na kumasangkapan sa wika bilang lente ng pag-unawang pangkasaysayan at nagpayaman sa malawak na larang ng historyograpiyang Pilipino ay sadyang humugot mula sa karanasang pangkaalaman sa kasaysayan ng Filipinas. Palibhasa, sapul pa nang dumatal sa Filipinas ang mga Espanyol at naghabi ng kanilang kaalamang pangkasaysayan sa ilalim ng istoryang kronika, malay at mulat nilang tinahi-tahi ang mga datos na pangkalinangan na kanilang nalikom sa iba’t ibang pangkating etniko sa kapuluan upang makalikha ng kaalamang pangkasaysayang kolonyal. Ginamit nila ang kaalamang ito upang bigyang katwiran ang pananakop sa mga mamamayan ng Filipinas. Karaniwang laman ng lawas ng kaalamang pangkasaysayan ay ang paglalagay sa kanilang kronika ng mga sinadyang hinagilap na datos upang umakma sa kanilang hinahabing salaysay. Yaong mga hinagilap na datos na kanilang nakukuha kadalasan sa pamamagitan ng personal na pagmamasid, pakikipamuhay, at pagsasaliksik ang nagbibigay-katwiran upang ang kanilang gawain sa pananakop ay maging nararapat. Ibig sabihin, nabibigyang bisa ng pagsasakronika ng mga Espanyol ang kolonisasyon sa Filipinas. Maihahalimbawa dito ang di-maganda para sa kanilang panininging kasuotang bahag, di-magarang tahanan tulad ng bahay-kubo, kawalan ng mga parke o liwasan, kawalan ng praktika ng paglilibing sa mga kuweba. Lalo pang pinalala ang mga ito pagkaraan ng iba pang naratibong kolonyal tulad ng paratang na kawalan ng pagpapahalaga sa oras o ng di-umano’y katamaran ng mga indio na sinagot at ipinaliwanag naman ni Jose Rizal.

Samantala, ang mga kronikang tahasang gumamit, ayon kay Salazar, ng *pansilang pananam* ay nakalikha ng lawas ng kaalamang pangkasaysayan na kinasangkapan upang pamahalaan at pangibabawan ang mga Indio. Sa ganitong lawas ng kaalamang pangkasaysayan, hinati ang kasaysayang Pilipino sa dalawang panahon: dilim at liwanag. Sumasaklaw ang unang yugto sa panahong ang Filipinas ay hindi pa nasasakop ng mga Espanyol at iniiral na pa, para sa kanila, ng uri ng pamumuhay na di-sibilisado at pinangingibabawan, samakatwid, ng pananampalatayang pagano. Sa madaling sabi, ang panahon ng kadiliman sapagkat umiiral ang pamumuhay na barbaro. Samantala, ang huli naman—ang liwanag—ay ang yugtong nasasaklaw ng pag-iral ng sibilisasyon sa kapuluan sapagkat nagkaroon ng pamamahalang Espanyol at pananampalatayang Katoliko ang mga Indio.

Para kay Salazar, ang naging pangangatwiran ng mga ilustrado—liwanag-dilim-liwanag—ay hindi rin tuwirang humuhulagpos sa diskursong kolonyal sapagkat nakumunoy pa rin ito sa wika’t kalinangan ng mga mananakop. Sa madaling sabi, hindi nabigyan ng kapangyarihan ang wika ng mga Pilipino na ipasundayag ang bisa nito bilang susi ng pagsasakapangyarihan ng kultura ng mga Indio sa kapuluan.

Sa pamamagitan ng isinusulong na PP ni Salazar, ang nakitang malaking kakulangan sa kaalamang pangkasaysayang nilikha ng mga ilustrado noong siglo 19 ang siyang tinugunan ng kaniyang ipinanukala noong dekada 1970. Alalaong baga, ang paggamit ng taal-sa-kalinangang wika ng mga Pilipino ang ginamit niya para makalikha ng inaadhikang lawas ng kaalamang pangkasaysayan na magsasakapangyarihan sa kalinangang Pilipino bilang balong maaaring pag-igiban ng kaalamang pangkasaysayan (Salazar 1996, 19-20, 25-26). Sa tinahak na landas ng PP mula noong dekada 1970, malinaw na sa mga larang ng perspektiba, paksang pangkasaysayan, metodolohiya, at pagsasakaysayan ay malayo na ang narating ng historyograpiyang Pilipino.

Sa larang ng perspektibang pangkasaysayan, tumining na ang dating malabong pagtinging pangkasaysayan bunsod ng dalumat na “pantayo” upang pag-ibahin ang pag-unawa sa kasaysayang Pilipino na taal sa lipunan, wika, at kalinangan. Hindi na natataplok pa ang mga historyador na Pilipino sa iba’t ibang naglipanang punto-de-bistang pangkasaysayan na nilinang sa labas ng bansa at pinipilit ng di-iiilang iskolar na angkatin at palaganapin sa historyograpiya. Nagsilbi itong matibay na muog ng kaalamang pangkasaysayan na nakaangkla sa kalinangang bayan, at matayog na bantayan para manmanan ang kapaligirang pangkaalamang nakasandig sa wika ng mga Pilipino.



Samantala, sa larang ng paksang pangkasaysayan, napakalawak na ng mga paksang inaral, matalas ang pagsusuri sa mga akdang nailatahala na, masigla ang pagsulat ng mga tesis at disertasyon, at masustansiya ang mga saliksik na nagpalago sa PP bilang punto-de-bistang pangkasaysayan. Hindi na umiinog pa ang historyograpiyang Pilipino sa kinagawian ng mga tradisyonal na historyador na nakaugnay lamang sa larang pampolitika, kundi sa malawak na larang na pangkalinangan ng mga Pilipino. Samut saring paksa na tulad ng idea ng *banwa/banua* ng Kabikolan, Kabisayaan, at Kamindanawan; *balen/baley/bayan* ng Gitnang Kapatagang Luzon, at Timog Katagalugan; at pati na rin ang *ili/idjang* ng Hilagang Luzon at kapuluan ng Batanes sa dulong kahilagaan ng bansa. Bahagi rin ang idea ng *bongto* ng Samar-Leyte at *inged* ng ilang IP's ng Mindanao. Alalaong baga, ang malawak na konsepto, kahulugan, at pagsasakatuturan ng dalumat na pampamayanan ng mga Pilipino ay nilinaw upang makalikha ng kaalaman ukol sa pundasyon ng kaniyang pagkamamamayan at pagkabansa.A

Sa diwa rin ng pagpapanday ng pagkamamamayan maaaring isingkaw ang nahawing mga paksang pangkasaysayan na dinalumat ni Salazar hinggil sa apat na haligi ng katungkulang pangmamamayan sa loob ng banua/banwa/bayan/balen/baley/bongto/inged. Ito ang datu, babaylan, panday, at bagani—mga sinaunang pamunuang-bayan na mapaghahanguan ng pag-unawa hinggil sa sistema ng pamamahala ng mga Pilipino. Mahalaga ang saliksik na ito hinggil sa pamumunong-bayan ng sinaunang panahon sapagkat hinawan nito ang malawak, may lalim, at may lamang nakaraan ng kasaysayan ng katungkulang ginagampanan ng iba't ibang pinunong bayan. Binibigyang liwanag nito ang panloob na kamalayan ng paglilingkod-bayan na nagpapatuloy hanggang sa ngayon.

Sa larang ng metodolohiya, sinimulan ni Salazar ang pagpapayabong ng maaaring suungin ng mga historyador na Pilipino na malimit noon ay nalimita lamang sa tradisyonal na batis pangkasaysayan na nakukuha rin sa tradisyonal na repositoryo ng impormasyon, ang arkibo ng historyograpiya. Bagama't hindi pinangangalandakan ang pag-iwas o di-paggamit ng mga ito, bumaling din sa tinatawag na di-tradisyonal o di-kumbensiyonal na batis pangkasaysayan. Maaaring tawagin din itong di-tekstual na batis tulad ng mga sandata, arkitektura, sining-bayan, awiting-bayan, wika, at iba pang anyo ng tinatawag na kaalamang-bayan.

Ang pagbalangkas ng kasaysayang pambansa batay sa reaksyonaryong tatluhanang panahon ng mga ilustrado ay tinugunan ni Salazar sa pamamagitan ng tatluhan din ngunit may panloob na katangian dahil sa gumamit ito ng taal sa kalinangang konseptong “bayan” ng mga Pilipino (Salazar 2004, 4). Ang adaptibong estratehiya ng paggamit ng bayan bilang sagisag na panlipunan at pangkalinangan upang unawain ang kasaysayan ang pinakanatatangi at pinakamatingkad na ambag ni Salazar sa historyograpiyang Pilipino. Ang ideang ito ay nagsilbing batayan (reference point) upang iangkla ang “pamayanan” bilang kategoryang alternatibo sa gasgas at lihis sa kalinangang konstrak na historyograpiko na “pre-Spanish period” o “pre-colonial Philippines” ng mga tradisyonal na historyador (Agoncillo & Guerrero 1977, v). Nakaugnay rin sa “bayan” ang konsepto ng “bansa” na hinango niya mula sa protoporma nitong “*balbangsa*” ng mga Tausug na tumutukoy naman sa lupon ng mga lipi, alalaong baga, ang yugto ng kasaysayang pambansa bilang pantapat sa “post-colonial period” ng mga tradisyonal na historyador.

Magkagayunman, pinalalawig ng mananaliksik na ito ang naitindig na bantayog ng kaalamang pangkasaysayan sa pamamagitan ng paggamit din ng tatluhanang panahon sa pagsasakasaysayan ng historyograpiya (tingnan ang Dayagram 6).

**Dayagram 6:**  
Pagsasalarawan sa Tatluhanang Panahon sa Historyograpiya



Malinaw na “bayan” din ang ginamit ng may-akda ng pag-aaral na ito bilang halimbawa ng adaptibong estratehiyang pangwika ng pagpapalawig sa diskursong historyograpiko na sinimulan ni Salazar. Liban sa pagkakawangki sa konstrak ni Salazar, ang naiiba ay ang tuwirang pagtukoy sa danas ng bayan nang sinalunga nito ang kolonyalismong Espanyol at pati na rin ang adhikaing makalikha ng isang kabuoang may tatlong larangan—*inang bayan* (bilang lupang tinubuan), *bansa* (bilang sosyo-politikal na adhikain), at *sambayanan* (bilang sagisag ng magkakasamang mga anak ng bayan)—sa harap ng iba't ibang hamon na ibinunga ng himagsikan, kolonyalismong Amerikano, pananakop ng mga Hapon, at paghahanap ng sariling tadhana sa kontemporaneong panahon.

## ANG PINDAYOG NG KAALAMANG-BAYAN SA KOLEHIYO NG AGHAM PANLIPUNAN AT PILOSOPIYA SA KASALUKUYAN

Taong 2014 nang ipinagpatuloy sa KAPP sa ilalim ng panunungkulan ni Dekano Grace H. Aguilin-Dalisay ang sinimulang Lupon sa Indihenisasyon na binalangkas sa Kolehiyo noon pang akademikong taon 2012-2013 ng dating Dekano Michael L. Tan (Katitikan 2013). Binubuo ito ng tigiisang kinatawan mula sa bawat departamento sa kolehiyo. Sa ilalim ng itinalagang tagapangulo nitong si Vicente C. Villan, naipagpatuloy ng Lupon sa Indihenisasyon ang pagpapalawig ng kaalamang-bayan sa KAPP.

Mula 2012 hanggang 2014, uminog ang gawain ng lupon sa ilalim ni Dekano Tan patungkol sa pagsasaysay ng kasaysayan, usapin ng indihenisasyon sa bawat departamento, pananaw at unawa sa kahulugan ng konsepto, at ugat at tunguhin nito sa bawat departamento. Pinangarap din ng Kolehiyo sa panahong nabanggit ang magkaroon ng programang indihenisasyon sa Kolehiyo na magsusulong ng ugnayan ng mga larang o disiplina sa loob at labas ng Kolehiyo.

Pagpasok ng 2014, sa ilalim ng administrasyon ni Dekano Aguilin-Dalisay, ipinagpatuloy ng lupon ang mga gawain ukol sa pagpapahalaga sa kaalamang-bayan sa iba't ibang disiplina. Sumentro ang bagong kasapian ng Lupon ng Indihenisasyon na binubuo ng siyam na kinatawan mula sa iba't ibang departamento ng KAPP sa pagpapalawak ng mga gawain para saklawin hindi lamang ang pagpapahalaga at paggamit ng kaalamang-bayan sa pananaliksik kundi maging sa pagtuturo at paglilingkod-bayan.

Upang magsasalimbayan at magkapit-bisig ang siyam na departamento ng Kolehiyo sa gawaing nakaatang, minarapat na magkaroon muna ng mga pagpupulong-bahaginan para para mailatag ang mga batayang kaisipan tungkol sa indihenisasyon. Noong 10 Hulyo 2014, nagkaroon

ng bahaginan ng mga nahirang na mga kasapi ng lupon. Iniulat ng mga kinatawan ang pakahulugan at katayuan ng indiheniasyon sa kanilang kinapapaloobang departamento. Noong 2015 naman, nagdaos ng mga round table discussion sa Kolehiyo kaugnay sa ginawang ulat upang linawin pang lalo ang pagkaunawa at katayuan ng indiheniasyon sa bawat departamento.

Sa pamamagitan ng mga ginawang pagpupulong-bahaginan ng mga kinatawan, binigyang-kahulugan ang tinukoy sa unahan na kilusan tungo sa pagpapalawig ng pagpapahalagang institusyonal at paggamit ng kaalamang-bayan sa akademya. Binigyang kahulugan ng lupon ang salitang indiheniasyon bilang:

- isang dinamiko, transformatibo, at nakapagbubuong proseso o pamamaraan ng pagsisiyasat na magpapalitaw sa mga nakakubli at naisantabing kaalaman, gawi, asal, tradisyon, at mga halagahang makapagpapaunlad sa sariling kalinangan at kabihasan;
- proposisyong akademiko para sa pagtuklas at pagsusuri ng mga inangking kaisipan, idea, at kaalaman mula sa labas na maaaring mailapat sa sariling konteksto, hangarin, at pangangailangan para sa kapakanan ng sariling bayan at lipunan; at
- isang akademikong prinsipyo at gabay para sa pagsasakatuparan ng mga gawain sa Kolehiyo na nakapook sa panloob na dalumat, karanasan, at simulain ng bayan kaugnay ng pananaliksik, pagtuturo, at gawaing ekstensiyon.

Naging abala rin ang Kolehiyo sa pagpapaindayog ng kaalamang-bayan sa larang ng gawaing ekstensiyon na makikita sa mga inilunsad na mga gawain na binansagan ng tagapangulo ng lupon na *KAPPanimad-on*. Ilan sa mga ito ay ang mga sumusunod:

- Pagbabagtas sa Kaalamang-bayan: Pananaliksik sa Iba't ibang Larang. Kinatampukan ang talakayang ito ni Dr. Hermel Pama ng Unibersidad ng Santo Tomas at Winifredo Dagli ng UP Los Baños. Binigyang pansin ng dalawa ang panloob na nalinang na kaparaanan sa pananaliksik. Ibinahagi ni Pama ang ideang “*agi-agi*” (pagmamasid na etnograpi sa pamamagitan ng malimit na pagdaan-daan, suroy-suroy, o pagdadalaw sa pook na inaaral) bilang isang lapat-sa-kalinangang etnograpi sa pamamaraang ginamit niya sa pag-aaral ng pangkalinangang pagbabago sa Bikol. Habang si Dagli naman ay nag-ambag ng ideang “pagbabaybay” upang tingnan ang danas mga Pilipino sa paanan ng Bundok Banahaw para sa pag-unawang sosyolohiko-kultural.
- Andres Bonifacio: Unang Pangulo. Isa itong talakayang kinatampukan nina Dr. Milagros Guerrero at Prop. Micahel Charleston Chua ukol sa kampanyang kilalanin si Gat Andres Bonifacio, kung hindi man Unang Pangulo, ay bilang isa sa naging Pangulo ng bansa.
- Dinastiya o Angkang Politikal?: Sampaksaan. Isang napapanahong paksa na hindi naunawaan ng marami sa mga Pilipino. Sa pamamagitan ng ginawang pagtalakay ni Dr. Jaime Veneracion, binigyang linaw niya sa pamamagitan ng lapit na pangkalinangan at pangkasaysayan ang pag-unawa sa idea ng dinastiyang politikal. Sa pamamagitan ng panloob na pagtingan sa kultura, ang pagiging bilateral na sistema ng kamag-anakan ng mga Pilipino ay naglilikha hindi ng dinastiyang politikal, kundi ng mga angkang politikal na nagtutunggalian sa kapuluan.

Sa larang pa rin ng gawaing ekstensiyon, may mga pagpapaindayog ng kaalamang-bayan ang Kolehiyo sa malawak na larang ng panlipunang paglilingkod. Ilan sa mga ito ay ang mga sumusunod:

- KAPPanimad-on Book Project. Pinagsumikapan ng ilang piling opisyal ang pagkakaroon ng isang balaking maglabas ng aklat hinggil sa mga inilunsad na mga round-table discussion, sampaksaan, at kaugnay na mga gawaing pang-

ekstensiyon. Ito ay upang magkapag-ambag ng lawas ng kaalaman ukol sa indiheniasyon o kaalamang-bayan na itinataguyod ng kolehiyo. KAPPanimad-on Lecture Series. Ito ay isang regular na serye ng lektura na ginawa nang hindi kukulangin sa isang beses bawat semestre. Kinasasangkutan ito ng tatlong kagawaran sa loob ng Tanggapan ng Kawaksing Dekano para Gawaing Akademiko—PhD. Philippine Studies Program, Folklore Studies Program, at NSTP— mga kagawaran sa Kolehiyo na aktibong nagtataguyod ng kaalamang-bayan.

- Pakikipagtulungan sa Office of Service Learning and Outreach-Pahinungod (OSLO-Pahinungod) at CSSP National Service Training Program (NSTP) para sa paglilingkod-bayang mga proyekto. Ang OSLO-Pahinungod at NSTP ang tumatayong kagawaran ng KAPP na tuwirang nagsasagawa ng gawaing ekstensiyon sa anyo ng mga pagsasanay at aktuwal na pagtulon sa mamamayan. Pinagsusumikan na itawid sa mga kagawarang ito ang isinapraktikang mga idea at kaisipang nalilining mula sa kaalamang-bayan.

## KONGKLUSYON

Sa kabuoan lumilitaw na ang adaptibong wikang panimad-on na ginamit ng may-akda bilang pantukoy sa ginawang pagpapahalaga at pagpapalaganap ng kaalamang-bayan sa KAPP ay nakakatulong upang hindi lamang maipakita ang impormatibo, ekspresibo, deskriptibo, at direktibong katangian ng wika sa pangkalahatan, kundi upang maisalarawan din ang pangkalinangang kahulugan ng salita para sa realisasyon ng gawaing akademiko sa pamantasan.

Gamit ang adaptibong pagsasangkapang pangwika bilang salalayan ng ginawang pagsisiyasat, matagumpay na napalitaw ang mga tiyak na layuning idinetalye sa tatlong binalangkas na mga bahagi. Sa unang bahagi, naipakita ang paggamit ng adaptibong kasangkapang pangwika sa papel bilang batayan ng pag-aaral. Naipaliwanag ang konsepto ng panimad-on batay sa lenteng lingguwistikang pangkultura. Lumitaw sa pagsusuri na ang adaptibong salitang tumutukoy sa taal na kaalamang nakasalig, hinugot, at nilinang mula sa bayan ay mahalagang pantukoy sa malawak na gawaing akademiko patungkol sa pag-angkin ng karunungan pinangingibabawan ng kanluran sa lipunang Pilipino.

Samantala, panlipunan at pangkalinangang pagsasakonteksto ng pagsisiyasat naman sa kaalamang-bayan ang tinalakay sa ikalawang bahagi na nagsilbing tuntungan sa malawakang indiheniasyon sa KAPP pagpasok ng dekada 1980. Ang malawak na larangang pangkaalamang ito na itinataguyod sa KAPP sa mga larang ng Agham-Tao, Sikolohiyang Pilipino, at Pantayong Pananaw ay patuloy na umindayog sa paglipas ng panahon. Ito ang nilalaman ng huling bahagi ng papel. Ipinakita na naging mapagpalawig na kaalaman ito mula sa naitatag na mga bantayog ng kaalamang-bayan mula dekada 1960 at 1970 sa Filipinas.

Harinawang sa ganitong kalakaran sa panimad-ong akademiko tumingkad pa at mapaigting ang pag-indayog na ito ng kaalamang-bayan sa kolehiyo, pamantasan, at bansa.

## SANGGUNIAN

- Accomplishment Report. August 2015 to July 2015. Office of the Associate Dean for Academic Affairs. College of Social Sciences and Philosophy. University of the Philippines – Diliman.
- Agoncillo, Teodoro A. & Milagros C. Guerrero. 1977. *History of the Filipino People*. 5<sup>th</sup> Edition. Quezon City: R.P. Garcia Publishing House Co.
- Almario, Virgilio S. 2015. *Pagpaplanong Wika at Filipino*. Salin sa Ingles ni Marne Kilates (*Language Planning and Filipino*). Maynila: Komisyon sa Wikang Filipino.
- Constantino, Pamela C. 1996. “Wika Bilang Kasangkapang Panlipunan: Wikang Pambansa Tungo sa Pangkaisipan at Pang-ekonomikong Kaunlaran.” *Nasa Mga Piling Diskurso sa Wika at Lipunan*, Pamela C. Constantino at Monico Atienza, mga pat., 61-68. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press.
- Constantino, Pamel C. 2014. *Katutubo vs Banyaga: Pagtalunton sa Usaping Pangwika sa Pilipinas, 1898-1946*. Lungsod Quezon: Sentro ng Wikang Filipino.
- Enriquez, Virgilio G. 1978. “Kapuwa: A Core Concept in Filipino Social Psychology.” *Nasa Philippine Social Sciences and Humanities Review*, 42, 1-4.
- Enriquez, Virgilio G. 2007. “Kapuwa: A Core Concept in Filipino Social Psychology.” *Nasa Mga Babasahin sa Agham Panlipunang Pilipino; Sikolohiyang Pilipino, Pilipinolohiya, at Pantayong Pananaw* na pinamatnugtan nina Navarro, Atoy M., at Flordeliza Lagbao-Bolante, mga pat., 23-53-130. Lungsod Quezon: C & E. Publishing Inc.
- Gripaldo, Rolando M. 1978. “Language and Its Philosophical Presuppositions.” *Nasa Mindanao Journal* 5, No. 2 (October-November): 55-62.
- Jose, Vivecio R. 1996. “Ang Wika ng Pagpapalaya at ang Papel ng Akademya.” *Nasa Mga Piling Diskurso sa Wika at Lipunan*, Pamela C. Constantino at Monico Atienza, mga pat., 53-60. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press.
- Katitikan. 2013. Komite sa Indihenisasyon. Office of the Associate Dean for Academic Affairs. College of Social Sciences and Philosophy. University of the Philippines – Diliman.
- Kaufmann, John MHM. 1935. *Visayan-English Dictionary* (Kapulungan Binisaya-Ininglis). Iloilo: La Editorial.
- Navarro, Atoy M., Mary Jane B. Rodriguez, at Vicente C. Villan (mga pat.). 1997. *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan; Pambungad sa Pag-aaral ng Bagong Kasaysayan*. Lungsod Quezon: Palibagang Kalawakan.
- Navarro, Atoy M., Mary Jane B. Rodriguez, at Vicente C. Villan (mga pat.). 2015. Pambungad ng mga Patnugot. *Nasa Pantayong Pananaw: Pagyabong at Paglawak (Paghubunyi kay Dr. Zeus A. Salazar)*. Lungsod Quezon: Palimbagang Kalawakan.
- Navarro, Atoy M., at Flordeliza Lagbao-Bolante. (mga pat.). 2007. *Mga Babasahin sa Agham Panlipunang Pilipino; Sikolohiyang Pilipino, Pilipinolohiya, at Pantayong Pananaw*. Lungsod Quezon: C & E. Publishing Inc.
- Orara, Jovita. 1993. *Ang Papel ng Unibersidad ng Pilipinas sa Kilusan para sa Wikang Pambansa (1908-1973)*. Lungsod ng Quezon: Sentro ng Wikang Filipino, Unibersidad ng Pilipinas –Sistema.

- Palmer, Gary B. 1996. *Toward a Theory of Cultural Linguistics*. Austin, Texas: University of Texas Press.
- Pe-Pua, Rogelia at Elizabeth Protacio-Marcelino. 2002. “Sikolohiyang Pilipino: Pamana ni Virgilio G. Enriquez.” *Nasa Binbi* 1 (1), 1-40.
- Salazar, Zeus A. 2007. “Ang Pantayong Pananaw Bilang Diskursong Pangkabihasnan.” *Nasa Mga Babasahin sa Agham Panlipunang Pilipino; Sikolohiyang Pilipino, Pilipinolohiya, at Pantayong Pananaw* na pinamatnugtan nina Navarro, Atoy M., at Flordeliza Lagbao-Bolante, mga pat., 102-130. Lungsod Quezon: C & E. Publishing Inc.
- Salazar, Zeus A. 1996. “Ukol sa Wika at Kulturang Pilipino.” *Nasa Mga Piling Diskurso sa Wika at Lipunan*, Pamela C. Constantino at Monico Atienza, mga pat., 19-45. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press.
- Salazar, Zeus A. 2004. *Kasaysayan ng Pilipinas; Bagong Balangkas*. Lungsod Quezon: Bagong Kasaysayan.
- Verstraelen, Eugene, SVD. 1966. “Language Analysis and Merleau-Ponty’s Phenomenology of Language.” *Nasa Saint Louiss Quarterly* 4, No. 3 (September): 325-341.
- Villan, Vicente C. 2009. “Pintados: Mga Hukbong Bisaya sa Armadong Hukbong Espanyol sa Kapuluang Pilipinas, 1565-1898.” Doktoradong Disertasyon. Lungsod Quezon: Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya.
- Villan, Vicente C. 2012. “Tungo sa Pagpapalalim sa Pag-aaral ng Kalinangang Politikang sa Pilipinas.” *Nasa Saliksik; Saysay ng Salaysay (Multidisiplinaryong E-Journal)*, 1 (1), Setyembre 2012, 108-113.
- Villan, Vicente C. 2013a. “Ilub, Unong, at Amok: Pag-unawa sa Katatagan ng Buut ng mga Bayani sa Himagsikang Pilipino sa Panay, 1896-1898.” *Nasa Diva E-Journal; Kasaysayan, Lipunan, at Sikolohiyang Pilipino* 1, (1), 58-92.
- Villan, Vicente C. 2013b. “Lawas, buut, patugsiling, ‘ag dungan: Isang pag-unawa sa papel ng kinagisnang sikolohiya sa kasaysayang kolonyal at himagsikang Pilipino sa Panay, 1896-1898.” *Nasa Daluyan: Journal ng Wikang Filipino*, 19 (2), 73-110.
- Villan, Vicente C. 2017. “Pagdumalahan at Kawanihan: Ang Dalumat at Kontekstong Pangkalinangan ng Paglilingkod Bayan sa Kasaysayang Pilipino.” *Nasa Kagawaran: Mga Institusyon at Paglilingkod-bayan sa Kasaysayan at Kalinangang Pilipino, 1898-1946*, Ranises Lloyd at Ryan V. Palad, mga pat., 51-86. Lungsod Quezon: Adhika ng Pilipinas, Inc. at National Commission for Culture and the Arts.

## ***Tabi-tabi Folkloradyo!* sa DZUP 1602: Salugpungan ng Folklore, Agham Panlipunan at Philippine Studies sa Pangmadlang Komunikasyon**

Carlos P. Tatel, Jr.

### ABSTRAK

Sa pagsasalugpungan ng Folklore, Agham Panlipunan, at Philippine Studies sa *Tabi-tabi Folkloradyo!* DZUP 1602 (*TTFR!*), nagkakaroon ng mabisang pakikipag-ugnayan ang mga akademikong taga-Unibersidad ng Pilipinas (UP) Diliman sa bayan na masugid na tagapakinig ng radyo bilang isang uri ng pangmadlang komunikasyon. Sa pamamagitan ng DZUP, estasyong panradyo na nasa loob ng UP Diliman, may pagkakataong magsama-sama at magtalastasan ang mga akademikong may magkakaibang interes at oryentasyon—ang resulta, mayabong at mabungang mga paksa na may gamit sa bayan at may pakialam ang bayan. Sa gabay ng framework ng folklore bilang “kaalamang-bayan,” nagsisilbing entablado ang *TTFR!* na mabigyang saysay at paliwanag ang mga penomenong kultural at panlipunan ng kontemporaneong panahon sang-ayon sa paniniwala at matibay na batayang may pinaghuhugutan ang lahat ng bagay sa pag-iisip at kaugalian ng bayan. Tinatalakay ng papel na ito kung ano ang naging karanasan at mga pinaksa ng *TTFR!* sa loob ng tatlong taon na nasa ilalim ito ng pamamahala ng Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya sa pakikipagtulugnan sa Aliguyon-UP Folklorists, Inc.

**Mga Susing Salita:** Radyo, Folklore, Agham Panlipunan, Philippine Studies, Pangmadlang Komunikasyon

### INTRODUKSIYON

Ang *Tabi-tabi Folkloradyo!* (*TTFR!*), bilang programang panradyo sa DZUP 1602, sa ilalim ng pamamahala ng Kolehiyo ng Pangmadlang Komunikasyon sa Unibersidad ng Pilipinas (UP) Diliman, ay naging daluyan ng mayabong na talakayan hinggil sa Folklore nitong nakaraang limang taon. Sa pagpapatuloy ng simulain at gawaing ito, sa tulong ng ugnayang institusyonal sa pagitan ng Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopya (KAPP), Kolehiyo ng Arte at Literatura (KAL), at Aliguyon-UP Folklorists, Inc. (A-UPFI), sa panahon ng panunungkulan ni Dekana Grace Aguiling-Dalisay, lumago ang *TTFR!* gamit ang lente ng folklore bilang “kaalamang-bayan.” Sa ilalim ng ganitong ugnayan, nagsalugpungan o nagtagpo—produktibong nagsama-sama ang mga akademikong may iba’t ibang oryentasyon sa disiplina upang magkakatuwang na suriin ang iba’t ibang penomenong panlipunan at pangkultura sa buhay ng mga Pilipino. Nagresulta ito ng mayabong, dinamiko,

at naiibang mga pagdadalumat at talakayan na tumatawid sa mga larangan ng Folklore, Agham Panlipunan at Pilosopiya, at Philippine Studies. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga naging paksa ng nasabing programa sa radyo mula 2015 hanggang 2017, ipinapakita sa papel na hindi lamang pansinaunang panahon at limot na alaala ang paksa ng folklore kung hindi bahagi rin ng kasalukuyan at pangaraw-araw na buhay ng mga Pilipino.

Ang papel na ito ay maglalarawan at magsusuri ng katangian ng salugpungang ito sa konteksto ng paghahangad na makatalastasan ang madla—ang bayan—sa usaping akademiko.

### Pasintabi ng *Tabi-tabi Po!*

Itinatag noong 2013 ni Prop. Melecio George C. Fabros, III, kilala rin sa tawag na “CerFab,” guro sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas ng Kolehiyo ng Arte at Literatura (KAL), ang *TTFR!* ay naglalayong itaguyod sa pamamagitan ng radyo ang kamalayan at pag-aaral ng folklore hindi lamang sa unibersidad kung hindi pati na rin sa publiko. Masasabing tugon ito sa karaniwang obserbasyon na tanging sa literatura o likhang-sining lamang namamalas ang folklore, o hindi kaya sa mga kuwentong-bayan sa liblib na kanayunan, nananatiling buhay at may kabuluhan ito. Subalit sinikap ni CerFab na magprodyus at mag-host ng programa sa DZUP 1602 na tutok sa mga usapin, kaalaman, at interes ukol sa folklore ng Pilipinas. Bilang pangulo rin ng Aliiguyon-UP Folklorists, Inc., samahan ng mga folklorista sa UP na itinatag noong dekada ’80, hinangad ni CerFab na maging daan ang *TTFR!* upang buhayin ang interes ng akademikong komunidad sa folklore (Fabros 2014). Masasabing bahagi nga ng kasaysayan nito ang pagkakatatag din ng Folklore Studies Program na noon ay nakatayo pa sa College of Arts and Sciences (CAS) —ang kolehiyo noon sa UP Diliman na pinanggalingan ng KAPP, KAL, at Kolehiyo ng Agham.

Sang-ayon pa sa alaalang institusyonal at tala ni CerFab, inendoso noong 2013 ang *TTFR!* ng mga dekanong KAPP at KAL—sina Michael Tan at Elvira Mirano—upang palutangin ang nananatili pang ugnayan ng dalawang kasalukuyang kolehiyo na nagmula rin sa CAS. Layunin ng programang ito na magsilbing daan upang muling magsanib sa iisang adhikain at gawain ang mga folklorista, social scientists, at mga espesyalista sa Philippine Studies na nasa magkahiwalay na kolehiyo. Mula noon, umere na ang *TTFR!* at makalipas ang limang taon, higit sa 200 na ang mga episode nito at samut sari na ang naging paksa pati na ang mga kinapanayam na panauhin. Ito na ang pagsisimula ng “pasintabi” ng *Tabi-tabi Folkloradyo!* (mula sa pagsasanib ng mga salitang “tabi-tabi po!” at “radyo” upang makalikha ng bagong kataga) na, sang-ayon kay CerFab, simbolikong nagbibigay ng pagkakataon ang folklore na makaambag sa ating pag-unawa sa mga bagay-bagay sa ating buhay. Tulad din ito ng pagpapasintabi nating mga Pilipino sa mga lugar o bagay na ayon sa ating nakagisnang paniniwala ay dapat bigyan ng halaga at pagmumuni-muni. Ito ang isa sa mga magpapaliwanag kung ano ang katangian ng ating katutubong kamalayan, pagtingin sa kapangyarihan, ugnayan sa pagitan ng tao, kapaligiran, at iba pang nilalang. Dagdag pa nito, simboliko rin daw ang time-slot ng *TTFR!* na alas-6 ng gabi dahil sinasabing sa oras ding ito lumalabas ang mga maligno—kung gayon, kapag oras ng maligno, oras na rin ng folklore! Nagpapaalaala sa atin na kahit isang beses lamang sa isang linggo, may panahon tayong pagnilayan ang mga bagay na bahagi ng ating pagkatao at pagka-Pilipino. Kumbaga, ang mismong oras at pamagat ng *TTFR!* ay nakatuntong sa folklore mismo. Mapapansin na sa tuwing magsisimula ang programa, maririning ang alulong ng aso bilang background—ano pa’t folklore muli ito na ang ibig sabihin ay oras ng kababalaghan o bukod-tanging panahon ng kapangyarihan.

Taong 2015 nang pangunahan ng KAPP, sa pamamagitan ni Dekana Aguilin-Dalisay, ang pagpapatuloy ng pag-ere at pagprodyus ng *TTFR!* Bilang Tagapag-ugnay ng Folklore Studies Program, ako ang naatasang mamatnubay ng nasabing programa sa bagong yugtong ito ng bata pa lamang na kasaysayang institusyonal ng *TTFR!* Sa pamamagitan ng pagtutulungan ng mga folklorista ng KAL, siyentista, at akademiko sa KAPP, at mga dalubhasa ng Philippine Studies,

pinalawig at pinagyabong pa ang dati nang lumalaking mundo at network ng *TTFR!* Katuwang pa rin ang A-UPFI, halos tatlong taon pang tumakbo—at nagpapatuloy pa ring sumasahimpapawid, ang mabungang pagtutulungang ito. Sa tulong at suporta ng pamunuan ng DZUP, mayroon ngayong 20 regular na mga host o anchor at kalahati dito ay may akreditasyong pormal sa Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas (KBP) bilang anawnser o brodkaster sa radyo.

Masasabing ang *TTFR!* ay dagdag at ekstensiyon ng gawain at mandato ng Folklore Studies Program na ang isa sa adbokasiya nito ay palaganapin at pagyamanin ang kamalayan at interes ng komunidad ng unibersidad hinggil sa pag-aaral ng folklore. Nilalayan din ng Folklore Studies Program na makapag ambag sa kaalaman at pag-unawa ng bayan sa folklore upang sila mismo ay magpahalaga dito at tumulong sa paglinang ng mga nalalabi pang folklore sa ating panahon. Ang radyo, bilang sinasabing pinakamabisa at pinakalaganap pa rin na pangmadlang komunikasyon sa Pilipinas, ay mabuting daluyan para sa folklore. Magandang balita rin na ang DZUP ay may malakas na presensiya sa mundong on-line kung kaya’t ang terrestrial na pagsasahimpapawid sa buong kalakhang Maynila ay umaabot rin sa iba’t ibang panig ng mundo. Sa tulong ng teknolohiyang ito at pati na rin ng mga suking tagapakinig, kakilala, at kaibigan na nakasubaybay sa pamamagitan ng internet, ang *TTFR!* ay napakikinggan din ng mga kaibigan at kakilala sa ibayong dagat tulad ng sa Melbourne at Canberra sa Australia, Auckland sa New Zealand, at Bangkok sa Thailand.

### Dalumat ng Folklore

Sa tradisyonal na pagkaunawa sa folklore, ito ay ang sangay ng kaalaman na tumutukoy sa mga naipahahayag nang pasalita o naitatanghal sa mga ritwal, sayaw, o anumang artistikong ekspresyon. Maaaring matunghayan sa anyo ng mito, awit, tula, bugtong, laro, o epiko, batayang elemento ng folklore ay ang pagiging salaysay o kuwento nito na naipapasa-pasa sa iba’t ibang salinlahi. Tinagurian ngang pasalitang tradisyon, ang folklore ay kaalamang nasa kaisipan at kamalayan ng isang grupo ng tao at dito rin nakasalalay ang pananatili ng kung ano ang mahalaga at pinahahalagahan sa lipunan at ang pag-iral ng lipunan mismo. Maaari rin itong likhang kultural-materyal na ang kaalaman hinggil dito ay naisasalin-salin sa pamamagitan ng mga likhang-sining o tradisyonal na kagamitan o teknolohiya (Dundes 1999, 10-13).

*“Folk” [bayan] + “lore” [salaysay]*

Sang-ayon pa nga sa depinisyon ni Alan Dundes (1999), dalawang salitang ugat ang nagsanib sa folklore—ang “folk” na ang ibig sabihin ay “bayan,” at ang “lore” na ang ibig sabihin ay “salaysay” o “kuwento.” Ang “bayan” ay kahit na sinong grupo ng tao na may pinagsasaluhang mga elemento ng kultura, wika, o uri ng pamumuhay. Maging ito man ay rural o urban—bayan pa rin ito. Maliit man o malaking grupo, bayan pa rin. Samantala, ang “salaysay” naman ay karaniwang nasa anyo ng kuwento na naipapasa-pasa nang pasalita. Napakaraming anyo o genre nito, mula sa mito hanggang sa pamahiin. Napakakompleks ng penomenong ito mula sa pista hanggang sa simpleng pagmumura. Samakatwid, ang folklore ay ang kabuoang kaalaman ng bayan, ang internal na lohika o kaisipan ng bayan (Dundes 1999).

Sa gayon, ang folklore ay kaalaman—agham at lohika—ng bayan na naipahahayag nang mahusay sa pamamagitan ng wika at kaisipan ng bayan, sa buhay at pag-iral ng bayan. Mahalagang tingnan ang kaalamang ito dahil maaaring dito nakasalalay ang kaligtasan at pag-iral ng tao. Sa kasamaang-palad, karaniwang itinuturing ng modernong mundo ang folklore bilang kathang-isip lamang, pang-aliw, o pantanggal ng kabagutan sa buhay. Subalit hindi ito totoo. Kung iisiping mabuti, ito ay kaalaman—ang kaalaman ay pag-iral at ang pag-iral ay buhay. Sa simpleng pagtatanim o pagluluto o paglalayag sa karagatan, nakasalalay ang kaalamang ipinapasa-pasa sa mga henerasyon. Ang pag-alam kung may darating na bagyo ay folklore. Paano ba magtanim ng palay? Ano-ano ba ang mga mainam na paraan ng pagluluto ng partikular na pagkain? Kailan ba dapat maglayag ang isang bangka sa karagatan? Saan-saan ba may ligtas na lugar kapag may nagbabadyang kalamidad? Paano

ba magkakaroon ng isang makatarungang lipunan? Totoo, may mga kuwento na imposible kung tutuusin lalo pa't ito ay tungkol sa pinagmulan ng mga bagay-bagay. Subalit ang folklore ay hindi salaysay tungkol sa katotohanan; ito ay talinhaga ng kung ano ang mahalaga at pinahahalagahan sa lipunan.

Noong dantaon 19, dinalumat at sinaliksik ni Isabelo de los Reyes, kilala rin sa tawag na Don Belong, ang folklore ng Pilipino bilang pagpapakita kung gaano kayaman, kalalim, at kalawak ang kuwentong-bayan—ang kaalamang-bayan — ng mga Pilipino bago pa man dumating ang mga mananakop na Espanyol. Ibig sabihin, kung may malalim na balon ng kaalaman ang bayan, hindi pala ito “putok sa buho” bagkus, may makabuluhang pinagmulan, may nakaraan, may tradisyong kultural, at may kabihasan. Kahit ang mga kapaniwalaan tungkol sa engkanto, duwende, diwata, o pamahiin ay hindi kabulastugan lamang kung hindi larawan ng kompleks na pag-iisip ng bayan. Ito pala ay larawan ng pananaw-sa-mundo o *worldview* ng ating mga ninuno na nagpasalin-salin sa mga henerasyon hanggang-ngayon. Noong panahon ni Don Belong, ang tingin ng mga Espanyol sa mga Pilipino ay walang kuwenta sapagkat maiksi lamang ang memorya ng huli; maiksi lang daw ang kasaysayan at lalo pa't walang masasabing kinagisnang kultura. Sa aklat ni Don Belong na nagtamo pa ng premyo sa Pandaigdigang Ekspisyon sa Madrid noong dantaon 19, patunay ito hindi lamang ng antas ng kultura ng mga sinaunang Pilipino kung hindi instrumentong politikal din ng mga ilustradong Pilipino na naggiit ng pagkilala ng lahi, kapangyarihan, at pagkatao mula sa mga mananakop ng mga Espanyol (de los Reyes [salin] 1984). Ang pagkakaroon ng mayamang tradisyong folklore ay instrumentong politikal na nagpapakita na hindi sa kolonyalismo nanggaling ang lahat-lahat sa Pilipino. May sarili rin tayong pinagmulan at pinaghuhugutang kabihasan.

Paano nga ba dinadalumat ang folklore sa TTFR! na ang ipinapalagay na tagapakinig ay ang “bayan”? Maaaring sila'y mga tambay sa kanto, drayber ng bus o dyip, komyuter na pauwi sa bahay mula sa eskuwela o trabaho, mga estudyanteng nag-aaral, mga ate at kuya na kumakain sa restoran, nagbabantay ng tindahan sa palengke, at mga motoristang natatrapik sa kalsada. Puwede rin silang mga kamag-anak sa abroad na nakapakikinig sa pamamagitan ng livestreaming sa internet. Sa simpleng paglalahad: ang folklore ay yaong kahit na anong ginagawa o isinasapratika, iniisip, o sinasalita natin bilang mga Pilipino bilang bahagi ng bayan. Ang salaysay o kuwento ay maaari ring ilahad sa gawa o nakasanayang gawain sa daloy ng buhay. Lahat ay may koneksiyon sa folklore, sa kaaalamang bayan, kung tutuusin. Dahil dito, naging mantra ng programa, “Ang lahat ng bagay, folklore!” Ibig sabihin, walang eksklusyon o pag-eetsa-puwera sa mga usapan o talakayan hinggil sa ating pagkatao at kultura. Lahat ay nakakaintindi, lahat ay may masasabi, lahat ay puwedeng makisali.

### Folklore bilang “Kaalamang-bayan” sa TTFR!

Ginamit ang “Kaalamang-bayan” bilang *framework* ng pagsasama-sama, pagtutulungan, pag-aambagan ng ilang akademiko sa UP Diliman. Sa pamamagitan ng TTFR! sa DZUP, nakita na puwede palang kolektibong patakbuhin ang isang palabas sa radyo ng mga taong may magkakaibang oryentasyong akademiko. Simula 2015 na nasa ilalim ng pamamahala ng Folklore Studies Program ng CSSP ang TTFR!, magkakatuwang na nagsagawa ng mga episode nito ang mga guro at mananaliksik mula sa iba't ibang larang akademiko: antropologo, arkeologo, historyador, pilosopo, sikologo, sosyologo, siyentistang politikal, lingguwist, heograpo. Kasama rin ang mga may espesyalisasyon sa literatura, Philippine Studies, at Pilosopiyang Pilipino.

Daluyan ng pagtutulungan ang DZUP ng nasabing mga taong may magkakaibang oryentasyong disiplinaryal. Umeere isang oras kada linggo, sa loob ng oras na iyon nasa likuran lamang ng kanilang isipan ang kani-kaniyang mga pinagkadalubhasang disiplina, subalit hindi naman nilimot ang kani-kanilang mga espesyalisasyon. Sinikap na itabi muna ang pagkiling sa isang partikular na teorya o disiplina at nagkasundong ang bawat paksa, episode, o tema ay tututok sa pagpapaliwanag kung bakit at paano mag-isip ang mga Pilipino. Paano nga ba nag-iisip ang mga Pilipino? May

paliwanag ba sa mga isyu at penomenong panlipunan at pangkultura na umiiral sa ating buhay at lipunan? Parang ang sinasabi ng Kuwentong-bayan bilang konseptuwal na balangkas ay ito: lahat ng bagay ay may hugot sa kailaliman ng ating kamalayan at pagkatao bilang mga Pilipino. Sa maniwala o hindi, kahit papaano, may paliwanag talaga kung bakit natin ginagawa o nangyayari ang mga bagay na paulit-ulit nating nararanasan sa ating buhay bilang bayan, bilang isang kolektibong kultural. May panloob na lohika sa ating mga ginagawa bilang bayan.

“Ang lahat ng bagay ay—folklore!” Ito ang madalas na sinasambit ng mga host ng TTFR! sa pagsismula at pagtatapos ng programa. Ito na rin ang nagsisilbing motto ng programa. Pinapanindigan nito ang paniniwalang ang lahat nga ng bagay ay “kaalaman.” Magkakaugnay ang lahat, at ang mga penomenong panlipunan at pangkultura ay mayroong hugot sa kaalamang-bayan kaysa sa hindi. Kung minsan, hindi lang natin nahahalata, subalit ang nasa ilalim pala ng ating mga iniisip at ginagawa ay kaalamang-bayan. Kung minsan, mainam na alamin ito at unawain kaysa laging hanapan ng mali o kakaiba sa Pilipino.

Pinagtagpo-tagpo ko, bilang Producer at Host ng programa at nagpakilala sa radyo bilang “Pareng Kaloy,” sa tulong ni Co-Producer Vicente “Pareng Dong” Villan, ang iba't ibang host na kumakatawan sa iba't ibang disiplina, kaisipan, interes, at adbokasiya. Resulta nito ay mga tambalang sa una'y kakaiba subalit naging mabunga rin: antropolohiya at kasaysayan, kasaysayan at sikolohiya, agham pampolitika at sosyolohiya, heograpiya at agham pampolitika, antropolohiya at pilosopiya, Philippine Studies at Pilosopiyang Pilipino, antropolohiya at lingguwistika, panitikan at antropolohiya. May plano pa kami, kung papalarin, na sa darating na panahon ay makasama ang tagaagham, arkitektura, musika, kinetika, at inhenyeriya. Hindi naman masama, marahil, na ang buong unibersidad ay nag-aambag para sa kaalamang-bayan, hindi ba? Kung ang kaalamang-bayan ay lunduyan ng kaalaman, dapat lamang na ang mga disiplinang akademiko ay kabahagi sa pag-unlad at paglaganap ng folklore. Sinadya ba ito? Masasabi kong oo, sapagkat ito ang isang paraan upang mapilitang mag-isip nang magkasama tungkol sa kaalamang-bayan na labas sa sariling departamento o disiplina. Ito rin, sa palagay ko, ang mabisang paraan upang mabigyan ng pagkakataon ang mga akademiko, mananaliksik, at espesyalista na mag-usap-usap, magplano, at mag-isip nang magkatuwang para lalong maunawaan ang buhay at karanasan ng mga Pilipino.

Ang mga nagsilbing kasapi sa pool of hosts ng TTFR! mula 2015-2017 ay ang mga sumusunod: Carlos Tatel, Reginaldo Cruz, at Madeleine Landicho (Antropolohiya); Vicente Villan at Aaron Mallari (Kasaysayan); Percival Mendoza, Arlyn Macapinlac, at Maria Theresa Payongayong (Pilosopiya); Jean Encinas-Franco, Robert Go, at Francis Dee (Agham Pampolitika); Andoy Evangelista at Hannah Nario-Lopez (Sosyolohiya); Anna Tuazon (Sikolohiya); Jane Rodriguez at Melecio Fabros (Philippine Studies); Jem Javier (Lingguwistiks); Marco Lagman at Jake Cadag (Heograpiya); at Angelito Nunag (Kasaysayan). Gayumpaman, nagbabago-bago ang kasapian, may nawawala at may dumarating din. Hindi titigil ang TTFR! sa paghikayat ng mga sasali at makikibahagi sa naiibang samahan at adbokasyang ito sa UP. Ngayong 2018, isang bagong kasapian ang muli na namang nabuo subalit nanatili pa rin ang karamihan sa mga nabanggit.

### Kategorisasyon at Organisasyon ng mga Tema at Paksa, 2015-2017

Sa paghahati-hati ng responsabilidad nitong nakaraang 2015-2017, nakatoka ang mga episode sa KAPP at KAL sa unang tatlong Lunes, at tuwing huling Lunes ng buwan naman ay toka ng Aliguyon-UP Folklorists sa pamamagitan ni CerFab.

Dumadaan sa tatlong segment o bahagi ang bawat episode ng *TTRF!*:

1. Pagpapakilala ng sitwasyon o usapin—ano ang mga pangkaraniwang obserbasyon, balita, o nagbabagang isyu sa lipunan?
2. Pagpapaliwanag sa tulong ng kasaysayan o pinagmulan—mayroon ba itong pinaghuhugutan sa nakaraan ng Pilipino?
3. Pagpapalalim ng talakayan sa pamamagitan ng kultura—paano uunawain ang pangyayari o isyu sa lente ng kultura? Ano ang panloob na lohika sa mga penomenong panlipunan?

Pinili ko ang taong 2015 sapagkat, gaya ng nasabi ko na, ito ang pagsisimula ng pamamahala ng KAPP sa *TTRF!*. Hindi ko na dito isinama ang mga paksa at temang tinalakay ng nasabing programa noong 2013-2015, mga taong ang pamamahala ng mga episode ay nasa Aliguyon-UP Folklorists sa pamamagitan ng tagapagpasimula ng *TTRF!* na si CerFab.

Samantala, binigyan ko naman ng kalayaan ang bagong mga host na mag-isip at magplano kung ano ang kanilang tatalakayin. Bitbit ang framework na ang “folklore ay kaalamang-bayan” bilang gabay, ang mga naging tema ng paksa ay ang mga sumusunod:

### 1. Nagbabagang mga Isyu ng Kasalukuyang Panahon

- Vigilantism, EJK
- “Moving On” at “Pagpapatawad” sa Usapin ng Paglilibing kay Marcos
- Bisitang Lakbayanis/Lumad sa UP Diliman
- Panunumbalik ng Death Penalty
- Pag-ibig at Anti-discrimination Bill
- APEC Summit at Pagtanggap sa Bisita
- Tanim-bala Scam
- West Philippine Sea
- Talinghaga sa Vice Presidential Debate

### 2. Ritwal at Siklo ng Buhay ng Pilipino

- Kapaskuhang Pilipino
- Semana Santa
- Araw ng mga Patay
- Valentine’s Day
- Graduation Rites o Pagtatapos
- Traslacion ng Poong Nazareno
- Kagitingan sa Araw ng Kagitingan
- Pagtatapos ng Taon, Pagsisimula ng Taon
- Summertime!
- Mother’s Day
- Chinese New Year
- Ika-70 Anibersaryo ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig

### 3. Pagpapalalim ng Penomenong Panlipunan sa Pang-araw-araw ng Buhay

- Pinoy Basketball
- Jeepney
- Usog, Pasma, at Kulam
- Agimat at Kapangyarihan
- DOTA
- Kagandahan at Miss Universe Pageant

- Sa Tuwing Lalaban si Pacquiao
- Mga Idea ni Emilio Jacinto
- Katutubong Konsepto ng Katarungan at Pamamahala
- Pag-ibig sa Iba’t Ibang Etnikong Grupo sa Pilipinas
- Pilgrimage at Debosyon
- Pagkaing Pilipino
- Pamilyang Pilipino
- Heritage
- Filipino Martial Arts
- Disaster, Kalamindad, Sakuna
- Demokrasyang Pilipino
- Social Media
- Showbiz at Politika
- Pagta-tattoo
- Mga Awiting Makabayan
- Migranteng Pinoy sa Indonesia

Tatlong tema ang lumutang sa mga episode na naisahimpapawid: a) mga nagbabagang isyu ng kasalukuyang panahon, b) ritwal at siklo ng buhay ng Pilipino, at c) pagpapalalim ng penomenong panlipunan sa pang-araw-araw na buhay.

Ang unang tema ay tumutukoy sa mga isyung kasalukuyang ibinabalita, pinag-uusapan, at kinakaharap ng lipunang Pilipino. Kung minsan, may mga bagay na nararanasan at nakaaapekto sa atin subalit maaari palang maipaliwanag sa pamamagitan ng folklore. Halimbawa, ang usapin ng “pagpapatawad” sa kaso ng paglilibing kay Marcos sa Libingan ng mga Bayani. Sinuri kung bakit sa simpleng pagtingin, maaaring ito ay ordinaryong paglilibing lamang subalit kung pagmumunian, malaking bagay pala kung isasaalang-alang ang “pag-move on” o “paglimot” para sa ating mga Pilipino. Nakakagulat din kung iisipin kung bakit laging may balita na may nahuhuling nagdadala ng ilang piraso ng “bala” sa airport. Sa pagmumuni-muni, ito pala ay karaniwang itinuturing na pampasuwerte o agimat lalo na ng mga OFW na makikipagsapalaran sa ibang bansa upang magtrabaho. Kung ganoon, ang scam ay nakatuntong sa malalim na kaisipang Pilipino tungkol sa kapangyarihang dulot ng sinaunang kapaniwalaan at ang agimat ay bahagi lang nito. May kinalaman din to sa kultura ng pakikipagsapalaran o “diskarte” ng mga Pilipino. Isa pang nakabibighaning interpretasyon ay ang pagtutok ng sambayanan sa Vice Presidential Debate at kung paanong ang pag-uugali, kilos, at “dating” ng mga kandidato ay nakaaapekto sa pananaw ng mga manonood, at marahil, sa kanilang pagboto. Dito papasok ang kaalamang-bayan hinggil sa kung paano ba talaga namimili ng pinuno ang mga Pilipino na karaniwang nakabase sa pagkakilala sa kaniyang pagkatao at hindi sa sinasabing track record.

Ang ikalawa naman ay patungkol sa siklo at ritwal ng taunang pagdiriwang at paggunita na bahagi na ng buhay ng bansa. Ito yaong mga pault-ulit na tradisyon at dati na nating ginagawa at ginugunita subalit bihira naman nating bigyan ng pakahulugan o saysay sa kung ano talaga ang batayang kaisipan sa likuran nito. Ang kapaskuhan, Valentine’s Day, graduation, araw ng mga patay, at marami pang iba ay pawang mga ritwal at siklo na ng buhay ng Pilipino sa loob ng isang taon na nabigyan na ng kulay at sariling tatak ng mga Pilipino.

Ang ikatlong tema naman ay pagpapalalim ng mga nararanasang penomenong panlipunan na isa nang “tatak-Pinoy.” Sa pamamagitan ng panunuri sa mga konseptong bahagi na ng ating pagkatao bilang Pilipino, napapayaman nito ang pag-unawa sa ating sarili bilang bahagi ng bayan. Heritage, martial arts, migrasyon, pagkain, pag-ibig, basketbol, jeepney, showbiz, beauty contest, at marami pang ibang paksa ay pawang nagpapakita na nakatuntong ang mga ito sa malalim na kaisipan ng bayan kung kaya’t ang mga bagay na ito ay hindi lamang tatak ng Pilipino bagkus nagpapagalaw o nakaiimpluwensiya pa sa daloy ng buhay ng mga Pilipino.

## Salugpungang *TTRF!*: Obserbasyon sa Entablado ng Talastasang Akademiko at Pambayan

Hindi madali na magsama-sama sa iisang gawain ang mga may magkakaibang oryentasyon, interes, at kasanayan subalit, napatunayan sa mahigit dalawang taon, na hindi naman nasayang ang panahon na nagkakasama ang mga guro, mananaliksik, at akademiko mula sa UP Diliman dahil sa mabunga nitong pag-uugnayan. Anumang uri ng salugpungan, katulad nang nangyari sa *TTRF!*, ay palaging nagbubunga ng sariwa at bagong pagtingin kahit pa dala-dala pa rin ang impluwensiya ng kani-kaniyang mga pinanggalingan. Ang salugpungan ay nagbigay ng pagkakataon na subukang dalhin ang folklore ng mga tao at disiplinang hindi kumportable dito. Binuksan ng salugpungan ang pagkakataong makita kung hanggang saan nagiging makabuluhan ang kaalamang-bayan bilang kasangkapang analitikal sa pagpapaliwanang kung sino tayo at ano tayo bilang mga Pilipino.

### Praktikalidad ng folklore

Sa pagsasama-sama ng mga host na may iba't ibang disiplina sa KAPP, KAL, at A-UPFI, napalutang ang paniniwalang may praktikal na idinudulot ang folklore sa buhay ng mga Pilipino. Ibig sabihin, tungkol ito sa mga paksang bahagi ng ordinaryong buhay at hindi lamang basta teoretikal o abstraktong usapin. Taliwas ito sa karaniwang pagkaintindi sa mga asignatura o larangang akademiko na malalim at hindi maarok ng madlang tao. Pasok dito ang mga episode na may mga temang tumalakay sa nagbabagang isyu ng ating lipunan. Paano ba magpatawad ang mga Pilipino at paano ito makatutulong sa pag-unawa kung bakit hindi simpleng “moving on” lamang ang usapin ng paglilibing kay Marcos sa Libingan ng mga Bayani? Bakit ba laging nagdadala ang ating mga kababayan ng bala bilang anting-ating o agimat lalo na sa mga OFW na papalabas ng bansa upang magtrabaho? Sa panahon ng APEC Summit, maipapaliwanag ba ng kultura ng pagtanggap ng bisita ang naging preparasyon ng ating gobyerno? Paano nga ba uunawain ang kasabihang ang buhay na inutang ay dapat buhay ding kabayaran sa konteksto ng panukalang ibalik ang “death penalty”? Paano ba titingnan ang social media bilang lugar ng pagkataong Pilipino? Marami pang mga halimbawa at ang lahat ng mga ito ay tila may hugot sa kaalamang-bayan—paano ba tayo nag-iisip bilang bayan? Ano ang kaalamang kultural sa likod ng mga nagbabagang isyu ng lipunan?

Nakatutuwang isipin na hindi lamang nalilimitahan ang pag-unawa sa folklore sa kasaysayan o panahong lumipas; bagkus, ito ay isang usapin na praktikal at hindi esoteriko na karaniwang bagahe ng akademya. Tinatawid nito ang mundo ng iskolar at mundo ng ordinaryong tao gamit ang simple at nauunawaang wika at kausap ang mga tagapakinig na pangkaraniwang tao.

### May “kaalamang-bayan” sa lahat ng uri ng bagay at buhay

Wika nga namin sa *TTRF!*, “ang lahat ng bagay, folklore!” Naniniwala kami na may lohika, saysay, kahulugan, at kabuluhan ang lahat ng mga nangyayari sa ating kapaligiran at buhay—mga penomenong panlipunan at pangkulturang nararanasan nating mga Pilipino. Ito man ay taunang ritwal at siklo ng buhay o ang mga konseptong alam na natin subalit hindi gaanong napag-iisipang mabuti kung bakit nangyayari, ang *TTRF!* ay nagbabahagi sa radyo ng makabuluhang paliwanang kung paano nag-iisip ang mga Pilipino. Sa pagmumuni-muni, ang mga paliwanang na ito ay sang-ayon sa ginagalawang mundo na hinubog ng karanasan, kasaysayan, kapaligiran, at kinagisnang sikolohiya at kultura kaya madaling makaka-relate ang ordinaryong mamamayan.

Matutunghayan natin sa mga temang natalakay sa *TTRF!* na may internal na sistema o lohika ang ating mga ginagawa sa buhay sa araw-araw. Magkakaugnay ang mga ito at magkakakawing-kawing ang mga konsepto. Halimbawa, ang larong basketbol ay umangkop sa mundo ng Pilipino kung kaya't laganap ito sa buong kapuluan—nasa maliit na isla ka man o nasa siyudad, nakatsinelas o nakayapak o naka-basketball shoes. Ipinakita rin na ang jeepney ay larawan ng halos buong lipunang

Pilipino at kung ano ang pinahahalagahan ng mga Pilipino—kooperasyon, pakikipagkapuwa, pagiging masining, at madiskarte. Sa bawat pagsakay at pagbaba sa jeepney, namamalas ang iba't ibang aspekto ng pagiging Pilipino.

### Sa talastasang bayan sa radyo, walang etsa-puwera—lahat ay kasali at kabahagi

Kahanga-hanga ang tagline ng DZUP: “Kasali ka!” Ipinapakita ng linyang ito na bawat isa ay kabahagi sa usapan. Sa talastasang-bayan sa radyo, lahat ay kasali. Anupa't ang kaisipang ito ay masasalamang sa kung paano binubuo ang imahen ng maraming TV Network sa bansa: kapamilya, kabarkada, kapuso, kapatid, etc. Ipinapahiwatig nito na sa pangmadlang komunikasyon, walang makararamdam na hindi siya kabilang—lahat ay may pakialam, lahat ay apektado.

Sa *TTRF!*, laging sinasambit naman ay: “ka-folklore!” Ang panlapi na “ka,” ibig sabihin, kasama o kaugnay, ay napakahalaga sa puntong sa usapang folklore, ang lahat ay kabahagi. Nais nitong iparamdam, kagaya din pilosopiya ng mga higanteng network sa Pilipinas, na walang masyadong puwang sa pagitan ng mga nagtatalakay sa media at mga tagapakinig. Walang pakiramdam na eksklusibo ang usapan at esoterikong paksa ang pinag-uusapan kung kaya't ang mga eksperto lamang ang makauunawa. Ang paggamit ng “ka-folklore” ay hindi lamang estilo kung hindi isa ring paninindigan na lahat ay kabahagi sa pagpapanday at pagpapalago ng talastasan.

At sapagkat interaktibo ang plataporma ng DZUP, makasasali talaga o makakatalastasan ang marami—maging sa ibayong-dagat. Sa pamamagitan ng kapangyarihan at saklaw ng internet at ng social media na ang DZUP ay may iba't ibang account, puwedeng makipagdebate, mag-ambag, makipagtalastasan ang mga kababayang nakikinig sa usapan.

### Ang “bayan” bilang konseptuwal na gabay sa pagsusuri ng penomenong kultural at sosyal

May kaisahang historikal, kultural, at lingguwistiko ang konseptong “bayan” sa Pilipino. Ito ay patungkol sa una, grupo ng tao na nagmula sa mga ninunong Austronesyano ilang libong taon bago pa dumating ang mga Espanyol sa Pilipinas. Ikalawa, ito rin ay tumutukoy sa heograpiko at panlipunang kaayusan kung saan naninirahan ang mga tao malapit sa pampang ng ilog, lawa, o dagat. Ikatlo, may kaisahang kultural din ito sapagkat agrikultural at/o maritimo ang pamumuhay, na pamanang-lahi ng mga ninuno sa sinaunang pamayanan.

Sa kaso ng *TTRF!*, sinasabi nating sa bayan din masasagot ang mga tanong kung bakit nangyayari ang mga penomenong pangkultura at panlipunan tulad ng mga paniniwala, iba't ibang pagdiriwang, kaugalian, kaisipan, halagahan, at gawain. Ang idea ng “madla” ay binigyan ng mas malalim na anggulo sa pamamagitan ng pagtuturing dito bilang “bayan” na may kaisahan at may pinanggagalingan. Samakatwid, puwede talagang igiit ang argumentong halos lahat ng mga nangyayari sa ating buhay bilang Pilipino ay maipaliliwanag sa kung paano ba umiikot ang mundong ginagalawan ng mga Pilipino.

### Naiibang karanasan ng siyentista at folklorista ng bayan

Naramdaman ng mga *host* ng programa—mga piling akademiko sa mga kolehiyo ng KAPP at KAL ng UP Diliman—na sa umpisa ay parang nakakapanibago na kaulayaw at katalastasan mo ang isang taong may ibang oryentasyon sa iyo. Subalit, di nagtagal, nakapagpalagayang-loob din ang mga host sa isa't isa at ang resulta ay mabungang pagmumuni-muni sa mga paksa, maging sa mga napapanahong isyu ng bansa.



Imbes na magpatali sa pansariling oryentasyong akademiko, napilitan ang mga host na makibagay sa partner at hanapin kung saan sila maaaring magsama at magkasundo. At dahil ang “bayan” ay isang analitikal na kasangkapan sa pagsusuri ng penomenong panlipunan at pangkultura, ang lahat ng mga bagay sa buhay-Pinoy ay binibigyan ng kabuluhan batay sa kung paano ito kinilala, ipinaliwanag, at binigyan ng sagsay mismo ng bayan.

Sa huli, masaya naman daw palang makipag-usap sa hindi mo kadisiplina o kadepartamento, o kakolehiyo. Napilitan silang maging malikhain at makita ang kahalaganan ng plataporma o midyum ng radyo sa pagpapahayag ng kaalaman at kuro-kuro. Kahit pa nanatiling hamon na unawain mismo ang folklore o kaalamang-bayan, ang pagkilala na may sense ang mga kinikilos at iniisip ng bayan, magandang umpisa na ito upang mas lalong makilala ng mga akademiko ang bayan at magkaroon ng pag-uusap sa pagitan nila.

## KONGKLUSYON

Ang salugpungang *TFR/* sa DZUP 1602 ng mga akademiko sa UP Diliman ay lumikha ng plataporma o entablado para sa pakikipag-ugnayan sa bayan sa pamamagitan ng pangmadlang komunikasyon. Ang balangkas ng “kaalamang-bayan” bilang sandigan ng pag-unawa at pagsusuri sa folklore ay mabisang paraan upang makapag-usap-usap sa kanila ang mga taong may magkakahiwalay na disiplina. Dagdag pa nito, nagkasama-sama at napilitang mag-isip sa ilalim ng konsepto ng “bayan” ang mga akademiko na babad sa kanluraning mga kaisipan at metodo—ngayon ay nakikipag-ugnayan sa kapuwa akademiko at nakikipag-usap sa ordinaryong mamamayan sa pamamagitan ng wikang nauunawaan at mga ideang praktikal at may pakialam ang mga tagapakinig. Makikita rin natin sa mga temang nabuo ng salugpungang ito sa radyo na may elemento ng folklore sa halos lahat ng bagay na ginagawa natin o pangyayari na nararanasan natin. Pinatutunayan nito na may silbi ang pagkokonsulta sa kultura bilang lunan ng kaalaman at lohika ng buhay.

## SANGGUNIAN

De Los Reyes, Isabelo. [Salin,1984; orihinal 1890]. *El Folklore Filipino*. UP Press, Lungsod Quezon.

Dundes, Alan. 1999. *International Folkloristics: Classic Contributions by the Founders of Folklore*. Rowman and Littlefield Publishers, USA.

DZUP on-line. 2018. *Tabi-tabi Folkloradyo*, Episodes 2015-2017, www.dzup.org. Inakses, Marso 28, 2018

Fabros, Melecio George III C. 2016. “Salugpungan ng Kaalamang-bayan sa *Tabi-tabi Folkloradyo!*” Papel na binasa sa UP Diliman Month na may temang, *Kaalamang bayan, Kwentong Bayan*. UP Diliman, Lungsod Quezon.

Fabros, Melecio George III C. 2014. Personal na Komunikasyon. Faculty Center, UP Diliman.

Tatel, Carlos Jr. P. 2014. “Maikling Kasaysayan ng Folklore Studies Program.” Papel na binasa sa Unang Don Belong Lecture Series. Faculty Center, UP Diliman, Lungsod Quezon

UP CSSP. Walang petsa. Iba’t ibang dokumento ng Folklore Studies Program of the UP College of Arts and Sciences. Manuskrito.

## Pasundayag: Pagpapalitaw ng Kapangyarihang Kultural sa Kasaysayan at Pilosopiyang Pilipino

Ma. Theresa T. Payongayong

## ABSTRAK

Sa pagtalunton sa kapangyarihang kultural sa kasaysayan simula Sinaunang Bayan patungong Krisis ng Kabayanan at Inang Bayan/Sambayanan/Bansa, nakita ang pagsulong ng kulturang Pilipino. Sa Sinaunang Bayan, malinaw na napalitaw ang pagkakaroon ng ganap na kapangyarihang kultural bago pa man ang pananakop ng mga Espanyol. Maituturing itong batayang kultura ng mga Pilipino. Sinupil subalit nakaigpaw at nagpatuloy ang kapangyarihang kultural ng mga Pilipino sa Krisis ng Kabayanan sa ilalim ng pananakop ng mga Espanyol. Maituturing na *turning point* sa panahong ito ang pagbalikwas sa dalawahang-hating (bipartite) pananaw ayon sa balangkas ni Salazar, na kumilala sa pagkakaroon na ng kapangyarihang kultural noong Sinaunang Bayan. Mahalaga ring kilalanin ang pananaw patungong loob na maituturing sa panahong ito bilang isang repleksibong pagtatangi at paggigiit ng sarili. Maituturing itong pagbawi sa maunlad nang katutubong kultura sa panahon ng Sinaunang Bayan. Sa Inang Bayan/Sambayanan/Bansa, malinaw ang paglitaw ng kapangyarihang kultural sa diskursong akademiko sa pamamagitan ng pagbubuo ng mga pananaw na mariing umaaklas sa pananakop, bumabawi sa sariling kapangyarihang kultural, at nagtatampok sa Pilipino. Kabilang sa mga pananaw na ito ang tatlong itinuturing na pundasyon ng talastasang akademiko sa agham panlipunan sa Unibersidad ng Pilipinas (UP)—ang Pantayong Pananaw bilang isang nagsasariling diskursong Pilipino sa kasaysayan, ang Sikolohiyang Pilipino na siyang nagbigay-lalim at kahulugan sa mga katutubong konseptong nagpapaunawa sa diwa at kamalayang Pilipino, at ang Pilipinolohiya na sumasaklaw sa lahat ng larangang Pilipino.

Sinimulan din ang pagdadalumat ng Pilosopiyang Pilipino na nakaugat sa wika, epistemolohiya, etika, at metapisika. Subalit dahil hindi naging matingkad ang pagpapalawig ng Pilosopiyang Pilipino, naging malaking katanungan ang tunay na pagkakaroon ng pananaw na ito. Sa maraming taon, hindi sumulong ang pagtuturo at pananaliksik tungkol dito sa Unibersidad ng Pilipinas (UP) hanggang muli itong inaral at patuloy na binubuhay sa kasalukuyan. Sa pamamagitan ng pagbabalik-tanaw sa kasaysayan, layunin ng papel na ito ang *pasundayag*—ang pagpapalutang sa nakakubli o pagpapakitang-gilas, sa wikang Hiligaynon—upang palitawin ang kapangyarihang kultural sa kasaysayan tungo sa pagkilala sa Pilosopiyang Pilipino bilang isang Pilipinong sistema ng kaalaman.

**Mga Susing Salita:** kapangyarihang kultural, talastasang akademiko, Pilosopiyang Pilipino

Hindi maikakaila ang kanluraning lapit sa larang ng Pilosopiya sa bansa. Hindi rin maikakaila ang dominanteng bilang ng kalalakihan sa pagtuturo ng Pilosopiya sa Pilipinas at maging sa buong mundo. Ayon sa peryodisasyon<sup>1</sup> ni Romualdo Abulad, kanluranin at Tomistiko<sup>2</sup> ang unang dalawang yugto ng kolonyal na pagkatuto ng Pilosopiya; habang tumutok ang dalawang huling yugto sa problematisasyon ng Pilosopiyang Pilipino – kung ano ito, mayroon nga ba nito, ano ang estado nito, at iba pa – patungong pagbalikwas o pagbitiw, at paglayo sa usaping ito (Demeterio 2001, 1). Mahalagang sagkain ang pagbalikwas o saluhin ang pagbitiw, at muling ilapit ang lumayo sa usapin ng Pilosopiyang Pilipino upang maipagpatuloy ang pagpupunyagi rito bilang kaalaman. Layunin ng papel ang *pasundayag* – na nangangahulugang pagpapalutang sa nakakubli (na nararapat ipagmalaki) o pagpapakitang-gilas, sa wikang Hiligaynon – palitawin ang kapangyarihang kultural (cultural power) sa kasaysayan tungo sa pagkilala sa Pilosopiyang Pilipino bilang isang Pilipinong sistema ng kaalaman. Kapangyarihang kultural ang pagkakaroon ng sariling katangian, kaalaman, wika, at kaugalian ng isang lipunan o maging ng isang larang. Sisimulan ang pasundayag sa pagpapalitaw ng kapangyarihang kultural sa kasaysayan mula Sinaunang Bayan; Krisis ng Kabayanan; at Inang Bayan/Sambayanan/Bansa<sup>3</sup> (Salazar 1993; 2000).

### KAPANGYARIHANG KULTURAL SA SINAUNANG BAYAN

Mula sa obhetibong pananaw, tatlong kronista mula sa Espanya ang nagsagawa ng kanilang pag-aaral tungkol sa Pilipinas, una, upang matasa ang kalagayan at uri ng pamumuhay ng mga naninirahan dito; at ikalawa, upang masaliksik at mapagtibay sa pag-uulat sa Espanya ang tungkol sa likas-yaman nito.

Sa panulat ni Chau Ju-Kua, ang *Chu-Fan-Chi* (Hirth at Rockhill 1966), sinabing may masigla nang sistema ng kalakalan ang bansa noong bago dumating ang mga Espanyol. May mga produkto nang ikinakalakal tulad ng prutas, tela, at mineral. Kapansin-pansin ang lubos na pagtitiwala ng mga mangangalakal na Intsik at iba pang banyaga sa mga Pilipino. Iwan man nila ang kanilang kalakal sa kamay ng mga Pilipino habang hindi pa ito nababayaran, nakasisiguro silang naroroon at daratnan pa rin nila ang mga iniwang kalakal sa orihinal nitong estado sa kanilang pagbabalik.

Ayon naman kay Pedro Chirino sa kaniyang librong *Relacion de las Islas Filipinas* (Echevarria 1969), may sistema na ng pamamahala ang mga Pilipino. May mga buhay na rin itong kaugalian tulad ng pagpepreserba ng patay, paglilibing, pagpipiging o handaan. Itinampok din ni Chirino ang mahalagang tungkulin ng kababaihan sa lipunan. Mataas ang tingin sa mga babae at may kalayaan silang makisalamuha at makipag-ugnayan sa iba.

Natuklasan din ni Antonio de Morga at itinala sa kaniyang *Sucesos de las Islas Filipinas* (1609)<sup>4</sup> na may sariling sistema ng pamumuhay ang mga Pilipino. Batay sa kaniyang mga tala, ang Pilipinas ay maituturing na may ganap nang kapangyarihang kultural bago pa man ito sakupin ng mga Espanyol.

### KAPANGYARIHANG KULTURAL SA KRISIS NG KABAYANAN

Bagama't may makabuluhang mga tala ang mga kronistang tulad nina Chau Ju Kua, Chirino, at de Morga tungkol sa kalagayan ng Pilipinas bago pa man ito sakupin ng mga Espanyol, itinuturing pa rin ng mga kronistang ito, gaya ng huli, na barbaro, mangmang, at walang kultura ang mga Pilipino. Ang karakterisasyon nila sa Pilipinas ay isang pulong sadlak sa kadiliman. Dahil madilim, kinakailangang bigyan ito ng liwanag sa pamamagitan ng kanilang kalinga at pagpapala. Dalawahang-hati ang ganitong pananaw (Salazar 1983). Panahon ng dilim at liwanag. Ipinalagay ng mga Espanyol

<sup>1</sup> May apat na bahagi ito ayon kay Abulad: ang First Colonial Phase, Second Colonial Phase, Early Indigenization, at Beginning of Late Indigenization.

<sup>2</sup> Pilosopiya ni Thomas Aquinas na may pagkiling sa relihiyosong pananaw

<sup>3</sup> Isa itong alternatibong pagyuyugto sa kasaysayan na hindi ang mga mananakop ang tampok. Sa halip na kolonyalismo bilang tema na nasa peryodisasyong pre-kolonyal, kolonyal, post-kolonyal, ang tuon nito ngayon ay ang pagbubuo ng bansa.

<sup>4</sup> Ang orihinal ay inilathala sa Paris ng Libreria de Garnier Hermanos noong 1890.

na sila ang civilizing agent sa Pilipinas, na hahanguin nila ang buong kapuluan sa pagkakasadlak sa “kadiliman,” i.e., kabangisan, kamangmangan, paganismo, at iba pa. Ang panahon ng “liwanag” na binabanggit dito ng mga Espanyol ay ang pag-akay nila sa Pilipinas patungo sa sibilisasyong Europeo. Subalit taliwas sa pangakong ito ang ginawa ng mga Espanyol. Nauna na ang mga propagandistang Pilipino na naglantad at lumaban sa kabalintunaan ng pamamahalang Espanyol. Sa pamamagitan ng kani-kaniyang mga akda, sinagot nina Jose Rizal, Graciano Lopez Jaena, at Marcelo H. del Pilar ang diskurso ng mga mananakop na Espanyol sa pamamagitan ng tatluhang-hating (*tripartite*) pananaw na lumilihis sa naunang dalawahang-hating pananaw. Sa halip na dilim at liwanag, ipinaunawa ng mga propagandistang nabanggit na liwanag, dilim, at liwanag ang akma ng karakterisasyon ng naging sitwasyon ng Pilipinas sa ilalim ng pananakop ng mga Espanyol (Ibid.). Pangunahing diin ng mga propagandista sa kanilang diskurso ang pagkakaroon ng sinaunang kabihasan ng Pilipinas na binansot ng kolonyalismo. Bagama't pananaw mula sa loob ang isiniswalat, ang mithiin ng mga nabanggit na propagandista ay patungo sa labas o ang hinaharap ng Pilipinas bilang isang bayan ng Espanya (asimilasyon). Kaiba ito sa pananaw ng mga intelektuwal ng Katipunan. Pinili ni Jose Rizal na maglabas ng kaniyang sariling anotasyon ng *Sucesos de las Islas Filipinas* ni Morga dahil naniniwala siya sa pagiging obhetibo nito lalo't hindi ito nagmumula sa pananaw na klerigo. Sa kaniyang *Anotacion*,<sup>5</sup> sinabi ni Rizal na may kabihasan na ang Pilipinas bago pa man ang pananakop ng mga Espanyol. May sarili na itong kultura at sistema ng pamumuhay. Ito ang tinutukoy niyang liwanag. Subalit napigil (hindi naman namatay) ang pag-unlad ng kulturang ito dahil sa kolonyalismo. Sa halip na pagyamanin, hindi iginalang at hindi tinanggap ang dinatnan at nauna nang kultura ng Pilipino. Ito ang dilim sa kasaysayan ng Pilipinas bilang kolonya ng Espanya. Sa halip na makapagbigay ng liwanag ang relihiyong dala ng mananakop, binulag ang mga “Indio” ng maling pananampalataya. Dahil dito, naniniwala si Rizal na magkakaroon lamang ng muling kaliwanagan kung mapaaalis ang mga prayle at masasagkaan ang patuloy nitong pagyurak sa dangal ng bayan. Magiging ganap ang pagkakamit ng liwanag kung maipagkakaloob sa mga Pilipino ang mga hinihiling na kalayaang sibil sa pamamagitan pangunahin na ng edukasyon. Ang edukasyon ding ito ang kakasangkapan upang lubos na mawari ng mga Pilipino kung paano isasagawa ang isang matagumpay na himagsikan. Para kay Rizal, hindi maiiwasan ang madugong himagsikan kaya't kinakailangan ng ibayong paghahanda ng loob para dito, gaya ng pag-aaral ng kasaysayan, pagpapatatag ng pambansang karakter, at malasakit at pananagutan para sa kabutihan ng lahat (Quibuyen 1999/2008; Schumacher 1987).

Naniwala rin si Graciano Lopez Jaena na may kabihasan ang mga Pilipino. Ang mga Espanyol, aniya, ang naglagak sa kabihasang ito sa dilim. Sa kaniyang *Fray Botod* (1874), inilarawan niya kung ano ang ginagawa ng mga prayle habang pinamumunuan ang mga Pilipino at unti-unting sinasakop at kinakamkam ang mga lupain ng huli. Matinding dagok sa mga Pilipino ang mawalan ng karapatan sa sariling lupa. Bukod sa katiwalian ng mga prayle, pinuna rin ni Lopez Jaena ang kalupitan ng mga guwardiya sibil at ang paniniil ng gobernador-heneral. Naniniwala si Lopez Jaena na tanging ang himagsikan lamang ang makapagpapabago ng sitwasyon mula sa liwanag at dilim patungong “muling liwanag.” Sinikap ni Lopez Jaena sa *La Solidaridad* na maipaunawa sa mambabasa ang katotohanang hindi mangmang at may sibilisasyon ang mga Pilipino.

Sa kaniyang akdang *La Soberania Monacal en Filipinas* (1888), itinuwid ni Marcelo H. del Pilar ang pananaw na madilim ang pinanggalingan ng mga Pilipino bago ito sakupin ng mga Espanyol. Itinampok niya ang katotohanang mayroon nang kabihasan ang mga Pilipino simula't simula pa. Bagama't batid niya ang maaaring maging papel ng himagsikan sa pagkakamit ng “muling liwanag,” mas pinili ni del Pilar ang reporma tungo sa pagbabago. Nabanggit sa naunang pagtalakay na maging ang mga intelektuwal ng Katipunan tulad nina Andres Bonifacio, Emilio Jacinto, at Apolinario Mabini ay gumamit din ng tatluhang-hating pananaw. Naniniwala sila, samakatwid, na may liwanag (o kabihasan) na ang Pilipinas bago ang pananakop. Bagaman magkapareho, maituturing ding magkaiba ng tunguhin ang pananaw ng mga propagandista at Katipunan. Patungo ang una sa

<sup>5</sup> May bersiyong Ingles, *Historical Events of the Philippine Islands (with Annotations from Jose Rizal)*, na inilathala ng National Historical Commission of the Philippines (NHCP) noong 2011.

labas (asimilasyon o pagiging isang bayan ng Espanya), samantalang ang huli ay patungo sa loob (o pagbubuo ng Inang Bayan) (Salazar 1983).

Sa mga isinulat ni Andres Bonifacio, tinalakay niya ang mga kinakailangang paghahanda sa pagbubuo ng Inang Bayan. Marahil ay iisiping kategorya ito ng pagbubuo ng bansa subalit mahalagang malaman ang pinakabuod ng pilosopiya ni Bonifacio na may kinalaman sa identidad na nais niyang makamit at makita sa kapwa niya Pilipino. Sa akda niyang “Ang Dapat Mabatid ng mga Tagalog” (1896a), ipinaliwanag ni Bonifacio ang kahulugan ng salitang “Tagalog.” Hindi ito eksklusibo sa iisa lamang na grupo o pamayanan bagkus, ito ay kumakatawan sa lahat ng pamayanan sa buong kapuluan. Ang identidad ng pagiging Tagalog (sa karaniwang pagpapakahulugan nito), samakatwid, ay hindi rehiyonalistiko. Ang buong pamayanang Pilipino ang “Katagalugan” (Jacinto 1896; sinipi sa Almario 1993, 156).

Sa kaniya namang akdang “Dekalogo: Katungkulang Gagawin ng mga Anak ng Bayan” (1896b; sa Obusan 1998), ipinaliwanag niya ang konsepto ng internal at eksternal na himagsikan. Sinabi ni Bonifacio na sa ikapagtatagumpay ng himagsikan, kinakailangang magkaroon din ng pagbabago sa sarili: sa asal, ugali, at loob. Aniya, mababalewala ang kahulugan ng himagsikan kung hindi isasalooob ng mga Pilipino ang mithiin nitong pagbabago. Kung gayon, ang tunay na pagbabago ng lipunan ay nagsisimula sa sarili (loob) patungong pamayanan at bayan.

Mababatid sa mga tulang “Katapusang Hibik ng Pilipinas” (1896c; sa Gonzales 1978) at “Pag-ibig sa Tinubuang Lupa” (1896d; sa Alejandro at Santos 1947; Rodriguez-Tatel 2014) ni Bonifacio ang pilosopiya o ideolohiya ng ninanais niyang pagbabago sa pamamagitan ng himagsikan. Tampok sa mga tulang ito ang tahasang pagtakwil sa “Madre Espanya” kaalinsabay ng pagkilala at pag-ibig sa tunay na “Inang Bayan.”

Sa *Kartilya ng Katipunan* (n.d.) naman na isinulat ni Emilio Jacinto, itinampok ang tatlong mahahalagang uri ng pagmamahal at paggalang sa nararapat palawigin ng bawat Pilipino: ang pagmamahal sa Diyos, bayan, at kapwa bilang mga bahagi ng sarili. Mahihiwatigan sa *Kartilya* ang pagiging maka-Diyos at makatao.

Sa *Ningning at Liwanag* (sa Dangalio, et.al. 1968), isiniwalat ni Jacinto ang kasinungalingan ng ipinangakong sibilisasyon ng mga Espanyol, gaya ng ningning na nakasisilaw at nakabubulag. Hinikayat ni Jacinto ang mga mambabasa na tuklasin ang liwanag ng katotohanan na siyang magbibigay ng katwiran. Babaguhin ng liwanag ang mga konsepto ng paggawa at edukasyon na naging mali ang kahulugan dahil sa pananakop ng mga Espanyol. Ang paggawa ay nagkaroon ng masamang konotasyon dahil naiugnay sa pagiging alipin, samantalang ang tunay nitong kahulugan para sa mga Pilipino ay kabutihan (*virtue*) lalo’t makapagdudulot ito ng pag-unlad sa bawat indibidwal. Ang edukasyon naman, sa halip na tingnan bilang pag-aaral (pormal man o di-pormal), ay nangangahulugan ng pagkakaroon ng malalim na pagkaunawa sa kasaysayan, kalinangan, at lipunan.

Si Apolinario Mabini naman ay nagpahayag hinggil sa paglilinis ng loob at karapatan ng mga Pilipino. Sa kaniyang *Dekalogo* (n.d.), idiniin niya ang mga konsepto ng tao, lipunan, pinuno, pamahalaan, kalayaan, pagsasandugo, at himagsikan.

Sa kabila ng kolonyalismo, nagpatuloy ang kapangyarihang kultural ng Pilipinas. Maituturing na *turning point* ang pagbalikwas sa dalawahang-hating pananaw na hindi kumilala sa kapangyarihang kultural noong Sinaunang Bayan. Mahalaga ring kilalanin ang pananaw patungong loob na maituturing sa panahong ito bilang isang repleksibong pagtatangi at paggigiit ng sarili. Repleksibo ang tuloy-tuloy na pagsusuri batay sa pagbabago ng mga konteksto at sitwasyon. Ang pananaw patungong loob ay halimbawa ng pagpapahalaga at paggigiit sa sarili. Maituturing itong pagbawi sa kulturang naroroon na sa panahon ng Sinaunang Bayan.

## KAPANGYARIHANG KULTURAL SA INANG BAYAN/SAMBAYANAN/BANSA

Sa partikular na panahong ito, maraming mga pag-aaral na nagpapahayag ng pananaw tungkol sa kultura ng mga Pilipino. Ang ilan sa mga ito ay mula sa mga banyaga; ang ilan naman ay reaksiyon sa mga pananaw na ito ng mga tagalabas. Sa pagsusuri sa mga ito, mababanaag ang mahahalagang pagtatangka sa pagbuo ng Pilipinong identidad.

Karaniwan nang hindi naisasama sa mga panulat at pagsusuri ang mga kapwa Pilipinong Muslim kung kaya’t *valid* ang pagtatanong kung mayroon na nga bang “Pilipino” bilang pambansang identidad. Sa pagsagot nito, mahalagang kontribusyon ang *Studies in Moro History, Law and Religion* ni Najeeb Saleeby (1976). Si Saleeby ay manunulat at mananaliksik na pinayagan ng mga datu na ilahad ang *tarsila* o talaangkanan, ang sinaunang anyo ng kasaysayan ng mga Muslim. Mahalaga ito sa iba’t ibang usapin tulad ng politika, ekonomiya, heograpiya, kultura lalo na sa paggigiit ng karapatan sa lupa.

Ipinaliwanag naman ni Cesar Majul sa kaniyang akdang *Muslims in the Philippines* (1973) ang pangunahing dahilan kung bakit magpahanggang ngayon ay tinitingnan o itinuturing ang Muslim bilang hiwalay na grupo. Sinabi ni Majul na kinakailangang maging hiwalay talaga ang mga Muslim upang mabuhay. Kailangan ito upang kanilang mapaghandaan ang banta ng kapahamakan dala ng pananalakay ng mga Moro.

Sa *Four Readings on Philippine Values* ni Frank Lynch (1962), itinampok ang apat na pananaw tungkol sa sikolohiya at identidad ng mga Pilipino. Bagama’t ilan sa mga ito ay sa punto-de-bista ng banyaga, nakatulong din ito sa pagpapalitaw ng samut saring reaksiyong magbubunsod sa mas masiglang pagpapaliwang at pagbuo ng Pilipinong pananaw. Nakatuon ang librong ito sa mga pag-aaral sa kultura ng mga Pilipino. Ayon sa akda ni Bulatao (1962), sadyang mahalaga ang pamilya para sa mga Pilipino. Ang lahat ng gawain, balakin, at tiisin ng isang Pilipino ay nakakawing sa pag-unlad ng pamilya—sa pagbuo at pagpapatibay nito. Mahalaga rin ang pagkakaroon ng awtoridad o pinuno sa pagpapatupad ng mga batas at mithiin ng bansa. Likas sa mga Pilipino ang paggalang at pagsunod sa nalalaman nilang mas may kakayahan at mabuting hangarin para sa kanila. Tinalakay rin ni Bulatao ang konsepto ng ekonomiya bilang isa sa mga pinahalagahan ng mga Pilipino. Ang ekonomikong kagalingan na magdadala sa bawat isa ng kaginhawahan sa buhay ang siyang tampok sa pagbuo at pagpapatibay ng pamilya. May pagpapahalaga rin ang mga Pilipino sa tagumpay. Ang bawat tiisin at pagpupunyagi ng Pilipino ay tungo sa mithiing mapagtagumpayan ang anumang balakin na makatutulong sa pag-unlad bilang indibidwal at mamamayan ng Pilipinas. Tampok din ang halagahing *social acceptance* sa papel ni Lynch. Sa pagyakap sa halagahing ito, mauunawaan ang papel ng ilan pang halagahin (katulad ng hiya, utang na loob, *amor propio*, bahala na, at iba pa) sa buhay ng mga Pilipino. *Reciprocity* naman ang itinampok ni Hollnsteiner (1962) sa kaniyang papel. Kapansin-pansin, aniya, ang gawi ng mga Pilipino na magbalik (puwersado man o kusa) ng pabor, bagay man ito o serbisyo. Maraming hindi magandang implikasyon ang pananaig sa ganitong halagahin. Ayon naman kay Carroll (1962), nakadepende ang *cultural norm* (na nagsisilbing batayang kilos ng tao) sa katayuan ng bawat isa sa lipunan.

Ang pag-aaral ni Reynaldo Ileto na *Pasyon and Revolution: Popular Movements in the Philippines, 1840-1910* (1979) ay isang pagtatangkang salungatin ang pananaw na ang relihiyon ay opyo ng masa. Sa kaniyang pagsusuri, relihiyon pa nga ang ginamit na balangkas ng pag-unawa at praktika sa Himagsikang 1896.

Ang mga nabanggit na pag-aaral tungkol sa sikolohiya at identidad ng mga Pilipino sa pananaw ng mga banyaga ay ilan lamang sa mga salik na nagtulak sa Ama ng Sikolohiyang Pilipino na si Virgilio Enriquez na magtaguyod ng isang pananaw na kakatawan sa tunay na sikolohiyang Pilipino. Sa kaniyang pinamatnugutang librong *Indigenous Psychology: A Book of Readings* (1990), tinalakay niya ang pagkakaiba ng mga nauna nang pananaw sa larang ng sikolohiya sa bansa na itinampok niya

bilang Sikolohiyang Pilipino. Una, ang Sikolohiya sa Pilipinas na inangkat mula sa ibang bansa. Ito ang tinatawag na *mainstream* o kanluraning sikolohiya. Ikalawa, ang Sikolohiya ng mga Pilipino. Ito naman ay ang pag-aaral sa *psyche* ng Pilipino gamit ang banyagang lapit, metodolohiya, at pilosopiya. At ikatlo, ang Sikolohiyang Pilipino—ang pag-aaral sa *psyche* ng Pilipino gamit ang Pilipinong lapit, metodolohiya, at pilosopiya. (Enriquez 1976b)

Naimpluwensiyahan ang Pilipinas ng sikolohiyang Amerikano at Europeo; ang una ay nakasentro sa indibidwal habang ang huli ay nakasentro sa grupo at kumikilala sa pagkakaiba ng mga kultura. Kinakitaan ng mga pagkukulang ang dalawang impluwensiyang ito. Ayon kay Enriquez (1976a), nararapat na nakakawing sa loob ng kultura ang sikolohiya bilang kaalaman. Dapat nitong mapalabas ang lokal na interpretasyon, at kinakailangan ding may saysay ito sa pinag-aaralang grupo.

Upang mapunan ang mga kakulangang nabanggit, lumikha si Enriquez ng metodolohiyang siyang ginagamit sa pananaliksik sa ilalim ng pananaw na Sikolohiyang Pilipino: ang pakikipagkapwa. May dalawa itong kategorya—ibang tao (*outsider category*) na nagtatampok sa pakikitungo, pakikisalamuha, pakikilahok, pakikibagay, at pakikisama; at di ibang tao (*one of us category*) na matingkad ang pakikipagpalagayang-loob, pakikisangkot, at pakikiisa (Enriquez 1990).

Sa paggamit ng metodolohiyang ito, isinasalang-alang ang kapwa bilang *core value* at kasabay ring pinahahalagahan ang karangalan, katarungan, at karapatan bilang panlipunang halagahin. Kapag isinaalang-alang at pinahalagahan ang mga nabanggit, mas magiging matatag at mapagkakatiwalaan ang resulta ng pananaliksik. Maaaring idagdag na mas makaiwas sa pagiging subhetibo o may *bias* ang isang mananaliksik kapag isinaalang-alang ang ganitong mga halagahin.

Sa ngayon, dalawa sa mga tunguhin ng Sikolohiyang Pilipino ay ang paglaban sa opresyon at paglaban sa *academic dependency* na tumutukoy sa pagtatampok ng kanluraning pananaw. Layunin din ng Sikolohiyang Pilipino sa kasalukuyan ang painamin at mas lalong paigtingin ang *feedbacking sessions* sa tuwing may mga isinasagawang pananaliksik (Enriquez 1994; Pe-Pua 1982).

Itinampok naman ni Zeus Salazar (1997/2000) ang Pantayong Pananaw. Ayon sa kaniya, dalawang pananaw ang maigting noong panahon ng pananakop: ang *pansila* at *pangkaming* pananaw. Bunsod ito ng pagtingin ng mga Espanyol sa Pilipino bilang napakababang uri ng nilalang. Sa kanilang mga pag-uusap, tinutukoy ng mga Espanyol ang “sila” (halimbawa, silang mga barbaro, Indio, filibustero, at iba pa) upang alipustain ang mga Pilipino. Sinagot ito ng mga akulturadong Pilipino gamit ang pangkaming pananaw (halimbawa, hindi kami mangmang, kami ay may kabihasan, at iba pa). Ginamit ang nasabing pananaw upang maipagtanggol ang sarili laban sa maling pagtingin o paghusga ng mga Espanyol. Samakatwid, sa paggamit ng pangkaming pananaw, sumali ang mga Pilipino sa diskurso ng mga Espanyol. Hindi ito ang tunay na diskursong dapat salihan ng mga Pilipino, ayon kay Salazar (1997/2000). Paliwanag niya:

Ang pinakabuod ng pantayong pananaw sa agos ng ating kasaysayan ay ang pangyayaring dahil sa kolonyalismo’y nawala (o unti-unting nawasak) ang kabuuan ng maraming mga grupong etnolingguwistiko sa ating bayan. Ang paimbabaw na naipalit (o nailapat sa ibabaw) ay ang kabuuang kolonyal na siyang magiging (o kaya’y gagamiting) batayan ng pagkatapos ay magiging “nasyong Pilipino.” Dahil sa ang kabuuang kolonyal ay itinatag at ipinalaganap sa pamamagitan ng wikang Kastila (na pagkatapos ay papalitan naman ng Anglo-Amerikano sa pamamagitan ng isang sistema na “edukasyon” na hinangad at/o tinanggap ng nabanggit na elite para sa buong “nasyon”); at dahil sa mga konseptong sosyo-pulitikal at kultural ng mga Kastila (at, pagkatapos, ng mga Amerikano) na bunga ng paggamit ng banyagang wika, lalabas na lipos ng kontradiksyon ang nabuong “nasyon”/ *nación*/(nation). Kaya, ang nasyong “Pilipino” ngayon ay wala (o wala pang) pantayong pananaw na bumabalot sa kabuuan. Samakatuwid, kung nais nating mabuo ang bansang Pilipino, kailangang pausbungin at pagyamanin ang pantayong pananaw ng kasalukuyang kabuuang sosyo-pulitikal, para sa buong bansa—ibig sabihin, ang buong Kapilipinuhang may kasarinlan at kakanyahan. (Salazar 1997, p 82)

Para kay Salazar, kakasangkapan ang Pantayong Pananaw sa pagbubuo ng bayan upang maipakita ang pagsulong ng lipunan-at-kalinangang Pilipino batay sa panloob na dinamismo ng bayan, hindi lamang bilang reaksiyon sa kolonyalismo sa balangkas ng pansilang pananaw (Rodriguez-Tatel 2005 at 2015a). Sa pangkaming pananaw, laging nasa depensibong posisyon ang mga Pilipino. Malinaw sa pansilang pag-uusap ang palitan ng banyaga sa kapwa niya banyaga. Kapag sasagutin ng mga pinatutungkulan nito (katulad ng mga Pilipino) ang ganitong uri ng pag-uusap, sumasama ang huli sa isang diskursong hindi naman siya dapat kabilang. Lumalabas na sa Pantayong Pananaw, walang pakialam ang mga Pilipino sa sinasabi ng iba lalo pa kung wala naman ito sa konteksto ng kanilang diskurso bilang mga Pilipino. Nagbunga ito ng tinatawag ni Salazar na “dakilang pangkalinangang pagkakahati” (great cultural divide) na kakikitaan ng dominasyon ng pananaw ng elite sa pananaw ng bayan. Sa Pantayong Pananaw, pantayo ang diskurso at nasa Filipino ang pag-uusap. Nagiging katanungan sa panahon ngayon kung ang iba’t ibang “ismo” (halimbawa, Marxismo, feminismo, at iba pa) o prinsipyo ay maaaring maipasok sa diskursong Pilipino kung naisalin na at naangkin (Cf. *Communist Manifesto* ni Marx na isinalin ni Salazar).

Sa paggamit ng Filipino upang magkaintindihan ang bawat kalahok sa talastasang bayan, ikinatwiran ni Salazar (1997) na ito ang wikang naiintindihan ng mga Pilipino kung kaya madali nilang magagamit ito. Bukod pa rito, binanggit niyang kapag sa Filipino nag-usap, alam ng mga kalahok ang dynamics ng wika. Nangangahulugan itong may pagkakaintindihan agad. Bukod pa rito, tinitingnan din ni Salazar ang sariling wika bilang integral sa kultura at usapin ng pagkakakilanlan (Salazar 1996).

Ang Pilipinolohiya ni Prospero Covar ang sumunod na tradisyon sa kilusang Pilipinisasyon ng akademya. Tatlo ang mahahalagang konsepto at sandigan ng Pilipinolohiya—ang kaisipan, kultura, at lipunang Pilipino (Covar 1988). Ang tatlong ito ay batay sa sarili nating mga karanasan. Maaaring ang ibang bansa ay may sarili ring kaisipan, kultura, at lipunan subalit naiiba ang sa Pilipino dahil iba ang porma at estetika nito. Ang kaisipan ng Pilipino, halimbawa, ay maaaring ikompara sa isang banga na may loob, labas, at lalim (Covar 1988). Maaaring sa labas ay may mahihiwatigang kahulugan sa isang salita subalit kinakailangang himayin ang kaloob-looban nito dahil maaaring naroroon ang lalim ng ibig sabihin nito. Sa balangkas ng pag-unawa sa pagkataong Pilipino, isinulong ni Covar ang idea ng tambalang-lapit. Dito, ang pagkataong Pilipino ay may labas at loob, inihahalintulad sa tambalan ng katawan at kaluluwa o budhi. Katambal ng mukha, dibdib, tiyan, at sikmura (katawan) ang isip, puso, bituka, at atay (kaluluwa o budhi) (Covar 1988).

Malinaw sa yugtong ito ng kasaysayan ang paglitaw ng kapangyarihang kultural sa diskursong akademiko sa pamamagitan ng pagbubuo ng mga pananaw na umaaklas sa pananakop, bumabawi sa sariling kapangyarihang kultural, at nagtatampok sa Kapilipinuhan.

## KAPANGYARIHANG KULTURAL SA PILOSOPIYANG PILIPINO

Bagama’t sumusulong ang Pilosopiyang Pilipino sa labas ng UP, kapansin-pansing wala sa mga nabanggit na eskuwela ng kaisipang Pilipino ang Pilosopiyang Pilipino (Rodriguez-Tatel 2015b). Gayumpaman, mahalagang makita rin ang pagpupunyagi ng mga pilosopong Pilipino na kilalanin ang kultura tungo sa repleksibong pagtatangi at paggigiit ng sarili.

Sinimulan ni Armando Bonifacio (1994) sa Unibersidad ng Pilipinas (UP) ang pagdadalumat ng Pilosopiyang Pilipino na nakaugat sa wika, epistemolohiya, etika, at metapisika. Sa kaniyang akdang *Three Concepts of Philosophy* (1980), ipinaliwanag niya kung paanong ang pilosopiya ay kumakatawan sa epistemolohikal, etikal, at metapisikal na mga paniniwala at/o prinsipyong pinanghahawakan ng bawat indibidwal. Ipinalaganap ni Bonifacio ang ideang hindi lamang ang mga paham at pilosopo ang nakapamimilosopiya. Maging ang taong hindi nakapagtapos ng pag-aaral subalit kakikitaan ng personal na pilosopiya ay maaaring mamilosopiya. Sa larang na pilosopiya sa Pilipinas, hindi maikakaila ang naging pagyakap sa banyagang lapit. Namayani sa edukasyon ang mga kanluraning pananaw tulad ng idealismo, materyalismo, rasyonalismo, empirisismo, penomenolohiya,

eksistensiyalismo, feminismo, at iba pa, na minsang “itinuring na hiwaga sa pangkaraniwang mamamayang Pilipino; na mga paksa itong hindi nauukol sa pangkaraniwang tao sapagkat mahirap unawain ang katuturan ng mga ito. Ngunit kung susuriin, hindi nagsulat at hindi nag-aral sa pamantasan si Socrates, bagkus nabuhay lamang kahalubilo at kasalamuha ang pangkaraniwang tao” (Quito 1972). Ayon din kay Fr. Roque Ferriols, S.J.:

Kasi ang pilosopiya, sa aking paniniwala, ay importante. Kaya ang mga tao ay may kakayahang mag-isip. Ngayon, kung nag-iisip ka sa Ingles sa Maynila, ang mga jeepney driver, ang mga nagwawalis sa kalsada, ang mga nagtitinda sa palengke ay hindi nagsasalita ng Ingles, parang inihihwalay mo ang pag-iisip ng tao, kailangan niyang pumunta sa ibang wika... Kailangan mayroon ka ng sariling pagsasalubungan ng mga salita. Ang Filipino, pagsasalubungan nating lahat at mas madaling matutunan iyon ng mga taong wala sa unibersidad, ng mga taong nagwawalis sa kalsada, halimbawa. ... May isang lengguwahe na pinagsasalubungan nating lahat at iyon ang Filipino. Kailangan ng taong malaman ang sariling salita ng kaniyang sariling pinanggalingan. (Ferriols 2008 hango sa Calano, 100-101)

Maituturing ang mga pananaw na ito nina Bonifacio, Quito, at Ferriols bilang pakikitunggali sa kanluraning lapit sa pilosopiya na nagsasabing ito ay para lamang sa mga paham at intelektuwal. Kung palalawigin pa, makikitang pinahalagahan ng kaisipang ito ang pagkataong Pilipino na, ayon sa Pilipinolohiya ni Covar, hindi lamang nakabatay sa isip o intellect.

Bukod kina Bonifacio, Quito, at Ferriols, bumuhos din ang kaisipang pilosopikal sa diwang Pilipino mula sa kanilang mga kasama sa kolehiyo at maging sa mga guro mula sa ibang pamantasan. Mula sa “pilosopiya sa diwang Pilipino” ni Emerita Quito (1972), “etika, epistemolohiya, at metapisika” ni Armando Bonifacio (1980), at “dalumat ng pagmemeron” ni Fr. Roque Ferriols (1991), lumawig ang mga sulatin sa Pilosopiyang Pilipino tulad ng “tao bilang mataas na pang-etikang prinsipyo” ni Silvino Epistola (1998), “utang na loob bilang konsepto ng etika” ni Leonardo de Castro (1995), “pilosopiya ng sakop” o “*sakop philosophy*” ni Leonardo Mercado (1994), “pilosopiya ng abot-malay, abot-dama, abot-kaya” ni Albert Alejo (1990), at “katwirang bayan” ni Zosimo Lee (2015). Sa pagbabasa ng mga kaisipang pilosopikal na ito, malinaw na makikita ang pagkakaugnay-ugnay ng mga ito sa pagbibigay-liwanag at pagpapayabong ng kaalaman sa pamamagitan ng talastasang gamit ang wikang Filipino at/o diwang Pilipino. Mula sa mga kaisipang ito, maituturing ang paggamit ng wikang Filipino bilang pangunahing instrumento upang tuluyang mabuo ang diskursong Pilipino. Katulad ng Pantayong Pananaw ni Salazar, may pagtatangi rin ang mga kaisipang ito sa paggamit ng wikang Filipino bilang wikang nararapat sapagkat naiintindihan (Rodriguez-Tatel 2015a). Bilang bahagi ng kultura, ang wika ang higit na kumakatawan sa kaisipan ng mga Pilipino kung kaya mahalagang gamitin sa anumang talastasan at diskurso.

Uminog sa dalawang perspektiba ang pagsasapraktika ng Pilosopiyang Pilipino: (a) ang ipinahahayag sa wikang Filipino; at (b) ang ipinahahayag sa anumang wika (Ingles ang karaniwan) taglay ang pagkamamamayan o pagiging Pilipino. Pinangatwiranan ni Mercado ang huling perspektiba. Aniya, hindi dapat tawaran ang pamimilosopiya gamit ang wikang Ingles sapagkat bilang mamamayang Pilipino, pang-unawang Pilipino pa rin naman ang ipinahahayag kahit na Ingles ang pagkakasulat. Ang mahalaga, aniya, hindi ito ginagawa upang talikdan ang wikang Filipino (Mercado 1974/1976). Napakahalagang pahayag ang hindi pagtalikod sa wikang Filipino. Nakaugat ang mga salita sa ating wika sa aktuwal nating karanasan kung kaya higit na makabuluhan. Maaari din namang isalin ang mga banyagang diwa gamit ito bagama’t karaniwan nang may masalimuot na kaugnayan ito na maaaring hindi eksaktong tumutukoy sa sinasabi ng pilosopo. Samakatwid, batid na maraming kaparaanan ang pag-unawa (at pagsasalin) mula o patungong banyagang wika. Ang mahalaga ay mabigyang-pansin at sapat na pagpapahalaga ang ugat ng wika—ang aktuwal na mga karanasan—ng nagsasalita (o gumagamit) ng wika. Sa pagbibigay-halaga sa karanasan, tumutugma ang kaisipang ito sa Sikolohiyang Pilipino ni Enriquez (1990) na nagsasaalang-alang sa pakikipagkapwa bilang pangunahing halagahin (*core value*).

Sa pagtalunton sa kapangyarihang kultural sa kasaysayan mula sa pagpapalitaw sa kultura ng Sinaunang Bayan tungo sa repleksibong pagtatangi at paggigiit ng sarili sa Krisis ng Kabayanan hanggang sa pagbubuo ng mga pananaw na at para sa Pilipino sa Inang Bayan/Sambayanan/Bansa, mahalagang kilalanin at maipagpatuloy ang pagpupunyaging mapalitaw ang kapangyarihang kultural sa Pilosopiyang Pilipino hindi lamang sa talastasang akademiko, subalit higit bilang isang sistema ng kaalaman na Pilipino at para sa Pilipino.

Gamit ang wikang Filipino hindi lamang bilang isang kasangkapan sa pakikipagtalastasan o komunikasyon, subalit higit bilang isang kasangkapang may kapangyarihang magsalarawan (descriptive power), iniangat ng mga pundasyong ito ang pagpapalitaw sa kapangyarihang kultural (cultural power) sa lebel ng akademiko, partikular sa Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya (KAPP) ng UP Diliman at sa mga departamento at suriang sakop nito. Masasalamin ang pag-aangat na ito sa pamamagitan ng mga programa, proyekto, at gawaing akademiko ng kolehiyo na may harayang paunlarin ang buhay ng mga Pilipino at mapabuti ang kalagayan ng sangkatauhan. (Tanggapan ng Kawakxing Dekano para sa Usaping Pang-Akademiko 2014-2017)

Bukod sa aktuwal na paggamit ng wikang Filipino sa mga katitikan, pabatid, pagpupulong, pag-uulat, pagtuturo, pananaliksik, at gawaing ekstensiyon, naitampok ang sumusunod na programa, proyekto, at gawaing akademikong nag-angat sa kapangyarihang kultural gamit ang pambansang wika.

## Pasundayag

Isa itong malakihang pagtitipon ng kaguruan ng KAPP upang magbahaginan ng mga ulat at balakin ang iba’t ibang komite sa kolehiyo katulad ng Komite sa Service Learning, Outreach—Pahinungod; Komite sa Pag-unlad ng Mag-aaral; Komite sa Kapitaligiran at Espasyo; Komite sa Gradwadong Programa, Komite sa Di-Gradwadong Programa; Komite sa Information and Communication Technology; Komite sa Aklatan at Yaman-Aral; Komite sa Pananaliksik; Komite sa Programang GE (General Education); Komite sa Kurikulum; at Komite sa Indihenisasyon.

Hangad ng Komite sa Service Learning, Outreach—Pahinungod “na magsama-sama ang mga Departamento at Surian upang magkaroon ng ugnayan ang kani-kaniyang mga boluntaryong gawain, at lalo pang mapagting ang mga boluntaryong gawain ng Kolehiyo. Naniniwala ang Komite na sa pagtutulungan ng mga Departamento ay magiging mas malakas ang epekto nito sa iba’t ibang komunidad” (KAPP Pasundayag 2014, 5).

Nagnanais naman ang Komite sa Pag-unlad ng Mag-aaral “na mas mapalalim ang pagkilala ng mga mag-aaral sa kanilang mga sarili bilang mga *social scientist* sa hinaharap” (Ibid.). Hinihikayat ang mga mag-aaral patungong pananaliksik, pormal na talakayan, at talastasan. Bukod pa rito, hangarin ng Komite na makapagbigay rin ng tulong sa mga mag-aaral hindi lamang sa aspektong akademiko, bagkus maging sa aspektong sikolohikal, panlipunan, at pangkalusugan. Sa huli, isang huwarang mag-aaral na taglay ang husay akademiko at sigla ng pangangatawan ang layong makamit ng kolehiyo.

“(G)inagabayan ng mga prinsipyong pamana o *heritage*, pangangalaga at pagpapanatili o *conservation at preservation*” (Ibid. 6) ang mga plano ng Komite sa Espasyo at Kapitaligiran. Saklaw ng mga plano ng Komite hindi lamang ang literal na pagsasaayos ng espasyo at kapaligiran ng Kolehiyo, layon din nitong itampok ang identidad ng lugar at kasaysayan nito. Naging mungkahi rin sa Komite ang pagpapahalaga sa isang kapaligirang “nagsasaalang-alang sa pangangailangan ng nakatatanda o espasyong *elderly-friendly*.” (Ibid. 7)

Ang pagiging gradwadong pamantasan ng UP ang naging batayan ng Komite sa Gradwadong Programa sa layuning “patatagin ang identidad ng mga gradwadong mag-aaral ng

kolehiyo; palakasin ang ugnayan ng mga mag-aaral sa kapwa nila mag-aaral, at sa gradwadong kaguruan; at pagbutihin ang pagkakaunawa ng mga mag-aaral sa kanilang disiplina bilang bahagi ng agham panlipunan at maihanda sila bilang *public intellectual* ng lipunang kanilang ginagalawan” (Ibid. 13) Sa kabilang banda, dahil mga di-gradwadong mag-aaral ang tutok ng Komite sa Di-Gradwadong Programa, pangunahing layunin nito ang paggabay sa kanila patungo “sa mas maalam na pagpapasya” (Ibid. 14) simula sa pagpasok, pagpapatala, retensiyon, at pagtatapos. Batid ng Komite ang kakailanganing panahon sa pakikipag-ugnayan sa iba’t ibang tanggapan ng kolehiyo at unibersidad upang maisakatuparan ang pangunahing layunin nito.

Bagama’t bago at makabagong teknolohiya, tinukoy pa rin ng Komite sa *Information and Communication Technology* ang pagtulong sa “interaktibong pagtuturo, pananaliksik, at paglilingkod-bayan” (Ibid. 16) bilang pangunahing layunin. Kasabay nito ang pagsusulong sa mga pagsasanay at programang may kinalaman sa pagpapalakas ng diyalogo at pakikipagtalastasan sa pagitan ng kaguruan, mga kawani, mga mag-aaral, at alumni.

“Ang Komite sa Aklatan at Yaman-Aral ay dating Komite sa Aklatan lamang, subalit dahil hindi lang mga libro ang laman ng aklatan, idinagdag ng Komite ang katagang ‘yaman-aral’ para masakop ang iba pang *learning resource* tulad ng *archives*, *multimedia*, dokumentaryo, *microfiche*, at iba pa” (Ibid. 19). Layunin ng Komite na isulong ang kultura ng pagbabasa at pananaliksik, at pangalagaan ang koleksiyong Filipiniana sa pamamagitan ng pag-digitize ng mga ito.

“Batay sa CSSP Vision 2020, nilalayon ng Komite sa Pananaliksik ng kolehiyo na mahikayat ang kolaborasyon at dayalogo sa loob at labas ng iba’t ibang disiplina” (Ibid. 20), Isang halimbawa nito ang interdisiplinaryong pananaliksik at/o paglilingkod-bayan sa programang Philippine Studies sa ilalim ng KAPP, Kolehiyo ng Arte at Literatura (KAL), at Sentrong Asyano (Asian Center) na bumubuo sa Tri-College PhD Philippine Studies Program ng UP Diliman.

Sinimulan ng Komite sa Programang GE na magbalik-tanaw sa kasaysayan ng GE sa unibersidad. Kung ihahambing sa programang GE na mayroon ang UP sa kasalukuyan, kapansin-pansing lubhang lumiit ang bilang ng yunit (naging 45 at sa kalauna’y may mga nagsulong ng 21), at may pagtatangkang gawing komon ito sa lahat ng UP units. Sa kasalukuyan pa rin, “(a)ng mga layunin ng programang ito ay maipasok ang integridad sa pagkatuto, pagpapalawak ng kaalamang pang-akademiko at pangkultura; pagiging dedikado sa nasyonalismo at internasyonalismo; at paghahasa ng independent, kritikal, at malikhaing pag-iisip” (Ibid. 22) Hindi pa rin tapos ang usapin ng programang GE at paghahanda rito sa UP Diliman. Bunsod ng implementasyon ng K-12 ang muling pagbabago sa kurikulum, talakayan, desisyon, at magiging mukha ng GE sa hinaharap.

Magkaugnay ang huling dalawang komite—Komite sa Kurikulum at Komite sa Indiheniasyon—sa pagsusulong ng *Indigenous Knowledge Systems/Practices* (IKS/P). Dahil sa kahalagahan ng IKS/P, naging praktika na ng Komite sa Kurikulum na hanapin sa mga mungkahing proposal na nirerebyu nito kung saang mga kurso ito pumapasok o natatalakay.

Ang indiheniasyon ay ang proseso ng pag-aaral upang maunawaan ang mga katutubong kaalaman at mga gawi o *indigenous knowledge systems* at *practices* upang malinang ang kaalaman na magbibigay-halaga sa kaalamang bayan na magagamit sa pananaliksik, pagtuturo, at paglilingkod-bayan... Sa aspeto ng paglilingkod-bayan, batid ng komite ang kahalagahan ng paglinang ng kaalaman ng komunidad upang matugunan ang pangangailangan ng mas malaking bahagi ng populasyon. (Ibid. 23)

Gamit ang indiheniasyon bilang gabay, isinusulong hanggang sa kasalukuyan ang pagpapayabong ng wikang Filipino sa pagtuturo at pananaliksik bilang lunsaran ng kaalaman (Rodriguez-Tatel 2015b). Partikular sa Komite sa Indiheniasyon ang pagbubuo ng diskursong Pilipino na nagbibigay-pansin sa maingat na pagsasalin at paggamit ng wikang banyaga sa paglalapat sa sariling diwa at karanasan mula sa iba’t ibang larang tulad ng Geografia at Agham Pampulitika.

Tampok din sa mga larang ng Kasaysayan, Pilosopiya, Sikolohiya, at Sosyolohiya ang paggamit mismo ng wikang Filipino sa mga panayam/talakayan, pagtuturo, at pananaliksik. Marami na ring mga libro, teksbuk, at artikulo na nailathala sa Filipino.

## KAPPanimad-on

Ang KAPPanimad-on ay seryeng talakayan sa ilalim ng pamumuno ng Komite sa Indiheniasyon. Ilan sa mga naitampok na papel sa seryeng talakayang ito ang “*Pamamaybay sa Ilog Lagnas: Isang Panimulang Pagbabalangkas ng mga Piling Usapin sa Bundok Banabaw*” ni Winifredo B. Dagli (2014); “*Pag-agi-Pagsakay: Paagi-Agi Bilang Pamamaraang Bikolnon*” ni Hermel O. Pama (2014); at “*Andres Bonifacio: Unang Pangulo*” ni Milagros C. Guerrero (2015). Higit na mayamang pakinggan at unawain ang mga nabanggit na papel at lektura dahil sa paggamit ng wikang Filipino. Nakapagmumulat ito sa nararapat kamulatan. Nakapagpapamuni ito sa pamamaraang nakaugat sa kultura at lipunan. Natatalos ang pinanggalingan at nahihinuha ang paroroonan batay sa kaalamang-bayan.

## Talakayang Don Belong delos Reyes

Tampok sa serye ng talakayang ito ang Ama ng Kaalamang-Bayan na si Isabelo delos Reyes na mas kilala sa tawag na “Don Belong.” Ilan sa mga papel, panayam, at pagtatanghal na naibahagi sa seryeng ito ang “Lawas: Pagsalarawan ng Katawan sa Kaisipan at Kulturang Pilipino” ni Zeus A. Salazar (2017); “Wika sa Daloy ng Panahon: Dayakronikong Linggwistiks at Pangkalinangang Kasaysayan ng Pilipinas” ni Jesus Federico C. Hernandez (2014); “Sikolohiyang Pilipino at Kaalamang Bayan” ni Jay Yacat (2014); “Wika at Sikolohiya ng Kahiwagaan” ni Crisanta Nelmidia-Flores (2014); at “Panayam-Pagtatanghal: Kulintang Bilang Batis ng Kaalamang Bayan” ni Reginaldo Cruz (2014). Ipinakita sa mga papel, panayam, at pagtatanghal na ito ang pagsisikap umunawa sa katutubong wika (na maaaring nasa porma ng pagtatanghal) at gumamit ng wikang Filipino sa halip na awtomatikong wikang banyaga. Marami sa mga Pilipino ang nakapag-aral ng banyagang wika hanggang sa puntong napapatungan nito ang katutubong diwa. Sa huli, nagiging usapin ito ng pagkakaroon ng kolonyal na pag-uugali.

Nakaangkla ang lahat ng gawain ng Kolehiyo sa Haraya 2020 o *CSSP Vision 2020* sa pamumuno ni Dekano Grace Aguilin-Dalisay. Sa pamamagitan ng mga gawaing ito ng Kolehiyo, kongkretong naitampok ang kapangyarihang kultural sa iba’t ibang larang sa agham panlipunan (Agham Pampulitika, Antropolohiya, Geografia, Kasaysayan, Linggwistiks, Sikolohiya, Sosyolohiya, at Surian sa Populasyon) at Pilosopiya gamit ang Sikolohiyang Pilipino, Pantayong Pananaw, Pilipinolohiya, at/o Pilosopiyang Pilipino bilang balangkas. Mapapansin sa mga halimbawang gawain ang masiglang paggamit sa wikang Filipino at ang pagpapahalaga sa kultura, kaalamang-bayan, pagbabalik-tanaw sa kasaysayan, interdisiplinaryong pananaliksik, pagtuturo, at paglilingkod. Malinaw itong pasundayag: pagpapalitan ng kapangyarihang kultural sa kasaysayan at pilosopiyang Pilipino.

## PAGLALAGOM

Maaaring lagumin sa tatlong punto ang naging kabuuang pagtalakay sa papel na ito. Una, ang pagpupunyagi para sa kulturang Pilipino sa kasaysayan. Maraming naging hadlang sa pagpapalitan ng kulturang tunay na kumakatawan sa mga Pilipino, katulad ng ilang dantaong pananakop ng mga dayuhan. Subalit malinaw ang pagpupunyagi ng mga simpleng mamamayan, bayani, at akademikong Pilipino na may malasakit sa pinagmulang kultura. Sa pamamagitan ng kanilang literal na pakikipaglaban at panulat, mas naitampok at napahalagahan ang kulturang batay sa napakahaba at napakalalim nang karanasan ng mga Pilipino. Ikalawa, ang pagkilala sa Pilosopiyang Pilipino bilang isang sistema ng kaalaman. Ang pamimilosopiya ng mga Pilipino,

bagama't naiimpluwensiyahan ng kanluraning kaisipan, ay bumabalik pa rin sa sarili, sa pagkataong Pilipino. May sariling sistema ng pag-iisip at pangangatwiran ang mga Pilipino. Hindi kinakailangang intelektuwal. Hindi kinakailangang may mataas na pinag-aralan. Batay sa sariling danas, mas mainam kung sa sariling wika rin, Pilosopiyang Pilipino ang nalilikhang kalaaman. Ikatlo, ang pasundayag ng kulturang Pilipino at wikang Filipino bilang mga hiblang nag-uugnay sa pag-unawa sa pagiging Pilipino. Mahalaga ang pasundayag o pagpapalitaw ng wika at kultura upang higit na maging buo ang perspektibang Pilipino, ang pagiging Pilipino. Mga hibla itong magkakawing (kung wala ang isa, ang isa'y mahirap maunawaan) upang masiyasat ang nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap na anyo ng isang Pilipino. Maraming pagbabago, maraming teknolohikong paglago, subalit babalik at babalik sa pagiging Pilipino—sa wika at kulturang Pilipino.

## SANGGUNIAN

- Abulad, Romualdo. 1988. "Contemporary Filipino Philosophy." Cited in "Rereading Emerita Quito's Thoughts Concerning the Underdevelopment of Filipino Philosophy" by FPA Demeterio III. 2001. *Dimatao* Vol. 1 No. 1.
- Alejo, Albert. 1990. *Tao po! Tuloy! Isang Landas sa Pag-unawa sa Loob ng Tao*. Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University.
- Almario, Virgilio S. 1993. *Panitikan ng Rebolusyon (1896): Isang Paglingon at Katipunan ng mga Akda nina Bonifacio at Jacinto* Lungsod Quezon: University of the Philippines Press.
- Bonifacio, Andres. 1896a. "Ang Dapat Mabatid ng mga Tagalog." Inakses Hunyo 15, 2017. www.kasaysayan-kkk.info/kalayaan-the-katipunan-newspaper/andres-bonifacio-ang-dapat-mabatid-ng-mga-tagalog-c-march-1896.
- Bonifacio, Andres. 1896b. "Dekalogo: Katungkulang Gagawin ng mga Anak ng Bayan." Nasa *Roots of Filipino Spirituality*, pinamatnugutan ni Teresita Obusan. 1998. Manila: Mamamathala.
- Bonifacio, Andres. 1896c. "Katapusang Hibik ng Pilipinas." Nasa *Wika: Tungo sa Pambansang Pagkakakilanlan*, pinamatnugutan nina Lydia Fer Gonzales, et.al. 1978. Manila: Rex Bookstore.
- Bonifacio, Andres. 1896d. "Pag-ibig sa Tinubuang Lupa." Sa *Mga Pusong Dakila at Bayani* nina Rufino Alejandro at Ismael Santos. 1947. Manila: Philippine Book.
- Bonifacio, Armando F. 1980. "Three Concepts of Philosophy." In *Readings in Philosophy*, compiled and edited by the Staff of the Department of Philosophy. Quezon City: University of the Philippines Diliman Department of Philosophy.
- Bonifacio, Armando F. 1994. "Philosophy of Education: Perspective from Philosophy." In *Philosophy of Education Concerns: Purposes, Content and Methods of Education*, edited by Celeste Botor and Aniceta Ortinero. Manila: Rex Bookstore, Inc.
- Bulatao, Jaime. 1962. "The Manileno's Mainsprings." In *Four Readings on Philippine Values* edited by Frank Lynch. Quezon City: Ateneo de Manila University Press. Reprinted in 1964, 1968, 1970.
- Carroll, John J. 1962. "Filipino Entrepreneurship in Manufacturing." In *Four Readings on Philippine Values* edited by Frank Lynch. Quezon City: Ateneo de Manila University Press. Reprinted in 1964, 1968, 1970.
- Chirino, Pedro. n.d. *Relacion de las Islas Filipinas: The Philippines in 1600*. Translated by Ramon Echevarria. 1969. Manila: Historical Conservation Society.
- Covar, Prospero. 1988. *Larangan: Seminal Essays on Philippine Culture*. Manila: National Commission for Culture and the Arts.
- Cruz, Reginaldo. 2014. "Panayam-Pagtatanghal: Kulintang Bilang Batis ng Kaalamang Bayan." Pagtatanghal at lektura sa *Talakayang Don Belong delos Reyes II*. Tanggapan ng Kawaksing Dekano para sa Usaping Pang-Akademiko, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, UP Diliman.
- Dagli, Winifredo B. 2014. "Pamamaybay sa Ilog Lagnas: Isang Panimulang Pagbabalangkas ng mga Piling Usapin sa Bundok Banahaw." Papel na binasa sa *Talakayang Pagbagtas sa Kaalamang Bayan: Pananaliksik sa Iba't ibang Larangan*. Lungsod Quezon: Komite sa Indihenisasyon, Tanggapan ng Kawaksing Dekano para sa Usaping Pang-Akademiko, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, UP Diliman.
- De Castro, Leonardo D. 1995. *Ang Utang na Loob Bilang Konsepto ng Etika*. Quezon City: University of the Philippines College of Social Sciences and Philosophy, Issue 95 of Professorial Chair Papers.
- Del Pilar, Marcelo H. 1888. "La Soberania Monacal en Filipinas." "Monastic Supremacy in the Philippines," translated by Encarnacion Alzona. 1958. Philippine Historical Assoc.
- De Morga, Antonio. 1609. *Events in the Philippine Islands (with Annotations by Jose Rizal)*. Translated in English by the National Historical Commission of the Philippines. 2011. Manila: NHCP.
- Enriquez, Virgilio G. 1976a. *Mga Konsepto, Pananaw at Panimulang Teorya sa Pagkataong Pilipino*. Lungsod Quezon: Departamento ng Sikolohiya, Unibersidad ng Pilipinas.
- Enriquez, Virgilio G. 1976b. "Sikolohiyang Pilipino: Perspektibo at Direksiyon." Sa *Ulat ng Unang Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino*. Quezon City: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino, 221-43.
- Enriquez, Virgilio G. 1990. *Indigenous Psychology: A Book of Readings*. Quezon City: Akademya ng Sikolohiyang Pilipino.
- Enriquez, Virgilio G. 1994. *From Colonial to Liberation Psychology: The Philippine Experience (International Edition)*. Manila: De La Salle University Press.
- Epistola, Silvino. 1998. "Tao Bilang Mataas na Etikang Prinsipyo." Papel na binasa sa *Unang Pambansang Kumperensiya sa Pagtuturo ng Pilosopiya sa Filipino*. Laguna: Division of Philosophy, Department of Humanities, College of Arts and Sciences, UPLB.
- Ferriols, S.J., Roque. 1991. *Pambungad sa Metapisika*. Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University.
- Ferriols, S.J., Roque. 2008. Inakses Marso 20, 2018. Scientia-sanbeda.org. Hango sa *Patakarang Pilosopikal: Pambungad sa Pamimilosopiya ni Roque Ferriols* ni Mark Joseph T. Calano (na siyang naghango rin ng sipi mula sa panayam nina Ley Capili, Aila Casauay, at Hansley Juliano sa "Ang mga Haligi: Ang Simulain ng Filipinisasyon sa Mata ng mga Dakila," sa *Matanglawin: Opisyal na Pahayagang Pangmag-aaral ng Pamantasang Ateneo de Manila*, Hulyo-Agosto 2008, pah. 14), pah. 100-101.

- Guerrero, Milagros C. 2015. Lektura sa sampaksaang “*Andres Bonifacio: Unang Pangulo*.” Lungsod Quezon: Tanggapan ng Kawaksing Dekano para sa Usaping Pang-Akademiko, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, UP Diliman.
- Hernandez, Jesus Federico C. 2014. “Wika sa Daloy ng Panahon: Dayakronikong Linggwistiks at Pangkalinangang Kasaysayan ng Pilipinas.” Papel na binasa sa *Talakayang Don Belong delos Reyes II*. Tanggapan ng Kawaksing Dekano para sa Usaping Pang-Akademiko, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, UP Diliman.
- Hirth, Friedrich and W.W. Rockhill. 1966. *Chao Ju-Kua: His Work on the Chinese and Arab Trade in the Twelfth and Thirteenth Centuries, Entitled Chu-Fan-Chi*. New York: Paragon Book reprint.
- Hollsteiner, Mary R. 1962. “Reciprocity in the Lowland Philippines.” In *Four Readings on Philippine Values* edited by Frank Lynch . Quezon City: Ateneo de Manila University Press. Reprinted in 1964, 1968, 1970.
- Ileto, Reynaldo. 1979. *Pasyon and Revolution: Popular Movements in the Philippines, 1840-1910*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Jacinto, Emilio. 1968. *Ang Ningning at ang Limanag sa Panitikan para sa Mataas na Paaralan*. Isinaayos nina Policarpio Dangalio, Josefina Serion at Antonio Mariano. Lungsod Quezon: Bede's Publishing House.
- Jacinto, Emilio. n.d. “Kartilya ng Katipunan.” Inakses Hunyo 15, 2017. [www.philippinemasonry.org/kartilya-ng-katipunan.html](http://www.philippinemasonry.org/kartilya-ng-katipunan.html).
- Lee, Zosimo E. 2015. “Katwirang Bayan.” Nasa *Pantayong Pananaw: Pagyabong ng Talastasan: Pagbubunyi kay Zeus A. Salazar*, mga pat. Atoy Navarro, Mary Jane Rodriguez-Tatel, at Vicente Villan. Lungsod Quezon: Bahay-Saliksikan ng Kasaysayan (BAKAS).
- Lopez Jaena, Graciano. 1874. *Fray Botod*. Inakses Marso 20, 2018. <http://docshare01.docshare.tips/files/28495/284953491.pdf>
- Lynch, Frank, ed. 1962. *Four Readings on Philippine Values*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press. Reprinted in 1964, 1968, 1970.
- Mabini, Apolinario. n.d. “Dekalogo.” Inakses Hunyo 15, 2017. [www.tagaloglang.com/ang-dekalogo-ni-apolinario-mabini/](http://www.tagaloglang.com/ang-dekalogo-ni-apolinario-mabini/).
- Majul, Cesar Abdul. 1973. *Muslims in the Philippines*. Quezon City: Asian Center by the University of the Philippines Press.
- Mercado, Leonardo N. 1974/1976. *The Elements of Filipino Philosophy*. Divine Word University Publication.
- Mercado, Leonardo N. 1994. *The Filipino Mind: Philippine Philosophical Studies II*. In Cultural Heritage and Contemporary Change Series III, Asia, Vol. 8. George F. McLean, ed. Washington: The Council for Research in Values and Philosophy.
- Navarro, Atoy, Mary Jane Rodriguez, at Vicente Villan. 1997. *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluban*. Lungsod ng Quezon: Palimbagan ng Kalawakan. Muling inilimbag ng Palimbagan ng Lahi, 2000.
- Nelmida-Flores, Crisanta. 2014. “Wika at Sikolohiya ng Kahiwagaan.” Papel na binasa sa *Talakayang Don Belong delos Reyes II*. Tanggapan ng Kawaksing Dekano para sa Usaping Pang-Akademiko, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, UP Diliman.

- Pama, Hermel O. 2014. “Pag-agi-Pagsakay: Paagi-Agi Bilang Pamamaraang Bikolnon.” Papel na binasa sa *Talakayang Pagbagtas sa Kaalamang Bayan: Pananaliksik sa Iba't ibang Larangan*. Lungsod Quezon: Komite sa Indihenisasyon, Tanggapan ng Kawaksing Dekano para sa Usaping Pang-Akademiko, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, UP Diliman.
- Pe-Pua, Rogelia, pat. 1982. *Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo at Gamit (Filipino Psychology: Theory, Method and Application)*. Quezon City: Surian ng Sikolohiyang Pilipino.
- Quibuyen, Floro C. 1999/2008. Prologue, Chapters 1, 2 & 6. In *A Nation Aborted: Rizal, American Hegemony, and Philippine Nationalism*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, pp. 1-72, 163-186.
- Quito, Emerita S. 1972. *Ang Pilosopiya sa Divang Pilipino*. Manila: United Publishing Co., Inc.
- Rodriguez-Tatel, Mary Jane B. 2005. “Ang Dalumat ng Bayan sa Kasaysayan at Kamalayang Pilipino.” *Bagong Kasaysayan Monograf*, Lathalain Bilang 15.
- Rodriguez-Tatel, Mary Jane B. 2014. “Dalumat ng ‘Inang Bayan’ at ang Pananaw ni Andres Bonifacio sa Kababaihan.” *Saliksik E-Journal*, Tomo 3 Bilang 2, pah. 214-237.
- Rodriguez-Tatel, Mary Jane B. 2015a. “Pagbubunyi kay Zeus A. Salazar, Muhon ng Kilusang Pilipinisasyon sa Akademya.” Nasa *Pantayong Pananaw: Pagyabong ng Talastasan: Pagbubunyi kay Zeus A. Salazar*, mga pat. Atoy Navarro, Mary Jane Rodriguez-Tatel, at Vicente Villan, pah. 140-160. Lungsod Quezon: Bahay-Saliksikan ng Kasaysayan (BAKAS).
- Rodriguez-Tatel, Mary Jane B. 2015b. “Philippine Studies/Araling Pilipino/Pilipinolohiya sa Wikang Filipino: Pagpopook at Pagdadalumat sa Loob ng Kapantasang Pilipino” (Philippine Studies/Araling Pilipino/Pilipinolohiya in Filipino: Redefining Context and Concept within the Filipino Scholarly Tradition. Nasa *Humanities Diliman* (July-December 2015) 12:2, pah. 110-179.
- Salazar, Zeus A. 1983. “A Legacy of the Propaganda: The Tripartite View of Philippine History.” In *The Ethnic Dimension: Papers on Philippine Culture, History, and Psychology*. Cologne: Counselling Center for Filipinos, Caritas Association for the City of Cologne, pp. 107-126.
- Salazar, Zeus A. 1996. “Ukol sa Wika at Kulturang Pilipino.” Nasa *Wika at Lipunan: Mga Piling Diskurso sa Pilipino*. Pamela Constantino at Monico Atienza, pat. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press. pah. 19-46.
- Salazar, Zeus A. 1997. “Ang Pantayong Pananaw Bilang Diskursong Pangkabihasnan.” Nasa *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluban, Pambungad sa Pag-aaral ng Bagong Kasaysayan* nina Atoy Navarro, Mary Jane Rodriguez at Vicente Villan. Mandaluyong City: Palimbagan ng Kalawakan, 79-125.
- Salazar, Zeus A. 2000. “Bagong Balangkas ng Kasaysayan ng Pilipinas.” Nasa *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluban, Pambungad sa Pag-aaral ng Bagong Kasaysayan* nina Atoy Navarro, Mary Jane Rodriguez at Vicente Villan. Lungsod Quezon: Palimbagan ng Lahi. Gayundin nasa Salazar, Zeus. 1993. *Kasaysayan ng Pilipinas: Isang Balangkas*. Lungsod Quezon: UP Departamento ng Kasaysayan.
- Salazar, Zeus A. 2017. Letura sa talakayang *Lawas: Paglalarawan ng Katawan sa Kaisipan at Kulturang Pilipino*. Lungsod Quezon: Folklore Studies Program at Philippine Studies Program, Tanggapan ng Kawaksing Dekano para sa Usaping Pang-Akademiko, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, UP Diliman.
- Saleeby, Najeeb M. 1976. *Studies in Moro History, Law and Religion. The Island of Mindanao*/ by Antonio



*Martel de Gayangos with introduction and annotations by Cesar Abdul Majul.* Manila: Filipiniana Book Guild.

Schumacher, John N. 1987. "The Noli Me Tangere as Catalyst of the Revolution." Nasa Soledad S. Reyes, pat. *BUDHI* Papers No. 7. Quezon City: Phoenix Publishing House, Inc. pah. 97-108.

Tanggapan ng Kawaksing Dekano para sa Usaping Pang-Akademiko. 2014. "KAPP: Pasundayag 2014." Lungsod Quezon: Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas Diliman.

Tanggapan ng Kawaksing Dekano para sa Usaping Pang-Akademiko. 2014-2017. Accomplishment Report 2014-2015/2015-2016/2016-2017. Lungsod Quezon: Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas Diliman.

Yacat, Jay A. 2014. "Sikolohiyang Pilipino at Kaalamang Bayan." Papel na binasa sa *Talakayang Don Belong delos Reyes II*. Tanggapan ng Kawaksing Dekano para sa Usaping Pang-Akademiko, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, UP Diliman.

## Paglusong at Pagsulong sa Wika, Kultura, at Lipunang Filipino sa Sistemang Dihital: Karanasan sa Proyekong eFilipiniana MOOC ng UP Open University

Jayson de Guzman Petras

### ABSTRAK

Kasabay ng pag-unlad ng teknolohiya ang pag-iral ng mga bagong kalakaran sa pagtuturo at pagkatuto. Isa sa mga patuloy na napatitingkad at lumalago sa larang ng edukasyong di-hital sa kasalukuyan ay ang tinatawag na Massive Open Online Course (MOOC). Nakasandig sa mga prinsipyong "massiveness," "openness," at "connectivism," ang MOOC ay kursong online na nakadiseno sa malakihang partisipasyon at libreng maaakses sa internet. Nakatuon ang papel na ito sa karanasan ng pagbubuo at pagpapatakbo ng kursong Wika, Kultura, at Lipunan (WKL) sa ilalim ng proyekong eFilipiniana MOOC ng UP Open University, kaalinsabay ng pagkilala sa mga bentaha at hamon sa pagtuturo at pagkatuto sa sistemang di-hital. Binubuo ng tatlong sub-MOOC, umiral ang kurso mula 1 Nobyembre 2016 hanggang 15 Disyembre 2016 na bukas na mabibisita sa UPOU MODeL (Massive Open Distance e-Learning), ang opisyal na MOOC platform ng UP Open University. Kapaloob sa mga kurso ang Open Educational Resources (OERs) sa anyo ng mga lektyur-bidyong iba't ibang eksperto at iskolar sa mga larang ng wika, kultura, at araling Filipino. Matingkad na bentaha ang mas malawak na naaabot ng sistemang MOOC na nagbubunga ng dibersidad ng mga mag-aaral na siya namang nagpapayaman sa mga talakayan at bahaginan sa iba't ibang usapin at danas pangwika, panlipunan, at pangkultura. Gayunman, nananatiling hamon ang kahandaan ng mga kalahok sa dinamika ng MOOC sa loob ng konteksto ng Open Distance e-Learning (ODEL). Iminumungkahi ng mananaliksik ang patuloy na paglinang ng MOOC sa wika, kultura, at lipunang Filipino na kumikilala sa pagtugon sa mga hamon ng sistemang di-hital upang lalong mapakinabangan ito.

**Mga Susing Salita:** MOOC; OER; ODeL; edukasyong di-hital; Wika, Kultura, at Lipunan

Lumikha ang globalisasyon at mabilis na pag-unlad ng teknolohiya ng dramatikong pagbabago sa kalakaran ng mundo. Kaalinsabay ng pagsulong ng *Information and Communication Technologies* (ICT) ang konseptuwalisasyon ng iba't ibang terminong teknolohiko gaya ng *e-Learning*, *e-Commerce*, *e-Government*, *knowledge-based society*, *knowledge-based economy*, *information society*, at *information economy* (Librero 2008, 137).

Sa larang ng edukasyon, nagbukas ang mga modernong teknolohiyang dihital ng malawakang oportunidad at hamon sa paglinang ng karanasan sa pagtuturo at pagkatuto. Kaugnay nito, nakita ang bisa ng ICT sa pagkakamit at pagpapatatag ng tunguhing *Education For All* (EFA) ng UNESCO bilang ambag sa pandaigdigang pagtugon sa *Millennium Development Goals* (MDGs) ng United Nations (UN) noong 2000. Ayon sa *Dakar Framework for Action* (2000), malaki ang potensiyal ng teknolohiya sa diseminasyon ng kaalaman, epektibong pagkatuto, at mas episyenteng serbisyong pang-edukasyon. Pinatutunayan din ng mga pananaliksik na ang teknolohiyang dihital, kasama ng mga angkop na estratehiyang pedagohiko, ay may positibong epekto sa mga salik kognitibo (e.g. espesipikong paraan ng pag-iisip), meta-kognitibo (e.g. pamamahala sa gampanin at regulasyon sa sarili), at apektibo at panlipunan (e.g. pakikipagkapuwa at pakikipagtalastasan) ng mga mag-aaral (Lim 2016).

Isa sa mga patuloy na napatitingkad at lumalago sa larangan ng edukasyong dihital sa kasalukuyan ay ang tinatawag na *Massive Open Online Course* o MOOC. Ito ay tumutukoy sa kursong online na malayang maaakses ng malaking bilang ng mga mag-aaral sa internet. Nakasandig ito sa mga prinsipyo ng: “massiveness” o ang madaling akomodasyon ng malaking bilang ng mga mag-aaral; “openness” o ang pagiging bukas ng rehistrasyon sa lahat at sa paggamit ng open-source software; at “connectivism” o ang paglalagat ng mga umuusbong na metodolohiya sa pagtuturong online, angkla sa mga halagahang konektibista gaya ng awtonomiya<sup>1</sup>, dibersidad<sup>2</sup>, at interaktibidad<sup>3</sup> (Kaplan at Haenlein 2016, 441). Bilang isang umuusbong na teknolohiya sa edukasyon, nagbabanyuhay ang MOOC ng mga bagong pedagohiya at estratehiyang makatutulong kapuwa sa mga guro at mag-aaral. Kung gayon, malaki ang potensiyal ng platapormang MOOC para sa patuloy na pag-aaral at pagdidiskurso sa iba't ibang disiplina, gaya ng mga aralin sa wika, kultura, at lipunang Filipino.

Nakatuon ang kasalukuyang pag-aaral sa karanasan ng mananaliksik bilang faculty-in-charge (FIC) na bumuo at nagpadaloy ng kursong *Wika, Kultura, at Lipunan* (WKL) sa ilalim ng proyektong eFilipiniana MOOC ng UP Open University (UPOU). Binubuo ng tatlong sub-MOOC, umiral ang kurso mula 1 Nobyembre 2016 hanggang 15 Disyembre 2016 at bukas na mabibisita o mapapasok ng sinuman sa UPOU MODEL (Massive Open Distance e-Learning), ang opisyal na MOOC platform ng nasabing unibersidad.

Layunin ng pag-aaral na siyasin ang bisa ng MOOC sa paglusong at pagsulong sa mga aralin sa wika, kultura, at lipunang Filipino. Bibigyang-tuon ang mga nakikitang bentaha at hamon ng kaparaanang online sa kabuoang proseso ng paghahanda, pagsasagawa, at pagtatapos ng kurso. Sa huli, ilalatag ang mga mungkahi sa ganap na maksimisasyon ng sistemang dihital sa paghahatid at pagtalakay ng iba't ibang usapin at danas pangwika, panlipunan, at pangkultura.

<sup>1</sup> Ang idea ng “awtonomiya” ay tinutukoy sa mga literaturang pang-edukasyon kadikit ng mga konsepto ng pagpili, kontrol, at independensiya. Sa konektibistang pagkatuto, inaasahan sa isang mag-aaral ang sariling pagbuo ng mga ugnayan at impormasyon kasabay ng pagbabawas sa kontrol na nagmumula sa labas bunsod ng mga tradisyonal na proseso ng pagtuturo at estrukturang pang-kapangyarihan (Tschafen at Mackness 2012, 128).

<sup>2</sup> Isa sa mga maituturing na kakayahang prinsipyo ng konektibismo ang pagtataguyod ng “dibersidad.” Sa larang ng edukasyon, inuunawa ang katangiang ito sa pagkilala sa pagkakaiba-iba ng mga mag-aaral, gaya ng kasarian, lahi, kultura, sosyo-ekonomikong estado, at pagkaunawa/talino. Kaugnay nito, nararapat na isaalang-alang sa pagdidisenyo ng kurso ang pagtataguyod sa pagkamalikhain at pagkakaiba-iba ng mga kalahok na inaasahang magpapalitan ng mga natatanging perspektiba na siya namang magiging ambag sa kabuoan ng pagkatuto (Tschafen at Mackness 2012, 134).

<sup>3</sup> Maaaring kagyat na mailugar ang konsepto ng “interaktibidad” sa pamamagitan ng ugnayang nalilikha ng teknolohiya na siyang nagbubunga ng inaasahang obligasyon at suporta tungo sa personal na koneksiyon at pagiging bahagi ng komunidad ng mga mag-aaral. Gayunman, masalimuot na usapin ang diwa ng “interaktibidad” lalo pa't pinahahalagahan din ang awtonomiya at dibersidad, at maging ang atityud at identidad, ng mga mag-aaral na lumalahok sa kurso. Ang nag-uugnayan at nagtatalabang idea ng pagtataguyod ng interaktibidad at pagbibigay ng suporta sa indibiduwal, at kung gayon ay “personal” na pagkatuto, ay isang aspekto ng teorya ng konektibong pagkatuto na masasabing hindi pa ganap na nagagalugad (Tschafen at Mackness 2012, 131-134).

## Tunguhin ng Pagkatutong Dihital sa Mas Mataas na Edukasyon

Ang bagong kalakaran nag-uugnay sa teknolohiya at edukasyon ay nagpaigting sa panawagan sa higit pang pagiging bukas ng mga institusyon ng mas mataas na edukasyon (HEI). Ang ganitong pilosopiya ng bukas na pagkatuto (open learning) ay nangangahulugan ng fleksibilidad sa akses para sa patas na edukasyon at sa pagkakaroon ng sentro-sa-mag-aaral (learner-centered) na lapit. Kinikilala nito ang kapangyarihan ng mga mag-aaral na magtakda ng kung ano ang nais nilang matutuhan, kung paano, kailan, at saan nila ito nais makuha, at kung paano tatasahin ang kanilang pagkatuto at matitiyak ang kanilang direksiyon (Alfonso at Garcia 2015, 1). Bukod pa rito, nakapaloob din sa konsepto ng “openness” ang makinis na pagpapadaloy at pagtugon sa kahingian ng pagkatuto kaugnay ng mga usapin hinggil sa bukas na patakaran sa pagtanggap, pagbibigay ng kredit at digri, paghahatid ng kaalaman, gastusin at pagiging abot-kaya, bukas na kurikulum, at disenyo at ebalwasyon ng kurso. Samakatwid, tumutukoy ito sa mas madaling akses at sa pagkakaroon ng mga kahingian na maaaring matugunan nang walang balakid sa sinumang interesado (Librero 2008, 6). Bagama't sinasabing hindi na bago ang kabuoan ng pilosopiya ng bukas na pagkatuto dahil may pagsasapraktika na nito sa iba't ibang institusyon, na maiuugat pa sa huling bahagi ng Gitnang Panahon (tingnan ang Peter at Deimann 2013, 8), nananatiling mapanghamon ang matapat na pagtalima sa mga batayang prinsipyo nito sa konteksto ng edukasyon sa Filipinas dahil nangangahulugan ito ng pag-aalis ng eksaminasyon sa pagtanggap, kahingian sa edad, kahingian sa residency, at iba pang ipinapataw sa isang kombensiyonal na edukasyon (Librero 2008, 7).

Gayunman, ang dihisasyon ng *Open and Distance Learning* (ODL) ay nagbunsod ng iba't ibang tunguhin at kalakaran sa pagtuturo at pagkatuto, gaya ng propagasyon ng *Open Educational Resources* (OER) at paglaganap ng *Massive Open Online Courses* (MOOC). Tinukoy ng UNESCO ang OER bilang anumang uri ng kagamitang pang-edukasyon (e.g. teksbuk, silabus, lektur, takdang-aralin, pagsusulat, proyekto, audio, video, at animation) na matatagpuan sa pampublikong domeyn at may open license. Nangangahulugan ito na ang materyal ay malaya at legal na masisipi, magagamit, at maipamamahagi. Sa pag-aaral nina Arinto at Cantada (2013; sipi kina Alfonso at Garcia 2015, 3), sinasabing angkop ang produksiyon ng OER sa kalagayan ng Filipinas dulot ng mga natural na kalamidad at iba pang usaping lohistikong nagiging balakid sa distribusyon ng mga limbag na libro. Gayundin, akma-akma ang OER sa pilosopiya ng “openness” dahil napalalawig nito ang akses sa pagkatuto ng lahat, lalo na ng mga di-tradisyonal na mag-aaral (e.g. natigil sa pag-aral, part-time na mag-aaral, full time na manggagawa, OFW).

Kadikit ng paglaganap ng OER ang pag-usbong at mabilisang paglago ng MOOC bilang bagong rebolusyon sa arena ng edukasyong online. Tinukoy ni Gaebel (2013, 3) ang mga katangian ng MOOC bilang: (1) kursong online; (2) walang pormal na kahingian para sa pagpasok; (3) walang limitasyon sa partisipasyon; (4) libre; at (5) walang nakukuhang kredit, bagaman maaaring makakuha ng sertipiko ng pagtatapos. Sinasabing nagsimula ang penomenon ng MOOC sa Canada noong 2008 nang likhain nina Stephen Downes at George Siemens ang *Connectivism and Connective Knowledge 2008* (CCK08) na ipinresenta sa 25 mag-aaral ng Extended Education sa University of Manitoba, Canada, kasama ang 2,200 iba pang estudyante sa iba't ibang panig ng daigdig, na kumuha ng nasabing kursong online nang walang bayad. Pinatakbo ang CCK08 nang may “distributed content.” Ibig sabihin, ang nilalaman ng kurso ay hindi nakasentro lamang sa isang lugar kundi maaaring makita sa iba't ibang lokasyon sa web. Kaugnay nito, binubuo ang kurso ng mga set ng koneksiyon na nag-uugnay sa mga nilalaman tungo sa isang network. Hinikayat ang mga kalahok sa kurso na magdevelop ng kanilang presensiyang online sa pamamagitan ng blog na maaaring ipaloob sa resource network. Lumikha naman si Downes ng isang content aggregation tool – ang gRRShopper – na nagsisinpog at nagbubuklod sa mga nilalaman patungo sa isang lugar. Naging pangunahing elemento ng CCK08 ang *Daily Newsletter* na kinapapalooban ng mga nilalaman, pangyayari, at talakayan sa kurso na siya namang ipinamamahagi sa mga kalahok bawat araw (Downes 2012).

Kinalaunan, ang CCK08 ay kinilala sa tawag na MOOC batay sa terminong nilikha nina Dave Comier, tagapamahala ng Web Communications and Innovations ng University of Prince Edward Island, at Bryan Alexander, Senior Research Fellow ng National Institute for Technology in Liberal Education (*Canvas Network* 2013). Noong 2012, sinimulan ng mga prominenteng unibersidad sa Estados Unidos, katulong ang mga pribadong kompanya, ang pagbibigay ng mga MOOC. Ang nasabing taon din ay tinagurian ng *The New York Times* bilang “The Year of the MOOC.” Sa kasalukuyan, dagsa na rin ang iba pang MOOC platform gaya ng EdX consortium, Coursera, at Udacity na nagbubukas ng daan-daang kurso na kinukuha ng mga libo-libong estudyante. Noong 2016 naman, pinasinayaan ng Asian Association of Open Universities (AAOU) ang Asian MOOCs, isang integratibong hub o portal na nagbibigay ng impormasyon at suporta tungo sa promosyon ng iba’t ibang MOOC na ipinagkakaloob ng mga miyembro nitong institusyon gaya ng Hanoi Open University, Islamic Online University, Symbiosis Center for Distance Learning, The Open University of China, The Open University of Japan, University of the Philippines Open University, Universitas Terbuka Indonesia, at Wawasan Open University. Malaking benepisyo ang maaaring maihatid nito sa mga tao na walang akses noon sa mura o libre at mataas na kalidad ng edukasyon. Interesanteng malaman na sa ngayon, tinatayang 1/3 ng bilang ng mga mag-aaral sa mga MOOC ay mula sa mga bansang India, Tsina, at Brazil (Joseph at Nath 2013).

### Ang UPOU bilang Institusyong ODeL

Sa Filipinas, ang UP Open University (UPOU), isa sa walong kampus ng Sistemang Unibersidad ng Pilipinas, ang siyang pangunahing institusyon na naghahatid ng mga programa at saliksik sa open distance e-learning (ODEL). Itinatag bilang nagsasariling yunit ng UP alinsunod sa resolusyon ng Lupon ng mga Rehente ng UP noong 23 Pebrero 1995, ang UPOU ay inaasahang makapaglalagat ng mekanismo tungo sa malawakang akses sa de-kalidad na edukasyon para sa mas nakararaming Filipino sa pamamagitan ng distance education (Petras 2012, 3).

Bagama’t sa simula pa lamang ay may intensiyon na ang UPOU na gawing online ang lahat ng transaksyon nito, naging balakid sa pagsasakatuparan ang kakulangan ng hardware resources at akses sa internet ng mismong institusyon at lalo pa ng mga mag-aaral. Dulot nito, inililimbag ang mga modyul ng kurso at ipinamamahagi sa mga mag-aaral sa panahon ng rehistrasyon. Gayundin, isinasagawa ang ugnayan sa klase sa pamamagitan ng e-mail at sa buwanang harapang sesyon (face-to-face tutorials) sa iba’t ibang UPOU Learning Center sa bansa (Librero 2015, 70).

Ang pag-unlad ng teknolohiya at internet sa Filipinas ay nagpasinaya ng mga pagbabago sa UPOU. Naging online ang lahat ng tutorial sa unibersidad noong 2002 at ang rehistrasyon noong 2005. Pagsapit ng 2008, nagsimulang maging ODeL ang oryentasyon at tuon ng operasyon ng UPOU dulot na rin ng mas aktibong pakikisangkot nito sa electronic learning na pinatutunayan ng kompletong pagsasakatuparan ng instruksiyon gamit ang internet (Librero 2015, 71). Ang katawagang “open distance e-learning” (ODEL) ay binuo ng noon ay Tsanselor ng UPOU, Grace Javier Alfonso, upang kumatawan sa pananaw ng openness, distance education, at online learning na niyayakap at iniaangkop ng UPOU sa sarili nitong konteksto (Alfonso 2014; sipi kina Alfonso at Garcia 2015, 4). Ang dalumat ng ODeL ay inaasahang maghahawan ng landas para sa mga institusyon ng mas mataas na edukasyon (HEI) tungo sa mga bagong dimensiyon ng pagtuturo, pagkatuto, pananaliksik, at gawaing ekstensiyon (Alfonso at Garcia 2015, 5).

Kadikit ng nagpapatuloy na tahak ng UPOU bilang institusyong ODeL ang aktibong pagtataguyod ng mga OER at MOOC. Noong Hulyo 2013, sa pamamagitan ng UPOU Massive Open Distance e-Learning (MODEL), katuwang ang Smart Communications, Inc., napasinayaan ang mga unang MOOC sa Filipinas hinggil sa android apps development at technopreneurship. Nakadiseno naman bilang OER ang mga kagamitang pampagtuturo para sa mga kurso. Sa mga nakalipas na taon, ilan pa sa mga MOOC na binuksan sa MODEL ay ang mga kurso sa service

management, child rights protection and promotion, inter-local cooperation, art in ASEAN, at distance education readiness. Sa naging talakay ni Dr. Melinda dP. Bandalaria, kasalukuyang Tsanselor ng UPOU at Pangulo ng Asian Association of Open Universities (AAOU), sa kumperensiya ng AAOU na ginanap sa Filipinas noong 26-29 Oktubre 2016, umaabot na sa 29 MOOC ang napasimulan ng UPOU at patuloy pa ang pagdedevelop ng mga MOOC na tutugon sa mga bagong pangangailangan at kalakaran sa edukasyon at lipunan.

### Ang Proyektong eFilipiniana MOOC sa UPOU MODEL



Larawan 1. Ang website ng UPOU MODEL ([model.upou.edu.ph](http://model.upou.edu.ph))

Abril 2016 nang mailatag sa mananaliksik ang panukalang bumuo ng mga MOOC sa ilalim ng proyekto ng UPOU na may paunang titulong “GE Online.” Ang nasabing proyekto ay naglalayong tumugon sa mga pangangailangan ng mga dinidisenyong ubod na kursong General Education (GE) ng Sistemang UP. Kaagapay sa pagbubuo ng mga MOOC ang mga lektur-bidyo ng mga iskolar at eksperto, sa ilalim ng hiwalay na proyektong “Master Voices” ng UPOU, na magsisilbing OER ng mga kursong online.

Sa unang siklo ng GE Online, napagdesisyonang bigyang-prioridad ang dalawang kursong GE na pumapaksa sa kultura at pagkakakilanlang Filipino – ang *Wika, Kultura, at Lipunan* (WKL) at ang *Philippine Arts and Culture* (PAC). Binago ang pangalan ng proyekto mula “GE Online” tungong “eFilipiniana” upang umangkop sa mga ihahaing MOOC. Ang eFilipiniana ay dinisenyo sa layong mapagting ang pagkakakilanlang Filipino sa pamamagitan ng pag-agapay sa mga mag-aaral na unawain ang papel ng wika at sining sa Filipinas sa iba’t ibang kontekstong panlipunan at pangkultura.

Binubuo ang eFilipiniana ng anim na MOOC: tatlong sub-MOOC sa WKL at tatlo rin sa PAC. Ang mga sub-MOOC sa WKL ay umiral mula 1 Nobyembre 2016 hanggang 15 Disyembre 2016, samantalang mula 15 Nobyembre 2016 hanggang 29 Disyembre 2016 naman ang sa PAC.

Para sa tuon ng pag-aaral, ang sumusunod ay ang salin sa Filipino ng pangkalahatan at mga partikular na deskripsiyon ng mga WKL MOOC na matatagpuan sa inilathalang pabatid at kagamitan sa oryentasyon:

Ang *Wika, Kultura at Lipunan* ay nagsisiyasat sa mga ugnayan ng wika, kultura, at lipunan sa kontekstong Filipino. Dinisenyo ito upang mabigyan ang mga mag-aaral ng mas malalim na pag-unawa sa iba't ibang aspekto ng wika at kultura sa pamamagitan ng pagdidiskurso at pagbubuo ng mga pananaw batay sa at sa tunguhin ng nasyonalismo. Nakapaloob dito ang tatlong sub-MOOCs:

- WKL1 - *Kahulugan, Kasaysayan, at Pag-unlad ng Wikang Filipino*: Nagtat-alakay sa kahulugan, kasaysayan, at pag-unlad ng wikang Filipino na nagpapatibay sa bisa at kahalagahan nito sa lipunang Filipino.
- WKL2 - *Wikang Filipino sa Pananaliksik at Diskurso*: Nagpapaliwanag sa iba't ibang danas, paraaan, at halaga ng paggamit ng wikang Filipino sa pananaliksik at akademikong diskurso.
- WKL3 – *Wika, Kultura, at Lipunang Filipino sa mga Usaping Lokal at Global*: Nagsusuri sa kalagayan ng wikang Filipino sa harap ng mga hamon at usaping pangkultura at panlipunan sa kontekstong lokal at global.

### WKL MOOC: Paghahanda, Pagsasagawa, at Pagtatapos

May higit limang taon nang nagsisilbi ang mananaliksik bilang faculty-in-charge (FIC) ng mga regular na kurso sa Filipino na ipinagkakaloob ng UPOU sa mga di-gradwadong mag-aaral nito sa Associate in Arts (AA), Bachelor of Education Studies (BES), at Bachelor of Arts in Multimedia Studies (BAMS). Gayunman, ang pagiging FIC ng MOOC ay isang bagong karanasan para sa mananaliksik. Sa pagkakataong ito, mahalagang bagtasin ang naging kabuoang daloy ng pagbubukas ng kursong WKL, kasabay ng pagkilala sa kalikasan at katangian ng MOOC at sa responsabilidad ng isang FIC nito.

#### Paghahanda

Isa sa pinakamahalagang papel ng FIC ay ang pagdidisenyo o pagpapalano ng kurso. Mahalagang bahagi ito sa pangkalahatang dinamika ng *open and distance learning* (ODL). Ayon nga kina Bourdeau at Bates (1996; sipi kay Petras 2012, 8), ang sinumang nagdidisenyo at nagpapalano ng kurso ay nararapat maunawaan na ang ODL ay “isang anyo na nangangailangan ng disenyo, produksiyon, at distribusyon ng mga programang partikular na nakagiya sa layuning pampagkatuto sa distance education at tumutugon sa mga espesyal na pangangailangan at kahingian ng mga indibidwal na programa. Nangangailangan din ito ng maayos na sistema ng pamamahala at pagtataya na maingat na inihahanda upang makaagapay sa realidad ng pag-aaral labas sa harapang modelo ng pagkatuto.”

Kaugnay ng nabanggit, nararapat na palagiang isaisip din sa pagdidisenyo o pagpapalano ang mga prinsipyong “massiveness,” “openness,” at “connectivism” na inaangklahan ng MOOC. Dahil sa pagiging bukas sa lahat ng sinumang nais mag-aral, mahalagang mailatag ang daloy at mga gawain sa kurso na isinasaalang-alang ang posibleng mga katangian ng papasok na mga mag-aaral. Sa talakay ni Arinto (2010), nabanggit ang sumusunod na katangian ng mga mag-aaral sa distance education: (a) magkakahiwalay ng lugar at oras; (b) part-time na mag-aaral dulot ng paghahanapbuhay o iba pang pinagkakaabalahan; (c) karamihan ay may edad na; (d) mayroong praktikal na kaalaman dulot ng mga karanasan sa pamilya, hanapbuhay, at komunidad; (e) may tinutugunang responsabilidad sa pamilya; (f) nagbabalik mula sa matagal na pagkatigil sa pag-aaral; (g) limitado ang akses sa teknolohiya, gaya ng internet; at (h) limitado ang kaalaman sa teknolohiya. Bagama't partikular na tinutukoy ng mga katangiang ito ang mga mag-aaral na kumukuha ng digri o programa sa distance education, mahalagang isaalang-alang din ang mga ito sa ginagawang pagpapalano at pagdidisenyo ng MOOC upang matiyak na makaagapay sa kurso ang sinumang lalahok at mananatili sila hanggang makatapos.

Kaugnay ng retensiyon ng mga mag-aaral at pagtitiyak sa tagumpay ng kurso, tinukoy ng Northwestern University Coordinated Services Center (CSC)<sup>4</sup> ang ilan sa *best practices* sa pagdevelop ng MOOC:

1. Maikling panahon lamang ang itatagal ng MOOC, karaniwang 6 hanggang 12 linggo, upang sapat na mailatag ang mahahalagang punto ng mga aralin nang hindi nagiging kalabisan o pasakit sa mga mag-aaral;
2. Bawat linggo ay kapapalooban ng aralin hinggil sa isang paksa na may espesipikong kahihinatnan ng pagkatuto (learning outcomes);
3. Ang mga OER o kagamitang pang-edukasyon ay nararapat na bukas na maaakses sa lahat ng oras ng mga mag-aaral upang maayos silang makalahok sa kurso, anuman ang kanilang time zone o personal na iskedyul;
4. Nararapat buuin ang bawat MOOC sang-ayon sa mabusising proseso ng disenyong instruksiyonal (instructional design) at proseso ng pagtitiyak ng kalidad (quality assurance);
5. Mahalagang maging malinaw at konsistent ang pakikipag-ugnayan sa mga mag-aaral, lalo na sa pagtatakda ng inaasahan sa kurso, upang maiwasan ang kalituhan at pag-alis sa MOOC ng mga kalahok dito; at
6. Nararapat na ang kurso at ang instruktur ay naghihikayat sa paglikha ng mga learning community na magiging daan sa ugnayan ng mga mag-aaral sa isa't isa at sa mismong mga materyal ng kurso.

Sa kaso ng WKL MOOC, itinakda ang anim na linggong pag-aaral ng mga kurso. Ang tatlong sub-MOOC na bumubuo rito ay sabayang binuksan sang-ayon sa nabanggit na petsa. Lahat ng mga paksaing inilatag sa mga sub-MOOC ay bahagi ng kabuoang kursong GE na Filipino 40 o *Wika, Kultura, at Lipunan* na bukas sa mga tradisyonal o residensiyal na klase sa UP Diliman. Gayunman, dahil sa katangian ng pagiging maikli at mabilis ng pag-aaral sa MOOC, sinadya ang paghahati-hati ng kurso sa tatlong bahagi, na maaaring tumindig ang bawat isa bilang nagsasariling kurso. Ibig sabihin, hindi kailangang tapusin muna ang unang sub-MOOC bago tumungo sa ikalawa o ikatlo. Malaya rin ang sinumang mag-aaral na sabayang kunin ang tatlong kurso o pumili lamang ng isa o dalawa rito.

Ang sumusunod ang nilalaman ng bawat sub-MOOC na dinisenyo ng mananaliksik:

#### 1. WKL1: Kahulugan, Kasaysayan, at Pag-unlad ng Wikang Filipino


- a. Modyul 1 – Batayang Kaalaman sa Pag-aaral ng Wika at Wikang Filipino
- b. Modyul 2 – Kasaysayan at Pag-unlad ng Wikang Filipino
- c. Modyul 3 – Mga Usapin sa Wikang Filipino bilang Wikang Pambansa

#### 2. WKL2: Wikang Filipino sa Pananaliksik at Diskurso

- a. Modyul 1 – Oryentasyong Filipino sa Pananaliksik at Diskurso
- b. Modyul 2 – Pagsulat at Pananaliksik sa Filipino
- c. Modyul 3 – Kahalagahan ng Pagsasalin ng Saliksik at Malikhaing Akda sa Filipino

<sup>4</sup> Ang Coordinated Services Center (CSC) ang siyang sentro na binuo ng Office of the Provost ng Northwestern University, Evanston, Illinois, USA. Layunin nitong magkaloob ng pangunahing suporta sa pagdevelop ng mga MOOC at maglatag ng mga rekomendasyon hinggil sa estratehiya, patakaran, at proseso ng pamamahala ng mga kurso. Pinangungunahan ang CSC ng Associate Provost for Academic Initiatives katuwang ang Vice President for Information Technology ng unibersidad. Ang Northwestern University, sa pakikipag-ugnayan sa MOOC platform na Coursera, ay nagsimulang magbukas ng MOOC noong akademikong taon 2013-2014 (CSC 2014).

3. WKL3: *Wika, Kultura, at Lipunang Filipino sa mga Usaping Lokal at Global*
- Modyul 1 – Wika, Kasaysayan, at Nasyonalismo
  - Modyul 2 – Kalagayan at Hamon sa Pagpapalano at Patakarang Pangwika sa Filipinas
  - Modyul 3 – Pag-uswag ng Wikang Filipino sa Panahon ng Globalisasyon at Internasyonalisasyon



Larawan 2. Ang mga sub-MOOC ng WKL MOOC na dinisenyo ng mananaliksik/FIC

Upang ganap na magabayan ang mga mag-aaral hinggil sa daloy at inaasahan sa kurso, inihanda ng mananaliksik ang *Gabay sa Aralin (Study Guide)* ng bawat sub-MOOC. Sa tatlong modyul na nakapaloob sa bawat sub-MOOC, inilatag sa *Gabay sa Aralin* ang: (a) *rasyonal* o ang kabuoang prinsipyong gumagabay sa tinatalakay na paksa; (b) *layunin* o ang kaalaman at kasanayang nilalayong malinang sa bawat modyul; (c) *susing konsepto* o ang pagpapakilala sa konseptong tatalakayin; (d) *sanggunian* o ang mga materyal na gagamitin; at (e) *gabay na katanungan* na makatutulong sa pag-unawa sa mga materyal. Dagdag pa rito, kinapapalooban din ang *Gabay sa Aralin* ng mga panuntunan para sa online na pagsusulit, talakayang online o discussion forum, at faculty marked assignment (FMA) o panghuling gawain ng sub-MOOC. Sa pamamagitan ng dokumentong ito, sinisikap na matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral hinggil sa malinaw na inaasahan ng kurso at sa espesipikong kahihinatnan ng pagkatuto, kasama ang maayos na nabegasyon sa MOOC para sa pagtugon sa mga kahingian.

Ang papel ng FIC bilang tagadisenyo o tagaplano ng MOOC o anumang kursong ODL/ ODeL ay hindi natatapos lamang sa pagiging eksperto sa larang at sa kakayahang ituro ang kurso. Malinaw na bahagi ng dinamika ng kursong online ang kaalaman sa teknolohiya, lalo na sa mga software na ginagamit o magagamit sa maayos na pagtuturo at pagkatuto. Ang UPOU sa kabuoan ay gumagamit ng *Moodle* bilang pangunahing learning management system (LMS) platform. Bilang isang education software, kaagapay ang *Moodle* sa kabuoang pag-aayos ng kurso, kasama na ang paglalagat ng iba't ibang gawain tulad ng pagsusulit, chat, forum, survey, wiki, workshop, at iba pa. Ang nababanggit na pagsusulit, talakayan, at takdang-aralin sa WKL MOOC ay naisakatuparan sa pamamagitan ng *Moodle*.

Bukod sa mga gawain sa MOOC, pinahihintulutan din sa *Moodle* ang paglalagay ng mga OER. Halimbawa, sa WKL MOOC, mahalagang sangkap ang nabuong lektyur-bidyo sa ilalim ng proyektong “Master Voices” ng UPOU. Narito ang mga panayam na matatagpuan sa WKL MOOC na bukas na maaakses din sa hiwalay na *UPOU Networks* sa YouTube (<https://www.youtube.com/user/UPOUNet>):

- “Ang Pambansang Wika mula sa Multilinggwal na Perspektiba” ni Dr. Ma. Althea T. Enriquez
- “Pagsulat at Pananaliksik sa Filipino” ni Dr. Rommel B. Rodriguez, Dr. Clemen Aquino, at Dr. Ma. Luna Sicat-Cleto
- “Kahalagahan ng Pagsasalain ng Saliksik at Malikhaing Akda sa Wikang Filipino” ni Dr. Peñafrancia Raniela E. Barbaza
- “Wika, Nasyonalismo, at Panlipunang Katarungan” ni Dr. Gonzalo A. Campoamor II
- “Wika at ang Kolonyal na Kasaysayan ng Filipinas” ni Dr. Bienvenido Lumbea
- “Papel ng mga Wika sa Pilipinas at Ilang mga Bansa sa Pagkakaisa, Pag-unlad, at Kaayusan sa Lipunan” ni Dr. Pamela C. Constantino
- “Labintatlong Tesis hinggil sa Wikang Pambansa” ni Dr. Ramon G. Guillermo
- “Wikang Filipino sa Panahon ng Internasyonalisasyon at Globalisasyon” ni Dr. Ma. Crisanta Nelmidia-Flores

Dagdag pa sa mga lektyur-bidyo, bumuo rin ng sariling panayam ang mananaliksik/FIC sa pamamagitan ng *screencast*, isang popular na software na ginagamit sa digital recording ng computer screen output at ng kaakibat na audio narration. Inilahok din sa mga modyul ang ilan pang materyales na bukas na maaakses sa internet gaya ng dokumentaryong *Sa Madaling Salita: Kasaysayan at Pag-unlad ng Wikang Pambansa* ng UP Sentro ng Wikang Filipino-Diliman at mga babasahin mula sa website ng Komisyon sa Wikang Filipino.

### Pagsasagawa

Ang unang linggo ng pagbubukas ng WKL MOOC ay inilaan para sa rehistrasyon ng mga mag-aaral at pamilyarisasyon na rin ng mga ito sa dinamika ng MOOC. Kaiba sa mga regular na kurso ng UPOU na ang mga mag-aaral ay may kasanayan na sa paggalugad sa *Moodle*, marami sa mga pumasok sa MOOC ay walang sapat na kaalaman at kasanayan dito. Hindi na ito nakapagtataka dahil bahagi ito ng katangian ng pagiging bukas ng MOOC sa kaninuman. Upang matiyak ang pananatili ng mga mag-aaral sa WKL MOOC, nagkaloob ng materyales para sa oryentasyon na binuo ng UPOU MOOC team. Kinapapalooban ang materyales ng panimulang pagpapakilala sa UPOU, ilang impormasyon tungkol sa MOOC at sa proyektong eFilipiniana, mga gabay sa rehistrasyon, at frequently asked questions (FAQ). Gayundin, paunang ipinapakuha sa mga mag-aaral ang maikling MOOC tungkol sa DE (distance education) Readiness nang sa gayon ay maayos silang makakabaybay sa WKL MOOC at sa iba pang MOOC ng UPOU na nais nilang lahukan.

Mula sa pormal na pagbubukas ng WKL MOOC noong 1 Nobyembre, pagsapit ng 24 Nobyembre ay umabot na ng 161 mag-aaral ang naitala sa WKL1, 96 mag-aaral sa WKL2, at 120 mag-aaral sa WKL3. Nasa ibaba ang klasipikasyon ng mga mag-aaral ayon sa kasarian at ayon sa sektor na kinabibilangan batay sa kanilang inilakip sa profile photo at pagpapakilala sa sarili:

#### WKL1: Kahulugan, Kasaysayan, at Pag-unlad ng Wikang Filipino

| Kasarian  | Bilang     |
|---|------------|
| Lalaki  | 77         |
| Babae   | 82         |
| Di-tiyak (walang profile photo; walang pagpapakilala sa sarili) | 2          |
| <b>KABUOAN</b>  | <b>161</b> |

| Sektor   | Bilang  |
|--|---|
| <b>May hanapbuhay</b>                                      | <b>102</b>                                      |
| • Pagtuturo at edukasyon                                   | 77  |
| • Midya at internet  | 7   |
| • Negosyo, konsultasyon, at pamamahala                     | 6   |
| • Pamublikong serbisyo at administrasyon                   | 4   |
| • Kawanggawa at boluntaryong gawain                        | 1   |
| • Sining at disenyo  | 1   |
| • Kalikasan at agrikultura                                 | 1   |
| • Pangangalaga sa kalusugan                                | 1   |
| • Information technology                                   | 1   |
| • Recruitment at human resource                            | 1   |
| • Agham at parmasyotiko                                    | 1   |
| • Transportasyon at lohistika                              | 1   |
| <b>Mag-aaral</b>   | <b>13</b>                                       |
| • Batsilyer  | 12  |
| • Masterado  | 1   |
| <b>Di-tiyak (hindi itinala sa pagpapakilala sa sarili)</b> | <b>5</b>  |
| <b>KABUOAN</b>   | <b>120</b> (tumugon sa pagpapakilala sa sarili) |

#### WKL2: Wikang Filipino sa Pananaliksik at Diskurso

| Kasarian  | Bilang    |
|---|-----------|
| Lalaki  | 53        |
| Babae   | 42        |
| Di-tiyak (walang profile photo; walang pagpapakilala sa sarili) | 1         |
| <b>KABUOAN</b>  | <b>96</b> |

| Sektor   | Bilang   |
|--|--|
| <b>May hanapbuhay</b>                                      | <b>63</b>                                      |
| • Pagtuturo at edukasyon                                   | 51   |
| • Midya at internet  | 2  |
| • Negosyo, konsultasyon, at pamamahala                     | 4  |
| • Pamublikong serbisyo at administrasyon                   | 2  |
| • Kawanggawa at boluntaryong gawain                        | 1  |
| • Pangangalaga sa kalusugan                                | 1  |
| • Information technology                                   | 1  |
| • Recruitment at human resource                            | 1  |
| <b>Walang hanapbuhay</b>                                   | <b>1</b>                                       |
| <b>Mag-aaral (Batsilyer)</b>                               | <b>9</b>                                       |
| <b>Di-tiyak (hindi itinala sa pagpapakilala sa sarili)</b> | <b>1</b>                                       |
| <b>KABUOAN</b>   | <b>74</b> (tumugon sa pagpapakilala sa sarili) |

#### WKL3: Wika, Kultura, at Lipunang Filipino sa mga Usaping Lokal at Global

| Kasarian  | Bilang     |
|---|------------|
| Lalaki  | 52         |
| Babae   | 67         |
| Di-tiyak (walang profile photo; walang pagpapakilala sa sarili) | 1          |
|   | <b>120</b> |

| Sektor   | Bilang   |
|--|--|
| <b>May hanapbuhay</b>                                      | <b>70</b>                                      |
| • Pagtuturo at edukasyon                                   | 53   |
| • Midya at internet  | 4  |
| • Negosyo, konsultasyon, at pamamahala                     | 4  |
| • Pamublikong serbisyo at administrasyon                   | 3  |
| • Accountancy, banking, at finance                         | 1  |
| • Kawanggawa at boluntaryong gawain                        | 1  |
| • Information technology                                   | 1  |
| • Recruitment at human resource                            | 1  |
| • Sales  | 1  |
| • Transportasyon at lohistika                              | 1  |
| <b>Walang hanapbuhay</b>                                   | <b>3</b>                                       |
| <b>Mag-aaral (Batsilyer)</b>                               | <b>12</b>                                      |
| <b>Di-tiyak (hindi itinala sa pagpapakilala sa sarili)</b> | <b>6</b>                                       |
| <b>KABUOAN</b>   | <b>91</b> (tumugon sa pagpapakilala sa sarili) |

Kompara sa karaniwang dami ng mga mag-aaral sa mga tradisyonal o residensiyal na klase, kapansin-pansin na malaki ang bilang ng mga nagpatala sa tatlong sub-MOOC. Mapapansin din ang dibersidad sa aspekto ng kasarian, antas ng pinag-aralan, at sektor na kinabibilangan. Ito ay sa kabila ng maikling panahong nailaan sa promosyon ng kurso, na nagsimula lamang noong 18 Oktubre 2016 nang mailathala ang pabatid sa pagbubukas nito sa website ng UPOU, bukod pa sa pagiging bago at kung gayon ay limitadong kaalaman ng mga Filipino hinggil sa MOOC o sa edukasyong online sa Filipinas sa kabuoan. Pangunahing dahilan ng mga nagpatala ang pagnanais na higit pang matuto sa mga paksang tatalakayin na nakikita rin nilang bentaha sa kanilang propesyon, lalo pa't karamihan ay nagmula sa sektor ng pagtuturo at edukasyon.

Kaakibat ng dami ng mga nagpatala sa MOOC ang pagtiyak na makalikha ng learning community na mahalaga sa pagpapalawak at pagpapalalim ng talakayan at magsisilbing pangunahing puwersa upang patuloy na mahikayat ang mga mag-aaral na lumahok sa kurso. Paunang sumasagot sa ganitong kahingian ang mga modyul na nakapaloob sa mga MOOC. Ang bawat modyul ay pinaglalaanan ng isang linggo upang matiyak na makatutugon ang mga mag-aaral sa mga gawaing naririto, gaya ng panonood ng lektyur-bidyong o pagbabasa ng mga aralin at pagtupad sa mga pagsasanay, nang maluwag sa kanilang iskedyul. Gayunman, dahil karamihan kundi man lahat ay mas malay sa tradisyonal na sistema ng pakikilahok sa klase na may tiyak na nagaganap sa bawat araw ng pagkikita, may mga mag-aaral na natatapos ang mga gawain sa modyul sa loob ng isa hanggang dalawang araw lamang, at kung gayon, posibleng maging kabagot-bagot ang paghihintay sa susunod na modyul na mabubuksan pa sa darating na linggo. Dagdag pa rito, may mga mag-aaral namang hindi ganap na maisagawa ang kahingian dulot ng paninibago pa rin sa teknikal na aspekto ng kursong online, sa kabila ng pagkakaroon ng materyales sa oryentasyon at pagkuha ng maikling kurso sa DE Readiness. Maaaring magbunsod din ito ng kawalang-gana sa kurso hanggang sa pag-alis na lamang dito.

Upang tugunan ang mga nabanggit na hamon, naglaan ng mga forum na maaaring lahan ng mga mag-aaral, labas pa sa mga gawain at pagsasanay sa mga modyul. Iniayon ang pangalan ng mga forum sa mismong kurso sa layuning maging interesante at mas madaling maunawaan at matandaan ang sinasaklaw nito:

- *WIKAlatas*. Ito ang forum para sa mga pabalita at anunsiyo. Pangunahin itong nagsisilbing espasyo ng FIC para sa paglilinaw ng panuntunan sa paglahok at pagsusumite ng takdang gawain. Bagama't may mekanismo ang *Moodle*, halimbawa ay sa pagpapaalala ng araw ng pagsusumite ng mga gawain, mahalaga ang ganitong interbensiyon ng FIC dahil nagsisilbi rin itong presensiya ng guro sa kabuoang daloy ng kurso. Sa ganitong paraan, naiparamdam sa mga mag-aaral na sila ay lumalahok sa isang klase/kurso at kung gayon, mahalaga ang pagpapanatili ng isang akademikong ugnayan.
- *WIKAtanungan*. Ang forum na ito ay para sa katanungang teknikal at administratibo kaugnay ng MOOC. Kaiba sa naunang forum na tanging ang FIC lamang ang may kakayahang magpaskil, tumatakbo ang WIKAtanungan bunsod ng mga paskil na tanong ng mga mag-aaral sa kurso. Dito higit na mahalaga ang presensiya ng FIC, lalo pa't ang mga paglilinaw ay karaniwang may kinalaman sa teknikal na aspekto ng pagsasagawa ng kahingian ng mga modyul (e.g. pagsusumite ng Tutor-Marked Assignment o TMA sa nakalaang Assignment Bin, pagsagot sa online quiz). Bagama't may mga tanong na nasasagot na ng ipinagkaloob na paunang materyales, ang pagtugon ng FIC ay paraan upang maigiya at maipaalala sa mga mag-aaral ang mga impormasyong nakuha sa oryentasyon. Samakatwid, inaasahan ang malawak na pang-unawa ng FIC, lalo pa't hindi magkakapareho ang antas ng kaalaman at pagkatuto sa teknolohiya ng mga kalahok.

- *WIKApiban*. Ito ay nagsisilbing bukas na forum para sa pagbabahaginan ng mga mag-aaral ng mga idea at materyales na makatutulong sa pagpapaunlad ng kaalaman sa klase at sa mabuting pag-uugnayan ng mga kalahok. Nakapadron ito sa forum na "Student Café," isa sa mga halimbawang forum na itinala ng University of Toronto sa kanilang *MOOC Design and Development Process Guidelines*. Nakikita ang kahalagahan ng nasabing forum sa layuning magpatibay ng ugnayang mag-aaral-sa-mag-aaral na pundasyon ng isang learning community at inaasahang magpapatuloy labas sa limitadong panahon ng MOOC. Dahil nakalaan para sa mga mag-aaral, minimal lamang ang interbensiyon dito ng FIC.
- *WIKAragdagan*. Kompara sa mga nauna na nagsisilbing kabuoang mga forum ng bawat sub-MOOC, ang forum na ito ay partikular sa bawat modyul at makikita sa pagtatapos ng aralin kada linggo. Bukas ito sa iba't ibang katanungan, idea, pananaw, reaksiyon, at iba pa kaugnay ng naging pagtalakay sa modyul. Ang paglalaan ng ganitong espasyo ay nakaangla sa paniniwalang ang mga mag-aaral at guro sa konteksto ng ODeL ay kapuwa tagapagbuo ng kaalaman (Saludadez 2010, 23). Dahil sa iba't ibang pinagmulan, nagsisilbi itong pagkakataon upang mailatag ng mga mag-aaral ang sari-saring idea at pananaw na nagmumula sa impluwensiya ng panahon, lugar, edad, kasarian, at estado sa buhay. Samakatwid, nagiging lunan ito ng kolaboratibong pagkatuto at pagsusuri na nagpapatingkad sa motibasyong lumahok ng bawat isa.

## PAGTATAPOS

Bukod sa kahingian ng bawat modyul, ang isang sub-MOOC ay kinapapalooban ng panghuling gawain na tinatawag na Faculty Marked Assignment o FMA. Ang FMA ay nakadiseno bilang isang kongkretong proyektong magiging kontribusyon ng mag-aaral sa pagpapalago ng kaalaman at sa paglinang ng mga OER. Nasa ibaba ang mga naitakdang FMA sa bawat sub-MOOC:

- WKL1 – Pagtalakay sa isang natatanging konseptong lokal o rehiyonal na maaaring maging ambag na terminolohiyang Filipino
- WKL2 – Pagbuo ng panunuring-papel sa isang pananaliksik na nasusulat sa wikang Filipino
- WKL3 – Paglikha ng maikling dokumentaryo hinggil sa isang natatanging paksa sa wika, kultura, at lipunang Filipino

Dahil nagmumula sa iba't ibang lugar sa loob at labas ng bansa ang mga kalahok sa kurso, naging pagkakataon ang mga FMA upang maibahagi nila ang sariling karanasan sa pagpapayaman ng literatura sa wika, kultura, at lipunang Filipino. Sinadyang bukas na naakses ang mga isinumiteng FMA ng kapuwa mag-aaral para sa pagsasakatuparan ng kahingiang pagtatasa (peer evaluation) sa mga ito. Pagkakataon ito upang malinang pa ang kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Dagdag pa, ang akses sa mga FMA ay nagbibigay ng bagong kaalaman o perspektiba sa mga mag-aaral hinggil sa mga usapin at danas pangwika, pangkultura, at panlipunan.

Sa pagtatapos ng kurso, ang bawat mag-aaral na matagumpay na nakatugon sa kahingian ng partikular na sub-MOOC ay napagkalooban ng sertipiko ng paglahok: 33 mag-aaral sa WKL1; 26 sa WKL2; at 24 sa WKL3. Labinlimang mag-aaral naman, na nakatapos ng tatlong sub-MOOC, ang nakakuha ng komprehensibong eksamen. Mula rito, siyam ang nakapasa at nakatanggap ng sertipiko ng paglahok para sa buong kursong *Wika, Kultura, at Lipunan*.

## Paglusong at Pagsulong sa WKL MOOC: Mga Bentaha at Hamon

Mula sa naging talakay sa paghahanda, pagsasagawa, at pagtatapos ng WKL MOOC, mahalagang bigyang-pansin ang mga bentaha at hamong lumitaw sa pagpapabuti ng kurso at ng maksimisasyon sa bisa ng platapormang ito sa pagtataguyod ng wika, kultura, at lipunang Filipino. Sa pagtitiyak nito, naging sanggunian din ng mananaliksik ang sarbey na pinasagutan sa mga mag-aaral sa pagtatapos ng kurso. May kabuoang 42 tugon na nakalap sa nasabing sarbey.

Walang dudang yaman ng kurso ang mismong mga mag-aaral nito. Gayunman, isang realidad at hamon na patuloy na sinisikap unawain at tugunan sa konteksto ng MOOC ang mataas na antas ng atrisyon o dropout ng mga lumalahok dito. Ayon sa pag-aaral na *Attrition and Retention Aspects in MOOC Environments* (2016), iniulat na mayorya ng mga MOOC ay mayroon lamang antas ng komplisyon na mas mababa pa sa 10% ng mga nagpatala rito. Ilan sa mga itinuturong dahilan ng atrisyon ay ang kawalan ng tunay na intensiyong tapusin ang kurso (i.e., may lumalahok dulot ng kuryosidad o ng pagnanais na maunawaan ang dinamika ng MOOC, hindi ang mismong kursong narito), kawalan ng sapat na oras, pagiging mahirap ng kurso at kalulangan ng suporta, kakulangan sa kasanayang dihital, masamang karanasan sa kurso (e.g., hindi maayos na trato ng kapuwa mag-aaral, kawalan ng pokus at koordinasyon sa mga forum, mababang kalidad ng mga kagamitang pampagtuturo, suliraning teknikal sa MOOC platform), at paglihis sa inaasahan sa kurso. Sa kabila ng mga dahiling ito, kakaunti pa lamang ang mga pananaliksik na nagtatasa sa tindi ng impluwensiya ng mga salik na ito sa mismong mga kalahok sa MOOC at nagtitiyak sa kung alin sa mga ito ang direktang may kinalaman sa mga tagapagbuo ng kurso (Onah, Sinclair, at Boyatt 2014).

Kung ilapat sa sitwasyon ng WKL MOOC, bagama't sa unang pagtingin, masasabing kakaunti ang aktibong nakilahok at nakatapos sa bawat sub-MOOC at sa kabuoan nito, hindi ito agarang indikasyon ng kabiguan ng partikular na kurso. Kaugnay nito, nilinaw ni Bandalaria (sipi kay Romualdo 2017) na bagama't nakadiseno ang UPOU MOOC sa malakihang partisipasyon, higit na binibigyang-diin ng UPOU ang prinsipyo ng “openness” kompara sa “massiveness.” Patunay nito ang pagiging bukas ng WKL MOOC sa sinumang nais lumahok, anuman ang kasarian, edad, estado sa buhay, antas ng pinag-aralan, sektor na kinabibilangan at iba pang aspekto ng katayuan. Gayundin, pangunahing manipistasyon ng “openness” ang mas pag-uukol ng pansin sa pagbuo at paggamit ng mga OER. Malinaw na nagpapadaloy sa kurso ang mga nabuong OER na lektyur-bidyong sa ilalim ng proyektong “Master Voices” ng UPOU. Kaugnay nito, masasabing realidad sa MOOC na may mga taong pumapasok sa kurso na ang tanging layunin ay makakuha ng akses sa OERs at hindi upang aktibong lumahok dito (*Attrition and Retention Aspects in MOOC Environments* 2016, 31-32). Ayon kina Grover et al. (2013; sipi Onah, Sinclair, at Boyatt 2014), ang ganitong sari-saring intensiyon at partisipasyon ng mga lumalahok ay maituturong produkto rin ng bukas na kalikasan ng MOOC at ng pagiging bago ng nasabing midyum. Sa kaso ng bawat sub-MOOC, mapapansing sa simula pa lang ay mas mababa na ang bilang ng mga nagpakilala sa kurso kompara sa nakatala rito. Dagdag pa, sa isang impormal na pakikipag-ugnayan ng mananaliksik sa isa sa mga nagpatala na kaniyang personal na kakilala, aminado itong hindi niya kayang tugunan ang kahingian ng kurso dulot ng pagiging abala sa pagtuturo at ang tanging layunin niya ay makalikom ng mga materyales na kaniyang magagamit sa klase. Hindi ito maituturing na kahinaan dahil, sa isang banda, natugunan pa rin ng MOOC ang layuning maipalaganap ang OERs at nakamit din ng tao ang kaniyang mithiin sa pagpasok sa kurso na kapuwa indikasyon din ng bukas na pagkatuto. Kaya naman, kung babalikan ang dami ng mga nakatapos sa kurso, mahirap sabihing bigo ito dahil hindi matibay na batayang pagkokomparahan ang bilang ng mga pumasok sa bawat sub-MOOC dulot ng iba't ibang dahilan ng mga nagpatala. Dagdag pa nina Onah, Sinclair, at Boyatt (2014), mas angkop na pamantayan ng tagumpay ng MOOC kung natamo ng mga nagpatala ang kanilang inaasahang kahihinatnan ng pagkatuto sa kurso. At sa resulta ng isinagawang sarbey sa pagtatapos ng WKL MOOC, lahat ng 42 tugon na nakalap ay nagsasabing nakamit ang kanilang inaasahang layunin sa paglahok sa kurso.

Bukod sa “openness” na hatid ng OERs, naging lunan din ang WKL MOOC ng “connectivism” na pinatutunayan ng pagbubuo at pagbabahaginan ng mga materyal sa wika, kultura, at lipunang Filipino na nagmula sa mismong mga mag-aaral nito. Partikular na maituturo dito ang mga nabuong FMA sa WKL1 (pagtalakay sa isang konseptong Filipino) at WKL3 (pagbuo ng dokumentaryo sa wika, kultura, at lipunang Filipino). Para sa WKL1, ilan sa mga konseptong naibahagi ng mga mag-aaral ay ang sumusunod:

- *apag* – salitang Rinconda (Bikol) na tumutukoy sa pag-aalay ng mga kakanin, prutas, o anumang bagay sa mga taong namayapa na
- *kilkeig* – salitang tanyag sa bayan ng Malay, Aklan na tumutukoy sa paraan ng panlalason sa pamamagitan ng paghahalo sa inumin ng bubog ng bombilya o durog na buto ng tao
- *maedup* – pagbati ng mga Dumagat na maitutumbas sa “Mabuhay!”
- *pagpanginbulaban* – salitang Hiligaynon na nagpapahayag ng papuri sa taong nagkamit ng tagumpay
- *patuki* – salitang Iloko na tumutukoy sa karitong pinaandar ng baka o kalabaw na nagsisilbing transportasyon ng magsasaka
- *SUMAKAH* – akronim para sa suman, mangga, kasoy at hamaka; pangalan ng pagdiriwang sa Lungsod Antipolo tuwing Mayo
- *tunong* – salitang Maguindanaon na nangangahulugang ritwal na pagsanib, pagpapasanib, pagtawag, pagtataboy, at panggagamot sa tulong ng mga espiritu, engkanto, o anumang hindi pangkaraniwang nilalang

Sa kaso ng WKL3, narito ang ilan sa mga paksa ng mga nabuong dokumentaryo. Sadyang ipinalagay ang nasabing gawain sa YouTube nang sa gayon ay maakses din ito maging ng mga hindi nakabilang sa kurso:

- *Akeanon: Wika at Barayti* (<https://youtu.be/leqkLPYoT2E>)
- *Ang Wikang Filipino at ang mga Saksi ni Jehova* (<https://youtu.be/B0oY1Hjueq8>)
- *Anito at Ritwal: Mayamang Kultura, Wika, at Lipunang Filipino ng Mt. Province* (<https://www.youtube.com/watch?v=n5bKjixEQUQ>)
- *Babayi: Sandigan ng Matatag na Lipunan* (<https://www.youtube.com/watch?v=SFz6JZzvXRk&feature=youtu.be>)
- *Ka-ta-gâ: Wika at Manunulat bilang Manggagawang Pangkultura* (<https://www.youtube.com/watch?v=gyAbJAfFzE>)

Muli, patunay ang lahat ng ito ng kolaboratibong pagkatuto at pagiging kapuwa tagalikha ng kaalaman ng mga mag-aaral sa sistemang ODeL. Sa kaso ng wika, kultura, at lipunan, mahalagang impormasyon hinggil sa pagkakakilanlang Filipino ang naiaambag ng mga mag-aaral na may direktang pag-unawa at pagdanas mula sa pinagmumulang grupo o pamayanan. Nagiging daan ito ng pagpupunla sa kaisipan ng mga mag-aaral ng yamang pangwika, pangkultura, at panlipunan na maaari pang pagyamanin at palawigin labas sa itinatagda ng kurso.

Sa isang banda, matingkad na pinagmumulan ng hamon para sa mga mag-aaral ang dinamika ng MOOC, sariling kalagayan, at akses sa internet. Batay sa mga tugon sa sarbey, ilan sa mga kalahok ay nagsabing nahirapan sila sa pasikot-sikot ng *Moodle platform*. May nagmungkahing mas mainam kung makapaglalaan ng mga bidyo na nagpapakita ng partikular na mga hakbang sa pagbaybay o paggalugad sa MOOC, bukod pa sa mga materyales na ipinamahagi sa oryentasyon. May mga nagpahayag din ng pagiging maikli ng kurso (na sadyang katangian ng MOOC) at dahil dito, nagiging mabilis para sa kanila ang transisyon ng mga modyul, lalo pa't may kaakibat itong kahingian.



Ang huling nabanggit ay higit pang mapanghamon para sa mga kalahok na may hanapbuhay at tanging sa gabi lamang nakapaglalaan ng panahon para sa kurso. Balakid naman, lalo na para sa mga nasa labas ng Maynila, ang mabagal na akses sa internet.

Sa kabuoan, makikita na sa usapin ng wika, kultura, at lipunang Filipino, malaki ang potensiyal ng MOOC para mapatampok ang sari-saring salik ng pagkakakilanlang Filipino mula sa mismong nakararanas at nakauunawa nito. Ang malawak na akses ng MOOC ay nagbibigay ng pagkakataong magkadaupang-palad ang mga Filipino mula sa iba't ibang grupo o pamayanan sa loob at labas ng bansa tungo sa paglikha ng isang kritikal na learning community. Wala namang direktang ugnay ang mga hamon sa mismong nilalaman dahil pawang nakatuon ang mga naitalang suliranin sa mga usaping teknikal at administratibo. Gayunman, mahalagang bahagi pa rin ito ng pag-iral ng MOOC na nararapat na mapag-aralan at matugunan upang higit na mapalitaw ang bisa ng sistemang ito para sa kolaboratibong pagkatuto at kapuwa paglikha ng kaalamang nauukol sa wika, kultura, at lipunang Filipino.

### Pagpapatuloy ng Diskurso sa Wika, Kultura, at Lipunang Filipino sa Sistemang Dihital

Isang interesanteng yugto ng pagtuturo at pagkatuto ang umuusbong kaugnay ng panahon ng sistemang dihital. Sa naging karanasan ng mananaliksik bilang FIC ng WKL MOOC, pangunahing nakikita ang bisa ng platapormang MOOC sa kolaboratibong pag-alam at pagsusuri ng pagkakakilanlang Filipino sa aspektong pangwika, pangkultura, at panlipunan. Dahil sa pagsandig sa mga prinsipyo ng “massiveness” “openness,” at “connectivism,” nagiging pagkakataon ang mga talakayan hindi lamang ng paglikha ng bagong kaalaman kundi maging ng pagtugon, pagsisiwalat, at pagpapasubali sa mga maling pamamalagay. Halimbawa, sa pamamagitan ng mga OER na lektur-bidyo at panayam gamit ang *screencast*, kasama pa ang talakayang nabubuo sa mga nakalaang forum at gawain, nabubuksan sa mga mag-aaral ang tunay na diwa ng wikang pambansa na pinagyayaman ng iba't ibang wikang lokal, rehiyonal, at maging banyaga. Gayundin, naitatampok ang wikang Filipino bilang wikang global na itinuturo at pinagkakadalubhasaan sa iba't ibang pangunahing paaralan at pamantasan sa loob at labas ng Filipinas.

Dahil pangunahing pumupundasyon ang pagbabahagi ng mga mag-aaral sa sariling danas sa pinagmumulang grupo o pamayanan, ang yaman ng kaalamang naibibigay rito ay masasabing lumalabas pa sa kayang ibahagi ng mga limbag na babasahin. Gayunman, upang mapalabas at masuri ito, mahalaga ang papel ng FIC na nagdidisenyo at nagpapalano ng kursong nakasentro sa mga mag-aaral. Dulot ng pagiging bago ng plataporma ng MOOC, nananatiling hamon sa mananaliksik bilang FIC ang pagsasakatuparan ng mga prinsipyo nito. Nagtatalaban sa kabuoang pagpapadaloy sa WKL MOOC ang pagnanais na maging flexible o madaling umangkop ng pagtuturo at pagkatuto. Nagagawa ito sa pamamagitan ng paglalaan ng mas mahabang panahon para sa pagtugon ng mga mag-aaral sa mga kahingian ng kurso at pabubuo ng mga forum na bukas sa kanilang pananaw at anumang nais ibahagi, samantalang natitiyak ang paggabay at interbensiyon ng FIC – at kung gayon ay ang estruktura ng kurso – lalo pa't limitado lamang ang panahon ng pag-iral ng MOOC bukod pa sa inaasahan din ng mga mag-aaral na bago pa lamang sa ganitong kalakaran ang suportang nagmumula sa guro. Kung gayon, mahalaga ang patuloy na pananaliksik sa larang upang matugunan ang mga hamon sa kabuoan ng pag-iral ng kurso, kasama ang patuloy na paghasa ng mga guro/ FIC nito sa kasanayang magdisenyo ng sariling kurso na maaaring makapaghubog sa sa kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral tungo sa nagsasariling pagkatuto (independent learning). Gayundin, dahil sa limitasyon sa teknolohiya at akses sa internet, esensiyal na matutuhan ng mga guro ang iba't ibang open-source software na makatutulong sa mithiing nabanggit. Isang daan din ang paglahok sa iba't ibang MOOC para sa pagkatutong ito.

Sa huli, gaya ng binibigyang-diin ng UPOU MOOC, at sa partikular ng WKL MOOC,

nararapat na maging tunguhin ang prinsipyo ng “openness.” Hindi lamang ito tumutukoy sa paggamit at pagbubuo ng mga OER, kundi lalo't higit sa paglinang ng kaisipan. Sa pamamagitan ng bukas na pag-iisip, naiiwasan ang sentimental na pagtatalo lamang sa mga usaping pangwika, pangkultura, at panlipunan. Nabibigyang-daan ang isang matalinong pagdidiskurso na pawang pakikinabangan ng lahat. Mula rin dito, naisasakatuparan ang konektibistang tunguhin ng paglikha ng learning community na inaasahang tumagos sa limitadong panahon ng MOOC at patuloy na mamumunga ng iba't ibang pagtalakay at pagbabahagin hinggil sa ating pagkakakilanlan.

### SANGGUNIAN

- Alfonso, Grace Javier at Primo G. Garcia. 2015. “Open and Distance eLearning: New Dimensions in Teaching, Learning, Research, and Extension for Higher Education Institutions.” *International Journal on Open and Distance e-Learning* 1(1-2): 1-13.
- Arinto, Patricia B. 2010. “Designing Effective Online Distance Learning” Papel na binasa sa Fed Faculty Assembly, National Computer Center, Lungsod Quezon, Mayo 3.
- Attrition and Retention Aspects in MOOC Environments*. 2016. Inakses noong Disyembre 28, 2017. [http://www.mooc-maker.org/wp-content/files/WPD1.6\\_INGLES.pdf](http://www.mooc-maker.org/wp-content/files/WPD1.6_INGLES.pdf)
- Bandalaria, Melinda dP. 2016. “ODEL as a Framework for Lifelong Learning for All for the 21<sup>st</sup> Century.” Papel na binasa sa 30th Annual Conference of the Asian Association of Open Universities, Maynila, Filipinas, Oktubre 26-28.
- Canvas Network. 2013. “The Original MOOCs.” Inakses noong Hunyo 11, 2017. <https://learn.canvas.net/courses/4/pages/the-original-moocs>
- Coordinated Services Center. 2014. “Northwestern University MOOCs: Strategic Analysis.” Inakses noong Disyembre 5, 2017. <http://www.northwestern.edu/provost/docs/2014%20Strategic%20Analysis%20of%20MOOCs.pdf>
- Downes, Stephen. 2012. *Connectivism and Connective Knowledge*. Inakses noong Disyembre 28, 2017. <http://online.upaep.mx/campusvirtual/ebooks/CONNECTIVEKNOWLEDGE.pdf>
- Gaebel, Michael. 2013. “MOOCs: Massive Open Online Courses.” *EUA Occasional Papers*. Inakses noong Hunyo 9, 2017. [http://www.eua.be/Libraries/publication/EUA\\_Occasional\\_papers\\_MOOCs.pdf?sfvrsn=2](http://www.eua.be/Libraries/publication/EUA_Occasional_papers_MOOCs.pdf?sfvrsn=2)
- Joseph, A.I. Maria at B. Asoke Nath. 2013. “Integration of Massive Open Online Education (MOOC) System with in-Classroom Interaction and Assessment and Accreditation: An Extensive Report from a Pilot Study. Inakses May 25, 2017. <http://worldcomp-proceedings.com/proc/p2013/EEE3547.pdf>
- Kaplan, Andreas Marcus at Michael Haenlein. 2016. “Higher Education and the Digital Revolution: About MOOCs, SPOCs, Social Media, and the Cookie Monster.” *Business Horizons* 59(4): 441-450.

- Librero, Felix. 2008. *Distance Education in the Philippines: Issues and Concerns*. Lungsod Quezon: UP Open University.
- Librero, Felix. 2015. "ODEL at UPOU: Some Historical Antecedents (How Did We Get Here, Anyway?)." *International Journal on Open and Distance e-Learning* 1(1-2): 55-73.
- Lim, Cher Ping. 2016. "Trends in Digital Learning in Higher Education." Papel na binasa sa 30th Annual Conference of the Asian Association of Open Universities, Maynila, Filipinas, Oktubre 26-28.
- Northwestern University Coordinated Services Center. w.t. "MOOC Creation Guidelines." Inakses noong Hunyo 6, 2017. [http://www.northwestern.edu/provost/docs/MOOC\\_Creation\\_Guidelines.pdf](http://www.northwestern.edu/provost/docs/MOOC_Creation_Guidelines.pdf)
- Onah, Daniel F. O., Jane Sinclair, at Russell Boyatt. 2014. "Droupout Rates of Massive Open Online Courses: Behavioural Patterns." Papel na binasa sa 6th International Conference on Education and New Learning Technologies, Barcelona, Espanya, Hulyo 7-9.
- Peter, Sandra at Markus Deimann. 2013. "On the Role of Openness in Education: A Historical Reconstruction." *Open Praxis* 5(1): 7-14.
- Petras, Jayson D. 2012. "E-Filipino: Ang Pagtuturo at Pagkatuto ng/sa Wikang Filipino sa Sistemang Open and Distance Learning." *Dalumat E-Journal* 3(1-2): 1-14.
- Saludadez, Jean A. 2010. "Teachers and Learners as Co-Creators of Knowledge in Distance Education." *ASEAN Journal of Open and Distance Learning* 2(1): 13-24.
- The Dakar Framework for Action*. 2000. France: UNESCO.
- Tschofen, Carmen at Jenny Mackness. "Connectivism and Dimensions of Individual Experience." *The International Review of Research in Open and Distributed Learning* 13(1): 124-143.
- UNESCO. w.t. "What are Open Educational Resources (OERs)?" Inakses noong Hunyo 6, 2017. <http://www.unesco.org/new/en/communication-and-information/access-to-knowledge/open-educational-resources/what-are-open-educational-resources-oers/>
- University of Toronto. 2013. "Massive Open Online Courses (MOOC) Design Development Process Guidelines." Inakses noong Hunyo 6, 2017. <http://www.ocw.utoronto.ca/wp-content/uploads/2013/05/MOOC-Design-and-Development-Guidelines-2-Feb-2013.pdf>

## Ang mga Manunulat

Guro at gradwadong mag-aaral si **Tilde (Arbeen R. Acuña)** ng Araling Pilipino sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Nailathala ang mga gawa sa *Humanities Diliman*, *Kritika Kultura*, *Likhaan*, *Ani*, *Entrada*, *Pingkian*, at iba pang mga dyornal, antolohiya, at mga zine. "Materials, for Preposterity" ang kolum niya sa *DavaoToday*. Kontak: [tildfpp@gmail.com](mailto:tildfpp@gmail.com) / [arbeen.acuna@gmail.com](mailto:arbeen.acuna@gmail.com) / 09474250754

Mag-aaral ng BA History sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman si **Emmanuel Jayson V. Bolata**. Kasalukuyan siyang tagapangulo ng Alyansa ng mga Pangkasaysayang Organisasyong Pangmag-aaral ng Pilipinas (ANGKOPP) at kasapi ng UP Lipunang Pangkasaysayan (UP LIKAS). Nakapagbahagi na rin siya ng ilang papel-pananaliksik sa mga pampamantasan, pambansa, at pandaigdigang kumperensiya, tulad ng CSSP Undergraduate Conference, De La Salle University Arts Congress, Philippine-Spanish Friendship Day Conference, at International Conference on Cordillera Studies. Kabilang siya sa mga mag-aaral na pinarangalan kamakailan ng Pi Gamma Mu International Honor Society in Social Sciences.

Si **Jeremy Reuel N. Dela Cruz** ay Katuwang na Propesor sa Department of Humanities sa Unibersidad ng Pilipinas (UP), Los Banos. Nagtuturo siya ng mga kurso sa Sining Panteatro kabilang na ang theater history, theater communication, acting, children's theater, at community theater. Nagtapos siya ng BA Theater Arts at MA Philippine Studies sa UP Diliman. Nag-aral din siya ng Javanese Traditional Dance and Choreography sa Institut Seni Indonesia-ISI (Indonesian Art Institute) sa Surakarta. Nagsanay rin siya sa Japanese Noh Theater sa patnubay ni Prop. Naohiko Umewaka, PhD (Noh Grandmaster for Shite ng Kanze School), at nag-aral ng Kabuki kay Fujima Toyohiro, isang Kamigata Kabuki buyo (sayaw) master-teacher. Ang mga larang na kaniyang nililalang ay Philippine Theater (Ritual and Performance), Asian Dance and Theater (South East Asian Dance, Japanese Noh), at Contemporary Dance.

Si **U Z. Eliserio** ay nagtuturo ng popular na kultura sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas sa UP Diliman. Mayroon siyang MA sa pilosopiya at PhD sa Malikhayang Pagsulat. Awtor siya ng *Kami sa Labat ng Mataba* (UST Publishing House, 2016), koleksyon ng kritisismo. Nagsusulat din si Eliserio ng maikling kwento at dula.

Naglilingkod bilang Katuwang na Propesor si **Pauline Mari Hernando** sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Kolehiyo ng Arte at Literatura, Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Nagtapos siya ng Batsilyer sa Sining sa Filipino, Master sa Sining sa Filipino: Wika, at Doktor ng Pilosopiya sa Panitikan ng Pilipinas sa parehong pamantasan. Nalathala ang ilan sa kaniyang mga pinakabagong pananaliksik at malikhaing akda sa *Humanities Diliman*, *Philippine Humanities Review*, *Asian Studies: Journal of Critical Perspectives on Asia*, at *Likhaan: Journal of Contemporary Philippine Literature*. Siya ang kalihim ng All UP Academic Employees Union Diliman Chapter. Maaaring makipag-ugnayan sa kaniya sa [pfhernando@upd.edu.ph](mailto:pfhernando@upd.edu.ph).

Kasalukuyang direktor ng Sentro ng mga Pag-aaral sa Cavite (*Cavite Studies Center*) at propesor ng Kasaysayan sa Pamantasang De La Salle – Dasmariñas, Lungsod ng Dasmariñas, Cavite si **Palmo R. Iya**. Pinarangalan bilang "Faculty of the Year 2013" ng *De La Salle University – Dasmariñas Faculty Association, Inc.* at "Most Outstanding CLAC Faculty" ng *College of Liberal Arts and Communication (CLAC)* noong 2013. Ginawaran siya ng "The Geronimo Berenguer de los Reyes, Jr. Distinguished Professorial Chair in Cavite and Philippine History" ng kaniyang pinaglilingkurang pamantasan noong 2014. Nagtapos ng doktorado sa Kasaysayan sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman noong *Summer 2016* at ang interes ay patungkol sa mga kilusang panlipunan at panrelihiyon.

Kasalukuyang Katuwang na Propesor sa Departamento ng Filipino at Panitikan sa Pilipinas, Kolehiyo ng Arte at Literatura, Unibersidad ng Pilipinas Diliman si **Nancy Kimuell-Gabriel**. Nagtuturo din siya sa Tri-College PhD Philippine Studies Program ng UP Diliman. Nagturo din siya sa UP Manila, De La Salle University, Ateneo De Manila, at San Beda College. Nagtapos ng BA History, MA History, at PhD Philippine Studies sa UP Diliman. Kasalukuyan siyang Coordinator ng UP Diliman Gender Office (UPDGO). Ang tesis niyang *Timana sa Kasaysayang Pilipino* ay pinarangalan sa De La Salle University na Pinakamahusay na MA Tesis sa Filipino (2008). Ang kaniyang disertasyon na *Pook at Pagsasakapangyarihan: Ang Kababaihan ng Tundo 1946-2008* ay tumanggap ng Lourdes-Lontok-Cruz Awards ng UP Center for Women's and Gender Studies bilang isa sa apat na Pinakamahusay na Disertasyon sa Kababaihan at Kasarian mula 2010-2015. Tumanggap siya ng Gawad Palanca para sa kaniyang sanaysay na "Kubeta." Siya ang patnugot sa isyu ng *Saliksik E-Journal*, Tomo 3, Bilang 2 (2014) na pumaksa ng *Andres Bonifacio: Kapookan, Kaisipan, at Kabayanihan*.

Si **Joanne V. Manzano** ay Katuwang na Propesor sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Kolehiyo ng Arte at Literatura, UP Diliman. Kasalukuyan niyang tinatapos ang saliksik tungkol sa Batas Militar at Araling Pesante para sa PhD Philippines Studies sa parehong pamantasan. Kabilang sa mga nailathala na niyang pag-aaral ang tungkol sa sea-based Overseas Filipino Workers (OFW), panitikang dagat, at espasyong-urban sa kulturang popular. Kasapi siya ng All UP Academic Employees Union at Taripnong Cagayan Valley.

Nagtuturo si **Amado Anthony "Arlo" G. Mendoza III** ng mga kurso sa panitikan at malikhaing pagsulat sa UP Diliman. Ang ilan sa kaniyang mga malikhaing akda at pananaliksik ay nalimbag sa *Dahyan: Dyornal na Wikang Filipino, Katipunan*, at *Tomas*. Kasalukuyan siyang nag-aaral ng wika at kulturang Indones (sa ilalim ng programang Darmasiswa) sa Universitas Sanata Dharma, Yogyakarta, Indonesia.

Si **Ma. Theresa T. Payongayong** ay Kawaksing Propesor sa Departamento ng Pilosopiya, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya (KAPP), Unibersidad ng Pilipinas (UP) Diliman. Nagtapos siya ng Batsilyer sa Pilosopiya, Masterado sa Pilosopiya, at Doktorado sa Philippine Studies sa UP Diliman. Ang kaniyang mga interes sa pananaliksik ay Feminist Philosophy, Philosophy for Children, Pilosopiyang Pilipino, at Etika. Kabilang sa mga journal na napaglathalaan niya ay ang *Asian Journal of Women's Studies, Philippine Social Sciences Review*, at lathalain ng UP Sentro ng Wikang Filipino. Naglingkod siya bilang Kalihim ng KAPP, 2011-2014; Kawaksing Dekano para sa Usaping Pang-akademiko ng KAPP, 2014-2017; at kasalukuyang University Registrar ng UP Diliman.

Kasalukuyang Katuwang na Propesor ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman at Affiliate Faculty ng Faculty of Education, UP Open University si **Jayson D. Petras**. Nagsilbi rin siyang Visiting Professor-Researcher sa Faculty of Liberal Arts, Mahidol University, Thailand. Nagtapos siya ng BA Araling Pilipino at MA Araling Pilipino at nagtatapos ng PhD Filipino: Pagpaplanong Pangwika sa UP Diliman. Nakapaglathala na siya ng mga artikulo at nakapagbasa ng mga papel pangkumperensiya hinggil sa sikolohiya ng wikang Filipino, Sikolohiyang Pilipino, araling kultural, at pagpapalano at patakarang pangwika.

Si **Allan Popa** ay nagtuturo ng Panitikan at Malikhaing Pagsulat sa Ateneo de Manila University. Awtor ng sampung aklat ng mga tula kabilang na ang *Incision* (UST Press, 2016), *Drone* (Ateneo de Manila University Press, 2013), *Laan* (De La Salle University Publishing House, 2013) at *Maaari: Mga Bago at Piling Tula* (UP Press, 2004). Nagwagi na siya ng Philippines Fress Literary Award, Manila Critics Circle National Book Award for Poetry, at Academy of American Poets Graduate Prize habang kumukuha siya ng ng MFA in Writing sa Washington University in Saint Louis. Nagtapos siya ng PhD in Literature sa De La Salle University. Ilalathala ng Ateneo Press ang bago niyang koleksiyong *Narkotiko at Panganorin* ngayong taon.

Si **Mary Jane B. Rodriguez-Tatel** <mrodriguez881@yahoo.com; mbrodriguez2atel@gmail.com> ay kasalukuyang Katuwang na Propesor sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Kolehiyo ng Arte at Literatura, Unibersidad ng Pilipinas-Diliman. Nagtapos ng BA at MA Kasaysayan, tinatapos din niya ang Doktorado sa Philippine Studies sa nasabing Pamantasan. Umikot ang kaniyang interes sa mga hugpungan ng politika ng wika, etnisidad, at kasaysayan.

Si **Carlos Tatel, Jr.** ay Kawaksing Propesor sa Departamento ng Antropolohiya, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya sa UP Diliman. Nagsisilbi rin bilang Tagapag-ugnay ng Gradwadong Programa ng Antropolohiya at Folklore Studies Program ng Kolehiyo. Nagtapos siya ng BA History, *cum laude*, MA Archaeology, at PhD Anthropology sa UP Diliman. Nakapagsulat na siya ng mga akademikong artikulo tungkol sa iba't ibang paksa tulad ng historical archaeology, history of anthropology, visual anthropology, disaster studies, at folklore at nailathala ang mga ito sa iba't ibang publikasyon sa loob at labas ng bansa. Nagsulat din siya ng isang aklat para sa K-12 curriculum na Disciplines and Ideas in the Social Sciences. Kasalukuyan niyang inihahanda ang kaniyang disertasyon na tungkol sa Nuestra Señora de Salvación ng Albay upang maging isang aklat.

Si **Vicente Villan** ay kasalukuyang Propesor 1 ng Departamento ng Kasaysayan, Tagapag-ugnay ng Gradwadong Pag-aaral ng Tri-College Philippine Studies Program sa Unibersidad ng Pilipinas (UP), Diliman, Lunsod Quezon, at Pangulo ng Adhika ng Pilipinas, Inc. Nagtapos siya ng BA History, MA History, at PhD History sa UP Diliman. Nagturo na rin siya sa UP Los Banos, Laguna (1994-1997). May-akda siya ng iba't ibang artikulo sa mga librong *Kasaysayang Bayan: Sampung Aralin sa Kasaysayang Pilipino* (2001), *Cofradia de San Jose at Rebimentong Tayabas: Mga Pagtalakay sa Pagsusong ng Pakikibaka ng mga Taga-Lalawigan ng Quezon* (2004), *Kabibasnang Ayan: Kasaysayan at Kultura* (2005), *Asian Civilization: History and Culture* (2006), *La Primera Provincia: Mga Tinipong Papel Hinggil sa Pagkakatatag ng Lalawigan ng Bulacan* (2010), *Paglaya-Paglawud: Paglalayag at Ugnayan ng mga Pamayanan sa Kasaysayang Pilipino* (2012), at *Pnod: Kasaysayan at Kalinangan ng mga Pamayananang Maritimo sa Pilipinas* (2014), *Batayang Aklat sa Araling Panlipunan* (2016), *Kasaysayan ng Daigdig* (2017), *Mga Kontemporaryong Iyay* (2017), *KAGAWARAN: Mga Institusyon at Paglilingkod-bayan sa Kasaysayan at Kalinangangang Pilipino* (2017), at mga dyornal na *DALUYAN: Journal ng Wikang Filipino* (2010, 2013), *DIWA E-Journal* (2013), at *E-Saliksik Journal* (2013). Kasamang may-akda at kasamang patnugot din siya ng *Saysay: Historiograpiya at mga Salaysay na Pangambayanan sa Kasaysayan at Kalinangang Pilipino* (2016), *Pantayong Pananaw: Pagyabong ng Talastasan; Pagbunyi kay Zeus A. Salazar* (2015), at ng *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan; Pambungad sa Pag-aaral ng Bagong Kasaysayan (1997/2000)*, at patnugot ng *E-Saliksik Journal* (2013). Historical consultant siya ng *Amaya* (2011-2012) at *Indio* (2013) sa GMA-7. Co-Producer at Host ng programang *Tabi-tabi Folkloradyo* ng DZUP, 1602. Pinarangalan siya ng *Metro Manila Commission Diamond Jubilee Professorial Chair Award* (2002) ng UP Social Sciences and Philosophy; *Advanced Seminar on Southeast Asian Historiography Grant* (2010) ng Southeast Asian Studies Regional Exchange Program (SEASREP); *CSSP Junior Faculty Writing Fellowship* (2010), *OVCRD Source of Solutions Grant* (2012), *Centennial Faculty Grant* (2012, 2013, 2014, 2015, 2016), at *Centennial Professorial Grant* (2017) ng UP Diliman; *Social Sciences and Development Professorial Grant* ng PUP Sta. Mesa (2017); at *Gawad ng Pagkilala* (2013) ng UP Diliman Lipunang Pangkasaysayan.

